Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto

Update ng Hunyo 2025

Tinutuklas ng DCYF ang Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto.

Ang publikasyong ito ay gabay lamang. Hindi nito tinutukoy ang pagsunod ng programa sa Washington Administrative Code (Kodigo ng Pangangasiwa ng Washington, WAC).

Kasama sa mga paksa na nire-review ay ang:

- Wika ng WAC at patakaran
- Mga link sa website
- Gabay para sa mga programa ng pag-aalaga sa bata
- Matiyaga at kapaki-pakinabang na pagsasama ng Mga Estratehikong Prayoridad ng DCYF **(https://www.dcyf.wa.gov/practice/strategic-plan**).

Ang mga update sa pagsusuri ng dokumento ay ipo-post sa Gabay sa Pagpapatakbo ng Lisensyadong Programa ng Pag-aalaga sa Bata **(https://www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/operating-licensed-child-care**) at Maging Lisensyadong Provider ng Pag-aalaga sa Bata at Maagang Pagkatuto **(https://dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider**) na mga webpage.


Washington State Department of
CHILDREN, YOUTH & FAMILIES

Kung nais mong magkaroon ng mga libreng kopya ng publikasyong ito sa isang alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Pakikipag-ugnayan sa Sangay ng DCYF sa 1-800-723-4831 o mag-email sa ***communications@dcyf.wa.gov***.

DCYF PUBLICATION LIC_0010 (10-2021, Rev. 06-2025)

Gabay sa Paglilisensya ng Pangangalaga sa Bata at Maagang Pagkatuto

Edisyon ng 2020



Washington State Department of
CHILDREN, YOUTH & FAMILIES

Talaan ng mga Nilalaman

Mga Pagkilala 2
Introduksyon 5

1 Layunin at Awtoridad 10

2 Mga Kinalabasan para sa Bata 30

3 Pakikipag-ugnayan at Pakikipagtulungan sa Pamilya 38

4 Propesyonal na Pag-unlad, Pagsasanay at Mga Kinakailangan 44

5 Kapaligiran 100

6 Pakikipag-ugnayan at Kurikulum 290

7 Pamamahala at Pangangasiwa ng Programa 376

Mga Pagkilala

Maraming mga indibidwal ang nag-ambag sa pagbuo ng gabay na ito. Labis kaming nagpapasalamat sa gawain ng Workgroup ng Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto na bumuo ng mga materyal na ito:

Rachel Acheson, Provider ng Sentro
Cynthia Anstiss, DCYF – LD Tagapaglisensya ng Pag-aalaga sa Bata
Carol Artz, DCYF – LD Tagapaglisensya ng Pag-aalaga sa Bata
Nichole Baker, Bates Technical College
Leah Capili, DCYF – LD Tagapaglisensya ng Pag-aalaga sa Bata
Karen Christensen, DCYF – LD Superbisor ng Paglilisensya
Mary Curry, Provider ng Family Home
Kelsie Curtis, Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata) – Coach
Harriet Dichter, Consultant
Janelle Eason, DCYF – LD Superbisor ng Paglilisensya
Roxanne Garzon, DCYF – Tagapanguna sa Mga Espesyal na Proyekto ng QRIS
Carol Gibbs, Provider ng Family Home
Debbie Groff, DCYF – LD Tagapangasiwa ng Lugar
Jody Hitchings, DCYF – LD TA Coordinator ng Pag-unlad ng Lakas-Paggawa
Micha Horn, Espesyalista sa Pangkalusugang Pangkapaligiran, Snohomish Health District
Katy Levenhagen, Consultant sa Nutrisyon, Snohomish Health District
Kelsi Millet, Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata) – Coach
Michele Oberg, DCYF – LD Espesyalista sa Kalusugan
Debbie O'Neil, DCYF – LD Nakatataas na Tagapangasiwa sa Pag-unlad ng Lakas-Paggawa
Marion Parkins, DCYF – LD Tagapaglisensya ng Pag-aalaga sa Bata
Cammey Rocco, DCYF – LD Tagapangasiwa ng Lugar
DeEtta Simmons, UW – Nakatataas na Direktor ng Cultivate Learning (Pagpapalago ng Kaalaman)
Brett Skinner, DCYF – Espesyalista sa Patakaran at Pamamahala ng Pagbabago
Nancy Spurgeon, Unang 5 Pundamental
Courtney Turnley, DCYF – LD Tagapaglisensya ng Pag-aalaga sa Bata
Amy Wakefield, DCYF – Espesyalista ng Programa sa Pag-unlad ng Lakas-Paggawa Jeni Zaffram, DCYF – LD TA Coordinator ng Lakas-Paggawa

Disenyo:

Bill Downing, DCYF – Consultant sa mga Publikasyon at Graphic Designer

Mga Editor:

Emily Boone, DCYF – Consultant sa Komunikasyon
Jesse Byrd, DCYF – LD Lead Coordinator sa Pag-unlad ng Lakas-Paggawa
Eva Freimuth, DCYF – LD Espesyalista sa Legal na Liham
Brenda Uncangco, DCYF – LD Espesyalista ng Programa sa Pag-unlad ng Lakas-Paggawa
Evette Jasper, DCYF – Tagapangasiwa ng Pantay-pantay na Karapatan sa Lahi

Pagsasalin:


Zamzam Mohamed at Voices of Tomorrow
Blanca Smith at Translation Solutions

Mga Karagdagang Nag-ambag:



Angela Abrams, DCYF Tagapangasiwa ng Propesyonal na Pag-unlad
Rachel Acheson, Little Edisons School LLC
Miriam Acosta, Little Hands Daycare
Amy Agnello, DCYF – LD TA Coordinator sa Pag-unlad ng Lakas-Paggawa
Anita Alkire, Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County
Judy Atluna, Little Snugglers Daycare
Juliana Ayala-Flores, UW – Cultivate Learning (Pagpapalago ng Kaalaman)
Connie Black, Connie's Kids Preschool at Family Daycare
Kerra Bower, Sentro ng Pag-unlad ng Little Scholars
Rachel Boyle, The Little Yellow Preschool
Heidi Brown, Magulang
Judy Bunkleman, Tagapangasiwa ng Lisensya sa Pag-aalaga ng Bata ng DCYF
Kirsten Camp, Harvard Avenue School
Julie Campos, DCYF – LD TA Coordinator sa Pag-unlad ng Lakas-Paggawa
Katrina Caron, Northwest Center Kids
Kelly Clark, Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata)
Karen Cole, DCYF – LD Tagapaglisensya sa Pangangalaga ng Bata
Michelle Cottrell, Mga Serbisyo sa Maagang Pagkabata ng OlyCAP
Mary Curry, Pathways Enrichment Academy
Naomi Dale, Sentro ng Pag-unlad ng Bata ng Little Learner
Renee Eicher, Sentro ng Maagang Pagkatuto ng Martha & Mary
Ella Fultz, Maagang Pagkatuto ng Gathering Tree LLC
Sabina Green, Sentro ng Pag-unlad ng Bata ng Squaxin Island
Zaida Guzman, Precious Kids Preschool at Pag-aalaga sa Bata
Sequoia Hartman, Sentro ng mga Bata ng Sequoia's Treehouse
Erinn Havig, DCYF – Tagapanguna ng Pangunahin at Pangkomunidad na Pag-iwas
Erika Henry, Giggle Academy
Reagan Henry, DCYF – LD Espesyalista ng Tribo
Lynora Hirata, DCYF – LD Tagapaglisensya sa Pag-aalaga ng Bata
Cassandra Howard, DCYF – LD Tagapaglisensya sa Pag-aalaga ng Bata
Julio Ibarra, The Goddard School in Snoqualmie
Faiza Ibrahim, DCYF – LD Tagapaglisensya sa Pag-aalaga ng Bata
Sagal Ibrahim, Family Child Care ng Ilwad
Lisa Jacobson and son, Magulang at anak
Andrea Johns, Wonderland Daycare
Carrie Larson, Provider ng Family Home
Kandi Latimer, DCYF – LD Superbisor ng Paglilisensya
Wendy Lin, DCYF –LD Tagapaglisensya sa Pag-aalaga ng Bata
Guadalupe Magallan, Little Miracles In Home Childcare
Sundi McIntire, Spokane Falls Montessori School
Metropolitan Development Counsel (Konseho sa Pag-unlad ng Metropolitan, MDC)
Jenni Olmstead, Espesyalista sa Pakikipagtulungan para sa Pag-iwas ng DCYF
Bertha Oropez, Provider ng Family Home

Mga Karagdagang Nag-ambag (Pagpapatuloy):



Andrea Orozco, Provider ng Family Home
Melissa Payne, DCYF – LD Superbisor ng Paglilisensya
Monique Pleasant, DCYF – LD Tagapaglisensya sa Pag-aalaga ng Bata
Joanna Pohl, Prickly Pear Preschool LLC
Kathryn Reed, Sentro ng Pag-unlad ng Seattle
Bella Richi, Provider ng Family Home
Michelle Roberts, Tagapamahala ng Propesyonal na Pag-unlad ng DCYF
Laura Sandoval, Laura's Childcare LLC
Casandra Shaffer, Keystone Learning Center
Maryjane Shearer, Shear Desire to Learn
Snohomish Health District
Diana Stokes, Coordinator ng Kwalipikasyon ng Kawani ng DCYF
Jesi Sucku, Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata)
Jamie Thompson, Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata)
Tami Toigo, UW – Cultivate Learning (Pagpapalago ng Kaalaman)
Gloria, Trinidad, DCYF – LD Tagapaglisensya sa Pag-aalaga ng Bata
Tamra Truemper, Sentro sa Pag-aalaga ng Bata ng Chico Christian
Heather West, DCYF – LD Tagapangasiwa ng Lugar
Bonnie Womack, Bonnie's Day Care

Pagtatatwa

Ang mga materyal na available sa Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto ay para lamang sa layuning pang-impormasyon. Hindi nilalayong pagkatiwalaan ang mga materyal na ito bilang isang komprehensibong pananaw sa mga regulasyon sa paglilisensya o bilang legal na payo. May pananagutan ang bawat isa na maunawaan at sundin ang mga kasalukuyang batas at regulasyon ng Estado ng Washington. Matatagpuan ang kasalukuyang mga batas at alituntunin sa pag-aalaga ng bata sa mga kabanata 43.216 ng Revised Code of Washington (Nirebisang Kodigo ng Washington, RCW) (**app.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=43.216)** at 110-300 ng Washington Administrative Code (Kodigo ng Pangangasiwa ng Washington, WAC) (**app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300**).

Introduksyon

Ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad para sa Mga Programa ng Maagang Pagkatuto (Kabanata 110-300 WAC – **app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300)** ay nagbibigay ng praktikal na balangkas para sa mga propesyonal sa maagang pagkatuto, kabilang ang mga nagbibigay ng serbisyo pati na rin ang mga pagsubaybay nito. Ang Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto ay nilikha upang suportahan ang mga programa sa maagang pagkatuto at mga tagapaglisensya sa matagumpay na pagpapatupad ng mga pamantayan sa paglilisensya. Ginagawa ito sa pamamagitan ng:

(1) Pagtatampok ng mga piling mga saligang pamantayan ng kalidad sa Kabanata 110-300 WAC,

(2) Nagbibigay paliwanag sa "bakit" ng mga piling pamantayan, at

(3) Nagbabahagi ng mga halimbawa, tool, at mga mapagkukunan na makatutulong sa mga propesyonal sa maagang pagkatuto sa kanilang gawain

Ang Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto ay napapanahon. Pagkatapos ng maraming taong proseso ng pagsusuri at rebisyon, ipinatupad ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad para sa Mga Programa ng Maagang Pagkatuto noong Agosto 1, 2019. Bago ang pagpapatupad ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad, nagbigay ang DCYF ng isang taong orientation at serye ng edukasyon upang suportahan ang mga propesyonal sa maagang pagkatuto sa pag-unawa ng mga na-update na WAC.

Ang Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto ay produkto ng patuloy na pangako ng DCYF na magbigay ng tuloy-tuloy na suporta sa mga propesyonal sa maagang pagkatuto at bigyan ang mga pamilya ng patas na akses sa de-kalidad na mga kapaligiran ng maagang pagkatuto. Tinitiyak nito na lahat ng mga bata sa estado ng Washington ay makatanggap ng buong benepisyo mula sa mataas na kalidad na pangangalaga at mga kapaligiran ng maagang pagkatuto upang suportahan ang kanilang ligtas, malusog, at mayamang pag-unlad.

Ang mga batang gumugugol ng panahon sa mataas na kalidad na pangangalaga sa bata ay nagkakaroon ng pangmatagalang benepisyo mula sa karanasang iyon. Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga batang tumatanggap ng mataas na kalidad na maagang pagkatuto ay nagkakaroon ng mas mahusay na kakayahan sa pag-iisip, wika, emosyonal, at panlipunan habang sila ay lumalaki. Dagdag pa rito, ipinapakita ng pananaliksik na ang mga batang ito ay nangangailangan ng mas kaunting espesyal na edukasyon, mas umuunlad sa paaralan, mas kaunti ang pakikisalamuha sa sistema ng hustisya, at mas mataas ang kita bilang mga nasa hustong gulang.

Ang layunin ng Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto ay tumulong sa tagumpay ng lahat ng mga propesyonal sa larangan ng maagang pagkatuto – mga provider at kawani ng mga programa para sa maagang pagkatuto, mga tagapaglisensya, mga tagapagsanay, mga propesyonal sa kalusugan, mga magulang, guardian o mga katuwang sa komunidad.

Pamamaraan

Nakaayos ang Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto batay sa pitong pangunahing seksyon ng WAC:

- Layunin at Awtoridad
- Mga Kinalabasan para sa Bata
- Pakikipag-ugnayan at Pakikipagtulungan sa Pamilya
- Propesyonal na Pag-unlad, Pagsasanay, at mga Kinakailangan
- Kapaligiran
- Pakikipag-ugnayan at Kurikulum
- Pamamahala at Pangangasiwa ng Programa

Nakabatay ang mga WAC, na siyang mga regulasyon para sa pagpapatupad ng lisensya, sa RCW sa Kabanata 43.216, na nagbibigay ng legal na awtoridad para sa lisensiya at makikita sa **apps.leg.wa.gov/rcw.**

Pinatititbay ang mga WAC ng mga patakaran at pamamaraan na nagbibigay ng gabay at suporta para sa pagpapatupad ng mga regulasyon sa paglilisensya. Ang Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto ay bahagi ng suporta para sa Mga Saligang Pamantayan para sa Mga Programa ng Maagang Pagkatuto. Maaari mong hanapin ang Kabanata 110-300 WAC online sa **apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300.**

Ang Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto ay nakatuon sa mga saligang pamantayan ng kalidad – ang mismong WAC – at dinisenyo upang magbigay-linaw sa piling mga seksyon para sa pagkakapare-pareho at kalinawan ng mga regulasyon sa lisensya. Habang binabasa mo ang bawat bahagi ng Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto, makikita mo na ang mga kaugnay na seksyon ng WAC ay sinusundan ng mga impormasyon na tumutulong ipaliwanag kung bakit mahalaga ang naka-bold na seksyon at nagbibigay ng mga halimbawa, sanggunian, at mga kasangkapan na makakatulong sa matagumpay na pagpapatupad.

May mga sanggunian din sa Gabay tungkol sa iba pang mahahalagang programa ng maagang pagkatuto na pinopondohan ng DCYF, gaya ng Early Achievers (Maagang Pagkamit ng Tagumpay) at Early Childhood Education and Assistance Program (Programa para sa Edukasyon at Tulong sa Maagang Pagkabata, ECEAP). Maaari kang matuto pa tungkol sa mga programang ito sa pamamagitan ng pagsunod sa mga link na makikita sa kabuuan ng materyal na ito.

Habang ang lahat ng programa na kasali sa Early Achievers (Maagang Pagkamit ng Tagumpay) at ECEAP ay kinakailangang sumunod sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad, may mga karagdagang pamantayan na kailangang matamo ang mga programang ito. Hindi tinatalakay ng Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto ang mga karagdagang pamantayang ito o mga kinakailangan.

Tagapakinig

Ginawa ang Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto para sa mga taong kasangkot sa pagbibigay ng serbisyong pangangalaga sa bata at mga programa ng maagang pagkatuto. Hindi ito nilayon para sa mga indibidwal o organisasyong nagpaplanong pumasok sa larangan ng maagang pagkatuto dahil nakatuon ito sa piling mga pamantayan at hindi nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa lahat ng pamantayan na bumubuo sa Kabanata 110-300 WAC.

Ang Estado ng Washington ay mayroong mixed delivery na sistema ng maagang pagkatuto na kumakatawan sa iba't ibang uri ng mga provider kabilang ang family home, sentro, nasa edad ng pag-aaral, at mga panlabas na programa. Maraming mga programa ng maagang pagkatuto sa ating estado, tulad ng Montessori, Waldorf, ECEAP, at Head Start.

Ang mixed delivery na mga programa ng maagang pagkatuto ay nag-aalok ng iba't ibang mga lugar, tulad ng mga tahanan, distrito ng paaralan, non-profit, at for-profit na mga entidad. Habang pumipili ang mga magulang ng uri ng provider programa, at lugar na makakatugon sa pangangailangan ng kanilang anak, tinitiyak ng DCYF na lahat ng mga bata sa Washington ay may patas na access sa mga serbisyong may mataas na kalidad, ligtas, at malusog. Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng pagtataguyod ng sapat na bilang ng mga lugar para sa pangangalaga, pagtiyak na ang aming mga patakaran ay sumasalamin sa pinakamahusay na mga kasanayan sa kalusugan at kaligtasan, at pagsuporta sa aming mga provider bilang mga propesyonal.

Kasaysayan ng Na-update na Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad para sa mga Programa ng Maagang Pagkatuto

Noong 2015, napagtanto ng DCYF na ang aming mga patakaran sa pagilisensya ng child care ay lipas na, magulo, at may mga salungatan sa loob nito. Sinimulan namin ang isang inklusibong proseso na tinawag na pagsasaayos ayon sa mga pamantayan. Nirepaso at in-update ng mga provider ng family home, mga provider ng sentro, at iba pang mga stakeholder ang mga patakaran sa pagilisensya ng child care sa aming estado. Ang na-update na mga patakaran ay bunga ng isang kolaboratibong apat na taong pagsisikap ng mga kinatawan mula sa lahat ng provider sa Washington. Libu-libong mga provider, stakeholder, mga magulang, at mga katuwang sa maagang pagkatuto ang nagbigay ng kanilang mungkahi, feedback, at pampublikong komento upang sama-samang mabuo ang mga draft ng naiaangkop na mga patakaran, na siyang bumuo sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad para sa mga Programa ng Maagang Pagkatuto. Kinikilala ng mga pamantayan sa paglilisensya na ito, na sumasaklaw sa parehong mga patakaran para sa mga sentro at family home, ang pagkakaiba-iba ng mga lugar at programa at tinitiyak ang pagsasaayos ng kalidad at pagkakapantay-pantay. Nakatulong din ang proseso ng pagsasaayos ayon sa mga pamantayan sa mga provider at DCYF na maitatag ang mas mahusay na relasyon ng pakikipagtulungan batay sa tiwala, kolaborasyon, at malinaw na komunikasyon.

Para sa karagdagang detalye tungkol sa makasaysayang paglalakbay ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad (Kabanata 110-300 WAC), bisitahin ang online Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad para sa Gabay sa Mga Programa ng Maagang Pagkatuto na naglalaman ng higit pang impormasyon at karagdagang mga mapagkukunan sa **www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/standards-alignment/events.**

Upang makatulong sa mabilis na paghahanap ng kapaki-pakinabang na impormasyon, may mga icon na inilagay sa buong Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto para madaling matukoy ang datos at pananaliksik, mga halimbawa ng pagsunod, mga patotoo ng mga provider ng maagang pagkatuto, at mga mapagkukunan. Mayroon ding graphic sa gabay bilang palatandaan ng mga mahahalagang bagay na dapat tandaan.

Kahulugan ng mga Icon


Datos at pananaliksik


Mga halimbawa ng pagsunod at mga patotoo


Mga Mapagkukunan


Mga Paalala

Unang Seksyon:
Layunin at Awtoridad

Layunin at Awtoridad



Saklaw ng Layunin at Awtoridad ang legal na kapangyarihan sa likod ng mga regulasyon sa paglilisensya, gayundin ang layunin ng mga patakarang ito. Nagbibigay ito ng mga kahulugan para sa mga terminong ginagamit sa buong Kabanata 110-300 WAC. Sinasaklaw din ng seksyong ito ang mga uri ng programang nangangailangan ng lisensya at mga programang hindi sakop ng paglilisensya.

Tinutukoy sa Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto ang piling bahagi ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na matatagpuan sa kabanata 110-300 ng WAC. Kabilang sa gabay na ito ang mahahalagang sanggunian, kasalukuyang datos, at mga praktikal na halimbawa. Hindi ito nilalayon na magbigay ng komprehensibong pagtalakay sa seksyong Layunin at Awtoridad.

WAC 110-300-0001

Layunin at awtoridad

(1) Itinatag ang department of children, youth, and families (kagawaran ng mga bata, kabataan at pamilya) sa ilalim ng Kabanata 6, Mga Batas ng 2017. Itinatakda ng Kabanata 43.216 RCW ang responsibilidad at awtoridad ng kagawaran na magtakda at magpatupad ng mga kinakailangan sa paglilisensya at mga pamantayan ng ECEAP, kabilang ang awtoridad na magpatibay ng mga patakaran upang ipatupad ang Kabanata 43.216 RCW.

(2) Sa ilalim ng Kabanata 7, Mga Batas ng 2015, ikatlong espesyal na sesyon. (Batas sa Maagang Pagsisimula), inatasan ng lehislatura ng estado ang kagawaran na lumikha ng iisang hanay ng mga pamantayan sa paglilisensya para sa mga provider ng sentro at family home.

(3) Ang kabanatang ito ay sumasalamin sa pangako ng kagawaran na:

- **(a) Itaguyod ang kalusugan, kaligtasan, at kagalingan ng mga bata;**
- **(b) Palawakin ang access sa mataas na kalidad na mga oportunidad sa maagang pagkatuto upang mapabuti ang mga kinalabasan para sa maliliit na bata;**
- **(c) Itaguyod ang matatag na kahandaan sa paaralan; at**
- **(d) Kilalanin ang mga magulang at guardian bilang pangunahing guro at tagapagtaguyod ng bata.**

(4) Alinsunod sa kabanatang ito, ang kagawaran ay pana-panahong magsasagawa ng pagsubaybay at pagsusuri sa mga programa ng maagang pagkatuto upang matukoy ang pagsunod sa mga saligang pamantayan ng kalidad na ito.

Noong Hulyo 6, 2017, nilagdaan ni Gobernador Inslee ang Panukalang Batas ng Kapulungan 1661, na lumikha sa Department of Children, Youth, and Families (Kagawaran ng mga Bata, Kabataan at Pamilya ng Estado ng Washington, DCYF). Itinatag ang DCYF sa ilalim ng Kabanata 6, Mga Batas ng 2017.

Ang DCYF ay isang ahensyang nasa antas ng gabinete na nakatuon sa kagalingan ng mga bata. Ipinanibago ng bagong ahensyang ito kung paano nagseserbisyo ang estado sa lahat ng bata at pamilya nito, na may layuning makamit ang patas at matagumpay na kinalabasan sa lahat ng komunidad sa Washington.

Ang Revised Code of Washington (Nirebisang Kodigo ng Washigton, RCW) ay ang mga pinagtibay at permanenteng batas ng Washington. Ang tungkulin ng Lehislatura ay magpasa ng mga batas at ang tungkulin ng Gobernador ay lagdaan ang mga batas. Maaaring mabuo ang mga batas sa pamamagitan din ng pampublikong proseso ng inisyatiba. Ibinibigay ng mga batas ang legal na kapangyarihan sa DCYF upang magbigay ng lisensya sa mga programa ng maagang pagkatuto at para sa mga batang nasa yugto ng pag-aaral sa Estado ng Washington.

Ang Washington Administrative Code (Kodigo ng Pangangasiwa ng Washington, WAC) ay naglalaman ng mga regulasyon tungkol sa proseso ng paglilisensya ng DCYF. Pinagtibay ang mga patakarang ito upang ipatupad ang Kabanata 43.216 RCW. Ang mga patakaran ng DCYF ay nasa Titulo 110 ng WAC. Ang Kabanata 300 ng Titulo 110 WAC ay gumagabay sa ahensya at sa mga provider ng maagang pagkatuto kung paano magbigay ng mataas na kalidad na pangangalaga na nakakatugon sa pangangailangan sa kaligtasan, kalusugan, at kagalingan ng mga bata. Ang kabanata ng paglilisensyang ito ay tinatawag na Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad. Ito ay isang sinadya at makahulugang pagbabago ng terminolohiya para sa paglilisensya at mga provider, habang iniiwasan namin ang dating pagtutok sa kung ano ang pinakamababa (pinakamababang pamantayan sa paglilisensya) na maaaring gawin para sa mga bata, patungo sa kung ano ang higit na kailangan ng mga bata. Bukod pa rito, ang paglilisensya sa pag-aalaga ng bata ay ang unang hakbang sa sistema ng mataas na kalidad na maagang pagkatuto ng Washington.

Ang kasalukuyang mga patakaran, na lumikha ng iisang hanay ng mga pamantayan ng WAC para sa parehong mga provider ng family home at sentro, ay inihain noong Hulyo 5, 2018, at ipinatupad noong Agosto 1, 2019. Sa pinakahuling pagsulat ng mga tuntunin ng 110-300, ang pederal na batas sa pag-aalaga ng bata at mga prayoridad ng DCYF hinggil sa pagkakapantay-pantay ng lahi, pagiging tumutugon sa kultura, at kalusugan at kaligtasan ng kapaligiran para sa mga bata ang naging ambag sa mga pagbabago sa mga regulasyon sa paglilisensya.

Iba't ibang salita ang ginagamit upang ilarawan ang mga patakarang ito, kabilang ang WAC, mga pamantayan ng paglilisensya, regulasyon, tuntunin, at Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad. Lahat ng terminong ito ay tumutukoy sa Kabanata 300 ng Titulo 110.

Sa pamamagitan ng mga pamantayan sa paglilisensya na ito, na pinamagatang "Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad para sa mga Programa ng Maagang Pagkatuto", nakatuon ang ahensya sa kalusugan, kaligtasan, at kagalingan ng mga bata. Pinapahintulutan ng mga pamantayang ito ang DCYF na tulungan ang mga provider na palawakin ang mataas na kalidad na mga oportunidad sa maagang pagkatuto at mapabuti ang mga kinalabasan para sa lahat ng bata. Partikular na, nakatuon ang mga patakarang ito sa pagpapabuti ng kalidad ng pangangalaga at pagkatuto na ibinibigay sa mga pinakabata sa mga lugar ng child care, sa panahong pinakamabilis na umuunlad ang utak ng isang bata. Ginawa ito upang matiyak na magkakaroon ang mga bata ng matibay na pundasyon para sa panghabambuhay na pagkatuto, at binuo upang makipagtulungan sa mga magulang at guardian, na kinikilala ng DCYF bilang pinakamahahalagang tagapagtaguyod at guro ng isang bata.

Nakikinabang hindi lamang ang bata kundi pati na rin ang mga pamilya at komunidad mula sa mataas na kalidad na mga karanasan sa maagang pagkatuto. Ipinaliwanag sa ulat noong 2015 na Ekonomiya ng mga Pamumuhunan sa Maagang Pagkabata na ipinapakita ng pananaliksik na ang mga programa sa maagang edukasyon ay mabubuting pamumuhunan. Ipinapakita sa ulat na sa panandaliang panahon, ang mga programa sa maagang edukasyon ay nakapagpapataas ng kita at oportunidad sa trabaho para sa mga magulang. Dagdag pa rito, iniulat na sa pangmatagalang panahon, maaaring makinabang ang lipunan mula sa mga programang ito sa pamamagitan ng pagpapataas ng potensyal na kita ng mga batang naka-enroll kapag umabot na sila sa hustong gulang, pagpapabuti ng kalusugan, pagbabawas ng paggasta laban sa kahirapan, at pagbawas ng krimen.[1]

Detalyado sa WAC 110-300-0001 ang awtoridad ng ahensya na magsuri, mag-monitor, at magsagawa ng mga hakbang sa pagpapatupad kung kinakailangan upang matiyak ang kalusugan, kaligtasan, at proteksyon ng mga bata sa loob ng mga kapaligiran ng maagang pagkatuto. Bilang resulta, mino-monitor ng Dibisyon ng Paglilisensya (LD) ng DCYF ang mga programa ng maagang pagkatuto upang matiyak na ang mga bata ay nakatatanggap ng dekalidad na pangangalaga at na ang mga programa ng maagang pagkatuto ay sumusunod sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad.

1 Ehekutibong Tanggapan ng Pangulo ng Estados Unidos, "The Economics of Early Childhood Investments," available sa **https://obamawhitehouse.archives.gov/sites/default/files/docs/early_childhood_report_update_final_non-embargo.pdf**, inilathala noong Enero 2015.

Ang paggamit ng pana-panahon at pare-parehong mga gawain sa pagsubaybay ay nagbibigay-daan sa LD upang matiyak na natutupad ang mga regulasyon sa pag-aalaga ng bata, habang nagbibigay din ng suporta at teknikal na tulong sa mga provider ng maagang pagkatuto upang matulungan silang lumago at umunlad bilang mga propesyonal sa maagang pagkatuto. Ginagawa ito ng mga kawani ng paglilisensya sa pamamagitan ng paggamit ng positibong pagpapatibay, gamit ang pamamaraang nakabatay sa kalakasan, at ipinapakita sa mga provider na matagumpay silang nakakasunod sa mga pamantayan sa paglilisensya.

Kabanata 43.216 RCW. Isang pahina ng Lehislatura ng Estado ng Washington na naglalaman ng mga RCW na may kaugnayan sa DCYF.
https://apps.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=43.216

Batas sa Maagang Pagsisimula. Isang webpage ng DCYF na naglalaman ng impormasyon at mga link na may kaugnayan sa Batas sa Maagang Pagsisimula ng 2015.
www.dcyf.wa.gov/about/government-community/legislative-federal-relations/early-start-act

HB 1491-2015-16. Isang pahina ng Lehislatura ng Estado ng Washington na naglalaman ng mga link sa mga dokumento ng Batas sa Maagang Pagsisimula, kasaysayan ng panukalang batas, at mga susog.
https://app.leg.wa.gov/billsummary/?BillNumber=1491&Year=2015&Initiative=false#documentSection

HB 1661. Isang pahina ng Lehislatura ng Estado ng Washington na naglalaman ng mga link sa mga dokumento, video, at mga susog na may kaugnayan sa panukalang batas na lumikha sa DCYF.
https://app.leg.wa.gov/billsummary?BillNumber=1661&Year=2017

Mga Inisyatiba at Referendum sa Estado ng Washington. Isang manwal mula sa Tanggapan ng Kalihim ng Estado (SOS) na dinisenyo upang magbigay-kaalaman sa mga mamamayan tungkol sa mga proseso ng inisyatiba at referendum at magsilbing gabay para sa mga nagnanais gamitin ang mahahalagang karapatang konstitusyonal na ito.
https://leg.wa.gov/LIC/Documents/EducationAndInformation/SOSInitRefHandbook.pdf

Title 110 WAC. Isang pahina ng Lehislatura ng Estado ng Washington na may mga link sa bawat kabanata ng WAC na may kaugnayan sa DCYF.
https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110

Malakas na Paglilisensya: Ang Pundasyon para sa isang De-kalidad na Sistema ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon. Isang research paper mula sa Pambansang Asosasyon para sa Pangangasiwa ng Regulasyon (NARA) na naglalarawan ng mga pangunahing prinsipyo at katangian ng matatag na mga programa sa paglilisensya.
www.naralicensing.drivehq.com/publications/Strong_CC_Licensing_2011.pdf

Pagsuporta at Pagprotekta sa mga Bata, Kabataan, at mga Pamilya. Homepage ng website ng DCYF.
www.dcyf.wa.gov

WAC 110-300-0005. Isang kumpletong listahan ng mga kahulugan na naaangkop sa kabanata 110-300 WAC.
https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300-0005

WAC 110-300-0010

Kinakailangan ang lisensya

(1) Ang isang indibidwal o entidad na nagbibigay ng serbisyong pangangalaga at maagang pagkatuto para sa isang grupo ng mga batang mula kapanganakan hanggang labindalawang taong gulang ay dapat na lisensyado mula sa kagawaran, alinsunod sa RCW 43.216.295, maliban kung ito ay hindi sakop ayon sa RCW 43.216.010(2) at WAC 110-300-0025.

(2) Hindi dapat bigyan ng lisensya ng kagawaran ang isang empleyado ng kagawaran o sinumang kasapi ng sambahayan ng empleyado kung ang empleyado ay direktang kasangkot, o nasa isang administratibo o superbisyoryong kapasidad sa:

- **(a) Proseso ng paglilisensya;**
- **(b) Paglalagay ng isang bata sa isang lisensyadong programa para sa maagang pagkatuto; o**
- **(c) Pag-apruba ng bayad para sa batang nasa pag-aalaga.**

(3) Kinakailangan ang lisensya kapag ang isang indibidwal ay nagbibigay ng serbisyong pangangalaga at maagang pagkatuto sa kanyang sariling tahanan:

- **(a) Sa labas ng tahanan ng bata nang regular at tuloy-tuloy para sa isa o higit pang batang hindi kaanak ng lisensyado; o**
- **(b) Para sa mga batang nasa edad ng pumapasok sa preschool nang mahigit sa apat na oras bawat araw. Sa paggamit sa kabanatang ito, ang "hindi kaanak" ay tumutukoy sa sinumang hindi kabilang sa mga kaanak na nakalista sa RCW 43.216.010(2)(a).**

(4) Maaaring magbigay ng lisensya ang kagawaran sa isang sentro na matatagpuan sa isang pribadong tirahan ng pamilya kapag ang bahagi ng tirahan na maa-access ng mga bata ay:

- **(a) Ginagamit lamang para sa mga bata sa oras ng operasyon ng sentro o kapag ang mga bata ay nasa pangangalaga; o**
- **(b) Nakahiwalay mula sa tirahan ng pamilya.**



Dinisenyo ang paglilisensya upang matiyak na ang mga lugar para sa maagang pagkatuto ay nagpoprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga bata at sumusuporta sa kanilang pag-unlad. Ang pagkuha ng lisensya para magbigay ng serbisyong pag-aalaga sa bata ay nagpapakita ng layuning magbigay ng ligtas at malusog na pangangalaga, at na ang programa para sa maagang pagkatuto ay nasubaybayan at nasuri upang matugunan ang mga pangunahing pamantayan. Sa Estado ng Washington, kinakailangan ang lisensya para sa mga indibidwal na nag-aalaga ng isa o higit pang bata, mula kapanganakan hanggang 12 taong gulang, sa labas ng sariling tahanan ng bata at hindi sakop ng mga eksepsyon sa mga kinakailangan ng paglilisensya.

Ayon sa isang 2014 Pambansang Asosasyon para sa Pangangasiwa ng Regulasyon (NARA) research brief, "nakatutulong ang paglilisensya na maiwasan ang iba't ibang anyo ng panganib sa mga bata — gaya ng panganib mula sa pagkalat ng sakit; sunog at iba pang panganib sa kaligtasan ng gusali; pinsala; at pagkaantala sa pag-unlad na dulot ng kawalan ng mabuting relasyon sa mga nasa hustong gulang, kakulangan sa sapat na pangangasiwa, o kawalan ng mga gawaing angkop sa kanilang edad."[2]

Kapag lisensyado ang isang provider ng maagang pagkatuto, maraming paraan kung paano napoprotektahan ang mga bata. Kasama sa mga proteksyong ito, ngunit hindi limitado sa:

- Mga pamantayang batay sa ebidensya at pananaliksik upang mapabuti ang kinalabasan sa pag-unlad ng bata
- Access sa mga background check mula sa Estado, Pederal, at Mga Serbisyo ng Proteksyon sa Bata (CPS) para sa mga kawani

2 Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) at Serbisyong Pantao ng U.S., Pangangasiwa para sa mga Bata at Pamilya, "Research Brief #1: Trends in Child Care Center Licensing Regulations and Policies for 2014," na available sa **https://www.naralicensing.org/assets/docs/ChildCareLicensingStudies/2014CCStudy/center_licensing_trends_brief_2014.pdf**, inilathala noong Nobyembre 2015.

- Regular na pagsubaybay para sa mga panganib sa kalusugan at kaligtasan
- Suporta at teknikal na tulong mula sa mga bihasang propesyonal sa paglilisensya
- Access sa coaching support at pinansyal na tulong mula sa Early Achievers (Maagang Pagkamit ng Tagumpay)
- Access sa mga programang pinansyal para sa reimbursement ng pagkain at meryenda
- Access sa mga opsyon ng subsidy payment para sa pag-enroll ng mga batang mula sa sambahayang mababa ang kita at kanilang mga pamilya

Noong 2019, sa estado ng Washington, humigit-kumulang 5,500 provider ng maagang pagkatuto ang nag-alaga sa mahigit 188,000 bata sa mga lisensyadong programa ng maagang pagkatuto.[3] Malaki ang epekto ng mga lisensyadong programang ito. Ipinapakita ng pananaliksik ang positibong resulta sa edukasyon ng mga batang lumalahok sa de-kalidad na mga programa sa maagang pagkatuto. Isang pag-aaral na inilathala noong 2017, Mga Epekto ng Maagang Edukasyon sa Pagkabata sa Katamtaman at Pangmatagalang Resulta ng Edukasyon, ang nagsabing ang mga batang lumahok sa mataas na kalidad na mga programa sa maagang pagkatuto ay mas maliit ang posibilidad na mapabilang sa special education, mas maliit ang posibilidad na maulit ang grado, at mas mataas ang posibilidad na makatapos ng mataas na paaralan kumpara sa kanilang mga kapantay na hindi sumali sa ganitong mga programa.[4]

Tinutukoy ng RCW ang ilang mga provider na hindi kailangan kumuha ng lisensya. Ilan sa mga karaniwang provider na may eksepsyon ay kinabibilangan ng:

- Mga kamag-anak
  - Anumang kamag-anak sa dugo
  - Mga miyembro ng step-family
  - Isang tao na legal na nag-ampon ng bata o ang magulang ng bata, pati na rin ang mga likas na anak at iba pang legal na inampon na mga anak ng mga taong ito
  - Mga asawa ng mga nakalistang tao, kahit pagkatapos magwakas ang kasal
- Mga preschool
  - Mga nursery school na nagsasagawa ng maagang edukasyon para sa mga batang nasa pagitan ng 30 buwan at 6 na taong gulang, at kung saan ang mga bata ay naka-enroll nang hindi hihigit sa apat na oras bawat araw
- Mga pansamantalang kampo o seasonal camp
  - Mga programang tatlong buwan o mas maikli pa at pangunahing nakatuon sa mga panglibangan o pang-edukasyong gawain
- Pag-aalaga sa lugar
  - Nananatili ang magulang o guardian sa lugar upang lumahok sa mga aktibidad maliban sa pagtatrabaho
- Isang programa na matatagpuan sa loob ng hangganan ng isang pederal na kinikilalang reserbasyon ng mga Katutubong Amerikano, na lisensyado ng tribo ng Indian
- Isang programa sa isang pasilidad militar

3 Department of Children, Youth, and Families (Kagawaran ng mga Bata, Kabataan at Pamilya) ng Estado ng Washington, "Education Goals, Licensed Child Care," na available sa **https://dcyf.wa.gov/practice/oiaa/agency-performance/education**, inilathala noong Disyembre 2019.

4 Dana C. McCoy, Hirokazu Yoshikawa, Kathleen M. Ziol-Guest, Greg J. Duncan, Holly S. Schindler, Katherine Magnuson, Rui Yang, Andrew Koepp at Jack P. Shonkoff, "Impacts of Early Childhood Education on Medium- and Long-Term Educational Outcomes," *Sage Journal* 46 (8) (2017), available sa **https://eric.ed.gov/?id=EJ1161123.**

Binabalangkas sa RCW 43.216.010(2) ang kumpletong listahan ng mga eksepsyon sa paglilisensya.



Maaaring bigyan ng lisensya ang isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro upang magbigay ng serbisyong pangangalaga o maagang pagkatuto para sa mga batang mula kapanganakan hanggang 12 taong gulang para sa mga panahong mas maikli sa 24 oras kada araw. Karaniwang pinapatakbo ang programa ng maagang pagkatuto sa sentro sa labas ng isang tirahan ng pamilya at ang pinakamataas na pinapayagang kapasidad ay tinutukoy ng mga katangian ng estruktura ng gusali, mga magagamit na materyal at suplay, pati na rin ang bilang at kwalipikasyon ng mga kawani.

Sa ilang pagkakataon, maaaring makakuha ng lisensya bilang isang sentro ang isang tirahang family home, basta matugunan ang karagdagang mga kinakailangan. Kabilang sa mga kinakailangang ito ang paghihiwalay ng mga living quarter mula sa lisensyadong lugar ng pag-aalaga ng bata at ang pagkuha ng pahintulot mula sa mga lokal na awtoridad o munisipalidad.

Ang programa ng maagang pagkatuto sa family home ay isang programa na lisensyado upang magbigay ng pag-aalaga sa bata o mga serbisyo ng maagang pagkatuto mula sa sariling tirahan ng lisensyado. Ang isang provider ng family home ay maaaring lisensyahan para sa pinakamataas na kapasidad na 12 bata, mula kapanganakan hanggang 12 taong gulang. Lahat ng batang nasa lugar habang oras ng pangangalaga ay bibilangin sa kapasidad na ito, kabilang ang sariling mga anak ng lisensyado. Ang mga batang nasa labas ng lugar, ngunit nananatili sa pangangalaga ng mga kawani ng paglilisensya, gaya ng mga kasali sa isang field trip, ay patuloy ding bibilangin sa kabuuang kapasidad. Ang lisensyadong kapasidad ay tinutukoy batay sa kwalipikasyon at karanasan ng lisensyado, bilang ng mga kawani, magagamit na espasyo at materyal, at ang edad at bilang ng mga bata.

Si Astur ay isang lisensyadong provider ng maagang pagkatuto sa sentro na nagbibigay ng pag-aalaga sa bata mula sa kanilang tirahang family home. Nakatira si Astur at ang pamilya sa itaas na palapag ng bahay, at ang programa ng maagang pagkatuto ay pinapatakbo sa ibabang palapag ng bahay. Nakatanggap si Astur ng pag-apruba mula sa mga lokal na awtoridad o munisipalidad upang magbigay ng ganitong uri ng pangangalaga. Ang dalawang palapag ng bahay ay pinaghihiwalay ng isang pinto na may kandado sa hagdang patungo mula sa ibabang palapag papunta sa itaas na palapag. Ang ibabang palapag ng bahay ni Astur ay naglalaman ng dalawang espasyo para sa maagang pagkatuto, isang pasukan, isang banyo na may dalawang inidibidwal na kubeta, at isang maliit na kitchenette. Ang ibabang palapag ay may higit sa 1,000 square feet na magagamit na espasyo. Pumapasok ang mga pamilya sa programa ng maagang pagkatuto sa pamamagitan ng hiwalay na pasukan, at ang panlabas na lugar para sa paglalaro ay direktang naa-access mula sa ibabang palapag ng bahay. Lisensyado si Artur para sa kapasidad na 20 batang preschool sa pangunahing silid, at pitong batang paslit sa mas maliit na silid. Si Astur ay maaaring lisensyahan para sa kapasidad na higit sa 12 bata sa kanilang tirahang family home dahil nakatanggap siya ng pag-apruba mula sa mga lokal na awtoridad upang patakbuhin ang ganitong uri ng negosyo sa loob ng tirahang family home. Natutugunan din ni Astur ang karagdagang mga kinakailangan para sa mga provider ng sentro.

Binabalangkas sa WAC 110-300-0400 ang mga kinakailangan para sa mga materyal sa aplikasyon ng lisensya.



Mga Provider na Kapamilya, Kaibigan, Kapitbahay (FFN). Isang webpage ng DCYF na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga patakaran sa subsidy para sa mga provider na FFN.
www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/ffn

Pagtulong sa Pagbabayad para sa Pag-aalaga sa Bata. Isang pahina ng DCYF na may mga link para sa Working Connections Child Care (Pag-aalaga sa Bata ng Working Connections, WCCC), Panapanahong Pag-aalaga ng Bata (SCC), at Early Childhood Education and Assistance Program (Programa para sa Edukasyon at Tulong sa Maagang Pagkabata, ECEAP) o mga preschool ng Head Start.
https://dcyf.wa.gov/services/earlylearning-childcare/getting-help

Paglilisensya at Pampublikong Regulasyon ng mga Programa sa Maagang Pagkabata: Isang Pahayag ng Posisyon mula sa National Association for the Education of Young Children (Pambansang Asosasyon para sa Edukasyon ng Maliliit na Bata, NAEYC). Isang talakayan tungkol sa papel ng paglilisensya at regulasyon sa mga programa ng maagang pagkatuto.
www.naeyc.org/sites/default/files/globally-shared/downloads/PDFs/resources/position-statements/PSLIC98.PDF

Malakas na Paglilisensya: Ang Pundasyon para sa isang De-kalidad na Sistema ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon. Isang research paper mula sa Pambansang Asosasyon para sa Pangangasiwa ng Regulasyon (NARA) na naglalarawan ng mga pangunahing prinsipyo at katangian ng matatag na mga programa sa paglilisensya.
www.naralicensing.drivehq.com/publications/Strong_CC_Licensing_2011.pdf

Ang Papel ng Paglilisensya sa Pagsuporta sa Mga De-kalidad na Gawain sa Maagang Pangangalaga at Edukasyon. Isang maikling ulat na naglalarawan ng balangkas para sa papel ng paglilisensya sa pagsuporta sa de-kalidad na edukasyon sa maagang pagkabata.
www.acf.hhs.gov/sites/default/files/documents/opre/cceepra_licensing_and_quality_brief_508.pdf

WAC 110-300-0015

Pagliban ng Lisensyado

(1) Sa isang programa ng maagang pagkatuto sa family home, ang lisensyado ay dapat magkaroon ng nakasulat na plano para sa panahon ng kanyang pagliban ngunit nananatiling bukas ang programa para sa pag-aalaga ng mga bata. Kung ang lisensyado sa family home ay mawawala nang higit sa sampung magkakasunod na araw ng operasyon, ang lisensyado ay dapat magsumite ng nakasulat na abiso sa kagawaran at sa bawat magulang o guardian ng bata hindi bababa sa dalawang araw ng negosyo bago ang planadong pagliban.

(2) Sa isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro, ang lisensyado ay dapat magkaroon ng nakasulat na plano para sa panahon kung kailan ang direktor, katulong na direktor, at superbisor ng programa ay sabay-sabay na mawawala ngunit nananatiling bukas ang programa para sa pag-aalaga ng mga bata. Kung ang direktor, katulong na direktor, at superbisor ng programa ay sabay-sabay na mawawala nang higit sa sampung magkakasunod na araw ng operasyon, ang provider ng maagang pagkatuto ay kailangang magsumite ng nakasulat na abiso sa kagawaran at sa bawat magulang o guardian ng bata hindi bababa sa dalawang araw ng negosyo bago ang planadong pagliban.

(3) Ang nakasulat na abiso sa ilalim ng seksyong ito ay dapat maglaman ng sumusunod na impormasyon:

- **(a) Ang panahon ng pagliban;**
- **(b) Impormasyon para sa emergency contact ng lumibang provider ng maagang pagkatuto; at**
- **(c) Isang nakasulat na plano na susundin ng mga kawani ng programa na naglalaman ng:**
  - **(i) Isang plano sa bilang ng mga kawani na sumusunod sa tamang ratio ng bata sa kawani;**
  - **(ii) Pagkilala sa isang pangunahing guro na naroroon at may pananagutan;**
  - **(iii) Mga tungkulin at responsibilidad ng mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto;**
  - **(iv) Paano matutugunan ang pangangailangan ng bawat bata habang wala ang lisensyado; at**
  - **(v) Ang responsibilidad para matugunan ang mga kinakailangan sa paglilisensya.**

(4) Kung ang isang kasunduan sa pagsunod sa paglilisensya ng pasilidad (FLCA) ay nabuo dahil sa pagkukulang ng mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto na sumunod sa mga regulasyon sa paglilisensya habang wala ang lisensyado na inilarawan sa seksyong ito, ang provider ng maagang pagkatuto ay kailangang:

- **(a) Magsanay muli sa mga kawani ng programa tungkol sa mga saligang pamantayan ng kalidad na nakasaad sa FLCA; at**
- **(b) Itala na naganap ang muling pagsasanay.**

Sa isang programa ng maagang pagkatuto sa family home, ang lisensyado ang responsable sa pangkalahatang pagpapatakbo ng programa ng maagang pagkatuto. Sa isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro, ang pangkalahatang pagpapatakbo ay responsibilidad ng direktor o ng isang pangkat na binubuo ng direktor, katulong na direktor, o superbisor ng programa (pamamahala ng programa).

Paminsan-minsan, maaaring kailanganin ng lisensyadong nagpapatakbo ng family home o ng pamunuan ng sentro na lumiban mula sa pasilidad. Kapag wala sila sa programa, nananatiling responsable ang mga kawani ng pamunuan sa pagtiyak na natutugunan ang mga kinakailangan sa paglilisensya at kalidad ng programa. Ang maagang pagpaplano para sa mga pagliban, nakaiskedyul man o hindi inaasahan, ay tumutulong sa pamunuan ng programa upang matiyak na matutupad ang mga kinakailangan habang wala sila sa programa. Tinutulungan ng lisensyado o pamunuan ng programa na matiyak ito kapag naisip nila nang maaga ang kanilang pagliban at gumawa ng nakasulat na plano.

Kung ang lisensyado o lahat ng miyembro ng pamunuan ng programa ay sabay-sabay na wala nang higit sa 10 magkakasunod na araw, at ang programa ay nananatiling bukas at nagpapatakbo, kinakailangang magbigay ng paunang nakasulat na abiso sa DCYF. Kung isa o higit pang miyembro ng pamunuan ng sentro ng maagang pagkatuto ay nananatili sa sentro, hindi na kailangan ang abiso sa ahensya. Katulad nito, kapag ang isang programa ng maagang pagkatuto sa family home ay may kasamang lisensyado, hindi kinakailangan ang abiso sa ahensya kung ang isa sa mga kasamang lisensyado ay nananatiling naroroon sa lugar at sumusunod sa lahat ng mga kinakailangang regulasyon.

Kailangang isumite ang nakasulat na abiso sa DCYF at sa bawat magulang o guardian ng bata hindi bababa sa dalawang araw ng negosyo bago ang pagliban. Ang nakasulat na abiso ay dapat maglaman ng impormasyon upang malaman ng mga magulang at guardian kung sino ang mangangasiwa sa pangangalaga ng kanilang anak habang wala ang lisensyado, gaano katagal ang pagliban, at kung sino ang kanilang dapat kontakin sakaling may emergency o alalahanin. Ang bukas na komunikasyon at pagiging transparent sa mga magulang at guardian ay tumutulong upang bumuo ng pagtitiwala at isang kultural na programa na may respeto.

Mahalaga na ang mga kawani ay kayang tumugon sa mga sitwasyon tulad ng mga tanong mula sa mga pamilya, mga medikal na emergency, pagliban ng mga kawani, at pagpapanatili ng mga kinakailangan sa paglilisensya. Ang mahusay na sanay na mga kawani ay nagbibigay-daan sa pamunuan na magkaroon ng kumpiyansa na ang pasilidad ay tatakbo ng lubusan at ligtas kahit na wala sila.

Kung may emergency na pumipigil sa lisensyado o pamunuan ng programa na makapagbigay ng abiso nang hindi bababa sa dalawang araw bago ang kanilang mahabang pagliban, kailangang gumawa ng tawag sa tagapaglisensya sa lalong madaling panahon upang ipaalam sa ahensya ang pagliban. Ang kwalipikadong indibidwal na iniiwan bilang may pananagutan sa programa ng maagang pagkatuto ay dapat magsumite ng nakasulat na abiso, na naglalaman ng lahat ng kinakailangang impormasyon, sa DCYF at sa mga magulang o guardian.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home sa King County ang nag-uulat:

"Kailangan kong lumiban sa aking daycare nang isa't kalahating buwan, at minsan hanggang dalawang buwan nang sunud-sunod. Dahil kailangan ng dalawang tao para sa aking lisensyadong kapasidad, kailangan kong kumuha ng isa pang tao bilang pangalawang tao habang wala ako. Kapag nahanap ko na ang taong iyon, tinitiyak kong may sapat siyang pagsasanay at kwalipikasyon, tulad ng background check, CPR training, TB test, Safe Sleep, 30 oras na Pangunahing Kaalaman, at iba pa. Tinuturuan ko rin sila sa lahat ng patakaran. Pagkatapos, nakikipag-ugnayan ako sa mga pamilya para malaman kung ilan ang mga bata na naroroon bawat araw na wala ako at kung anong oras sila dumarating at umaalis bawat araw. Tinitiyak kong alam ng katuwang ko ang lahat ng mga sistema at iskedyul, at sinasanay ko ang katuwang ko tungkol sa bawat indibidwal na pangangailangan ng bata. Isinusumite ko ang plano sa DCYF para sa kanilang pagsusuri.

Mahirap nga ang mawala nang matagal. Mas gusto kong manatili sa aking day care, ngunit kapag may pangangailangan sa pamilya ko, kailangan kong umalis. Kahit na wala ako sa trabaho nang personal, patuloy pa rin akong nagtatrabaho sa isip ko. Maraming beses na tumutunog ang phone ko at nagse-send ng mga mensahe ang aking mga kawani tungkol sa mga nangyayari. Kung hindi ako gagawa ng plano kasama ang mga kawani at pamilya nang maaga, hindi ako makakalabas. Ang pagpaplano at paghahanda na ginagawa ko bago ako umalis ay tumutulong upang matiyak na maayos ang takbo ng mga bagay-bagay at makuha ng aking mga bata at pamilya ang lahat ng kanilang kailangan habang wala ako."

Isang lisensyadong nagpapatakbo ng family home ang may isang pangunahing guro na nagtatrabaho kasama niya sa programa. Ang lisensyado ay mawawala ng tatlong linggo dahil sa kapanganakan ng kanyang apo. Mananatiling bukas ang programa sa panahong ito. Ang sariling mga anak ng lisensyado, na naka-enroll sa programa ng lisensyado, ay sasama sa paglalakbay kasama ang lisensyado, na nagbibigay-daan sa pangunahing guro na matugunan ang tamang ratio ng kawani sa bata batay sa bilang at edad ng mga batang nasa pangangalaga. Nagbibigay ang lisensyado ng nakasulat na abiso sa mga pamilya at sa DCYF na naglalaman ng inaasahang petsa ng pagbabalik at ang numero ng cellphone ng lisensyado para sa emergency contact. Nilalaman din ng abiso ang mga responsibilidad ng pangunahing guro sa loob ng tatlong linggong panahon, kabilang ang pamamahala ng mga gamot at allergy ng mga bata, mga inaasahan sa paglilinis at paglalaba, at ang araw-araw na komunikasyon sa mga magulang para sa pamilya.

Abiso at Plano sa Pagkuha ng Kawani para sa Pagliban. Isang form na makikita sa Mga Form at Dokumento (Forms & Documents) sa webpage ng DCYF. Available ang form sa English, Somali, at Spanish. **https://dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider/forms-documents**



WAC 110-300-0016

Di-aktibong katayuan—Boluntaryo at pansamantalang pagsasara

(1) Kung ang isang lisensyadong nagpapatakbo ng sentro o family home ay nagpaplanong pansamantalang isara ang kanilang programa ng maagang pagkatuto nang higit sa tatlumpung kalendaryong araw, at ang pagsasara ay hindi bahagi ng regular na iskedyul ng programa, kailangang magsumite ang provider ng abiso sa kagawaran tungkol sa pagiging di-aktibo nang hindi bababa sa dalawang araw ng negosyo bago ang planadong pagsasara. Ang mga abiso para sa di-aktibong katayuan ay dapat maglaman ng:

- **(b) Petsa kung kailan titigil sa operasyon ang programa ng maagang pagkatuto;**
- **(c) Mga dahilan kung bakit magiging di-aktibo ang lisensyado; at**
- **(d) Isang inaasahang petsa kung kailan muling magbubukas ang programa ng maagang pagkatuto.**

(2) Hindi nalalapat ang mga kinakailangan sa seksyong ito sa mga lisensyadong programa ng maagang pagkatuto na may pansamantalang pagsasara nang higit sa tatlumpung kalendaryong araw bilang bahagi ng kanilang regular na iskedyul, tulad ng mga programang batay sa taon ng paaralan o pansamantalang trabaho sa isang panahon.

(3) Hindi maaaring humiling ang lisensyado ng di-aktibong katayuan sa loob ng kanilang unang yugto ng lisensya (anim na buwan) maliban na lamang kung may emergency.

(4) Dapat ipaalam ng provider ng maagang pagkatuto sa mga magulang at guardian na pansamantalang magsasara ang programa.

(5) May responsibilidad ang provider ng maagang pagkatuto na ipagbigay-alam sa kagawaran ang mga pagbabago sa katayuan ng programa kabilang ang boluntaryong pagsasara, mga bagong miyembro ng sambahayan o kawani, o iba pang pagbabago sa programa. Ang mga update sa katayuan ng programa ay kailangang maisagawa rin sa electronic system ng kagawaran.

(6) Ang mga patakaran sa background check sa kabanata 110-06 WAC, kabilang ang mga paratang ng pang-aabuso o kapabayaan sa bata, ay mananatiling epektibo kahit nasa di-aktibong katayuan.

(7) Pagkatapos makatanggap ng abiso ng di-aktibong katayuan, gagawin ng kagawaran ang mga sumusunod:

- **(a) Ilalagay ang lisensya sa di-aktibong katayuan;**
- **(b) Ipapaalam sa lisensyado na ang lisensya ay di-aktibo; at**
- **(c) Ipapaalam sa mga sumusunod na programa ang tungkol sa di-aktibong katayuan:**
  - **(i) Child care subsidy programs (mga programa para sa subsidiya sa pag-aalaga ng bata) ng kagawaran;**
  - **(ii) USDA Programa ng Pagkain para sa Pag-aalaga ng Bata at Nasa Hustong Gulang (CACFP); at**
  - **(iii) Early Achievers (Maagang Pagkamit ng Tagumpay), ECEAP, Grantee ng Head Start, at child care aware (may kamalayan sa pag-aalaga ng bata) ng Washington.**

(8) Responsable pa rin ang lisensyado sa pagpapanatili ng taunang pagsunod sa mga kinakailangan habang nasa di-aktibong katayuan alinsunod sa RCW 43.216.305.

(9) Kung ang di-aktibong katayuan ay lumampas sa anim na buwan sa loob ng labindalawang buwang panahon, kailangang isara ng kagawaran ang lisensya dahil sa hindi pagsunod sa RCW 43.216.305(2). Ang lisensyado ay kailangang muling mag-apply para sa lisensya alinsunod sa RCW 43.216.305(3).

(10) Maaaring magsagawa ang kagawaran ng mga hakbang sa pagpapatupad matapos ang tatlong hindi matagumpay na pagtatangkang i-monitor ang isang programa ng maagang pagkatuto kung:

- **(a) Hindi naging available ang provider ng maagang pagkatuto upang payagan ang mga monitoring visit;**
- **(b) Ang mga pagtatangkang monitoring visit ay isinagawa sa loob ng tatlong buwang panahon; at**
- **(c) Sinubukan ng kagawaran na tawagan ang provider sa telepono sa ikatlong pagtatangkang pagbisita habang nasa lugar pa rin ng maagang pagkatuto.**

(11) Kapag handa nang muling buksan ng lisensyado ang programa matapos ang pansamantalang pagsasara, kailangang ipagbigay-alam ng lisensyado ito sa kagawaran nang nakasulat. Pagkatapos matanggap ang abiso ng intensyon na muling magbukas, gagawin ng kagawaran ang mga sumusunod:

- **(a) Isasagawa ang isang pagbisita para sa kalusugan at kaligtasan sa programa ng maagang pagkatuto sa loob ng sampung araw ng trabaho upang matiyak na ang provider ay sumusunod sa kabanatang ito;**
- **(b) I-aactivate ang lisensya at ipapaalam sa lisensyado na ang lisensya ay aktibo na; at**
- **(c) Ipapaalam sa mga sumusunod na programa ang tungkol sa aktibong katayuan:**
  - **(i) Child care subsidy programs (mga programa para sa subsidiya sa pag-aalaga ng bata) ng kagawaran;**
  - **(ii) CACFP; at**
  - **(iii) Early Achievers (Maagang Pagkamit ng Tagumpay), ECEAP, Grantee ng Head Start, at child care aware (may kamalayan sa pag-aalaga ng bata) ng Washington.**

May mga pagkakataon na pipiliin ng isang programa ng maagang pagkatuto na pansamantalang magsara ng mas matagal na panahon. Maraming dahilan kung bakit maaaring pansamantalang magsara ang isang programa, tulad ng mga personal na pangangailangan ng lisensyado o ang pagsasaayos o pagkukumpuni ng pisikal na lugar ng programa.

Nangangailangan ng maagang abiso sa DCYF ang mga planadong pagsasara nang hindi bababa sa dalawang araw ng trabaho bago ang pagsasara. Ang komunikasyon tungkol sa pagsasara, dahilan, at takdang panahon ay nagbibigay-daan sa DCYF na magbigay ng angkop na suporta at teknikal na tulong habang pansamantala ang pagsasara, at makapaghanda upang matiyak na maisasagawa ang pagbisita para sa kalusugan at kaligtasan sa loob ng 10 araw ng trabaho mula sa muling pagbubukas ng programa ng maagang pagkatuto. Kapag natanggap ang abiso ng pansamantalang pagsasara, ilalagay ng ahensya ang programa ng maagang pagkatuto sa "di-aktibong katayuan" at ipapaalam sa mga programang tulad ng Early Childhood Education and Assistance Program (Programa para sa Edukasyon at Tulong sa Maagang Pagkabata, ECEAP), Working Connections at Mga Paminsan-minsang Child Care Subsidy Programs (Mga Programa para sa Subsidiya sa Pag-aalaga ng Bata), at Programa ng Pagkain para sa Pag-aalaga ng Bata at Nasa Hustong Gulang (CACFP) tungkol sa pansamantalang pagtigil ng serbisyo.



Isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ang nagbigay-abiso sa DCYF na magsasara sila para sa remodeling dahil sa pinsala ng baha sa kusina, palikuran, at isang silid-aralan. Inaakala ng programa ng maagang pagkatuto na tatagal ang pagsasara ng halos walong linggo. Bilang tugon, ibinigay ng DCYF sa provider ang contact information para sa Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata) ng Washington upang maibigay sa mga pamilya, nagbigay ng konsultasyon ang ahensya sa programa ng maagang pagkatuto kasama ang isang espesyalista sa kalusugan upang suriin ang mga pamamaraan ng paglilinis pagkatapos ng baha at mga plano sa remodeling, at nag-iskedyul ng pagbisita para sa kalusugan at kaligtasan sa loob ng 10 araw mula sa inaasahang panahon ng muling pagbubukas.

Hindi lahat ng mga programa ng maagang pagkatuto na pansamantalang nagsasara ay ilalagay sa di-aktibong katayuan. Ang mga programang may iskedyul na mas mababa sa isang buong taon at nagsasara nang pansamantala bilang bahagi ng regular na iskedyul ay nananatiling nasa aktibong katayuan habang sarado ang kanilang programa. Hindi pinapayagan ang pagpasok sa di-aktibong katayuan sa unang anim na buwan ng pagkuha ng paunang lisensya ng isang programa.

Kahit ang katayuan ng lisensya ay aktibo o di-aktibo, nananatiling responsibilidad ng lisensyado na tiyakin na nasusunod ang mga regulasyon. Dahil dito, kailangang ipagpatuloy ng provider ng maagang pagkatuto ang pagbibigay ng abiso sa ahensya ng mga pagbabago habang nasa di-aktibong katayuan, at kailangang isumite ang kanilang licensing fee, declaration of compliance, at mga dokumento ng program background check kahit na ang petsa ng pagsunod ay mangyari habang sila ay nasa di-aktibong katayuan.

Ang pagbibigay ng di-aktibong katayuan ay nilalayong maging suporta para sa mga programa ng maagang pagkatuto. Kung ang isang programa ng maagang pagkatuto ay paulit-ulit na nagsasara o nagsasara nang matagal, maaari rin itong magkaroon ng negatibong epekto sa mga bata, kanilang mga pamilya, at sa komunidad. Dahil dito, ang di-aktibong katayuan na tumatagal ng higit sa anim na buwan sa loob ng 12-buwang panahon ay magreresulta sa pagsasara ng lisensya.



Binabalangkas sa WAC 110-300-0443 ang mga kinakailangan tungkol sa mga aksyon ng pagpapatupad, abiso, at apela.

Binabalangkas sa WAC 110-300-0425 ang mga kinakailangan tungkol sa taunang dokumento ukol sa pagsunod.

Binabalangkas sa WAC 110-300-0470 ang mga kinakailangan tungkol sa kahandaan sa panahon ng emergency.

Binabalangkas sa WAC 110-300-0475 ang mga kinakailangan tungkol sa tungkulin na protektahan ang mga bata at iulat ang mga insidente.

WAC 110-300-0020

Hindi lisensyadong mga programa

(1) Kung pinaghihinalaan ng kagawaran na may isang indibidwal o ahensya na nagbibigay ng hindi lisensyadong pag-aalaga ng bata, kailangang sundin ng kagawaran ang mga kinakailangan ng RCW 43.216.360.

(2) Kung ang isang indibidwal ay magpapasya na kumuha ng lisensya, sa loob ng tatlumpung kalendaryong araw mula sa petsa ng abiso ng kagawaran sa subseksyon (1) ng seksyong ito, ang indibidwal o ahensya ay kailangang magsumite ng nakasulat na kasunduan sa isang form ng kagawaran na nagsasaad na sila ay sumasang-ayon na:

- **(a) Dumalo at makibahagi sa susunod na magagamit na orientation sa paglilisensya ng kagawaran; at**
- **(b) Magsumite ng aplikasyon para sa lisensya pagkatapos makumpleto ang orientation.**

(3) Ang nakasulat na abiso ng kagawaran sa ilalim ng subseksyon (1) ng seksyong ito ay dapat ipaalam sa indibidwal o ahensya na nagbibigay ng hindi lisensyadong pag-aalaga ng bata na:

- **(a) Kailangang itigil ng indibidwal o ahensya ang pagbibigay ng pag-aalaga ng bata, alinsunod sa RCW 43.216.360;**
- **(b) Kung paano tumugon sa kagawaran;**
- **(c) Kung paano mag-apply para sa lisensya;**
- **(d) Kung paano maaaring masuspinde o ma-withdraw ang multa, kung ipapataw, kapag ang indibidwal ay nag-aplay para sa lisensya;**
- **(e) Na may karapatan ang indibidwal na humiling ng adjudicative proceeding (pagdinig) kung may multa na naipataw; at**
- **(f) Kung paano humiling ng pagdinig, ayon sa kabanata 34.05 RCW (Batas sa Administratibong Proseso), kabanata 43.216 RCW, at kabanata 110-03 WAC (mga patakaran sa pagdinig ng kagawaran).**

(4) Kung ang isang indibidwal na nagbibigay ng di-lisensyadong pag-aalaga sa bata ay hindi magsumite ng kasunduan para kumuha ng lisensya gaya ng nakasaad sa subseksyon (2) ng seksyong ito sa loob ng tatlumpung (30) kalendaryong araw mula sa petsa ng nakasulat na paunawa ng kagawaran, maglalathala ang kagawaran ng impormasyon sa kanilang website na ang indibidwal ay nagbibigay ng pag-aalaga sa bata nang walang lisensya.

(5) Ang isang taong nagbibigay ng di-lisensyadong pag-aalaga sa bata ay:

- **(a) Mapaparusahan ng salang misdemeanor ayon sa RCW 43.216.365; at**
- **(b) Maaaring sumailalim sa injunction ayon sa RCW 43.216.355.**



Ipinagbabawal ng RCW 43.216.295 ang pagbibigay ng di-lisensyadong pag-aalaga sa bata sa Estado ng Washington.[5] Ang mga lisensya para sa mga programa ng maagang pagkatuto ay idinisenyo upang unahin ang kapakanan ng mga bata at magbigay ng pangunahing proteksyon para sa kanilang pag-unlad, kalusugan, at kaligtasan. "Ang epektibo at mataas na kalidad na paglilisensya ay binubuo ng tatlong mahahalagang bahagi: malakas na batas na nagpapahintulot dito, mahigpit na mga kinakailangan sa programa, at mahigpit na pagpapatupad."[6]

Kapag pinaghihinalaan ng DCYF na mayroong di-lisensyadong pag-aalaga, magpapadala ito ng nakasulat na paunawa sa loob ng 10 araw. Pagkatanggap ng abiso mula sa DCYF, kailangang itigil ng di-lisensyadong programa ang pagbibigay ng pangangalaga kung hindi ito pumasa sa mga kinakailangan para sa eksepsyon. Maaari ring mag-aplay ang indibidwal para sa lisensya sa pag-aalaga ng bata. Kung tatanggi ang isang tao na sumali sa proseso at ipagpapatuloy ang ilegal na pangangalaga, magsasagawa ang ahensya ng mga hakbang upang maprotektahan ang mga bata at pamilya sa komunidad. Kabilang sa mga hakbang na ito, ngunit hindi limitado sa mga ito, ang pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa ilegal na pangangalaga, pag-iisyu ng multa, paghabol sa kasong misdemeanor, at paggamit ng legal na injunction.

Nililinaw ng RCW 43.216.010 kung sino ang kailangang kumuha ng lisensya at sino ang legal na may eksepsyon mula rito.

Para mag-report ng di-lisensyadong pag-aalaga, tumawag sa 1-866-ENDHARM (1-866-363-4276).

Pinahahalagahan ng DCYF ang iba't ibang kalidad ng mga programa ng maagang pagkatuto at nakatuon sa pagsuporta sa mga di-lisensyadong provider sa proseso ng pagkuha ng lisensya kapag nais nilang maging lisensyado.

Maging Lisensyadong Provider ng Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto. Ang website ng DCYF ay naglalaman ng pagpapakilala sa ahensya, impormasyon tungkol sa mga patakaran sa lisensya at proseso ng pagkuha ng lisensya, pati na rin ng link sa licensing orientation:
https://dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider

Kung Paano Mag-ulat ng Pang-aabuso o Pagpapabaya sa Bata. Webpage ng DCYF na may mga lokal na numero ng telepono para sa pagrereport.
www.dcyf.wa.gov/safety/report-abuse

5 Lehislatura ng Estado ng Washington, "RCW 43.216.295," available sa **https://app.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=43.216.295,** nakuha noong Oktubre 5, 2020.
6 Amie L. Payne, Ph.D., "Strong Licensing: The Foundation for a Quality Early Care and Education System," Pambansang Asosasyon para sa Pangangasiwa ng Regulasyon, available sa **www.naralicensing.drivehq.com/publications/Strong_CC_Licensing_2011.pdf**, inilathala noong Mayo 2011.

WAC 110-300-0025

Mga programang sertipikado at may eksepsyon

(1) **Hindi maaaring magbigay ng lisensya ang kagawaran sa isang programa ng pag-aalaga sa bata na legal na may eksepsyon mula sa paglilisensya ayon sa RCW 43.216.010(2). Gayunpaman, kung ang isang programa ng pag-aalaga sa bata ay humiling na maging sertipikado ng kagawaran, ipatutupad ng kagawaran ang lahat ng tuntunin ng paglilisensya sa programang may eksepsyon na iyon. Sa ganitong kaso, ipatutupad ng kagawaran nang pantay ang mga tuntunin ng paglilisensya sa parehong lisensyado at sertipikadong mga programa ng pag-aalaga sa bata.**

(2) **Maaaring sertipikahan ng kagawaran ang isang programa ng pag-aalaga sa bata na may eksepsyon sa paglilisensya para sa subsidy payment nang hindi na kailangang inspeksyunin pa kung ang programa ay:**

- (a) **(a) Lisensyado ng isang tribo, grupo, bansang Indian, o ibang organisadong komunidad ng mga Indian, kabilang ang Alaska native village ayon sa kahulugan ng 43 U.S.C. Sec. 1602(c), at kinikilala bilang kwalipikado sa serbisyo ng Kalihim ng Interyor ng Estados Unidos;**
- (b) **(b) Sertipikado ng pederal na Department of Defense (Kagawaran ng Depensa); o**
- (c) **(c) Inaprubahan ng office of superintendent of public instruction (tanggapan ng superintendente ng pampublikong Instruksyon ng washington, OSPI).**

(3) **Ang isang programa ng pag-aalaga sa bata na may eksepsyon sa paglilisensya ayon sa RCW 43.216.010(2) ay kailangang gumamit ng form ng kagawaran upang isumite ang kanilang may eksepsyon na katayuan.**

(4) **Ang isang programa ng pag-aalaga sa bata na humihiling ng sertipikasyon ay dapat matatagpuan sa lugar na sakop ng hurisdiksyon ng tribo, pederal na Department of Defense (Kagawaran ng Depensa), o OSPI.**

(5) **Ang isang programa ng pag-aalaga sa bata na nireregula ng tribo, pederal na Department of Defense (Kagawaran ng Depensa), o OSPI ay maaaring humiling ng sertipikasyon:**

- (a) **Para lamang sa subsidy payment; o**
- (b) **Bilang pagtupad sa mga saligang pamantayan ng kalidad ng kabanatang ito.**

(6) **Hindi dapat sertipikahan ng kagawaran ang isang empleyado ng kagawaran o sinumang kasapi ng kanyang sambahayan kung ang empleyado ay direktang kasangkot, o nasa isang administratibo o superbisyong kapasidad sa:**

- (a) **Proseso ng sertipikasyon;**
- (a) **Paglalagay ng bata sa isang sertipikadong programa; o**
- (b) **Pag-apruba ng bayad para sa batang nasa pag-aalaga.**

Kung hihilingin, maaaring sertipikahan ng DCYF ang isang may eksepsyon na provider kung ang provider na iyon ay nasa labas ng hurisdiksyon ng DCYF. Ang mga programang tribo, programang militar ng Estados Unidos, at mga programang aprubado ng Washington State Office of Superintendent of Public Instruction (Tanggapan ng Superintendente ng Pampublikong Instruksyon ng Washington, OSPI) ay may eksepsyon sa paglilisensya. Ang mga programang militar ng US ay sinisertipikahan ng pederal Department of Defense (Kagawaran ng Depensa, DOD), ang mga programa ng maagang pagkatuto ng tribo ay nireregula ng kanilang mga tribal council, at ang mga programa ng maagang pagkatuto na nasa pampublikong paaralan ay nireregula ng OSPI. Kung ang alinman sa mga programang ito ay nais tumanggap ng child care subsidy reimbursement, maaari silang humiling ng certification mula sa DCYF. Kung humiling ng sertipikasyon ang isang may eksepsyon na programa, kinakailangan nilang sumunod sa lahat ng mga regulasyon sa paglilisensya ng mga saligang pamantayan ng kalidad.

Pangasiwaan para sa mga Katutubong Amerikano. Nagbibigay ang website na ito ng teknikal na tulong sa mga tribo at katutubong organisasyon.
www.acf.hhs.gov/ana

Mga Form at Dokumento ng DCYF. Isang pahina sa website ng DCYF na naglalaman ng mga link sa mga kapaki-pakinabang na form tulad ng Medication Authorization, Medication Log, Individual Care Plan (Pahintulot sa Gamot, Talaan ng Gamot, Indibidwal na Plano ng Pag-aalaga), at iba pa:
https://dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider/forms-documents

Kung Paano Maging Provider sa Tahanan para sa Pag-unlad ng Bata. Isang webpage ng Department of Defense (Kagawaran ng Depensa, DOD) na naglalaman ng impormasyon kung paano maging provider sa tahanan para sa Navy Child Development at provider ng Marine Corps Family Child Care (Pag-aalaga sa Bata para sa Pamilya ng Marine Corps).
www.military.com/spouse/career-advancement/military-spouse-jobs/becoming-child-development-home-provider.html

Washington State Office of Superintendent of Public Instruction (Tanggapan ng Superintendente ng Pampublikong Instruksyon ng Washington, OSPI). Website ng OSPI na may impormasyon tungkol sa K-12 na sistema ng edukasyon sa Washington.
www.k12.wa.us

WAC 110-300-0030

Walang diskriminasyon



(1) Ang mga programa ng maagang pagkatuto ay tinutukoy ng batas ng estado bilang mga lugar ng pampublikong serbisyo na dapat:

(a) Hindi nadidiskrimina sa mga kagawian sa trabaho o serbisyo sa kliyente batay sa lahi, paniniwala, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, katayuan bilang honorably discharged veteran o kasapi ng militar, katayuang may asawa, kasarian, oryentasyong sekswal, edad, relihiyon, o kakayahan; at

(b) Sumunod sa mga alituntunin ng batas ng Washington laban sa diskriminasyon (kabanata 49.60 RCW) at sa Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan, ADA).

(2) Ang isang programa ng maagang pagkatuto ay kailangang magkaroon ng nakasulat na patakaran laban sa diskriminasyon na sumasaklaw sa mga nabanggit na salik sa subseksyon (1) ng seksyong ito.

Sa pangkalahatan, ang seksyong ito ay nangangailangan ng dalawang mahalagang bagay. Una, ang mga provider ay hindi dapat mandiskrimina at dapat sumunod sa mga alituntunin ng kabanata 49.60 RCW at sa Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan, ADA). Pangalawa, ang mga provider ay kailangang magkaroon ng nakasulat na patakaran laban sa diskriminasyon.

Isang napakahalagang tandaan ay habang lahat ng provider ay kinakailangang magkaroon ng patakaran laban sa diskriminasyon, ang patakarang ito ay magkaiba depende sa kung ang negosyo ay legal na kinikilala bilang “mga lugar ng pampublikong akomodasyon” o bilang mga “distinctly private” na mga negosyo ng child care.

- Kasama sa mga lugar ng pampublikong akomodasyon ang halos lahat ng uri ng negosyo. Kung ang isang programa ng maagang pagkatuto ay bukas para sa publiko, ang negosyo ay itinuturing bilang lugar ng pampublikong akomodasyon.
- Mga eksepsyon ay kinabibilangan ng:
  - Mga distinctly private entity na karaniwang mga membership-based club. Nagbabayad ng pribadong miyembro ang mga kasapi at may mga piling patakaran sa pagtanggap.
  - Mga pasilidad na pang-edukasyon na pinatatakbo o pinangangalagaan ng isang tunay na relihiyosong institusyon.

Ang Estado ng Washington ay may matibay at makasaysayang paninindigan laban sa diskriminasyon. Noong 1949, sinabi ng mga mambabatas ng Washington, habang inilalarawan nila ang diskriminasyon, na "ang diskriminasyon ay hindi lamang nagbabantang sirain ang mga karapatan at tamang pribilehiyo ng mga mamamayan nito kundi naglalagay din ng panganib sa mga institusyon at pundasyon ng isang malaya at demokratikong estado."[7]

Upang mas mahusay na mapagsilbihan ang mga bata at pamilya sa Washington, ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ay nagtataguyod ng mga inklusibong gawain at pagkakaiba-iba. Ang mga provider ng maagang pagkatuto, mga bata at pamilya sa mga lisensyadong programa ay hindi dapat tratuhin nang iba o mas mababa ang pabor batay sa kanilang lahi, paniniwala, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, katayuan bilang karapat-dapat na beterano o miyembro ng militar, katayuang may asawa, kasarian, oryentasyong sekswal, edad, relihiyon o kakayahan. Sa halip, hinihikayat ang mga programa sa maagang pagkatuto na kilalanin ang mga benepisyo ng pagkakaiba-iba na nagmumula sa iba't ibang kultura, sistema ng paniniwala, at kakayahan.

Ang pagsuporta sa pagkakaiba-iba at inklusibidad sa mga lugar ng maagang pagkatuto ay nagpapalawak ng karanasan at ideya na hindi pamilyar sa parehong mga bata at nasa hustong gulang. Nakakatulong ito upang mapaunlad ang pagpapahalaga sa mga pagkakatulad o pagkakaiba at mapalakas din ang sariling pagkakakilanlan.

Ilan sa mga paraan upang maipaloob ng mga provider ng maagang pagkatuto ang pagkakaiba-iba at inklusibong gawain ay ang pagkakaroon ng iba't ibang materyal sa kanilang mga programa na kumakatawan sa maraming kultura, etnisidad, at mga uri ng pamilya. Kabilang sa mga materyal na ito ang mga libro na nagpapakita ng mga pamilya na may parehong kasarian ng mga magulang o mga magulang at anak na nagmula sa iba't ibang lahi. Maaaring kabilang sa iba pang mga materyal ang pintura, papel, krayola, at mga marker na may iba't ibang kulay ng balat. Ang mga manika o figurine na nagpapakita ng mga taong gumagawa ng mga trabahong hindi karaniwan o may iba't ibang pisikal na kakayahan ay isa pang uri ng materyal na maaaring isama sa kapaligiran ng pagkatuto. Maaaring matutunan din ng provider ng maagang pagkatuto ang mga pangunahing salita sa iba't ibang wika, at ipaskil ang mga salitang ito sa paligid ng programa o gamitin ito sa pagtanggap sa mga pamilya. Ang musika na pinapatugtog, mga poster na ipinapakita, at pagkain na inihahain ay karagdagang mga paraan kung paano maaaring sinadyang makibahagi ang isang provider sa pagpapakita ng pagkakaiba-iba at inklusyon.

Kapag ang isang pamilya o bata ay nakikibahagi sa isang programa ng maagang pagkatuto na nagpapakita sa kanila ng kanilang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng mga materyal, naririnig ang kanilang sariling wika, naririnig ang pamilyar na musika, at naaamoy ang mga pamilyar na pagkain o halimuyak, ipinapahiwatig nito na sila ay pinahahalagahan at mahalaga bilang sila mismo. Ayon sa Pag-aaruga sa Ating mga Anak (CFOC), "Ang pagpapahayag at pagkakalantad sa kultural at etnikong pagkakaiba-iba ay nagpapayaman sa karanasan ng lahat ng mga bata, pamilya, at kawani."[8]

Sa kabilang banda, ang pagtanggi at diskriminasyon ay maaaring magkaroon ng masamang epekto sa pagkakakilanlan sa sarili at pagpapahalaga sa sarili. Iniulat ng Asosasyon ng Sikolohiyang Amerikano na "ang stress na may kaugnayan sa diskriminasyon ay nauugnay sa mga isyu sa mental na kalusugan, tulad ng pagkabalisa at depresyon, kahit na sa mga bata."[9]

7 Lehislatura ng Estado ng Washington, "RCW 49.60.010 Layunin ng kabanata," available sa **https://app.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=49.60.010,** nakuha noong Oktubre 6, 2020.

8 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak: Pambansang Pamantayan sa Pagganap para sa Kalusugan at Kaligtasan; Panuntunan para sa Mga Programa ng Maagang Pag-aalaga at Edukasyon, Ika-4 na edisyon.* (Itasca, IL: Amerikanong Akademya ng Pediatrics, 2019), xx.

9 Asosasyon ng Sikolohiyang Amerikano, "Stress In America: The Impact of Discrimination," Press release, Marso 10, 2016, available sa **https://www.apa.org/news/press/releases/stress/2015/impact-of-discrimination.pdf**

Ang kasaysayan ng diskriminasyon sa trabaho, edukasyon, at pabahay para sa mga pamilyang mula sa mga marginalized na komunidad ay nagbigay ng lahi at kita bilang mga palatandaan ng tagumpay. "Ang mga batang pumapasok sa kindergarten na may mababang antas ng kasanayan sa kahandaan sa paaralan ay karaniwang 'hindi umuunlad nang kasing bilis ng kanilang mas pinalad na mga kapantay, kaya ang agwat sa tagumpay ay may tendensiyang lumawak sa paglipas ng panahon.'"[10] Sa kasaysayan, ang mga batang hindi puti, mga lalaki, at mga batang may kapansanan ay palaging nagiging hindi patas na puntirya ng mahigpit na disiplina o pagpapaalis sa mga maagang pagkatuto at paaralan.[11] Isa sa maraming resulta nito ay ang pagkakaroon ng mga agwat sa oportunidad at tagumpay para sa mga bata, kung saan madalas ay mas limitado ang access ng mga pamilya sa kalidad na pangangalaga. Upang matugunan ang mga agwat na ito, mahalaga para sa mga propesyonal sa maagang pagkatuto na suriin ang kanilang sariling mga pagkiling kapag isinaalang-alang ang kanilang pamamaraan sa pagkuha ng mga kawani, pagsala at pagrerehistro ng mga pamilya, pagbuo ng kurikulum, mga salik sa kapaligiran, at mga gawain sa silid-aralan.

Ang ADA ay partikular na nagsasaad ng pagtiyak na ang mga taong may kapansanan ay may pantay na pagkakataon na makilahok sa mga serbisyo ng programa. Sa ibang salita, hindi maaaring ibukod ang mga batang may kapansanan mula sa isang programa ng maagang pagkatuto maliban kung ang kanilang presensya ay magdudulot ng direktang panganib sa kalusugan o kaligtasan ng bata o iba pa, o kung kailangan nito ang isang pangunahing pagbabago sa programa.

Sa ilalim ng ADA, hindi kinakailangan ng isang provider ng maagang pagkatuto na i-remodel ang isang umiiral na pasilidad upang matugunan ang lahat ng posibleng kapansanan. Kailangan ng provider ng maagang pagkatuto na gumawa ng "makatwirang pagbabago" upang payagan ang isang partikular na tao na may kapansanan na makilahok nang pantay sa mga kapwa niya walang kapansanan. Maaaring ito ay isang empleyado, isang batang may kapansanan na nais mag-enroll sa programa, o ang magulang na may kapansanan o kamag-anak ng batang naka-enroll na nais dumalo sa mga kaganapan ng programa. Hinihikayat ang mga provider at mga taong may kapansanan na pag-usapan ang mga paraan upang makamit ang makatuwirang pagbabago. Dapat gumawa ang provider ng maagang pagkatuto ng makatwirang mga akomodasyon sa kanilang mga patakaran at pamamaraan upang maisama ang mga bata, magulang, at tagapag-alaga na may kapansanan.

Ang ADA ay naaangkop sa halos lahat ng programa ng maagang pagkatuto, maliban sa mga programang pinapatakbo ng mga relihiyosong entidad tulad ng simbahan, sinagoga, o mosque. Hindi maaaring magbigay ang DCYF ng legal na payo tungkol sa espesipikong pagsunod sa ADA; sa halip, ang isang provider ng maagang pagkatuto na may mga tanong ay maaaring kumonsulta sa isang abogado.

Pagsusulong ng Inisyatiba para sa Katarungan. Ang website ng National Association for the Education of Young Children (Pambansang Asosasyon para sa Edukasyon ng Maliliit na Bata, NAEYC) ay nagtatrabaho upang lumikha ng pantay na pagkakataon sa pagkatuto para sa maliliit na bata. **www.naeyc.org/our-work/initiatives/equity**

Pagkakaiba-iba sa Mga Programa para sa Maagang Pagkabata. Sa artikulo ng Balita sa Maagang Pagkabata na ito, tinalakay ni Francis Wardle Ph.D. kung paano magbigay ng magkakaibang, multikultural na karanasan sa maagang pagkatuto. **http://www.earlychildhoodnews.com/earlychildhood/article_view.aspx?ArticleID=548#:~:text=Supporting%20diversity%20in%20early%20childhood,experiences%20beyond%20their%20immediate%20lives.**

Diskriminasyon sa Trabaho. Isang website mula sa Cornell Law School na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga batas at regulasyon sa diskriminasyon sa trabaho, pati na rin ng mga link sa mga karagdagang mapagkukunan. **https://www.law.cornell.edu/wex/employment_discrimination#:~:text=Employment%20Discrimination%20laws%20seek%20to,and%20various%20types%20of%20harassment**

10 Washington State Department of Early Learning (Kagawaran ng Maagang Pagkatuto ng Estado ng Washington), "Racial Equity Initiative Data Report," available sa **www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pdf/reports/Equity_Initiative_Data_Report_1.18.2017.pdf**, inilathala noong Enero 2017.

11 Proyekto para sa Katarungan ng mga Bata at Sentro ng Patakarang Bipartisan, "Start with Equity From the Early Years to the Early Grades," available sa **https://childandfamilysuccess.asu.edu/sites/default/files/2020-07/CEP-report-071520-FINAL.pdf**, inilathala noong Hulyo 2020.

Mga Pangunahing Tip para sa Pangkalahatang Patakaran Laban sa Diskriminasyon. Isang webpage mula sa Komisyon ng para sa Pantay na Oportunidad sa Trabaho ng U.S. na naglalaman ng impormasyon at mga tip para sa pagbuo ng isang polisiya laban sa diskriminasyon.
www.eeoc.gov/employers/small-business/general-non-discrimination-policy-tips

Impormasyon at Teknikal na Tulong tungkol sa Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan). Website ng Dibisyon ng Mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Katarungan ng U.S. na may mga impormasyon at mapagkukunan para sa ADA.
www.ada.gov

Simulan sa Pagkakapantay-pantay: Mula sa Maagang Taon hanggang sa Unang mga Baitang. Ipinresenta ng Proyekto para sa Katarungan ng mga Bata at Sentro ng Patakarang Bipartisan ang mga datos. Pananaliksik at isang konkretong polisiya para sa katarungang pantao ng mga bata na tumutugon sa hindi patas na mahigpit na disiplina, paghihiwalay ng mga batang may kapansanan, at hindi patas na pag-access sa mga oportunidad sa bilinggwal na pagkatuto.
https://childandfamilysuccess.asu.edu/sites/default/files/2020-07/CEP-report-071520-FINAL.pdf

Balangkas para sa Pagkakapantay-pantay ng Lahi at Katarungang Panlipunan (HR_0003). Isang pamamaraan ng DCYF para alisin ang mga hindi pagkakapantay-pantay upang ang lahi at kita ng pamilya ay hindi na maging salik sa kagalingan at upang bumuo ng mga sistema na sumusuporta sa bawat bata, kabataan, at pamilya na umunlad.
www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pubs/HR_0003.pdf

Ulat ng Datos ng Inisyatiba para sa Pagkakapantay-pantay ng Lahi 2017. Ulat ng DCYF (dating Department of Early Learning [Kagawaran ng Maagang Pagkatuto]) para sa pangangalap at pagsusuri ng datos ukol sa lahi at etnisidad ng mga lisensiyadong programa ng maagang pagkatuto sa Washington.
www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pdf/reports/Equity_Initiative_Data_Report_1.18.2017.pdf

Mga Tip para sa Polisiya ng Makatuwirang Akomodasyon. Isang webpage mula sa Komisyon ng para sa Pantay na Oportunidad sa Trabaho ng U.S. na may impormasyon at mga tip para sa pagbuo ng polisiya para sa makatuwirang akomodasyon.
www.eeoc.gov/employers/small-business/reasonable-accommodation-policy-tips

Mga Mapagkukunan para sa Pagtanggap ng Lahat ng Pamilya. Ang webpage ng Welcoming Schools ay nag-aalok ng impormasyon at mga mapagkukunan para sa paglikha ng isang malugod na kapaligiran para sa magkakaibang pamilya.
www.welcomingschools.org/resources/school-tips/diverse-families-what/

Pag-unawa sa Pagtatangi. Isang website na nagbibigay ng mga edukasyonal na mapagkukunan at impormasyon tungkol sa pagtatangi, diskriminasyon, multikulturalismo, at pagkakaiba-iba upang mabawasan ang antas ng hindi pagtanggap at pagkiling sa lipunan. Kasama sa tab na Mga Pagsasanay at Demonstrasyon (Exercises and Demonstrations) ang mga survey at pagsusulit upang matuklasan ang iyong mga hindi namamalayang saloobin.
https://secure.understandingprejudice.org/

Ikalawang Seksyon:

Mga Kinalabasan para sa Bata

Mga Kinalabasan para sa Bata



Tinutalakay ng Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto ang piling mga seksyon ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na matatagpuan sa Kabanata 110-300 WAC. Kasama sa gabay na ito ang mga kaugnay na mapagkukunan, kasalukuyang datos, at mga praktikal na halimbawa. Hindi ito nilalayong magbigay ng komprehensibong pananaw tungkol sa Mga Kinalabasan para sa Bata.

WAC 110-300-0055

Pagsusuri ng pag-unlad at komunikasyon sa mga magulang o tagapag-alaga.

(1) Dapat ipaalam ng provider ng maagang pagkatuto sa mga magulang o tagapag-alaga ang kahalagahan ng mga screening para sa pag-unlad ng bawat bata mula pagsilang hanggang limang taong gulang.

(2) Kung hindi isinasagawa sa lugar, dapat ibahagi ng provider ng maagang pagkatuto sa mga magulang o tagapag-alaga ang impormasyon tungkol sa mga organisasyong nagsasagawa ng mga screening para sa pag-unlad tulad ng lokal na negosyo, distrito ng paaralan, provider ng pangangalagang pangkalusugan, espesyalista, o mga mapagkukunan na nakalista sa website ng departamento.

Ang mga nagmamalasakit na nasa hustong gulang na bahagi ng buhay ng mga bata ay kusang nag-oobserba at nagmamasid araw-araw upang makita kung paano sila lumalago, natututo, gumagalaw, at kumikilos habang sila ay umuunlad. Mas masusing tinitingnan ng screening para sa pag-unlad ang pag-usbong na ito.

Ginagamit ang screening para sa pag-unlad upang matukoy kung ang isang bata ay may panganib sa kognitibo, galaw, komunikasyon at wika, o sosyal at emosyonal na pagkaantala. Maaaring makaapekto ang mga pagkaantalang ito sa inaasahang paglaki, pagkatuto, at pag-unlad, ngunit may mga pagkakataon para sa positibong suporta. Dahil dito, kinakailangan ng mga pamantayan sa lisensya na talakayin ng provider ng maagang pagkatuto ang kahalagahan ng mga screening para sa pag-unlad sa mga magulang at tagapag-alaga.

Ang impormasyong ito mula sa Help Me Grow Washington (Tulungan mo Ako sa Paglaki ng Washington) ay kapaki-pakinabang upang tulungan ang mga propesyonal sa maagang pagkatuto at mga pamilya na maunawaan kung bakit maganda ang regulasyong ito para sa mga bata:

"Mahalaga ang screening para sa pag-unlad sa LAHAT ng bata! Isa sa anim na bata ang may pagkaantala sa pag-unlad, ngunit 30% lamang ng mga batang ito ang natutukoy sa pamamagitan ng obserbasyon ng magulang at regular na checkup. Madalas, mahirap makita ang mga palatandaan, kahit para sa isang propesyonal.

"Ang regular na pagsusuri sa lahat ng bata ang pinakamahusay na paraan upang maagapan ang mga pagkaantala sa maagang panahon, kung kailan pinakamabisang magsagawa ng interbensyon. Kahit para sa mga pamilyang ang mga bata ay maayos ang pag-unlad, ang pagsusuri ay mabilis, madaling iakma, at masayang paraan upang malaman kung ano ang susunod na yugto at kung ano ang maaari mong gawin upang hikayatin ang malusog na paglaki!"[12]

Maraming paraan upang maibahagi ang impormasyon sa mga magulang at tagapag-alaga tungkol sa screening para sa pag-unlad. Maaaring piliin ng provider ng maagang pagkatuto na ipaalam sa magulang o tagapag-alaga ang tungkol sa mga screening para sa pag-unlad sa paraang pinakaangkop sa programa ng maagang pagkatuto at sa bawat pamilya. Maaaring iparating ang impormasyon sa pamamagitan ng nakasulat na handout, sa inyong website, sa loob ng handbook ng magulang, nakapaskil sa lugar para madaling makita, o ipaliwanag nang pasalita sa orientation para sa pagpapa-enroll o sa mga pagpupulong kasama ang magulang o tagapag-alaga.

12 Help Me Grow Washington (Tulungan mo Ako sa Paglaki ng Washington) - Parenthelp123: **www.parenthelp123.org/child-development/help-me-grow-washington**



Para suportahan ang epektibong pagpapalitan ng impormasyon tungkol sa screening para sa pag-unlad, narito ang isang halimbawa ng mahalagang mensahe na maaaring iparating ng provider ng maagang pagkatuto sa magulang o tagapag-alaga tungkol dito.

"Narinig mo na ba o nagawa mo na ba ang pagpapatingin para sa pag-unlad (o screening) para sa iyong anak?"

"Isinasagawa ang pagpapatingin para sa pag-unlad bilang bahagi ng proseso ng screening para sa pag-unlad tulad ng ginagawa namin dito upang mas makilala ang iyong anak at kung paano namin pinakamahusay na masusuportahan ang malusog na pag-unlad ng iyong anak. Napakahalaga ng unang limang taon sa buhay ng bata sa kanilang pag-unlad – napakaraming nangyayari. Mula pagkasilang, natututo ang mga bata tungkol sa kung paano gumagana ang kanilang mga katawan at pinag-iisipan ang mundo sa kanilang paligid."

"Ang kanilang mga utak ay mabilis na umuunlad at natututo sila ng mahahalagang kasanayan na konektado sa iba't ibang aspeto ng pag-unlad. Maaaring isipin ang mga ito bilang mga yugto ng pag-unlad o palatandaan ng pag-unlad sa gross motor, fine motor, komunikasyon, at sosyal-emosyonal na pag-unlad. (Maaaring maging mas detalyadong pag-uusap ito tungkol sa bawat aspeto ng pag-unlad.)"

"Bilang magulang, ikaw ang pinakanakakakilala sa iyong anak kaya mahalaga na magtulungan tayo upang matutunan ang pag-unlad ng iyong anak upang malaman natin ang kanyang mga kalakasan at mga pangangailangan."

"Nais mo bang malaman pa ang tungkol sa pag-unlad ng iyong anak?"



Maraming mga mapagkukunan ang available upang turuan ang mga propesyonal sa maagang pagkatuto at mga pamilya tungkol sa pag-unlad ng bata at screening, at kung paano matugunan ang mga pangangailangan ng bata. Nagbibigay ng impormasyon ang mga pambansa at pang-estadong mga site tungkol sa pagsusuri sa pangangailangan at pamamaraan ng screening. Ang mga sumusunod na site ay kumakatawan sa maliit na bahagi ng mga mapagkukunan na available upang suportahan ang mga propesyonal sa maagang pagkatuto at mga pamilya.

- Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit, CDC). Nagtatrabaho ang CDC upang protektahan ang Amerika mula sa mga banta sa kalusugan, kaligtasan, at seguridad, mula sa loob at labas ng bansa.
  www.cdc.gov/ncbddd/childdevelopment/screening.html
- ParentHelp123. Nagbibigay ang ParentHelp123 ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan at pagkain sa Estado ng Washington, mga programang benepisyo, at mga mapagkukunan
  www.parenthelp123.org/child-development/child-development-screening-public
- Office of Superintendent of Public Instruction (Tanggapan ng Superintendente ng Pampublikong Instruksyon ng Washington, OSPI) Child Find (mga batang higit sa 3 taong gulang). Ang OSPI ang pangunahing ahensya na responsable sa pangangasiwa ng pampublikong edukasyon mula K-12 sa Estado ng Washington.
  www.k12.wa.us/student-success/special-education/program-improvement/technical-assistance/child-find
- Washington Kindergarten Inventory of Developing Skills (Imbentaryo ng Washington para sa Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Kindergarten, WaKIDS) ng OSPI. Ang WaKIDS ay isang proseso na tumutulong sa mga bata at pamilya na lumipat sa sistema ng edukasyon ng K-12.
  www.k12.wa.us/student-success/testing/state-testing-overview/washington-kindergarten-inventory-developing-skills-wakids/whole-child-assessment
- Early Support for Infants and Toddlers (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Batang Paslit, ESIT) (mga batang wala pang 3 taong gulang). Ang ESIT ay isang programa ng DCYF para sa mga serbisyong maagang interbensyon upang suportahan ang tagumpay ng mga bata sa kanilang maagang pagkabata at sa hinaharap.
  www.dcyf.wa.gov/services/child-development-supports/esit
- Washington Communities for Children (Mga Komunidad ng Washington para sa mga Bata, WCFC). Ang WCFC ay isang network ng mga koalisyon na nakatuon sa pagpapabuti ng kapakanan ng mga bata, pamilya, at komunidad.
  www.washingtoncfc.org

WAC 110-300-0065



Mga gawain para sa kahandaan sa paaralan at pakikilahok ng pamilya.

(1) Hindi bababa sa isang beses kada kalendaryong taon, dapat magbigay ang provider ng maagang pagkatuto sa mga magulang o tagapag-alaga ng mga materyal para sa kindergarten o kahandaan sa paaralan kapag angkop sa pag-unlad ng mga naka-enroll na bata.

(2) Ang mga materyal para sa kindergarten o kahandaan sa paaralan ay dapat kapareho o kahalintulad ng mga mapagkukunan na naka-post online ng OSPI, ng departamento, o iba pang katumbas na organisasyon. Maaaring talakayin ng mga materyal na ito ang:


(a) Mga gawain para sa paglipat sa kindergarten, kung naaangkop; at

(b) Mga lokal na gawain ng paaralan at distrito ng paaralan na angkop sa pag-unlad at idinisenyo upang hikayatin ang pakikilahok ng mga pamilya.

Ipinapakita ng graph na ito na sa Estado ng Washington, sa lahat ng pangkat-etniko, mas mababa sa 50 porsyento ng mga bata ang handa para sa kindergarten (batay sa pagsusuri ng WaKIDS).

Ang mahalagang pagsusuring ito ay bahagi ng proseso ng paglipat na sumusuporta sa matagumpay na karanasan sa paaralan para sa mga batang K-12 at gumagamit ng pagtuturo na nakatuon sa aspeto ng paglaki ng bata (whole child approach). Bukod pa rito, natuklasan sa imbentaryo na may pagkakaiba-iba sa pagitan ng mga pangkat-etniko pagdating sa kahandaan sa matematika at kasanayan sa wika at literasiya, pati na rin ang pagkakaiba ng kasarian sa kasanayan sa matematika. Tinutulungan ng impormasyong ito na bigyang-diin ang kritikal na papel na ginagampanan ng mga propesyonal sa maagang pagkatuto ng maliliit na bata.

Kahandaan sa Kindergarten ayon sa Lahi/Etnisidad, 2018



Ang mga kinakailangan sa lisensya na may kaugnayan sa kahandaan sa paaralan ay sumusuporta sa paniniwala na mas nagtatagumpay ang mga bata kapag may koneksyon ang mga pamilya sa kindergarten o kahandaan sa paaralan. Naaangkop ang mga kinakailangang ito sa mga programa ng maagang pagkatuto na nagseserbisyo sa bata o mga batang handa na sa paglipat sa kindergarten o paaralan ayon sa kanilang pag-unlad. Maaaring tulungan ng mga provider ng maagang pagkatuto ang mga pamilya na maunawaan at mapagdaanan ang pagbabago mula preschool patungong kindergarten sa iba't ibang paraan.

Isang hakbang na maaaring gawin ng provider ng maagang pagkatuto ay ang bumuo ng ugnayan sa mga kalapit na paaralan at mga programa sa kindergarten. Ang isang provider ng maagang pagkatuto na may koneksyon sa mga lokal na programa ng kindergarten ay maaaring makatulong sa pagbibigay-alam sa mga pamilya tungkol sa mga paparating na gawain para sa paglipat. Matutulungan din ng mga provider ang mga pamilya na maging pamilyar sa mga sistema na ginagamit ng kindergarten o paaralan o kahit makatulong sa pag-coordinate ng unang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng magulang o tagapag-alaga at ng paaralan. Mayroong karagdagang suporta mula sa mga lokal na Educational Services Districts (Mga Distrito ng Serbisyong Pang-Edukasyon, ESD) at Panrehiyong Grupo para sa Maagang Pagkatuto sa pamamagitan ng WCFC.

Isang kapaki-pakinabang na mapagkukunan ang pahina ng WaKIDS sa website ng OSPI: **www.k12.wa.us/student-success/testing/state-testing-overview/washington-kindergarten-inventory-developing-skills-wakids.**

Isa sa mga pangunahing bahagi ng WaKIDS ay ang pagtutulungan ng mga provider ng maagang pagkatuto at mga distrito ng paaralan. Sa website, makakakita ang mga provider ng maagang pagkatuto ng mahahalagang impormasyon at mga kagamitan upang matulungan ang mga bata at pamilya na magkaroon ng maayos na paglipat.

Kapag iniisip kung paano maaaring magbigay ng mga materyales para sa kahandaan sa paaralan ang isang provider, isaalang-alang ang mga kliyenteng pinaglilingkuran. Maaaring madaling ma-access ng mga pamilya ang mga dokumento sa elektronikong form, o mas mainam kung ipamimigay ang mga ito bilang naka-print na kopya. Bukod pa rito, maaaring makatulong ang lahat ng kawani ng programa sa pagtataguyod ng tagumpay ng mga bata sa pamamagitan ng pagiging may alam tungkol sa mga lokal na mapagkukunan at pagbabahagi ng impormasyon sa mga pamilya tungkol sa paglipat sa kindergarten at kahandaan sa paaralan.



Para sa mga halimbawa ng mga estratehiyang may kaugnayan sa kahandaan sa paaralan, basahin ang mga sumusunod na pahayag mula sa dalawang provider ng maagang pagkatuto sa Estado ng Washington.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home sa Thurston County ang nag-ulat:

Hinihiling ko sa bawat magulang na dumalo sa isang orientation kung saan tatalakayin namin ang kahandaan sa kindergarten, ang mga paglipat, at kung ano ang maisasagawa nito para sa kanilang anak at para sa kanila bilang magulang o guardian. Sa mga conference, nire-review namin ang impormasyon tungkol sa pag-unlad mula sa WaKIDS at pagkatapos ay magkasama kaming nagtatakda ng mga layunin para sa kanilang anak. Mayroon kaming nakapaskil na impormasyon mula sa distrito sa aming pasukan sa lahat ng mga wikang sinasalita sa aming pangangalaga. Hinihikayat ang mga magulang na tingnan ang mga materyales kapag mayroon silang mga tanong o lumapit sa akin kung mayroong hindi nila mahanap. Sa tagsibol, nagkakaroon kami ng field trip sa lokal na elementarya at bumibisita sa isang silid-aralan. Sa aming programa ng pagtatapos sa katapusan ng taon, nag-aanyaya kami ng isang guro sa kindergarten upang makipag-usap sa mga magulang tungkol sa kung ano ang maaari nilang gawin upang matulungan ang kanilang anak sa buong tag-init.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa sentro ng pag-aalaga sa bata sa Whitman County ang nag-ulat:



Sinisimulan namin ang mga pulong at suporta para sa paglipat sa unang paglipat pa lang ng aming mga bata sa sentro upang matulungan ang aming mga magulang na maging pamilyar sa kung ano ang pakiramdam para sa isang bata na lumipat. Nagtatakda kami ng oras para makilala nila ang mga bagong guro, libutin ang silid-aralan, at lumahok sa iba pang mga aktibidad. Nagbibigay din kami ng mga gabay para sa bawat indibidwal na silid-aralan upang matulungan silang makita kung ano ang aasahan nila sa bagong silid.

Dahil bahagi na ng buhay nila dito sa sentro ang paglipat na may kasamang suporta, walang pagkakaiba ang paglipat papuntang kindergarten. Ibinibigay namin sa mga magulang ang contact information ng mga paaralan, inaalam namin sa kanila ang mga nalalapit na araw ng pagpaparehistro at roundup para sa kindergarten, at nakapagtatag kami ng magandang ugnayan sa aming mga lokal na elementary school para maging tiwala ang mga magulang sa relasyong ito. Bawat magulang ay binibigyan namin ng kopya ng buong enrollment packet na kakailanganin para makapasok sa kindergarten, kasama ang kopya ng pinakahuling pagtatasa sa kanilang anak at ang aming impormasyon sa pakikipag-ugnayan kung nais nilang ibahagi ito sa guro ng kindergarten ng bata. May ilang guro sa kindergarten na nakipag-ugnayan sa amin sa paglipas ng mga taon upang magtanong tungkol sa ilang partikular na bata.



Naglalaan kami ng maraming oras sa aming silid-aralan upang talakayin ang kindergarten kasama ang aming pre-k class bago sila lumipat sa paaralan. Pagsapit ng Agosto, sabik na sabik na sila para sa kanilang susunod na pakikipagsapalaran! Isinama ng aming mga guro sa kurikulum sa silid-aralan ang ilan sa mga parehong ginagamit sa pampublikong paaralan (halimbawa, Zoo Phonics) para maging mas maayos at walang sagabal ang paglipat ng mga bata sa kindergarten.

Tulad ng naranasan mo rito, maraming paraan upang makipag-ugnayan sa mga pamilya at makipagtulungan sa kanila upang masuportahan ang matagumpay na kinalabasan para sa mga bata. Mula sa pagtuturo sa mga magulang o guardian tungkol sa kahalagahan ng pagsusuri sa pag-unlad hanggang sa kahandaan sa kindergarten, mahalaga ang relasyon at komunikasyon para sa maayos na paglipat at upang matanggap ng mga bata ang mga suportang maaaring kailanganin nila sa kanilang pag-unlad.

Ikatlong Seksyon:

Pakikipag-ugnayan at Pakikipagtulungan sa Pamilya

Pakikipag-ugnayan at Pakikipagtulungan sa Pamilya

Tinutalakay ng Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto ang piling mga seksyon ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na matatagpuan sa Kabanata 110-300 WAC. Kasama sa gabay na ito ang mga kaugnay na mapagkukunan, kasalukuyang datos, at mga praktikal na halimbawa. Hindi ito nilalayong magbigay ng komprehensibong pananaw tungkol sa Pakikipag-ugnayan at Pakikipagtulungan sa Pamilya.



WAC 110-300-0080

Pagsusuri sa sarili para sa suporta sa pamilya.

Kailangan suriin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang kanilang programa sa loob ng isang taon mula nang sila ay maging lisensyado, o sa loob ng anim na buwan mula sa petsa ng bisa ng seksyong ito, upang matukoy ang mga paraan kung paano masuportahan ang mga pamilya ng mga batang nakatala. Kailangan kumpletuhin ng isang provider ang pagsusuri sa sarili para sa programa para sa pagpapatatag ng mga pamilya, o isang katumbas na pagsusuri, na naaangkop sa uri ng programa ng maagang pagkatuto (sentro o family home).

Mahalagang maunawaan at kilalanin ng mga propesyonal sa maagang pagkatuto na bahagi ng isang pamilya ang mga bata. Ang balangkas ng Strengthening Families (Pagpapatatag ng mga Pamilya) ay isang pamamaraan na batay sa pananaliksik upang palakasin ang kakayahan ng pamilya, pagbutihin ang pag-unlad ng bata, at bawasan ang posibilidad ng pang-aabuso at pagpapabaya sa bata.[13]

Layunin ng pagsusuri sa sarili ng Strengthening Families (Pagpapatatag ng mga Pamilya) na hikayatin ang mga pamilya, programa, at komunidad na bumuo ng limang protektibong salik:

1. Katatagan ng mga magulang
2. Ugnayang panlipunan
3. Kaalaman tungkol sa pagiging magulang at pag-unlad ng bata
4. Tiyak na tulong sa panahon ng pangangailangan
5. Kakayahan sa sosyal at emosyonal ng mga bata

Ang tool na Pagsusuri sa Sarili ng Strengthening Families (Pagpapatatag ng mga Pamilya) ay batay sa mga natuklasan mula sa pambansang pag-aaral ng mga programa sa maagang pagkatuto mula sa iba't ibang bahagi ng bansa. Makakatulong ang tool na ito upang maangkop mo ang iyong programa para suportahan ang mga pamilyang iyong pinaglilingkuran.

13 Sentro para sa Pag-aaral ng Patakarang Panlipunan **www.cssp.org/our-work/project/strengthening-families**



Ang tool na Pagsusuri sa Sarili ng Strengthening Families (Pagpapatatag ng mga Pamilya) para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro at family home ay available nang libre online sa **www.strengtheningfamiliesevaluation.com**.

Dinisenyo ang mga kwalipikasyon para sa bawat tungkulin upang tumugma sa mga responsibilidad ng tungkulin na iyon. Ibig sabihin, kailangang matugunan ang kwalipikasyon ng sinumang gaganap ng isa sa mga tungkulin. Dagdag pa rito, kung may isang tao na pansamantalang pumalit sa ibang tungkulin na naiiba sa dati niyang tungkulin, kailangan niyang matugunan ang kwalipikasyon para sa tungkulin na kanyang pinapalitan. Ang tanging pagbubukod sa WAC ay kapag ang isang katulong na guro ang pansamantalang pumalit sa pangunahing guro sa loob ng hanggang dalawang linggo. Pinapahintulutan ito upang mapanatili ang tuloy-tuloy na pangangalaga dahil bahagi ng tungkulin ng katulong na guro ang makipagtulungan sa pangunahing guro. Kilala na nila ang mga bata kung hindi available ang pangunahing guro at pamilyar sila sa pilosopiya ng kurikulum, mga pang-araw-araw na aktibidad, at mga indibiduwal na pangangailangan ng mga batang kanilang kinakausap.



Ang Tsart ng Tungkulin, Ratio, at Responsibilidad ay nagbibigay ng pangkalahatang buod ng iba't ibang tungkulin na itinakda sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ng mga programa ng maagang pagkatuto. Tinutugunan nito ang tatlong mahahalagang tanong tungkol sa mga tungkulin na itinakda sa mga pamantayan ng lisensya.

(1) Puwede bang maisama sa ratio ang taong nasa tungkulin na iyon?

(2) Puwede bang maiwan mag-isa ang taong iyon kasama ang mga bata?

(3) Ano ang responsibilidad ng tungkulin na iyon?

Pinahahalagahan ng DCYF ang iba't ibang estruktura ng negosyo na kinakatawan ng mga programa ng maagang pagkatuto sa buong Estado ng Washington. Sinasadya ang mga kinakailangan upang mapanatili ang kakayahang tumanggap ng iba't ibang estruktura ng negosyo.

Tsart ng tungkulin, Responsibilidad, at Ratio

Tungkulin	Ano ang kanilang responsibilidad?	Puwede ba silang maisama sa ratio?	Puwede ba silang maiwang mag-isa kasama ang mga bata?
Lisensyadong Nagpapatakbo ng Family Home	Inaprubahan ng DCYF na magpatakbo ng programa ng maagang pagkatuto sa family home sa loob ng sariling tirahan ng lisensyado.	Oo	Oo
Lisensyadong Nagpapatakbo ng Sentro	Ang entidad na lisensyado at inaprubahan ng DCYF na magpatakbo ng programa ng maagang pagkatuto sa sentro.	Oo, kung hindi ito nakakaapekto sa pangunahing mga tungkulin	Oo
Direktor	Responsable sa pangkalahatang pamamahala ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro kabilang ang pasilidad at operasyon.	Oo, kung hindi ito nakakaapekto sa pangunahing mga tungkulin	Oo
Katulong na Direktor	Responsable sa pangkalahatang pamamahala ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro kabilang ang pasilidad at operasyon.	Oo, kung hindi ito nakakaapekto sa pangunahing mga tungkulin	Oo
Superbisor ng Programa	Gumagabay sa pagpaplano ng pilosopiya ng kurikulum, pagpapatupad, at disenyo ng kapaligiran ng programa ng pagkatuto.	Oo, kung hindi ito nakakaapekto sa pangunahing mga tungkulin	Oo
Pangunahing Guro	Nagpapatupad ng programa ng maagang pagkatuto.	Oo	Oo
Katulong na Guro	Tumutulong sa isang pangunahing guro o sa lisensyadong nagpapatakbo ng family home. Puwedeng magsilbing pangunahing guro hanggang dalawang linggo.	Oo	Oo, kung may superbisyon
Katuwang	Nagbibigay ng suporta. Kung nagtatrabaho nang 19 na oras o mas kaunti bawat buwan, hindi kailangang kumpletuhin ang mga in-service na mga kinakailangan.	Oo	Hindi, kailangan ng tuloy-tuloy na superbisyon
Iba Pang Kawani	Walang direktang responsibilidad sa pag-aalaga ng mga bata.	Hindi	Hindi

Tsart ng tungkulin, Responsibilidad, at Ratio

Tungkulin	Ano ang kanilang responsibilidad?	Puwede ba silang maisama sa ratio?	Puwede ba silang maiwang mag-isa kasama ang mga bata?
Boluntaryo – Regular na Kasama	Tumutulong sa mga programa ng maagang pagkatuto. Para maisama sa ratio, kailangang kumpletuhin ang karagdagang mga kinakailangan at hindi puwedeng maiwang mag-isa kasama ang mga bata.	Oo, kung natugunan ang karagdagang mga kinakailangan na nakasaad sa subseksyon 10(c)(i-iv)	Hindi, kailangan ng tuloy-tuloy na superbisyon
Boluntaryo – Paminsan-minsang Kasama	Tumutulong sa mga programa ng maagang pagkatuto. Maaaring kabilang ang mga espesyal na panauhin.	Hindi	Hindi, kailangan ng tuloy-tuloy na superbisyon



Hindi kinakailangan ang post-high school na edukasyon para sa mga tungkulin ng katuwang, boluntaryo, at iba pang tauhan. Pinapayagan ng mga tungkulin na ito ang mga provider ng maagang pagkatuto na makatulong sa pagpapatakbo ng programa habang kumukuha ng mga kasanayan at karanasan. Hindi puwedeng maiwan mag-isa ang mga taong nasa mga ganitong tungkulin kasama ang mga bata. Mga tungkulin ng iba pang tauhan ay maaaring kabilang ang mga nasa posisyon gaya ng kusinero, receptionist, o manggagawa sa maintenance. Ito ay mga tungkulin na walang direktang pananagutan sa mga bata sa programa ngunit maaaring makasalamuha ang mga bata habang ginagampanan ang kanilang pang-araw-araw na tungkulin.

Ang mga indibidwal na nakikisalamuha sa mga bata at hindi empleyado ay itinuturing na boluntaryo. Ang mga nasa tungkulin ng katuwang o boluntaryo ay dapat nananatili sa ilalim ng tuloy-tuloy na superbisyon. Ang tuloy-tuloy na superbisyon ay nangangahulugan ng naririnig at nakikitang pagbabantay sa parehong lisensyadong espasyo kung saan may responsibilidad ang katuwang o boluntaryo. Ang taong nangangasiwa ay hindi puwedeng mangasiwa ng higit sa isang lisensyadong lugar nang sabay.

Ang sinumang boluntaryo na isasama sa ratio ay kailangang tumupad sa lahat ng kinakailangan ng WAC, kabilang ang background check, TB test, mga pagsasanay, patakaran at pagsasanay ng programa, at taunang dokumentasyon ng propesyonal na pag-unlad.

Ang mga boluntaryo na ito ay may mga tungkulin sa programa, at dahil isinasama sila sa ratio, kinakailangan ang karagdagang mga pamantayan upang mapanatili at mapahusay ang kalusugan, kaligtasan, at kagalingan ng mga bata.

Kung ang mga boluntaryo na ito ay hindi isinasama sa ratio, hindi nila kailangang kumpletuhin ang pagsasanay para sa boluntaryo. Kailangan ng pahintulot ng magulang o guardian kung sila ay maiiwan nang mag-isa kasama ang bata o mga bata. Ang (mga) bata ay kailangang i-sign out muna mula sa programang pangangalaga bago sila maiwang kasama ng boluntaryo, at saka muling i-sign in pagkatapos.

Narito ang mga halimbawa upang tulungan ang mga programa ng maagang pagkatuto na matukoy kung sinu-sinong mga boluntaryo ang kailangang kumpletuhin ang mga kinakailangang pagsasanay, patakarang batay sa programa at pagsasanay, at taunang dokumentasyon ng propesyonal na pag-unlad, pati na rin kung aling mga panuntunan sa pag-sign-in at pag-sign-out ang naaangkop. Mahalagang tandaan na maliban sa paminsan-minsang mga boluntaryo, lahat ay kailangang sumailalim at pumasa sa background check alinsunod sa Kabanata 110-06 WAC.

- Ang isang guro sa gymnastics ay nag-aalok ng klase para sa mga pamilya sa programa ng maagang pagkatuto kapalit ng karagdagang bayad. Laging may kasamang kawani ng programa ng maagang pagkatuto habang sila ay nagtuturo. Kung ang guro ng gymnastics ay isinasama sa ratio, kailangan niyang kumpletuhin ang mga kinakailangang pagsasanay ukol sa kalusugan at kaligtasan. Kung hindi siya isinasama sa ratio, hindi na kailangan ang pagsasanay.
- Isang therapist na inupahan ng magulang ang nagtatrabaho nang one-on-one kasama ang isang bata sa programa ng maagang pagkatuto. Hindi kailanman naiiwan ang therapist na mag-isa kasama ang bata. Hindi rin siya isinasama sa ratio. Sa ganitong sitwasyon, itinuturing siyang isang boluntaryo.
- Isang social worker ang sumusundo sa isang bata para sa family visit at ibinabalik ito sa programa ng maagang pagkatuto. Kailangang i-sign-out at i-sign-in muli ng social worker ang bata bilang awtorisado ng pamilya.
- Isang estudyante sa high school o kolehiyo na kailangang magsagawa ng obserbasyon para sa kanilang child development course. Kung hindi siya isinasama sa ratio, hindi na kailangan ang pagsasanay.

Ang mga programa ng maagang pagkatuto sa mga family home at kaayusang nakabatay sa sentro ay umaasa sa kanilang mga kawani upang planuhin at ihatid ang lahat ng mga serbisyo. Ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad para sa mga kawani ay mahalaga upang suportahan ang mga provider ng serbisyo sa kanilang pagtatrabaho kasama ang mga bata at pamilya. Kinumpirma ng mga pangkat ng mananaliksik ng Early Learning Network (Network ng Maagang Pagkatuto) mula sa University of Virginia, Ohio State University, at University of Nebraska–Lincoln na mahalaga ang ugnayan sa pagitan ng guro at bata. Ipinapakita ng ebidensya na ang mga positibong interaksyon ng mga maliliit na bata sa kanilang mga guro ay nagpapalakas sa lahat ng aspeto ng kanilang pag-unlad, kabilang ang wika, pag-iisip, at mga kakayahang panlipunan at emosyonal, anuman ang kanilang edad, kasarian, lahi, etnisidad, wika, at antas ng kita.[18] Itinuturo ng pandaigdigang Organisation for Economic Co-operation and Development (Organisasyon para sa Kooperasyong Pangkabuhayan at Pag-unlad, OECD) ang kahalagahan ng pagsasanay at kwalipikasyon ng guro upang maibigay ang pinakamainam na serbisyo sa mga bata.[19]

Matatagpuan ang mga kinakailangang pagsasanay para sa mga kawani ng maagang pagkatuto sa WAC 110-300-0105, 110-300-0106, 110-300-0107 at 110-300-0110, na naglalaman ng mga alituntunin ukol sa pre-service at in-service training.

18 Early Learning Network (Network ng Maagang Pagkatuto), "Emerging Theme: Teacher-Child Relationships," na available sa **https://earlylearningnetwork.unl.edu/2019/05/20/teacher-child-relationships/ #:~:text=Evidence%20shows%20that%20young%20children%E2%80%99s,ethnic%2C%20language%20and%20income%20level**, nailathala noong Mayo 20, 2020.

19 Pagsusulong ng Kalidad sa Maagang Edukasyon at Pangangalaga sa Bata, "Research Brief: Qualifications, Education and Professional Development Matter," na available sa **www.oecd.org/education/school/49322232.pdf**, nakuha noong Oktubre 11, 2020.

D. Landas ng Edukasyon at mga Katumbas

Tinutugunan ng seksyong ito ang iba't ibang landas upang matugunan ang mga kinakailangan sa edukasyon. Pakitignan ang Tsart ng Mga Kwalipikasyong Pang-edukasyon sa WAC 110-300-0100 sa panimula ng seksyong ito upang makita ang buong talaan ng mga kinakailangang kwalipikasyon. Maraming iba't ibang paraan upang matugunan ang mga kinakailangan sa kwalipikasyong pang-edukasyon para sa bawat tungkulin. Maaaring hanapin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang landas na akma para sa kaniya. Upang makita ang tsart ng mga pinapayagang katumbas, pakitingnan ang *Kahalintulad na Mga Pagpipilian para sa Edukasyon* (EPS_0037) na available online sa **www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pubs/EPS_0037.pdf.**

Nangangako ang DCYF na matugunan ang iba't ibang pangangailangan sa edukasyon ng mga provider ng maagang pagkatuto sa isang paraang may paggalang sa kultura at wika. Nagbibigay ang DCYF ng mga opsyon sa katumbas na kwalipikasyong pang-edukasyon, na kinikilala ang karanasan ng mga umiiral nang tagapagturo at tumutulong upang mapanatili ang isang magkakaibang lakas-paggawa sa maagang pagkabata.

Nilikha ng Washington ang sarili nitong mga certificate ng maagang pagkatuto na sunud-sunod at nagbibigay ng panimulang hakbang sa mga landas ng edukasyon na magkakatugma sa mga kolehiyo sa buong estado. Mayroong tatlong klase ng sertipiko:

- Initial Certificate: 12 kolehiyong credit sa edukasyon sa maagang pagkabata
- Short Certificate: Initial Certificate plus walong credit, kaya't may kabuuang 20 credit
- State Certificate: Short Certificate plus 27 hanggang 32 credit, kaya't may kabuuang hindi bababa sa 47 credit


Ang isang propesyonal sa maagang pagkatuto sa Estado ng Washington na nais paunlarin ang kanyang propesyonal na pag-unlad ay may malinaw na landas na puwedeng sundan. Ang bawat hakbang o tagumpay ay puwedeng pagbatayan ng susunod. Dapat kumonsulta ang mga provider ng maagang pagkatuto sa kanilang lokal na kolehiyo o sa kolehiyong nais nilang gamitin upang matiyak na ang pathway na available sa Career Planning Portal (**https://ececareers.del.wa.gov/what-is-early-learning**) ay inaalok ng nasabing kolehiyo.

Upang suportahan ang mga propesyonal sa maagang pagkatuto sa buong estado sa pagkamit ng mga kredensyal, lahat ng pagsasanay, pati na ang tatlong Early Childhood Education (Edukasyon sa Maagang Pagkabata, ECE) stackable certificate na kurso (hal., Initial Certificate, Short Certificate, at State Certificate) ay inihanay sa *Mga Pangunahing Kasanayan ng Washington para sa mga Propesyonal sa Maagang Pag-aalaga at Edukasyon* (EPS_0023) (**www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pubs/EPS_0023.pdf**).

Sinasaklaw ng mga core competency ang mga sumusunod na larangan:

- Paglaki at Pag-unlad ng Bata
- Kurikulum at Kapaligiran sa Pagkatuto
- Patuloy na Pagsusukat ng Pag-unlad ng Bata
- Pakikipagtulungan sa Pamilya at Komunidad
- Kalusugan, Kaligtasan, at Nutrisyon
- Pakikipag-ugnayan
- Pagpaplano at Pagpapaunlad ng Programa
- Propesyonal na Pag-unlad at Pamumuno

Bukod sa paglikha ng bagong mga landas para sa mga propesyonal sa maagang pagkatuto upang makakuha ng mga sertipiko mula sa Estado ng Washington, nagbigay ang DCYF ng isa pang opsyon. Kinikilala ng pagpipiliang equivalency ang kahalagahan ng karanasan, sinisiguro ang patas na pamamaraan, at sumusuporta sa magkakaibang lakas-paggawa.



Ang equivalency, kapag tumutukoy sa mga kwalipikasyon ng kawani, ay nangangahulugan na puwedeng matugunan ng isang indibidwal ang mga kinakailangan ng kabanatang ito sa pamamagitan ng:

- Kakayahan Batay sa Karanasan
- Alternatibong Kredensyal sa Kolehiyo/Mga Certificate na May Credit
- Pagsasanay na Nakabatay sa Komunidad

Ang mga kasalukuyang provider na may dalawang taon ng karanasan bago ang Agosto 1, 2019, at nagpapanatili ng kanilang kasaysayan ng pagsasanay ayon sa kinakailangan ng kanilang tungkulin ay puwedeng pumili ng "pagpapakita ng kakayahan" upang matugunan ang mga kwalipikasyon ng kawani para sa lisensya.

Ang isang alternatibong kredensyal ay isang degree, sertipiko, o tagumpay sa edukasyon na katumbas ng mga kinakailangan para sa stackable certificate.

Ang programang Early Achievers (Maagang Pagkamit ng Tagumpay) ng Washington, na siyang sistema ng kalidad at pagpapabuti ng rating ng estado, ay nag-aalok ng suporta sa lakas-manggagawa at pagpapahusay ng mga programa. Available ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa Early Achievers (Maagang Pagkamit ng Tagumpay) sa **www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-childcare/early-achievers.**

May mga karagdagang suporta para sa mga programa ng maagang pagkatuto na kalahok sa Early Achievers (Maagang Pagkamit ng Tagumpay), gaya ng mga oportunidad para sa personal na coaching, online na propesyonal na pag-unlad, at mga scholarship para sa mga sertipiko at degree sa Early Childhood Education (Edukasyon sa Maagang Pagkabata, ECE) o ibang aprubadong larangan. Bisitahin ang **https://childcareawarewa.org/providers/** para sa karagdagang impormasyon.

Para matutunan ang tungkol sa iba't ibang opsyon sa pagtugon sa pamantayan sa lisensya para sa kwalipikasyon ng kawani, bisitahin ang Mga Kwalipikasyon ng Kawani: Edukasyon, Pagsasanay, Equivalency na page sa website ng Propesyonal na Pag-unlad ng DCYF na available online sa **www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-profdev/early-learning-provider**.

Paggamit ng MERIT (Electronic Workforce Registry) para sa Pagberipika ng mga Kwalipikasyon at Pagsasanay

Para sa bawat tungkulin sa isang programa ng maagang pagkatuto, kinakailangan ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na aprubahan at patunayan ang pagsasanay at kwalipikasyon ng propesyonal sa maagang pagkatuto sa loob ng "electronic workforce registry." Ang electronic workforce registry ay tinatawag na MERIT.

Ang MERIT ay isang online portal at database na tumutulong sa mga provider ng maagang pagkatuto sa Washington upang:

- Subaybayan ang kanilang mga kwalipikasyon at karanasan sa pagsasanay
- Makahanap ng mga oportunidad sa pagsasanay mula sa mga aprubadong tagasanay ng estado
- Ibahagi ang kanilang mga kwalipikasyon sa mga employer
- Nakakumpleto ng aplikasyon para sa portable background check (background check na puwedeng dalhin o gamitin kahit saan)

Pagbabago ng Lakas-Paggawa para sa mga Bata mula Kapanganakan Hanggang Edad 8: Isang Nagbubuklod na Pundasyon. Isang buod ng pananaliksik mula sa Institusyon ng Medisina (IOM) at Pambansang Konseho ng Pananaliksik (NRC) na sumusuri sa agham ng pag-unlad ng bata, partikular na ang mga implikasyon para sa mga propesyonal na paglilingkod sa mga bata.
http://k12accountability.org/resources/Early-Intervention/NAS_Birth_to_Age-8_Unified_Framework.pdf

Pagbabago sa Lakas-Paggawa sa Maagang Edukasyon: Isang Gabay na Multimedia. Ang multimedia guidebook na ito ay hinango mula sa Pagbabago ng Pwersa sa Trabaho para sa mga Bata mula Kapanganakan Hanggang Edad 8: Isang Nagkakaisang Pundasyon (Pahayagan ng Pambansang Akademya, 2015). Nagbibigay ito ng mahahalagang punto, mga video, interactive na tools, at glossary para sa tatlong uri ng audience: mga guro na direktang nagtatrabaho sa mga bata, mga tagapagturo sa kolehiyo na naghahanda sa mga guro, at mga gumagawa ng patakaran na interesadong pahusayin ang mga lugar ng pagkatuto para sa mga batang edad 0–8. Interactive guide, dito makikita:
www.newamerica.org/in-depth/transforming-early-education-workforce/

Webpage ng DCYF para sa impormasyon at suporta sa MERIT.
https://apps.dcyf.wa.gov/MERIT/Home/Welcome

Pahina ng DCYF para sa impormasyon at suporta sa MERIT: Naglalaman ng impormasyon at mga link para sa suporta sa MERIT, beripikasyon ng edukasyon at apela, pagsasanay, reimbursement sa pagsasanay, at mga mapagkukunan para sa mga tagasanay na aprubado ng estado.
www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-profdev/merit


Koponan ng Rehistro ng Lakas-Paggawa para sa Propesyonal na Pag-unlad ng DCYF. Para sa mga tanong tungkol sa mga kinakailangan sa edukasyon at pagsasanay ng WAC o sa personal na rekord:
dcyf.merit@dcyf.wa.gov

Propesyonal na Pag-unlad

Website ng DCYF para sa propesyonal na pag-unlad sa pag-aalaga ng bata at maagang pagkatuto na may impormasyon at mga link tungkol sa kwalipikasyon ng kawani, edukasyon at mga scholarship, MERIT, substitute pool, at iba pa.
www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-profdev

Ako ay isang Provider ng Maagang Pagkatuto. Isang webpage ng DCYF na may impormasyon at mga link tungkol sa kwalipikasyon ng kawani, mga kinakailangan sa pagkuha ng empleyado, edukasyon, katumbas na opsyon, mga kinakailangan sa pagsasanay ayon sa tungkulin, at mga checklist ayon sa tungkulin.
www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-profdev/early-learning-provider

Mga Katumbas na Opsyon para sa Edukasyon (EPS_0037). Ang publikasyong ito ng DCYF ay nagpapakilala ng mga aprubadong karanasan at alternatibong kredensyal sa mga landas ng edukasyon.
www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pubs/EPS_0037.pdf



Career Portal

Portal para sa Pagpaplano ng Karera sa Edukasyon ng Maagang Pagkabata. Isang DCYF webpage na may impormasyon tungkol sa mga opsyon sa karera, mga landas ng edukasyon, at mga mapagkukunan ng pinansyal na tulong para sa mga propesyonal sa maagang pagkatuto.
https://ececareers.del.wa.gov/

Mga Antas ng Edukasyon para sa isang Propesyonal sa Maagang Pagkatuto. Isang webpage ng DCYF na sumusuri sa mga antas ng edukasyon ng mga propesyon sa maagang pagkatuto. Kabilang dito ang mga klase at deskripsyon ng credit para sa bawat stackable certificate.
https://ececareers.del.wa.gov/what-is-early-learning

Mga Kakayahan at Balangkas. Isang webpage ng DCYF na may impormasyon at mga link na may kaugnayan sa Mga Core Competency ng Estado ng Washington para sa mga Propesyonal sa Pag-unlad ng Bata at Kabataan.
www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-profdev/workforce-development/competencies

Iba Pang Mga Mapagkukunan:


Ang Epekto ng Edukasyon ng Guro sa mga Kinalabasan sa mga Programang Pang-Edukasyon ng Maagang Pagkabata sa Sentro: Isang Meta-analysis. Isang pag-aaral ng NIEER na sumusuri sa mga natuklasan sa pananaliksik tungkol sa ugnayan ng natapos na edukasyon ng guro at mga sukatan ng kalidad ng silid-aralan at pag-unlad ng bata sa mga sentrong nagbibigay ng pangangalaga at edukasyon sa maagang pagkabata.
http://nieer.org/research-report/the-impact-of-teacher-education-on-outcomes-in-center-based-early-childhood-education-programs-a-meta-analysis

Ang De-Kalidad na Edukasyon at Pangangalaga sa Maagang Pagkabata ay Nangangailangan ng Mataas na Pamantayan para sa mga Kwalipikasyon ng Maagang Guro. Isang artikulo mula sa Sentro ng Pag-aaral tungkol sa Pagtatrabaho sa Pag-aalaga ng Bata para sa na sumusuri sa kahalagahan ng mga bihasang propesyonal sa maagang pagkatuto sa matagumpay na pag-unlad ng mga bata.
https://cscce.berkeley.edu/high-quality-early-education-and-care-requires-high-standards-for-early-educator-qualifications/

Sino ang Nasa Paaralan Ngayon? Isang 17-minutong video mula sa T.E.A.C.H. Early Childhood®. Tinutuklas nito kung paano binabago ng access sa mas mataas na edukasyon, pinahusay na kompensasyon, at pananatili sa trabaho para sa libu-libong guro sa maagang pagkabata sa buong Amerika ang kanilang buhay at ang buhay ng milyun-milyong batang inaalagaan nila araw-araw.
www.youtube.com/watch?time_continue=1&v=gxbGFmdKHNI&feature=emb_title

WAC 110-300-0105

Mga preservice na kinakailangan



(1) Ang lahat ng aplikante, kasamang aplikante, lisensyadong nagpapatakbo ng family home, direktor ng sentro, katulong na direktor, at superbisor ng programa ay kailangang makumpleto ang orientation na ibinigay ng kagawaran para sa naaangkop na programa ng maagang pagkatuto. Bago pamunuan ang programa ng maagang pagkatuto sa limampung porsyento ng oras o higit pa, ang mga bagong na-promote o kumuha ng isa sa mga tungkuling nabanggit ay kailangang nakumpleto na o nakarehistro na sa orientation.

(2) Ang mga provider ng maagang pagkatuto at miyembro ng sambahayan sa isang programa ng maagang pagkatuto sa family home ay kailangang sumailalim sa background check ng kagawaran, alinsunod sa kabanata 110-06 WAC.

(3) Ang mga provider ng maagang pagkatuto, kabilang ang mga boluntaryo at miyembro ng sambahayan sa isang programa ng maagang pagkatuto sa family home na edad labing-apat pataas, ay kailangang magbigay ng dokumentasyon na pirmado sa loob ng huling labindalawang buwan ng isang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ukol sa pagsusuri o gamutan sa tuberculosis (TB) na binubuo ng:

- **(a) Negatibong TB symptom screen at negatibong TB risk assessment;**
- **(b) Dating positibong TB test na aprubado ng FDA at kasalukuyang negatibong chest radiograph at dokumentasyon ng clearance upang makapagtrabaho o manirahan nang ligtas sa isang programa ng maagang pagkatuto; o**
- **(c) Positibong symptom screening o positibong risk assessment na may dokumentasyon ng:**
  - **(i) Kasalukuyang negatibong TB test na aprubado ng FDA;**
  - **(ii) Dati o kasalukuyang positibong TB test na aprubado ng FDA; at**
  - **(iii) Kasalukuyang negatibong chest radiograph at dokumentasyon ng clearance upang makapagtrabaho o manirahan nang ligtas sa isang programa ng maagang pagkatuto.**

(4) Kapag may abiso ng pagkalantad sa TB, maaaring kailanganing muling sumailalim sa pagsusuri para sa TB ang mga provider ng maagang pagkatuto alinsunod sa tagubilin ng lokal na hurisdiksyon ng kalusugan.

Sinasaklaw ng mga preservice na kinakailangan sa pamantayan ng lisensyang ito ang tatlong pangunahing bahagi:

(1) Orientation para sa lisensya ng programa ng maagang pagkatuto na ibinigay ng DCYF.
(2) Background check ng DCYF.
(3) Pagsusuri o gamutan para sa Tuberculosis (TB).

Ang tatlong pangunahing bahaging ito ay mahalaga sa pagsisimula ng isang programa ng maagang pagkatuto. Nagbibigay ang orientation para sa lisensya ng mga batayang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan sa lisensya at tumutulong sa provider ng maagang pagkatuto na maging handa at maunawaan kung ano ang mga kailangan upang magpatakbo ng programang sumusunod sa mga legal na aliituntunin ng Estado ng Washington. Ang pagpapatakbo ng isang programa ng maagang pagkatuto ay isang komplikadong gawain, at ang orientation ay idinisenyo upang magbigay ng sapat na impormasyon upang matulungan ang mga potensyal na lisensyadong programa na makagawa ng matalinong pagpapasya sa pagpaplano at pagpapatakbo ng programa.

Ang dalawa pang bahagi ay itinuturing na mahalaga para sa pampublikong kalusugan at kaligtasan.

Kinakailangan ang orientation para sa lisensya para sa mga mamumuno sa programa ng maagang pagkatuto. Kabilang dito ang lahat ng aplikante, kasamang aplikante, lisensyadong nagpapatakbo ng family home, direktor ng sentro, katulong na direktor, superbisor ng programa, at mga pangunahing guro sa family home na tumutupad sa mga kwalipikasyon ng isang lisensyado at puwedeng mamahala ng programa ng maagang pagkatuto nang 50% ng oras o higit pa. Ang orientation para sa lisensya ay isang libreng online training na titiyak na ang mga lider sa programa ng maagang pagkatuto ay:

- May pangkalahatang pag-unawa sa sistema ng pagpapahusay sa kalidad ng Washington
- Matututuhan ang pagkakaiba ng WAC at RCW, at kung paano gamitin ang WAC
- Mauunawaan ang mga kinakailangan upang ang isang pasilidad ay maging lisensyado o sertipikado
- Malaman kung paano isinasagawa ang isang pagbisita para sa lisensya at kung ano ang inaasahan sa lisensyadong nagpapatakbo
- Maunawaan ang proseso ng aplikasyon at mga iskedyul
- Maunawaan ang tungkulin ng DCYF

Ang pangalawang kinakailangan bago magsimula ay ang clearance sa background check. Ang DCYF portable background check (background check na puwedeng dalhin o gamitin kahit saan) ay nakababawas sa panganib na mapinsala ang mga bata mula sa mga indibidwal na nahatulan na ng ilang krimen o nagdudulot ng panganib sa mga bata. Tinutukoy ng proseso ng background check ng DCYF ang impormasyon kaugnay ng pagkatao at pagiging angkop ng isang tao pagdating sa pagpapanatiling ligtas ng mga bata. Dahil dito, kinakailangan ang background check para sa lahat ng indibidwal na nag-aalaga o may hindi binabantayang access sa mga bata. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, mga lisensyado para sa maagang pagkatuto, mga empleyado, kawani, tuloy-tuloy na boluntaryo, intern, at mga miyembro ng sambahayan sa family home na may edad 16 pataas. Dagdag pa rito, ayon sa WAC 110-06-0045(1)(b), ang mga indibidwal na may edad 13 hanggang 16 na naninirahan sa isang lisensyado o sertipikadong family home child care ay kailangang magsumite ng noncriminal background check. Ang isang bagong empleyado ay dapat may DCYF background check clearance bago magtrabaho sa programa. Maaaring mangailangan ng fingerprinting ang portable background check (background check na puwedeng dalhin o gamitin kahit saan).

Ang clearance sa portable background check (background check na puwedeng dalhin o gamitin kahit saan) ng isang propesyonal ng maagang pagkatuto ay may bisa sa loob ng tatlong taon at mananatiling may bisa kahit manatili sila sa kasalukuyang programa ng maagang pagkatuto o lumipat sa iba pang programa ng maagang pagkatuto sa loob ng tatlong taon.



Ayon sa DOH, may 222 kaso ng TB ang naiulat sa Washington State noong 2019.[20]

Ang TB ay isang nakahahawang impeksyon na pangunahing umaapekto sa baga. Karamihan sa mga batang nahawa at matatanda ay walang sintomas o palatandaan ng sakit. Karaniwan itong naipapasa ng matatanda at kabataan, dahil sila ang may sapat na lakas para magpalabas ng maliliit na nakahahawang particle sa hangin kapag sila ay umuubo o bumabahing.[21] Upang maprotektahan ang kalusugan ng mga bata, lahat ng provider ng maagang pagkatuto, boluntaryo, at miyembro ng sambahayan na higit sa 14 taong gulang sa programa ng maagang pagkatuto sa family home ay kailangang magbigay ng dokumentasyon mula sa huling 12 buwan na nagsasabing negatibo sa TB testing o clearance para ligtas na makapagtrabaho sa programa ng maagang pagkatuto. Dapat ibigay ang dokumentasyon bago makarating sa mismong lugar ng programa.

20 Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington, "Tuberculosis Cases Statewide by Year," available sa **www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/Pubs/343-108-TBWA-Summary2019.pdf**, inilathala noong Setyembre 2020.

21 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Edukasyon para sa Pasyenteng Pediatric, Medisinang Pediatric at Pangkabataan, "Tuberculosis," available sa **www.pediatricandadolescentmedicine.net**/Tuberculosis-TB, nakuha noong 6, 2020.

Maaaring isagawa ang pagsusuri sa TB sa pamamagitan ng skin test o blood test na ibinibigay ng pangunahing provider ng pangangalaga. Maaaring magsagawa ng TB test ang isang lokal na botika, mura o libreng medikal na klinika, o kagawaran ng kalusugan ng county. Kapag isinagawa ang skin test, kailangang bumalik ang indibidwal makalipas ang dalawa o tatlong araw para suriin ang resulta. Kapag nalamang may TB ang isang tao, maaaring magpakita ang chest x-ray o radiograph na wala siyang aktibong TB. Ang isang indibidwal na may positibong resulta sa TB test, symptom screening, o risk assessment ay puwedeng magtrabaho o manirahan sa isang programa ng maagang pagkatuto kung mayroon siyang kasalukuyang negatibong TB test, o negatibong chest radiograph at dokumentasyon ng clearance.

Nag-aplay si Hansen para sa katulong na posisyon sa isang programa ng maagang pagkatuto sa family home. Sumailalim si Hansen sa TB skin test kasama ang kanilang medikal na provider, si Dr. Johnson. Pagkalipas ng tatlong araw, bumalik si Hansen sa opisina ni Dr. Johnson at nalaman na positibo ang resulta. Iniskedyul ni Dr. Johnson si Hansen para sa chest radiograph sa susunod na linggo. Ipinakita sa radiograph na wala siyang aktibong TB. Binigyan ni Dr. Johnson si Hansen ng dokumentasyon ng negatibong radiograph at clearance para makapagtrabaho sa programa ng maagang pagkatuto sa family home. Ibinigay ni Hansen ang mga kopya ng dokumentasyon sa lisensyadong nagpapatakbo ng family home upang ilagay sa kanilang personnel file.

Ang webpage ng DCYF tungkol sa Mga Kinakailangan sa Background Check ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga kinakailangan sa background check at mga link papunta sa impormasyon ukol sa pagbabayad para sa background check, mga proseso ng fingerprint, at mga form para sa background check.
www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/background-checks

Proseso ng Paglilisensya. Isang webpage ng DCYF na may impormasyon at mga link para sa mga orientation module na ibinibigay ng DCYF. Ang mga online module ay available sa English, Spanish, at Somali. May mga tagubiling ibinigay kung paano humiling ng orientation sa ibang wika o kung kailangan ng espesyal na tulong.
www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider/licensing-process

Tuberculosis (TB). Isang website ng CDC na may impormasyon tungkol sa mga salik sa panganib, pagkalat, sintomas, pagsusuri, diagnosis, pananaliksik, paggamot, at iba pa.
www.cdc.gov/tb/default.htm

Tuberculosis (TB). Isang website ng DOH na may impormasyon, datos, at mga mapagkukunan.
www.doh.wa.gov/YouandYourFamily/IllnessandDisease/Tuberculosis

WAC 300-110-0106

Mga Kinakailangan sa Pagsasanay

(1) Ang mga provider ng maagang pagkatuto na lisensyado, nagtatrabaho, o nagboboluntaryo sa isang programa ng maagang pagkatuto bago maging epektibo ang seksyong ito ay kailangang kumumpleto ng naaangkop na mga kinakailangan sa pagsasanay sa loob ng tatlong buwan mula sa petsa ng pagiging epektibo ng seksyong ito, maliban kung may nakasaad na iba. Maaaring hilingin ng mga patakaran ng estado o pederal na ang pagsasanay sa kalusugan at kaligtasan na tinatalakay sa kabanatang ito ay i-renew taon-taon. Ang mga provider ng maagang pagkatuto na natanggap sa trabaho pagkatapos ng petsa ng pagiging epektibo ng seksyong ito ay kailangang kumumpleto ng mga kinakailangan sa pagsasanay sa mga subseksyon (4) hanggang (10) ng seksyong ito sa loob ng tatlong buwan mula sa petsa ng pagkatanggap sa trabaho at bago magtrabaho sa kapasidad na walang superbisor kasama ang mga bata.

(2) **Kailangang magparehistro sa electronic workforce registry ang mga aplikante para sa lisensya at mga provider ng maagang pagkatuto bago mabigyan ng paunang lisensya o bago makapaglingkod sa mga bata sa kapasidad na walang superbisyon.**

(3) **Kailangang makumpleto ng mga aplikante para sa lisensya, mga direktor ng sentro, katulong na direktor, superbisor ng programa, pangunahing guro, katulong na guro, at katuwang ang basics training ng child care na aprubado o ibinibigay ng kagawaran:**

- (a) **Bago mabigyan ng lisensya;**
- (b) **Bago makapagtrabaho nang walang superbisyon kasama ang mga bata; o**
- (c) **Sa loob ng tatlong buwan mula sa petsa ng pagiging epektibo ng seksyong ito kung kasalukuyan nang empleyado o na-promote sa bagong tungkulin.**

(4) **Kailangang kumpletuhin ng mga provider ng maagang pagkatuto ang pagsasanay sa pagkilala at pagrereport ng pinaghihinalaang pang-aabuso, kapabayaan, at pananamantala sa bata na aprubado o ibinibigay ng kagawaran alinsunod sa subseksyon (1) ng seksyong ito. Dapat kasama sa pagsasanay ang pag-iwas sa pang-aabuso at kapabayaan sa bata gaya ng kahulugan sa RCW 26.44.020 at ang mga kinakailangan sa mandatoryong pag-uulat ayon sa RCW 26.44.030.**

(5) **Dapat kumpletuhin ng mga provider ng maagang pagkatuto ang pagsasanay sa kahandaan sa emergency na inaprubahan o iniaalok ng kagawaran (na naaangkop sa programa ng maagang pagkatuto kung saan sila nagtatrabaho o nagboboluntaryo) ayon sa subseksyon (1) ng seksyong ito.**

(6) **Dapat kumpletuhin ng mga provider ng maagang pagkatuto na may lisensyang mag-alaga ng mga sanggol ang pagsasanay sa pag-iwas at pagkilala sa shaken baby syndrome/pinsala sa ulo dulot ng pang-aabuso, na inaprubahan o iniaalok ng kagawaran ayon sa subseksyon (1) ng seksyong ito.**

(7) **Dapat kumpletuhin ng mga provider ng maagang pagkatuto ang pagsasanay sa pagbibigay ng serbisyo sa mga batang nakararanas ng kawalan ng tirahan, na inaprubahan o iniaalok ng kagawaran ayon sa subseksyon (1) ng seksyong ito.**

(8) **Dapat kumpletuhin ng mga aplikante para sa lisensya at ng mga provider ng maagang pagkatuto na lisensyadong mag-alaga ng mga sanggol ang pagsasanay sa ligtas na pagtulog, na inaprubahan o iniaalok ng kagawaran. Dapat kumpletuhin ang pagsasanay na ito taon-taon at:**

- (a) **Bago maging lisensyado;**
- (b) **Bago mag-alaga ng mga sanggol; o**
- (c) **Ayon sa subseksyon (1) ng seksyong ito.**

(9) **Dapat kumpletuhin ng mga lisensyadong nagpapatakbo ng family home, mga direktor ng sentro, katulong na direktor, superbisor ng programa, at mga pangunahing guro ang pagsasanay sa pamamahala at pagbibigay ng gamot na inaprubahan o iniaalok ng kagawaran bago magbigay ng gamot sa isang batang naka-enroll, o ayon sa itinakda sa subseksyon (1) ng seksyong ito.**

(10) **Dapat kumpletuhin ng mga provider ng maagang pagkatuto na direktang nag-aalaga ng mga bata ang pagsasanay sa pag-iwas sa pagkakalantad sa dugo at likido ng katawan na tumutugon sa mga kinakailangan ng department of labor and industries (kagawaran ng paggawa at industriya) ng Estado ng Washington bago pagkalooban ng lisensya o bago magtrabaho kasama ang mga bata. Ang pagsasanay na ito ay kailangang ulitin alinsunod sa mga regulasyon ng department of labor and industries (kagawaran ng paggawa at industriya) ng Estado ng Washington.**

(11) **Dapat sanayin sa first-aid at cardiopulmonary resuscitation (pagsagip ng puso at paghinga, CPR) ang mga lisensyadong nagpapatakbo ng family home, direktor ng sentro, katulong na direktor, superbisor ng programa, pangunahing guro, katulong na guro, at iba pang provider ng maagang pagkatuto na kasama sa bilang ng staff-to-child ratio o posibleng maisama sa ratio**

- (a) **Puwedeng ipakita ang patunay ng pagsasanay sa pamamagitan ng certification card, certificate, o liham mula sa tagasanay.**

(b) Ang pagsasanay at sertipikasyon sa first-aid at CPR ay dapat:

(i) Ibigay nang personal at may kasamang hands-on na bahagi para sa first aid at CPR na ipinapakita sa harap ng isang instruktor na sertipikado ng American Red Cross, American Heart Association, Institusyon ng Kaligtasan at Kalusugan ng Amerika, o iba pang pambansang kinikilalang programa ng sertipikasyon;

(ii) May kasamang first aid at CPR para sa bata at matanda; at

(iii) First aid at CPR para sa sanggol, kung naaangkop.

(12) Dapat kumuha ng kasalukuyang food worker card ang mga provider ng maagang pagkatuto na naghahanda o nagsisilbi ng pagkain sa mga bata sa isang programa ng maagang pagkatuto bago sila makapaghanda o makapagsilbi ng pagkain. Ang mga food worker card ay dapat:

(a) Kunin sa pamamagitan ng lokal na ahensyang pangkalusugan; at

(b) I-renew bago ito ma-expire.

Ang Child Care Development Fund (Pondo para sa Pagpapaunlad ng Pag-aalaga ng Bata, CCDF) ang pangunahing pinagmumulan ng pondo mula sa pamahalaang pederal para sa maagang pagkatuto sa Estado ng Washington. Tinutustusan nito ang tulong sa child care para sa mga pamilyang mababa ang kita at sinusuportahan din ang mga de-kalidad na serbisyo. Itinatakda ng CCDF ang mga kinakailangan na kailangang sundin ng mga estado, kabilang ang pagsasanay sa kalusugan at kaligtasan para sa mga provider ng maagang pagkatuto upang makabuo ng matibay na pundasyon at makamit ang pinakamahusay na kinalabasan para sa mga batang nasa pangangalaga. Isinama sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang mga paksang iniaatas ng pederal na pamahalaan tungkol sa pag-unlad ng bata at mga pagsasanay sa kalusugan at kaligtasan.



Ibinahagi ng isang tagapagsanay mula sa rehiyong timog-kanluran:

Walang kasing saya kapag paulit-ulit na dumadalo ang isang provider sa iyong mga pagsasanay dahil nararamdaman nilang may koneksyon sila, o kapag naririnig mo mula sa kanilang coach na tuwang-tuwa sila na nagamit nila ang natutunan sa kanilang kapaligiran o sa kanilang ginagawa. Ang pagkonekta sa mga provider ng serbisyo at ang pagbuo ng ugnayan sa kanila sa pamamagitan ng parehong pagmamahal sa pagkatuto ay napakahalaga para sa akin. Gustung-gusto kong makarinig ng feedback tungkol sa mga kapaki-pakinabang na tip, diskarte, o kagamitan na ngayon ay bahagi na ng kanilang kasanayan at nagdulot ng positibong pagbabago para sa kanila at sa mga batang kanilang inaalagaan pati na rin sa mga pamilyang kanilang pinaglilingkuran.

Kapag may mga bagong empleyadong tinanggap, mahalagang matiyak na natutupad agad ang mga kinakailangang pagsasanay sa takdang oras. May tatlong buwan ang mga bagong empleyado at boluntaryo upang makumpleto ang mga pagsasanay, at hindi sila puwedeng magtrabaho nang walang superbisyon kasama ang isang bata o mga bata hangga't hindi pa nila natatapos ang mga ito.

Ang Mga Pangunahing Kaalaman sa Pag-aalaga ng Bata (CCB) ay ang paunang pagsasanay upang matugunan ang mga kinakailangan sa kalusugan at kaligtasan para sa mga provider ng maagang pagkatuto na nagtatrabaho sa mga lisensyado o sertipikadong programa. Tumutugon ang 30-oras na pagsasanay na ito sa bahagi ng mga kinakailangan sa kalusugan at kaligtasan para sa mga tagapagturo na nagtatrabaho sa mga lisensyadong pasilidad alinsunod sa WAC 110-300-0106(3). Tumutugon ang nilalamang kasama sa pagsasanay sa mga paksa na itinatakda ng pamahalaang pederal na hinihingi ng CCDF. Sinumang provider ng maagang pagkatuto na nakatapos na ng kinakailangang CCB at may rekord nito sa MERIT ay itinuturing na nakatugon na rin sa mga kinakailangan para sa mga Indibidwal na Module sa Kalusugan at Kaligtasan.

Kasama sa iba pang kinakailangang pagsasanay sa kalusugan at kaligtasan ang mga sumusunod:

(1) **Pagkilala at pag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso at pagpapabaya sa bata.** Tinuturuan ng pagsasanay na ito ang tungkol sa pag-iwas sa pang-aabuso at pagpapabaya sa bata at ang obligasyong mag-ulat ng isang provider ng maagang pagkatuto. Binibigyan ng kapangyarihan ng pagsasanay na ito ang isang provider ng maagang pagkatuto sa pamamagitan ng kaalaman kung paano protektahan ang mga batang nasa kanilang pangangalaga. Kasama ito sa CCB.

Binabalangkas sa WAC 110-300-0475 ang mga kinakailangan kaugnay ng tungkulin ng isang provider ng maagang pagkatuto na protektahan ang mga bata at iulat ang mga insidente.

(2) **Tinuturuan ng pagsasanay sa kahandaan sa emergency** ang mga provider ng maagang pagkatuto kung paano magplano at maghanda para sa mga sakuna at emergency. Sa pamamagitan ng pag-iisip, paghahanda, at pagpaplano, mas magiging handa ang isang provider ng maagang pagkatuto na tumugon sa isang kaganapang sakuna o emergency. Mahalaga ang pagsasanay sa kahandaan sa emergency na naaangkop sa programang pinagtatrabahuhan upang mapanatiling ligtas ang mga bata. Kasama ito sa CCB.

Binabalangkas sa WAC 110-300-0470 ang mga kinakailangan para sa isang nakasulat na plano ng kahandaan sa emergency na partikular sa programa ng maagang pagkatuto, at ito ay nire-review sa orientation ng programa at taon-taon kasama ang mga kawani.



(3) **Shaken Baby Syndrome/Pinsala sa Ulo dahil sa Pang-aabusong Pisikal.** Tinatayang mga 1,000 hanggang 1,500 sanggol kada taon ang naaapektuhan ng ganitong uri ng pisikal na pang-aabuso, ayon sa mga eksperto.[22] Itinuturo ng pagsasanay sa mga provider ng maagang pagkatuto ang mga panganib, kung paano makilala ang mga palatandaan at sintomas, at kung paano matutong makayanan ang pagkainis sa isang sanggol. Kasama ito sa CCB.

(4) **Paglilingkod sa mga Batang Nakakaranas ng Kawalan ng Tirahan**. Iniulat ng Pambansang Alyansa para Wakasan ang Kawalan ng Tahanan noong 2018 na may kabuuang 552,830 katao ang nakaranas ng kawalan ng tirahan, kung saan 33% ay mga pamilyang may kasamang mga bata.[23] Mahalagang maunawaan ang pagiging masalimuot ng kawalan ng tirahan kapag nag-aalaga ng mga bata. Maaaring magbigay ang mga tagapaghatid ng maagang pagkatuto ng isang malugod at mapag-arugang lugar para sa mga bata at kanilang mga pamilya, gayundin ay makatulong na maiugnay sila sa mga suporta at mapagkukunan kapag kinakailangan. Kasama ito sa CCB.

(5) **Ligtas na Pagpapatulog.** Ayon sa Amerikanong Akademya ng Pediatrics, noong 2016, humigit-kumulang 3,500 sanggol ang namamatay taon-taon sa U.S. dahil sa mga insidenteng may kaugnayan sa pagtulog.[24] Tinutukoy sa pagsasanay sa Ligtas na Pagpapatulog ang mga sanhi ng pagkamatay ng mga sanggol na may kaugnayan sa pagtulog. Itinuturo rin nito ang mga ligtas na gawain sa pagpapatulog na nakababawas ng biglaang pagkamatay ng sanggol, tulad ng paglalagay sa kanila sa pagtulog nang nakatihaya sa kuna na walang kumot, laruan, o iba pang bagay na puwedeng maging sanhi ng hirap sa paghinga o sobrang init. Kinakailangan ang pagsasanay sa Ligtas na Pagpapatulog para sa lahat ng empleyado sa isang programa ng maagang pagkatuto bago sila makapagtrabaho kasama ang mga sanggol, bago mabigyan ng lisensya, at kailangang tapusin ito taon-taon. Matatagpuan ang pagsasanay na ito sa Training Portal ng DCYF online sa **https://dcyftraining.com/.**

Binabalangkas sa WAC 110-300-0291 ang mga kinakailangan para sa ligtas na pagpapatulog.

(6) **Pangangasiwa ng Gamot**. Maaaring makapinsala ang mga gamot kung maling dami o maling uri ng gamot ang ibinigay sa isang bata. Ayon sa National Safety Council (Pambansang Konseho para sa Kaligtasan, NSC), isa sa bawat 150 na batang may edad na 2 taon ang napupunta sa emergency room dahil sa hindi sinasadyang pagkalason sa gamot,[25] na ayon sa kanila ay nagmumula sa "pagkakamali sa pagbigay ng tamang dosis ng mga tagapag-alaga o kapag nakita at nakain ng mga bata ang gamot." Tinalakay sa pagsasanay na ito ang iba't ibang uri ng gamot, kung bakit at paano ito ibinibigay, pati na rin kung paano ito itinatago, ibinibigay (administer), at itinatala. Kasama ito sa CCB.

Binabalangkas sa WAC 110-300-0215 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa pangangasiwa ng gamot.

22 Tina Joyce at Martin R. Huecker, "Pediatric Abusive Head Trauma," *US National Library of Medicine National Institutes of Health, huling in-update noong Oktubre 15, 2020, available sa* **www.ncbi.nlm.nih.gov/books/NBK499836/**

23 Pambansang Alyansa para Wakasan ang Kawalan ng Tahanan, "State of Homelessness: 2020 Edition," available sa **https://endhomelessness.org/homelessness-in-america/homelessness-statistics/state-of-homelessness-2020/**, nakuha noong Setyembre 6, 2020.

24 Task Force ng AAP para sa Biglaang Pagkamatay ng Sanggol, "SIDS and Other Sleep-Related Infant Deaths: Updated 2016 Recommendations for a Safe Infant Sleeping Environment," *Official Journal of the American Academy of Pediatrics 138 (5) (2016),* available sa **https://pediatrics.aappublications.org/content/138/5/e20162938**

25 National Safety Council, "Misuse, Abuse of Medicines can Seriously Harm Children," available sa **www.nsc.org/home-safety/safety-topics/child-safety/medicine**, nakuha noong Setyembre 7, 2020.

(7) **Pag-iwas sa Pagkakalantad sa Dugo at mga Likido ng Katawan.** Maaaring maglaman ang dugo ng mga nakahahawang mikrobyo na puwedeng magdulot ng sakit sa tao, gaya ng hepatitis C, hepatitis B, at Human Immunodeficiency Virus (HIV).[26] Sa pamamagitan ng pagsasanay na ito, natututo ang mga kawani kung paano umiwas o bawasan ang pagkalat at paglipat ng sakit sa kanilang sarili at sa iba. Ang mga tagapaghatid ng maagang pagkatuto na direktang nag-aalaga sa mga bata ay kailangang sumailalim sa pagsasanay tungkol sa mga bloodborne pathogen na naaayon sa mga pamantayang itinakda ng Washington State Department of Labor and Industries (Kagawaran ng Paggawa at Industriya ng Estado ng Washington, L&I), at inuulit ito taon-taon. Maaaring tapusin ang pagsasanay na ito sa komunidad sa pamamagitan ng mga isinasagawang pagsasanay.

(8) **Pagsasanay sa CPR at First Aid.** Ayon sa American Heart Association, "Maaaring madoble o matriple ng CPR ang tsansa ng isang tao na mabuhay matapos ang cardiac arrest."[27] Magbibigay ang pagsasanay sa mga kawani ng kakayahan na makilala at makatugon nang maayos sa mga emergency na sitwasyon. Matututuhan ng isang tagapaghatid ng maagang pagkatuto kung paano isagawa ang CPR na maaaring makapagligtas ng buhay at kung paano tumugon sa mga insidente ng pagdurugo, kapag may nabulunan, at iba pa. Ang pagsasanay na ibibigay sa mga kawani ay dapat may kasamang first aid at CPR para sa bata at nasa hustong gulang, pati na rin ang CPR para sa sanggol kung ang pasilidad ay lisensyado para mag-alaga ng mga sanggol. Bagaman nagbibigay ang online training ng mga kaalaman tungkol sa mga pamamaraan ng pagtugon sa emergency, tanging ang in-person training lamang ang nagtuturo ng mga kasanayan at nagbibigay ng feedback mula sa instruktor na kinakailangan para sa pinakamabisang pagtugon sa mga susunod na emergency.



Binabalangkas sa WAC 110-300-0230 ang karagdagang mga kinakailangan kaugnay ng CPR.

(9) **Card ng Manggagawa sa Pagkain.** Ang maliliit na bata, dahil sa kanilang laki at hindi pa ganap na nabubuong immune system, ay mas malamang na magkaroon ng sakit na nagmumula sa pagkain. Maaaring maiwasan ang sakit na nagmumula sa pagkain sa pamamagitan ng tamang paghahanda at paghawak ng pagkain.[28] Upang matiyak ang ligtas na paghahain ng pagkain, lahat ng provider ng maagang pagkatuto ay kailangang sumailalim sa pagsasanay sa kaligtasan ng pagkain bago humawak o maghain ng pagkain. Ang Card ng Manggagawa sa Pagkain ay nakukuha sa pamamagitan ng Kurso ng Manggagawa sa Pagkain ng Estado ng Washington. Kinakailangan ang pagsasanay na ito hindi lamang para sa taong nagluluto ng pagkain kundi pati na rin sa sinumang naghahain ng pagkain sa mga bata. Madalas, ang mga tagaluto ang nagdadala ng pagkain sa silid-aralan at ang mga guro naman ang naghahain ng pagkain sa mga bata sa mga mesa. Sa ganitong sitwasyon, parehong kinakailangang may valid na Card ng Manggagawa sa Pagkain ang tagaluto at ang mga kawani na naghahain ng pagkain. Sa mga pagkakataong ang mga bata ang nagdadala ng sarili nilang pagkain sa pasilidad, kinakailangan pa rin na ang mga kawani na naghahain ng pagkain sa mga bata ay may kaukulang pagsasanay sa paghahanda ng pagkain.

Lahat ng pagsasanay ukol sa kalusugan at kaligtasan, maliban sa CPR at first aid, dugo at likido ng katawan, at Card ng Manggagawa sa Pagkain, ay ibinibigay ng DCYF sa loob ng Training Portal ng DCYF. Ang tatlong pagsasanay na hindi ibinibigay sa portal ay kailangang kumpletuhin sa komunidad sa pamamagitan ng isang tagapagsanay o instruktor na tumutupad sa mga kinakailangan ng WAC o L&I.

26 Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos, Administrasyon para sa Kaligtasan at Kalusugan sa Paggawa, "Bloodborne Pathogens and Needlestick Prevention," available sa **www.osha.gov/bloodborne-pathogens**, nakuha noong Setyembre 7, 2020.

27 CPR at First Aid para sa Emergency na Pangangalaga sa Puso at Daluyan ng Dugo ng American Heart Association, "CPR Facts & Stats," available sa **https://cpr.heart.org/en/resources/cpr-facts-and-stats**, nakuha noong Setyembre 7, 2020.

28 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Foodborne Germs and Illnesses," available sa **www.cdc.gov/foodsafety/foodborne-germs.html**, huling in-update noong Marso 18, 2020.

Idinagdag ang mga pagsasanay na ito sa CCB noong Oktubre 2018. Kung natugunan na ng isang provider ng maagang pagkatuto ang kinakailangan ng CCB sa anumang paraan bago ang Agosto 2018 at ito ay naitala sa kanilang MERIT record, hindi na nila kailangang tapusin ang 'Mga Indibidwal na Module para sa Kalusugan at Kaligtasan.' Ibinibigay ang mga update tungkol sa mga bagong pederal na paksa sa kalusugan at kaligtasan sa pamamagitan ng *Gabay sa Karagdagang Impormasyon tungkol sa Kalusugan at Kaligtasan* (EPS_0038) kapag may bagong impormasyong inilalabas. Available ang mga gabay sa mga sumusunod na wika:

- English: **www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pubs/EPS_0038.pdf**
- Spanish: **www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pubs/EPS_0038SP.pdf**
- Somali: **www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pubs/EPS_0038SM.pdf**

Talahanayan ng Pagsasanay sa Kalusugan at Kaligtasan

Pagsasanay	Kasama ba sa CCB?	Ibinibigay ba ng DCYF?	Sino	Dalas
Pangunahing Kaalaman sa Pag-aalaga ng Bata	N/A	Oo, at inaalok din ng mga tagapagsanay sa komunidad	Mga aplikante ng lisensya, mga direktor ng sentro, mga katulong na direktor, mga tagapangasiwa ng programa, mga pangunahing guro, mga katulong na guro, at mga katuwang	Bago magtrabaho nang walang superbisyon kasama ang mga bata at Sa loob ng tatlong buwan mula sa pagkatanggap sa trabaho Isang beses lang kailangang tapusin
Pagkilala at Pag-uulat ng pang-aabuso, kapabayaan, at pananamantala	Oo	Oo	Lahat ng provider ng maagang pagkatuto	Sa loob ng tatlong buwan* Isang beses lang kailangang tapusin
Shaken Baby Syndrome/ Pinsala dahil sa Pang-aabusong Pisikal	Oo	Oo	Lahat ng provider ng maagang pagkatuto kapag lisensyado para mag-alaga ng mga sanggol	Sa loob ng tatlong buwan* Isang beses lang kailangang tapusin
Paghahanda para sa emergency	Oo	Oo	Lahat ng provider ng maagang pagkatuto	Sa loob ng tatlong buwan* Isang beses lang kailangang tapusin
Paglilingkod sa mga Batang Nakakaranas ng Kawalan ng Tirahan	Oo	Oo	Lahat ng provider ng maagang pagkatuto	Sa loob ng tatlong buwan* Isang beses lang kailangang tapusin
Pangangasiwa ng Gamot	Oo	Oo	Pagbibigay ng gamot	Bago magbigay ng gamot* at Sa loob ng tatlong buwan Isang beses lang kailangang tapusin

Talahanayan ng Pagsasanay sa Kalusugan at Kaligtasan

Pagsasanay	Kasama ba sa CCB?	Ibinibigay ba ng DCYF?	Sino	Dalas
Ligtas na Pagpapatulog	Hindi	Oo	Lahat ng provider ng maagang pagkatuto kapag lisensyado para mag-alaga ng mga sanggol	Bago mag-alaga ng mga sanggol, sa loob ng tatlong buwan Kailangang Tapusin Taon-Taon
Pag-iwas sa Pagkakalantad sa Dugo at Likido ng Katawan	Hindi	Hindi	Direktang nag-aalaga sa mga bata	Bago magtrabaho kasama ang mga bata at kumpletuhin alinsunod sa L&I
CPR at First Aid (Pang-bata at pang-matanda, sanggol kung naaangkop)	Hindi	Hindi	Kasama sa bilang para sa ratio	Bago maisama sa bilang para sa ratio, sa loob ng tatlong buwan I-renew bago mag-expire
Card ng Manggagawa sa Pagkain	Hindi	Hindi	Maghanda o maghain ng pagkain	Bago maghanda o maghain ng pagkain at I-renew bago mag-expire

*Kung sakaling sa anumang oras ay hingin ng pamahalaang pederal ang taunang pagsusuri ng mga pagsasanay na ito, ang kahilingang iyon ay ipatutupad para sa mga provider ng maagang pagkatuto sa Estado ng Washington.

Mga Resource para sa Tagapagturo ng Matatanda. Isang webpage ng DCYF na may koleksyon ng mga mapagkukunan para sa mga tagapagsanay na aprubado ng estado at mga propesyonal na nakabatay sa relasyon kapag dumadalo sa klase o nag-aaral pa tungkol sa maagang pangangalaga at edukasyon.
www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-profdev/support-early-learning-provider/educator-resources

Pagtatapos ng Pangunahing Kaalaman sa Pag-aalaga ng Bata (EPS_0035). Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa iba't ibang paraan kung paano makukuha ang CCB, kung ano ang kasama sa kurso, at iba pang madalas itanong.
www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pubs/EPS_0035.pdf

Ako ay isang Provider ng Maagang Pagkatuto. Isang webpage ng DCYF na may impormasyon at mga link tungkol sa kwalipikasyon ng kawani, mga kinakailangan sa pagkuha ng empleyado, edukasyon, katumbas na opsyon, mga kinakailangan sa pagsasanay ayon sa tungkulin, at mga checklist ayon sa tungkulin.
www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-profdev/early-learning-provider

Training Portal. Maghanap at kumuha ng mga pagsasanay na ibinibigay ng DCYF.
https://dcyftraining.com/

Mga Kinakailangan sa Pagsasanay at Timeline ng Pagtatapos. Isang DCYF summary document para sa mga kinakailangan sa pagsasanay at in-service para sa lahat ng tungkulin.
www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pdf/TrainingRequirements_WACGuidebook.pdf

Library ng Training. Isang DCYF webpage na may mga link sa mga kinakailangan sa pagsasanay pati na rin sa mga resource na sumusuporta at nagpapalawak ng kaalaman sa ilang kinakailangang paksa ng pagsasanay.
www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-profdev/early-learning-provider/training-library

WAC 296-823-120. WAC na may kaugnayan sa mga kinakailangan sa pagsasanay ng iyong mga empleyado tungkol sa panganib ng pagkakalantad sa mga bloodborne pathogen at mga paraan upang maprotektahan ang kanilang sarili.
https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=296-823-120

Manual para sa mga Manggagawa sa Pagkain at Inumin ng Estado ng Washington. Mayroong manual sa DOH website na available sa maraming wika. Ang manual ay nagbibigay ng impormasyon na nakabatay sa Kodigo ng Pagbebenta ng Pagkain sa Estado ng Washington WAC 246-215.
www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/Food/FoodWorkerandIndustry/FoodWorkerManual

Kurso para sa Manggagawa sa Pagkain ng Estado ng Washington. Ang tanging awtorisadong programa ng online training para makakuha ng valid na Card ng Manggagawa sa Pagkain ng Estado ng Washington. Available sa maraming wika.
www.foodworkercard.wa.gov

WAC 110-300-0107

In-service training

(1) Dapat kumpletuhin ng provider ng maagang pagkatuto ang sampung oras ng taunang in-service training matapos ang labindalawang buwan ng pinagsama-samang pagtatrabaho.

(a) Ang mga lisensyadong nagpapatakbo ng family home, mga direktor ng sentro, katulong na direktor, superbisor ng programa, pangunahing guro, at katulong na guro ay dapat kumumpleto ng pagpapahusay ng kalidad ng maagang pagkatuto (EQEL) in-service training ng kagawaran sa loob ng tatlumpu't anim na buwan mula sa pagkatanggap sa trabaho sa isang lisensyadong pasilidad, maliban na lamang kung nakatapos na ang provider ng alternatibong pagsasanay na aprubado ng kagawaran. Maaaring maisama ang mga oras ng EQEL sa sampung oras ng taunang in-service training.

(b) Bawat tatlumpu't anim na buwan, matapos makumpleto ang EQEL o isang alternatibong pagsasanay na aprubado ng kagawaran, ang mga lisensyadong nagpapatakbo ng family home, mga direktor ng sentro, katulong na direktor, at superbisor ng programa ay dapat kumumpleto ng hindi bababa sa sampung oras ng in-service training tungkol sa "pag-unlad ng bata" at hindi bababa sa sampung oras ng in-service training tungkol sa "mga kagawian sa pamumuno."

(i) Kabilang sa pagsasanay para sa pag-unlad ng bata ang mga sumusunod na core competency ng Estado ng Washington: Paglaki at pag-unlad ng bata, kurikulum at kapaligiran sa pagkatuto, patuloy na pagsukat ng progreso ng bata, pakikipagtulungan sa pamilya at komunidad, kalusugan, kaligtasan, nutrisyon, at interaksyon.

(ii) Kabilang sa pagsasanay para sa mga kagawian sa pamumuno ang mga sumusunod na core competency ng Estado ng Washington: pagpaplano at pagbuo ng programa, propesyonal na pag-unlad, at pamumuno.

(2) Maaaring matugunan ang mga kinakailangan sa in-service training ng kabanatang ito sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga kurso ng kolehiyo na naaayon sa core competency ng Estado ng Washington. Ang mga kursong ito ay dapat ibinibigay ng isang postsecondary institution at aprubado ng kagawaran.

(3) Limang oras lamang ng in-service training na lumalampas sa mga kinakailangan ng subseksyon (1) ng seksyong ito ang maaaring ilipat mula sa isang piskal na taon patungo sa susunod na piskal na taon.

Ang in-service training – na kilala rin bilang taunang tuloy-tuloy na edukasyon, tuloy-tuloy na pagsasanay, o propesyonal na pag-unlad – ay may maraming layunin. Binibigyan nito ang isang provider ng maagang pagkatuto ng kakayahang mapanatili ang kanilang batayang kaalaman sa pag-unlad ng bata, mga estratehiya sa pagtuturo, pati na rin sa pamamahala ng programa, at nagbibigay ng pagkakataong makabuo ng mga bagong kasanayan at makasabay sa mga bagong kaalaman at pananaliksik. Maaari rin magbigay ng interes o pag-unlad ang in-service training sa isang hindi inaasahang larangan, magbigay-daan sa networking kasama ang mga propesyonal sa larangan ng maagang pagkatuto, at makatulong sa pagbibigay ng mga estratehiya upang maresolba ang mga natukoy na problema sa programa ng maagang pagkatuto. Ang mga benepisyong ito para sa provider ng maagang pagkatuto ay nagiging patuloy na pagpapabuti sa pagtugon sa mga pangangailangan ng pagkatuto at pag-unlad ng mga bata.

Available online ang ilang in-service training at nangangailangan ng paggamit ng computer. Kung ang isang provider ng maagang pagkatuto ay walang access sa teknolohiya upang makapag-log in sa internet dahil sa isang emergency, gaya ng COVID-19 pandemic, maaari silang maging kwalipikado na makatanggap ng suporta. Makipag-ugnayan sa Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata, CCA) ng Washington upang malaman ang higit pa tungkol sa kung paano makakakuha ng tulong o makaka-access ng suporta.



Ipinapakita ng mga natuklasan mula sa pagsusuri ng mga pag-aaral na sumuri sa epekto ng in-service training para sa mga propesyonal sa maagang pagkatuto na ang ganitong uri ng pagpapabuti ng kalidad ay isang pangunahing mekanismo upang mapabilis ang pag-unlad ng mga batang nasa murang edad.[29]

Upang suportahan ang mga provider ng maagang pagkatuto sa kanilang paglago at pag-unlad upang makamit ang pinakamahusay na resulta para sa mga bata, ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ay nangangailangan ng 10 oras ng in-service training taon-taon. Naaangkop ang kahilingang ito sa lahat ng provider ng maagang pagkatuto maliban sa mga katuwang na nagtatrabaho nang mas mababa sa 20 oras kada buwan at mga boluntaryo. Kung minsan, ang mga oras ng in-service training ay tinatawag na "STARS hours" o "state-approved training." Kinakalkula ang mga oras gamit ang piskal na taon ng DCYF, mula Hulyo 1 hanggang Hunyo 30.



Kinakailangan ng WAC 110-300-0106 na kumpletuhin ng mga aplikante ng lisensya, mga direktor ng sentro, katulong na direktor, superbisor ng programa, pangunahing guro, katulong na guro, at katuwang ang CCB training bago mabigyan ng lisensya, bago magtrabaho nang walang superbisyon kasama ang mga bata, at sa loob ng tatlong buwan mula sa pagkaka-hire o promosyon.

Tumututgon ang pagtatapos ng CCB sa kinakailangan sa in-service training para sa piskal na taon kung kailan ito natapos. Pagkatapos ng piskal na taon na iyon, kinakailangan ang 10 oras bawat taon. Kung hindi makumpleto ang mga oras ng in-service training para sa bawat kinakailangang provider ng maagang pagkatuto bago matapos ang piskal na taon, hindi makakasunod ang programa hanggang sa matapos ng indibidwal ang kinakailangang pagsasanay. Maaaring maghanap ng in-service training ang isang provider ng maagang pagkatuto, subaybayan ang kanilang mga in-service training, at ibahagi ito sa kanilang employer sa pamamagitan ng electronic workforce registry na tinatawag na MERIT.

Natutugunan ang mga oras ng in-service training sa pamamagitan ng:

- Isang tagasanay na aprubado ng estado na nagtatala ng pagtatapos ng pagsasanay sa MERIT. Ang mga klase na ito ay maaaring face-to-face training, online training, o distance/correspondence training.
- Isang conference na pre-approved sa MERIT bilang mga oras ng in-service training.
- Panukala para sa Tuloy-Tuloy na Edukasyon – isang aplikasyon sa MERIT na isinagawa ng provider para sa pagsasanay na natapos ngunit hindi galing sa tagasanay na aprubado ng estado. Halimbawa, ang clock hours mula sa Washington Office of Superintendent of Public Instruction (Tanggapan ng Superintendente ng Pampublikong Instruksyon ng Washington, OSPI) na tumutugma sa mga Core Competency para sa Early Learning and Care Professionals (Mga Propesyonal sa Maagang Pagkatuto at Pangangalaga) ay maaaring isumite sa ganitong paraan upang matugunan ang mga oras ng in-service training.
- Mga coursework sa kolehiyo na naaayon sa mga core competency at naitala at na-verify sa MERIT.




Binabalangkas sa WAC 110-300-0100 at 110-300-0106 ang mga kinakailangan para sa pagrerehistro sa electronic workforce registry.

29 Franziska Egert, Ruben G. Fukkink at Andrea G. Eckhardt, "Impact of In-Service Professional Development Programs for Early Childhood Teachers on Quality Ratings and Child Outcomes: A Meta-Analysis," *Sage Journals 88 (3) (2018): 401-433, available sa* **https://journals.sagepub.com/doi/10.3102/0034654317751918#articleCitationDownloadContainer**

Kinakailangan ang mga Serye ng Pagsasanay para sa Pagpapahusay ng Kalidad ng Maagang Pagkatuto (EQEL) para sa mga bagong lisensyadong nagpapatakbo ng family home o mga direktor ng sentro, katulong na direktor, superbisor ng programa, pangunahing guro, at katulong na guro na mga bagong tanggap sa trabaho. Hindi kinakailangang kumpletuhin ng mga katuwang ang EQEL training. Dapat makumpleto ang EQEL training sa loob ng 36 na buwan mula sa pagsisimula ng tungkulin bilang lisensyado o bilang nakalistang kawani ng programa. Hindi ito naaangkop sa mga natanggap sa trabaho bago ang Agosto 1, 2019 (na na-verify sa MERIT) kahit na lumipat sila ng tungkulin o pasilidad. Binibilang ang mga serye ng EQEL bilang mga kinakailangan sa in-service training para sa unang dalawang taon matapos makumpleto ang CCB. Ang 20-oras na serye ng pagsasanay na ito ay nagpapalawak sa batayang kaalaman at kasanayang nakuha mula sa CCB.

Ang unang taon ng EQEL ay 10 oras at kinabibilangan ng Mga Kagawian na Tumutugon sa Kultura, Pagpapaunlad ng Isipan, Pangunahing Gawain ng Isipan, at Masusing Pag-aalaga. Ang pangalawang 10 oras, o ikalawang taon, ay kinabibilangan ng Suporta sa Positibong Pag-uugali at Masiglang Kapaligiran at Pakikipag-ugnayan. Maaaring tapusin ang mga EQEL training kasama ang isang tagasanay ng komunidad o online. Para maghanap ng pagsasanay, gamitin ang tab na “Find Training” sa MERIT.



Habang gumagawa sa CCB o EQEL, hindi kinakailangan ang karagdagang oras ng in-service training, maliban na lamang kung pipiliin ng provider na gawin ito. Pagkatapos makumpleto ng isang provider ng maagang pagkatuto ang CCB at EQEL, pipiliin ang taunang in-service training batay sa kanilang mga interes sa loob ng Mga Core Competency ng Estado ng Washington, tulad ng ipinapakita sa talahanayan sa ibaba. Bukod pa rito, kailangang tiyakin ng mga lisensyadong nagpapatakbo ng family home, mga superbisor ng programa, mga katulong na direktor, at mga direktor ng sentro, na sa loob ng tatlong taon, ang kanilang mga oras sa in-service ay may kasamang hindi bababa sa 10 oras sa mga larangan ng kakayahan sa pamumuno, kabilang ang Pagpaplano at Pagpapaunlad ng Programa at Propesyonal na Pag-unlad at Pamumuno. Kinikilala ng pangangailangang ito ang mahalagang tungkulin ng pinuno sa pagbibigay ng pangkalahatang pamamahala, pamumuno sa pagtuturo, at pamumuno sa negosyo sa loob ng isang maagang programa sa pagkatuto.

Mga Core Competency ng Estado ng Washington

Kategorya	Competency
Pag-unlad ng Bata	• Paglaki at Pag-unlad ng Bata • Kurikulum at Kapaligiran sa Pagkatuto • Patuloy na Pagsusukat ng Pag-unlad ng Bata • Pakikipagtulungan sa Pamilya at Komunidad • Kalusugan, Kaligtasan, at Nutrisyon • Pakikipag-ugnayan
Mga Kagawian sa Pamumuno	• Pagpaplano at Pagpapaunlad ng Programa • Propesyonal na Pag-unlad at Pamumuno Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang Mga Kagawian sa Pagkatuto sa (**www.dcyf.wa.gov/publications-library?combine_1=&combine=leadership&field_program_topic_value=All&field_languages_available_value=All**)

Kung sakaling makumpleto ng isang provider ng maagang pagkatuto ang higit sa 10 oras ng in-service training sa loob ng isang piskal na taon (Hulyo 1 – Hunyo 30), hanggang limang oras mula sa sobra sa kinakailangang 10 oras ay maaaring ilapat sa susunod na taon ng pananalapi. Halimbawa, kung nakumpleto ang 18 oras ng in-service training noong 2020, hanggang limang oras mula sa mga iyon ay maaaring gamitin upang matugunan ang kinakailangan sa in-service training para sa 2021. Layunin nito na magbigay sa provider ng maagang pagkatuto ng mas malawak na kakayahang umangkop na maaaring may malaking interes sa isang pagsasanay, ngunit maaaring natapos na ang kanilang kinakailangang oras para sa taon.





Ako ay isang Provider ng Maagang Pagkatuto. Isang webpage ng DCYF na may impormasyon at mga link tungkol sa kwalipikasyon ng kawani, mga kinakailangan sa pagkuha ng empleyado, edukasyon, katumbas na opsyon, mga kinakailangan sa pagsasanay ayon sa tungkulin, at mga checklist ayon sa tungkulin.
www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-profdev/early-learning-provider

Training Portal. Hanapin at kumpletuhin ang mga pagsasanay na inaalok ng DCYF.
https://dcyftraining.com/

Mga Kinakailangan sa Pagsasanay at Timeline ng Pagtatapos. Isang DCYF summary document para sa mga kinakailangan sa pagsasanay at in-service para sa lahat ng tungkulin.
www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pdf/TrainingRequirements_WACGuidebook.pdf

Serye ng Pagsasanay para sa Pagpapahusay ng Kalidad ng Maagang Pagkatuto (EQEL). Isang dalawang minutong video mula sa DCYF na tumutulong ipakita ang pag-unlad ng mga kinakailangan sa in-service training.

- English: **www.youtube.com/watch?v=5JZYHxzVyDk&list=PLBt_fNZuVDgRjNtgytAgVpifbUBu-4Zu5&index=7&t=0s**
- Spanish: **www.youtube.com/watch?v=5n9KRNmIk78&feature=youtu.be**

Kung Paano Gawing Epektibo ang Propesyonal na Pag-unlad para sa mga Maagang Tagapagturo. Isang artikulo mula sa Harvard Graduate School of Education na tumatalakay sa tungkulin ng propesyonal na paglago upang makagawa ng positibong pagbabago para sa mga bata.
www.gse.harvard.edu/news/19/10/making-professional-development-work-early-educators

Mga sinasabi ng pananaliksik: Kung bakit mahalaga ang mga maagang tagapagturo. Isang artikulo mula sa Penn State Extension na kinikilala ang mahalagang tungkulin ng mga provider ng maagang pagkatuto at hinihikayat ang patuloy na propesyonal na paglago.
https://extension.psu.edu/programs/betterkidcare/early-care/tip-pages/all/what-research-tells-us-why-early-educators-are-important

WAC 110-300-0110

Mga patakaran at pagsasanay para sa mga kawani ng programa

(1) Ang provider ng maagang pagkatuto ay kailangang magkaroon at sundin ang mga nakasulat na patakaran para sa mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto. Dapat kasama sa mga patakaran para sa mga kawani ang mga nakalista sa mga subseksyon (2) at (3) ng seksyong ito at kailangang repasuhin at aprubahan ng kagawaran bago ilabas ang paunang lisensya ng provider. Dapat ipaalam ng mga provider sa kagawaran kapag may malalaking pagbabago na ginawa.

(2) Dapat kasama sa mga patakaran para sa mga kawani ng programa sa maagang pagkatuto, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod ang:

(a) Lahat ng impormasyon sa handbook para sa magulang o tagapag-alaga maliban sa mga bayarin;

(b) Mga paglalarawan ng trabaho, petsa ng sahod, at mga benepisyo;

(c) Mga inaasahan at plano para sa propesyonal na pag-unlad;

(d) Mga inaasahan sa pagdalo at pag-uugali;

(e) Mga responsibilidad ng mga kawani ng programa sa maagang pagkatuto para sa:

(i) Mga kinakailangan sa pagsubaybay sa bata, kabilang ang pagpigil sa mga bata na makapasok sa mga lugar na walang lisensya;

(ii) Paglaki at pag-unlad ng bata;

(iii) Kurikulum na angkop sa antas ng pag-unlad;
(iv) Ugnayan ng guro at bata;
(v) Pagpapanatili ng kaligtasan ng bata, paggabay, at mga pamamaraan sa pagdidisiplina;
(vi) Ligtas na mga kagawian sa pagtulog, kung naaangkop;
(vii) Mga pamamaraan sa paghahain ng pagkain;
(viii) Mga paglalakbay/pagbisita sa labas ng lugar, kung naaangkop;
(ix) Pagdadala o paghahatid ng mga bata, kung naaangkop;
(x) Mga pamamaraan sa kalusugan, kaligtasan, at sanitasyon;
(xi) Mga pamamaraan sa pamamahala ng gamot;
(xii) Mga plano para sa medikal na emergency, sunog, paglikas sa panahon ng kalamidad, at paghahanda sa emergency;
(xiii) Mandatoryong pag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso, kapabayaan, at pananamantala sa bata, alinsunod sa RCW 26.44.020 at 26.44.030 at iba pang mga kinakailangan sa pag-uulat;
(xiv) Pagsasakatuparan ng indibidwal na plano sa pangangalaga sa kalusugan o espesyal na pangangailangan ng bata;
(xv) Pagsunod sa mga regulasyon tungkol sa pagbabawal sa paninigarilyo, paggamit ng vape, alak, at droga;
(xvi) Pangangalaga sa magdamag, kung naaangkop;
(xvii) Panampalataya, pagkakapantay-pantay, at pagtugon sa kultura;
(xviii) Walang diskriminasyon;
(xix) Mga planadong pang-araw-araw na gawain at rutina.

(f) Mga responsibilidad ng kawani kung ang lisensyadong nagpapatakbo ng family home, direktor ng sentro, katulong na direktor, o superbisor ng programa ay wala sa programa ng maagang pagkatuto;
(g) Isang plano na naglalaman kung paano natutugunan ang parehong administratibo at pangangalaga sa bata na mga tungkulin kapag ang isang trabaho ay nangangailangan ng ganitong magkatuwang na responsibilidad; at
(h) Mga patakaran sa pagmamasid, pagsusuri, at pagbibigay ng feedback.

(3) Ang isang provider ng maagang pagkatuto ay kailangang magkaroon at sundin ang mga nakasulat na patakaran na nag-uutos sa mga kawani na nagtatrabaho, naglilipat, o pumapalit sa mga break sa parehong silid-aralan o grupo ng mga bata na magbahagi ng angkop na impormasyon sa isa't isa araw-araw tungkol sa:

(a) Mga pangangailangang pangkalusugan ng bata, mga allergy, at gamot;
(b) Anumang pagbabago sa pang-araw-araw na iskedyul ng bata;
(c) Mahalagang impormasyon tungkol sa edukasyon o pag-unlad;
(d) Anumang komunikasyon mula sa pamilya; at
(e) Impormasyon na ibabahagi sa pamilya.

(4) Ang isang provider ng maagang pagkatuto ay kailangang bumuo, magbigay, at idokumento ang pagbibigay ng pagsasanay para sa mga kawani na partikular sa maagang pagkatuto at lugar ng programa.

(a) Dapat isama sa mga paksa ng pagsasanay ang:
(i) Mga patakaran para sa kawani na nakalista sa subseksyon (2) at (3) ng seksyong ito;
(ii) Kabanata 43.216 RCW; at
(iii) Mga Kabanata 110-300 at 110-06 WAC.

(b) Dapat i-update ang pagsasanay kasabay ng mga pagbabago sa mga patakaran ng programa at mga regulasyong pambansa o pederal.

Mahalaga ang mga patakaran para sa kawani upang maitaguyod ang kalidad ng mga gawain sa mga programa ng maagang pagkatuto, suportahan ang pagsunod sa mga pamantayan ng lisensya, ipakita ang mga pilosopiya ng provider ng maagang pagkatuto, at matiyak na natutupad ito sa pang-araw-araw na operasyon ng programa.

Nakatala sa WAC 110-300-0110(2), (3), at (4) ang bawat paksa na kailangang isama sa mga nakasulat na patakaran ng programa. Ipinapakita ng mga patakaran ang pamamaraan ng programa sa bawat kinakailangang paksa. Ang pagkakaroon ng nakasulat na mga patakaran para sa kawani ay makatutulong upang maging maayos at pare-pareho ang komunikasyon sa mga kawani at ipakita ang halaga na inilalagay ng programa sa pagsuporta sa mga kawani pati na rin sa mga bata at pamilya. Ipinapahayag din ng mga nakasulat na patakaran sa kawani sa mga kawani at pamilya ang kalidad ng mga serbisyo ng maagang pagkatuto at ang kahalagahan ng kalusugan at kapakanan ng mga bata at kawani.

Isang mahalagang bahagi ng epektibong mga patakaran ang pare-parehong pagpapatupad. Lahat ng provider ng maagang pagkatuto sa isang programa ay kailangang magpatupad at sumunod sa mga patakaran sa iisang paraan. Kapag hindi naipapatupad ang mga patakaran, maaaring malagay sa panganib ang kalusugan, kaligtasan, o pag-unlad ng mga bata. Ang isang programa ng maagang pagkatuto na hindi palaging sumusuporta sa pagpapatupad ng kanilang mga nakasaad na patakaran ay malamang na makaranas ng mga hamon sa pagpapatupad ng pananagutan, integridad ng programa, at pagpapanatili ng pagsunod sa mga pamantayan ng lisensya.

Ayon sa patakaran ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro tungkol sa pagtanggap ng resetang gamot, ang gamot ay dapat matanggap sa orihinal na lalagyan na may etiketa na naglalaman ng pangalan ng bata (pangalan at apelyido) at impormasyon ng reseta, pati na rin ang form ng pahintulot sa gamot na pinirmahan ng magulang o tagapag-alaga. Si Aspen, isang batang paslit, ay may gamot na kailangang inumin araw-araw. Si Aspen ay nasa toddler room ng halos isang taon at ang guro ay pamilyar sa mga pangangailangan ng gamot ng bata. Ilang beses nakalimutan ng magulang ni Aspen na magdala ng bagong suplay ng gamot. Nagdadala ang magulang ni Aspen ng maliit na plastik na lalagyan ng gamot para sa mga emergency. Sinabi ng magulang sa guro na puwede nilang basta ibuhos ito sa bote ng gamot ng sentro para kay Aspen. Napansin ng guro na ang likido sa lalagyan ay mukha at amoy gamot ng bata at wala namang dahilan ang magulang na bigyan sila ng maling gamot. Alam din nila na kailangang inumin ng bata ang gamot para sa kalusugan kaya pinayagan nila ang magulang na ibuhos ang gamot sa bote. Bagaman ganito ang naging nakagawian, maaaring malagay sa panganib ang kalusugan ng bata, hindi ito sumusunod sa patakaran ng sentro, at maaari rin itong makaapekto sa trabaho ng kawani dahil sa hindi pagsunod sa protokol na maaaring maglagay sa bata sa panganib.

Kailangang suriin ng DCYF ang mga nakasulat na patakaran ng isang programa ng maagang pagkatuto bago ito gamitin. Layunin nitong kumpirmahin na ang mga nakasulat na patakaran ay sumusunod sa mga regulasyong nakasaad para sa bawat paksa sa Kabanata 110-300 WAC. Gagawin ang pagsusuring ito bago maibigay ang unang lisensya. Sa pagpapatakbo ng programa, maaaring baguhin o i-update ng provider ng maagang pagkatuto ang isa o higit pang mga patakaran. Maaaring tugon ang update na ito sa isang insidente o karanasan sa programa, o batay sa bagong datos o pananaliksik. Kapag may malaking pagbabago o update sa dating patakaran na aprubado ng DCYF, kailangang muling isumite ng provider ang patakaran para repasuhin ng DCYF. Tumutukoy ang malaking update sa pagbabago ng nilalaman ng patakaran, hindi ang mga pagwawasto sa gramatika o wika para maging mas malinaw ang umiiral na patakaran.

Ang malinaw, maikli, may kaugnayan, at naipatutupad na mga patakaran sa programa ay nagpoprotekta sa kapakanan ng lahat ng mga batang nakatala at kawani. Habang kumukuha ng mga kawani ang programa, ang pagsasanay sa kanila tungkol sa mga nakasulat na patakaran ay nagbibigay ng pundamental na pag-unawa sa kanilang kasunduan sa trabaho at ang kanilang tungkulin at responsibilidad sa pagsunod sa mga pamantayan ng lisensya. Susuporta rin ang mga patakaran ng programa ng maagang pagkatuto sa mga kawani ng programa bilang sanggunian sa hinaharap kung kinakailangan.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa tahanan ng pamilya sa Benton County ang nagbahagi:

"Sa aking programa, ginagawa ko ang orientation kasama ang mga bagong tanggap na kawani bago sila makapagsimulang magtrabaho. Itinuturo namin ang mga pangunahing kaalaman tungkol sa kalusugan at kaligtasan. Tinitiyak ko na natutugunan nila ang lahat ng kanilang kwalipikasyon at nauunawaan nila ang kanilang job description at mga inaasahan. Bilang isang instruktor sa CPR, kasama sa aking ibinibigay na pagsasanay ang CPR at First Aid para sa kanila. Bago makapagsimulang magtrabaho ang isang bagong kawani kasama ang mga bata sa aking programa, kailangan din nilang kumpletuhin ang isang linggong pagsasanay. Binubuo ang pagsasanay ng pagsusuri sa lahat ng mga patakaran at pagtalakay sa mga partikular na detalye ng programa, tulad ng pagpapaalis sa mga bata ng kanilang sapatos at pagsukat ng kanilang temperatura pagdating nila. Maraming mga patakaran ang kailangang matutunan nila kaya napakadetalyado ng aking pagtuturo. Mayroon akong mga katulong na nagsasalita ng Spanish, kaya ibinibigay ko sa kanila ang mga patakaran sa English at Spanish. Iba't ibang paraan ang pinakamabisang paraan ng pagkatuto ng mga tao, kaya pini-print at ini-email ko sa kanila ang mga patakaran. Pagkatapos ng unang linggo, sinusundan ng bagong kawani ang aking pangunahing guro at ako. Pinapayagan sila nitong makita ang proseso at matutunan ang mga patakaran habang aktibong nagtatrabaho. Sinusundan ko ito sa pamamagitan ng pagtatanong sa bagong kawani tungkol sa kanilang mga feedback. Kung sila komportable sila o may mga bagay na sa tingin nila ay dapat baguhin para maging mas mabuti, bukas ako sa mga bagong pananaw. Paminsan-minsan, nagbibigay ako ng mga refresher training sa kanila upang matulungan silang maalala ang mga patakaran. Kung may pagbabago sa mga patakaran, nire-review ko lahat ang mga pagbabago kasama ang mga kawani."

Isang mahalagang bahagi ng patakaran sa mga de-kalidad na programa ang pagmamasid, pagsusuri, at pagbibigay ng feedback. Mahalaga para sa pamunuan, sa bawat kawani, at sa mga pamilyang kanilang pinaglilingkuran ang pag-obserba at pagsusuri sa trabaho ng kawani pati na ang pagbibigay ng feedback tungkol sa trabahong iyon. Ang pagsasaalang-alang sa kultural at indibidwal na pangangailangan ng kawani ay makatitiyak na ang feedback at pagsusuri ay magiging makabuluhan, may paggalang, at kapaki-pakinabang. Ayon sa Sentro para sa Pagkatuto at Kaalaman sa Maagang Pagkabata ng Head Start, ECLKC), "Ang superbisyon ay hindi lamang tungkol sa pananagutan ng kawani. Kasama rin dito ang pangako na alagaan at gabayan ang mga kawani upang magkaroon sila ng mga kasangkapan para matagumpay na makipag-ugnayan sa mga bata at pamilya. Nakatutulong ang mabisang ugnayan sa pagitan ng mga superbisor at kawani sa kakayahan nilang magmuni-muni at harapin ang mga stress at pangangailangan ng kanilang trabaho."[30]

Makikinabang ang mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto mula sa patuloy at sadyang pagmamasid sa silid-aralan upang makatanggap ng makabuluhang feedback na makatutulong sa pagpapahusay ng kanilang kakayahan sa pakikipag-ugnayan sa mga bata, pag-unlad sa pamumuno, antas ng kahusayan, at pagtupad sa kurikulum. Maaaring gawin ang ganitong uri ng impormal na pagmamasid sa buong iskedyul ng mga gawain ng programa, sa iba't ibang oras upang makuha ang mga sandali ng paglilipat-lipat, pamamahala sa silid-aralan, at ugnayan ng kawani sa mga bata. Ang suporta mula sa organisado at mapanuring superbisyon ay magpapalakas ng kasanayan, lakas, at kumpiyansa ng mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto sa kanilang propesyonal na gawain.

30 Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) at Serbisyong Pantao ng U.S., Pangasiwaan para sa mga Bata at Pamilya, "Reflective Supervision," available sa **https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/family-engagement/building-partnerships-guide-developing-relationships-families/reflective-supervision**, huling na-update noong Disyembre 3, 2019.



Ang maalam na proseso ng pagsusuri ay nagpapatibay sa masigasig na pagsusumikap ng mga kawani at nagpapalakas ng ugnayan sa pagitan ng provider at kanilang mga kawani. Sinusuportahan nito ang propesyonal na pag-unlad ng bawat kawani at inilalatag ang kanilang mga layunin para sa tagumpay sa propesyon ng maagang pagkatuto. Nagbibigay ang mga proseso ng pagsusuri ng pagkakataon upang matiyak na nasusunod ang mga patakaran at masuri kung natutugunan ng mga patakaran ang pangangailangan at halaga ng programa ng maagang pagkatuto. Nagbibigay din ang panahong ito ng pagninilay ng pagkakataon upang magbigay ng mahalagang gabay at suporta sa bawat kawani at makatanggap ng feedback at pananaw mula sa kanila. Ang paghiling ng opinyon ng mga kawani upang mapabuti ang kabuuang operasyon ng programa ng maagang pagkatuto at ang kanilang sariling pag-unlad bilang kawani ay magbibigay ng halaga at ambag sa kalidad ng programa.

Ang feedback at komunikasyon tungkol sa mga responsibilidad sa posisyon, ugnayan ng kawani at bata, kurikulum, ayos ng silid, at pakikipag-ugnayan sa mga magulang at pamilya ay nakatutulong upang mapabuti ang pasilidad at ang indibidwal na pag-unlad ng kawani bilang isang propesyonal sa maagang pagkatuto. Ang prosesong ito ay maaaring maging impormal na lingguhang pakikipag-ugnayan sa mga kawani, pormal na proseso bilang bahagi ng taunang pagsusuri, o paminsang-paminsang hindi naka-iskedyul na pagmamasid sa kapaligiran.

Sa WAC 110-300-0110(2), matatagpuan mo ang listahan ng mga patakaran na kinakailangan para sa isang programa ng maagang pagkatuto. Narito ang listahan kung saan matatagpuan ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga partikular na patakaran sa kani-kanilang mga WAC:

Paksa	WAC
Pagsubaybay sa bata, kabilang ang pagpigil sa mga bata na makapasok sa mga lugar na walang lisensya	110-300-0345 at 110-300-0350 Ang "lugar na walang lisensya" ay tinukoy sa 110-300-0005
Mga ligtas na pamamaraan sa pagtulog ng sanggol	110-300-0291
Mga pamamaraan sa paghahain ng pagkain	110-300-0195
Mga paglalakbay o pagbisita sa labas ng lugar (off-site field trip)	110-300-0480
Mga pamamaraan sa pamamahala ng gamot	110-300-0215
Mga medikal na emergency, sunog, paglikas sa panahon ng kalamidad, at paghahanda sa emergency	110-300-0166
Mandatoryong pag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso, kapabayaan, at pananamantala sa bata	110-300-0475
Indibidwal na plano sa pangangalaga sa kalusugan o espesyal na pangangailangan	110-300-0300
Mga regulasyon tungkol sa pagbabawal sa paninigarilyo, paggamit ng vape, alak, at droga	110-300-0420
Pangangalaga sa magdamag	110-300-0270
Walang diskriminasyon	110-300-0030
Mga responsibilidad ng kawani kung ang lisensyadong nagpapatakbo ng family home, direktor ng sentro, katulong na direktor, o superbisor ng programa ay wala sa programa ng maagang pagkatuto	110-300-0015
Pagprotekta sa mga bata at pag-uulat	110-300-0475
Mga kinakailangan sa background check	110-300-0100 110-300-0105 110-300-0425 at Kabanata 110-06

Kalusugan sa Pag-aalaga ng Bata. Webpage ng Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County na may kasamang impormasyon at iba't ibang halimbawa ng mga patakaran para sa mga programa ng maagang pagkatuto, kabilang ang paghahanda para sa emergency at mga patakaran sa kalusugan.
https://kingcounty.gov/depts/health/child-teen-health/child-care-health/model-health.aspx

Mga Mapagkukunan at Serbisyo para sa Provider ng Pag-aalaga ng Bata. Website ng Snohomish Health District na may kasamang impormasyon at mga halimbawa ng patakaran para sa mga programa ng maagang pagkatuto, kabilang ang mga patakaran sa kalusugan para sa family home at sentro, at plano para sa kalamidad.
www.snohd.org/238/Child-Care-Providers

Pagsusuri sa Kawani ng Pag-aalaga ng Bata. Isang halimbawa ng form para sa pagsusuri ng kawani sa mga programa ng maagang pagkatuto na ibinigay ng Virtual Lab School.
https://static.virtuallabschool.org/atmt/guidance/MG.Guidance_3.AdminSupport_A1.EvaluationExample.pdf

Maging Mas Mahusay na Superbisor sa Pamamagitan ng Mabisang Pagbibigay ng Feedback. Isang 14-minutong video kung saan tinatalakay ng TSNE MissionWorks trainer na si Joanne Horgan ang mga hakbang para sa "Feedback for Learning" na paraan ng pangangasiwa.
www.tsne.org/blog/become-better-supervisor-using-effective-feedback

Pagbuo ng mga Patakaran, Pamamaraan, at Pahayag sa Serbisyo ng Maagang Edukasyon at Pag-aalaga sa Bata: Isang Praktikal na Gabay. Isang publikasyon noong 2018 ng Tusla Early Years Inspectorate, isang Ahensya para sa Bata at Pamilya sa Ireland, na tumatalakay sa kahalagahan ng mga patakaran at pamamaraan, ang pagpaplano para dito, at ang pagtiyak na naipapatupad ang mga ito sa mga kapaligiran ng maagang pagkatuto. Ang mapagkukunan na ito ay para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa Ireland ngunit nagbibigay ng maraming impormasyong puwedeng gamitin para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa Estado ng Washington.
www.barnardos.ie/media/1541/developing-policies-a-practical-guide.pdf

Gabay: Pagdidisenyo ng mga Patakaran at Kagawian sa Antas ng Programa. Isang online lesson mula sa Virtual Lab School na may kasamang impormasyon at mga video tungkol sa mga patakaran at kagawian sa antas ng programa na may kaugnayan sa mga prinsipyo ng positibong paggabay. Sa pananaw ng tungkulin ng isang program manager, tinatalakay ng resource na ito ang mga nakasulat na patakaran, pagsuporta sa kawani, pagsusuri sa kawani upang maabot ang halaga ng programa, at mga pilosopiya tungkol sa positibong paggabay.
www.virtuallabschool.org/management/guidance/lesson-2

Magmasid, Magmuni-muni, at Magpatupad: Mga Paraan para Matagumpay na Mag-mentor ng mga Tagapagturo ng Maagang Pagkabata. Isang artikulo mula sa Mga Dimensyon ng Maagang Pagkabata na may mga estratehiya para sa mabisang pagme-mentor at pangmatagalang pagpapabuti sa mga kagawian sa pagtuturo sa maagang pagkatuto.
https://supportingfamiliestogether.org/wp-content/uploads/Dimensions_Vol40_3_Chu.pdf

Praktikal na Mga Kagawian at Pamamaraan sa Pamamahala. Isang online lesson mula sa Virtual Lab School na may kasamang impormasyon at mga video tungkol sa mabisang pamamaraan at proseso sa pagpapatakbo ng isang programa ng maagang pagkatuto sa family home.
www.virtuallabschool.org/fcc/program-management/lesson-6

Mga Patakaran at Kagawian sa Pamamahala ng Programa na Sumusuporta sa Kakayahan at mga Kagawian sa Pag-aalaga sa Sarili ng mga Kawani. Isang online lesson mula sa Virtual Lab School tungkol sa kahalagahan ng paglikha ng mga patakaran, kagawian, at pangkalahatang kapaligiran ng programa na sumusuporta sa kakayahan at mga kagawian sa pag-aalaga sa sarili ng mga kawani.
www.virtuallabschool.org/management/self-culture/lesson-3

Tatlong Pundasyon ng Mapagnilay na Superbisyon. Isang artikulo mula sa Zero to Three na tumatalakay sa mapagnilay na superbisyon bilang isang konteksto para sa pagkatuto at propesyonal na pag-unlad.
www.zerotothree.org/resources/412-three-building-blocks-of-reflective-supervision

Upang makatulong na mapanatiling naaayon sa mga regulasyon ng estado at pederal ang mga patakaran at maging napapanahon ayon sa mga nangyayari sa larangan ng maagang pagkatuto:

- Mag-sign up sa distribution list ng DCYF para makatanggap ng mga update mula sa ahensya: **https://public.govdelivery.com/accounts/WADEL/subscriber/new**
- Mag-sign up para sa Google Alerts na may kaugnayan sa mga paksang “pag-aalaga sa bata” o “tagapagturo ng maagang pagkabata”: **www.google.com/alerts**
- Bisitahin ang website ng National Association for the Education of Young Children (Pambansang Asosasyon para sa Edukasyon ng mga Bata) upang mag-explore ng iba’t ibang mapagkukunan at mag-subscribe sa mga email update mula sa organisasyon: **www.naeyc.org**
- Mag-subscribe sa Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata) blog para sa mga update: **https://info.childcareaware.org/blog**



WAC 110-300-0111

Pangangalaga sa Kawani

(1) Ang provider ng maagang pagkatuto na nangangasiwa sa mga kawani ay dapat:

(a) Magtakda ng plano ng gawain na may malinaw na mga inaasahan;

(b) Alamin kung ano ang ginagawa ng mga kawani; at

(c) Maging handa at kayang tumugon sa oras ng emergency kung kinakailangan upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga batang nasa pag-aalaga.

(2) Kapag ang lisensyadong nagpapatakbo ng family home, direktor ng sentro, katulong na direktor, superbisor ng programa, pangunahing guro, o katulong na guro ang tanging kawani na nangangasiwa sa isang katuwang o boluntaryo, puwede lamang na mawala sa saklaw ng paningin at pandinig ng supervisor ang katuwang o boluntaryo kung ang katuwang, boluntaryo, o supervisor ay tumutugon sa kanilang personal na pangangailangan.

Mahalaga ang pangangasiwa at pagbabantay sa lahat ng kawani ng programa ng maagang pagkatuto para sa tagumpay ng programa at upang mapataas ang kalidad ng pag-aalaga para sa mga bata. Kung ang lisensyado ay kumilos nang may positibong pangangasiwa at pananaw na nakabatay sa ugnayan, makakabuo ito sa huli ng isang programa ng maagang pagkatuto na matatag at puno ng integridad. Ayon sa Pambansang Sentro para sa mga Sanggol, Batang Paslit, at mga Pamilya, Zero to Three, may tatlong pundasyon ng mapagnilay na superbisyon na bumubuo sa konteksto para sa pagkatuto ng mga kawani at sa kanilang propesyonal na paglago. Ang tatlong bahaging ito ay pagninilay, pagtutulungan, at regularidad.[31]

Dapat maunawaan ng mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto ang kritikal na kahalagahan ng kanilang tungkulin at mga responsibilidad kaugnay ng magiging resulta para sa mga bata. Kasama sa pangangasiwa ang malinaw na nakasaad na plano ng gawain na nagbibigay-alam sa mga kawani tungkol sa mga layunin ng programa at sa kanilang mga tungkulin at responsibilidad sa posisyon. Nakakatulong ang malinaw na mga inaasahan upang magabayan ang pagganap ng mga kawani at nagpapataas ng posibilidad na kanilang maunawaan at matugunan ang mga ito. Dapat lubos na maunawaan at kilalanin ng lahat ng empleyado ang mga inaasahan sa kanilang tungkulin. Naipapahayag ang mga tungkulin sa trabaho at mga inaasahan sa pamamagitan ng orientation para sa bagong kawani sa oras na matanggap sila sa trabaho at maaari ring suriin sa panahon ng mga pagkakataon para sa mentoring o coaching. Kung may mga pagbabago sa mga tungkulin ng kawani ng programa ng maagang pagkatuto, mahalagang maiparating agad ito upang ma-update sila sa kanilang pang-araw-araw na gawain. Nasusuportahan ang tagumpay ng mga kawani kapag nagbibigay ang work plan ng pagkakataon para makapagtanong sila at makatanggap ng nakabubuo at nakasuportang feedback.



Binabalangkas sa WAC 110-300-0110 ang mga kinakailangang patakaran ng programa na dapat sanayin ang mga kawani.

Bilang isang taong nangangasiwa sa mga kawani, dapat alam ng provider ng maagang pagkatuto kung ano ang ginagawa ng mga kawani at kung gaano kaepektibo ang kanilang pagganap sa loob ng programa. Mahalaga ito para sa kaligtasan ng mga bata, propesyonal na paglago ng mga kawani, at sa oras ng emergency. Kasama sa mga emergency ang mga aksidente o pinsala, hindi angkop na pakikitungo, o mga personal na emergency. Para malaman kung ano ang ginagawa ng mga kawani, puwede regular na makipag-ugnayan ang mga provider ng maagang pagkatuto na may tungkulin sa pangangasiwa sa mga kawani at sa kapaligiran ng pagkatuto. Nagbibigay ito ng pagkakataon para mapansin ang kapaligiran, mga gawain, at ugnayan sa pagitan ng mga kawani ng programa at mga bata, at masuportahan ang mga kawani sa anumang paraan na kinakailangan.

31 Zero to Three: Pambansang Sentro para sa mga Sanggol, Batang Paslit, at mga Pamilya, "Tatlong Pundasyon ng Mapagnilay na Superbisyon," available sa **www.zerotothree.org/resources/412-three-building-blocks-of-reflective-supervision**, inilathala noong Marso 8, 2016.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa sentro mula sa Kitsap County ang nagbahagi:

"Madaling maabala sa mga tungkulin at mga listahan ng gagawin, pero napakahalaga rin na magkaroon ng rutina para makipag-ugnayan sa mga kawani araw-araw. Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng paggawa ng "mga paglilibot" nang hindi bababa sa 2-3 beses sa isang araw sa iba't ibang oras. Tinitingnan namin ang bilang ng mga bata, sinusuri ang enerhiya ng mga kawani, pinapansin ang mga positibong ginagawa ng mga kawani, tinitingnan kung natutuloy ang mga planadong aktibidad ng kurikulum, at hinahanap kung saan maaaring kailanganin ang suporta. Gumagamit kami ng pang-araw-araw na memo para mapaalam sa aming mga kawani ang tungkol sa mga bagong nag-enroll, mga nalalapit na deadline, pagbabago sa kawani, at para magbigay ng papuri at paalala araw-araw. Mula 7-9:30 a.m. at muli mula 3:30-5:30 p.m., hindi kami ng aking katulong na direktor nagpa-plano ng anumang meeting o gawain sa mesa. Sa halip, nakikita at available kami para sa mga kawani at pamilya sa mga abalang oras ng paghahatid at pagsundo. Tinitiyak naming nananatili ang tamang ratio sa mga silid at kung minsan ay tumutulong kami kapag kinakailangan. Mayroon kaming bukas na disenyo ng gusali, kaya laging may karagdagang mata, tainga, at mga kamay na handang tumulong sa malapit. Ginagamit din namin ang mga telepono sa bawat silid-aralan, pati na rin ang mga walkie talkie na available sa mga playground upang mapanatili ang komunikasyon kapag may pangangailangan, kahilingan, o emergency."

Ipinagmamalaki ni Archie ang tungkulin bilang isang superbisor ng programa. Bukod sa araw-araw na pagsubaybay at pangkalahatang pag-alam sa mga kawani at silid-aralan, inilalaan ni Archie ang Biyernes ng umaga para magmasid at makipag-usap sa mga kawani upang magbigay ng nakabubuting feedback. Kapag mas madalas makita ng mga kawani si Archie na bumibisita sa kanilang mga silid-aralan at maranasan ang nakabubuting feedback, mas tumitibay ang kanilang tiwala na ang presensya ni Archie ay para tulungan sila at ang buong programa na magtagumpay.



WAC 110-300-0115

Mga rekord ng kawani

(1) Dapat magtayo ang isang provider ng maagang pagkatuto ng sistema ng mga rekord para sa kanilang sarili, mga kasapi ng sambahayan, mga kawani, at mga boluntaryo na sumusunod sa mga kinakailangan ng kabanatang ito. Ang mga rekord ng kawani ng programa ng maagang pagkatuto ay dapat:

- **(a) Napatunayan ng lisensyado, direktor ng sentro, katulong na direktor, o superbisor ng programa;**
- **(b) Naiipasok at napananatili sa electronic workforce registry, kung naaangkop. Maaaring itapon ang mga papel na rekord kapag naisama na ito sa electronic workforce registry at nakumpirma ng kagawaran;**
- **(c) Na-update upang tanggalin ang mga pangalan ng kawani mula sa electronic workforce registry kapag hindi na sila nagtatrabaho sa programa ng maagang pagkatuto; at**
- **(d) Nananatili sa lugar mismo o sa opisina ng administrasyon ng programa sa paraang nagpapahintulot sa kagawaran na suriin ang mga rekord.**

(2) Ang mga rekord para sa bawat provider ng maagang pagkatuto at kawani ay dapat maglaman ng:

- **(a) Unang pangalan at apelyido;**
- **(b) Petsa ng kapanganakan;**
- **(c) Pamagat ng trabaho;**
- **(d) Unang araw at huling araw ng pagtatrabaho, kung naaangkop;**
- **(e) Patunay ng mga propesyonal na kredensyal, mga kinakailangan, at pagsasanay para sa bawat miyembro ng kawani ng maagang pagkatuto, alinsunod sa WAC 110-300-0100 hanggang 110-300-0110.**

(3) Kailangang panatilihin ng isang lisensyado, direktor ng sentro, katulong na direktor, o superbisor ng programa ang mga sumusunod na rekord para sa bawat provider ng maagang pagkatuto at kawani ng programa nang may kumpidensyalidad. Dapat masusuri ng kagawaran ang mga rekord na ito at kailangang may kasama kahit man lang:


- **(a) Kopya ng kasalukuyang government-issued identification na may litrato;**
- **(b) Impormasyon para sa emergency contact;**
- **(c) Kumpletong aplikasyon sa trabaho o resume;**
- **(d) Taunang obserbasyon, pagsusuri, at impormasyon sa feedback;**
- **(e) Ang Social Security number ng lisensyado, federal EIN, o isang nakasulat na dokumento na nagsasaad na wala ang lisensyado ng alinman sa mga ito; at**
- **(f) Mga rekord ng pagbabakuna kasama ang mga dokumento ng exemption (para lamang sa mga sentro maagang pagkatuto programs).**

Ayon sa CFOC, mahalaga ang mga rekord ng kawani dahil ang "kumpletong pagkakakilanlan ng mga kawani, bayad man o boluntaryo, ay isang mahalagang hakbang sa pagtiyak ng kaligtasan ng mga bata sa child care."[32] Ang pagtatago ng mga rekord para sa bawat kawani ay nagpapatunay na ang bawat indibidwal ay nakakatugon sa mga kwalipikasyon at mga kinakailangan sa background na angkop para magbigay ng uri ng pag-aalaga na kailangan ng mga bata. Tinutulungan din ng mga rekord ng kawani ang isang provider ng maagang pagkatuto na matiyak na ang mga kawani ay nasasanay sa mga impormasyong kinakailangan upang suportahan ang kalusugan, kaligtasan, at pag-unlad ng mga bata. Pinapahintulutan ng mga rekord ang isang provider ng maagang pagkatuto na matukoy kung aling mga kawani ang nakatapos na ng mga kinakailangang pagsasanay, kung sino pa ang kailangang kumuha nito, at kung kailan kailangang i-renew ng mga kawani ang mga paulit-ulit na kinakailangan. Magagamit din ang mga rekord ng kawani upang makatulong sa pagtukoy ng mga paksa at larangan na nangangailangan ng karagdagang pagsasanay at professional development plans (mga plano para sa propesyonal na pag-unlad).

32 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak: Pambansang Pamantayan sa Pagganap para sa Kalusugan at Kaligtasan; Panuntunan para sa Mga Programa ng Maagang Pag-aalaga at Edukasyon, Ika-4 na edisyon. (Itasca, IL: Amerikanong Akademya ng Pediatrics, 2019), 424.*

Ang mga programa ng maagang pagkatuto sa family home ay may karagdagang kinakailangan na magtago at magpanatili ng dokumentasyon para sa mga kasapi ng sambahayan na naninirahan sa bahay. Ang kinakailangang ito ay nagbibigay ng katiyakan sa mga magulang at tagapag-alaga na ang mga taong may regular na access sa programa ng maagang pagkatuto ay nakakatugon sa mga pangunahing kwalipikasyon.

Nagbibigay ang DCYF ng isang electronic workforce registry na tinatawag na MERIT upang makatulong sa pag-organisa at pagsubaybay ng karamihan sa mga rekord at pagsasanay ng mga kawani. Pinapahintulutan ng MERIT ang mga provider ng maagang pagkatuto na idokumento at subaybayan ang kanilang mga kwalipikasyon at pagsasanay, at ibahagi ang impormasyong ito sa kanilang mga employer. Dapat tiyakin ng lisensyado, direktor ng sentro, katulong na direktor, o superbisor ng programa (pamamahala ng programa) na lahat ng kawani ay maayos na nakarehistro sa MERIT at nakakonekta sa kanilang programa ng maagang pagkatuto. Kapag ang isang pasilidad ng maagang pagkatuto ay nagrehistro sa MERIT, nagkakaroon ang pamamahala ng programa ng kakayahang makita ang impormasyong inilagay sa MERIT para sa bawat isa sa kanilang mga kawani. Dapat tiyakin ng pamunuan ng programa ang empleyo ng bawat kawani, at baguhin ang "Status" sa "Confirmed" sa MERIT. Kapag hindi na nagtatrabaho ang isang kawani sa pasilidad, kailangang ilagay ng pamunuan ng programa ang petsa ng pagtatapos ng empleyo sa MERIT. Makatutulong ito upang alisin ang kakayahan ng pamunuan na makita ang mga rekord ng indibidwal at mapanatiling maayos at updated ang mga rekord ng programa.



Dapat itago ang mga rekord ng kawani sa loob ng lugar ng programa o sa opisina ng administrasyon ng programa. Bagbibigay-daan ito sa pamunuan ng programa na regular na suriin at gamitin ang mga rekord upang pamahalaan ang mga kwalipikasyon ng kawani at professional development plans (mga plano para sa propesyonal na pag-unlad). Tinitiyak din na ang lokasyon ng mga rekord na ito ay madaling makita ng mga kawani ng DCYF kapag kinakailangan. Dapat maging madaling ma-access ng mga kawani ng DCYF ang mga rekord sa panahon ng pagbisita sa lugar, maaaring sa pamamagitan ng mga kopya sa papel na nasa lugar, elektronikong kopya, o sa pamamagitan ng pagpapadala ng tagapagbigay ng lisensya sa administratibong lokasyon ng programa (maliban sa programa ng maagang pagkatuto) upang makita ang mga dokumento.

Mayroon ang mga provider ng maagang pagkatuto ng legal at etikal na responsibilidad na pamahalaan ang mga rekord na may pribado o sensitibong impormasyon sa paraang pinoprotektahan ang kumpidensyalidad nito. Ang mga rekord na may personal na impormasyon tulad ng Social Security number, impormasyon ng emergency contact, pagganap at feedback ng empleyado, datos pangkalusugan o medikal, at iba pang personal na impormasyon ay kailangang itago at ingatang mabuti upang maprotektahan ang privacy ng indibidwal.

Mga estratehiya na maaaring gamitin ng isang provider ng maagang pagkatuto upang panatilihing kumpidensyal ang sensitibo at personal na impormasyon ay maaaring kabilang ang:

- Bumuo ng mga nakasulat na patakaran na naglalahad kung paano dapat hawakan at itago ang mga rekord
- Itago ang kumpidensyal na impormasyon sa isang nakasaraang kabinet, opisina, o iba pang administratibong lokasyon
- Limitahan ang bilang ng mga taong may access sa kumpidensyal na impormasyon
- Bawasan ang dami ng mga dokumento sa pamamagitan ng pagtatago ng kumpidensyal na impormasyon sa iisang pahina lamang, o sa kaunting pahina hangga't maaari
- Itago ang lahat ng kumpidensyal na impormasyon sa iisang lugar upang mabawasan ang dami ng mga lugar na kailangang masusing bantayan
- Gumamit ng mga password at login criteria para sa mga elektronikong dokumento
- Lagyan ng label na "kumpidensyal" ang mga dokumento at file na may kumpidensyal na impormasyon

Binabalangkas sa WAC 110-300-0455(3) ang mga kinakailangan para sa pagtatago ng araw-araw na rekord ng pagdalo ng mga kawani para sa bawat silid-aralan sa sentro o programa ng family home.

Binabalangkas sa WAC 110-300-0100 hanggang 110-300-0110 ang mga propesyonal na kredensyal, mga kinakailangan, at pagsasanay na kailangan para sa bawat miyembro ng kawani ng maagang pagkatuto.

Ayon sa WAC 110-300-0120(3), ang isang kawani na hindi pa nabakunahan o hindi nakapagpakita ng patunay ng imyunidad laban sa nakakahawang sakit ay maaaring kailangang manatili sa labas ng pasilidad habang may paglaganap ng nakakahawang sakit.

Ako ay isang Provider ng Maagang Pagkatuto. Isang webpage ng DCYF na may impormasyon at mga link tungkol sa kwalipikasyon ng kawani, mga kinakailangan sa pagkuha ng empleyado, edukasyon, katumbas na opsyon, mga kinakailangan sa pagsasanay ayon sa tungkulin, at mga checklist ayon sa tungkulin.
www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-profdev/early-learning-provider

MERIT. Ang webpage ng DCYF para ma-access ang MERIT portal. Nagbibigay din ito ng impormasyon at mga link para sa suporta sa MERIT, beripikasyon ng edukasyon at apela, pagsasanay, reimbursement para sa pagsasanay, at mga pinag-aprobahang resource para sa mga trainer ng estado.
www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-profdev/merit

Suporta sa Programa. Isang online na leksyon mula sa Virtual Lab School na tumatalakay sa kahalagahan ng pagkuha at pagtanggap ng mga bagong miyembro ng kawani sa programa, kung paano nakakatulong ang tuloy-tuloy na propesyonal na pag-unlad sa pagpapabuti ng kalidad ng programa, at naglalaman ng impormasyon tungkol sa pagsusuri ng pagganap ng kawani at pagtatakda ng mga layunin.
www.virtuallabschool.org/management/program-management/lesson-2?module=11796

WAC 110-300-0120

Pagtugon sa personal, propesyonal, at pangkalusugang pangangailangan ng mga kawani

(1) Dapat tugunan ng lisensyado ang personal at propesyonal na pangangailangan ng mga kawani sa pamamagitan ng:

(a) Pagkakaroon ng ligtas na lugar para itago ang mga personal na gamit na hindi maaabot ng mga bata;

(b) Pagkakaroon ng madaling maabot na telepono para gamitin sa mga tawag sa emergency o para makontak ang mga magulang ng mga batang naka-enroll; at

(c) Pagbibigay ng lugar para sa pag-file at pag-iimbak ng mga propesyonal na materyal.

(2) Dapat ipatanggal ang isang provider ng maagang pagkatuto mula sa mga lugar ng maagang pagkatuto kapag ang kanilang sakit o kondisyon ay nagdudulot ng panganib na makahawa ng nakakapinsalang sakit o makompromiso ang kalusugan at kaligtasan ng iba. Ang mga sakit at kondisyon na nag-uudyok na hindi payagang pumasok ang isang kawani ay naaayon sa WAC 110-300-0205.

(3) Kung ang isang kawani ay hindi nabakunahan o hindi nakapagpakita ng dokumentado ukol sa imyunidad laban sa isang sakit na maaaring mapigilan ng bakuna, maaaring utusan siya ng lokal na hurisdiksyon ng kalusugan o ng kagawaran na manatili sa labas ng pasilidad habang may paglaganap ng nakakahawang sakit na inilalarawan sa WAC 246-110-010. Ang isang kawani o boluntaryo ng programa ng maagang pagkatuto sa sentro na hindi nabakunahan laban sa tigdas, beke, at rubella o hindi nakapagpakita ng patunay ng imyunidad laban sa tigdas ay hindi dapat payagang pumasok sa lugar ng maagang pagkatuto sa sentro maliban na lamang kung naaayon sa (a) at (b) ng bahaging ito.

(a) Maaaring payagan ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ang isang tao na magtrabaho o magboluntaryo sa loob ng sentro ng maagang pagkatuto nang hanggang tatlumpung araw ng kalendaryo kung pipirma siya ng isang nakasulat na pahayag na nakatanggap na siya ng bakuna laban sa tigdas, beke, at rubella, o may imyunidad laban sa tigdas, ngunit nangangailangan pa ng karagdagang oras upang makuha at maipasa ang kanyang mga rekord ng pagbabakuna. Dapat kabilang sa mga kinakailangang rekord ang mga rekord ng pagbabakuna na nagpapatunay na ang empleyado o boluntaryo ay nakatanggap ng bakuna laban sa tigdas, beke, at rubella; o mga rekord na nagpapakita ng patunay ng imyunidad mula sa tigdas sa pamamagitan ng dokumentasyon ng laboratoryong ebidensiya ng antibody titer o isang pahayag mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kasaysayan ng tigdas ng tao na sapat upang magbigay ng imyunidad laban sa tigdas.

(b) Maaaring payagan ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ang isang tao na magtrabaho o magboluntaryo sa loob ng maagang pagkatuto sa sentro kung ang tao ay magbibigay sa programa ng isang nakasulat na sertipikasyon na nilagdaan ng isang practitioner ng pangangalagang pangkalusugan, ayon sa kahulugan sa RCW 28A.210.090(3), na sa palagay ng practitioner ay hindi inirerekomenda ang bakuna laban sa tigdas, beke, at rubella para sa taong iyon. Hindi ito sakop ng subseksyon (3)(b) kung ang practitioner ng pangangalagang pangkalusugan ng isang tao na ligtas na niyang matatanggap ang bakuna laban sa tigdas, beke, at rubella.

(4) Ang patakaran sa kalusugan ng isang programa ng maagang pagkatuto, alinsunod sa WAC 110-300-0500, ay dapat maglaman ng mga probisyon para sa pagpapaalis o paghihiwalay ng mga kawani na may nakakahawang sakit na inilalarawan sa WAC 246-110-010, ayon sa kasalukuyan at sa mga susunod na pagbabago.

Iniulat ng Sentro para sa Pag-unlad ng Amerika na "ang lakas-paggawa ang pinakamahalagang bahagi ng kalidad sa isang programa ng maagang pagkabata."[33] Kapag ang mga propesyonal sa maagang pagkatuto ay may sapat na mga mapagkukunan at suporta na kailangan nila, mas nagiging mahusay sila sa pagtutok sa pangangailangan ng mga bata at pagbibigay ng de-kalidad na karanasan sa pagkatuto. Dahil dito, inaatasan ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na matugunan ang mga pangunahing personal at propesyonal na pangangailangan ng mga kawani.

Ang pagbibigay ng ligtas na lugar para itago ang kanilang mga personal na gamit ay maaaring magbigay sa mga kawani ng kapanatagan ng loob na ang kanilang mga gamit ay protektado, pati na rin ng pakiramdam na sila ay pinahahalagahan at nirerespeto. Ang ligtas na pag-iimbak ng mga personal na gamit ng kawani ay nagpoprotekta rin sa mga bata mula sa mga posibleng mapanganib na bagay. Maaaring kabilang dito ang mga gamot, susi, barya, pitaka, bag, karayom, o iba pang mga bagay. Maaaring ilagay ang storage ng mga gamit ng kawani sa isang hindi lisensyadong lugar o sa isang locker, drawer, lalagyan, o kabinet sa loob ng lisensyadong lugar, basta't hindi maaabot ng mga bata ang mga gamit.

33 Sentro para sa Pag-unlad ng Amerika, "Quality 101: Identifying the Core Components of a High-Quality Early Childhood Program," available sa **www.americanprogress.org/issues/early-childhood/reports/2017/02/13/414939/quality-101-identifying-the-core-components-of-a-high-quality-early-childhood-program/**, inilathala noong Pebrero 13, 2017.

Ang madaling maabot na business phone ay nagbibigay-daan sa mga kawani na makipag-ugnayan sa mga pamilya, pamamahala ng programa, mga serbisyong pang-emergency, o iba pang mga kaugnay na tao sakaling may emergency o agarang sitwasyon. Maaari rin itong magbigay ng kapanatagan sa mga kawani na sila ay maaaring tawagan upang maipaalam ang isang agaran o emergency na sitwasyon, kung kinakailangan, habang sila ay nasa trabaho. Hindi kinakailangang madaling maabot ang mga personal na cellphone para sa mga provider ng maagang pagkatuto.

Nakakatulong ang pare-pareho at organisadong pag-iimbak ng mga propesyonal na materyal upang masiguro na ang posibleng limitadong oras para sa pagpaplano ay nagiging epektibo at produktibo hangga't maaari. Sumusuporta ito sa maingat at handang mga pang-araw-araw na iskedyul at planadong mga aktibidad para sa mga bata.

Ayon sa pananaliksik, ang stress ng guro ay maaaring makaapekto sa positibong ugnayan ng guro at bata at "kaugnay ito ng hindi kanais-nais na mga kagawian sa pagtuturo."[34] Ang pagtugon sa mga pangunahing personal at propesyonal na pangangailangan ng mga kawani ay maaaring magresulta sa mga kawani na mas kalmado at hindi gaanong nadi-distract.

Isa pang aspeto ng pagtugon sa pangangailangan ng mga kawani ay ang pangangalaga sa kanilang pisikal na kalusugan. May mga pagkakataon na kailangang alisin ang isang batang may sakit o kawani mula sa lugar ng programa ng maagang pagkatuto para sa proteksyon ng iba sa programa. Sa pagtukoy kung dapat bang pagbawalan ang isang provider ng maagang pagkatuto, ang parehong mga patnubay na ginagamit para sa mga bata ay dapat ding gamitin para sa mga kawani. Ang mga provider ng maagang pagkatuto na may sakit habang nasa trabaho ay maaaring magkalat ng mikrobyo at mga nakakahawang sakit sa mga bata at kawani. Kung ang isang kawani ay may sakit na maaaring makahawa sa iba, kailangan siyang alisin muna sa lugar ng maagang pagkatuto hanggang sa siya ay gumaling. Kung ang kawani ng programa ng maagang pagkatuto ay nasuri na may nakakahawang sakit, dapat may abiso mula sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan o mula sa kinauukulang ahensya sa kalusugan na ligtas na para sa indibidwal na bumalik sa trabaho.



Binabalangkas sa WAC 110-300-0205 ang mga kinakailangan na may kinalaman sa pagkakasakit ng bata, kawani, at miyembro ng sambahayan.

Maaaring alisin din sa trabaho ang mga kawani kung hindi sila nabakunahan at may biglang paglaganap ng isang nakakahawang sakit. Ang pag-aalis ay nagpoprotekta sa kalusugan ng mismong kawani at nagpoprotekta rin sa iba sa programa laban sa posibleng impeksyon. Kung may biglang paglaganap ng sakit, ang isang hindi nabakunahang indibidwal ay dapat na masubaybayan nang mabuti para sa mga sintomas at humingi ng agarang medikal na tulong kung lumitaw ang mga sintomas ng sakit.[35]

Ayon sa Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit, CDC), "ang mga bakuna ay maaaring makuha sa mga pribadong klinika o tanggapan ng doktor, botika, lugar ng trabaho, klinika para sa kalusugan ng komunidad, kagawaran ng kalusugan, o iba pang mga lugar sa komunidad gaya ng mga paaralan at sentrong panrelihiyon."[36] Ang mga sentrong pangkalusugan na pinopondohan ng pamahalaang pederal ay maaaring magbigay ng serbisyo para sa mga taong walang insurance sa kalusugan o regular na pinagkukunan ng pangangalagang pangkalusugan. Ang bayad para sa serbisyong ito ay nakabatay sa kita ng indibidwal.

34 Ugnayan sa Pananaliksik para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon, "Early Care and Education Teacher Well-being," available sa **www.nccp.org/wp-content/uploads/2020/05/text_1224.pdf**, inilathala noong Marso 2019.

35 British Columbia Immunize BC, "Your risks and responsibilities with an unvaccinated child," available sa **https://immunizebc.ca/your-risks-and-responsibilities-unvaccinated-child, huling in-update noong Marso 24, 2020**

36 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Where to Find Vaccines," available sa **www.cdc.gov/vaccines/adults/find-vaccines.html**, huling in-update noong Marso 31, 2017.



"Ayon sa batas ng estado, ang sinumang kawani o boluntaryo na hindi sumusunod sa mga kinakailangan sa pagbabakuna ay hindi pinapayagang magtrabaho o magboluntaryo sa isang lisensyadong sentro ng pag-aalaga ng bata."[37] Tinatalakay sa WAC 110-300-0120 ang mga tala ng pagbabakuna ng mga empleyado at boluntaryo sa sentro. Nakapaloob dito na lahat ng lisensyadong kawani at boluntaryo ng sentro ng pag-aalaga sa bata ay dapat magbigay ng isa sa mga sumusunod:

- Isang tala ng pagbabakuna na nagpapakita na nakatanggap sila ng kahit isang dosis ng bakuna para sa measles, mumps, at rubella (tigdas, beke, rubella, MMR).
- Ebidensiya mula sa laboratoryo ng imyunidad laban sa sakit na tigdas (kilala rin bilang pagsusuri ng dugo o titer).
- Dokumentasyon mula sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na nagsasaad na ang indibidwal ay nagkaroon na ng sakit na tigdas na sapat upang magbigay ng imyunidad laban sa tigdas.
- Nakasulat na sertipikasyon na nilagdaan ng isang lisensyadong practitioner ng pangangalagang pangkalusugan sa Estado ng Washington—medical doctor (doktor ng medisina, MD), naturopathic doctor (doktor ng naturopathy, ND), osteopathic doctor (doktor ng oesteopathy, DO), advanced registered nurse practitioner (makabagong rehistradong nurse practitioner, ARNP), o physician's assistant (katulong na doktor, PA)—na nagsasaad, ayon sa pasya ng practitioner, na hindi nararapat para sa indibidwal ang bakuna sa MMR.

Hindi maaaring palibanin ang mga kawani at boluntaryo ng sentro ng pag-aalaga sa bata mula sa kinakailangang magsumite ng dokumento ng imyunidad sa MMR dahil sa mga personal o relihiyosong dahilan. Maaaring manatili sa pasilidad nang hanggang 30 araw ang isang provider ng maagang pagkatuto sa sentro kung lalagda siya ng pahayag na siya ay nabakunahan laban sa MMR o may imyunidad na, ngunit kailangan pa ng mas mahabang panahon upang makuha ang nakasulat na tala.

Binabalangkas sa WAC 110-300-0210 ang mga kinakailangan para sa pagbabakuna at mga batang may eksepsyon.

37 Department of Children, Youth & Families (Kagawaran ng mga Bata, Kabataan, at Pamilya) ng Estado ng Washington "House Bill 1638 Removes MMR Vaccine Exemption for Schools & Child Care Centers," available sa **https://dcyf.wa.gov/news/house-bill-1638-removes-mmr-vaccine-exemption-schools-child-care-centers**, inilathala noong Hunyo 25, 2019.

Mga Madalas Itanong Tungkol sa Pagbabakuna ng mga Nasa Hustong Gulang. Isang webpage ng Washington State Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington, DOH) na may impormasyon kung bakit mahalaga ang pagbabakuna, kung saan ninyo ito maaaring makuha, at kung magkano ang halaga ng mga ito.
www.doh.wa.gov/YouandYourFamily/Immunization/Adult/FAQ#3

Mga Bakuna at mga Nakakahawang Sakit. Isang webpage ng Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit, CDC) na may impormasyon tungkol sa mga bakuna, kabilang ang kung sino ang dapat at hindi dapat mabakunahan, mga edad kung kailan dapat ibigay ang mga bakuna, at mga posibleng side effect mula sa mga bakuna.
www.cdc.gov/vaccines/vpd/index.html

Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata, CCA). Isang website na may mga mapagkukunan at suporta para sa mga provider ng maagang pagkatuto. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na kinatawan ng Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata) para sa karagdagang suporta at gabay.
www.childcareaware.org/

Kalusugan at Kapakanan ng mga Guro sa Maagang Pag-aalaga at Edukasyon: Kaugnayan sa Karanasan, Kinalabasan, at Kalagayan sa Lugar ng Trabaho ng mga Bata: Isang Research-to-Policy Brief. Isang maiksing pananaliksik na sumusuri sa mga anyo ng stress at ang kaugnayan nito sa mga kagawian sa pagtuturo sa maagang pagkatuto, pagkatuto ng mga bata, at mga kalagayan sa lugar ng trabaho.
www.nccp.org/wp-content/uploads/2020/05/text_1224.pdf

Inaalis ng Panukalang Batas ng Kapulungan 1638 ang Eksepsyon sa Bakuna Laban sa MMR para sa mga Paaralan at Sentro ng Pag-aalaga ng Bata. Isang webpage ng DCYF na nagbibigay ng impormasyon at paglilinaw tungkol sa pagtanggal ng opsyon para sa personal o pilosopikal na eksepsyon sa kinakailangan ng bakuna laban sa MMR para sa mga paaralan at sentro ng pag-aalaga sa bata.
www.dcyf.wa.gov/news/house-bill-1638-removes-mmr-vaccine-exemption-schools-child-care-centers

Mga pagbabakuna para sa mga bata mula kapanganakan hanggang 6 na taong gulang. Ang webpage ng Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington para sa pagbabakuna ng mga bata. Kasama rito ang mga link sa iskedyul, impormasyon, handout, at iba pang mga mapagkukunan.
www.doh.wa.gov/YouandYourFamily/Immunization/Children

Pagbabago sa Batas Tungkol sa Eksepsyon sa Bakuna Laban sa MMR 2019. Webpage ng Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington na may impormasyon at mga mapagkukunan na may kinalaman sa batas tungkol sa eksepsyon sa bakuna. Kasama sa webpage na ito ang mga link na may mga sampol ng liham na maaaring ibigay sa mga kawani ng pag-aalaga ng bata o sa mga magulang at guardian upang matulungan silang maunawaan ang batas.
www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/Schools/Immunization/ExemptionLawChange

Mga Patakaran at Kagawian sa Pamamahala ng Programa na Sumusuporta sa Kakayahan at mga Kagawian sa Pag-aalaga sa Sarili ng mga Kawani. Isang online lesson mula sa Virtual Lab School tungkol sa kahalagahan ng paglikha ng mga patakaran, kagawian, at pangkalahatang kapaligiran ng programa na sumusuporta sa kakayahan at mga kagawian sa pag-aalaga sa sarili ng mga kawani.
www.virtuallabschool.org/management/self-culture/lesson-3

Pagsuporta sa mga Guro na Sumasuporta sa mga Bata at Pamilya: Ang Koponan sa Likod ng Guro. Isang artikulo ng NAEYC na tumatalakay sa mga paraan kung paano masusuportahan ang mga provider ng maagang pagkatuto.
www.naeyc.org/resources/pubs/yc/nov2015/supporting-educators-who-support-children-families

Kagalingan ng Kawani: Pamamahala ng Stress. Isang pahayagan sa ECLKC na tumutukoy sa mga palatandaan at sintomas ng stress at nagbibigay ng mga tip kung paano pamahalaan ang stress.
https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/sites/default/files/pdf/health-services-newsletter-201408.pdf

Bakit Mahalaga ang Pagsuporta sa Sikolohikal na Kagalingan ng mga Guro sa Maagang Pagkabata. Isang artikulo sa Asosasyon ng mga Sikolohista sa Amerika na nagbibigay ng mga mapagkukunan na maaaring gamitin ng mga guro upang masuportahan ang kanilang paglipat sa propesyon ng maagang pagkatuto.
http://psychlearningcurve.org/psychological-well-being-of-early-childhood-educators/

Mabuting Kalagayan ng Kalusugan sa Lugar ng Trabaho. Isang website ng Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington na naglalaman ng mga tip para sa paglikha ng isang kapaligiran na sumusuporta sa kalusugan.
www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/WorksiteWellness



Ikalimang Seksyon:
Kapaligiran

Kapaligiran

Ang seksyon ng Kapaligiran ang bumubuo sa pinakamalaking kategoryang 110-300 ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad. Tinutukoy nito ang mga inaasahan at kinakailangan para sa pagbibigay ng ligtas, malusog, at pang-edukasyong kapaligiran, isinasaalang-alang ang pagiging natatangi ng parehong family home at mga kapaligiran sa sentro. Nakatuon ang seksyong ito sa kaligtasan at kalusugan ng paligid ng bata na may malaking epekto sa kanilang tagumpay, na nauunawaan na dapat maging malusog at ligtas ang mga bata upang umunlad sa positibong paraan at maging handa sa paaralan. Mayroong walong subkategorya, kabilang ang: espasyo at kagamitan, mga gawain, kaligtasan, pagkain at nutrisyon, mga kasanayan sa kalusugan, paglilinis at sanitasyon, pagtulog at pagpapahinga at mga regulasyong partikular para sa sanggol at batang paslit.

Tinutukoy sa Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto ang piling bahagi ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na matatagpuan sa Kabanata 110-300 ng WAC. Kabilang sa gabay na ito ang mahahalagang sanggunian, kasalukuyang datos, at mga praktikal na halimbawa. Hindi ito nilalayon na magbigay ng komprehensibong pagtalakay sa seksyong Kapaligiran.

Espasyo at Kagamitan

WAC 110-300-0130

Panloob na espasyo para sa programa ng maagang pagkatuto

(1) Dapat ma-access ang panloob na espasyo para sa programa ng maagang pagkatuto sa oras ng operasyon ng programa.


(2) Dapat sumunod, maging naa-access, at magbigay-akomodasyon ang espasyo ng programa ng maagang pagkatuto, mga rampa, at mga handrail para sa mga bata at nasa hustong gulang na may kapansanan ayon sa hinihiling ng batas ng Estado ng Washington laban sa diskriminasyon (kabanata 49.60 RCW) (https://app.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=49.60) at ng ADA, sa kasalukuyan at anumang susog sa hinaharap.

(3) Dapat magbigay-daan ang espasyo ng programa ng maagang pagkatuto para makagalaw ang mga bata sa pagitan ng mga lugar nang hindi naaabala ang gawain o paglalaro ng ibang bata.

(4) Dapat magbigay taon-taon ang isang lisensyadong nagpapatakbo ng family home ng pirmado at may petsang deklarasyon na nagsasaad na ang programa ng maagang pagkatuto ay tumutupad sa mga sumusunod na kinakailangan, kung naaangkop, sa hindi lisensyadong espasyo:

- **(a) Kaligtasan sa lugar ng hurnuhan, o mga kinakailangan para sa smoke o carbon monoxide detector alinsunod sa WAC 110-300-0170(3) (https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300-0170);**
- **(b) Pag-iimbak ng mga baril, armas, o bala alinsunod sa WAC 110-300-0165 (2)(e) (https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300-0165);**
- **(c) Pag-iimbak ng gamot alinsunod sa WAC 110-300-0215 (https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300-0215);**
- **(d) Refrigerator o freezer alinsunod sa WAC 110-300-0165 (3)(d) (https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300-0165);**
- **(e) Mga lugar ng imbakan na naglalaman ng mga kemikal, mga lababo para sa utilidad, o mga basang mop alinsunod sa WAC 110-300-0260 (https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300-0260); o**
- **(f) Mga swimming pool alinsunod sa WAC 110-300-0175 (https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300-0175).**

May malaking epekto ang kapaligiran ng isang bata sa kanilang pagkatuto at pag-unlad. Pinapahusay ng maingat na binuong panloob na mga kapaligiran ang mga pagkakataon ng mga bata na paunlarin at maisagawa ang kanilang mga kasanayan, pati na rin panatilihin silang ligtas. Tumutulong din ang mahusay na dinisenyong kapaligiran upang mapakinabangan ang pagsisikap ng mga propesyonal ng maagang pagkatuto sa pagsuporta sa pagkatuto at pag-unlad ng bata.



Ayon sa Pag-aaruga sa Ating mga Anak: Pambansang Pamantayan sa Pagganap ng Kalusugan at Kaligtasan; Mga Alituntunin para sa Mga Programa sa Maagang Pangangalaga at Edukasyon Ika-4 na Edisyon, ang dami ng espasyo at ang pagiging naa-access nito ay maaaring makaapekto sa pag-uugali ng mga bata sa isang programa ng maagang pagkatuto.[38] Halimbawa, maaaring maging mas kontento sa damdamin at mas produktibo ang isang bata kung may sapat na espasyo upang makilahok sa mga gawain ng programa nang hindi nagsasapawan ng espasyo sa kanilang mga kapwa bata. Makababawas ng mga pagkaantala at makapagpapalakas ng mas positibong pakikipag-ugnayang panlipunan ang sinadyang pagbibigay ng sapat na espasyo para sa mga gawain sa trabaho at paglalaro. Dagdag pa rito, ang mga nasa hustong gulang ay "nangangailangan ng espasyo upang ipatupad ang mga programa at maisagawa ang pakikipag-ugnayan sa mga bata."[39] Isa pang konsiderasyon para sa sapat na espasyo ay ang mas mabilis na pagkalat ng mga nakahahawang sakit kapag mas malapit ang mga bata sa isa't isa, gaya ng pagbahing, pag-ubo at paghinga nang magkalapit.[40]

Kapag nagdidisenyo ng espasyo para sa programa ng maagang pagkatuto, mahalagang matiyak na lahat ng indibidwal na may kaugnayan sa programa – mga bata, mga provider ng maagang pagkatuto, at mga pamilya – ay maaaring pantay na makagamit ng bawat lugar ng programa ng maagang pagkatuto. Nagbibigay ng oportunidad at pagtanggap sa lahat ng bata ang isang inklusibong programa na tumutugon sa pangangailangan ng mga batang may pagkaantala sa pag-unlad o may kapansanan. Kinakailangang sumunod sa Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan, ADA) ang mga pribado at pinapatakbong negosyo ng gobyerno na bukas para sa publiko. Ang ADA ay isang batas sa karapatang sibil na nagbabawal ng diskriminasyon laban sa mga taong may kapansanan sa lahat ng larangan ng pampublikong buhay, kabilang ang mga trabaho, paaralan, transportasyon, at lahat ng pampubliko at pribadong lugar na bukas para sa publiko.

Nagbibigay ng mga kapaki-pakinabang na resource video tungkol sa espasyo sa silid-aralan ang Sentro para sa Edukasyon sa Maagang Pagkabata ng Eastern Connecticut State University.

Pag-aayos ng Espasyo sa Silid-Aralan: tatlong minutong video
http://www.easternct.edu/cece/guiding-segment-2-objevtive-1-arranging-classroom-space/

Webinar para sa Mga Kapaligiran ng Family Child Care – Pambansang Asosasyon para sa Family Child Care (NAFCC): 48 minuto, mula sa
www.youtube.com/watch?v=2qvDvH5nEvY

Isa sa mga pokus ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ay ang mga kinakailangan para sa accessibility at akomodasyon bilang tugon sa pakikipagtulungan ng komunidad sa buong estado. Nakakuha ang DCYF ng feedback mula sa mga stakeholder at sa ating komunidad sa buong estado na lubos na pinahahalagahan sa ating estado ang pantay na pag-aalaga, at layuning matiyak na makatatanggap ng parehong mataas na kalidad ng pag-aalaga ang lahat ng bata. Dagdag pa rito, sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa inklusyon sa ating mga programa ng maagang pagkatuto, tinutulungan nating alisin ang puwang sa oportunidad para sa lahat ng bata o nasa hustong gulang. Halos lahat ng provider ng pag-aalaga ng bata, anuman ang laki o bilang ng mga empleyado, ay dapat sumunod sa ADA. Ang obligasyon ng isang programa ng maagang pagkatuto sa family home na ipatupad ang mga probisyon ng ADA ay nalalapat kapag isa o higit pang mga batang nangangailangan ng accessibility ayon sa ADA ay naka-enroll.

38 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak: Pambansang Pamantayan sa Pagganap para sa Kalusugan at Kaligtasan; Panuntunan para sa Mga Programa ng Maagang Pag-aalaga at Edukasyon, Ika-4 na edisyon.* (Itasca, IL: Amerikanong Akademya ng Pediatrics, 2019), 216.

39 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 216.

40 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 317.

Noong 2015, naglabas ang Mga Kagawaran ng Edukasyon at Health and Human Services (Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao) ng Estados Unidos ng magkasanib na pahayag ng patakaran, ang Pahayag ng Patakaran hinggil sa Pagsasama ng mga Batang may Kapansanan sa mga Programa para sa Maagang Pagkabata, na nagbibigay ng buod ng batayang siyentipiko para sa inklusyon:

> *Maaaring magkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang paglaki at pagkatuto sa mga inklusibong kapaligiran ang mga batang may kapansanan, kabilang ang mga may pinakamalubhang kapansanan at pinakamalalaking pangangailangan. Ipinakita ng ilang pag-aaral na ang mga batang may kapansanan sa inklusibong kapaligiran ay nakaranas ng higit na pag-unlad sa kognitibo at komunikasyon kaysa sa mga batang may kapansanan na nasa hiwalay na kapaligiran, na partikular na kapansin-pansin sa mga batang may mas malubhang kapansanan. Dagdag pa rito, ang mga batang may kapansanan ay may posibilidad na magkaroon ng katulad na antas ng partisipasyon gaya ng kanilang mga kasamahan na normal ang pag-unlad, at mas malamang na maisagawa ang mga bagong natutunang kasanayan sa mga inklusibong kapaligiran kumpara sa mga hiwalay na kapaligiran. Gayundin, ipinapakita ng pananaliksik na ang pag-unlad at pagkatuto ng mga bata ay may kaugnayan sa kasanayan ng kanilang mga kasamahan, at ang mga epekto ay mas malinaw sa mga batang may kapansanan. Malamang na magbunga ng pinakamalalakas na resulta ang de-kalidad na inklusyon na nagsisimula nang maaga at nagpapatuloy hanggang sa pagpasok sa paaralan. Bilang karagdagan sa pag-unlad sa pagkatuto at mga nakamit, ang mga batang may kapansanan sa mga inklusibong programa ng maagang pagkabata ay nagpapakita rin ng mas matatag na kasanayang sosyal-emosyonal kaysa sa kanilang mga kapwa bata sa hiwalay na kapaligiran. Maging ang mga batang walang kapansanan ay maaari ring makinabang sa mga inklusibong programa ng maagang pagkabata. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang mga batang normal ang pag-unlad ay maaaring magpakita ng positibong pag-unlad sa kognitibo, sosyal, at pananaw mula sa mga inklusibong karanasan. Maaari silang magkaroon ng mas positibong pananaw tungkol sa mga batang may kapansanan at may kakayahang magpakita ng higit na malasakit at empatiya kapag sapat ang suporta ng guro sa pakikipag-ugnayan ng mga kasamahan. Maaari rin silang magkaroon ng mas mabuting pag-unawa sa konsepto ng pagkakaiba-iba at kapansanan.*[41]

Maaaring pahusayin ng mga programa ng maagang pagkatuto ang kanilang pamamaraan para sa matagumpay na inklusyon ng mga batang may pagkaantala sa pag-unlad at may kapansanan. Mahalagang pinagmumulan ng impormasyon ang mga magulang o guardian tungkol sa kanilang mga anak at maaaring makatulong sa pagtukoy ng mga akomodasyon na magpapahintulot sa bata na makaranas ng pantay na pag-aalaga. Kapag nakikinig at nagtatanong ang isang provider ng maagang pagkatuto sa pangunahing tagapag-alaga ng bata, mapapahusay nito ang karagdagang edukasyon at masusuportahan ang paggawa ng angkop na paraan para matugunan ang indibidwal na pangangailangan ng isang bata sa programa ng maagang pagkatuto.

Isa pang mahalagang kinakailangan para sa panloob na espasyo ay partikular na nalalapat sa programa ng maagang pagkatuto sa family home. Sa kapaligiran ng family home, ang mga sitwasyon sa labas ng lisensyadong espasyo ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan o kaligtasan ng mga bata. Halimbawa, kung paano iniimbak ang mga baril, bala, gamot, at iba pang kemikal. Upang tugunan ang isyung ito at makatulong na maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga bata, ang lisensyadong nagpapatakbo ng family home ay dapat taunang magpahayag ng kanilang pagsunod sa mga pamantayan sa paglilisensya na nasa labas ng lisensyadong espasyo, partikular sa kaligtasan sa lugar ng hurnuhan, o mga smoke o carbon monoxide detector; pag-iimbak ng mga baril, armas, at bala; pag-iimbak ng gamot; mga refrigerator at freezer; mga lugar ng imbakan na may kemikal, lababo para sa utilidad o basang mop; at mga swimming pool. Ibinibigay ang form ng deklarasyon ng mga lisensyadong nagpapatakbo ng family home bilang bahagi ng paunang proseso ng paglilisensya, at taon-taon pagkatapos nito. Bukod sa taunang mga dokumento ng pagsunod na may kaugnayan

41 U.S. Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.), "Policy Statement On Inclusion Of Children With Disabilities In Early Childhood Programs," available sa **https://sites.ed.gov/idea/files/joint-statement-full-text.pdf**, inilathala noong Setyembre 14, 2015.

sa taunang bayad sa lisensya at kumpirmasyon ng pagsunod sa background check, kasama rin ang form ng deklarasyon. Ibinibigay ng DCYF ang mga dokumentong ito sa lisensyado sa maagang pagkatuto.

Kabilang ang Bawat Bata: Pagtanggap sa Isang Batang may Kapansanan. Ang National Association for the Education of Young Children (Pambansang Asosasyon para sa Edukasyon ng Maliliit na Bata, NAEYC) ay nagbibigay ng mapagkukunan para sa mga provider ng maagang pagkatuto kapag isinasaalang-alang kung paano susuportahan ang mga batang may kapansanan o pagkaantala sa pag-unlad.
www.naeyc.org/resources/pubs/tyc/sep2017/every-child-belongs



Ang Dibisyon para sa Maagang Pagkabata ng Konseho para sa mga Natatanging Bata ay nagbibigay ng online guidebook ng mga inirerekomendang kasanayan na nagbibigay-gabay sa mga practitioner at pamilya tungkol sa pinakamabisang paraan upang mapabuti ang mga resulta sa pagkatuto at isulong ang pag-unlad ng mga batang mula kapanganakan hanggang edad 5 na may o nanganganib magkaroon ng pagkaantala sa pag-unlad o kapansanan.
https://divisionearlychildhood.egnyte.com/dl/tgv6GUXhVo/

ADA.gov. Nagbibigay ang site na ito ng impormasyon at teknikal na tulong hinggil sa Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan).
www.ada.gov

Mga Karaniwang Itinatanong Tungkol sa mga Sentro ng Pag-aalaga ng Bata at sa Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan)
www.ada.gov/childqanda.htm

Developmental Disabilities Administration (Pangasiwaan para sa mga Kapansanan sa Pag-unlad, DDA). Ang DDA, na pinapatakbo ng Department of Social and Health Services (Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan) ng Estado ng Washington, ay nagbibigay ng suporta at pakikipagtulungan na nagbibigay-kapangyarihan sa mga tao na mamuhay ayon sa kanilang nais.
www.dshs.wa.gov/dda

Sentro para sa Pagkatuto at Kaalaman sa Maagang Pagkabata (ECLKC). Ang ECLKC, Tanggapan ng Head Start (OHS) ay tumutulong sa mga batang mula sa pamilyang mababa ang kita upang maging handa at magtagumpay sa paaralan sa pamamagitan ng mga lokal na programa.
https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/children-disabilities

Early Support for Infants and Toddlers (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Batang Paslit, ESIT). Ang ESIT, na pinapatakbo ng Department of Children, Youth, and Families (Kagawaran ng mga Bata, Kabataan, at Pamilya) ng Estado ng Washington, ay nagbibigay ng mga serbisyo sa maagang interbensyon para sa mga batang mula kapanganakan hanggang edad 3 na may kapansanan o pagkaantala sa pag-unlad.
www.dcyf.wa.gov/services/child-development-supports/esit

Batas ng Washington Laban sa Diskriminasyon. Kabanata 49.60 RCW.
https://apps.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=49.60

WAC 110-300-0135

Rutinang pag-aalaga, paglalaro, pagkatuto, pagpapahinga, at kaginhawaan

(1) Dapat magkaroon ang provider ng maagang pagkatuto ng mga muwebles at kagamitan na naa-access at may sukat para sa mga bata (o binago at inayos sa isang programa ng maagang pagkatuto sa family home) na sapat ang dami para sa bilang ng mga batang inaalagaan. Hindi dapat bucket style ang mga mesa.

(2) Ang mga kasangkapan at kagamitan ay dapat:

- **(a) Panatilihing nasa ligtas na kondisyon sa paggamit;**
- **(b) Angkop sa antas ng pag-unlad at edad;**
- **(c) Tinitingnang mabuti nang hindi bababa sa isang beses bawat linggo para sa mga panganib, sira, o pinsala. Lahat ng kagamitan na may panganib, sirang bahagi, o pinsala ay dapat ayusin sa lalong madaling panahon at dapat hindi naa-access ng mga bata hanggang maayos ayon sa tagubilin ng tagagawa, kung mayroon;**
- **(d) Ayusin sa paraang hindi makakasagabal sa ibang gamit panlaro;**
- **(e) I-install at i-assemble ayon sa espesipikasyon ng tagagawa;**
- **(f) Itago sa paraang makaiiwas sa pinsala; at**
- **(g) Accessible sa taas ng bata upang madali niyang makita, magamit, at maibalik ang mga materyales nang mag-isa.**

(3) Dapat maglaan ang provider ng maagang pagkatuto ng malalambot na kasangkapan sa lisensyadong espasyo na maaabot ng mga bata. Maaaring kabilang ang malalambot na kasangkapan, ngunit hindi limitado sa, mga lugar na may carpet at alpombra, muwebles na binalutan ng katad, mga kutson o malalaking unan sa sahig, at mga stuffed toy.

Mahalagang bahagi ng matagumpay na programa sa maagang pagkatuto ang angkop na kasangkapan at kagamitan. Dapat isaalang-alang ng programa sa maagang pagkatuto ang edad, yugto ng pag-unlad, at bilang ng mga batang kanilang pinaglilingkuran sa pag-aayos ng kapaligiran. Makakatulong ito upang matiyak na madaling maabot ng mga bata ang kagamitan o kasangkapan at mapanatili rin ang kanilang kaligtasan sa pang-araw-araw na gawain. Pinapayagan ang inangkop o binagong kagamitan sa mga programa ng family home upang matugunan ang pangangailangan ng mga bata.




Maraming paraan upang iakma ang kapaligiran ng maagang pagkatuto sa family home at ang mga kasalukuyang materyal upang matugunan ang pangangailangan ng mga batang inaalagaan. Ilan sa mga halimbawa ay ang sumusunod:

- Maaaring gamitin ng mga batang nasa edad ng pag-aaral ang mga mesa sa dining room para gumawa ng takdang-aralin, maglaro ng mga puzzle, o kumain.
- Maaaring lumikha ang paglipat ng card table sa tabi ng pader at paglalagay ng maliit na alpombra at mga libro o iba pang materyales malapit dito ng komportableng lugar para sa tahimik na pagbabasa o pahinga.
- Mga sopa at unan para sa mga tahimik na lugar kung saan maaaring mapag-isa ang bata at makapagpahinga mula sa group play.
- Isang maliit na pool na walang tubig bilang ball pit para sa sanggol o komportableng lugar.
- Pagkakabit ng puzzle board sa pader o mesa para sa gawain na makakatulong sa mga sanggol o batang paslit sa kanilang kakayahan sa pagtayo o paglakad.

May tungkulin din ang mga programa sa maagang pagkatuto na maglaan ng lahat ng paraan upang maprotektahan ang mga bata laban sa pinsala habang ginagamit nila ang mga muwebles at kagamitan. Ang regular at masusing inspeksyon ng mga muwebles at kagamitan ng programa, kasama ang pagkukumpuni o pagtatanggal ng mga sirang gamit, ay makakatulong upang maprotektahan ang mga bata laban sa malubha (nakamamatay) na pinsala, gayundin ang maliliit na pinsala tulad ng pagkaipit, pagkahiwa, at pagkatusok. Ayon sa Pag-aaruga sa Ating mga Anak, "Ang mga kagamitan at kasangkapan na hindi matibay, ligtas, o nasa maayos na kondisyon ay maaaring magdulot ng pagkahulog, pagkaipit ng ulo o mga paa't kamay ng bata, o maging sanhi ng iba pang pinsala."[42]

Isa pang mahalagang aspeto sa kaligtasan ng bata ay ang pagtiyak na lahat ng kagamitan na ginagamit sa loob ng programa ay na-assemble, na-install, at ginagamit ayon sa mga tagubilin ng tagagawa. Kapag may bagong kagamitan na dinala sa kapaligiran, mahalaga para sa provider na itabi ang mga tagubilin ng tagagawa sa kanilang mga file para magamit kung kinakailangan sa hinaharap. Nakakatulong din ang pagsunod sa tagubilin ng tagagawa na protektahan ang provider mula sa panganib ng pananagutan.

Kung maramdaman ng mga bata na napipigilan sila ng mga kasangkapan sa isang gawain, maaaring maapektuhan ang kanilang pakikipagkapwa at emosyonal na kalusugan, pati na rin ang kanilang mga natutunan. Halimbawa, maaaring gustuhin ng isang bata na sumali sa isang aktibidad sa mesa ngunit walang sapat na upuan, sirang mga upuan na lamang ang magagamit, o hindi pinapahintulutan ng ayos ng upuan na maabot ng bata ang mesa nang mag-isa. Sumusuporta ang mga muwebles na ligtas, madaling maabot, at angkop sa antas ng pag-unlad sa pantay na oportunidad para sa lahat ng batang inaalagaan. Nagbibigay ang maayos na disenyo ng espasyo sa maagang pagkatuto sa bawat bata ng access sa mga available na gawain sa pagkatuto, pati na rin ng kakayahang makipag-ugnayan at makipagtulungan sa ibang bata at provider ng maagang pagkatuto.



Ang bucket-style na mesa ay isang halimbawa ng muwebles na hindi pinapayagan sa isang lisensyadong kapaligiran ng maagang pagkatuto. Ang tinutukoy na bucket-style na mesa ay yaong ang bawat upuan ay nakapaloob sa ibabaw ng mesa. Hindi madaling ma-access ng mga bata ang upuan sa ganitong mesa at kailangang buhatin ng matanda upang maupo o bumaba. Mayroon ding mga isyung pangkalusugan sa ganitong disenyo dahil malapit ang mga bata sa isa't isa at madaling maagaw o makontamina ang pagkain ng kasama nila. Bukod pa rito, hindi rin ito tumutugma sa gabay ng Pag-aaruga sa Ating mga Anak – dapat maabot ng mga paa ng bata ang sahig habang kumakain upang maiwasan ang pagkabulon at mapabuti ang postura.[43]

Nagbibigay-daan ang mga estante, mesa, at upuang angkop sa laki at yugto ng pag-unlad ng bata para komportableng mapag-aralan at magalaw niya ang kanyang paligid, at makatulong upang makasanayan niya ang iba't ibang kasanayan. Nakakabuo ng tiwala sa sarili ang mga bata kapag kaya nilang kumuha at magbalik ng mga materyales mula sa estante nang mag-isa. Nakakatulong din ito sa pag-develop ng mga pisikal na kasanayan habang sila ay umaakyat at bumababa sa upuan nang mag-isa. Kahit ang mga kasanayan ng pagkontrol sa sarili ay nade-develop kapag pinipiling manatili ng bata sa kanilang upuan hanggang payagan silang tumayo, sa halip na nasa upuang hindi nila kayang iwanan nang mag-isa.

42 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak.* 254.

43 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak.* 254.

Ayon sa Pambansang Asosasyon sa Edukasyon, nakakaramdam ang mga bata ng matinding pagmamalaki, nakakabuo ng damdamin ng pagiging indipendiyente, at napapataas ang kanilang tiwala at pagpapahalaga sa sarili kapag nagagawa nilang kumpletuhin ang mga kasanayan sa sariling pag-aalaga. Mahalaga ang mga karanasang ito sa pag-unlad ng bata at inihahanda sila para sa kahandaan sa pagpasok sa paaralan sa hinaharap.[44] Maaaring matulungan o mahadlangan ng mga kasangkapan at kagamitan sa silid ang mga pagkakataon para sa sariling pag-aalaga at pagiging indipendiyente.



Ang paggamit ng mga totoong bagay at props ay maaaring magbigay-daan sa mga bata na mailipat at maiangkop ang kanilang natutunan mula sa isang sitwasyon patungo sa iba. Sa isang lugar ng pagkatuto na nakabatay sa interes, ang pagsasama ng malilinis na lalagyan mula sa mga regular na grocery item at mga ligtas na kagamitan sa kusina ay makatutulong sa paglikha ng totoong kapaligiran kung saan maaaring malayang mag-explore at matuto ng bagong kasanayan ang bata. Mahalaga na sapat ang suplay sa bawat lugar ng interes upang hindi maantala ang paglalaro at pag-eexplore dahil sa kakulangan ng mga materyales para makilahok sa malikhaing laro.

Ang pagkakaroon ng mga laruan at materyales na nakalagay sa matataas na estante, lalagyan, o kahon ay maaaring makahadlang sa kasarinlan ng bata kung nahihirapan silang maabot o makuha ang mga ito. Isang solusyon ay ang paglalagay ng mga laruan para sa sanggol at batang paslit sa mababang mga estante, mga gamit para sa preschool sa gitnang mga estante, at mga materyales para sa edad ng pag-aaral sa pinakataas na mga estante. Hikayatin ang mas nakatatandang mga bata na magbigay ng mga ideya kung paano ayusin ang ilang bahagi ng kapaligiran upang mas madaling maabot ang mga materyales para sa iba't ibang edad ng mga batang nasa pag-aalaga. Kahit ang pagbibigay ng iba't ibang responsibilidad sa mga bata upang pamahalaan ang iba't ibang bahagi ng kanilang kapaligiran ay maaaring makatulong sa pagbuo ng higit na kasarinlan at tiwala sa sarili.

Halimbawa para sa isang lugar para sa sanggol o batang paslit ay ang paglikha ng isang bukas at ligtas na espasyo para gumapang sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga materyales na mag-aanyaya sa bata na lumapit para maglaro at mag-explore. Para sa mas nakatatandang bata, magbigay ng madaling maabot na stacking o nesting toy, isang ballet bar na nakakabit sa dingding para sila ay makabangon o sumayaw, sensory table, at mga bola na may iba't ibang laki at tekstura. Ang mga madaling maabot na materyales at gawain ay lilikha ng maraming pagkakataon para matuto ang mga bata kung paano palawakin ang kanilang kasarinlan.

Kapag tiniyak ng mga provider ng maagang pagkatuto na ang mga kagamitan ay ligtas at angkop, at may sapat na materyales para sa bilang ng mga batang naroroon, maaaring magkaroon ang mga bata ng pakiramdam ng seguridad at ng kumpiyansa na kaya nilang kumilos bilang isang indibidwal.

Ang mga lugar sa silid na inilaan para sa isang bata lamang sa isang pagkakataon at ang mga lugar na may malambot at komportableng gamit ay nakakatulong sa kaginhawaan ng bata, sa kakayahan nilang alagaan ang kanilang sarili, at sa kakayahan nilang kontrolin ang kanilang emosyon. Kapag dinisenyo ang espasyo para sa programa ng maagang pagkatuto, ang paglalagay ng malalambot na lugar at tahimik na espasyo na hiwalay sa maiingay at abalang lugar ay makakahikayat sa mga bata na gamitin ang silid-aralan para malinang ang kanilang kakayahan sa sariling pamamahala at pagkontrol sa sarili. Magbibigay-daan ang mga pribadong espasyong ito sa mga bata na humiwalay, kung kinakailangan, mula sa mas nakakapukaw na kapaligiran upang huminahon, magnilay, magpahinga, o muling ayusin ang kanilang sarili. Mahalagang tandaan na kahit pribado ito para sa bata, kailangang magbigay pa rin ng angkop na pagmamatyag ang mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto upang matiyak ang kaligtasan sa lahat ng oras.

44 Pambansang Asosasyon sa Edukasyon, *Gabay para sa Magulang sa Paghahanda ng Iyong Anak para sa Paaralan*, (walang petsa), available sa **http://www.nea.org/home/59838.htm**, nakuha noong Mayo 14, 2020.

Ikatlong Gabay sa mga Mapagkukunan ng Kolaboratibong Pamumuhunan para sa mga Bata sa Komunidad. Isang gabay na nagbibigay ng impormasyon para sa paglalagay ng kagamitan at pag-aayos ng mga pasilidad para sa maagang pagkabata.
www.lisc.org/media/filer_public/de/b0/deb03f6a-804e-4a0a-8a70-44a99f55c6a3/2005_cick_guide_vol3_equipping.pdf

Mesa ng Iyong Mga Bata – Pinakamainam na Pagkakaayos sa Oras ng Pagkain. Isang webpage na nagbibigay impormasyon tungkol sa tamang posisyon ng mga bata habang nakaupo sa mesa para sa mga gawain at kung bakit ito mahalaga.
https://yourkidstable.com/best-position-for-your-child-during-mealtime

WAC 100-300-0140

Ayos ng silid, mga display na may kaugnayan sa bata, pribadong espasyo, at mga gamit

(1) Ang mga materyales at kagamitan para sa maagang pagkatuto ay dapat nakikita, madaling maabot ng mga batang nasa pag-aalaga, at nakaayos upang itaguyod at hikayatin ang malayang paggamit ng mga bata.

(2) Kailangang magpakita ang provider ng maagang pagkatuto ng mga materyales na angkop sa edad at antas ng pag-unlad ng bata. Dapat ilagay ang mga materyales sa antas ng mata ng batang naka-enroll at may kaugnayan sa kasalukuyang mga gawain o kurikulum.

(3) Kailangang mag-alok ang provider ng maagang pagkatuto, o pahintulutan ang bata na lumikha, ng isang lugar para sa pagiging pribado. Ang espasyong ito ay dapat:

- **(a) Magbigay-daan para sa provider na mabantayan ang mga bata; at**
- **(b) May kasamang lugar na maaabot ng mga batang naghahanap o nangangailangan ng oras na nag-iisa o kasama ang maliit na grupo.**

(4) Kailangang may ekstrang damit ang provider ng maagang pagkatuto para sa mga batang nabasa, nadumihan, o kailangang magpalit ng damit.

(5) Kailangang maglaan ang provider ng maagang pagkatuto ng hiwalay na espasyo para sa bawat bata upang paglagyan ng kanilang mga gamit habang sila ay nasa loob ng pasilidad. Sa pinakamababang pamantayan, ang espasyong ito ay dapat:

- **(a) Madaling maabot ng bata; at**
- **(b) Sapat ang laki at may tamang pagitan mula sa ibang espasyo ng imbakan upang:**
  - **(i) Paglagyan ng mga personal na gamit at damit ng bata; at**
  - **(ii) Hikayatin o isulong ang kakayahan ng mga bata na ayusin ang kanilang mga kagamitan.**

(6) Dapat ayusin ang mga lugar na magagamit at maaabot ng bata upang magbigay ng sapat na espasyo para sa pang-araw-araw na pag-aalaga, paglalaro ng bata, at mga aktibidad sa pagkatuto. Ang mga lugar na ito ay dapat idisenyo upang:

- **(a) Magbigay-daan sa provider na mabantayan o masubaybayan nang aktibo ang mga bata, depende sa uri ng gawain;**
- **(b) Magbigay-daan sa mga bata na makagalaw nang malaya; at**
- **(c) (Magbigay-daan sa iba't ibang uri ng mga gawain na maganap nang sabay (halimbawa: Mga block, puppet, materyales para sa wika at panitikan, materyales para sa sining, clay o playdough, musika at galaw, o dula-dulaan).**

Araw-araw kapag pumapasok ang isang bata sa kapaligiran ng maagang pagkatuto, ang biswal at espasyal na ayos ng silid ay nagbibigay ng tono para sa maraming malikhaing posibilidad na mayroon ang bata para matuto, makipag-ugnayan sa kanilang mga kasama o sa mga nasa hustong gulang, at kung anong uri ng kontrol ang mayroon siya sa kanyang mundo. Ayon sa Pambansang Talaan ng Impormasyon para sa mga Pasilidad Pang-edukasyon, "Kailangang magkaroon ang maliliit na bata ng mga espasyo kung saan nararamdaman nilang sila ay parehong malaya at may kakayahan."[45] Ang awtonomiya para sa mga bata ay ang kakayahang kumilos nang mag-isa at magkaroon ng kontrol sa kanilang sarili at sa mga desisyong kanilang ginagawa.

45 Dan Butin at Jennifer Woolums, "Early Childhood Centers," *Pambansang Talaan ng Impormasyon para sa mga Pasilidad Pang-edukasyon* (2009), available sa **https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED508012.pdf**

Ang kapaligiran ng maagang pagkatuto na may kasamang mga materyales na angkop sa antas ng pag-unlad ng mga bata ay magbibigay-daan para sila ay makilahok sa laro at mga gawain nang may kaunting paghihintay lamang. Dapat ibatay ang mga materyales sa interes o antas ng kasanayan ng mga bata at dapat subukin ang kanilang paglaki at pag-unlad. Ang mga materyales na naka-display sa antas ng mata ng bata ay magbibigay sa kanila ng kakayahang makita ang kanilang natapos na proyekto at makakatulong din sa mga kawani na makatipid ng oras sa pagtulong sa mga bata na maghanap ng mga gawain o nawawalang piraso. Kapag pumapasok ang mga bata sa isang kapaligiran na inayos para sa kanila, mas madali silang makikilahok sa mga magagamit na oportunidad sa pagkatuto at magkakaroon ng pagkakataong paunlarin ang kanilang kasanayan ayon sa kanilang sariling bilis.

Maaaring maging hamon sa isang programa ng maagang pagkatuto sa family home ang pagbuo ng mga pinagsasaluhang lugar ng pagkatuto na ligtas at angkop sa antas ng pag-unlad ng iba't ibang pangkat ng edad. Sa ganitong kaso, dapat ilagay sa estratehikong lugar ang mga personal na bagay, gaya ng laruan ng bata na may maliliit na bahagi o elektronikong kagamitan, upang maabot ng mas nakatatandang bata ang mga ito nang mag-isa, habang hindi maaabot ng mas nakababata nang di-sinasadya ang mga bagay na maaaring mapanganib sa kanila. Gayundin, ang provider ng programa ng maagang pagkatuto sa family home ay dapat maingat na magdisenyo ng kanilang programa upang mabigyan ang mas nakatatandang bata ng akses sa mas maliliit o mas sopistikadong materyales na maaaring magdulot ng panganib sa kaligtasan ng mas nakababata.

Halimbawa, maaaring gumamit ang mas nakatatandang bata ng maliliit na block upang sanayin ang kanilang pag-iisip, pagpaplano, pagkamalikhain, at kakayahang pinuhin ang kanilang maliliit na galaw. Gayunpaman, ang mga block din na iyon ay may laki at hugis na maaaring magdulot sa mga batang wala pang 3 taong gulang ng panganib na mabulunan. Maaaring itago ng provider ng maagang pagkatuto sa family home ang mga block sa isang mataas na lugar at sa isang lalagyan na may takip na nasasarhan nang mahigpit. Maaaring limitahan ng provider ang palaruan sa buong laki ng mesa sa kusina kapag ginagamit ang mga block, upang hindi maabot ng pinakabata ang ibabaw ng mesa at makuha ang mga block. Maghahanda rin ang provider ng maagang pagkatuto ng mga planadong gawain para sa mas nakababata upang sila ay manatiling abala at mabigyang ng malapit na pangangasiwa habang ang mas nakatatandang bata ay gumagamit ng maliliit na block.

Isa pang mahalagang bahagi ng isang silid na dinisenyo para sa mga bata ay ang pagkakaroon nito ng lugar kung saan maaaring makalayo ang bata mula sa abalang mga gawain ng kanilang mga kalaro. Ang pagkakaroon ng isang pribadong espasyo kung saan maaaring mabawasan ng bata ang dami ng mga stimulus na kanilang nararanasan ay maaaring magpalakas sa kanilang pakiramdam ng kagalingan at kapanatagan. Maaaring magbigay sa bata ng pagkakataon na pakalmahin ang sarili at muling magpokus ang isang pribadong espasyo na nasa loob ng saklaw ng pagmamasid ng mga kawani. Ipinapakita rin ng pananaliksik na minsan ay naghahanap ng privacy ang mga bata dahil nais nilang magkaroon ng kontrol sa sarili nilang oras at espasyo.[46] Ang pagkakataong ito na pamahalaan ang sarili nilang oras at espasyo ay maaaring maisakatuparan sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga bata ng opsyon na magtrabaho o magpahinga nang tahimik na hiwalay sa mga kasama nila.

Depende sa kung paano inayos ang kapaligiran, maaari nitong hikayatin ang mga bata na magdiskubre at mag-explore o kaya naman ay magdulot ng alitan at aksidente. Napakahalaga ng kapaligiran sa maagang yugto ng pagkabata kaya't madalas itong tinutukoy bilang isa pang guro. Isa sa mga unang palatandaan na hindi maayos ang pagkakagawa o hindi epektibo ang isang lugar ay makikita sa kilos ng mga bata. Bagaman maaaring maraming salik ang nakakaapekto sa kilos ng bata, ang pagtiyak na ang kapaligiran ay nakaayos para sa tagumpay ay isang paraan upang matulungan ang mga bata na magkaroon ng mas maayos na pakikisalamuha at aktibong makilahok sa pagkatuto.

46 Lisa Lynch, "A Space Apart: Enabling the Creation of a Withdrawal Space in the Preschool," *SAGE Open,* (2017), available sa **https://journals.sagepub.com/doi/10.1177/2158244016684538**



Halimbawa, sa isang programa ng maagang pagkatuto, may batang nasa sahig na nag-aayos ng mga laruan ayon sa kulay. Malapit doon, may dalawang batang nakasuot ng mga belo at kasuotan habang nagkukunwaring sila ay mga mananayaw sa harap ng isang manonood. Umiikot at sumasayaw ang isa mga bata sa paligid ng maayos na nakasalansang mga laruan, at tumatalsik ang ilan sa mga laruan sa tumpok ng ibang kulay. Sinisipa ng isa pang bata na naiinis ang paa ng batang umiikot bilang pagtatangkang paalisin ito mula sa lugar kung saan ginagawa ang pagsasama-sama ng mga laruan ayon sa kulay. Umiyak at sumigaw ang batang umiikot habang pasuntok-suntok bilang ganti sa batang nag-aayos ng mga laruan ayon sa kulay.

Sa halimbawang ito, maaaring suriin ng provider ng maagang pagkatuto ang kapaligiran upang matukoy kung ang pagkakaayos ng silid para sa programa ay maaaring mas mapaganda upang mabigyang-daan ang mga bata na malayang makagalaw at makapagsagawa ng iba't ibang uri ng gawain nang sabay-sabay. Maaaring maglaan ng mesa para sa mga gawaing tulad ng pagbubukod-bukod at paglalaro ng puzzle, o kaya naman ay maaaring aktwal na paghiwalayin ang dalawang lugar ng aktibidad gamit ang mababang estante o iba pang muwebles.

Ang mga sumusunod ay karagdagang halimbawa ng mga gawi na maaaring maimpluwensyahan ng ayos ng silid at kapaligiran.

Pag-uugali ng Bata	Suriin ang Kapaligiran
Walang patutunguhang paglalakad o pagtakbo sa loob	Mapipigilan ng mga nakapuwestong muwebles ang kanilang pagtakbo at makakalikha ng lohikal na lugar para sa gawain o paglalaro (halimbawa, nakakagawa ng proteksyon para sa pagtatayo ng block ang mababababang estante)
Paulit-ulit na pag-aaway sa iyon at iyon ding materyales o laruan	Marami bang karaniwang gamit na madalas kailangan (gunting, krayola)?
Hindi pagtulong sa paglilinis	Naiintindihan ba ng mga bata ang paraan ng pagtatago ng mga materyales?
Paghingi ng tulong sa paghahanap ng mga materyales	Nakaayos bang mabuti ang mga materyales sa mga estante o sa mga basket na may larawan ng gamit na nakadikit sa labas ng lalagyan?
Pagtatago sa ilalim ng mga mesa, sa likod ng mga sopa	Mayroon bang malalambot at tahimik na lugar na nag-aanyaya sa mga bata na magrelaks o magpahinga? Mayroon bang mga lugar para sa paglalaro ng dula na puwedeng pasukan at labasan ng mga bata habang sila ay patuloy na nasusubaybayan (hal., malaking kahon o playhouse na walang bubong)?
Hindi ipinagpapatuloy ang mga proyekto o interes sa paglipas ng panahon	Naidodokumento at naipapakita ba sa mga larawan ang mga interes ng mga bata? May ilang 3D structure ba na pinoprotektahan na maaaring gawin sa loob ng ilang araw o linggo?
Hindi kailanman tinitingnan o tinatalakay ang mga bagay na nasa dingding	Ipinapaliwanag ba sa mga bata ang tungkol sa kung ano ang ilalagay sa dingding upang maipakita ang kanilang gawa? Regular bang binabago ang mga produktong gawain na ito upang ipakita ang kasalukuyang interes?

Nakakatulong ang maayos na disenyo ng panloob na espasyo para sa maagang pagkatuto sa pagbabantay sa mga bata gamit ang paningin at pandinig at nagbibigay-daan sa mga kawani na palaging maging alisto kung sino ang pumapasok at lumalabas sa kapaligiran. Ipinapakita nito sa mga bata na sila ay pinahahalagahan sa pamamagitan ng pagpapakita ng kanilang mga likhang-sining kasama ang iba't ibang kultura, kabilang ang kanilang sariling kultura. Kapag nagdidisenyo ng isang programang nakasentro sa bata, isaalang-alang ang karaniwang pang-araw-araw na gawain ng programa.

- Paano gumagalaw ang mga bata mula sa pasukan para maglaro o mula sa isang lugar patungo sa iba?
- Paano nabubuhay ang bawat pandama pagpasok sa espasyo?
- Anong mga impresyon ang nakukuha ng mga pamilya kapag pumapasok sila sa espasyo ng pag-aalaga ng bata?

Ang sumusunod na talahanayan ay naglalaman ng mga karagdagang bagay na dapat isaalang-alang kapag nagdidisenyo ng espasyo para sa maagang pagkatuto.



Pagdidisenyo na Isinasaalang-alang ang mga Karanasan sa Pandama	Ilang Tanong na Dapat Isaalang-alang (Magdagdag pa ng Sariling Ideya)	Pagbuo ng mga Ideya (Bumisita sa Ibang Programa para sa Higit pang Ideya)	Pagsusuri sa Kaligtasan at Kalusugan (Hanapin at Basahin ang Kaugnay na mga WAC)
Panlasa at pang-amoy	Saan tayo kakain ng tanghalian at magmemeryenda sa loob at labas ng programa ng maagang pagkatuto? Mayroon ba tayong sapat na materyales para sa mga bata na maaamoy, maisusuubo o mae-explore nila? Malaya ba ang panlabas na palaruan mula sa usok ng sasakyan o iba pang hindi malusog na antas ng polusyon sa hangin?	Itaguyod ang pakikilahok ng mga bata sa paghahanda ng pagkain at meryenda (mga kagamitan at upuang akma sa bata). Iwasang magdagdag ng matapang na panlinis o artipisyal na pampabango sa mga silid.	Ligtas ba para sa mga sanggol at batang paslit na isubo ang lahat ng naaabot na materyales sa paglalaro? Nasuri na ba natin kung may mga produktong inalis sa merkado dahil delikado at kailangan nang alisin? (Tingnan ang web link sa dulo ng seksyon.)
Mga Tunog	Naririnig ba natin ang pananalita o sobrang maingay kaya hindi na pinapansin ng mga bata ang tinig ng tao? Nakakagawa ba ng musika ang mga bata, naririnig ang tunog ng pag-alog ng mga likas na bagay, at nakakapaglaro gamit ang tunog?	Maglagay ng soundproof gamit ang mga alpombra, malalambot na kasangkapan, o mga acoustic tile sa kisame. Magbigay ng mga materyales na lumilikha ng iba't ibang tunog.	Kapag nakikinig tayo, malinaw ba nating naririnig ang pananalita? May karanasan ba ang mga bata sa pakikinig at paggawa ng musika gamit ang mga simpleng percussion instrument (drum, chime)?

Pagdidisenyo na Isinasaalang-alang ang mga Karanasan sa Pandama	Ilang Tanong na Dapat Isaalang-alang (Magdagdag pa ng Sariling Ideya)	Pagbuo ng mga Ideya (Bumisita sa Ibang Programa para sa Higit pang Ideya)	Pagsusuri sa Kaligtasan at Kalusugan (Hanapin at Basahin ang Kaugnay na mga WAC)
Kulay at biswal na interes	Paano natin gagamitin ang ilan sa mga dingding bilang mga espasyo sa pagkatuto? Nasa antas ba ng mata ng bata ang mga display sa dingding? Ang puwang ba sa pagitan ng mga display at bagay ay nagbibigay-daan sa mga bata na makita ang lohika sa pagkakagrupo ng mga materyales at larawan? Pinapalitan ba natin ang mga display upang ipakita ang kasalukuyang mga proyekto ng mga bata?	Opsyonal na ideya – Ang mga dingding, kasangkapan, at sapin sa sahig ay may mainit o neutral na kulay. Ang mga laruan, sining, at larawan ng mga bata ay nagbibigay ng ilang matingkad na kulay at biswal na interes. Iwasang labis na gumamit ng matingkad na kulay sa lahat ng lugar.	Nakikita ba ng mga bata ang kanilang kultura at pamilya na nasasalamin sa kapaligiran? Mayroon bang positibong representasyon ng iba't ibang tao, kakayahan, lugar, at antas ng kabuhayan sa mga libro o biswal?
Mga tekstura at ibabaw	Paano natin babaguhin ang mga tekstura para sa mas kawili-wiling karanasan? Iniiwasan ba natin ang paggamit ng puro plastik na materyales sa pamamagitan ng pagdadala ng ilang likas na bagay? Gumagamit ba tayo ng mga niresiklo o likas na materyales tulad ng mga kahon, bato, sanga, at dahon?	Panatilihing walang kalat ang ibabaw ng mga mesa upang mapalaki ang espasyo para sa trabaho at pagkatuto sa pang-araw-araw na karanasan. Magdagdag ng mga kagamitang may kawili-wiling pandama (hal., banig na yari sa damong-dagat, banig na may maliliit na bato).	Magkaroon ng mga lugar ng imbakan para sa mga gamit ng nasa hustong gulang na hindi naaabot ng mga bata. Alamin kung aling mga halaman o materyales ang nakalalason at dapat iwasan.
Liwanag at hangin	Mayroon bang natural na liwanag at komportableng temperatura ang mga silid para sa mga bata? Nakakatanaw ba ang mga bata sa labas?	Wind chime, saranggola, at likas na materyales sa labas na madaling ma-access ng mga bata para tuklasin at pag-eksperimentuhan.	Ligtas at malinis ba ang bawat silid, at may sariwang hangin ba?
Mga lugar sa pagkatuto na puwedeng i-explore	Mayroon bang mga daanan sa pagitan ng mga lugar ng gawain upang magbigay-daan sa paggalaw at proteksyon ng mga gawa, materyales sa laro, at karanasan ng mga bata? Paano natin inaangkop ang mga kapaligiran upang maisama ang lahat ng edad at mga batang may espesyal na pangangailangan sa lahat ng bahagi ng isang multi-purpose na silid?	Palitan nang pana-panahon ang mga materyales sa mga lugar upang muling buhayin ang interes ng mga bata. Suportahan ang magulong paglalaro sa pamamagitan ng silid at mga materyales na madaling linisin (hal., sahig na madaling punasan, smock). Ang mga kasangkapan ang nagtatakda ng gamit ng mga lugar.	Nakakakita ba ang mga tagapag-alaga ng kabuuang tanawin ng silid at nasusubaybayan ang lahat ng bata kahit na nakatutok sa isang bata? Mayroon bang mga lugar para makapagpahinga ang mga bata (cozy corner) na nakikita pa rin ng provider?

Pagdidisenyo na Isinasaalang-alang ang mga Karanasan sa Pandama	Ilang Tanong na Dapat Isaalang-alang (Magdagdag pa ng Sariling Ideya)	Pagbuo ng mga Ideya (Bumisita sa Ibang Programa para sa Higit pang Ideya)	Pagsusuri sa Kaligtasan at Kalusugan (Hanapin at Basahin ang Kaugnay na mga WAC)
Tahimik o malalambot na lugar para mag-isip o magpahinga	Malinaw na nakatakda ang mga lugar para sa mga bata na magbasa, magpahinga, tahimik na maglaro, o makaramdam ng kaligtasan habang nanonood ng iba o umiiwas muna sa pakikisalamuha. Nasa labas ng mga dinadaanan.	Nag-aanyaya sa mga bata na magpahinga o mag-isip nang mag-isa ang malalambot na lugar. Nagtatakda ng mga espasyo para sa indibidwal na gawain ang maliliit na alpombra o tray (halimbawa).	Mayroon bang malalambot na kasangkapan na may mga nababanlawang slip cover, unan, alpombra, o iba pang madaling linisin na ibabaw?
Paggamit ng palikuran at pagpapalit ng diaper	Mayroon ba tayong mga madaling linisin na ibabaw, tubig, at sariwang hangin upang mapanatili ang maayos na kalinisan at kaaya-ayang amoy?	Ang mesa para sa pagpapalit ng diaper ay nakalagay malapit sa mapagkukunan ng tubig o lababo, at may madaling linisin na ibabaw sa ilalim.	Naipapabatid sa lahat ng kawani, mga magulang, at guardian ang mga patakaran sa pagpapalit ng diaper at paggamit ng palikuran.
Mga tiyak na lokasyon para sa mga materyales at kasangkapan	Mayroon bang pakiramdam na parang nasa bahay ang lisensyadong espasyo kasabay ng maayos na kaayusan o pag-oorganisa? Malinis ba at walang kalat ang mga lugar upang madaling mahanap ng mga bata ang kanilang kailangan? Marami ba tayong mga gamit na madalas kailangan? Alam ba ng mga bata ang ating sistema kung paano hanapin at isauli ang mga bagay sa mga estante o basket?	Sapat na dami ng mga kasangkapan at materyales na akma sa laki ng bata para sa edad at bilang ng mga bata sa programa ng maagang pagkatuto. Lugar para sa personal na gamit ng bawat bata (tub na may pangalan, estante, hook para sa coat).	Ang mga mapanganib na gamit ng nasa hustong gulang ay nakatago at hindi naaabot ng mga bata. Magkakahiwalay ang mga sumbrero, coat, at personal na gamit ng mga bata.
Mga Materyales	May access sa mga simpleng materyales na bukas para sa maraming gamit (tub na may tubig na may bantay o unit block) at mga gamit na magdadagdag ng pagiging komplikado (mga pitsel para sa pagbuhos, mga sasakyan para idagdag sa lugar kung saan naglalaro ng mga block).	Mas natural na ayos: Magpalit-palit ng mga gamit sa iba't ibang lugar pero panatilihin ang mga ito sa nakasanayang puwesto o lugar ng paggamit para sa mga bata.	Lahat ng edad ay may mga materyales na akma sa kanilang edad, o pangkaunlaran at pang-edukasyong pangangailangan, kabilang na ang may espesyal na pangangailangan o kapansanan.

Isa pang paraan kung paano sinusuportahan ng espasyo ng programa ang pakiramdam ng mga bata ng pagiging malaya ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakatalagang lugar para sa mga gamit ng bata. Ang pagtitiyak na kayang ma-access mismo ng mga bata ang espasyo ng imbakan ay nagpapalakas ng kanilang pagiging malaya at nagbibigay sa kanila ng pagkakataong magsanay sa pag-aayos ng kanilang mga pag-aari. Ipinapahiwatig ng hiwalay

na espasyo para sa mga gamit na sila ay kabilang at pinahahalagahan. Maaaring magsalo sa espasyo ng imbakan ang dalawang bata hangga't hindi sila sabay na nasa pag-aalaga. Kabilang sa mga posibilidad upang matugunan ang pamantayang ito ang mga cubby, maluluwag na pagkakapuwesto ng mga hook, o indibidwal na lalagyan para sa mga gamit ng bata. Nakakatulong din ang hiwalay na imbakan sa pagbabawas ng paglipat ng mikrobyo at pagpigil sa pagkalat ng kuto at mga nakahahawang sakit.

Sentro para sa Edukasyon sa Maagang Pagkabata, Eastern Connecticut State University. Ang webpage na ito ay naglalaman ng impormasyon at mga video upang tulungan ang isang provider ng maagang pagkatuto na ayusin ang kanilang silid-aralan.
www.easternct.edu/center-for-early-childhood-education/guiding-young-childrens-behavior/segment-2-arranging-the-classroom.html

Mga Espasyo para sa Sanggol at Batang Paslit ng Community Playthings. Artikulong nagbibigay ng impormasyon na partikular para sa konsiderasyon sa espasyo ng pagkatuto ng sanggol at batang paslit.
www.communityplaythings.com/-/media/files/cpus/library/training-resources/booklets/it-spaces.pdf

Gabay sa mga Materyales para sa Sanggol at Batang Paslit. Isang dokumento upang suportahan ang maingat na pagpili ng kagamitan at materyales para sa mga sanggol at batang paslit.
https://scchildcare.org/media/35572/InfantToddlerMaterialsGuide.pdf

Kolaboratibong Pamumuhunan para sa mga Bata sa Komunidad – Paglalaan ng Kagamitan at Kasangkapan para sa mga Pasilidad ng Maagang Pagkabata. Isang publikasyon upang makatulong sa pagpili at pag-aayos ng mga kasangkapan sa mga espasyo ng maagang pagkatuto mula sanggol hanggang preschool.
www.lisc.org/media/filer_public/de/b0/deb03f6a-804e-4a0a-8a70-44a99f55c6a3/2005_cick_guide_vol3_equipping.pdf

WAC 110-300-0145

Panlabas na espasyo para sa programa ng maagang pagkatuto

(1) Ang isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat magsagawa ng biswal na inspeksyon sa panlabas na espasyo ng programa at kagamitan araw-araw upang matiyak na ang mga panlabas na lugar at kagamitan ay walang panganib.

(2) Dapat na magkaroon ang panlabas na lugar ng paglalaro ng minimum na pitumpu't limang square feet ng lisensyadong magagamit na espasyo sa bawat bata na gumagamit ng lugar ng paglalaro sa anumang oras. Maaaring bumuo ng alternatibong plano ang isang provider ng maagang pagkatuto kung ang isang programa ng maagang pagkatuto ay walang sapat na panlabas na palaruan para magkasya ang lahat ng nakatalang bata nang sabay (halimbawa, pagpapalitan ng grupo ng mga bata sa paglalaro sa labas o paggamit ng lugar ng paglalaro sa ibang lokasyon). Dapat aprubahan ng kagawaran ang mga alternatibong plano para gumamit ng mga panlabas na lugar ng paglalaro sa ibang lokasyon.

(3) Magkaroon dapat ang programa ng maagang pagkatuto ng mga lugar na may lilim sa panlabas na espasyo ng paglalaro na ibinibigay ng mga puno, gusali, o mga istrukturang panlilim.

(4) Dapat magtaguyod ang panlabas na palaruan ng iba't ibang lugar para sa aktibong paglalaro na angkop sa edad at antas ng pag-unlad ng mga batang nasa pag-aalaga. Dapat hikayatin at itaguyod ng mga gawain ang parehong katamtaman at masiglang pisikal na aktibidad gaya ng pagtakbo, pagtalon, paglundag, paghagis, pagpadyak, pagtulak, paghila, pagsipa, at pag-akyat.

(5) Kapag ang lisensyadong panlabas na lugar ng paglalaro ay hindi direktang katabi ng lokasyon ng programa ng maagang pagkatuto, dapat gumamit ang provider ng maagang pagkatuto ng ligtas na ruta sa pagpunta at pagbalik mula sa lisensyadong panlabas na lugar ng paglalaro.

(6) Ang mga lisensyadong panlabas na palaruan ay dapat may bakod o harang na idinisenyo upang pigilan ang mga bata sa paglabas at magpababa ng panganib ng pag-akyat. Kung ang panlabas na palaruan ay napapalibutan ng harang na hindi bakod, maaaring ang harang ay pader na gawa sa ladrilyo, bato, o katulad na materyal.

(7) Ang mga lisensyadong panlabas na palaruan ay dapat napapalibutan upang maiwasan ang pagpasok ng mga tao na walang pahintulot.

(8) Dapat nasa maayos na kondisyon ang mga bakod, harang, at gate, walang puwang na kayang lusutan ng bilog na may diameter na tatlo't kalahating pulgada, at may taas na hindi bababa sa apatnapu't walong pulgada o sumusunod sa taas na itinakda ng naaangkop na lokal na regulasyon.

(9) Hindi dapat magkaroon ng puwang ang pagitan ng poste ng bakod at gate o poste ng bakod at gusali na maaaring malusutan ng isang bilog na may diameter na tatlo at kalahating pulgada.

(10) Hindi dapat mag-install ang isang provider ng maagang pagkatuto ng anumang bakod na gawa sa kahoy, estruktura ng palaruan, o kasangkapan kung ito ay may chromated copper arsenate (CCA), creosote, o pentachlorophenol. Kung pinaghihinalaang may CCA ang mga bakod na gawa sa kahoy, mga estruktura, at kasangkapan, dapat itong suriin. Kung may CCA, ang mga bakod, estruktura, at kasangkapan ay dapat tanggalin o pinturahan ng oil-based na panlabas na sealant taun-taon o kung kinakailangan sa loob ng anim na buwan mula sa petsa ng pagiging epektibo ng seksyong ito.

(11) Sa loob ng anim na buwan mula sa petsa ng pagiging epektibo ng seksyong ito o bago ang paglilisensya, ang mga mekanismo para sa pagbukas ng gate mula sa lisensyadong panlabas na palaruan patungo sa hindi lisensyadong espasyo ay dapat may kusang nagsasara at kusang nagla-lock na mekanismo (kusang nagsasara kapag binitiwan mula sa kontrol ng tao). Ang gate na hindi emergency exit ay dapat may kusang nagsasara at kusang nagla-lock na mekanismo.

(12) Dapat may dalawang labasan ang mga panlabas na palaruan na hindi dapat bahagya o ganap na nakaharang, na may hindi bababa sa isang labasan na nakalagay palayo sa gusali.

Isang mahalagang bahagi ng mataas na kalidad na programa ng maagang pagkatuto ang paglalaro sa labas. Ipinapakita ng pananaliksik na ang sariwang hangin, sikat ng araw, at mga likas na elemento ay nakakatulong sa pag-unlad ng buto, pagpapalakas ng immune system, at pagtaas ng pisikal na aktibidad ng mga bata.[47] Ang panlabas na kapaligiran ay natatanging angkop para sa mga aktibong laro tulad ng pagtakbo, pagtalon, paghahagis, at pag-akyat. Kapag ang mga bata ay nakikibahagi sa aktibong laro, nailalabas nila ang kanilang enerhiya at nade-develop ang kanilang malalaking kalamnan, koordinasyon, at kasanayang panlipunan. Ang mga batang nakikibahagi sa aktibong laro ay nakakatanggap din ng aerobic exercise at nagsusunog ng mas maraming calorie. Gayunpaman, ang mga benepisyo ng paglalaro sa labas ay hindi lamang limitado sa mas mataas na pisikal na kalusugan at gross motor development.[48] Ipinapakita rin ng pananaliksik na ang mga batang nakikibahagi sa de-kalidad na karanasan sa paglalaro sa labas ay magkakaroon ng mas mahusay na kasanayan sa pagkontrol sa sarili, mas maayos na nutrisyon, mas mataas na tiwala sa sarili, mas malinaw na paningin, mas mahusay na konsentrasyon, at nababawasan ang mga sintomas ng ADHD.[49] Maaaring hikayatin ng mga provider ng maagang pagkatuto ang mga bata na magtulungan sa paggawa ng outdoor obstacle course gamit ang mga panlabas na materyales at kagamitan. Sa huli, gumamit ng pagkamalikhain kasama ang mga batang nasa pag-aalaga upang makaisip ng mga bago at sariwang paraan para maramdaman nilang sila ay nakakapag-ambag at pinahahalagahan ang kanilang mga ideya.

47 Gabriela Bento at Gisela Dias, "The importance of outdoor play for young children's healthy development," *Porto Biomedical Journal* 2 (5) (2017), available sa **www.sciencedirect.com/science/article/pii/S2444866416301234**

48 Allen Cooper, "Nature and the Outdoor Learning Environment: The Forgotten Resource in Early Childhood Education," *Pandaigdigang Journal para sa Pangkapaligirang Edukasyon ng Maagang Pagkabata 3* (1) (2015), available sa **https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1108430.pdf**

49 Allen Cooper, "Nature and the Outdoor Learning Environment: The Forgotten Resource in Early Childhood Education," *Pandaigdigang Journal para sa Pangkapaligirang Edukasyon ng Maagang Pagkabata 3* (1) (2015), available sa **https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1108430.pdf**



Isang magulang mula sa isang panlabas na programa ng maagang pagkatuto sa Mason County ang nagbabahagi:

Si Steven ay isang tahimik, mahiyain, mausisang bata at madaling mabigla. Nang siya ay lumipat sa panlabas na programa, tumaas nang husto ang kanyang kumpiyansa at biglang umunlad ang kanyang pakikipagkomunikasyon. Makikita sa kurikulum ang kabuuang partisipasyon ng bata at dumoble ang kanyang atensyon. Ang araw-araw na komunikasyon mula sa kanyang mga guro at regular na pakikipag-ugnayan ng pangasiwaan ay nagbunga ng isang magkakaugnay at nakakaengganyong kapaligiran para sa dating mahiyain kong anak.

Isang lugar para sa pagkatuto at pag-unlad ng mga bata ang mga panlabas na kapaligiran. Upang matiyak ang mga benepisyo ng paglalaro sa labas, ang lugar ng laro ay dapat laging ligtas at walang panganib. Dahil dito, ang panlabas na lugar ng laro ay dapat ganap na napapalibutan ng bakod o harang upang mapigilan ang mga bata na makalabas at ang mga taong walang pahintulot na makapasok. Ibig sabihin, ang bakod o harang ay dapat hindi bababa sa 48 pulgada ang taas (o alinsunod sa lokal na regulasyon sa taas) at walang puwang kung saan maaaring magkasya ang isang bata, o maipit habang sinusubukang dumaan. Dapat na ang bakod o harang ay may hindi bababa sa dalawang labasan (gate) na ang isa ay nasa lugar na malayo sa gusali. Tinitiyak nito na may alternatibong daan palabas mula sa gusali o lugar ng laro sakaling may emergency.

Madalas gamitin ng mga pamilya, kawani, at bisita ang mga gate sa mga programa ng maagang pagkatuto kapag dumadating o umaalis sa programa. Tinitiyak ng kinakailangan para sa mga mekanismong kusang nagsasara at nagla-lock sa mga gate na lumalabas patungo sa hindi lisensyadong lugar na nakasara at nakakandado ang gate, kahit na makalimutan ng taong dumaan dito na isara at ikandado ito mismo. Ang kinakailangang mekanismo para sa awtomatikong pagsasara ay nagbibigay-daan sa gate na bumalik sa puwesto kapag binitiwan at awtomatikong nagsasara. Dapat ikabit ang kandado sa panlabas na bahagi ng bakod o sa lugar na hindi maaabot ng mga bata. Kapag may mga batang nasa pag-aalaga, ang mga kandado sa gate ng emergency exit ay dapat manatiling hindi nakakandado. Tinitiyak nito ang madaling pag-access at ligtas na paglabas sakaling magkaroon ng emergency. Makipagtulungan sa ahensya ng lisensiya para sa pag-aalaga ng bata at, kung naaangkop, sa lokal na awtoridad sa sunog upang matukoy kung ano ang angkop para sa mga gate at mekanismo kapag may mga katanungan. Kung ang lisensyadong panlabas na lugar ng paglalaro ay hindi agad katabi ng pasilidad ng programa ng maagang pagkatuto, magtakda at gumamit ng plano para sa ligtas na paglipat at wastong pangangasiwa upang makapunta roon.

Makakatulong ang masusing araw-araw na inspeksyon ng panlabas na kapaligiran ng programa ng maagang pagkatuto na maiwasan ang mga aksidente at pinsala sa mga bata na maaaring sanhi ng sirang kagamitan o iba pang mapanganib na kondisyon. Maaaring makatulong ang mga propesyonal ng maagang pagkatuto na maiwasan ang mga pinsala sa pamamagitan ng pagsusuri sa panlabas na kapaligiran at kagamitan para sa mga nawawala o sirang bahagi; nakausling mga turnilyo at bolt; natutuklap o nababakbak na pintura; matatalim na gilid, tinik, at magagaspang na ibabaw; katatagan ng mga handhold; nakikitang bitak; katatagan ng malalaking kagamitang hindi nakakabit o nakabaon (halimbawa, mga playhouse); at palatandaan ng pagkasira o pagkaluma. Ang pagbuo ng isang sistema upang masiguro na regular na sinusuri ang mga panlabas na palaruan bago magsimula ang araw-araw na laro ng mga bata ay makakatulong sa pag-iwas sa mga pinsala at pagpapanatili ng pagsunod sa mga kinakailangan ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad. Maaaring pumili ang mga provider ng maagang pagkatuto na bumuo ng isang sistema para idokumento ang inspeksyon ng mga panlabas na palaruan upang masubaybayan ang mga solusyon at pagwawasto sa lugar na iyon. Makakatulong ang regular na gawaing ito hindi lamang sa pagpigil ng aksidente kundi pati sa pagpapahaba ng buhay ng panlabas na lugar ng paglalaro at masiguro na isinasagawa ang regular na pagpapanatili ng palaruan.

Ang website ng Komisyon sa Kaligtasan ng Mga Produkto ng Konsyumer (CPSC) ay may maraming mapagkukunan na may kaugnayan sa kaligtasan, kabilang ang mga gabay para sa kaligtasan ng palaruan at mga checklist para sa inspeksyon.
www.cpsc.gov/Safety-Education/Safety-Guides/outdoors/playgrounds

Mga Bata at Kalikasan sa Buong Mundo: Isang Pagsusuri sa mga Karanasan ng mga Bata sa Labas at sa Kalikasan, kasama ang mga Kaugnay na Panganib at Benepisyo. Isang pinagsamang publikasyon ng Network ng mga Bata at Kalikasan at ng Internasyonal na Unyon para sa Pagpapanatili ng Kalikasan (IUCN) Komisyon sa Edukasyon at Komunikasyon (CEC) hinggil sa kahalagahan ng paglalaro ng mga bata at ng kanilang ugnayan sa kalikasan.
www.childrenandnature.org/wp-content/uploads/2015/04/CECCNNWorldwideResearch.pdf

Imbentaryo ng Panlabas na Kapaligiran sa Pagkatuto ng Virtual Lab School. Isang checklist na tool upang mag-prompt ng mga pagsasaalang-alang sa isang panlabas na kapaligiran sa pag-aaral.
www.virtuallabschool.org/infant-toddler/learning-environments/lesson-3/act/13841

10 Tip upang Mapahusay ang Iyong Panlabas na Lugar ng Laro. Mga malikhaing ideya para sa isang panlabas na espasyo mula sa paglalaro ng Head Start Body Start.
https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/sites/default/files/pdf/ten-tips-enhance-outdoor-play-space.pdf



Ang maayos na planong panlabas na lugar ay nanghihikayat sa mga bata na maging aktibo sa paglalaro at magbibigay ng pagkakataon para sa pakikipagsapalaran o pagkamausisa. Kapag ang kagamitan ay angkop sa pag-unlad para sa pangkat ng edad na gumagamit ng espasyo, ang mga bata ay higit na nakikinabang mula sa kanilang mga karanasan sa paglalaro sa labas. Dapat magbigay ng sapat na espasyo ang mga panlabas na kapaligiran ng isang programa sa maagang pag-aaral para sa iba't ibang uri ng mga pisikal na aktibidad na naaangkop sa pag-unlad na magaganap nang sabay-sabay. Ito ay isang mahalagang pagsasaalang-alang dahil hindi lahat ng bata ay umuunlad sa parehong bilis. Ang pagkakaroon ng sapat na espasyo sa labas, at ang kakayahang magbigay ng iba't ibang aktibidad sa parehong oras, ay magbibigay-daan sa mga bata na makisali sa mga pisikal na aktibidad na parehong nakakatugon at humahamon sa kanilang kasalukuyang mga kakayahan sa pag-unlad. Inilalarawan ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang mga tiyak na kinakailangan sa espasyo para sa mga panlabas na palaruan. Ang isang programa sa maagang pag-aaral ay dapat magkaroon ng 75 square feet ng lisensyado, magagamit na espasyo para sa bawat bata na maa-access ang lugar ng laro sa anumang partikular na oras. Kung may alalahanin sa espasyo sa isang programa ng maagang pagkatuto, maaaring gumamit ng alternatibong sistema. Halimbawa, maaaring magpasya ang isang programa na hatiin ang mga bata sa mas maliliit na grupo at salit-salitang gamitin ng bawat grupo ang panlabas na palaruan. Para sa mga katanungan na may kaugnayan sa mga alalahanin sa espasyo, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng paglilisensya para sa tulong o upang kumuha ng pahintulot para sa alternatibong plano.



WAC 110-300-0146

Kagamitan at mga ibabaw sa panlabas na espasyo para sa maagang pagkatuto

(1) Ang kagamitan at mga ibabaw sa palaruan na ginagamit ng isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat sumunod sa mga naaangkop na panuntunan ng CPSC, sa kasalukuyan at sa mga susunod pang pagbabago, kabilang ngunit hindi limitado sa pag-install, pag-aayos, pagdidisenyo, paggawa, at pagpapanatili ng panlabas na kagamitan at mga ibabaw sa palaruan.

(a) Hindi dapat ilagay ang mga kagamitan sa paglalaro na inaakyatan sa ibabaw o sa taas ng kongkreto, aspalto, pinakapal na lupa, kahoy, o katulad na matitigas na ibabaw;

(b) Ang lupa sa ilalim ng mga swing at kagamitan sa paglalaro ay dapat may takip na materyal na nakakabawas ng epekto ng pagbagsak (hindi sapat ang damo lamang) gaya ng:

(i) Pea gravel na may lalim na hindi bababa sa siyam na pulgada;

(ii) Playground wood chip na may lalim na hindi bababa sa siyam na pulgada;

(iii) Pinong piraso ng niresiklong goma na may lalim na hindi bababa sa anim na pulgada; o

(iv) Anumang materyal na may sertipiko ng pagsunod, label, o dokumentasyon na nagsasaad na ito ay tumutugon sa mga pamantayang ASTM F1292-13 at F2223-10, sa kasalukuyan at anumang susunod na pagbabago.

(2) Ang permanenteng nakakabit na panlabas na kagamitan para sa paglalaro ay hindi dapat ilagay sa ibabaw ng mga lugar na may septic tank o drain field, at dapat itong ikabit ayon sa mga tagubilin ng tagagawa.

(3) Dapat panatilihing ligtas o alisin kapag hindi na ligtas gamitin ang mga gawang-kamay na kagamitan sa palaruan. Bago gumawa ng bagong gawang-kamay na kagamitan sa palaruan, ang provider ay dapat magpaalam muna sa kagawaran at maghanda ng mga plano at listahan ng materyales na maaaring hilingin anumang oras.

(4) Dapat na hindi naaabot at nakasusi ang mga kagamitang tumatalbog, kabilang ngunit hindi limitado sa, ang mga trampolin, rebounder, at inflatable na kagamitan. Hindi nalalapat ang mga kahilingang ito sa mga bounce ball na dinisenyo para gamitin ng indibidwal na mga bata.

Sa panlabas na espasyo para sa maagang pagkatuto, maaaring gamitin ang iba't ibang elemento ng disenyo at mga kagamitan upang suportahan ang pagkatuto at pagpapaunlad ng mga bata. Maaaring isama sa mga elementong ito ang pagbibigay ng mga likas na espasyo at materyales, mga lugar para sa malakihang galaw at angkop na kagamitan, mga kagamitang pang-akyat na may angkop na ibabaw, at isang maingat na pagkakaayos ng mga elementong ito upang mapataas ang partisipasyon at pagkatuto ng mga bata.

Isang panlabas na provider ng maagang pagkatuto sa Mason County ang nagbahagi:

"May isang pahayag si Erin Kenny na madalas kong gamitin: "hindi mababangga ng mga bata ang mga dingding kung aalisin natin ang mga dingding."

"Sa nakalipas na tatlong taon, nagkaroon ako ng pribilehiyong makita ito sa aktwal. Nakita ko ang pinakatahimik na bata na naging lider ng grupo. Ang batang paulit-ulit na nanggugulo sa klase nang ilang beses bawat araw sa aming brick and mortar na programa ay lubusan na ngayong nakikibahagi. Sa katunayan, ang batang ito ay umusad mula sa pagkakaroon ng plano ng pamamahala ng pag-uugali hanggang sa pagtuturo sa kanyang mga kaklase kung paano pamahalaan ang kanilang sariling kilos. Likas na nangyayari ang pagkatuto kahit walang mga komersyalisadong materyales, at ang kapaligiran ay nagbabago araw-araw kaya bawat araw ay nagiging bagong karanasan sa pagkatuto. Nakapagtayo ang mga inaalagaan naming bata ng estrukturang gawa sa likas na materyales na nakatayo pa rin makalipas ang tatlong taon. Namasdan nila ang buong siklo ng buhay ng salmon sa aming sapa at gamit ang pang-agham na lengguwahe para sa pre-k, kaya nilang ikwento sa iyo ang lahat tungkol sa mga salmon na iyon. Araw-araw, nagkakaroon sila ng mga aktwal na karanasan sa kanilang likas na kapaligiran. Hindi lamang sila natututo tungkol sa mga kulay at numero, natututo rin sila tungkol sa flora at fauna. Napatunayan ng neuroscience na hindi tayo dinisenyo para manatili sa loob ng apat na dingding, kundi likas tayong nilikha para mamuhay sa luntiang kapaligiran."

Ang paglalagay ng mga likas na elemento, gaya ng mga puno, katutubong halaman, damuhan, at mga hardin, sa iyong panlabas na espasyo para sa maagang pagkatuto ay makapagbibigay ng ligtas, matipid at nakakapukaw na kapaligiran para sa mga bata. Maaaring magbigay ng maraming benepisyo sa kalusugan at pagpapaunlad ng mga bata ang likas na panlabas na kapaligiran para sa pagkatuto, kabilang ang mas mataas na pagkamalikhain, pag-unlad ng kognitibo, nutrisyon, pisikal na aktibidad at mas maayos na interaksiyong panlipunan. Marami ring mga elemento ng disenyo o lugar para sa aktibidad na maaaring magdagdag ng halaga sa panlabas na kapaligiran para sa pagkatuto, gaya ng mga damuhang puwedeng gamitin sa iba't ibang paraan, mga tampok na tubig, at mga hardin. Sinusuportahan din ang laro at pagkatuto ng mga malayang likas na materyales, gaya ng mga troso, bato, sanga, wood chip, at dahon.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa sentro sa Thurston County ang nagbabahagi:

"Nalaman namin na ang panlabas, likas na inspiradong pag-aalaga ng bata ay madaling isama sa anumang child care o Programa ng Edukasyon sa Maagang Pagkabata o paaralan. Posibleng magdagdag ng mas maraming oras para sa panlabas na laro sa araw-araw na iskedyul para sa lahat ng bata, maging sa mga sanggol. Ginugugol namin ang karamihan ng aming araw sa labas at nakalikha kami ng mga estrukturang panlaro na inspirasyon mula sa kalikasan para makipag-ugnayan ang mga bata. Maaaring ito ay isang hardin, mga tuod ng puno, mga bloke na yari sa kahoy para sa pagtatayo, malalaking metal truck para sa malakihang paggalaw, isang nakataas na deck na yari sa kahoy, malalaking bato para akyatin ng mga bata, mga estrukturang pang-akyat na gawa sa troso, isang maliit na palanggana para sa larong may tubig, o isang panlabas na kusina para sa paggawa ng mga mud pie."

Pakitandaan na kapag nagbibigay ng mga pagkakataon para sa pagkatuto sa pamamagitan ng hardin at pagtatanim ng pagkain kasama ang mga batang inaalagaan, kailangang sundin ng mga programa ang WAC 110-300-0148 (Mga Hardin sa panlabas na espasyo ng programa ng maagang pagkatuto), at 110-300-0196 (Mga pinagmulan ng pagkain).

Ayon sa Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit, CDC), karamihan sa mga pinsala sa panlabas na espasyo para sa maagang pagkatuto ay nangyayari sa mga climber kaysa sa anumang ibang kagamitan.[50] Upang maprotektahan ang kaligtasan ng mga bata, hinihiling ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na ang kagamitan at ibabaw sa palaruan ay tumugon sa mga panuntunan sa kaligtasan ng Komisyon sa Kaligtasan ng Mga Produkto ng Konsyumer ng U.S. (CPSC). Ang CPSC ay isang pederal na ahensya na regulasyon na nagtatrabaho upang protektahan ang publiko laban sa mga hindi makatwirang panganib ng mga pinsalang kaugnay ng mga produktong pangkonsumo.[51] Matatagpuan ang mga panuntunan ng CPSC para sa mga panlabas na palaruan, kagamitan at ibabaw para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa family home sa *Handbook sa Kaligtasan ng Panlabas na Palaruan sa Tahanan* ng CPSC. Makikita ang mga patnubay ng CPSC para sa mga sentro at programa sa maagang pagkatuto para mga batang nasa edad ng pag-aaral sa *Handbook sa Kaligtasan ng Panlabas na Palaruan sa Tahanan ng CPSC*. Nakalista sa seksyon ng mga mapagkukunan ang mga link patungo sa mga handbook na ito.

Dagdag pa rito, ang Internasyonal na Amerikanong Samahan para sa Pagsusuri at mga Materyales (ASTM) ay isang organisasyon na bumubuo ng mga boluntaryong pamantayan para sa produkto. Madalas binibigyan ng mga tagapag-regulate ng gobyerno ng bisa ng batas ang mga boluntaryong pamantayang ito sa pamamagitan ng pagsipi sa mga ito sa mga regulasyon at kodigo.[52] Isang halimbawa nito ay matatagpuan sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad, WAC 110-300-0146 (1)(b)(iv), tungkol sa materyal na shock absorber sa ilalim ng mga gamit sa paglalaro.

Ang mga aprubadong materyal para sa sahig ng palaruan ay nag-aabsorb ng malaking bahagi ng puwersa kapag nahulog ang isang bata mula sa kagamitan sa paglalaro, at binabawasan ang panganib ng malubhang pinsala sa ulo. Dapat tumugon sa mga pamantayan ng ASTM Internasyonal na F1292-13 at F2223-10 ang ibabaw na inilalagay sa ilalim ng kagamitang panlaro. May ilang aprubadong opsyon para sa mga materyales sa ibabaw sa paligid ng kagamitang panlaro. Ang ilan sa mga materyales ay hiwa-hiwalay, gaya ng pira-pirasong goma, at ang ilan ay mga mat, tile, o poured matting. Ipinapakita sa talahanayang ito ang pinakasukdulang taas ng isang estrukturang panlaro para sa bilang ng pulgada ng isang partikular na hiwa-hiwalay na materyal.[53]

Talahanayan 2. Pinakamababang lalim ng hiwa-hiwalay na materyal sa ibabaw matapos itong ma-compress

Pulgada	Ng	(Hiwa-hiwalay na Materyal)	Na Nagbibigay Proteksyon sa	Taas ng Pagkahulog (talampakan)
6*		Pira-piraso/niresiklong goma		10
9		Buhangin		4
9		Maliliit na batong bilog		5
9		Wood mulch (hindi ginagamitan ng CCA)		7
9		Pira-pirasong kahoy		10

* Ang pira-piraso/niresiklong goma bilang hiwa-hiwalay na ibabaw ay hindi naco-compress sa parehong paraan na gaya ng ibang hiwa-hiwalay na materyales. Gayunpaman, kailangang mag-ingat upang mapanatili ang pare-parehong lalim dahil maaaring magkaroon pa rin ng paggalaw o displacement ng materyal.

Upang mapanatili ang kinakailangang lalim ng hiwa-hiwalay na materyal sa ibabaw ng palaruan (pea gravel, wood chip) sa paligid ng mga estrukturang panlaro, kailangan ang regular na pagkalaykay ng materyal upang maibalik ito sa mga lugar na madalas daanan, para mabawasan ang pagkaubos ng materyal, pagkaipit o pagkasiksik nito at

50 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Playground Injuries: Fact Sheet," available sa **www.cdc.gov/HomeandRecreationalSafety/Playground-Injuries/playgroundinjuries-factsheet.htm**, huling na-update noong Marso 29, 2012.

51 Komisyon sa Kaligtasan ng Mga Produkto ng Konsyumer ng U.S., "Who We Are – What We Do for You," (walang petsa), available sa **www.cpsc.gov/Safety-Education/Safety-Guides/General-Information/Who-We-Are---What-We-Do-for-You**, nakuha noong Hunyo 25, 2020.

52 ASTM Internasyonal, "Frequently Asked Questions," (walang petsa), available sa **www.astm.org/FAQ/#test**, nakuha noong Hunyo 25, 2020.

53 Komisyon sa Kaligtasan ng Mga Produkto ng Konsyumer ng U.S. *Handbook para sa Kaligtasan ng Pampublikong Palaruan*. (Bethesda, MD: Komisyon sa Kaligtasan ng Mga Produkto ng Konsyumer ng U.S., 2010), 11. Available sa **www.cpsc.gov/s3fs-public/325.pdf**

upang maiwasan ang pagkakaroon ng uka. Bukod pa rito, ang pagkakaroon ng hangganan sa paligid ng palaruan ay makakatulong upang mapanatili sa loob ang hiwa-hiwalay na materyales sa ibabaw ng palaruan at mapanatili ang tamang sukat ng lalim. Nangangailangan ng propesyonal na maglalagay ang ilan sa mga materyales para sa ibabaw. Ang dokumentasyon mula sa tagagawa ang magpapatunay kung ang ibabaw ay nakakatugon sa mga pamantayan ng ASTM para sa kaligtasan.

May iba't ibang uri ng wood chip na maaaring bilhin. Partikular na ginawa ang mga wood chip para sa palaruan sa layuning ito. Minsan ay tinatawag din itong "engineered wood fiber." Ang mga wood chip para sa palaruan ay karaniwang may sukat na mga dalawang pulgada o mas maliit, at gawa lamang sa kahoy na hindi ginagamitan ng anumang kemikal. Maaaring ang ibang wood chip ay ginagamitan ng mga kemikal, may ilang pulgada ang haba o may mga tinik. Kapag pumipili ng wood chip, siguraduhing pumili ng materyal na ginawa para sa ibabaw ng palaruan.





Ang pea gravel ay mga batong hugis bilog na halos kasinlaki ng gisantes.

Bago pumili ng protektibong ibabaw, isaalang-alang ang pagbisita sa mga lokal na parke at elementarya upang makita at maikumpara ang iba't ibang uri ng ibabaw ng palaruan at paraan ng paglalagay.

ASTM Internasyonal. Isang webpage para sa mga pamantayan ng produkto at serbisyo ng mga pamantayan ng ASTM na pinagkasunduan.
www.astm.org.

Komisyon sa Kaligtasan ng Mga Produkto ng Konsyumer

Handbook para sa Kaligtasan ng Palaruan sa Tahanan. Mga pamantayan ng CPSC para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa family home.
www.cpsc.gov/s3fs-public/324.pdf

Handbook para sa Kaligtasan ng Pampublikong Palaruan ng CPSC. Mga pamantayan ng CPSC para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa mga sentro at para sa mga batang nasa edad ng pag-aaral.
https://www.cpsc.gov/s3fs-public/325.pdf

Inisyatiba para sa Likas na Pagkatuto

Mga Benepisyo ng Pagkonekta ng mga Bata sa Kalikasan. Isang publikasyon ng Inisyatiba para sa Likas na Pagkatuto tungkol sa paglikha ng mga likas na kapaligiran para sa pagkatuto sa labas.
https://naturalearning.org/wp-content/uploads/2017/09/Benefits-of-Connecting-Children-with-Nature_InfoSheet.pdf

Pagdaragdag ng Halaga sa mga Kapaligiran para sa Paglalaro at Pagkatuto sa Labas na Maagang Pagkabata. Isang koleksyon ng nangungunang sampung lugar ng aktibidad ayon sa Inisyatiba para sa Likas na Pagkatuto.
https://naturalearning.org/wp-content/uploads/2017/09/Top-Ten-Activity-Settings_InfoSheet.pdf



Mahalagang tandaan na ang mga kagamitan para sa pagtalon tulad ng trampoline, rebounder, at inflatable amusement ay mapanganib para sa mga bata. Ayon sa isang ulat na inilathala ng CPSC noong Pebrero 2015, tinatayang mayroong 113,272 na mga pinsalang ginagamot sa emergency department na may kaugnayan sa inflatable amusement mula taong 2003 hanggang 2013. Animnapu't isang porsyento ng tinatayang mga pinsala noong 2011 hanggang 2013 ay nasa edad na 4 hanggang 15 taon. Karamihan sa mga naiulat na pinsala ay sa mga paa at kamay, na umabot sa 66% ng lahat ng kaso. At sa kasamaang palad, mayroong 12 pagkamatay na naiulat sa CPSC na may kaugnayan sa inflatable amusement na nangyari mula 2003 hanggang 2013.[54] Ang mga trampoline ngayon ang pangalawang pinakamataas na sanhi ng pinsala mula sa mga produkto ng konsyumer na nangyayari sa labas ng bahay para sa mga batang edad 0 hanggang 4. Para sa mga batang edad 5–9, ang mga trampoline ang pangatlong pinakamataas na sanhi ng pinsala na nangyayari sa labas ng bahay, kasunod ng mga bisikleta at mga kagamitan sa palaruan.[55]

Dahil sa mga estadistikang ito, ipinagbabawal ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang paggamit ng mga bouncing equipment sa mga lisensyadong kapaligiran ng maagang pagkatuto. Kung mayroon mang ganitong kagamitan sa lugar, ito ay dapat naka-lock at hindi naaabot ng mga batang nasa pag-aalaga.

WAC 110-300-0147

Mga lagay ng panahon at panganib sa labas

(1) Kailangang obserbahan ng isang provider ng maagang pagkatuto ang lagay ng panahon at iba pang posibleng panganib upang makagawa ng angkop na aksyon para sa kalusugan at kaligtasan ng mga bata. Maaaring kabilang sa mga kalagayan na maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan o kaligtasan, ngunit hindi limitado sa:

- **(a) Init na higit sa 100 degrees Fahrenheit o ayon sa payo ng lokal na awtoridad;**
- **(b) Lamig na mababa sa 20 degrees Fahrenheit, o ayon sa payo ng lokal na awtoridad;**
- **(c) Bagyong may kidlat, buhawi, bagyo, o pagbaha kung may agarang panganib o posibleng panganib;**
- **(d) Lindol;**
- **(e) Emergency sa kalidad ng hangin na iniutos ng lokal o estadong awtoridad tungkol sa kalidad ng hangin o pampublikong kalusugan;**
- **(f) Abiso ng lockdown na iniutos ng awtoridad sa pampublikong kaligtasan; at**
- **(g) Iba pang katulad na insidente.**

(2) Dapat bihisan ng angkop na damit ang mga bata ayon sa kondisyon ng panahon sa oras ng paglalaro sa labas.

54 Komisyon sa Kaligtasan ng Mga Produkto ng Konsyumer ng U.S. *Tinatayang Bilang ng mga Pinsala at Naiulat na mga Pagkamatay na Kaugnay ng Inflatable Amusement, 2003-2013.* (Bethesda, MD: Komisyon sa Kaligtasan ng Mga Produkto ng Konsyumer ng U.S., 2015), 10. Available sa **www.cpsc.gov/s3fs-public/Inflatable_Amusements_Deaths_and_Injuries_2015.pdf**

55 Kids In Danger, "Summer Safety: Product Injury Patterns for Children," available sa **https://kidsindanger.org/docs/research/Summer%20Safety%20Report%202018.pdf?_t=1533056288**, inilathala noong Hulyo 2018.

Maraming benepisyo ang araw-araw na paglalaro sa labas para sa mga bata sa kahit anong uri ng panahon. Noong 2018, ipinakita sa pananaliksik ni Dr. Tanja Sobko mula sa University of Hong Kong na ang mga batang may mas malapit na koneksyon sa kalikasan ay nakakaranas ng mas kaunting stress, mas kaunting hyperactivity, mas kakaunting problema sa pag-uugali at emosyon, at mas bumubuting pro-social na pag-uugali.[56] Dahil sa karaniwang banayad na klima ng Estado ng Washington, kadalasang nagkakaroon ang mga bata ng pagkakataong mag-enjoy sa mga benepisyo ng paglalaro sa labas araw-araw sa bawat panahon.

Isa pang dapat isaalang-alang sa pagpili ng nilalaman ng screen time ay ang pagiging sensitibo ng programa sa kultura. Makakatulong ito sa mga bata na makabuo ng koneksyon upang maunawaan na ang mundong ating ginagalawan ay binubuo ng iba't ibang tao at kultura. Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga bata ay na-eexpose sa media kung saan kadalasan ay kulang ang representasyon ng mga taong hindi puti at madalas ay inilalarawan sila nang negatibo. Bilang resulta, kapag nakakita ang mga bata ng negatibong mga stereotype batay sa lahi, maaaring makaapekto ito sa kanilang pananaw tungkol sa etnisidad at makaapekto sa kanilang pag-uugali sa ibang tao na iba ang lahi.[81] Dahil dito, kailangang maging maingat ang mga provider ng maagang pagkatuto sa pagpili ng nilalaman para sa screen time sa kanilang mga programa na may paggalang at konsiderasyon sa iba't ibang kultura.

Mahalaga rin na matiyak na ang mga nilalaman ng screen time ay walang mga paglalarawan ng karahasan. Ayon sa pananaliksik, ang mararahas na nilalaman ay maaaring negatibong makaapekto sa executive function ng mga batang musmos dahil hindi nila kayang matukoy ang pagkakaiba ng araw-araw na realidad sa mga nangyayari sa screen.[82] Mahalagang tandaan ito dahil maaaring matuto at tularan ng mga bata ang mga pag-uugali na kanilang nakita mula sa kanilang karanasan sa paggamit ng screen time.

80 Jenny Radesky at Dimitri Christakis, "Media and Young Minds," *Official Journal of the Amerikanong Akademya ng Pediatrics* 138 (5) (2016), available sa **https://pediatrics.aappublications.org/content/138/5/e20162591**

81 Megan Reynolds, "Minorities in Children's Television Commercials: An Examination of Representation and Status," *The College of New Jersey Journal of Student Scholarship* 16 (2014), available sa **https://joss.tcnj.edu/wp-content/uploads/sites/176//2014/04/2014-Reynolds.pdf**

82 Samahan ng mga Pediatrician sa Canada, Task Force sa Digital na Kalusugan, Screen time and young children: Promoting health and development in a digital world," Paediatrics & Child Health 22 (8) (2017): 461-468, available sa **https://academic.oup.com/pch/article/22/8/461/4392451**

Common Sense Media. Isang website na nagbibigay ng impormasyon, mga pagsusuri, at mga rekomendasyon tungkol sa teknolohiya at libangan para sa mga magulang at guro.
www.commonsense.org/education/

Kumusta ang Ginagawa Ko? Isang publikasyon mula sa Fred Rogers Center para tukuyin ang mga halimbawa ng mahusay na paggamit ng teknolohiya para sa maagang pagkatuto.
www.fredrogerscenter.org/2014/02/how-am-i-doing-checklist-exemplary-uses-of-technology-early-learning/

Pagpapakilala ng Teknolohiya sa Maliliit na Bata. Isang limang minutong video na ginawa ng Eastern Connecticut State University tungkol sa matagumpay na integrasyon ng mga computer sa edukasyon ng maagang pagkabata.
www.easternct.edu/cece/e-clip-introducing-technology/

Teknolohiya at Interactive Media bilang mga Kasangkapan sa mga Programa ng Maagang Pagkatuto para sa mga Batang mula sa Kapanganakan hanggang Edad 8. Isang pahayag ng posisyon na ginawa nang magkatuwang ng NAEYC at ng Fred Rogers Center para sa Maagang Pagkatuto at Children's Media sa Saint Vincent College.
www.naeyc.org/sites/default/files/globally-shared/downloads/PDFs/resources/topics/PS_technology_WEB.pdf

WAC 110-300-0160

Pagsusulong ng pagtanggap sa pagkakaiba-iba

(1) Dapat magbigay ang isang provider ng maagang pagkatuto ng mga oportunidad sa pagkatuto na may pagkakaiba-iba sa kultura at lahi. Dapat ipakita ng kurikulum, mga gawain, at mga materyales ng provider ang iba't ibang oportunidad para sa pagkatuto na kumakatawan sa lahat ng bata, pamilya, at kawani. Dapat gumamit ang provider ng kagamitan at materyales na kabilang, ngunit hindi limitado sa:

- **(a) Iba't ibang manika, libro, larawan, laro, o materyales na hindi nagpapalakas ng mga stereotype;**
- **(b) Iba't ibang musika mula sa maraming kultura sa mga pangunahing wika ng mga bata; at**
- **(c) Isang balanse ng iba't ibang etniko at pangkulturang grupo, edad, kakayahan, estilo ng pamilya, at kasarian.**

(2) Dapat na angkop na makialam ang isang provider ng maagang pagkatuto upang itigil ang pag-uugaling may pagkiling na ipinapakita ng mga bata o mga nasa hustong gulang kabilang, ngunit hindi limitado sa:

- **(a) Paglilihis sa isang di-angkop na usapan o pag-uugali;**
- **(b) Pagiging maingat sa mga sitwasyong maaaring may kinalaman sa pagkiling at pagresponde nang naaayon; at**
- **(c) Hindi pagtanggap na balewalain ang pagkiling.**



Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga batang nasa 2.5 hanggang 3 taon ay nagiging mulat at nagsisimulang maunawaan ang mga umiiral na panlipunang ideya, damdamin, at stereotype tungkol sa ibang tao at sa kanilang sarili. Ang pakikipag-ugnayan ng bata sa mga magulang, ibang bata, mga provider ng pag-aalaga sa bata, komunidad, at media ay humuhubog sa kanilang pananaw at paghuhusga tungkol sa iba.[83] Dahil dito, mahalaga ang saloobin at mga kilos ng isang provider ng maagang pagkatuto sa mga bata at kawani sa paligid nila. Kapag ang isang propesyonal sa maagang pagkatuto ay nakikialam, tinatanggihan, at binabasura ang pagkiling sa kapaligiran ng maagang pagkatuto, itinuturo nila ang kahalagahan ng pagkakapantay-pantay at naaapektuhan nila ang pananaw at paghuhusga ng lahat sa programa.

Ang mga materyales at kagamitan sa isang programa ng maagang pagkatuto ay nagpapahayag din ng mensahe sa mga bata tungkol sa kung ano ang mahalaga. Kapag pumipili ang programa ng mga materyales na sumasalamin sa kultura, kasarian, estilo ng pamilya, at kakayahan ng mga batang nasa pag-aalaga, natututuhan ng mga bata na sila ay may personal na halaga. Kapag kasama sa programa ng maagang pagkatuto ang mga materyales na kumakatawan at nagbibigay-galang sa iba't ibang kultura, lahi, etnisidad, estilo ng pamilya, edad, at kakayahan, napapalago nito ang paggalang para sa ibang tao at mga komunidad. Napapalago rin nito ang kakayahan ng mga bata na makipag-ugnayan sa mga taong iba kaysa sa kanila.



Ipinakita ng pananaliksik na ang pagkakaroon ng iba't ibang materyales ay maaaring makatulong upang mabawasan ang antas ng pagkiling sa lahi ng mga bata habang sila ay lumalaki at pumapasok sa paaralan. Ipinapahiwatig ng mga resulta na ang pagsasama ng iba't ibang manika, libro, larawan, laro, musika, o iba pang materyales ay may malaking impluwensya sa pag-unlad ng mga bata at maaaring mabawasan ang kanilang pagkiling laban sa iba sa hinaharap.[84] Kapag nabigyan ng pagkakataon ang mga bata na makaranas ng pakikisalamuha sa iba't ibang tao at kultura, nagkakaroon sila ng kasanayan upang makipag-ugnayan sa iba sa isang mundong may pagkakaiba-iba.

Isang magandang paraan upang makapagsimula ay makipag-ugnayan sa mga kawani ng programa at mga pamilya ng mga bata sa programa ng maagang pagkatuto at itanong kung may mga espesyal na pista o tradisyon silang nais ibahagi sa programa. Ang paglalaan ng oras upang makilala at maging pamilyar sa mga nasa programa ng maagang pagkatuto ay nagbibigay ng mga oportunidad sa pagkatutong kultural, at ang pagbabahagi ng kanilang mga tradisyon ng pamilya sa programa ay isang paraan upang mapalago ang pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba sa loob ng komunidad. Maaari ring ipagdiwang ng mga programa ang pagkakaiba-iba sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga espesyal na kaganapan kung saan nagdadala ang mga kawani, bata, at pamilya ng mga bahagi ng kanilang kultura upang ibahagi, alinman sa araw-araw na programa o sa isang espesyal na gabi.

83 University of Nebraska-Lincoln, "Cultural Diversity," (walang petsa), available sa **https://child.unl.edu/cultural-diversity**, nakuha noong Hunyo 22, 2020.

84 Larissa Gaias, Diana Gal, Tashia Abry, Michelle Taylor at Kristen Granger, "Diversity exposure in preschool: Longitudinal implications for cross-race friendships and racial bias," Journal of Applied Developmental Psychology 59 (2018): 5-15, available sa **www.sciencedirect.com/science/article/pii/S0193397317302411**



Ang Pagkiling ay Hindi Lamang Basta Isang Problema, Kundi Problema na Ito Mula pa sa Preschool. Isang dalawang minutong video mula sa NPR na tinalakay ang isang 2016 na pag-aaral ng Yale na may kinalaman sa pagkiling sa preschool.
www.youtube.com/watch?v=ucEAcIMkS0c

Pagbuo ng mga Programa sa Maagang Pagkabata na Laban sa Pagkiling: Ang Papel ng Lider. Isang balangkas mula sa NAEYC na naglalahad ng mga praktikal na estratehiya para sa mga programa upang makipagtulungan nang maayos sa mga kawani, pamilya, at komunidad upang maisakatuparan ang walang pagkiling na pamamaraan sa mga programa ng maagang pagkatuto.
www.naeyc.org/resources/pubs/yc/may2015/building-anti-bias-programs

Paglikha ng Kapaligiran sa Pag-aalaga ng Bata na May Iba't Ibang Kultura. Isang checklist ng mga konsiderasyon na maaaring gamitin upang masuri ang isang kapaligiran na may magkakaibang kultura sa pag-aalaga ng bata.
www.teachingforchange.org/wp-content/uploads/2012/08/ec_creatingaculturallydiverse_english.pdf

Project Implicit. Isang website para turuan ang publiko tungkol sa mga nakatagong pagkiling. Mahalaga ang pagkilala sa sariling mga pagkiling sa ating tungkulin bilang propesyonal sa maagang pagkatuto. Ang mga implicit bias test ng Harvard ay sumusukat sa mga saloobin at paniniwala ng mga tao na maaaring hindi nila alam, at maaaring ipakita ang hindi kilalang saloobin o pagkiling.
https://implicit.harvard.edu/implicit/

Pagkapantay-pantay sa Lahi, Pagkakaiba-iba, at Pagsasama. Isang webpage ng DCYF.
www.dcyf.wa.gov/practice/racial-equity-diversity-inclusion

Kurikulum sa Maagang Pagkatuto mula pa noong Sinaunang Panahon. Ang Kurikulum Tungkol sa Soberanya ng Tribo para sa Maagang Pagkatuto ay isang natatanging kurikulum na dinisenyo ng mga tagapagturong Katutubo sa Maagang Pagkatuto, sa pamamagitan ng Washington Office of Superintendent of Public Instruction (Tanggapan ng Superintendente ng Pampublikong Instruksyon ng Washington, OSPI), Tanggapan ng Katutubong Edukasyon, para sa lahat ng batang maagang nag-aaral sa Estado ng Washington. Binubuo ang kurikulum ng tatlong aralin na idinisenyo upang maranasan ng mga batang maagang nag-aaral ang mga konsepto na may kaugnayan sa soberanya ng tribo at lokal na kasaysayan ng tribo.
www.dcyf.wa.gov/tribal-relations/since-time-immemorial

Anim na bagay na hindi dapat sabihin tungkol sa mga kapansanan. Isang webpage mula sa Diversity Inc. na naglalaman ng mga tip para itaguyod ang pagiging inklusibo.
www.diversityinc.com/diversity-leaders-6-things-never-to-say-about-disabilities

Kapaligiran: Mga Materyales. Isang webpage mula sa Virtual Lab School na nagbibigay ng gabay kung paano pumili ng mga materyales batay sa kultural na kaugnayan, interes ng mga bata, pagkakaiba-iba, at mga layunin sa pagkatuto.
www.virtuallabschool.org/preschool/learning-environments/lesson-4

WAC 110-300-0165

Mga kinakailangan sa kaligtasan



(1) Dapat panatilihing ligtas mula sa mga panganib at nasa maayos na kondisyon ang loob at labas ng espasyo ng programa ng maagang pagkatuto, mga materyales, at kagamitan. Ang mga kagamitan at laruan na binili at ginagamit ay dapat sumusunod sa mga alituntunin ng CPSC o mga pamantayan ng ASTM, ngayon at sa mga susunod pang rebisyon. Dapat matugunan ng mga kagamitan sa palaruan at mga ibabaw ang mga kinakailangan ng WAC 110-300-0146.

(2) Dapat gumawa ang isang provider ng maagang pagkatuto ng mga hakbang upang maiwasan ang mga panganib sa mga bata kabilang, ngunit hindi limitado sa:

(a) Pagiging hindi maaabot ng mga sanggol at mga batang paslit ang anumang kagamitan, materyal, o bagay na maaaring magdulot ng panganib ng pagkapit sa lalamunan, paglanghap, o pagkain ng hindi dapat. Para sa layunin ng seksyong ito, ang kagamitan, materyal, o bagay na may diameter o kabuuang sukat na isa't tatlong-kapat na pulgada o mas maliit ay ituturing na mga bagay na maaaring magdulot ng panganib ng pagkabulon, paglanghap, o pagkalunok. Ang maliliit na bahagi mula sa mas malalaking kagamitan, materyal, o bagay na may diameter o kabuuang sukat na isa't tatlong-kapat na pulgada o mas maliit, na maaaring maputol mula sa mas malaking kagamitan, materyal, o bagay ay ituturing ding mga bagay na maaaring magdulot ng panganib ng pagkabulon, paglanghap, o pagkalunok;

(b) Pag-aalis at hindi paggamit sa lisensyadong espasyo, alinsunod sa RCW 43.216.380, ng anumang blinds o takip sa bintana na may mga tali na maaaring bumuhol at magdulot ng panganib ng pagkakabigti sa mga bata.

(i) Pinapayagan ang blinds at iba pang takip sa bintana na ginawa o inayos nang maayos upang maiwasan ang pagbuhol na maaaring magdulot ng panganib ng pagkakabigti; at

(ii) Hindi dapat ikabit ang takip sa bintana sa frame ng bintana o pinto na ginagamit bilang emergency exit sa paraang hahadlang sa madaling pagbukas ng bintana o pinto.

(c) Paggawing hindi maaabot ng mga bata ang mga strap, tali, lubid, kable, o katulad na bagay na maaaring bumuhol sa leeg ng bata na hindi ginagamit sa mga pinangangasiwaang aktibidad ng programa ng maagang pagkatuto;

(d) Paggawing hindi maaabot ng mga bata ang mga plastic bag at iba pang mga panganib na maaaring magdulot ng hirap sa paghinga;

(e) Pagtitiyak na walang baril, armas, at bala sa loob ng pasilidad ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro. Dapat nakaimbak ang mga baril, armas, at bala sa loob ng isang programa ng maagang pagkatuto sa family home sa isang nakasara at naka-lock na gun safe o kwarto na hindi maaabot ng mga bata. Kung nakaimbak sa naka-lock na kwarto, ang bawat baril ay dapat na walang karga at may naka-lock na trigger o iba pang paraan ng pagpigil ng paggamit. Dapat hindi maaabot ng mga bata ang naka-lock na kwarto sa lahat ng oras;

(f) Pagpigil sa mga bata na makapasok o makalakad sa glass door, bintana, o iba pang glass barrier, sa pamamagitan ng paglalagay ng mga sticker o likhang-sining sa antas ng mata ng mga bata sa salamin; at

(g) Hindi dapat ilagay ang mga crib, play pen, bassinet, kama ng sanggol, at mga indoor climbing structure malapit sa mga bintana upang maiwasan ang pinsala mula sa basag na salamin, maliban kung ang bintana ay gawa sa safety glass.

(3) Dapat gumawa ang provider ng maagang pagkatuto ng mga hakbang upang maiwasan ang iba pang mga panganib sa mga batang nasa pag-aalaga sa loob ng espasyo ng programa ng maagang pagkatuto kabilang, ngunit hindi limitado sa:

(a) Mga hiwa, gasgas, at butas o tusok. Ang mga kagamitan, materyales, at iba pang bagay sa loob ng pasilidad na may matutulis na gilid, matalim na dulo, mga kuko o bolt na nakausli, o iba pang panganib ay dapat ayusin, alisin, o gawing hindi maaabot ng mga bata;

(b) Mga paso. Dapat hindi maaabot ng mga bata ang mga kagamitan, materyales, o produkto na maaaring maging sobrang init upang makasakit sa bata;

(c) Pagkagasgas, pagkadurog, o pagkaipit. Ang mga sira o basag na kagamitan, materyales, at bagay ay dapat ayusin, alisin, o ilagay sa hindi naaabot ng mga bata;

(d) Pagkakulong. Dapat na hindi mapupuntahan ng mga bata ang mga freezer, refrigerator, washing machine, dryer, compost bin, at iba pang mapanganib na lugar para makulong ang bata maliban kung ito ay binabantayan;

(e) Pagkadapa. Dapat alisin ang mga panganib na maaaring magdulot ng pagkadapa. Dapat alisin o ayusin ang mga hindi pantay na daanan, sirang sahig o carpet, o iba pang panganib sa pagkadapa;

(f) Mga bagay na maaaring mahulog. Dapat matibay na nakakabit ang malalaking bagay na maaaring bumagsak o matumba. Kabilang sa malalaking bagay, ngunit hindi limitado sa, mga telebisyon, aparador, bookshelf, aparador sa dingding, sideboard o hutch, at mga yunit sa dingding; at

(g) Kagamitan na nasa hindi magandang kondisyon. Ang kagamitan na nasa hindi magandang kondisyon (hiwa-hiwalay na bahagi, kalawangin, tuklap na pintura, o iba pang panganib) ay dapat ayusin, alisin, o hindi mapupuntahan ng mga bata.

(4) Upang matiyak ang ligtas na kapaligiran para sa mga batang nasa pag-aalaga, dapat sumunod ang isang provider ng maagang pagkatuto sa mga sumusunod na kinakailangan:

(a) Temperatura sa loob ng pasilidad. Ang temperatura ng lisensyadong espasyo ng maagang pagkatuto sa loob ng gusali ay dapat nasa pagitan ng 68 at 82 degrees Fahrenheit. Kung ang temperatura sa loob ng lisensyadong espasyo ay mas malamig sa 68 o mas mainit sa 82 degrees Fahrenheit, dapat gumamit ang provider ng maagang pagkatuto ng mga climate control device na hindi maaabot ng mga bata upang maitama ang temperatura sa kinakailangang saklaw;

(b) Mga bukasan ng bintana. Ang mga bintana na naaabot ng mga bata ay dapat lamang mabuksan hanggang tatlo at kalahating pulgada o dapat mayroong hadlang o pananggalang upang hindi makalabas ang mga bata sa bintana. Hindi naaangkop ang tatlo at kalahating pulgadang bukasan sa mga exit window sa mga programa ng maagang pagkatuto sa family home;

(c) Pag-iilaw sa lisensyadong espasyo. Dapat magkaroon ang espasyo ng programa ng maagang pagkatuto ng natural o artipisyal na ilaw na nagbibigay ng angkop na liwanag para sa mga aktibidad at pagsubaybay sa programa. Dapat sumunod ang provider sa lahat ng mga patakaran ng mga tagagawa ng ilaw tungkol sa pag-install at paggamit. Dapat tiyakin din ng provider ang pagsunod sa mga sumusunod na kinakailangan:

(i) Dapat may mga takip na shatter-resistant o matibay laban sa pagkabasag ang mga ilaw o mga bombilya;

(ii) Dapat dinisenyo ang mga ilaw o kagamitan sa ilaw na ginagamit sa loob ng gusali para lamang sa panloob na gamit;

(iii) Ang mga nakatayo o free-standing na lampara ay dapat ikabit o siguraduhing hindi matumba; at

(iv) Ipinagbabawal ang paggamit ng mga halogen na lampara at bombilya.

(d) Ligtas na antas ng ingay. Dapat panatilihin ang antas ng ingay sa paraang maaaring mag-usap nang normal;

(e) Ligtas na temperatura ng tubig. Ang lahat ng tubig na naaabot ng mga naka-enroll na bata ay hindi dapat mas mainit kaysa 120 degrees Fahrenheit;



(f) Kaligtasan sa hagdanan.

(i) Dapat walang kalat o sagabal sa hagdanan;

(ii) Lahat ng hagdanan (panloob at panlabas), maliban sa mga play structure, ay dapat sumunod sa lokal na building code alinsunod sa RCW 43.216.340 (http://app.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=43.216.340).

(A) Dapat na may handrail ang bukas na hagdanan na walang pader sa magkabilang gilid na may mga slat (mga baluster) na pumipigil sa bata na mahulog sa gilid ng hagdanan.

(B) Dapat na may handrail ang hagdanan na may pader sa isang gilid lamang na may mga slat (mga baluster) sa gilid na walang pader upang maiwasan ang pagkahulog ng bata.

(C) Dapat na may handrail ang hagdanan na may pader sa magkabilang gilid na hindi hihigit sa tatlumpu't walong pulgada ang taas sa kahit isang gilid ng hagdanan.

(iii) Dapat may pressure gate, safety gate, o pinto ang mga hagdanan upang hindi maabot ng mga sanggol at mga batang paslit ang hagdan kapag hindi ginagamit. Ang mga pagitan ng slat sa pressure o safety gate ay hindi dapat malaki na malulusutan ng isang bilog na tatlo at kalahating pulgada ang lapad.

(g) Mga platform at deck. Lahat ng platform at deck na ginagamit sa mga gawain sa pag-aalaga ng bata ay dapat sumunod sa lokal na building code alinsunod sa RCW 43.216.340 (http://app.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=43.216.340). Hindi kasama rito ang mga kagamitan sa paglalaro. Lahat ng platform at deck na may drop zone na higit sa labing-walong pulgada ay dapat may guardrail sa mga bahagi na walang hagdan.

(8) Upang matiyak ang ligtas na kapaligiran para sa mga batang nasa pag-aalaga, dapat sumunod ang isang provider ng maagang pagkatuto sa mga sumusunod na kinakailangan sa kuryente:

(a) Sa mga lugar na naaabot ng mga bata, ang mga electrical outlet ay dapat may automatic shutter na nagpapahintulot lamang sa mga electrical plug na maipasok (tamper-resistant) o may takip na blank plate o iba pang tamper-resistant na takip na angkop sa outlet;

(b) Ang mga outlet malapit sa lababo, bathtub, toilet, o iba pang pinagkukunan ng tubig ay dapat hindi maaabot ng mga bata o tamper-resistant at may ground fault circuit interrupter (GFCI) na uri ng outlet;

(c) Ang mga electrical cord ay dapat nasa maayos na kondisyon, hindi punit o bali-bali, at walang nakalantad na mga wire;

(d) Dapat direktang isaksak ang mga electrical cord sa wall outlet o surge protector;

(e) Maaaring gumamit ng power strip na may surge protector ngunit hindi ito dapat maaabot ng mga batang nasa pag-aalaga;


(f) Maaari lamang gamitin pansamantala at hindi dapat ipalit sa direktang wiring ang mga extension cord; at

(g) Ang mga electrical device na naaabot ng mga bata ay hindi dapat isaksak sa outlet malapit sa pinagkukunan ng tubig tulad ng lababo, bathtub, water table, o swimming pool.

Isa sa mga paraan ng pagkatuto ng mga bata ay sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang mga pandama habang tinutuklas nila ang kanilang paligid. Ang likas na paraan ng ganitong uri ng pagtuklas ay madalas nagtutulak sa mga batang paslit na lubusang suriin at galawin ang mga bagay sa pamamagitan ng paghipo, pagtikim, at pag-amoy nito. Sa paglipas ng panahon, maaaring masira o magkaroon ng bitak ang mga kagamitan at laruan dahil sa panahon, matagal na paggamit, o iba pang mga dahilan. Tungkulin ng provider ng maagang pagkatuto na tiyakin na lahat ng espasyo ng programa, mga materyales, at kagamitan ay maaaring tuklasin nang hindi nagdudulot ng pinsala sa bata o mga bata. Kapag regular at sistematikong sinusuri ng mga provider ng maagang pagkatuto ang espasyo ng programa, kagamitan, at mga materyales, nababawasan nila ang panganib para sa mga bata. Hindi lamang nakakatulong ang paglilimita sa mga panganib sa kapaligiran upang mapanatiling ligtas ang mga bata, kundi nagbibigay din ito ng kapanatagan ng loob sa mga guro at pamilya. Maaaring masiyahan nang may kumpiyansa ang mga bata sa kanilang kapaligiran at maagang pagkatuto.

Habang binabalangkas ng WAC 110-300-0165 ang maraming mahahalagang kinakailangan sa kaligtasan, tatalakayin dito ang ilang mga pangunahing pamantayan.

Unang pangunahing kinakailangan sa paglilisensya upang makapagbigay ng ligtas na kapaligiran ay tiyakin na ang mga kagamitan at laruan ay sumusunod sa mga panuntunan ng CPSC at mga pamantayan ng ASTM. Ang CPSC ay isang pederal na ahensya na regulasyon na nagtatrabaho upang protektahan ang publiko laban sa mga hindi makatwirang panganib ng mga pinsalang kaugnay ng mga produktong pangkonsumo[85]. Ang ASTM Internasyonal ay isang organisasyon na bumubuo ng mga boluntaryong pamantayan para sa mga produkto. Madalas binibigyan ng mga tagapag-regulate ng gobyerno ng bisa ng batas ang mga boluntaryong pamantayang ito sa pamamagitan ng pagsipi sa mga ito sa mga regulasyon at kodigo.[86] Ito mismo ang nakasaad sa WAC 110-300-0165 (1) tungkol sa kagamitan at laruan sa mga lisensyadong programa ng maagang pagkatuto. Maaaring mapatunayan na ang kagamitan at laruan ay sumusunod sa kinakailangang ito sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga dokumento ng impormasyon o espesipikasyon na kalakip ng kagamitan, o sa pamamagitan ng pagbisita sa webpage ng produkto o ng tagagawa nito.



Ang checklist na ito para sa kakayahan ng pasilidad ay maaaring gamitin bilang gabay sa pagsusuri ng isang kapaligiran para sa kaligtasan:
www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pdf/el-license/15-963.pdf

Ginagamit ang dokumentong ito ng mga data collector sa Early Achievers (Maagang Pagkamit ng Tagumpay) upang suriin ang kaligtasan sa mga lugar para sa paglalaro na may malalaking pagkilos (gross motor play), ito ay nakaayon sa WAC at maaaring gamitin upang tasahin ang kaligtasan ng espasyo para sa malalaking pagkilos:
www.ersi.info/PDF/playground%20revised%207-31-18.pdf

Ito ang website ng CPSC para sa mga recall ng produkto na inisyu ng gobyerno.
www.cpsc.gov/Recalls

85 Komisyon sa Kaligtasan ng Mga Produkto ng Konsyumer ng U.S., "Who We Are – What We Do for You," (walang petsa), available sa **www.cpsc.gov/Safety-Education/Safety-Guides/General-Information/Who-We-Are---What-We-Do-for-You**, nakuha noong Hunyo 25, 2020.
86 ASTM Internasyonal, "Frequently Asked Questions," (walang petsa), available sa **www.astm.org/FAQ/#test**, nakuha noong Hunyo 25, 2020.



Isang mahalagang bahagi ng kaligtasan ng programa ang pagpigil sa pagkabulon. Bagamat maaaring mabulunan ang sinuman anuman ang kanilang edad, iniulat ng AAP na halos 90% ng mga nakamamatay na insidente ng pagkabulon ay nangyayari sa mga batang wala pang 4 na taong gulang.[87] Ang mga batang paslit ay nasa yugto ng pag-unlad kung saan mas madalas nilang sinusubukang ilagay ang mga bagay sa kanilang bibig habang tinutuklas ang kapaligiran. Maaaring magdulot ng panganib at kailangang hindi maabot ng mga sanggol at mga batang paslit ang mga bagay na may diameter o kabuuang sukat na isa at tatlong-kapat na pulgada o mas maliit pa. May mga device na makakatulong sa mga provider ng maagang pagkatuto upang matukoy kung ang isang bagay ay katumbas o higit pa sa kinakailangang sukat na maaaring magdulot ng panganib ng pagkabulon. Puwede gamitin ang choking tube para matiyak na walang panganib ng pagkabulon ang mga materyales na maaabot ng maliliit na bata. Itinuturing na panganib sa pagkabulon ang anumang bagay na kasya sa loob ng tube.

Ang mga kapaligiran ng maagang pagkatuto na may magkakaibang edad ay partikular na madaling magkaroon ng panganib sa pagkabulon, dahil ang mga materyales na angkop para sa mas nakatatandang bata ay maaaring maging delikado para sa kanilang mas batang mga kasama. Tumutulong ang mga provider ng maagang pagkatuto na protektahan ang mga bata sa pamamagitan ng maingat na pag-iimbak at paglalagay ng mga bagay na maaaring magsapanganib sa mga nakababata sa lugar na hindi nila maaabot. Dagdag pa rito, tandaan na ang ilang laruan, tulad ng maliliit na kotse at mga stuffed animal, ay may mga bahagi na maaaring matanggal sa paglipas ng panahon at magdulot ng panganib ng pagkabulon. Kapag regular na sinusuri ng mga provider ng maagang pagkatuto ang mga materyales, sa pamamagitan ng pagtatapon ng mga sirang bagay o pag-aayos ng mga ito, masisiguro nila ang ligtas na kapaligiran para sa mga bata.

Isa pang mahalagang konsiderasyon sa kaligtasan sa isang programa ng maagang pagkatuto ay ang tiyakin na ang mga tali, lubid, strap, lubid o katulad na mga bagay na maaaring bumuhol sa paligid ng leeg ng bata, ay hindi naaabot ng mga bata kapag hindi ginagamit sa panahon ng pinangangasiwaang aktibidad ng programa. Anumang bagay na maaaring bumuhol sa leeg ng bata ay posibleng panganib, kaya mahalagang payagan lamang ang paggamit ng mga tali o lubid kapag may partikular na aktibidad na ginagawa sa ilalim ng mahigpit na pangangasiwa ng nasa hustong gulang. Kahit na ang tali, kable o strap ay isang hiwalay na bagay, o nakakabit sa laruan o piraso ng damit, puwede pa rin itong bumuhol sa mga bata.

Maraming mga kurtina ng bintana ang may mga tali na maaaring bumuhol. Ang mga mapanganib na tali ay maaaring mga panlabas na pull cord, o maaari ring mga panloob na tali na dumadaan sa gitna ng mga kurtina ng bintana.

87 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 193.

Ayon sa journal ng AAP, Pediatrics, mahigit 16,000 bata ang napunta sa emergency room mula 1990 hanggang 2015 dahil sa mga pinsalang dulot ng mga tali ng kurtina ng bintana. Nabanggit din dito na habang 93% ng mga pinsala ay minor lamang, 271 sa mga ito ay nagresulta sa pagkamatay ng bata.[88] Ang mga kurtina ng bintana o ibang takip ng bintana na may mga tali na makakabuhol ay dapat alisin o maayos na baguhin upang hindi na makabuhol pa. Makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan sa paglilisensya ng DCYF para sa gabay tungkol sa tamang pag-aayos o pagtanggal nito.



Konseho para sa Kaligtasan ng Pantakip sa Bintana. Isang impormatibong website tungkol sa mga panganib sa mga takip ng bintana at kung paano ito ayusin.
https://windowcoverings.org/window-cord-safety/

Pag-iimbak ng mga baril at armas ay isa pang mahalagang konsiderasyon sa kaligtasan sa mga programa ng maagang pagkatuto. Noong 2017, hindi bababa sa 285 na mga bata na wala pang 17 taong gulang ang nakagamit baril at hindi sinasadyang nakabaril ng kanilang sarili o ng iba. Halos 30% ng mga batang ito ay may edad apat pataas.[89] Upang mabawasan ang panganib na ito, hindi pinapayagan ang mga baril, armas, at bala sa loob ng mga sentro ng maagang pagkatuto. Sa mga programa ng maagang pagkatuto sa family home, ang mga ito ay dapat itago sa isang naka-lock na gun safe o naka-lock na kwarto na hindi maaabot ng mga bata. Ang isang aparador na may glass door ay hindi itinuturing na gun safe. Kung hindi nakaimbak sa gun safe, ang bawat baril ay dapat walang lamang bala at may trigger lock o ibang pang-disable na device. Dapat bantayan ng provider ng maagang pagkatuto na mananatiling nakasarado at naka-lock ang pintuan habang nandiyan ang mga bata.

Ang mga law enforcement at security officer na may hawak ng kanilang duty firearm habang nasa site ay itinuturing na hindi maaabot ng mga bata. Walang batas o patakaran sa Estado ng Washington na tumutukoy sa open carry o nakatagong baril sa mga lisensyadong kapaligiran ng pag-aalaga sa bata at maagang pagkatuto. Nasa provider ng maagang pagkatuto ang pagpapasya kung papayagan o ipagbabawal ang isang magulang o guardian na pumasok sa kapaligiran habang may dalang baril. Maaring gusto ng mga provider ng maagang pagkatuto na humingi ng legal na payo upang malaman ang kanilang mga karapatan.

88 Bridget Onders, Eun Hye Kim, Thitphalak Chounthirath, Nichole Hodges at Gary Smith, "Pediatric Injuries Related to Window Blinds, Shades, and Cords," *Opisyal na Journal ng Amerikanong Akademya ng Pediatrics* 141 (1) (2018), available sa **https://pediatrics.aappublications.org/content/141/1/e20172359**

89 Every Town para sa Pondo ng Suporta sa Kaligtasan mula sa Baril, "#NotAnAccident Index," (walang petsa), available sa **https://everytownresearch.org/notanaccident/#4043**, nakuha noong Hunyo 28, 2020.

Ang tamang power outlet ay nagpoprotekta sa mga bata laban sa electric shock. Bawat taon, tinatayang 2,400 na mga bata ang nasasaktan dahil sa pagsingit ng mga bagay sa mga electrical outlet. Sa karamihan ng mga insidenteng ito, ang bata ay wala pang 6 na taong gulang. Pumipigil ang electrical outlet na may tamper-resistant sa mga bata na ipasok ang kanilang mga daliri o bagay sa nakalantad na outlet. Nagpapakita ang larawang ito ng isang nakakasunod na electrical outlet, kung saan kailangang ilipat ang shutter upang ma-access ang outlet at nananatiling nakasarado ang mga shutter kapag hindi ginagamit.[90]



Ang uri ng ground fault circuit interrupter na outlet na ipinapakita sa larawang ito ay sumusunod sa WAC 110-300-0165 subseksyon (5)(b), na nagsasaad na ang mga outlet na malapit sa mga pinagkukunan ng tubig at naaabot ng mga bata ay dapat na may tamper-resistant at may kasamang ground fault circuit interrupter (GFCI). May sensor ang GFCI outlet na awtomatikong pumuputol sa daloy ng kuryente kapag may pagbabago sa normal na daloy ng kuryente. Habang mukhang bukas ang mga outlet, mayroon itong built-in na "shunt" na nagpapahirap sa pag-access ng kuryente maliban na lang kung may ipinasok na two-prong outlet. Sumusunod din ang GFCI outlet sa pamantayan sa subseksyon (5)(a), kaya maaari itong gamitin sa anumang outlet, hindi lamang sa mga outlet na malapit sa tubig.



WAC 110-300-0170

Kaligtasan sa sunog

(1) Dapat sumunod ang provider ng maagang pagkatuto sa state building code, kasama ang mga kasalukuyan at susunod pang mga pagbabago, alinsunod sa RCW 19.27.031.

(2) Dapat mag-ayos ang provider ng maagang pagkatuto ng inspeksyon sa kaligtasan sa sunog taun-taon. Dapat mag-ayos ang provider ng inspeksyon sa kaligtasan sa sunog sa isang lokal na ahensya ng gobyerno. Kung walang available na lokal na ahensya ng gobyerno para magsagawa ng inspeksyon sa kaligtasan sa sunog, dapat magsagawa ang provider ng inspeksyon gamit ang fire marshal form ng estado.

(3) Upang matiyak ang ligtas na kapaligiran para sa mga bata sa pag-aalaga, dapat sumunod ang provider ng maagang pagkatuto sa mga sumusunod na kinakailangan sa kaligtasan sa sunog:

(a) Mga materyales na madaling masunog.

(i) Dapat itapon ang mga nasusunog na materyal nang naaayon sa mga lokal na hurisdiksyon, alisin mula sa lugar, o itago nang maayos sa mga saradong metal na lalagyan na partikular na idinisenyo para sa mga ganitong materyales;

(ii) Hindi dapat itago ang mga nasusunog na materyal sa saradong metal na lalagyan sa loob ng lisensyadong lugar o anumang lugar na maaaring maabot ng mga bata sa pag-aalaga;

(iii) Kasama sa mga nasusunog na materyal, ngunit hindi limitado sa, ang lint, gasolina, natural gas, diesel, fuel, propane, mga basahan na nabasa ng mga nasusunog na material, langis, kemikal, o solvent.

90 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 233.

(b) Mga furnace at iba pang mga heating device.

(i) Dapat na ang papel, basura, o iba pang mga nasusunog na materyal ay nasa layo na hindi bababa sa tatlong talampakan mula sa mga kasangkapan, fireplace, o iba pang heating device;

(ii) Dapat na hindi maaabot ng mga bata sa pag-aalaga ang mga kasangkapan at iba pang heating device; at

(iii) Hindi dapat maabot ng mga bata sa pag-aalaga ang isang appliance o heating device na may ibabaw na maaaring makapaso ng bata o umabot sa 110 degrees Fahrenheit maliban kung ang programa ay gumagamit ng ganitong appliance o device at ang mga bata ay aktibong binabantayan.

(c) Mga electrical motor. Dapat regular na linisin ang mga electrical motor, bentilador, at appliance upang maiwasan ang pagdami ng alikabok o lint.

(d) Mga open flame device, kandila, posporo at lighter.

(i) Maliban sa paggamit ng gas kitchen range, ang mga open flame device ay hindi dapat gamitin sa espasyo ng programa ng maagang pagkatuto o sa anumang lugar na naaabot ng mga bata sa pag-aalaga habang bukas ang operasyon;

(ii) Hindi dapat gamitin ang mga kandila habang bukas ang operasyon;

(iii) Hindi dapat maabot ng mga bata ang mga posporo at lighter.

(e) Mga portable heater at generator. Hindi dapat gamitin ang mga portable heater o fuel-powered generator sa loob ng espasyo ng programa ng maagang pagkatuto habang bukas ang operasyon.

(i) Sa kaso ng emergency, maaaring gamitin ang generator ngunit dapat itong ilagay nang hindi bababa sa dalawampung talampakan mula sa mga gusali, bintana, pinto, ventilation intake, o iba pang lugar kung saan maaaring pumasok ang usok sa loob ng pasilidad o espasyo ng maagang pagkatuto; at

(ii) Ang mga appliance ay dapat direktang isaksak sa generator o sa extension cord na heavy duty at outdoor-rated na nakakabit sa generator.

(f) Mga fireplace, woodstove, o katulad na wood-burning na heating device. Dapat inspeksyunin taun-taon ang mga chimney, fireplace, gas-burning fireplace, wood stove, o katulad na wood-burning device ng isang estado o lokal na sertipikadong inspektor, maliban kung magsusumite ang provider ng nakasulat na pahayag sa kagawaran na hindi gagamitin ang chimney, fireplace, wood stove o katulad na device anumang oras.

(g) Mga fire alarm at smoke at mga detector ng carbon monoxide.

(i) Dapat magkaroon at panatilihin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang hindi bababa sa isang smoke detector para sa bawat lisensyadong lugar ng pagtulog at isa para sa bawat palapag. Alinsunod sa batas pansangay ng estado, ang mga provider ng maagang pagkatuto sa sentro ay dapat sumunod sa WAC 51-50-0907, kasama na ang mga binago nito ngayon at sa hinaharap, at ang mga provider ng maagang pagkatuto sa family home ay dapat sumunod sa WAC 51-51-0314, kasama na ang mga binago nito ngayon at sa hinaharap; at

(ii) Dapat mayroon at panatilihin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang mga detector ng carbon monoxide. Alinsunod sa batas pansangay ng estado, ang mga provider ng maagang pagkatuto sa sentro ay dapat sumunod sa WAC 51-50-0915 (https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=51-50-0915), kasama na ang mga binago nito ngayon at sa hinaharap, at ang mga provider ng maagang pagkatuto sa family home ay dapat sumunod sa WAC 51-51-0315 (https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=51-51-0315), kasama na ang mga binago nito ngayon at sa hinaharap.

(h) Backup na paraan para magpatunog ng alarm. Bukod sa gumaganang mga smoke detector, ang isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat magkaroon ng isa pang paraan upang alertuhan ang lahat ng kawani at mga naka-enroll na bata tungkol sa sunog, emergency na sitwasyon, o drill.

(i) Mga extinguisher. Dapat magkaroon at panatilihin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang gumaganang mga fire extinguisher na may markang minimum na rating na 2A:10 BC.

(i) Dapat ipuwesto ang mga fire extinguisher alinsunod sa state building code kabanata 51-54A WAC, kasama ang mga kasalukuyan at susunod pang mga pagbabago, at dapat madaling makuha sakaling may emergency;

(ii) Dapat ipuwesto ang mga fire extinguisher sa bawat palapag ng espasyo ng programa ng maagang pagkatuto na ginagamit ng mga bata at nakakabit sa loob ng pitumpu't limang talampakan mula sa exit, katabi ng daanan papunta sa exit; at

(iii) Kung nakakabit ang fire extinguisher sa loob ng closet, dapat mayroong karatula na nagpapakita ng lokasyon ng extinguisher at hindi dapat hadlangan ng mga bagay ang daanan papunta sa closet.

(j) Buwanang inspeksyon. Dapat isali ng provider ng maagang pagkatuto ang mga kawani na responsable sa iba't ibang grupo ng mga bata o mga indibidwal na silid-aralan sa mga buwanang inspeksyon. Hindi bababa sa isang beses bawat buwan, dapat inspeksyunin ng provider ang lugar upang tuklasin ang mga posibleng panganib sa sunog at alisin ang anumang panganib na makita, kabilang ngunit hindi limitado sa:

(i) Mga fire extinguisher;

(ii) Mga smoke detector;

(iii) Mga alternatibong alarm; at

(iv) Emergency lighting.



Sa maraming pagkakataon, ang mga sunog ay mga emergency na maaaring maiwasan. Binabalangkas ng WAC 110-300-0170 ang mga hakbang na dapat gawin ng mga provider ng maagang pagkatuto upang mabawasan ang panganib ng sunog sa kanilang espasyo ng programa ng maagang pagkatuto.

Ang paglalaan ng regular at nakatakdang oras para suriin ang kaligtasan ng kapaligiran ng programa at paggawa ng kinakailangang pagbabago ay isang mahalagang bahagi ng pagprotekta sa kaligtasan ng mga bata sa programa. Dahil dito, ang parehong sentro ng pag-aalaga sa bata at mga programa ng maagang pagkatuto sa family home ay dapat magsaayos ng inspeksyon sa kaligtasan sa sunog sa isang lokal na ahensya ng gobyerno bawat taon. Para sa mga programa ng maagang pagkatuto na may naka-install na pinamamahalaang sistema ng pagsugpo ng apoy, mahalagang tandaan na ang inspeksyon ng suppression system na isinasagawa ng kumpanyang nagmamay-ari ng sistema ay hindi pumapasa sa kinakailangan para sa taunang inspeksyon sa kaligtasan sa sunog.

Kung walang lokal na ahensya ng gobyerno na available upang magsagawa ng inspeksyon sa kaligtasan sa sunog, ang provider ay dapat magsagawa ng inspeksyon gamit ang fire marshal form ng estado na naaangkop sa uri ng pasilidad ng programa. Dapat idokumento ng provider ng maagang pagkatuto ang resulta ng inspeksyon sa form, at itago ang rekord.

Ang state fire marshal form para sa sentro ng pag-aalaga sa bata at mga programa ng maagang pagkatuto sa family home ay maaaring ma-access dito: **www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider/forms-documents**.



Ayon sa Pambansang Asosasyon ng Proteksyon sa Sunog (NFPA), ang heating equipment ang pangalawang pangunahing sanhi ng mga sunog sa bahay sa U.S. at ang pangatlong pangunahing sanhi ng pagkamatay dahil sa sunog sa bahay.[91] Mahigit kalahati ng lahat ng pagkamatay dahil sa sunog mula sa heating equipment ay nag-ugat sa mga apoy na nagsimula dahil ang heating equipment ay masyadong malapit sa mga bagay na madaling masunog, tulad ng upholstered furniture, damit, kutson, o mga gamit sa pagtulog. Sa pagitan ng 2011 at 2015, ang mga portable at stationary space heater ang naging dahilan ng mahigit 43% ng mga sunog sa heating equipment sa mga bahay sa U.S. at 85% ng mga pagkamatay dahil sa sunog mula sa heating equipment. Dahil sa mataas na panganib ng ganitong mga aparato, ang mga portable space heater at fuel-powered na emergency generator ay hindi maaaring gamitin sa mga programa ng maagang pagkatuto habang bukas ang operasyon. Sa isang emergency, maaari lamang gumamit ng generator kapag ito ay nakalagay hindi bababa sa 20 talampakan mula sa gusali ng maagang pagkatuto. Isang halimbawa ng tamang panahon para gumamit ng fuel-powered generator ay pagkatapos ng isang winter storm kung saan ang mga nahulog na puno ay naging sanhi ng pagkawala ng kuryente. Sa ganitong sitwasyon, maaaring gamitin ang fuel-powered generator upang magbigay ng kuryente sa pasilidad ng maagang pagkatuto hanggang sa maibalik ang normal na suplay ng kuryente.

Ayon sa CPSC, ang mga smoke alarm ay mahalaga para sa maagang pagtuklas ng sunog at maaaring magtakda ng kaibahan sa pagitan ng buhay at kamatayan. Nagbibigay ang smoke alarm ng tuloy-tuloy na proteksyon at kapag una nitong naamoy ang usok, ito ay magpapatunog ng matinis na alarma. Madalas nitong binibigyan ang mahalaga, ngunit limitadong oras na kailangan upang makatakas. Humigit-kumulang dalawang-katlo ng mga pagkamatay dahil sa sunog ay nangyayari sa mga pasilidad na walang smoke alarm o may mga smoke alarm na hindi gumagana. Bilang resulta, upang matiyak ang kaligtasan ng mga kawani at mga bata sa programa, dapat mayroong smoke detector sa bawat lugar ng pagtulog at sa bawat palapag ng programa. Isang kinakailangang bahagi ng pang-emergency na planong pangkaligtasan ang inspeksyon ng mga smoke detector. Ang rekomendasyon mula sa CPSC ay ang mga smoke detector ay sinusuri buwan-buwan, ang mga baterya ay pinapalitan kada taon, at ang smoke detector ay pinapalitan tuwing ika-10 taon.[92]

Ang Carbon Monoxide ay isang walang kulay at walang amoy na gas at kapag nalanghap ito ay maaaring magdulot ng biglaang karamdaman o kamatayan. Bagaman ang pagkalason sa carbon monoxide ay maaaring mapanganib sa kahit sino, ang mga bata, buntis na kababaihan, matatanda at mga taong may malubhang karamdaman ay partikular na madaling maapektuhan.[93] Ang paglalagay ng mga detector ng carbon monoxide sa bawat palapag ng isang lisensyadong programa at sa bawat lugar kung saan natutulog ang mga bata ay nagpapababa ng panganib ng pagkalason sa carbon monoxide.

Kapag mas mabilis na naipabatid ang emergency sa isang programa ng maagang pagkatuto, mas marami ang oras upang makapag-react. Nakapokus ang WAC 110-300-0170 (3)(h) sa backup na paraan upang magpatunog ng alarm sa panahon ng emergency. Ang backup na paraan ay maaaring pito, bike horn, kampana, o anunsyo gamit ang intercom. Kapag nagsasanay ng evacuation drill, tandaan na gamitin ang tunog ng smoke detector pati na rin ang backup na paraan ng alarm. Ang regular na pagsasanay ng safety drill at pag-expose sa mga tunog ng emergency alarm ay tumitiyak na alam ng mga bata at kawani sa programa kung paano tumugon sa emergency.

Habang maaaring gamitin ang mga fire extinguisher para apulahin ang sunog, tinatalakay ng Pag-aaruga sa Ating mga Anak Pamantayan 5.2.5.2 ang pangunahing prayoridad sa panahon ng emergency sa sunog: "Dapat sanayin ang mga kawani na ang unang prayoridad ay ligtas at mabilis na mailabas ang mga bata mula sa pasilidad. Mas mahalaga ang ligtas na paglabas ng mga bata at kawani kaysa sa paglaban sa sunog."[94]



Ang WAC 110-300-0470 (4) (a-d) ay naglalahad ng mga kinakailangan para sa mga drill sa sunog at iba pang emergency kasama ang kawani at mga bata.

91 Pambansang Asosasyon ng Proteksyon sa Sunog, "Space heaters account for 43 percent of U.S. home heating fires and 85 percent of associated deaths," available sa **www.nfpa.org/News-and-Research/Publications-and-media/Press-Room/News-releases/2018/Space-heaters-account-for-43-percent-of-US-home-heating-fires-and-85-percent-of-associated-deaths**, inilathala noong Enero 9, 2018.

92 Komisyon sa Kaligtasan ng Mga Produkto ng Konsyumer ng U.S., "Smoke Alarms – Why, Where, and Which," (2008), available sa **www.cpsc.gov/s3fs-public/559.pdf**

93 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, "Protecting Children from Carbon Monoxide Poisoning," (walang petsa), available sa **www.aap.org/en-us/advocacy-and-policy/aap-health-initiatives/Children-and-Disasters/Pages/Protecting-Children-from-Carbon-Monoxide-Poisoning.aspx**, nakuha noong Hunyo 22, 2020.

94 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 235.

WAC 110-300-0175

Mga panganib sa tubig at mga swimming pool

Upang maiwasan ang pinsala o pagkakalunod at matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng mga bata, ang isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat sumunod sa mga kinakailangan na inilalarawan sa seksyong ito.

(1) Ang mga sumusunod na anyong tubig ay dapat hindi maabot ng mga bata sa pag-aalaga sa pamamagitan ng paggamit ng pisikal na hadlang na may locking mechanism na sumusunod sa WAC 246-260-031(4) (https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-260-031):

- **(a) Mga swimming pool kapag hindi ginagamit bilang bahagi ng programa ng maagang pagkatuto, hot tub, spa, at jet tub;**
- **(b) Maliliit na lawa, malalaking lawa, storm retention pond, mga kanal, mga fountain, mga palaisdaan, mga landscape pool o mga katulad na anyo ng tubig; at**
- **(c) Mga balon na walang takip, septic tank, wastewater, mga tangke ng wastewater, mga tangke ng imbakan na nasa ilalim ng lupa, mga farm manure pond o iba pang katulad na panganib.**

(2) Ang isang provider ng maagang pagkatuto ay kailangang sumunod sa mga sumusunod na kinakailangan kapag gumagamit ng swimming pool bilang bahagi ng programa ng maagang pagkatuto:

- **(a) Sumunod sa mga kinakailangan sa superbisyon ng WAC 110-300-0350 (https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300-0350);**
- **(b) Dapat may mga naririnig na alarm sa lahat ng pintuan, screen, at mga gate sa mga lisensyadong lugar na patungo sa swimming pool. Kailangang sapat na makapagbigay ng babala ang alarm sa mga kawani kapag may mga bata na pumapasok sa panlabas na lugar at maaaring makapunta sa swimming pool;**
- **(c) Dapat panatilihin ang mga swimming pool ayon sa mga espesipikasyon ng tagagawa;**
- **(d) Dapat linisin at i-disinfect ang mga swimming pool ayon sa mga tagubilin ng tagagawa, kabanata 246-260 WAC (https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-260), at mga panuntunan mula sa department of health (kagawaran ng kalusugan) o lokal na ahensya ng kalusugan;**
- **(e) Hindi dapat gamitin ang swimming pool kung nawawala ang takip ng main drain; at**
- **(f) Kailangang magsuot ng swim pants ang mga batang may suot na diaper o nag-aaral pa lamang gumamit ng palikuran upang mabawasan ang panganib ng pagdumi sa tubig.**

(3) Kailangang hindi maabot ng mga bata ang mga wading pool na may filter kapag hindi ginagamit. Hindi pinapayagan ang mga wading pool na walang filtering system sa loob ng espasyo ng programa ng maagang pagkatuto.

(4) Para sa mga anyo ng tubig na wala sa loob ng espasyo ng programa ng maagang pagkatuto, ngunit malapit sa lugar, kailangang may pisikal na harang sa property upang hindi maabot ng mga batang inaalagaan ang mga tubig na iyon.

(5) Hindi dapat gamitin ang mga limang galon na timba o mga kahalintulad na lalagyan para sa paglalaro sa tubig ng mga sanggol o mga batang paslit.

(6) Kung ang provider ng maagang pagkatuto ay gumagamit ng mga water table o katulad na mga lalagyan, ang mga ito ay kailangang alisan ng laman at i-sanitize araw-araw, o mas madalas pa kung kinakailangan.

Maaaring maging kasiya-siya ang tubig para sa paglalaro, makapagbigay ng magagandang oportunidad sa pagkatuto, pero maaari ring maging mapanganib. Ayon sa CDC, ang pagkalunod ang nangungunang sanhi ng pagkamatay ng mga batang may edad 1 hanggang 14, at tatlong bata ang namamatay araw-araw dahil sa pagkalunod.[95] "Karamihan sa mga bata ay nalulunod sa loob lamang ng ilang talampakan mula sa safety at sa harap ng isang nagbabantay na nasa hustong gulang"[96] Iniulat ng Department og Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington na sa mga batang may edad 1 hanggang 4 na taon, karamihan sa mga pagkalunod ay nangyayari sa mga residential pool. Ang mga batang sangkot sa ganitong uri ng pagkalunod

95 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Drowning Prevention," available sa **www.cdc.gov/safechild/drowning/index.html**, huling na-update noong Pebrero 6, 2019.

96 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 297.

ay nawala sa paningin nang wala pang limang minuto at nasa pag-aalaga ng isa o parehong magulang o guardian noong panahon ng insidente.[97] Sa buong bansa, ang mga sanggol ay karaniwang nalulunod sa bathtub, timba, o palikuran, at ang mga bata, sa pangkalahatan, ay maaaring malunod kahit sa kasing liit ng isang pulgada ng tubig.[98]

Dahil napakalaki ng panganib sa mga bata, ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ay nag-uutos ng pisikal na hadlang na may lock para sa mga nakalistang anyo ng tubig kapag hindi ginagamit. Maaaring ito ay isang bakod na may naka-lock na gate upang pigilan ang pagpasok ng bata sa isang lawa o bukas na balon, o maaaring ito ay isang sarado at naka-lock na takip ng hot tub. Ang pisikal na harang ay dapat nasa maayos na kondisyon at hindi dapat maabot ng mga bata ang anyo ng tubig. Isang karagdagang kinakailangan upang protektahan ang mga bata mula sa posibleng pagkalunod ay ang pagkakaroon ng mga naririnig na alarm sa mga pintuan at gate na patungo sa swimming pool, upang alertuhan ang mga kawani kung maaaring mapasok ito ng bata.

Ang mga swimming at wading pool ay saklaw ng karagdagang regulasyon na nagpoprotekta sa kalusugan ng mga bata. Ayon sa CDC, ang Mga Sakit na Nakukuha sa Tubig ng Libangan (RWI) ay sanhi ng mga mikrobyo at kemikal na matatagpuan sa tubig na nilalanguyan natin.[99] Upang maiwasan ang mga sakit at isyu sa kalusugan na may kaugnayan sa mga pool, kailangan itong panatilihin, linisin, at i-disinfect ayon sa mga espesipikasyon ng tagagawa at mga patnubay ng ahensya ng kalusugan. Bukod pa rito, tanging mga filtered wading pool lamang ang pinapayagan.

Ang mga sanggol at mga batang paslit ay partikular na bulnerable sa mga lalagyan ng tubig, tulad ng limang galon na timba. Mas malaki ang kanilang ulo kumpara sa sukat ng kanilang katawan, kaya mas mataas ang kanilang sentro ng grabidad. Dahil dito, mas malamang na matumba ang mga batang ito kapag yumuko sila pasulong. Ayon sa Journal ng Asosasyong Medikal ng mga Amerikano (JAMA), ang malaking sukat at mabigat na pagkakagawa ng mga timba, pati na rin ang top-heavy center of gravity ng mga batang paslit at hindi pa maayos na koordinasyon, ay pumipigil sa mga batang paslit na makalabas sa loob matapos silang sumilip at mahulog sa loob ng mga timba.[100] Dahil dito, ipinagbabawal ang paggamit ng limang galon na timba at mga katulad na lalagyan para sa paglalaro sa tubig ng mga sanggol at mga batang paslit.



Pagpapanatili ng aktibong superbisyon sa mga batang naroroon ang pinakamahalagang hakbang sa pag-iwas sa mga aksidente sa tubig at malapit sa mga swimming pool. Ang aktibong superbisyon ay nangangahulugan ng mas mataas na pamantayan ng pag-aalaga kaysa sa karaniwang superbisyon. Kinakailangan ng aktibong superbisyon na makita at marinig ng provider ng maagang pagkatuto ang mga batang kanilang inaalagaan, at ito ay kinakailangan ng WAC sa mga gawaing may mas mataas na panganib. Habang ang mga bata nasa tubig, dapat kayang agad na tumugon ng provider ng maagang pagkatuto sa mga hindi ligtas o mapanganib na pangyayari. Binabalangkas ng WAC 110-300-0350 ang mga kinakailangan para sa superbisyon ng mga bata habang nasa mga gawaing may tubig.



Maging Ligtas at Malinis sa Iyong Backyard Pool. Webpage ng CDC para sa malinis na paglangoy. **www.cdc.gov/healthywater/swimming/safe-swimming-week/feature.htm**

Matalinong Paggamit ng Tubig sa Broward. Mga brochure at handout tungkol sa kaligtasan sa pool at tubig na maaaring ibahagi sa mga pamilya. **www.watersmartbroward.org/resources/brochures-handouts/**

97 Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington, "Pool Safety," (walang petsa), available sa **www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/WaterRecreation/PoolSafety**, nakuha noong Hunyo 22, 2020.

98 Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington, "Pagkakalunod," (2013), available sa **www.doh.wa.gov/portals/1/Documents/2900/DOH530090Drown.pdf**

99 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Mga Sakit mula sa Tubig na Panggamit-Palipas-Oras," available sa **www.cdc.gov/safechild/drowning/index.html**, huling na-update noong Hunyo 4, 2020.

100 Mary Jumbelic at Michael Chambliss, "Accidental Toddler Drowning in 5-Gallon Buckets," 263 (14) (1990), available sa **https://jamanetwork.com/journals/jama/article-abstract/381347**

Pagkain at Nutrisyon

WAC 110-300-0180

Iskedyul ng pagkain at meryenda

(1) Kailangang maghain ng pagkain at meryenda ang provider ng maagang pagkatuto sa mga batang nasa pag-aalaga ayon sa mga sumusunod:

(a) Ang pagkain at meryenda ay kailangang ihain nang hindi bababa sa dalawang oras at hindi hihigit sa tatlong oras ang pagitan maliban kung natutulog ang bata;

(b) Mga batang inaalagaan ng lima hanggang siyam na oras:

(i) Hindi bababa sa isang pagkain at dalawang meryenda; o

(ii) Dalawang pagkain at isang meryenda.

(c) Mga batang inaalagaan ng higit sa siyam na oras:

(i) Dalawang pagkain at dalawang meryenda; o

(ii) Tatlong meryenda at isang pagkain.

(d) Meryenda pagkatapos ng klase, hapunan, meryenda sa gabi, at almusal:

(i) Isang meryenda o pagkain ay kailangang ibigay sa bata na dumating sa programa ng maagang pagkatuto pagkatapos ng klase;

(ii) Dapat maghain ng hapunan para sa mga batang nasa panggabing pag-aalaga kung ang bata ay nasa programa ng maagang pagkatuto pagkatapos ng kanyang oras ng hapunan, o hindi pa nakakakain ng hapunan;

(iii) Dapat maghain ng meryenda sa gabi para sa mga batang nasa panggabing pag-aalaga;

(iv) Dapat maghain ng almusal para sa mga batang nasa panggabing pag-aalaga kung ang bata ay nananatili sa pag-aalaga pagkatapos ng karaniwang oras ng almusal; at

(v) Dapat mayroong almusal o meryenda sa umaga na makakain ng mga batang nasa pag-aalaga.

(2) Hindi bababa sa isang beses sa isang araw, kailangang bigyan ng oportunidad ang mga bata ng provider ng maagang pagkatuto para sa mga angkop na gawain sa pagto-toothbrush ayon sa kanilang pag-unlad.

(a) Ang mga gawain sa pagto-toothbrush ay dapat ligtas, malinis, at pang-edukasyon.

(b) Ang mga toothbrush na ginagamit sa programa ng maagang pagkatuto ay kailangang itago sa paraang nakakaiwas sa paglipat ng mikrobyo.

(c) Maaaring magpasya ang magulang o guardian ng bata na hindi isali ang bata sa araw-araw na gawain ng pagto-toothbrush sa pamamagitan ng paglagda sa isang nakasulat na form.

"Isa sa mga pangunahing responsibilidad ng bawat...tagapag-alaga/guro ay ang magbigay ng masustansyang pagkain araw-araw na malinis, ligtas, at angkop sa pag-unlad ng mga bata."[101] Bukod sa pagpapanatiling busog ang mga bata at pagbibigay ng masustansyang pagkain, puwede ring makaapekto sa kanilang pag-unlad sa pag-iisip, pakikisalamuha, at damdamin ang mga karanasan nila sa pagkain at oras ng kainan. Ang regular na oras ng pagkain at meryenda ay nakakatulong sa malusog na mga gawi sa pagkain sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga rutina na may kaugnayan sa pagkain. Ayon sa CFOC, "ang maagang pagkain at mga karanasan sa pagkain ay bumubuo ng pundasyon ng mga pananaw tungkol sa pagkain, ugali sa pagkain, at dahil dito, mga gawi sa pagkain."[102] Dahil dito, kasama sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang mga regulasyon tungkol sa gaano kadalas naghahain ng pagkain sa isang kapaligiran ng maagang pagkatuto.

101 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak: Pambansang Pamantayan sa Pagganap para sa Kalusugan at Kaligtasan; Panuntunan para sa Mga Programa ng Maagang Pag-aalaga at Edukasyon, Ika-4 na edisyon.* (Itasca, IL: Amerikanong Akademya ng Pediatrics, 2019), 161.

102 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 162.



Hinihiling ng WAC 110-300-0180 (1)(a) sa provider ng maagang pagkatuto na mag-alok ng pagkain o meryenda na hindi bababa sa dalawang oras at hindi hihigit sa tatlong oras ang pagitan. Tinitiyak nito na ang isang batang inaalagaan nang hanggang limang oras ay mayroong hindi bababa sa isang pagkain at posibleng dalawa, depende sa oras ng pag-aalaga. Mahalaga ang maraming pagkain para sa mga bata dahil maliit ang kanilang tiyan, kaya mas mabilis silang mabusog kumpara sa mga nasa hustong gulang. Upang mabigyan ng enerhiya ang bata, kailangan nila ng sustansya sa pagitan ng mga pagkain upang suportahan ang kanilang paglaki at mga pangangailangan sa pag-unlad.[103]

Ang pinakamahabang panahon na hindi nakakakain ang mga bata ay malamang sa gabi habang natutulog. Para sa mga batang inaalagaan nang higit sa siyam na oras, hinihiling ng WAC 110-300-0180 (1)(d)(v) na dapat mayroong almusal o meryenda sa umaga. Ang maagang pag-aalok ng pagkain ay tutulong upang matiyak na may sapat na nutrisyon ang mga bata upang suportahan ang kanilang pagkatuto, paglaki, at pangangailangan sa pag-unlad mula pa sa pagsisimula ng umaga. Pansinin na ang pamantayan ng WAC na ito ay kinakailangan kahit pa ang programa ng maagang pagkatuto ay kasali o hindi sa U.S. Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura ng U.S., USDA), Food and Nutrition Service (Serbisyo ng Pagkain at Nutrisyon), Programa ng Pagkain ng Bata at Nasa Hustong Gulang (CACFP) para sa reimbursement ng pagkain at meryenda.

Ang pagtiyak na ang mga pagkain ay inaalok nang may sapat na pagitan, ngunit hindi masyadong malayo ang agwat, ay sumusuporta sa pag-unlad ng bata sa ilang paraan. Nakakatulong ito upang maiwasan ang sobrang pagkain o kakulangan sa pagkain ng mga bata. Nakakatulong din ito sa mga batang matuto na kontrolin ang kanilang gana at kilalanin ang mga senyales ng kanilang katawan.[104] Halimbawa, ang batang nagtitiwala na agad na muling ihahain ang pagkain ay nagsisimulang magkaroon ng kumpiyansa sa kanilang desisyon na tanggihan ang pagkain kapag hindi sila gutom.

Tinutukoy ng AAP na normal lang para sa gana ng mga batang paslit at nasa preschool na magbago-bago, kaugnay ng kanilang yugto ng paglaki.[105] Ibig sabihin, maaaring kumain sila nang kakaunti sa isang panahon at kumain nang marami sa loob lamang ng ilang araw. Dahil dito, mahalagang suportahan ang mga bata na magkaroon ng kakayahan na matukoy ang mga palatandaan ng gutom at pagkabusog (satiety) at magkaroon ng kumpiyansa na gumawa ng mga desisyon base rito. Ito rin ang dahilan kung bakit nagbibigay ang WAC ng mga madalas na pagkain kung saan iba't ibang uri ng pagkain ang inaalok sa bata.

103 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, "Making Sure Your Child is Eating Enough," *healthychildren.org, huling na-update (2012), available sa* **www.healthychildren.org/English/healthy-living/nutrition/Pages/Making-Sure-Your-Child-is-Eating-Enough.aspx**

104 Silvia Scaglioni, Valentina De Cosmi, Valentina Ciappolino, Fabio Parazzini, Paolo Brambilla at Carlo Agostoni, "Factors Influencing Children's Eating Behaviours," *Nutrients 10 (6) (2018), available sa* **www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC6024598**

105 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, "Childhood Nutrition," *healthychildren.org, huling na-update (2016), available sa* **www.healthychildren.org/English/healthy**

Narito ang ilang halimbawa kung paano matugunan ang kinakailangang bilang ng pagkain at meryenda para sa isang programa ng maagang pagkatuto na nagpapatakbo ng siyam o higit pang oras sa isang araw.

Halimbawa 1:

Dalawang pagkain, dalawang meryenda - walang mga batang nasa edad ng pag-aaral

- 6:30 a.m. Pagbubukas
- 8 a.m. Almusal
- 10 a.m. Meryenda sa Umaga
- Tanghalian
- 3 p.m. Meryenda sa Hapon
- 6 p.m. Pagsasara

Halimbawa 2:

Dalawang pagkain, dalawang meryenda - may mga batang nasa edad ng pag-aaral at maagang pagbubukas (halimbawa, sa mga bakasyon sa paaralan)

- 6 a.m. Buksan
- 7 a.m. Almusal
- 9:30 a.m. Meryenda sa Umaga
- Tanghali hanggang 12:30 p.m. Tanghalian
- 3 p.m. Meryenda sa Hapon
- 6:30 p.m. Pagsasara

Halimbawa 3:

Tatlong meryenda at isang pagkain - may late na pagbubukas

- 7 a.m. Pagbubukas
- 9 a.m. Meryenda sa Umaga
- 11:30 a.m. hanggang Tanghali Tanghalian
- 2:30 p.m. Maagang Meryenda sa Hapon
- 5:30 p.m. Late na Meryenda sa Hapon
- 7 p.m. Pagsasara

Ang pagto-toothbrush ay isa pang malusog na gawain na sinusuportahan ng WAC 110-300-0180. Tumutulong sa mga bata ang araw-araw na pagto-toothbrush sa kapaligiran ng maagang pagkatuto na magkaroon ng mga gawi na nagpapabuti ng kalusugan ng ngipin at pumipigil sa gingivitis at pagkabulok ng ngipin. Ayon sa CDC, ang pagkabulok ng ngipin ang pinakakaraniwang sakit sa mga batang nasa maagang yugto ng buhay.[106] Kapag hindi nagsasanay ng sapat na pagto-toothbrush ang mga bata, maaari silang makaranas ng pananakit at mga problema sa kanilang dental na kalusugan. Ang regular na pagsasanay sa pagto-toothbrush sa programa ng maagang pagkatuto ay tumutulong turuan ang mga bata tungkol sa kahalagahan ng kalusugan ng bibig at hinihikayat silang magkaroon ng mga nakakaiwas sa sakit na gawi. Ayon sa pananaliksik, ang kalusugan ng bibig sa kabataan ay direktang nakakaapekto sa kalusugan ng bibig sa pagtanda at isang malakas na palatandaan ng kalusugan ng bibig ng nasa hustong gulang.[107]



Ang provider ng maagang pagkatuto ay kailangang magbigay ng mga pagkakataon para sa pagto-toothbrush na angkop sa pag-unlad, ligtas, at malinis hindi bababa sa isang beses sa isang araw. Ang superbisyon ng nasa hustong gulang habang nagtoothbrush ay nagpapababa ng posibilidad ng paglipat ng mikrobyo sa mga toothbrush at nagbibigay-daan sa edukasyon at suporta para sa mga bata. Sa pangkalahatan, ang mga bata ay wala pang sapat na koordinasyon ng kamay at mata para sa independiyenteng pagto-toothbrush hanggang mga 6 na taong gulang.[108] Bilang resulta, maaaring kailanganin ang mahinahon na pagtuturo o tulong. Maaaring matuto ang mga batang paslit tungkol sa pagto-toothbrush sa iba't ibang paraan, tulad ng:

- Panonood sa isang provider na nagpapakita kung paano mag-toothbrush ng sariling ngipin
- Pagsusuri ng mga hakbang gamit ang malaking modelo ng bibig
- Pagsasanay sa pamamagitan ng pagpapanggap na nag-toothbrush habang may mga gawain sa grupo
- Pagbabasa ng mga libro tungkol sa pagto-toothbrush
- Pag-awit ng mga kanta
- Pagtingin sa mga larawan o poster

Isang pamamaraan para sa malinis na pagto-toothbrush ay ang table method. Sa pamamaraang ito, ang mga gamit sa pagto-toothbrush para sa bawat bata ay dinadala sa mesa at ang mga bata ay sumasali sa aktibidad ng pagto-toothbrush bilang isang grupo. Ilan sa mga paraan kung paano natutugunan ng table method ang mga kinakailangan para sa ligtas, malinis, edukasyonal, at angkop sa pag-unlad na pagto-toothbrush ay kinabibilangan ng:

- Mas mataas na posibilidad para sa superbisyon at paggabay
- Mas mababang tsansa ng kontaminasyon mula sa pagto-toothbrush malapit sa lababo o pagkahulog ng toothbrush sa banyo
- Mas mababang tsansa na magkakaroon ng kontaminasyon sa mga toothbrush ng mga bata kung sapat ang pagitan nila (halimbawa, katulad ng puwang habang kumakain)
- Kakayahan ng mga provider ng maagang pagkatuto na ipakita ang epektibong pagto-toothbrush

106 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Hygiene-related Diseases," available sa **www.cdc.gov/healthywater/hygiene/disease/dental_caries.html**, huling na-update noong Setyembre 22, 2016.

107 Anja Heilmann, Georgios Tsakos at Richard G. Watt, *Isang Pananaw sa Buhay Pagdating sa mga Landasin at Pagbabago ng Kalusugan*. (Switzerland: Springer International Publishing, 2015). Kabanata 3: 39-59.

108 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 108.

Isa pang pamamaraan para sa malinis na pagto-toothbrush ay ang sink method. Kapag ginamit ang pamamaraan ng pagto-toothbrush sa tabi ng lababo, ang mga bata ay nasa tabi ng lababo habang nagto-toothbrush. Sa pamamaraang ito, karaniwang nagbabantay ang isang nasa hustong gulang sa isa o dalawang bata sa isang pagkakataon habang nagbibigay ng kinakailangang pagtuturo, tulong, at pagmamanman upang mabawasan ang posibilidad ng paglipat ng mikrobyo. Para sa mga kadahilanang pangkalusugan, kapag ang programa ng maagang pagkatuto ay gumagamit ng lababo para sa paghuhugas ng kamay na ginagamit din para sa toileting o pagpapalit ng diaper, kailangang i-disinfect ang lababo bago ang pagto-toothbrush. Dagdag pa, ang tubig na ibinibigay sa bata para magmumog at para sa pagbanlaw ng mga toothbrush ay dapat manggaling sa lababo na ginagamit sa paghahanda ng pagkain o mula sa iba pang aprubadong pinagkukunan ng tubig, sa halip na mula sa lababo para sa paghuhugas ng kamay.



Mangyaring sumangguni sa WAC 110-300-0236 para sa mga kinakailangan na may kinalaman sa ligtas na inuming tubig.

Dapat tandaan na ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ay hindi nag-uutos na kailangang gamitin ang toothpaste sa pagto-toothbrush para sa anumang pangkat ng edad ng mga bata. Kung pipiliin ng programa ng maagang pagkatuto na gumamit ng toothpaste, maaaring ito ay ibigay ng programa o ng magulang o guardian para sa kanilang sariling anak. Kapag nagdala ang mga magulang o guardian ng tube ng toothpaste, kailangang may label na pangalan ng bata, itugma sa bata at sa toothbrush ng bata. Ito ay kinakailangan upang maiwasan ang paglipat ng mikrobyo. Kung ang toothpaste ng isang bata ay ginamit sa toothbrush ng ibang bata, ang toothbrush ay nagiging kontaminado.



Hinihiling ng WAC 110-300-0215 (3)(a)(iv) ang taunang pahintulot mula sa magulang o guardian para sa paggamit ng fluoride toothpaste sa mga batang 2 taong gulang pataas. Ang layunin ng WAC na ito ay hindi gamitin ang fluoride toothpaste sa mga batang wala pang 2 taong gulang.

Isang tube ng toothpaste ang maaaring gamitin para sa lahat ng bata. Para maisagawa ang pamamaraang ito, inilalagay ng provider ng maagang pagkatuto ang tamang dami ng toothpaste sa gilid ng isang hiwalay, malinis, at disposable na cup, napkin, o papel at ginagabayan ang mga bata na kunin ito gamit ang kanilang sariling toothbrush. Pinapalayo ng pamamaraang ito ang posibilidad ng kontaminasyon mula sa tube ng toothpaste na hinahawakan ang toothbrush ng bata at inaalis ang pangangailangan na lagyan ng label ang toothpaste.

Kapag tapos na ang mga bata sa pagto-toothbrush, dapat banlawan ang toothbrush upang alisin ang natitirang toothpaste at mga piraso ng pagkain. Upang mapanatiling malinis ang kalagayan, kailangang ingatan na maiwasan ang posibleng paglipat ng mikrobyo ng bawat toothbrush. Hindi dapat mapadaiti ang mga toothbrush sa hindi nalinis na lababo, mesa o countertop, o sa toothbrush ng ibang bata pagkatapos mag-toothbrush o habang iniimbak.

Para sa mga sanggol, may iba pang mga konsiderasyon tungkol sa kung ano ang angkop sa kanilang yugto ng pag-unlad. Inirerekomenda ng CFOC ang pagto-toothbrush sa mga bagong ngipin ng sanggol agad pagkatapos lumabas ang unang ngipin.[109] Maaaring pag-usapan ng mga provider ng maagang pagkatuto kasama ang mga magulang at guardian ang kahalagahan ng pagto-toothbrush, pagtatatag ng rutina, at paghahanap ng propesyonal na provider ng kalusugan ng ngipin para sa kanilang anak.

109 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak. 108.*

Bagamat may kinakailangan na mag-alok ng pagto-toothbrush nang hindi bababa sa isang beses sa isang araw, nasa desisyon ng mga programa ng maagang pagkatuto kung kailan ito iaalok — maraming opsyon ang mga programa na maaaring pagpilian. Mas madali sigurong isama ang aktibidad na ito pagkatapos ng meryenda o pagkain, gamit man ang table method o sink method. Ang pagto-toothbrush ay isang gawain para sa sariling pag-aalaga ng mga bata at nagbibigay ng pagkakataon para matutunan nila kung paano nakakatulong ang pag-aalaga ng kanilang mga ngipin sa pangkalahatang kalusugan ng katawan.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home sa Snohomish County ang nagbabahagi:

"Nagsisimula ang aming araw-araw na aktibidad sa pagto-toothbrush sa paghuhugas ng kamay, paghahanda ng mesa, pag-aayos ng maliliit na tasa na may toothpaste at ang kani-kanilang mga toothbrush. Ipinapakita ko sa kanila kung paano gawin ito, umaawit kami ng kanta habang nagtoothbrush at magaling silang sumunod sa mga tagubilin, natural sila. Ipinapakita rin nila ang kanilang sariling mga pamamaraan at kung paano nila ito ginagawa sa bahay. Dahil bahagi ng aming programa ang pagto-toothbrush, mas naging madali ito araw-araw. Isa itong paraan para makipag-ugnayan sa mga bata at sabay na maging magandang halimbawa. Nasasabik ang mga bata para sa pagto-toothbrush. Nagbibigay kami ng makukulay na toothbrush upang gawing masaya at malusog ang rutina. Ginagawa na nila ito nang mag-isa ngayon. Lubos na sumusuporta at masaya ang mga magulang na isinama namin ang pagto-toothbrush sa aming programa. Ito ay isang pagtutulungan na nagbubunga ng positibong resulta, mga malusog na gawi para sa mga batang paslit. Gaya ng madalas nilang sabihin, "simulan nang maaga."





Mga Video sa Pagto-toothbrush. Ang sumusunod na listahan ay naglalaman ng ilang mga link ng video ng mga programa ng maagang pagkatuto. Nagbibigay ang mga ito ng magagandang halimbawa kung paano itago ang mga toothbrush, paano ayusin ang mga gawain sa pagto-toothbrush kapag limitado ang access sa lababo o banyo, paano isali ang grupo sa gawain, at paano maging modelo sa pagto-toothbrush para sa mga bata:

- 30-segundong video (Head Start): Pagto-toothbrush ng Ngipin! Isang kanta para sa pagto-toothbrush sa tabi ng lababo.
  www.youtube.com/watch?v=Dh3xulpqL0o
- Tatlong minutong video (Head Start): Kalusugan ng Ngipin sa Preschool at Pagto-toothbrush
  www.youtube.com/watch?v=_PRsq6uwC0o
- Anim na minutong video (Head Start): Mga Hakbang sa Pagto-toothbrush sa Mesa: Pagpapalago ng Malusog na Ngiti sa Mga Programa ng Maagang Pag-aalaga at Edukasyon
  https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/steps-toothbrushing-table-growing-healthy-smiles-early-care-education-programs
- 90-segundong video (BoysTown Pediatrics): Bagaman hindi nagaganap sa isang kapaligiran ng maagang pagkatuto ang video na ito, ipinapakita nito kung paano hugasan ang gilagid ng sanggol at nagbibigay ng mga tip para sa pagto-toothbrush ng mga batang wala pang dalawang taong gulang
  www.youtube.com/watch?v=NFiH6wwoMpQ
- Tatlong minutong video (Snohomish Health District): Pagtuturo ng Pagto-toothbrush sa Child Care
  www.youtube.com/watch?v=iSlRQXJhLNE
- Isang minutong video (Snohomish Health District): Pagtuturo sa mga Batang Paslit kung Paano Mag-toothbrush
  www.youtube.com/watch?v=YyPoZfeaMPY

Ang CACFP ay isang pederal na programa na nagbibigay ng reimbursement para sa masustansyang pagkain at meryenda sa mga kwalipikadong bata at nasa hustong gulang na naka-enroll sa mga kalahok na mga sentro ng pag-aalaga ng bata, pag-aalaga ng bata sa family home, at mga pasilidad para sa pag-aalaga sa mga nasa hustong gulang sa maghapon.
www.fns.usda.gov/cacfp

Ang resource webpage ng Pag-aalaga ng Bata sa Maghapon ng CACFP ay naglalaman ng listahan ng impormasyon at mga resource webpage tungkol sa pagkain at nutrisyon sa child care.
www.fns.usda.gov/cacfp/child-day-care-centers

Ang Kalusugan at Kalinisan ng Ngipin para sa mga Batang Paslit sa healthychildren.org ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kalusugan ng ngipin ng mga bata.
www.healthychildren.org/English/healthy-living/oral-health/Pages/Teething-and-Dental-Hygiene.aspx

Malusog na Pamumuhay - Naglalaman ang Nutrisyon sa healthychildren.org ng higit sa 100 artikulo tungkol sa iba't ibang paksa tungkol sa pagkain, kabilang ang mga allergy, pamalit sa pagkain, mga batang maselang kumain, tamang dami ng pagkain, at kaligtasan sa pagkain.
www.healthychildren.org/English/healthy-living/nutrition/Pages/default.aspx

Ang Malusog Mula sa Simula ay tumatalakay kung paano pinapalakas ng tamang pagpapakain ang katawan, puso at isipan ng iyong batang anak. Ito ay isang impormasyon na brochure mula sa Zero to Three tungkol sa mga pagkain at oras ng pagkain.
www.zerotothree.org/resources/352-healthy-from-the-start

Kalusugan ng Bibig mula sa Kapanganakan hanggang 6 na Buwan at iba pang mga edad. Ang page ng Mga Mapagkukunan Kaugnay ng Ngipin ng Snohomish Health District ay naglalaman ng mga materyal na pang-edukasyon tungkol sa pag-aalaga ng mga ngipin ayon sa edad. Ang publikasyong ito ay available sa wikang English, Arabic, Russian at Spanish.
www.snohd.org/234/Dental-Resources

Patakaran sa Pagto-toothbrush. Nilikha ng Snohomish Health District ang isang halimbawa ng patakaran sa pagto-toothbrush para sa isang programa ng maagang pagkatuto, na naglalaman ng mga gabay para sa parehong table method at sink method.
www.snohd.org/DocumentCenter/View/2747/Model-Toothbrushing-Policy--2019

Pagto-toothbrush sa Mesa. Isang publikasyon mula sa Snohomish Health District na may mga hakbang-hakbang na tagubilin para sa aktibidad ng pagto-toothbrush sa mesa sa isang programa ng maagang pagkatuto, kasama ang karagdagang gabay at mga tip.
www.snohd.org/DocumentCenter/View/2726/SHD-Toothbrushing-Guidance-Posters

Asosasyon ng Mga Dentista sa Washington. Magandang ibahagi ito sa mga magulang o guardian kung naghahanap sila ng dentista para sa kanilang anak o dentista na nagbibigay ng serbisyo sa mga indibidwal na may likas o nakuha na espesyal na pangangailangan. Kinakailangang punan ng mga magulang o guardian ang isang referral form para sa pediatric dental search kung saan kokontakin sila ng isang kinatawan upang tulungan silang makahanap ng dentista. Maaaring humiling ang mga magulang o guardian ng tulong sa kanilang gustong wika, kabilang ang Spanish, Somali, Russian, Vietnamese, at iba pa.
www.wsda.org/public

WAC 110-300-0185

Mga menu, gatas, at pagkain

Upang matiyak ang wastong nutrisyon ng mga batang inaalagaan, ang isang provider ng maagang pagkatuto ay kailangang sumunod sa mga kinakailangan sa nutrisyon ng bata na inilalarawan sa bahaging ito.

(1) Ang mga pagkain, meryenda, at inumin na ibinibigay sa mga batang inaalagaan ay dapat sumunod sa mga kinakailangan na nakasaad sa pinakabagong edisyon ng mga pamantayan ng USDA Programa ng Pagkain para sa Pag-aalaga ng Bata at Nasa Hustong Gulang (CACFP), o sa mga pamantayan ng USDA Programa ng Pambansang Pananghalian sa Paaralan at Pambansang Almusal sa Paaralan.

- **(a) Ang isang provider ng maagang pagkatuto ay kailangang magbigay ng mga menu na may petsa.**
- **(b) Dapat may katumbas na nutrisyonal na halaga ang mga kapalit na pagkain at inumin sa iskedyul na menu.**
- **(c) Ang isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat magsilbi lamang ng tubig, gatas na walang lasa, o daang porsyentong katas ng prutas o gulay.**
- **(d) Ang isang provider ng maagang pagkatuto ay kailangang limitahan ang pag-inom ng daang porsyentong katas ng prutas sa hindi hihigit sa apat hanggang anim na onsa kada araw para sa mga batang may edad isa hanggang anim na taon, at walo hanggang labindalawang onsa kada araw para sa mga batang may edad pito hanggang labingdalawang taon.**

(2) Ang isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat magsilbi ng prutas o gulay bilang isa sa dalawang kinakailangang sangkap na hindi bababa sa isang meryenda kada araw.



Kailangan ng mga bata ng tamang nutrisyon upang suportahan ang kanilang paglaki at pag-unlad. Maaaring makaapekto ang kalidad ng mga pagkain na kinakain ng mga bata sa kanilang kalusugan sa buong buhay nila. Ayon sa pananaliksik, ang balanseng diyeta kasabay ng pang-araw-araw na angkop na pisikal na aktibidad ayon sa edad ay maaaring magpababa ng panganib na may kinalaman sa diyeta tulad ng sobrang timbang, labis na katabaan at malulubhang sakit sa hinaharap.[110]

Para sa pinakamainam na paglaki, kailangan ng katawan ng mga bata na mabigyan ng iba't ibang mahahalagang bitamina, mineral, at iba pang sustansya, habang nililimitahan ang pag-inom ng dagdag na asukal at saturated fat. Ang kinakailangan ng WAC na magbigay sa mga bata ng mga pagkain na sumusunod sa pamantayan ng CACFP o ng USDA Programa ng Pambansang Pananghalian sa Paaralan at Pambansang Almusal sa Paaralan ay tumutulong upang matiyak ang balanseng diyeta. Ang mga programa ng CACFP at USDA Programa ng Pambansang Pananghalian sa Paaralan at Pambansang Almusal sa Paaralan ay mga pederal na programa na nagbibigay ng pinansyal na tulong para sa mga masustansyang pagkain at meryenda sa mga kalahok na programa ng maagang pagkatuto. Opsyonal para sa lahat ng provider ng maagang pagkatuto ang pag-enroll sa isang programa ng pagkain. Upang makatanggap ng karapat-dapat na reimbursement para sa gastos sa pagkain, ang isang provider ng maagang pagkatuto sa bawat programa ng pagkain ay kinakailangang magbigay ng mga pagkain na sumusunod sa tiyak na mga pamantayan sa nutrisyon. Bukod sa pinansyal na reimbursement, ang pag-enroll sa programa ng pagkain ay may iba pang mga benepisyo, kabilang ang suporta sa pagbuo ng menu, edukasyong pangnutrisyon, pagsasanay, at mga mapagkukunan. Upang suportahan ang paglaki at pag-unlad ng lahat ng bata, ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ay nag-uutos na ang mga menu ng lahat ng programa ng maagang pagkatuto ay dapat sumunod sa mga pamantayan sa nutrisyon ng mga programang ito, kahit na hindi sila kalahok dito. Makikita ang mga pamantayan para sa bawat programa sa **www.fns.usda.gov/cn**.

110 U.S. Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura ng U.S.) at U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng US.), *Mga Panuntunan ng Diyeta para sa mga Amerikano ika-7 edisyon.* (Washington, DC: Tanggapan ng Paglalathala ng Gobyerno ng U.S., 2010), available sa **www.health.gov/dietaryguidelines/dga2010/DietaryGuidelines2010.pdf**

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home sa Yakima County ang nagsabi:

"Madali lang simulan ang programa ng pagkain. Mula pa noong simula ng aking trabaho, iniisip ko na ang mga batang inaalagaan ko ay dapat magkaroon ng pinakamahusay na nutrisyon kaya naghanap ako ng impormasyon. Paborito kong bahagi sa sarili kong programa ay ang pagtulong ng mga bata sa akin na magplano kung ano ang gusto nilang kainin. Nagluluto ako ng mga pagkain para sa iba't ibang kultura para sa kanila mula sa Mexican o Italian spaghetti, na natutunan kong lutuin dito noong nagtrabaho ako sa migrant council bilang assistant cook. Hindi namin makakalimutan ang Mexican Pozole na may baboy o manok na may iba't ibang gulay. Mayroon ding pagkaing Amerikano tulad ng hamburger at masarap na macaroni and cheese at mga sandwich. Kinakain nila ang lahat. Hinihikayat ko ang iba na sumali sa programa ng pagkain upang makuha ng mga bata ang mga benepisyo mula sa mga programang nutrisyon na kanilang inaalok dahil sa huli, lahat ng benepisyo ng programa ay para sa kanilang malusog na paglaki."



Para matiyak na ang pang-araw-araw na pagkain at meryenda ay nakakatugon sa kinakailangang mga nutrisyon, kailangang magplano nang maaga ang isang provider ng maagang pagkatuto. Ang paggawa ng menu ay hindi lang tumutulong sa programa ng maagang pagkatuto na masubaybayan na ang mga pagkaing inihahain araw-araw ay sumusunod sa mga kinakailangan sa nutrisyon. Nagbibigay-daan din ang isang planadong menu sa provider ng maagang pagkatuto na mag-budget ng kanilang pondo at matiyak na ang kinakailangang dami ng masustansyang pagkain ay nasa lugar kapag oras na para maghanda at maghain ng mga pagkain o meryenda. Ang pattern ng pagkain ng CACFP ay nagtatakda ng pinakamababang dami ng serving na ibinibigay sa mga bata ayon sa kanilang edad. Halimbawa, ang sukat ng serving para sa bahagi ng protina ay iba para sa mga batang paslit kumpara sa mga batang preschool. Ang pag-anticipate sa kinakailangang dami ng serving kaugnay ng bilang ng mga naka-enroll sa programa ay makakatulong sa maagang pagkatuto na mas maayos na tantiyahin ang dami ng bibilhin upang magkaroon ng sapat na pagkain at mabawasan ang basura. Nagsisilbing komunikasyon ang mga menu sa mga magulang, guardian, at kawani kung ano ang ihahain nang maaga, sakaling kailanganin ng pagbabago. Para maging maalwan, maaaring pumili ang isang programa ng maagang pagkatuto na gumawa ng naghahali-haliling menu.

Upang manatiling sumusunod sa mga patnubay, kapag may mga pagpapalit ng pagkain at inumin sa menu, ang kapalit na item ay dapat may katumbas na nutrisyon. Halimbawa, ang CACFP ay nangangailangan na ang almusal ay magkaroon ng likidong gatas, gulay o prutas o pareho at isang butil. Kung ang isang provider ng maagang pagkatuto ay nagpaplanong magbigay ng whole-grain toast, strawberry, at gatas sa almusal at napansin na expired na ang strawberry habang naghahanda, dapat silang magbigay ng ibang prutas o gulay bilang kapalit ng strawberry. Ang pagpapalit ng isang butil, tulad ng cracker, bilang kapalit ng strawberry ay hindi tutugon sa patnubay ng CACFP o WAC. Sa ganitong sitwasyon, kung may saging ang provider, maaari itong ihain kasama ng toast at gatas at i-update ang menu para kung may magtanong na magulang o guardian tungkol sa almusal, maipaliwanag nila ang pagpapalit.

Ilang halimbawa ng mga menu ang ibinigay upang ipakita kung paano maaaring magmukhang maayos na nabuo ang menu na may pagkakaiba-iba at balanse:

SNOHOMISH HEALTH DISTRICT
WWW.SNOHD.ORG

Sample Menu for Children
*** Ages 1 to 12 years**

	Monday	Tuesday	Wednesday	Thursday	Friday
Breakfast • Grain or Protein • Fruit or vegetable • 1% Milk,Whole,12- 24 mths (** A protein food may be served up to 3 x/week instead of a grain)	**Oatmeal (WG) Orange slices 1% milk *Dried fruit	**Vanilla yogurt *Blueberries 1% milk	**Cheerios Banana 1% Milk	Scrambled egg *Mixed fresh fruit 1% milk	Waffle (WG) Peach slices 1% milk *Syrup
***** AM Snack*** ▪ Choose from 2 food groups	Fresh Nectarines or frozen/canned peaches Raisin toast Water	Bran muffin (WG) 1 small **Fruit Smoothie	WW English muffin Sun Butter Water	Sliced Cantaloupe Wheat Thins (WG) Water	WW banana muffin 1 small Orange juice
Lunch • Grain – Whole grain most often • Protein (meat, eggs, dairy, legumes,) • Fruit & vegetable • 1% milk,Whole,12- 24 mths	Sliced turkey Cheddar cheese Pita Bread *Lettuce and tomato Strawberries 1% milk	Chili w/ beans Cornbread Pears Green Salad *w/Salad dressing 1% milk	Teriyaki chicken strips Brown Rice (WG) Peas Applesauce 1% milk	Egg salad Hoagie roll *Coleslaw Orange slices 1% milk	Macaroni and cheese w/Tuna Steamed green beans Apple slices 1% milk
***** PM Snack*** ▪ Choose from 2 food groups (make one a fruit or vegetable most often)	Cheese Stick Cucumber chips *Rice Crackers Water	Pita chips Hummus Water	WW Bagel 1 small Pineapple rings *Cream cheese Water	Cottage cheese * Baby Carrots Water	**Vanilla Yogurt *Strawberries Water

- *** Modify menu items for 1-3 year olds:**
  - Cut berries, grapes, apples, cherry tomatoes, small round items into quarters;
  - Cook all vegetables, cut sandwiches into quarters, slice cheese.
  - May need to finely chop lettuce and coleslaw, shred or cut meat into small pieces and cut fresh fruit into small mashed pieces
- ****Follow CACFP rules for nutrient specifications**
  - Sugar content must be < 7 gms/serving for cereal and < 24 gms/serving for 6 oz yogurt.
  - Serve one whole grain item every day.
  - Serve a fruit or vegetable at one snack every day.
- **Serve meals or snacks every 2 – 3 hours**

Care Health Outreach Program
3020 Rucker Avenue, Suite 104
Everett, WA 98201-3900
childcarehealth@snohd.org, 425.252-5415
https://www.snohd.org/Child-Care-Providers

KL (1/2019)

Nagbibigay ang Snohomish Health District ng Sample Menu para sa mga batang edad 1 hanggang 12 taong gulang sa isang programa na tumatakbo nang higit sa siyam na oras. Para i-download ang menu na ito, pumunta sa **https://www.snohd.org/DocumentCenter/View/2722/Sample-Menu--2019**.

mdc making a difference in community | Employment

MDC Child Care Food Program
945 Fawcett Tacoma WA 98402
(253)284-7865 or (800)843-9317 FAX (253)302-5525
childnutrition@mdc-hope.org
www.mdcfoodprogram.com

Breakfast - Breakfast must include 1% or Nonfat (whole 1-2 yrs old) milk, one serving from the Vegetable and Fruit Group and one serving from the Grains /Bread Group. Here are some suggestions:

French Toast
Grapes
Milk

Cheerios
Bananas
Milk



WG Muffin
Grapes
Milk

Scrambled Eggs, Toast
Applesauce
Milk

Bran Muffin
Kiwi
Milk

WG Toast
Orange Slices
Milk

WG Pancakes
Fruit Cocktail
Milk

WG Bagel
Pears
Milk

WG Waffles
Strawberries
Milk

Wheat Cereal (See List)
Fresh Melon
Milk

WG English Muffin
Apple Slices
Milk

Cornbread
Peaches
Milk

Raisin Bread
Bananas
Milk

Cinnamon Toast
Applesauce
Milk

Corn Flakes
Raspberries
Milk

Biscuit
Sliced Pears
Milk

Banana Bread
Apples, Raisins
Milk

Crepes
Raspberries
Milk

WG Tortilla
Banana
Milk

Pumpkin Muffin
Carrot Sticks
Milk

WG Pita Bread
Cubed Potatoes
Milk

Soft Pretzel
Bell Peppers
Milk



Oatmeal
Chunky Spiced Peaches
Milk

Hot wheat cereal
Frozen Blueberries
Milk

Croissant
Grapefruit Sections
Milk

Blueberry Muffin
Potato Rounds
Milk




WG = Whole Grain
HM = Home-Made

All hot and cold breakfast cereals must have whole or enriched grain as the first ingredient, and should contain **no more than 6 grams of sugar** per serving. Refer to the list of creditable cereals for more information. All WIC-approved cereals are creditable.


Meat and meat alternates, such as eggs or yogurt, can be served *three times per week*, instead of a grain at breakfast.

Ibinahagi ng sponsor ng programa ng pagkain na Konseho sa Pagpapaunlad ng Kalunsuran (MDC) ang mga halimbawa ng serving para sa almusal, tanghalian, at meryenda na sumusunod sa mga pangangailangan ng CACFP. Para i-download ang menu na ito, bisitahin ang **www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pdf/lic-guide/LIC_0010_MDC_Sample_Menu.pdf**.



Date	Breakfast	AM Snack	Lunch	PM Snack	Dinner	Eve. Snack
06/15	Avocado (234) Fruit Plate (014) Cheddar / Colby Cheese (082) Corn Tortillas (085) Milk (1% and Whole)* (5)	Celery (166) Fruit Plate (014) Peanut Butter & Cheese* (072) Snack Crackers (045) Milk (1% and Whole)* (5)	Mixed Vegetables (184) Tossed Salad (218) Beef Ground (003) French / Italian / Vienna Bread (013) Milk (1% and Whole)* (5)	Carrots (164) Applesauce (002) Egg (070) Pretzels* (071) Milk (1% and Whole)* (5)		
06/16	Fruit Plate (014) Cold Cereal (037) Milk (1% and Whole)* (5)	Celery (166) Fruit Plate (014) Peanut Butter - Snack* (071) Wheat Crackers (046) Milk (1% and Whole)* (5)	Raw Veggie Plate (205) Fruit Plate (014) Ham (037) Wheat / Oatmeal Bread (030) Milk (1% and Whole)* (5)	Raw Veggie Plate (205) Fruit Plate (014) String Cheese (088) Snack Crackers (045) Milk (1% and Whole)* (5)		
06/17	Fruit Plate (014) Egg (070) Wheat / Oatmeal Bread (030) Milk (1% and Whole)* (5)	Carrots (164) Cantaloupe (034) Peanuts* HF (077) Wheat Crackers (046) Milk (1% and Whole)* (5)	Tossed Salad (218) Peaches / Nectarines (023) Sausage - Pork * HF (043) Hamburger / Hot Dog Buns (016) Milk (1% and Whole)* (5)	Raw Veggie Plate (205) Applesauce (002) Peanut Butter - Snack* (071) Wheat Crackers (046) Milk (1% and Whole)* (5)		
06/18	Potatoes (203) Fruit Plate (014) Egg (070) Cold Cereal (037) Milk (1% and Whole)* (5)	Carrots (164) Watermelon (036) Yogurt (102) Pretzels* (071) Milk (1% and Whole)* (5)	Mixed Vegetables (184) Tossed Salad (218) Other Chicken (025) Wild Rice* (083) Milk (1% and Whole)* (5)	Peppers, Red / Green / Yellow (201) Fruit Plate (014) String Cheese (088) Saltine Crackers (044) Milk (1% and Whole)* (5)		
06/19	Bananas (004) Egg (070) Cold Cereal (037) Milk (1% and Whole)* (5)	Carrots (164) Watermelon (036) Cheddar / Colby Cheese (082) Wheat Crackers (046) Milk (1% and Whole)* (5)	Mixed Vegetables (184) Fruit Plate (014) Beef Ground (003) Lasagna Noodles* (061) Milk (1% and Whole)* (5)	Carrots (164) Peaches / Nectarines (023) Peanut Butter - Snack* (071) Wheat Crackers (046) Milk (1% and Whole)* (5)		

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home sa Clark County ang nagbigay ng sampol menu para sa mga batang preschool hanggang sa mga batang nasa edad ng pag-aaral para sa programang tumatakbo ng higit sa siyam na oras. Para i-download ang menu na ito, pumunta sa **www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pdf/lic-guide/LIC_0010_Sample_menu_Clark_County_Early_Learning_Provider.pdf**.



Food Served - November 2018

Meals and Attend | Food Served | November 20 | Infants | Non-Infants

Provider Name

Date	Breakfast	AM Snack	Lunch	PM Snack	Dinner	Eve. Snack
11/01	Applesauce (002) Cold Cereal (037) Milk (1% and Whole)* (5) Parent Supplied Infant Formula / Breast Milk (13)		Lettuce / Greens (180) Fruit Plate (014) Other Beef (020) Pasta - Other* (065) (WG) Milk (1% and Whole)* (5) Parent Supplied Infant Formula / Breast Milk (13)	Celery (166) Peanut Butter - Snack* (071) Parent Supplied Infant Formula / Breast Milk (13)		
11/02	Bananas (004) English Muffin (008) Milk (1% and Whole)* (5) Parent Supplied Infant Formula / Breast Milk (13)		Lettuce and Tomato (181) Apples (001) Other Turkey (034) Wheat / Oatmeal Bread (WG) (131) Milk (1% and Whole)* (5) Parent Supplied Infant Formula / Breast Milk (13)	Applesauce (002) Biscuits (122) (WG) Parent Supplied Infant Formula / Breast Milk (13)		
11/05	Cantaloupe (034) Bagel (001) Milk (1% and Whole)* (5) Parent Supplied Infant Formula / Breast Milk (13)		Tomato Soup (231) Lettuce / Greens (180) Cheddar / Colby Cheese (082) Wheat / Oatmeal Bread (WG) (131) Milk (1% and Whole)* (5)	Raw Veggie Plate (205) Wheat Crackers (046) Parent Supplied Infant Formula / Breast Milk (13)		

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home sa Clark County ang nagbigay din ng sampol menu para sa mga batang mula sa sanggol hanggang sa mga batang nasa edad ng pag-aaral. Para i-download ito, pumunta sa **www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pdf/lic-guide/LIC_0010_Sample_menu_Clark_County%20family_home.pdf**.



Ang mga menu at oras ng pagkain sa programa ng maagang pagkatuto ay maaaring maging masaya at kawili-wiling paraan para ipagdiwang ang komunidad at pagkakaiba-iba sa pamamagitan ng pagtuklas sa iba't ibang pagkain at lasa. Sa isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro, hinihiling ng direktor sa mga pamilya na magbahagi ng paboritong recipe sa panahon ng enrollment at tinatalakay ang mga pagkain at ritwal ng pamilya. Tuwing Martes, isinasama ang isang family recipe sa menu ng programa. Nag-uusap ang mga kawani at mga bata habang kumakain tungkol sa pagkain, tradisyon ng pamilya, at kultura. Ang mga pagkain ay maaaring maglaman ng mga karanasan sa kultura tulad ng pagkain gamit ang kamay o paggamit ng iba't ibang gamit tulad ng chopstick.



Ang resource webpage ng Pag-aalaga ng Bata sa Maghapon ng CACFP ay naglalaman ng listahan ng impormasyon at mga resource webpage tungkol sa pagkain at nutrisyon sa child care. **www.fns.usda.gov/cacfp/child-day-care-centers**

Nagbibigay ang CACFP Mga Tool para sa Pagsasanay ng listahan ng mga tool at mapagkukunan upang ipatupad ang kinakailangang meal pattern. **www.fns.usda.gov/tn/training-tools-cacfp**

Meal Pattern ng Bata. Nagbibigay ang Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura) ng Estados Unidos ng mga at-a-glance na tsart para sa mga kinakailangang sangkap sa nutrisyon at dami ng serving ayon sa CACFP, para sa bawat pagkain at meryenda, batay sa pangkat ng edad ng bata. **https://fns-prod.azureedge.net/sites/default/files/cacfp/CACFP_childmealpattern.pdf**

Mga sponsor ng CACFP ng Family Home. Isang listahan ng mga ahensya na maaaring kontakin ng isang provider ng maagang pagkatuto sa family home upang makilahok sa programa ng pagkain ng CACFP. **www.k12.wa.us/sites/default/files/public/childnutrition/FDCH%20Sponsors%202020.pdf**

Nutrisyon at Pisikal na Aktibidad. Isang webpage ng Pag-aalaga ng Bata ng Snohomish Health District na may mga link sa mga mapagkukunan kabilang ang mga mapagkukunan para sa nutrisyon at pagpaplano ng menu para sa pag-aalaga ng bata. **www.snohd.org/252/Nutrition-Physical-Activity**

Pagpili ng Mga Pagkain na Ayon sa Kultural na Pinagmulan ng mga Bata para sa Menu ng Preschool: Isang Praktikal na Solusyon. Isang pag-aaral na kasama sa Journal ng Nutrisyon ng Bata at Pamamahala. Tinutuklas ng pag-aaral na ito ang mga praktikal na paraan upang maisama ang mga pagkain na sumasalamin sa kultural na pinagmulan ng mga batang naka-enroll sa preschool. **https://schoolnutrition.org/uploadedFiles/5_News_and_Publications/4_The_Journal_of_Child_Nutrition_and_Management/Spring_2004/8-smith.pdf**

Tradisyon sa Paghahain: Isang Gabay para sa Pagkain sa Paaralan sa mga Komunidad na May Iba't Ibang Kultural na Pinagmulan. Isang Food Corps Massachusetts na gabay para sa paggawa ng mas angkop na mga pagkain ayon sa kultura sa mga programa sa paaralan. Binabalangkas nito ang mga hakbang na dapat gawin, mga case study, at mga recipe na maaaring subukan. Bagaman ang mga distrito ng paaralan ang pangunahing tagapakinig, maraming nilalaman dito ang maaaring iakma para sa maagang pagkatuto, at magsilbing inspirasyon para sa patuloy na pagiging malikhain at pagkakaiba-iba. **www.massfarmtoschool.org/wp-content/uploads/2017/12/ServingUpTradition.pdf**

Kung Paano Harapin ang mga Mapili sa Pagkain. Isang artikulo mula sa Zero to Three na may mga tip kung paano ipakilala at hikayatin ang pagtikim ng mga bagong pagkain. **www.zerotothree.org/resources/1072-how-to-handle-picky-eaters**

WAC 110-300-0186

Mga allergy sa pagkain at espesyal na pangangailangang pang-diyeta

(1) Dapat kumuha ang isang provider ng maagang pagkatuto ng nakasulat na tagubilin (ang indibidwal na plano ng pag-aalaga) mula sa pangunahing provider ng pag-aalaga sa kalusugan ng bata at magulang o guardian kapag nag-aalaga ng batang may kilalang allergy sa pagkain o espesyal na pangangailangan sa diyeta dahil sa kondisyon sa kalusugan. Ang indibidwal na plano ng pag-aalaga alinsunod sa WAC 110-300-0300 ay dapat:

- **(a) Tukuyin ang mga pagkain na hindi dapat kainin ng bata at mga hakbang na gagawin sakaling magkaroon ng hindi inaasahang allergic reaction;**
- **(b) Tukuyin ang mga pagkain na maaaring pamalit sa mga allergenic na pagkain; at**
- **(c) Magbigay ng partikular na plano ng paggamot na susundin ng provider ng maagang pagkatuto bilang tugon sa allergic reaction. Ang partikular na plano ng paggamot ay dapat kabilang ang:**
  - **(i) Mga pangalan ng lahat ng gamot na ibibigay;**
  - **(ii) Mga tagubilin kung paano ibibigay ang gamot;**
  - **(iii) Mga tagubilin tungkol sa dami ng gamot na dapat ibigay; at**
  - **(iv) Paglalarawan ng mga allergic reaction at mga sintomas na kaugnay ng partikular na allergy ng bata.**

(2) Dapat magsaayos ang provider ng maagang pagkatuto kasama ang mga magulang o guardian ng batang inaalagaan upang matiyak na ang programa ng maagang pagkatuto ay may kinakailangang gamot, pagsasanay, at kagamitan para maayos na pamahalaan ang mga allergy sa pagkain ng bata.

(3) Kung ang bata ay makaranas ng allergic reaction, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat agad na:

- **(a) Ibigay ang gamot alinsunod sa mga tagubilin sa pang-indibwal na plano ng pag-aalaga ng bata;**
- **(b) Makipag-ugnayan sa 911 kapag naibigay na ang epinephrine o ibang gamot na panligtas ng buhay; at**
- **(c) Ipagbigay-alam sa mga magulang o guardian ng bata kung pinaghihinalaan o mukhang nangyari o nangyayari ang alinman sa mga sumusunod:**
  - **(i) Nakararanas ng allergic reaction ang bata; o**
  - **(ii) Nakakain o nakahawak ng pagkain ang bata na tinukoy ng mga magulang o guardian na hindi dapat kainin ng bata, kahit na ang bata ay hindi nakaranas o hindi nagkaroon ng allergic reaction.**

(4) Dapat repasuhin ng mga provider ng maagang pagkatuto ang impormasyon sa pang-indibwal na plano ng pag-aalaga ng bawat bata tungkol sa mga allergy sa pagkain bago maghain ng pagkain sa mga bata.

Isang suliranin sa pampublikong kalusugan ang mga allergy sa pagkain sa mga bata. Ang mga bata ang may pinakamaraming kaso ng allergy sa pagkain, na nakakaapekto sa halos 8% ng mga bata.[111] "Walang lunas para sa mga allergy sa pagkain. Ang mahigpit na pag-iwas sa pagkaing sanhi ng allergy ang tanging paraan upang maiwasan ang reaksyon. Gayunpaman, dahil hindi palaging madali o posible ang pag-iwas sa ilang pagkain, dapat bumuo ang mga kawani sa mga programa ng maagang pag-aalaga at edukasyon (ECE) ng mga plano para maiwasan ang allergic reaction at para makatugon sa emergency na dulot ng allergy sa pagkain, kabilang ang anaphylaxis. Ang maaga at mabilis na pagkilala at paggamot ay makakaiwas sa malubhang problema sa kalusugan o kamatayan."[112] Dinisenyo ang WAC na ito upang matiyak na alam ng programa ng maagang pagkatuto ang mga kilalang allergy sa pagkain at espesyal na diyeta, at handa sa mabilis na pagkilala at paggamot kung may mangyaring problema.

111 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Food Allergies" available sa **www.cdc.gov/healthyschools/foodallergies/index.htm**, huling in-update noong Hunyo 8, 2020.

112 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Food Allergies" available sa **www.cdc.gov/healthyschools/foodallergies/index.htm**, huling in-update noong Hunyo 8, 2020.

Dumarami ang mga allergy sa pagkain[113] at maaari itong magdulot ng pagpunta sa emergency room pati na rin kamatayan. Ayon sa Pananaliksik at Edukasyon sa Allergy sa Pagkain:

- Mayroong 32 milyong Amerikano na may posibleng nakakamatay na allergy sa pagkain.
- 200,000 pagbisita sa emergency room ang nagaganap bawat taon dahil sa allergy sa pagkain.
- 200 katao ang namamatay dahil sa mga komplikasyon mula sa allergy sa pagkain.[114]

Maaaring mula sa banayad hanggang malubha ang mga allergic reaction. Maaaring kabilang sa mga banayad na sintomas ang makating bibig, makati o tumutulong sipon, pagbahing, banayad na pangangati ng balat o ilang pantal, o banayad na pagduduwal.

Maaaring kabilang sa malulubhang sintomas ang malawakang pamamantal, pagsusuka, o anaphylaxis. Ang anaphylaxis ay resulta ng paglabas ng mga kemikal na nagdudulot sa katawan ng isang tao na biglang tumigil ang pagdaloy ng dugo (shock). Kapag nangyari ito, bumababa ang presyon ng dugo ng isang tao at kumikipot ang kanyang daanan ng hangin, na humahadlang sa paghinga. Ito ay malubha at nakamamatay.

Dahil sa posibleng malubhang kahihinatnan ng mga allergy sa pagkain, dapat tiyakin ng mga programa ng maagang pagkatuto na alam nila ang mga allergy ng mga bata sa kanilang programa. Ang masusing komunikasyon sa pagitan ng magulang o guardian at ng provider ng maagang pagkatuto ay napakahalaga. Nagbibigay-daan ang komunikasyon sa provider ng maagang pagkatuto na maihanda at mapagplanuhan nang maayos, upang mabawasan ang posibilidad ng isang allergic reaction, at upang maging handa sila sa pagharap sa allergic reaction kung kinakailangan. Sinusuportahan ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang komunikasyong ito sa pamamagitan ng kinakailangan na magkaroon ng nakasulat na mga tagubilin sa anyo ng isang indibidwal na plano ng pag-aalaga.

Ang indibidwal na plano ng pag-aalaga ay isang plano upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng isang bata na may allergy sa pagkain, isang espesyal na kinakailangan sa pagkain dahil sa kondisyong pangkalusugan, o iba pang natatanging pangangailangan. Maaaring kabilang dito ang mga batang may allergy o intolerance sa pagkain, o mga batang ang medikal na pagsusuri ay may epekto sa kanilang diyeta. Halimbawa, maaaring may kahirapan sa paglunok, diyabetes, metabolic disorder o kapansanan sa pag-unlad ang isang bata na nangangailangan ng mga espesyal na kinakailangan sa pagkain.

Upang matiyak na natutugunan ng plano ang mga pangangailangang pangkalusugan ng bata at kinakatawan din nito ang mga medikal na pagpapahalaga ng pamilya, ang plano ay binubuo sa pakikipag-ugnayan sa magulang o guardian, at kung naaangkop, sa provider ng pangangalagang pangkalusugan. Layunin ng plano na magbigay ng tiyak na impormasyon para sa programa ng maagang pagkatuto tungkol sa allergy sa pagkain ng bata. Kasama rito ang tiyak na allergy, mga palatandaan o sintomas ng allergic reaction, impormasyon tungkol sa gamot, mga alternatibong pagkain na maaaring ibigay, at ang mga hakbang na dapat gawin kung ang bata ay magkaroon ng allergic reaction.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0300 ang mga kinakailangan para sa isang indibidwal na plano ng pag-aalaga.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0190 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa nakasulat na mga plano sa pagkain.

113 Jessica Savage at Christina B. Johns, "Food Allergy: Epidemiology and Natural History," *Immunology and Allergy Clinics of North America 35 (1) (2015): 45–59,* available sa **www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC4254585/**

114 Pananaliksik at Edukasyon sa Allergy sa Pagkain, "I Am So Much More Than My Food Allergies," available sa **www.foodallergy.org**, nakuha noong Marso 2020.

Ang pagkuha ng impormasyon mula sa pamilya ay nagbibigay ng isang karaniwang sistema para sa pagsubaybay at pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng bata. Bilang tagapag-alaga ng bata, maglaan ng oras upang makipag-usap sa pamilya tungkol sa mga pangangailangan ng bata at kunin ang impormasyon, mga gamit, at pagsasanay mula sa magulang o guardian ng bata upang ang plano ay ganap na maipatupad ng mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto. Tiyakin na nauunawaan ang nakasulat na mga tagubilin, ang kinakailangang gamot ay nasa maginhawang lokasyon, at na ang gamot ay hindi expired. Tandaan na ang mga gamot na nakapagliligtas ng buhay ay kailangang madaling maabot ng mga kawani at hindi naka-lock sa isang aparador. Anumang iba pang kagamitan upang maayos na mapangasiwaan ang isang allergic reaction ay dapat na madaling makuha ng mga kawani. Pakitandaan din na sa tuwing magbibigay ng EpiPen o anumang iba pang gamot na nakapagliligtas ng buhay, kailangang tawagan ang 911 at ang mga magulang o guardian.

Listahan ng Pag-post ng Allergy at Pagbabago sa Pagkain. Isang mapagkukunan mula sa Snohomish Health District upang tulungan ang mga programa ng maagang pagkatuto na matiyak na natutunton nila ang mga allergy sa pagkain ng mga bata at ang mga follow-up na plano.
www.snohd.org/DocumentCenter/View/2705/Allergy--Food-Modifications-Posting-List-7-2019?bidId

Lumikha ng Plano sa Emergency para sa Allergy at Anaphylaxis: Paliwanag sa Ulat ng AAP. Isang webpage ng healthychildren.org tungkol sa mga Allergic Reaction na kinabibilangan ng halimbawa ng plano sa emergency para sa mga allergy mula sa Amerikanong Akademya ng Pediatrics.
www.healthychildren.org/English/health-issues/conditions/allergies-asthma/Pages/Create-an-Allergy-and-Anaphylaxis-Emergency-Plan.aspx

Mga Allergy sa Pagkain sa Pag-aalaga ng Bata. Isang komprehensibong gabay mula sa Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County para sa pagsuporta sa mga batang may allergy sa pagkain sa mga programa ng pag-aalaga ng bata.
www.kingCounty.gov/depts/health/child-teen-health/child-care-health/healthy-habits/~/media/depts/health/child-teen-health/child-care-health/documents/FoodAllergyHandbook.ashx

Pananaliksik at Edukasyon sa Allergy sa Pagkain (FARE). Isang komprehensibong website na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga batang may allergy sa pagkain. Nagbibigay ang link na ito ng mga tip sa kaligtasan, nakasulat na mga plano sa pamamahala, mga madalas itanong, at marami pang iba.
www.foodallergy.org/resources?_limit=12&_page=1&audience=19

Nagbibigay ang link na ito ng mga mapagkukunan para turuan ang mga batang mag-aaral kung paano maging "Be a PAL (Protect a Life)" sa mga batang may allergy sa pagkain — ibig sabihin, kung paano panatilihing ligtas ang mga kaibigan. Mayroong mga materyal na maaaring i-print sa wikang English at Spanish
www.foodallergy.org/education-awareness/be-a-pal

Mga Batang May Allergy sa Pagkain: Isang bahagi ng site na ito ay nakatuon sa pagpapanatiling ligtas ng mga bata sa paaralan. Marami sa mga mapagkukunan, kabilang ang kurikulum at mga tip sheet, ay maaaring iakma para sa mga batang preschool.
www.kidswithfoodallergies.org/planning-for-school.aspx

Paano Unawain at Gamitin ang Nutrition Facts. Isang website ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng U.S. na nagbibigay ng mga visual na halimbawa para sa pagbasa ng mga sangkap sa mga label ng nutrition facts.
www.fda.gov/food/labelingnutrition/ucm274593.htm

WAC 110-300-0190

Pagkain at nakasulat na mga plano sa pagkain na ibinigay ng magulang o guardian

(1) Ang isang nakasulat na plano sa pagkain ay dapat buuin ng provider at ng magulang o guardian ng bata, lagdaan ng lahat ng panig, at sundin kapag tinutugunan ang:

- **(a) Espesyal na pangangailangan sa pagpapakain;**
- **(b) Espesyal na diyeta;**
- **(c) Mga relihiyoso o kultural na kagustuhan;**
- **(d) Kagustuhan ng pamilya; o**
- **(e) Iba pang pangangailangan.**

(2) Maaaring payagan o atasan ng provider ng maagang pagkatuto ang mga magulang o guardian na magdala ng pagkain para sa kanilang anak.

(3) Kung ang isang magulang o guardian ay nagbibigay ng pagkain para sa kanilang anak, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat:

- **(a) Abisuhan ang magulang o guardian nang nakasulat tungkol sa mga kinakailangan ng USDA CACFP para sa bawat pagkain; at**
- **(b) Dagdagan ang pagkain ng bata na hindi nakakatugon sa mga kinakailangan ng USDA CACFP kung kinakailangan.**

(4) Sa mga espesyal na okasyon, gaya ng kaarawan, maaaring payagan ng provider ng maagang pagkatuto ang mga magulang o guardian na magdala ng meryenda na maaaring hindi nakakatugon sa mga kinakailangan sa nutrisyon para sa lahat ng bata. Ang mga meryendang ibibigay ay dapat limitado sa:

- **(a) Mga prutas at gulay na binili sa tindahan (hindi hiniwa);**
- **(b) Mga pagkaing naka-prepackage sa orihinal na lalagyan ng tagagawa; o**
- **(c) Mga meryendang inihanda, niluto, o inihurno sa bahay ng mga magulang o guardian ng batang nasa pag-aalaga. Bago ihain, dapat makatanggap ang provider ng maagang pagkatuto ng nakasulat na pahintulot mula sa magulang o guardian ng bawat bata na nagsasaad na maaaring kainin ng kanilang anak ang pagkaing inihanda, niluto, o inihurno ng magulang o guardian ng ibang bata.**

Ang paghahain ng masustansyang pagkain na may iba't ibang bitamina, mineral, at iba pang nutrisyon ay mahalaga upang suportahan ang paglaki at pag-unlad ng mga bata. Gayunpaman, minsan ay maaaring magkaiba ang mga detalye tungkol sa isang masustansyang diyeta. Maaaring may mga pangangailangan o kahilingan sa diyeta ang mga pamilyang naka-enroll sa isang programa ng maagang pagkatuto na hindi saklaw ng pangkalahatang menu ng programa. Ang nakasulat na plano sa pagkain ay isang dokumento na idinisenyo upang matugunan ang mga kagustuhan sa diyeta, espesyal na diyeta, o pangangailangan sa pagpapakain ng isang bata sa pamamagitan ng pagbibigay ng alternatibong pagkain sa batang nasa pag-aalaga. Dapat ilarawan nang detalyado sa nakasulat na plano sa pagkain ang mga pagbabago kung paano maaaring ihanda, itago, at ihain ang pagkain upang maiwasan ang kontak sa mga allergen.

Halimbawa, maaaring mayroong bata sa isang programa ng maagang pagkatuto na may medikal na pagsusuri gaya ng allergy o sensitivity sa pagkain, bata na nahihirapang magdagdag ng timbang, o bata na hindi makalunok o makatunaw ng pagkain. Ang mga ganitong sitwasyon ay maaaring makaapekto sa uri ng pagkain na maaaring ihain o kung paano ito ihaharap. Halimbawa, maaaring kailangan ng isang bata na ihain ang pagkain sa malambot o likidong anyo, o ibinibigay sa pamamagitan ng tube.

Habang nagsisilbi sa kanilang komunidad, malamang na makatagpo rin ang isang programa ng maagang pagkatuto ng mga pamilya na ang mga pagpapahalaga o paniniwalang panrelihiyon ay may kaugnayan sa mga kaugalian tungkol sa pagkain. Maaaring piliin ng pamilya ng isang bata na sumunod sa isang vegetarian o vegan na diyeta. Maaaring may ilang partikular na karne lamang na pinahihintulutan o kaya naman ang kanilang diyeta ay nagbabago sa iba't ibang panahon ng taon. Ang mga pamilya at batang naka-enroll sa isang programa ng maagang pagkatuto ay magiging magkakaiba at maaaring magkaroon ng iba't ibang pangangailangan sa pagkain.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home mula sa Franklin County ang nagbahagi:

"Noong una, mayroon akong sanggol na nagsimulang kumain ng solidong pagkain at ang totoo, natatakot kami na baka magdulot ng reaksyon ang ibibigay namin sa kanya. Kaya ang plano na ginawa namin kasama ang kanyang mga magulang ay sila muna ang magbibigay sa kanya ng pagkain at saka nila titingnan kung magkakaroon ng reaksyon ang bata o hindi, at ipapaalam nila sa amin. Sa ganitong paraan, nalalaman namin kung maaari naming ibigay sa bata ang pagkain o hindi. Ngayon ilang taon na ring kasama ko ang batang ito at mas madali nang sundin ang kanyang nakasulat na plano sa pagkain dahil nasubukan na niya ang pagkain at nakikipagtulungan na rin siya. Ang totoo, naging madali para sa akin na sundin ang nakasulat na plano sa pagkain para sa batang ito dahil palagi kaming may mahusay na komunikasyon sa mga magulang at lagi kaming nagtutulungan upang suportahan ang nutrisyunal na pag-unlad ng bata. Para sa akin, ang pinakamahalaga ay ang komunikasyon sa mga magulang ng batang nangangailangan ng tulong dahil sa ganitong paraan, nagagawa ang isang plano at ito ay naipapatupad kasama ng pamilya."

Upang matugunan ang mga indibidwal na pangangailangan sa pagkain ng isang bata, ang isang nakasulat na plano sa pagkain ay magtatatag ng magkatuwang na pag-unawa kung anong mga pagkain ang maaaring kainin habang nasa pag-aalaga at anumang tagubilin kung paano ihahain ang pagkain. Ang nakasulat na plano sa pagkain na ito ay dapat lagdaan ng provider ng maagang pagkatuto at ng magulang o guardian, sundin, at itago sa file.

Maaaring payagan o atasan ng isang programa ng maagang pagkatuto ang magulang o guardian na magdala ng pagkain para sa kanilang sariling anak. Kung ang pagkain ay ibinibigay ng programa ng maagang pagkatuto o ng magulang o guardian, ito ay dapat tumugon sa mga kinakailangang nakasaad sa WAC 110-300-1085 para sa mga menu, gatas at pagkain. Upang matiyak na natutugunan ng menu ang mga kinakailangan sa nutrisyon, dapat abisuhan ng programa ng maagang pagkatuto ang mga magulang nang nakasulat tungkol sa mga kinakailangan ng USDA CACFP para sa bawat pagkain. Kung ang mga pagkaing ibinibigay ng magulang o guardian ay hindi tumutugon sa mga kinakailangan ng CACFP, responsibilidad ng programa ng maagang pagkatuto na dagdagan ang pagkain ng bata upang matugunan ang mga kinakailangan sa diyeta, alinsunod sa nakasulat na plano sa pagkain.

Itinatakda ng WAC 110-300-0185 ang mga kinakailangan para sa mga menu, gatas at pagkain.

Kapag ang pagkain ay inihahanda at inihahain ng kawani ng programa ng maagang pagkatuto, may makatwirang katiyakan ang mga pamilyang naka-enroll na ang pagkaing ibinibigay sa kanilang anak ay masustansya at inihanda ayon sa mga batayang pamantayan ng kalusugan at sanitasyon. Sa mga espesyal na okasyon, maaaring magdala ang mga pamilya ng pagkaing sila o ibang tao ang naghanda, kahit na hindi ito tumutugon sa kinakailangang pamantayan sa nutrisyon. Sa bawat pagkakataon na ang pagkain ay inihanda sa labas ng pasilidad, dapat magbigay ang magulang o guardian ng nakasulat na pahintulot na nagsasaad na pinapayagan ang kanilang anak na kainin ang pagkain. Tinitiyak ng nakasulat na pahintulot na ganap na alam ng mga pamilyang naka-enroll ang tungkol sa diyeta ng kanilang anak at may pagkakataon silang gumawa ng pinakamahusay na desisyon para sa kanilang pamilya. Ang nakasulat na pahintulot ay nagsisilbi rin bilang malinaw na pahayag na ang programa ng maagang pagkatuto ay hindi responsable sa kaligtasan o kalinisan ng pagkaing inihanda sa labas ng pasilidad.

Maaaring maghanap ang mga programa ng maagang pagkatuto ng iba pang paraan upang ipagdiwang ang mga espesyal na okasyon na hindi nangangailangan ng nakasulat na pahintulot mula sa pamilya ng bawat bata. Halimbawa, maaaring maghurno ng muffin sa pasilidad ng kusina ng programa upang ipagdiwang ang kaarawan ng mga bata. Maaaring makibahagi ang mga bata sa pagsukat, pagbuhos, at paghahalo ng mga sangkap. Maaaring pumili ang programa ng maagang pagkatuto na magkaroon ng mga pagdiriwang na hindi kinasasangkutan ng pagkain. Maaaring magkaroon sila ng aktibidad sa pagpapalitan ng sticker sa pagitan ng mga bata upang ipagdiwang ang kaarawan, o kaya'y isang aktibidad kung saan ang mga bata ay maglalagay ng mga sulat na may pagbati sa kaarawan sa isang sobre para sa bata.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home mula sa Benton County ang nagbahagi:

"Ipinagdiriwang ko ang mga kaarawan sa aking programa sa pamamagitan ng pagkuha ng litrato ng mga bata tuwing taglagas o kapag may bagong mag-aaral na nag-e-enroll. Sa litrato, hawak ng bata ang isang poster na may petsa ng kanyang kaarawan. Ipinapaskil ko ang mga litrato sa dingding ng kaarawan. Nakakatulong ito sa mga bata na makilala ang isa't isa at nakakatulong din ito sa akin na maging handa sa pagdiriwang ng mga darating na kaarawan. Bukod pa rito, bawat buwan ay makikita sa kalendaryo kung sino ang may kaarawan sa buwan na iyon, at itinatala namin ito at inaabangan. Sa mismong araw ng kanilang kaarawan, kumakanta kami ng happy birthday at inihahandog ko ang isang card ng kaarawan na may nakalagay na edad nila at may sulat mula sa akin. Nagbibigay din ako ng aklat o workbook na angkop sa kanilang edad, masaya, at nakakapag-ugnayan bilang regalo. Pinipili ko ang bagay na iyon batay sa aking nalaman tungkol sa interes ng bata pati na rin sa impormasyong ibinahagi sa akin ng mga pamilya. Sumasali ako sa scholastic book club, kaya kapag bumibili ng mga aklat ang mga pamilya, nakakakuha ang aking programa ng puntos at mga libreng aklat. Ginagamit ko ito upang makakuha ng mga libreng gamit para sa kanilang kaarawan at mga regalo sa pagtatapos tuwing tag-init. Sinasabi ng mga pamilya na pinahahalagahan nila ang aklat o workbook na ibinibigay ko sa kanilang anak sa kaarawan nito at ginagamit at kinagigiliwan nila ito. Pinahahalagahan ng mga bata na pumipili ako ng bagay na ayon sa kanilang interes."



Ang resource webpage ng Mga Sentro ng Pag-aalaga ng Bata sa Maghapon ng CACFP ay naglalaman ng listahan ng impormasyon at mga mapagkukunan tungkol sa pagkain at nutrisyon sa child care.
www.fns.usda.gov/cacfp/child-day-care-centers

Meal Pattern ng Bata. Nagbibigay ang Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura) ng Estados Unidos ng mga at a glance na tsart para sa mga kinakailangang sangkap sa nutrisyon at dami ng serving ayon sa CACFP, para sa bawat pagkain at meryenda, batay sa pangkat ng edad ng bata.
https://fns-prod.azureedge.net/sites/default/files/cacfp/CACFP_childmealpattern.pdf

Relihiyon at mga Pagpipilian para sa Diyeta. Isang artikulo sa webpage ng Indipendiyenteng Nars na nagbibigay ng pangkalahatang ideya ng mga pagsasaalang-alang sa pagkain para sa limang magkaibang relihiyon, pati na rin ang iba pang konsiderasyon sa diyeta. Ang Indipendiyenteng Nars ay isang mapagkukunan para sa mga pangunahing provider ng pag-aalaga at mga nars ng komunidad, at nagbibigay ng mga klinikal na artikulo.
www.independentnurse.co.uk/clinical-article/religion-and-dietary-choices/145719/

Malusog at Aktibong mga Pagdiriwang. Ang webpage ng Aksyon para sa Malulusog na Bata ay nagbibigay ng mga ideya at tip para sa mas malusog na mga pagdiriwang sa silid-aralan, kasama ang mga link sa mga tip sheet para sa malusog na pagdiriwang at marami pang ibang webpage tungkol sa malusog na pagdiriwang.
www.actionforhealthykids.org/activity/healthy-active-parties/

WAC 110-300-0195

Serbisyo ng pagkain, kagamitan, at mga gawain

(1) Dapat sumunod ang isang provider ng maagang pagkatuto na naghahanda o nagsisilbi ng pagkain sa kasalukuyang Manwal para sa mga Manggagawa sa Pagkain at Inumin ng department of health (kagawaran ng kalusugan) ng Estado ng Washington at mangasiwa sa mga serbisyong naghahanda o naghahatid ng pagkain para sa programa ng maagang pagkatuto.

(2) Dapat ihanda at ihain ng isang provider ng maagang pagkatuto ang mga meryenda at pagkain na may valid at kasalukuyang card ng manggagawa sa pagkain alinsunod sa WAC 110-300-0106(12).

(3) Dapat gawin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga sumusunod:

- **(a) Magbigay ng matibay at angkop sa antas ng pag-unlad na pansariling kagamitan para sa pagkain at pag-inom, o ng angkop sa antas ng pag-unlad na gamit na pang-isahang gamit lamang;**
- **(b) Linisin at i-sanitize ang kagamitan sa pagkain at pag-inom pagkatapos ng bawat gamit. Ang mga cup o bote para sa tubig ay dapat linisin at i-sanitize araw-araw kung nakalaan para sa isang bata lamang;**
- **(c) Tiyakin na ang plastik na kagamitan sa pagkain at pag-inom ay walang BPA (isang kemikal na ginagamit sa matitigas na plastik na bote at bilang panloob na patong sa mga lata ng pagkain at inumin) o anumang bitak o sira;**
- **(d) Gumamit ng guwantes, kagamitan, o sipit upang maghain ng pagkain;**
- **(e) Ihain ang mga pagkain o meryenda sa mga plato, pinggan, lalagyan, tray, o mga napkin o paper towel, kung naaangkop. Hindi dapat ihain ang pagkain nang direkta sa ibabaw ng kainan; at**
- **(f) Igalang ang mga gawi sa pagkain ng bawat bata batay sa kanilang kultura.**

(4) Dapat gawin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga sumusunod:

- **(a) Ihain ang pagkain sa bawat bata nang paisa-isa o sa family style dining, na nagbibigay sa bawat bata ng pagkakataong magsanay ng mga kasanayan gaya ng pagpapasa ng pinagbabahagingmangkok ng pagkain at paghahain para sa kanilang sarili; at**
- **(b) Umupo kasama ang mga bata habang kumakain.**



Ang oras ng pagkain at meryenda sa isang programa ng maagang pagkatuto ay maaaring magbigay ng maraming makabuluhang pagkakataon para sa pagkatuto at paglinang ng kasanayan sa nutrisyon, kasarinlan, at mga ugnayang panlipunan. Sinusuportahan ng isang programa ng maagang pagkatuto ang mga karanasang ito sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga pagkain at meryenda ay nagsisimula sa ligtas, masustansya, at angkop sa antas ng pag-unlad na mga gawain sa paghahain ng pagkain na nagpapababa ng panganib ng sakit na dulot ng pagkain. Nagkakaroon ng mga sakit na dulot ng pagkain kapag ang isang tao ay kumain ng pagkaing kontaminado ng bacteria o mga lason nito, parasito, virus, kemikal, o iba pang mga sangkap.[115] Ayon sa CDC, ang mga batang wala pang 5 taong gulang ay may tatlong beses na mas mataas na posibilidad na maospital kung sila ay magkaroon ng impeksyon ng Salmonella.[116] Mabuti na lang, maraming kaso ng sakit na dulot ng pagkain ang maaaring maiwasan sa pamamagitan ng wastong paghawak at pagluluto ng pagkain. Nakasaad ang mga gawaing ito sa Manwal ng Manggagawa para sa Pagkain at Inumin ng Estado ng Washington[117] at dapat sundin ng mga provider ng maagang pagkatuto.

Upang matiyak ang pangunahing pagsasanay sa ligtas na paghahanda ng pagkain, bawat provider ng maagang pagkatuto na nagbibigay ng serbisyo sa pagkain para sa mga bata ay dapat magkaroon ng valid na card ng manggagawa sa pagkain. Naaangkop ang kinakailangang ito sa mga provider ng maagang pagkatuto na responsable sa paghahanda ng mga pagkain at meryenda, at pati na rin sa mga provider ng maagang pagkatuto na naghahain ng pagkain sa mga bata.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0106 (12) ang mga kinakailangan para sa card ng manggagawa sa pagkain.

Upang lalo pang masuportahan ang ligtas at malusog na karanasan sa pagkain at oras ng pagkain, dapat mag-ingat ang mga provider ng maagang pagkatuto upang maiwasan ang paglipat ng mikrobyo. Ang mga mikrobyo na naiiwan sa hindi nahugasang kagamitan sa pagkain at pag-inom, ibabaw ng mesa, at kamay ay hindi madaling makita at maaaring mailipat mula sa isang bagay patungo sa iba nang hindi namamalayan ng tao. Dahil dito, hindi dapat ihain ang pagkain gamit ang walang saplot na kamay o direkta sa ibabaw ng mesa o lugar ng pagkain. Nababawasan ang posibilidad na makontamina ang pagkain ng maruruming kamay kapag gumagamit ng guwantes o angkop na kagamitan sa paghahain. Bukod pa rito, ang paggamit ng mga pinggan na may angkop na kagamitan sa paghahain ay makakatulong upang masukat ang sapat o tamang dami ng pagkain ayon sa edad ng bata.

Makakatulong ang mga kasangkapan at kagamitan na angkop sa antas ng pag-unlad sa mga bata na magsanay ng wastong asal, magkaroon ng kasarinlan sa pagkain at mabawasan ang pagkainis sa oras ng pagkain. Kung naihanda na nang maaga ang mga suporta para sa mga bata, magiging mas madali para sa kanila ang matuto. Mas malamang na magtagumpay ang mga bata sa pagsalok at pagbuhos kapag ang kagamitan sa pagkain ay angkop sa antas ng kanilang pag-unlad, at mas malamang din na maging relaks at masiyahan sila sa karanasan.

115 Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng U.S., "Foodborne Pathogens," available sa **www.fda.gov/food/outbreaks-foodborne-illness/foodborne-pathogens**, huling in-update noong Marso 5, 2020.

116 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "People With a Higher Risk of Food Poisoning," available sa **www.cdc.gov/foodsafety/people-at-risk-food-poisoning.html**, huling in-update noong Enero 24, 2019.

117 Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington, "Food Worker Manual," available sa **www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/Food/FoodWorkerandIndustry/FoodWorkerManual**, nakuha noong Hulyo 12, 2020.

Halimbawa, sa silid ng batang paslit sa isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro, ang maliliit na bata ay nagsisimula pa lamang na malinang ang koordinasyon at kontrol sa paggalaw upang makapagsalok ng pagkain sa kutsara at mailapit ito sa kanilang bibig. Dahil dito, tinutulungan ng kawani ng maagang pagkatuto ang mga bata sa pagpapakain gamit ang kutsara, at ipinapakita ang paraan ng paglalagay ng pagkain sa kutsara at pagsubo nito sa bibig ng bata. Pinapayagan din ng provider ang mga maliliit na bata na humawak ng sarili nilang maliit na kutsarang plastik. Binibigyan ang mga maliliit na bata ng pagkakataong magsanay sa paghawak at paggamit ng kutsara. Samantala, ang mas nakatatandang batang paslit sa silid ay nakaupo sa mesa na may maliliit na pinggan para sa paghahain. Gumagamit ang mga bata ng ¼ cup na panukat upang sumalok ng pagkain mula sa pinggan at inilalagay ito sa kanilang plato. Nagsasanay din ang mga bata sa pagbubuhos ng tubig mula sa maliit na pitsel papunta sa maliit na plastic cup. May takip ang pitsel para mas madaling makatapos ang batang paslit. Kapag nakapagsanay na sila sa pagsalok at pagbuhos para sa kanilang sarili, gumagamit na ang mas nakatatandang batang paslit ng maliliit na kutsara at tinidor upang kumain nang mag-isa. Kapag ang mga bata ay umabot na sa edad upang lumipat sa silid ng preschool, gagamit sila ng pitsel na walang takip ngunit pinupuno lamang ng halos 1/3 upang mabawasan ang masasayang kapag may natapon. Kapag may natapon, pinapayagan ng provider ng maagang pagkatuto ang bata na tumulong sa paglilinis ng natapon.

Ang oras ng pagkain ay mga espesyal na sandali upang hikayatin ang malusog na mga gawi at gawain sa pagkain. Isang mahalagang aspeto ng kasiya-siyang oras ng pagkain sa isang programa ng maagang pagkatuto ay ang pagpapakita sa mga bata na pinahahalagahan at tinatanggap ang kanilang mga gawi sa pagkain batay sa kultura. Ang mga gawi sa pagkain, kabilang na kung anong pagkain ang inihahanda o kung paano ito kinakain, ay magkakaiba sa bawat kultura. Maaaring piliin ng pamilya ng bata na sumunod sa vegetarian o vegan na diyeta, maaaring kumain gamit ang chopstick o mga daliri, o kumain gamit lamang ang kanilang kanang kamay. Kung magkaiba ang mga gawi sa pagkain batay sa kultura, hindi dapat makatanggap ng negatibong puna ang mga bata sa pagsunod sa kanilang kultural na gawi sa pagkain. Kailangang makipag-ugnayan ang isang provider ng maagang pagkatuto sa pamilya upang mas maunawaan ang kultural na gawi at kung paano mabibigyan ng suporta ang bata habang nasa pag-aalaga.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home mula sa King County ang nagbahagi:

"May isang ina na lumapit sa akin at nagsabi na ayaw niyang kumain ang kanyang anak ng ilang uri ng karne. Sinabi niya na ito ay dahil sa kanilang kultura. Sinabi ko, "Sige," at aalamin ko kung ano ang maaaring kainin ng bata. Nang magbakasyon na, nakipag-ugnayan ako sa ina at nagtanong kung anong pagkain ang maaari kong isama upang maipakilala rin ang kanilang kultura. Alam mo ba na umiyak ang inang iyon at nagpasalamat sa akin sa pagsasaalang-alang sa kanila? Hindi ko ginawa iyon para sa ganoong dahilan, ginawa ko iyon dahil tama ito at mahalaga ang lahat!"

Maaaring magpasya ang isang programa ng maagang pagkatuto na pagsilbihan ang mga bata nang paisa-isa o gumamit ng family-style na paraan ng pagsisilbi. Kapag paisa-isa ang pagsisilbi, maaaring pre-plated o buffet style ang pagkain. Ang buffet style sa isang programa ng maagang pagkatuto ay hindi karaniwan, subalit ang pre-plated ay mas kilala bilang alternatibo sa family-style. Ang pre-plated ay kung saan ang pagkain ay hinahati sa tamang dami para sa bawat bata sa isang indibidwal na pinggan at pagkatapos ay iniaalok sa mga bata. Tinitiyak nito na bawat bata ay nakakatanggap ng inirerekomendang dami ng bawat food group ayon sa rekomendasyon ng CACFP. Ang pre-plating ay karaniwang ginagawa para sa mga sanggol at maliliit na bata na hindi pa kayang magpakain sa kanilang sarili at nagsasanay pa ng mga kasanayang kailangan upang makibahagi sa family-style na paraan ng pagsisilbi.

Para sa alinmang paraan ng pagsisilbi, hinihiling ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na umupo ang mga provider ng maagang pagkatuto kasama ang mga bata habang sila ay kumakain. Sa isang kapaligiran ng pag-aalaga ng bata, ang pag-upo malapit sa kinaroroonan ng mga batang kumakain ay tumutulong sa mga provider ng maagang pagkatuto na ganap na makilahok at mangasiwa sa mga aktibidad ng pagkain. Maaaring hindi sinasadyang makakain ang isang maliit na bata ng pagkain na maaaring magdulot ng pagkabulon sa lalamunan kung ito ay dumausdos pababa nang hindi nginunguya o kung ito ay masyadong malaki upang nguyain nang maayos. Kapag may nakabantay na nasa hustong gulang sa malapit, madaling maiiwasan ang mga ganitong pangyayari.



Isang provider ng maagang pagkatuto ang nakaupo sa mesa at masayang kumakain ng tanghalian kasama ang mga bata. Napansin nila na may isang maliit na bata sa tapat nila na mabilis na nagsusubo ng pagkain at tila hindi nilulunok bago magsubo muli. Hinimok ng provider ang bata na kumain nang dahan-dahan, nguyain at lunukin muna ang pagkain bago sumubo ulit. Nagsimulang mabulunan ang bata. Mabilis na lumapit ang provider sa bata at hinimok itong iluwa ang pagkain sa napkin upang malinis ang bibig. Pinainom din ng provider ang bata ng gatas matapos na mawalan ng laman ang bibig nito. Ipinaliwanag ng provider sa bata na sumusubo siya ng maraming pagkain nang walang sapat na oras para nguyain at lunukin. Ipinaliwanag ng provider sa bata na ang pagnguya at paglunok ay nakakatulong para maging ligtas tayo laban sa pagkabulon o pagkabara ng pagkain. Habang nakaupo sa mesa, ipinapakita ng provider ng maagang pagkatuto ang pagkain nang dahan-dahan, pagnguya at paglunok. Ginaya ng bata ang mga kilos ng provider at di nagtagal ay kumakain na ito sa mas maayos na bilis na nakakaiwas sa pagkabulon o pagkabara.

May ilang dahilan para rito bukod sa tamang pagbabantay sa mga bata. Kasama sa CFOC ang sumusunod na karagdagang paliwanag kung bakit mahalaga para sa mga nasa hustong gulang na kumain kasama ng mga bata:

> *"Ang mga tagapag-alaga/guro na nakaupo at kumakain kasama ng mga bata ay nagkakaroon ng pagkakataon na hikayatin ang mga bata sa pakikisalamuha sa isa't isa at magsilbing positibong huwaran ang tagapag-alaga/guro na nasa hustong gulang. Ang pag-uusap sa mesa ay nakakadagdag sa kaaya-ayang kapaligiran sa oras ng pagkain at nagbibigay ng pagkakataon para sa di-pormal na pagpapakita ng tamang gawi sa pagkain, komunikasyon tungkol sa pagkain, at pagbibigay ng kaalaman sa nutrisyon. Nakakatulong ang presensya ng isa o higit pang nasa hustong gulang na kumakain kasama ang mga bata upang maiwasan ang mga gawi na maaaring magdulot ng pag-aaway, pagpapakainan ng isa't isa, pagsubo ng maraming pagkain nang sabay-sabay na maaaring magdulot ng pagkabulon, at iba pang negatibong gawi."*[118]

118 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 190.

Isang mahusay na opsyon ang pagkain sa paraang family-style upang matulungan ang pag-unlad ng mga bata sa iba't ibang larangan. Kapag ang mga bata ay nagsisilbi para sa kanilang sarili at ipinapasa ang mga pinggan sa kapwa nila bata, sinasanay nila ang kanilang pino at malalaking galaw, pati na rin ang koordinasyon ng kamay at mata. Nagsasanay din sila ng kasanayang may kinalaman sa espasyo habang nagpapasya kung saan ilalagay ang mga mangkok at plato sa mesa. Nagkakaroon ang isang bata ng pagkakataon na tasahin ang laki ng lalagyan at ang espasyong mayroon upang mailagay ito. Natututo ang mga bata na sila ay may kakayahan at malaya kapag sila ang pumipili kung anong pagkain ang kakainin nila, tinutukoy ang laki ng bahagi, at gumagamit ng sandok o sipit upang maayos na makakuha ng pagkain. Dagdag pa rito, kapag may kontrol ang mga bata sa dami ng pagkain na kukunin nila, napapanatili nila ang likas na kakayahan ng katawan na magkontrol ng sarili at bigyang-pansin ang mga senyales ng pagkagutom at pakiramdam ng kabusugan (satiety cues). Sa pagkain sa paraang family-style, maaaring tulungan ng mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto ang mga bata sa pamamagitan ng pagbibigay-halimbawa, paggabay, at pagtulong upang sila ay makapagsilbi para sa kanilang sarili.

Pagpapakain at Pagkain. Isang webpage na tungkol sa Kalusugan, Paglaki at Pag-unlad ng mga Bata mula sa Nemours. Naglalaman ito ng mga artikulo para sa iba't ibang pangkat ng edad tungkol sa pagpapakain at pagkain.
https://kidshealth.org/en/parents/growth/?WT.ac=en-p-slpmsh-lm

Gabay sa Family-Style Dining: Isang Paraan ng Pagkain para sa mga Programa sa Maagang Pangangalaga at Edukasyon. Isang toolkit na binuo ng Asosasyon ng Mapagkukunan at Referral para sa Pag-aalaga ng Bata ng Nemours sa Ohio na naglalahad ng mga benepisyo, dahilan, pag-unlad ng kasanayan, at kumpletong hanay ng mga alituntunin para makapagsimula at magtagumpay sa family-style dining.
https://d3knp61p33sjvn.cloudfront.net/2016/02/FamilyStyleDiningToolkit.pdf

Pagpapakain sa Maliliit na Bata sa Mga Pagtitipon o Grupo. Isang pang-edukasyong website mula sa University of Idaho na dinisenyo para sa mga propesyonal sa pag-aalaga ng bata at sinumang nagsasanay ng mga kawani o magulang sa mga isyung may kaugnayan sa pagpapakain. I-explore ang mga handout at video sa website na tumatalakay sa malawak na saklaw ng mga paksa tungkol sa pagkain, oras ng pagkain, at marami pang iba. Kasama sa mga paksang tinalakay sa mga handout ang pagtulong sa mga bata na matutong pakainin ang kanilang sarili, pagbuo ng relasyon habang kumakain, paghahain ng pagkain sa mga grupo ng bata, at mga panganib ng pagkabulon.
www.cals.uidaho.edu/feeding/forteachers/handouts.html

Pagkabulon ng Sanggol: Paano panatilihing ligtas ang iyong sanggol. Mga tip mula sa Mayo Clinic para sa wastong pagbabantay sa mga bata habang nasa mesa.
www.mayoclinic.org/healthy-lifestyle/infant-and-toddler-health/in-depth/infant-choking/art-20044661

Pag-aalaga sa mga Batang Kumakain. Isang libreng online na STARS course mula sa Sentro ng Nutrisyon sa Pampublikong Kalusugan ng University of Washington na nag-aalok ng pagsasanay sa paglikha ng masigla at malusog na oras ng pagkain na nagtataguyod ng pagkatuto.
https://nutr.uw.edu/cphn/resources/stars-training/

Kaligtasan at Pag-iwas sa Pinsala - Pagkabulon. Isang artikulo mula sa Seattle Children's Hospital na nagbibigay ng mga tip para maiwasan ang pagkabulon.
www.seattlechildrens.org/health-safety/keeping-kids-healthy/prevention/choking/

Pagpili ng Mga Pagkain na Ayon sa Kultural na Pinagmulan ng mga Bata para sa Menu ng Preschool: Isang Praktikal na Solusyon. Isang pag-aaral na kasama sa Journal ng Nutrisyon ng Bata at Pamamahala. Tinutuklas ng pag-aaral na ito ang mga praktikal na paraan upang maisama ang mga pagkain na sumasalamin sa kultural na pinagmulan ng mga batang naka-enroll sa preschool.
https://schoolnutrition.org/uploadedFiles/5_News_and_Publications/4_The_Journal_of_Child_Nutrition_and_Management/Spring_2004/8-smith.pdf

Relihiyon at mga Pagpipilian para sa Diyeta. Isang artikulo sa webpage ng Indipendiyenteng Nars na nagbibigay ng pangkalahatang ideya ng mga pagsasaalang-alang sa pagkain para sa limang magkaibang relihiyon, pati na rin ang iba pang konsiderasyon sa diyeta. Ang Indipendiyenteng Nars ay isang mapagkukunan para sa mga pangunahing provider ng pag-aalaga at mga nars ng komunidad, at nagbibigay ng mga klinikal na artikulo.
www.independentnurse.co.uk/clinical-article/religion-and-dietary-choices/145719/

Tradisyon sa Paghahain: Isang Gabay para sa Pagkain sa Paaralan sa mga Komunidad na May Iba't Ibang Kultural na Pinagmulan. Isang Food Corps Massachusetts na gabay para sa paggawa ng mas angkop na mga pagkain ayon sa kultura sa mga programa sa paaralan. Binabalangkas nito ang mga hakbang na dapat gawin, mga case study, at mga recipe na maaaring subukan. Bagaman ang mga distrito ng paaralan ang pangunahing tagapakinig, maraming nilalaman dito ang maaaring iakma para sa maagang pagkatuto, at magsilbing inspirasyon para sa patuloy na pagiging malikhain at pagkakaiba-iba.
www.massfarmtoschool.org/wp-content/uploads/2017/12/ServingUpTradition.pdf

Ang Ellyn Satter Institute. Isang website na may impormasyon kung paano gawing positibo at masaya ang mga oras ng pagkain.
www.ellynsatterinstitute.org/how-to-feed/

Manual para sa mga Manggagawa sa Pagkain at Inumin ng Estado ng Washington. Mayroong kopya ng manwal sa website ng DOH sa maraming wika. Ang manual ay nagbibigay ng impormasyon na nakabatay sa Kodigo ng Pagbebenta ng Pagkain sa Estado ng Washington WAC 246-215.
www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/Food/FoodWorkerandIndustry/FoodWorkerManual

Kurso para sa Manggagawa sa Pagkain ng Estado ng Washington. Ang tanging awtorisadong programa ng online training para makakuha ng valid na Card ng Manggagawa sa Pagkain ng Estado ng Washington. Available sa maraming wika.
www.foodworkercard.wa.gov/



WAC 110-300-0196

Mga Pinagmumulan ng Pagkain

(1) Hindi dapat pakialaman o hayaang masira ang pagkain na inihanda at inihain mula sa isang programa ng maagang pagkatuto.

(2) Ang pagkain na inihanda at inihain mula sa isang programa ng maagang pagkatuto ay dapat makuha mula sa isang aprubadong pinagmulan na lisensyado at sinusuri ng lokal na hurisdiksyon ng kalusugan, ng Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura) ng Estado ng Washington (WSDA), o ng USDA. Kasama sa mga hindi pinapayagang ihain sa mga batang nasa pag-aalaga ang mga sumusunod na pagkain:

- **(a) Karne, isda, manok, itlog, o gatas na hindi nasuri ng USDA o WSDA;**
- **(b) Pagkaing naka-home can;**
- **(c) Karne ng hayop mula sa pangangaso (game meat) o ibang karne na hindi nasuri ng WSDA o USDA;**
- **(d) Mga natirang pagkain na dati nang inihain mula sa labas ng programa ng maagang pagkatuto; o**
- **(e) Pagkaing mula sa mga tindahan sa tabing kalsada na nagbebenta nang walang permit.**

(3) Ang pagkaing hindi inihanda sa mismong lugar ng provider ng maagang pagkatuto, alinsunod sa WAC 110-300-0195(2), ay dapat manggaling sa:

- **(a) Isang lisensyadong establisimyento ng pagkain, kusina, o negosyong catering na tumutupad sa mga kinakailangan sa serbisyo ng pagkain (kabanata 246-215 WAC) (https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-215) at regular na sinusuri ng lokal na hurisdiksyon sa kalusugan;**
- **(b) Isang magulang o guardian para sa sariling anak; o**
- **(c) Isang tagagawa ng pagkaing naka-prepackage.**

(4) Maaaring ihain sa mga bata ang mga prutas at gulay (produce) na itinanim sa mismong lugar sa isang hardin bilang bahagi ng programa ng maagang pagkatuto bilang bahagi ng pagkain o meryenda. Bago ihanda at ihain:

- **(a) Dapat lubusang hugasan at kuskusin ang mga produkto sa dumadaloy na malamig na tubig upang alisin ang lupa at iba pang kontaminasyon;**
- **(b) Dapat alisin ang mga sira o lamog na bahagi ng prutas o gulay; at**
- **(c) Dapat itapon ang prutas o gulay na may senyales ng pagkabulok.**

Kung paano inihahanda, hinahawakan, at iniimbak ang pagkain ay may malaking epekto kung ligtas ba itong kainin. Ang maling paghawak sa pagkain ay maaaring magdulot ng kontaminasyon ng maraming bacteria o lason na maaaring magdulot ng sakit kapag nakain. Mas mataas ang panganib sa mga bata kaysa sa mga nasa hustong gulang kapag nalantad sa mga mikrobyong nagdudulot ng sakit sa pagkain dahil hindi pa ganap na nade-develop ang kanilang immune system at limitado ang kakayahan nilang labanan ang impeksyon.[119] Kaya naman, kapag naghahain ng pagkain sa mga bata, mahalagang tiyakin na ligtas ito at hindi kontaminado ng bacteria o ibang mikrobyo.

Bagaman may mga pagkakataon na ang hitsura o amoy ng pagkain ay nagpapakita na hindi ito ligtas kainin, sa maraming kaso, hindi nakikita, naaamoy, o nalalasahan ng isang tao ang mga mikrobyong magdudulot ng pagkalason.[120] Dahil dito, ang pagkaing ihahain sa isang programa ng maagang pagkatuto ay dapat manggaling sa mga pinagkukunan na may lisensya at iniinspeksyon ng nararapat na awtoridad. Ang inspeksyon mula sa lokal na hurisdiksyon sa kalusugan, Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura) ng Estado ng Washington (WSDA), o USDA ay nagsisiguro na ang mga pagkaing pumapasok sa programa ng maagang pagkatuto ay hinahawakan at iniimbak sa paraang nagpapababa ng panganib ng mga mikrobyong nagdudulot ng sakit sa pagkain.

119 The Pew Charitable Trusts, "Young Children and Foodborne Illness," available sa **www.pewtrusts.org/en/research-and-analysis/fact-sheets/2014/11/young-children-and-foodborne-illness**, inilathala noong Nobyembre 2014.

120 KidsHealth, "Food Poisoning," available sa **https://kidshealth.org/en/parents/food-poisoning.html**, huling na-update noong Hulyo 2018.

Upang matugunan ang pangangailangan ng programa ng maagang pagkatuto, maaaring ihanda ang pagkain sa ibang lokasyon at ihain sa mga batang nasa pag-aalaga. Nililimitahan ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang serbisyo ng pagkain mula sa ibang lokasyon sa mga establisyimento, kusina, o kompanya ng catering na tumutugon sa mga kinakailangan sa serbisyo ng pagkain at iniinspeksyon din ng lokal na awtoridad sa kalusugan, isang tagagawa ng naka-prepack na pagkain, o pagkain na ibinigay mismo ng magulang o guardian ng bata. Layunin ng mga kinakailangan para sa aprubadong paghahanda ng pagkain sa ibang lokasyon na makatulong na masiguro na ang mga pagkain ay inihahanda, hinahawakan, at iniimbak sa mga paraang nagpapababa ng panganib ng mga mikrobyong nagdudulot ng sakit sa pagkain.



Isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro na nagseserbisyo sa Jefferson at Clallam county ang nagbabahagi:

"Limang munting ilong ang nakadikit sa bintana, pinagmamasdan si Chef Craig habang itinataas niya ang kariton paakyat ng burol. "Darating na si Chef Craig!" sigaw nila. Itinutulak ni Craig ang kariton papasok sa silid at binabati ang mga bata nang may ngiti at sigla. "Ano'ng dala mo para sa amin ngayon?" tanong ng mga bata. "Aking sikat na puz-ghetti!" Ngumiti si Craig, "Ngayon, nasaan ang aking katulong?"

Naghuhugas ng kamay sina Craig at ang mga bata habang tinatapos ng guro ang pagsa-sanitize ng mga mesa at paghahanda ng mga pinggan. Kinuha ni Craig ang clipboard na madaling abutin, binuksan ang mga thermal carrier, at mabilis na sinuri ang temperatura ng lahat ng pagkain. "Tiyakin natin na ang mga mainit na pagkain ay mainit at ang mga malamig na pagkain ay malamig," sabi niya sa kanyang katulong. Tinala niya ang mga temperatura at anumang kapalit sa menu, kasama ang oras.

Dahil maayos ang pagti-timing ni Craig sa kanyang paghahatid, agad na naihain ang pagkain sa tanghalian. Dala-dala niya at ng kanyang katulong ang mga pagkaing pananghalian papunta sa mesa. Ang pagkain para sa meryenda sa hapon at almusal kinabukasan ay inilalagay sa refrigerator. Sinusuri ni Craig ang thermometer sa refrigerator at ipinapaalam sa guro ang mga pagkain para sa susunod na dalawang pagkain. Naglaan si Craig ng ilang minuto upang makipagkuwentuhan sa mga bata at kawani, tumatawa at nagbabahagi ng isa o dalawang kuwento bago siya tumungo sa susunod na silid. Kinuha niya ang mga pinggan at inilagay ang mga ito sa kariton upang dalhin sa satellite kitchen para hugasan at i-sanitize.

Habang palabas si Chef Craig sa pintuan, kumakaway ang mga bata at sumisigaw ng pasasalamat sa kanya. Isang bata ang tumalon upang yakapin siya. Habang kumakain ng masarap at masustansyang pagkain, sinabi ng isang bata, "Si Chef Craig ang pinakamagaling magluto."

Ang paggamit ng satellite kitchen ay nangangahulugan ng ilang dagdag na hakbang at maraming pag-oorganisa upang matiyak na ang pagkain ay darating nang ligtas, sariwa, nasa tamang temperatura, at handa nang kainin, ngunit inaasikaso ito ni Craig araw-araw nang may husay. At ang mga ugnayang nabuo niya kasama ang mga bata at kawani ay tiyak na nagbibigay ng higit pa sa nutrisyon sa kanilang araw."

Kung ang isang programa ng maagang pagkatuto ay pipili na magkaroon ng third party na magbibigay ng serbisyo ng catering, may ilang bagay na dapat isaalang-alang. Kung hindi agad ihahain ng programa ang pagkain pagdating nito, dapat nilang tiyakin na nananatili ang pagkain sa angkop na temperatura ng pag-iimbak, ayon sa Manwal ng Manggagawa para sa Pagkain at Inumin ng Estado ng Washington, hanggang ito ay maihain.[121] Nakakatulong ito upang matiyak na nananatili sa ligtas na antas ang dami ng bacteria sa pagkain mula sa oras na ito ay niluto hanggang sa oras na ito ay ihain. Mahalagang itala ang temperatura pagdating ng pagkain, at muli bago ito ihain.



Nakasaad ang mga pamantayan para sa mga pagkain na nangangailangan ng kontrol sa temperatura sa WAC 110-300-0197 (5).



Isang halimbawa ng programa ng pagkain mula sa ibang lokasyon ay maaaring isang programa ng maagang pagkatuto na matatagpuan bilang bahagi ng isang school district. Maaaring ihanda ng district ang pagkain sa kusina ng district at pagkatapos ay ihatid ito sa programa ng maagang pagkatuto araw-araw. Natutupad ng kusina sa ibang lokasyon ang mga kinakailangan ng WAC 110-300-0196(3)(a); dahil ito ay pinapahintulutan ng lokal na nasasakupang pangkalusugan at regular na iniinspeksyon para sa kalidad ng paghahanda at mga gawi sa pag-iimbak.

Kung ang magulang o guardian ang nagbibigay ng pagkain ng bata, dapat tiyakin ng provider na ang pagkain ay inaasikaso at iniimbak sa paraang nagpapababa ng posibilidad ng pagdami ng bacteria. Kapag ang pagkain mula sa bahay ay naglalaman ng mga potensyal na delikadong pagkain (ibig sabihin, mga pagkaing nangangailangan ng tamang malamig na pag-iimbak), dapat tiyakin ng provider na ang mga bahaging iyon ay nananatili sa angkop na temperatura upang maiwasan ang panganib na saklaw ng 40°–140° F.

Kung pipili ang isang programa ng maagang pagkatuto na maglaan ng hardin sa kanilang programa, maaaring kainin ng mga batang nasa pag-aalaga ang mga ani mula rito. Dapat linisin ang posibleng kontaminasyon mula sa mga ani sa pamamagitan ng pagsasabon o pagkuskos nito sa ilalim ng malamig na umaagos na tubig upang maprotektahan ang mga bata laban sa sakit na dulot ng pagkain.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0148 ang mga kinakailangan para sa mga hardin bilang bahagi ng isang programa ng maagang pagkatuto.



Pitong Tip para sa Paglilinis ng Prutas at Gulay. Isang webpage ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng U.S. na may mga tip para sa pagprotekta laban sa sakit na dulot ng pagkain:
www.fda.gov/consumers/consumer-updates/7-tips-cleaning-fruits-vegetables

Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura) ng Estados Unidos (USDA). Website ng ahensya:
www.usda.gov/

Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura) ng Estado ng Washington (WSDA). Website ng ahensya:
https://agr.wa.gov/washington-agriculture

121 Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington, "Food Worker Manual," available sa **www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/Food/FoodWorkerandIndustry/ FoodWorkerManual**, nakuha noong Hulyo 12, 2020.

WAC 110-300-0197

Ligtas na gawi sa pagkain

(1) Dapat maghugas ng kamay ang mga provider ng maagang pagkatuto, alinsunod sa WAC 110-300-0200.

(2) Dapat mag-imbak, maghanda, magluto, magpanatili ng pagkain, at maghugas ng pinggan ang mga provider ng maagang pagkatuto, alinsunod sa WAC 110-300-0195.

(3) Para sa lahat ng pagkain na iniaalok ng provider o ibinibigay sa isang batang naka-enroll ng magulang o guardian, dapat gawin ng provider ang mga sumusunod:

- **(a) Magbigay ng angkop na pagpapalamig upang mapanatiling hindi nasisira ang mga pagkain. Kabilang sa mga pagkaing maaaring masira, ngunit hindi limitado sa mga ito, ay karne, nilutong patatas, nilutong monggo, nilutong kanin, usbong ng buto (sprouts), hiniwang melon, hiniwang cantaloupe, gatas, at keso; at**
- **(b) Ilagay sa refrigerator ang mga pagkaing nangangailangan nito sa 41 degrees Fahrenheit o mas mababa at i-freeze ang mga pagkaing kailangang i-freeze sa 10 degrees Fahrenheit o mas mababa.**

(4) Dapat iimbak ang pagkain sa sumusunod na paraan:

- **(a) Sa orihinal na lalagyan o sa malinis, may label, may petsa, at airtight na lalagyan na gawa sa food grade material, kung naaangkop;**
- **(b) Ang pagkaing hindi kailangang i-refrigerate o i-freeze ay hindi dapat itinatabi nang direkta sa sahig;**
- **(c) Sa paraang nakakaiwas sa kontaminasyon;**
- **(d) Hindi dapat iniimbak ang pagkain at mga gamit sa serbisyo ng pagkain (tulad ng kubyertos, napkin, at pinggan) sa lugar na may nakalalasong materyales (tulad ng mga panlinis, pintura, o pesticide);**
- **(e) Hindi dapat ihain sa mga batang naka-enroll ang pagkain na lampas na sa itinakdang expiration o petsa ng "best served by" ng tagagawa; at**
- **(f) Dapat iimbak ang hilaw na karne sa refrigerator o freezer sa ibaba ng mga niluto o handa nang kainin na pagkain.**

(5) Para sa mga pagkaing nangangailangan ng kontrol sa temperatura, ang isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ay dapat magpanatili ng talaan ng temperatura ng pagkain gamit ang naka-calibrate at maayos na gumaganang metal stem-type o digital na food thermometer.

(6) Bago iimbak ang tirang pagkain sa refrigerator o freezer, dapat lagyan ng label ng provider ng maagang pagkatuto ang pagkain ng petsa kung kailan ito binuksan o niluto.

(7) Maaaring maghain ang provider ng maagang pagkatuto ng tirang pagkain na nagmula sa programa ng maagang pagkatuto kung ang tirang pagkain ay hindi pa naihain dati at:

- **(a) Dapat iimbak ang tirang pagkain na naka-refrigerate at muling ihain sa loob ng apatnapu't walong oras mula nang orihinal itong inihanda; o**
- **(b) Dapat agad na ihain ang tirang pagkaing naka-freeze matapos itong i-defrost at lutuin.**

(8) Dapat i-defrost ang pagkaing naka-freeze gamit ang isa sa mga sumusunod na paraan:

- **(a) Sa loob ng refrigerator;**
- **(b) Sa ilalim ng malamig na umaagos na tubig sa loob ng isang kawali na nakalagay sa lababo na walang takip ang drain; o**
- **(c) Sa microwave kung ang pagkain ay lulutuin bilang bahagi ng tuloy-tuloy na proseso ng pagluluto.**

Malamang na nakita na ng mga provider ng maagang pagkatuto at ng mga magulang kung gaano kabilis kumalat ang sakit sa mga batang nasa pag-aalaga. Isang paraan kung paano kumakalat ang sakit sa isang programa ng maagang pagkatuto ay sa pamamagitan ng pagkain na kinakain ng mga bata. Maaaring makontamina ang pagkain sa iba't ibang paraan, ngunit ayon sa Manwal ng Manggagawa para sa Pagkain at Inumin ng Estado ng Washington, karamihan sa mga sakit na dulot ng pagkain ay sanhi ng mga biological hazard (mikrobyo).[122] May ilang mga gawi na, kapag regular na isinasagawa ng isang programa ng maagang pagkatuto, ay nakakapagpababa ng posibilidad ng pagkalat ng sakit sa pamamagitan ng pagkain.

Karamihan sa mga pagkaing ginagawa at ibinebenta sa Estados Unidos ay ligtas kainin. Nagtatakdang USDA, Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (FDA), at iba pang ahensya ng gobyerno ng mga regulasyon at sistema ng pagmamanman upang matiyak ang ligtas na suplay ng pagkain. Gayunpaman, dapat magsikap ang mga provider ng maagang pagkatuto na mapanatili ang kaligtasan ng pagkain kapag ito ay nasa lokasyon na. Isang pangunahing hakbang upang maiwasan ang kontaminasyon ng mikrobyo sa pagkain ay ang tiyakin na ang pagkain ay hinahawakan gamit ang malinis na mga kamay. Lahat ng taong naghahanda o naghahain ng pagkain ay dapat maghugas nang mabuti ng kamay gamit ang sabon at umaagos na tubig. Kasama sa wastong paghuhugas ng kamay ang pagkuskos ng mga kamay nang magkasama sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo. Upang mapanatiling ligtas ang pagkain, maaaring kailanganing maghugas nang mabuti ng kamay nang maraming beses habang naghahanda ng pagkain.

Maghahanda ang isang provider ng maagang pagkatuto ng tanghalian para sa araw na iyon. Pagpasok sa kusina, naghuhugas sila ng kamay sa lababo para sa paghuhugas ng kamay. Kinuha nila ang mga gamit, pinainit ang oven, at nagsimulang maghanda ng pagkain. Nilagay nila ang hamburger, itlog, breadcrumb, at pampalasa sa isang mangkok at ginamit ang kanilang mga kamay upang paghaluin ang lahat at bumuo ng meatloaf. Dahil nahawakan ng kanilang mga kamay ang hilaw na karne, naghugas silang muli ng kamay sa lababo para sa paghuhugas ng kamay. Pagkatapos, nagsalang sila ng kaserola ng tubig upang pakuluan para sa steamed broccoli at inilabas ang whole wheat roll upang painitin sa oven. Narinig nila ang tunog ng alarm sa harapang pinto at lumabas ng kusina. May magulang na nagdala ng bag na may ekstrang damit para sa kanilang anak. Kinuha ng provider ng maagang pagkatuto ang bag, inilagay ito sa cubby ng bata sa silid-aralan, pumunta sa panlabas na palaruan at ipinaalam sa guro ng bata, bumalik sa loob, at nagbalik sa kusina. Dahil nakontamina ang kanilang mga kamay, naghugas silang muli ng kamay sa lababo para sa paghuhugas ng kamay bago tapusin ang paghahanda ng tanghalian.

Nakasaad sa WAC 110-300-0200 ang mga kinakailangan na may kinalaman sa mga pamamaraan ng paghuhugas ng kamay.

Isa pang mahalagang gawi para maiwasan ang sakit na dulot ng pagkain ay ang pagsubaybay at pagpapanatili ng tamang temperatura ng pagkain. Ang mainit at malamig na temperatura ay nagpapabagal sa pagdami ng karamihan sa mga bacteria. Upang mapanatiling ligtas ang pagkain, ang mga malamig na pagkain ay dapat panatilihin sa 41°F o mas malamig pa. Dapat panatilihin ang maiinit na pagkain sa 135°F o mas mainit pa. Ang saklaw ng temperatura sa pagitan ng 41°F at 135°F ay tinatawag na Danger Zone.[123] Kapag ang mga pagkaing dapat ay mainit o malamig ay nasa Danger Zone, tumataas ang panganib na dumami ang bacteria.

122 Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington, "Food Safety is Everybody's Business – Study Manwal," available sa **www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/Food/FoodWorkerandIndustry/FoodWorkerManual/FoodSafetyisEverybodysBusiness,** nakuha noong Hulyo 13, 2020.

123 Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington, "Food Safety is Everybody's Business – Study Manwal," available sa **www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/Food/FoodWorkerandIndustry/FoodWorkerManual/FoodSafetyisEverybodysBusiness**, nakuha noong Hulyo 13, 2020.


Dahil mabilis dumami ang bacteria sa Danger Zone, mahalagang limitahan ang oras na ginugugol ng pagkain doon. Ito ang dahilan kung bakit inaatas ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na ang mga pagkain ay dapat i-refrigerate sa 41°F o mas mababa at i-freeze sa 10°F o mas mababa — upang mapabagal ang pagdami ng bacteria.

Lalong mahalaga ang pagsubaybay sa temperatura para sa mga programang nagluluto, nagpapalamig, at pagkatapos ay muling nagpapainit ng pagkain, dahil dumadaan ang pagkain sa Danger Zone nang ilang beses. Kapag mali ang pagkakagawa nito, maaaring magresulta ito sa mabilis na pagdami ng bacteria na maaaring magdulot ng sakit. Kapag naluto na ang pagkain, ang agarang paghahain nito ay nakakatulong upang mabawasan ang oras na maaaring gugulin nito sa Danger Zone. Dapat tiyakin ng provider ng maagang pagkatuto na sapat ding napalamig ang pagkain upang maiwasan ang anumang paso sa bata habang kumakain.

Mahalagang-mahalaga ang pagkamit ng tamang temperatura sa pagluluto ng hilaw na karne. Ang tanging paraan upang malaman kung naluto ang pagkain sa sapat na taas ng temperatura ay sa pamamagitan ng paggamit ng food thermometer. Pinakamainam gumamit ng thermometer na may manipis na dulo kapag ang karne ay hiniwa sa maliliit na piraso. Makatutulong ang pagkakaroon ng temperature log malapit sa pagkain upang maalala ng mga provider ng maagang pagkatuto na muling suriin ang temperatura, at ito ay isang kinakailangang gawi para sa mga pagkaing nangangailangan ng kontrol sa temperatura.

Nakakatulong ang wastong pag-iimbak ng pagkain para mapanatili ang kalidad at sustansya nito, at nakapipigil sa pagkasira. Nakakatulong ang paglalagay ng pagkain sa airtight at selyadong lalagyan para maiwasan ang pagpasok ng bacteria, mapanatili ang halumigmig, at maiwasan ang pagkuha ng pagkain ng amoy mula sa ibang pagkain sa loob ng refrigerator.[124] Dapat lagyan ng label ang mga pagkain na may petsa ng expiration o petsa kung kailan ito binuksan upang makatulong sa pagtukoy kung ligtas pa itong kainin. Maaaring may mataas na antas ng bacteria ang pagkain na lampas na sa petsa ng expiration, kaya hindi ito maaaring ihain sa mga bata.

Mga Temperatura para sa Kaligtasan ng Pagkain



Painitin muli ang lahat ng pagkain nang mabilis sa loob ng 2 oras. Pinakamababang temperatura para sa pagluluto ng manok at mga produktong gawa sa manok, kabilang ang giniling na manok.

Pinakamababang temperatura para sa pagluluto ng giniling na karne, maliban sa giniling na manok (tingnan sa itaas).

Pinakamababang temperatura para sa pagluluto ng baboy at mga produktong gawa sa baboy. Pinakamababang temperatura sa pagluluto para sa lahat ng iba pang pagkain (isda, shellfish, karne ng tupa, baka, kanin, patatas, gulay).

Pinakamababang hot holding temperature.

I-check nang madalas ang temperatura, maaaring DUMAMI ang bacteria!

Pinakamataas na temperatura para sa cold holding.

Temperatura para sa pag-iimbak sa freezer.

Siguraduhin na maayos ang paggana ng thermometer sa pamamagitan ng regular na pag-calibrate nito.

Sa mga programa ng maagang pagkatuto, ang kaligtasan ng pagkain ay responsibilidad ng lahat. Tandaan na ang mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto ay madalas na nakakahawak sa pagkain na inihahain sa mga bata at dapat maging pamilyar sa mga ligtas na gawi sa pag-aasikaso ng pagkain.

124 U.S. Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura ng U.S.), Impormasyon sa Kaligtasan ng Pagkain. "Leftovers and Food Safety," available sa **www.fsis.usda.gov/shared/PDF/Leftovers_and_Food_Safety.pdf**, huling na-update noong Mayo 2012.



Fighting Bac!: Ang website na ito ay puno ng mga mapagkukunan tungkol sa paglaban sa bacteria sa pamamagitan ng wastong kalinisan at mga gawi sa paglilinis. Mga tampok ng website ay kinabibilangan ng:

- Mga naipapakitang PDF tungkol sa apat na pangunahing gawi sa kaligtasan sa pagkain: Linisin, Ihiwalay, Palamigin at Initin:
  www.fightbac.org/food-safety-basics/the-core-four-practices/
- Mga mapagkukunan na dinisenyo para sa natatanging pangangailangan sa paglilinis at paghahanda ng pagkain ng mga programa ng maagang pagkatuto:
  www.fightbac.org/kidsfoodsafety/young-children-child-care-training/
- Mga mapagkukunan na dinisenyo para gamitin kasama ang mga bata, kabilang ang mga coloring sheet, activity page, poster, at mga online game:
  www.fightbac.org/kidsfoodsafety/kids-games-and-activities/

Paano Magpalambot ng Pagkain nang Tama. Isang video mula sa USDA tungkol sa mga estratehiya para sa ligtas na pagpapalambot ng frozen na pagkain.
www.youtube.com/watch?time_continue=3&v=T5C335jleZA

Mga Natirang Pagkain at Kaligtasan sa Pagkain. Isang publikasyon ng USDA tungkol sa kaligtasan sa pagkain.
www.fsis.usda.gov/shared/PDF/Leftovers_and_Food_Safety.pdf

Pagpapalamig at Kaligtasan sa Pagkain. Isang webpage ng USDA tungkol sa kaligtasan sa pagkain.
www.fsis.usda.gov/wps/portal/fsis/topics/food-safety-education/get-answers/food-safety-fact-sheets/safe-food-handling/refrigeration-and-food-safety/ct_index#:~:text=Top%20of%20Page%5D-,Placement%20of%20Foods,juices%20from%20contaminating%20other%20foods

Manual para sa mga Manggagawa sa Pagkain at Inumin ng Estado ng Washington. Mayroong kopya ng manwal sa website ng DOH sa maraming wika. Ang manual ay nagbibigay ng impormasyon na nakabatay sa Kodigo ng Pagbebenta ng Pagkain sa Estado ng Washington WAC 246-215.
www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/Food/FoodWorkerandIndustry/FoodWorkerManual

Kurso para sa Manggagawa sa Pagkain ng Estado ng Washington. Ang tanging awtorisadong programa ng online training para makakuha ng valid na Card ng Manggagawa sa Pagkain ng Estado ng Washington. Available sa maraming wika. **www.foodworkercard.wa.gov/**

WAC 110-300-0198

Mga Lugar para sa Paghahanda ng Pagkain

(1) (Ang isang provider ng maagang pagkatuto o kawani ay dapat maglinis at mag-sanitize ng mga lugar ng paghahanda ng pagkain at mga ibabaw na kainan bago at pagkatapos ng bawat paggamit, alinsunod sa WAC 110-300-0241 (1)(a).

(2) Sa lugar ng paghahanda ng pagkain ng isang programa ng maagang pagkatuto, ang mga kusina ay dapat:

- **(a) Magkaroon ng mga pader, counter top, sahig, aparador at mga estante na:**
  - **(i) Nananatiling maayos ang pagkukumpuni kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, wastong pagkaselyo na walang mga chip, bitak, o luha; at**
  - **(ii) Matatag sa halumigmig.**
- **(b) May wastong napapanatili at may bentilasyon na range hood, exhaust fan, o gumaganang bintana; at**
- **(c) May wastong napapanatili at gumaganang refrigerator, freezer, o kombinasyon ng refrigerator at freezer na may sapat na espasyo para sa tamang pag-iimbak at pagpapalamig ng pagkain.**

(3) Dapat gawin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga sumusunod:

- **(a) Magkaroon ng hindi bababa sa walong talampakan na pagitan sa pagitan ng lugar ng paghahanda ng pagkain at anumang mesa o counter para sa pagpapalit ng diaper at mga lababo na ginagamit para sa pagpapalit ng diaper;**
- **(b) Kaagad na linisin at i-sanitize ang lababo bago ito gamitin sa paghahanda ng pagkain na ihahain sa mga batang nasa pag-aalaga;**
- **(c) Gumamit ng colander o ibang paraan upang maiwasang mapadaiti ang pagkain at mga gamit sa kusina sa lababo; at**
- **(d) Linisin ang mga pinggan, kawali, bote ng sanggol, at mga gamit sa kusina sa mga sumusunod na paraan:**
  - **(i) Paglilinis at pagsa-sanitize gamit ang awtomatikong dishwasher na gumagamit ng init o kemikal para mag-sanitize; o**
  - **(ii) Paghuhugas sa kamay, pagbabanlaw, pagsa-sanitize, at pagpapapatuyo sa hangin.**

(4) Ang mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro na lisensyado matapos ang petsa na maging epektibo ang kabanatang ito ay dapat magkaroon ng:

- **(a) Isang lababo para sa paghuhugas ng kamay na hiwalay sa mga pasilidad para sa paghuhugas ng pinggan;**
- **(b) Isang lababo para sa paghahanda ng pagkain na matatagpuan sa lugar ng paghahanda ng pagkain; at**
- **(c) Isang paraan upang linisin at i-sanitize ang mga pinggan, kawali, gamit sa kusina, at kagamitan sa lugar ng paghahanda ng pagkain gamit ang:**
  - **(i) Isang two-compartment sink at isang awtomatikong dishwasher na nagsa-sanitize gamit ang init o kemikal; o**
  - **(ii) Isang three-compartment sink na pamamaraan (ang unang lababo ay ginagamit sa paghuhugas, ang pangalawang lababo ay para sa pagbanlaw, ang pangatlong lababo ay may sanitizer, at pinapayagang matuyo ang mga pinggan sa hangin).**

(5) Maaaring gamitin ng provider ng maagang pagkatuto ang kusina para sa mga aktibidad ng pagluluto o paghahanda ng pagkain na mahigpit na mino-monitor kasama ang mga batang nasa pag-aalaga.

Mahalaga ang pagpapanatiling malinis at na-sanitize ang mga lugar ng paghahanda ng pagkain upang mabawasan ang pagkalat ng mga mikrobyo at paglipat ng mikrobyo, habang pinananatili ang malusog na kapaligiran. Ang mga selyado at may panlaban sa halumigmig na mga ibabaw ay nagpapahintulot ng epektibong paglilinis at sanitasyon; kung ang mga ibabaw ay may bitak o nagpapapasok ng kahalumigmigan, dadami ang bacteria.



Pagkatapos ng ilang taon ng paggamit sa kusina, may bahagi ng laminate countertop na napilas, na naglalantad sa porous na ibabaw sa ilalim ng laminate. Ang mga proseso ng paglilinis at sanitasyon ay hindi epektibo sa porous na ibabaw na ngayo'y naglalaman ng kahalumigmigan at bacteria na naiwan sa normal na paggamit. Dahil ang pangkalahatang temperatura sa kusina ay nasa loob ng Danger Zone, dumarami ang bacteria. Kung hindi ito maaaksyunan, maaaring makontamina ang ibang pagkain na inihahanda doon, o maaaring tumubo ang amag, na naglalantad sa kusina at pagkain sa amag at bacterial spore.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0240 ang mga regulasyon para sa paglilinis at sanitasyon upang matiyak ang malinis at malusog na kapaligiran habang ang WAC 110-300-0241 naman ay naglalahad ng mga iskedyul para sa paglilinis at sanitasyon.

Malawak ang pagkakaiba-iba ng layout at disenyo ng mga programa ng maagang pagkatuto. Naghahanda ng pagkain ang ilan sa mga programa ng maagang pagkatuto sa kusinang nasa hiwalay na gusali mula sa mga silid-aralan, habang ang ibang mga programa ng maagang pagkatuto ay maaaring naghahanda ng pagkain sa lugar na malapit sa mga lugar kung saan naglalaro ang mga bata.

Karaniwan, ang mga gastrointestinal pathogen ay naipapasa dahil sa hindi tamang kalusugan o mga gawi sa sanitasyon na may kaugnayan sa pagpapalit ng diaper at mga proseso sa banyo. Kasama dito ang norovirus, na maaaring manatiling nakakahawa hanggang sa 42 araw sa isang ibabaw.[125] Karaniwan, ang norovirus ay maaaring kumalat sa pagkain kapag ang mga kamay ng isang tao ay kontaminado ng mga virus particle at hinawakan nila ang pagkain o mga gamit sa paghain, o kapag ang pagkain o gamit ay inilagay sa isang ibabaw o counter na kontaminado ng mga norovirus particles, o kapag ang isang taong may impeksyon ay naglalabas ng mga particle sa hangin na maaaring dumapo sa pagkain. Dahil dito, mahalagang panatilihing hiwalay ang mga lugar para sa pagpapalit ng diaper mula sa mga lugar ng paghahanda ng pagkain.

Ang lababo para sa paghahanda ng pagkain ay isa pang lugar kung saan mataas ang posibilidad ng paglipat ng mikrobyo. Dahil dito, hindi karaniwang inirerekomenda ng CFOC ang paggamit ng isang lababo para sa higit sa isang layunin.[126] Hindi dapat gamitin ang mga lababo na ginagamit para sa paghahanda ng pagkain para sa paghuhugas ng kamay o anumang ibang layunin. Kinakailangan ang magkahiwalay na mga lababo para sa iba't ibang layunin sa mga sentro. Hindi palaging available ang magkahiwalay na mga lababo sa isang programa ng pag-aalaga ng bata sa family home. Gayunpaman, lahat ng programa – maging sentro man o family home – ay dapat kaagad na linisin at i-sanitize ang lababo bago ito gamitin sa paghahanda ng pagkain, kasama ang paggamit ng colander upang hindi mapadaiti ang pagkain sa lababo.

125 Cortney Miller, Angela Fraser, Roman Sturgis, Xi Chen, Anna Saunders, at U.S. Department of Food, Nutrition, and Packaging Sciences, "Changing Dirty Diapers," available sa **www.fightbac.org/kidsfoodsafety/young-children-child-care-training/**, huling na-update noong Pebrero 27, 2013.

126 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak. 198.*

Mga Gawi sa Kalusugan

WAC 110-300-0200

Paghuhugas ng Kamay at Paggamit ng Hand Sanitizer

(1) Dapat sumunod ang mga provider ng maagang pagkatuto sa mga sumusunod na pamamaraan ng paghuhugas ng kamay o sa mga itinakda ng Center for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) ng Estados Unidos, at dapat hikayatin nang mabuti ang mga bata na:

- **(a) Basain ang mga kamay gamit ang maligamgam na tubig;**
- **(b) Maglagay ng sabon sa mga kamay;**
- **(c) Paghaplusin ang mga kamay nang magkasama upang hugasan nang hindi bababa sa dalawampung segundo;**
- **(d) Banlawan nang mabuti ang mga kamay gamit ang tubig;**
- **(e) Patuyuin ang mga kamay gamit ang paper towel, isahang gamit na telang tuwalya, o gamit ang air hand dryer;**
- **(f) Patayin ang gripo gamit ang paper towel o isahang gamit na telang tuwalya maliban kung awtomatikong namamatay ito; at**
- **(g) Wastong itapon ang mga papel na isahang gamit na telang tuwalya pagkatapos gamitin.**

(2) Dapat hugasan at i-sanitize ng provider ng maagang pagkatuto ang mga telang tuwalya pagkatapos ng isang gamit. Dapat hindi naaabot ng mga bata ang marurumi at nagamit nang tuwalya.

(3) Upang maiwasan ang pagkapaso ng mga bata, ang mga air hand dryer ay dapat may heat guard (harang na pumipigil sa gumagamit na hawakan ang heating element) at awtomatikong mapatay.

(4) Dapat hugasan ng mga provider ng maagang pagkatuto ang kanilang mga kamay ayon sa mga pamamaraan ng paghuhugas ng kamay na nakalista sa itaas:

- **(a) Kapag dumating sa trabaho;**
- **(b) Pagkatapos tulungan ang isang bata sa banyo;**
- **(c) Bago at pagkatapos palitan ng diaper ang isang bata (gumamit ng wet wipe bilang kapalit ng paghuhugas ng kamay sa gitna ng pagpapalit kung kinakailangan);**
- **(d) Pagkatapos gamitin ang sariling banyo;**
- **(e) Pagkatapos alagaan ang isang may sakit na bata;**
- **(f) Bago at pagkatapos maghanda, maghain, o kumain ng pagkain;**
- **(g) Bago maghanda ng mga bote;**
- **(h) Pagkatapos humawak ng hilaw o hindi lutong karne, manok, o isda;**
- **(i) Bago at pagkatapos magbigay ng gamot o maglagay ng topical ointment;**
- **(j) Pagkatapos humawak o pakainin ang mga hayop, humawak ng mga laruan o kagamitan ng hayop, o maglinis pagkatapos ng mga hayop;**
- **(k) Pagkatapos humawak ng mga likido ng katawan;**
- **(l) Pagkatapos gumamit ng tabako o vapor product;**
- **(m) Pagkatapos lumabas ng bahay;**
- **(n) Pagkatapos ng mga gawain sa paghahalaman;**
- **(o) Pagkatapos humawak ng basura at mga lalagyan ng basura; at**
- **(p) Kapag kinakailangan o ayon sa sitwasyon.**

(5) Dapat gabayan, tulungan, turuan, at sanayin ng mga provider ng maagang pagkatuto ang mga bata na maghugas ng kamay gamit ang mga hakbang na nakalista sa itaas:

- **(a) Kapag dumating sa lugar ng maagang pagkatuto;**
- **(b) Pagkatapos gumamit ng banyo;**
- **(c) Pagkatapos magpalit ng diaper;**

(d) Pagkatapos maglaro sa labas;

(e) Pagkatapos ng mga gawain sa paghahalaman;

(f) Pagkatapos makipaglaro sa mga hayop;

(g) Pagkatapos humawak ng mga likido ng katawan tulad ng dugo o pagkatapos suminga o bumahing;

(h) Bago at pagkatapos kumain o makilahok sa mga gawain na may kinalaman sa pagkain kabilang ang pag-aayos ng mesa; at

(i) Kapag kinakailangan o ayon sa sitwasyon.

(6) Maaaring gumamit ng hand sanitizer o hand wipes na may alkohol para sa mga nasa hustong gulang at mga batang higit sa dalawampu't apat na buwan ang edad sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

(a) Kapag walang sapat na pasilidad para sa wastong paghuhugas ng kamay; at

(b) Ang mga kamay ay hindi halatang marumi.

(7) Dapat mahigpit na mino-monitor ang mga bata kapag gumagamit ng hand sanitizer upang maiwasan ang pag-inom nito o pagdikit sa mata, ilong, o bibig.

(a) Hindi dapat gamitin ang hand sanitizer bilang kapalit ng wastong paghuhugas ng kamay.

(b) Ang alcohol-based hand sanitizer ay dapat naglalaman ng animnapu hanggang siyamnapung porsyento ng alkohol upang maging epektibo.



Mas mataas ang panganib ng mga bata sa mga programa ng maagang pagkatuto na mahawaan ng mga nakakahawang sakit at mas malubha kumpara sa kanilang mga kasama na hindi dumadalo sa mga programa ng maagang pagkatuto.[127] Isa sa mga pinakamabisang proteksyon ng mga provider laban sa pagkalat ng mga mikrobyo ang madalas na paghuhugas ng kamay ng mga kawani at bata.[128] Nakita sa isang pag-aaral na ang mga sentro ng pag-aalaga sa bata na nagpatupad ng mahigpit na mga gawi sa paghuhugas ng kamay ay nagkaroon ng 50% pagbaba sa insidente ng diarrhea. Ilan pang pag-aaral ang nag-ulat ng pagbaba ng mga sakit sa bahaging itaas ng palahingahan.[129] Gayunpaman, ang bisa ng paghuhugas ng kamay ay nakadepende sa mga pamamaraan na ginagamit sa paghuhugas ng kamay. Mabuti na lang, maaaring kumilos ang mga propesyonal ng maagang pagkatuto. May mga simpleng estratehiya na kapag palagiang isinasagawa ay malaki ang maitutulong upang mabawasan nang malaki ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit at karamdaman.

Bawat hakbang na kinakailangan sa pamamaraan ng paghuhugas ng kamay ay may mahalagang layunin. Nakakatulong ang pagbabasa ng mga kamay upang matanggal ang halatang dumi at nagpapahintulot sa sabon na bumula. Ang paglalagay ng sabon sa ibabaw ng balat ay lumilikha ng pagkikiskisan. Mahalaga ang pagkikiskisan upang matanggal at maalis ang dumi, mikrobyo at mga mikroorganismo mula sa balat.

127 Maria Nesti at Moisés Goldbaum, "Infectious diseases and daycare and preschool education," *Journal of Pediatrics 83* (4) (Agosto 2007), available sa **www.scielo.br/pdf/jped/v83n4/en_v83n4a04.pdf**

128 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Show Me the Science," available sa **www.cdc.gov/handwashing/show-me-the-science.html**, huling na-update noong Abril 7, 2020.

129 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak: Mga Pambansang Pamantayan sa Kalusugan at Kaligtasan; Mga Alituntunin para sa mga Programa ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon ika-4 na edisyon* (Itasca, IL: Amerikanong Akademya ng Pediatrics, 2019), 332.



Bagaman natuklasan sa isang pag-aaral na ang karaniwang haba ng paghuhugas ng kamay ay humigit-kumulang anim na segundo,[130] ipinapakita ng pananaliksik na ang paghuhugas ng hindi bababa sa 20 segundo ay nakakatanggal ng mas maraming mikrobyo kaysa sa mas maikling panahon.[131] Ayon sa CDC, ang temperatura ng tubig ay "tila hindi nakakaapekto sa pagtanggal ng mikrobyo."[132] Sa halip, ang pangangailangan para sa maligamgam na tubig ay mas may kinalaman sa kaginhawaan. Mas malamang na maghugas ng kamay nang sapat ang isang tao kung ang tubig ay maligamgam, kaysa masyadong mainit o malamig. Nakakatulong din ang maligamgam na tubig sa wastong pagbabanlaw. Ang paghuhugas ng bula ng sabon sa lababo ay nag-aalis ng dumi, mikrobyo, at bula mula sa mga kamay.

May layunin din ang hakbang ng pagpapatuyo ng kamay; binabawasan nito ang posibilidad na mailipat ang mga mikrobyo. Anumang mikrobyo na maaaring hindi natanggal sa proseso ng paghuhugas ay maaaring mapunta sa tuwalya. Bagaman natuklasan sa isang pag-aaral na ang mga paper towel na isang beses gamitin ay ang pinakaepektibo at malinis na paraan ng pagpapatuyo ng kamay pagkatapos maghugas,[133] pinapayagan pa rin ang mga isahang gamit na tela o air hand dryer.

Gawing masaya ang pagtuturo ng paghuhugas ng kamay! Pumili ng kilalang kanta at gumawa ng bagong liriko tungkol sa tamang paghuhugas ng kamay. Nakakatulong ito sa mga bata na maalala ang mga hakbang pati na rin makamit ang tamang haba ng oras para matanggal ang mga mikrobyo, na 20 segundo. Siguraduhin din na ang mga bata at kawani ay gumagamit ng isang beses gamitin na tuwalya o paper towel para patayin ang gripo upang maiwasan ang pagkalat ng mikrobyo.



130 Michelle Sconce Massaquoi, "You are probably washing your hands wrong," *Scientific American* (Disyembre 2017), available sa **www.scientificamerican.com/article/you-are-probably-washing-your-hands-wrong/**

131 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Show Me the Science - How to Wash Your Hands," available sa **www.cdc.gov/handwashing/show-me-the-science-handwashing.html, huling na-update noong Marso 4, 2020.**

132 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Show Me the Science - How to Wash Your Hands," available sa **www.cdc.gov/handwashing/show-me-the-science-handwashing.html, huling na-update noong Marso 4, 2020.**

133 Cunrui Huang, Ma Wenjun at Susan Stack, "Hygienic Efficacy of Different Hand-Drying Methods: A Review of the Evidence," *Pambansang Aklatan ng Medisina ng US, Pambansang Institusyon ng Kalusugan* 87 (8) (2012): 791-798, available sa **www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC3538484/**

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home mula sa King County ang nagbahagi:

"Tinuturuan namin ang mga bata ng rutin sa paghuhugas ng kamay upang malaman nila ang lahat ng hakbang. Kapag oras na para maghugas ng kamay, binibigyan namin ng paalala ang mga bata. Ang sistema namin ay dalawang bata ang pumipila habang ang ibang mga bata ay gumagawa ng aktibidad sa paghuhugas ng kamay habang naghihintay. Naglalagay ako ng mga bagay sa mesa tulad ng pagguhit, mga laruang pang-edukasyon, pagkanta, o iba pang nakakatuwang gawain. Itinuturo namin sa kanila na kapag tinawag ang kanilang pangalan, maaari silang gumamit ng banyo kung kailangan, at pagkatapos ay maghugas ng kamay. Tinuturuan silang mag-flush gamit ang tissue at itapon ito sa inidoro habang bumababa ang tubig. Pagkatapos ay kukuha sila ng paper towel para buksan ang gripo. Ang aming programa ay may timer na binibilang ang oras para sa paghuhugas, pagbabanlaw at pagpapatuyo ng kamay. Nagpapalit ng kulay ang timer kapag oras na para lumipat ang bata sa susunod na hakbang. Kapag nahugasan at nabanhawan na nila ang kanilang mga kamay, bibigyan sila ng dalawang paper towel. Ginagamit nila ang isa para patuyuin ang kamay at ang isa naman para patayin ang gripo. Pagkatapos nito, itinuturo sa mga bata na pumalakpak o itaas ang mga kamay upang hindi sila makahawak ng kahit ano habang papunta sa mesa ng pagkain o sa susunod na pupuntahan nila. Laging nagbabantay ang guro sa maagang pagkatuto, at naglilinis at nagsa-sanitize pagkatapos; nasasanay na rin ang mga kawani. Masaya at malusog ang mga bata. Sinasabi namin sa kanila kung ano ang kanilang ginagawa nang tama at ginagawa namin ito sa bawat bata. Nakapagtamo kami ng Early Achiever rating na 4 gamit ang pamamaraang ito at naging maayos ang lahat dahil nakakaramdam ng pagmamahal ang mga bata!"

Hinihiling ng WAC 110-300-0505 (2)(d) ang paglalagay ng poster na ito tungkol sa paghuhugas ng kamay.

Para sa pagpapatuyo ng kamay, kung magpapasya ang provider ng maagang pagkatuto na gumamit ng mga nagagamit muli na isahang gamitang tuwalya, ang mga nagamit na tuwalya ay kailangang itago sa paraang hindi maaabot ng mga bata. Kapag sinabing hindi ma-aaccess, ibig sabihin, ang mga gamit ay dapat nakatago kung saan hindi ito maaabot ng mga bata. Halimbawa, gumagamit ang provider ng inaapakang basurahan para mabuksan para ilagay at itago ang maruruming hand towel.

Maaaring gamitin ang air hand dryer para patuyuin ang mga kamay, ngunit dapat may mga pag-iingat upang mapigilan ang pagkapaso.

Sa aktibong pagbabantay, maaaring gamitin ang mga hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alkohol bilang alternatibo sa paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig sa ilang partikular na sitwasyon.[134] Pinapayagan lamang ang paggamit ng sanitizer para sa mga batang 24 na buwan pataas kapag walang available na lababo at sabon para sa paghuhugas ng kamay at ang mga kamay ng bata ay hindi halatang marumi.



134 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Show Me the Science – When & How to Use Hand Sanitizer in Community Settings," available sa **www.cdc.gov/handwashing/show-me-the-science-hand-sanitizer.html#swallowing, huling na-update noong Marso 3, 2020.**

Ang mga bata sa programa ng maagang pagkatuto sa family home ay naglalaro sa panlabas na palaruan. Napansin ng provider ng maagang pagkatuto ang isang nagbibisikletang 3-taong gulang na bata na huminto at bumahing sa kanyang kamay. Binigyan ng provider ng maagang pagkatuto ang bata ng hand sanitizer upang ipahid sa kamay bago ibalik ang mga kamay sa mga hawakan ng bisikleta. Pagkatapos, kapag nakarating na ang bata sa lababo, maaari na niyang hugasan ang kamay gamit ang tubig sa gripo at sabon.

Upang magamit nang tama ang hand sanitizer, sundin ang mga tagubilin sa likod ng bote nito. Dapat maglagay ng sapat na dami ng hand sanitizer sa palad ng isang kamay. Kailangang gamitin ang sapat na produkto upang matakpan ang buong ibabaw ng mga kamay, ang ibabaw at ilalim, pati na ang lahat ng daliri at magkabilang hinlalaki, hanggang sa pulso. Ikuskos ang produkto sa mga palad, kuskusin ang pagitan ng mga daliri, kuskusin ang likod ng mga daliri gamit ang kabilang palad, tiyaking makukuskos ang buong hinlalaki sa magkabilang kamay, pati na ang dulo ng lahat ng daliri. Ang prosesong ito ay dapat tumagal ng kahit man lang 20 segundo. Dapat manatiling basa ang mga kamay na may produkto habang hinahaplos ito. Kapag tapos na ang proseso, dapat na tuyong-tuyo na ang mga kamay.



Hinihiling ng WAC 110-300-0215 na mayroong taunang pahintulot mula sa magulang o guardian para sa bawat bata na nagpapahintulot sa paggamit ng hand sanitizer. Ang hand sanitizer ay dapat itago sa paraang hindi maaabot kapag hindi ginagamit. Napakahalagang tandaan na itago ang hand sanitizer sa lugar na hindi maaabot ng mga bata kapag hindi ginagamit dahil maaari itong magdulot ng pagkalason sa alcohol, at payagan lamang ang paggamit nito kapag may wastong pagbabantay ng nasa hustong gulang. Ayon sa Amerikanong Asosasyon ng mga Sentro para sa Pagkontrol ng Pagkalason (AAPCC), naitala nila ang halos 13,687 na kaso ng pagkalantad sa hand sanitizer sa mga batang wala pang 12 taong gulang mula Enero 1, 2020 hanggang Hulyo 31, 2020.[135]

Tandaan: Bukod sa paghuhugas ng kamay, ang pinakamahusay na paraan upang mabawasan ang pagkalat ng mikrobyo ay ituro sa mga bata kung paano tamang takpan ang pag-ubo, pagbahing, at pagsinga. Tulungan silang:

- Magkaroon ng tissue na madaling maabot (gamitin ang tissue kaysa sa manggas ng damit o likod ng kamay para saluhin ang bahing, takpan ang ubo, o punasan ang tumutulong sipon).
- Ibaling ang ulo palayo sa ibang tao at umubo, bumahing, o suminga sa kanilang itaas na braso o manggas.
- Itapon agad ang nagamit na tissue. Huwag gamitin muli o ipamigay ang tissue.
- Gumamit ng disposable tissue kaysa sa panyo, at hugasan ang kamay pagkatapos upang mabawasan ang pagkalat ng mikrobyo.

135 Amerikanong Samahan ng mga Sentro para sa Pagkontrol ng Pagkalason, "Hand Sanitizer," available sa **https://aapcc.org/track/hand-sanitizer**, huling na-update noong Hulyo 31, 2020.

Maging Germ-Buster... Hugasan ang Iyong mga Kamay. Ang poster ng DOH tungkol sa paghuhugas ng kamay.
www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/Pubs/130-012.pdf

Pag-ubo at Pagbahing. Isang webpage ng CDC na may mga tip at impormasyon para mabawasan ang pagkalat ng mikrobyo sa pamamagitan ng tamang pag-ubo at pagbahing.
www.cdc.gov/healthywater/hygiene/etiquette/coughing_sneezing.html

Paghuhugas ng Kamay: Isang Makapangyarihang Lunas laban sa Sakit. Impormasyon mula sa Amerikanong Akademya ng Pediatrics tungkol sa pagbuo ng ugali sa paghuhugas ng kamay, mga hakbang, at antibacterial soap.
https://kidshealth.org/en/parents/hand-washing.html

Paghuhugas ng Kamay: Malinis na Kamay ang Nagliligtas ng Buhay. Isang webpage ng CDC na may mga tip, agham at datos, mga materyales para sa promosyon, at iba pang mga mapagkukunan.
www.cdc.gov/handwashing/index.html

Malusog na mga Gawi para Maiwasan ang Trangkaso. Isang webpage ng CDC na may impormasyon tungkol sa pag-iwas sa trangkaso, kabilang ang paghuhugas ng kamay.
www.cdc.gov/flu/prevent/actions-prevent-flu.htm

Paano Magkuskos ng Kamay? Isang poster mula sa World Health Organization (Pandaigdigang Organisasyon sa Kalusugan) na nagpapakita ng mga hakbang upang masigurong naaabot ang lahat ng bahagi ng kamay kapag naghuhugas o gumagamit ng hand sanitizer.
www.who.int/gpsc/5may/How_To_HandRub_Poster.pdf

Paggamit ng mga Kanta sa Paghuhugas ng Kamay para Hikayatin ang mga Bata sa Child Care na Maghugas ng Kamay nang Mabuti. Isang artikulo sa Extension Alliance for Better Child Care (Extension Alliance para sa Mas Mahusay na Pangangalaga sa Bata) website.
https://childcare.extension.org/using-hand-washing-songs-to-encourage-children-in-child-care-to-wash-hands-thoroughly/

WAC 110-300-0205

Sakit ng bata, kawani, at miyembro ng sambahayan

(1) Dapat obserbahan ng provider ng maagang pagkatuto ang lahat ng bata para sa mga palatandaan ng sakit mula sa pagdating nila sa programa ng maagang pagkatuto at sa buong araw. Dapat ipagbigay-alam sa mga magulang o guardian ng bata agad-agad, kung ang bata ay makaranas ng mga palatandaan o sintomas ng sakit.

(2) Kung ang isang provider ng maagang pagkatuto ay nagkasakit, ang lisensyado, direktor ng sentro, katulong ng direktor, o superbisor ng programa ang magdedesisyon kung kailangang palabasin ang taong iyon mula sa lisensyadong lugar ng maagang pagkatuto.

(3) Kapag may nagkasakit na bata, ang provider ng maagang pagkatuto (o nars ng paaralan, kung naaangkop) ay kailangang magpasya kung dapat bang pauwiin o ihiwalay ang bata mula sa iba. Dapat magbantay ang provider upang makatwirang maiwasan ang pakikisalamuha ng maysakit na bata sa malulusog na bata.

(4) Dapat pauwiin o makatwirang ihiwalay ang maysakit na bata mula sa ibang mga bata kung:

- **(a) Ang sakit o kondisyon ay pumipigil sa bata na makilahok sa mga normal na gawain;**
- **(b) Ang sakit o kondisyon ay nangangailangan ng higit na pag-aalaga at pansin kaysa sa kayang ibigay ng provider ng maagang pagkatuto;**
- **(c) Ang kinakailangang pag-aalaga para sa maysakit na bata ay nakokompromiso o naglalagay sa panganib sa kalusugan at kaligtasan ng ibang mga bata sa pag-aalaga; o**
- **(d) May panganib na kumalat ang sakit o kondisyon ng bata sa ibang mga bata o indibidwal.**

(5) Maliban kung sakop ng isang indibidwal na plano sa pag-aalaga o protektado ng ADA, ang maysakit na bata, miyembro ng kawani, o ibang indibidwal ay dapat pauwiin o ihiwalay mula sa mga bata sa pag-aalaga kung ang maysakit na indibidwal ay may:

- **(a) Lagnat na 101 degrees Fahrenheit para sa mga batang higit sa dalawang buwan (o 100.4 degrees Fahrenheit para sa sanggol na mas bata sa dalawang buwan) sa anumang paraan, at pagbabago sa ugali o iba pang mga palatandaan at sintomas ng sakit (kabilang ang pananakit ng lalamunan, pananakit ng tainga, pananakit ng ulo, pamamantal, pagsusuka, diarrhea);**
- **(b) Pagsusuka ng dalawang beses o higit pa sa nakaraang dalawampu't apat na oras;**
- **(c) Diarrhea kung saan ang dami ng dumi ay lumalampas ng dalawang beses sa normal sa loob ng dalawampu't apat na oras para sa bata o kung ang dumi ay may kasamang dugo o mucus;**
- **(d) Pamamantal na hindi dulot ng init, pagpapalit ng diaper, o allergic reaction;**
- **(e) Mga bukas na sugat o pilat na naglalabas ng likido mula sa katawan na hindi sapat na natatakpan ng waterproof na benda, o mga sugat sa bibig na may labis na laway;**
- **(f) Kuto, buni, o scabies. Ang mga indibidwal na may kuto, buni, o scabies ay hindi papayagang pumasok sa lugar ng pag-aalaga ng bata simula sa pagtatapos ng araw na natuklasan ang kondisyon. Maaaring payagan ng provider ang indibidwal na may kuto, buni, o scabies na bumalik sa lugar pagkatapos matanggap ang unang paggamot; o**
- **(g) Isang bata na tila may malubhang karamdaman, na maaaring kabilang ang pagkaantok, patuloy na pag-iyak, hirap sa paghinga, o malaking pagbabago sa ugali o antas ng aktibidad na nagpapahiwatig ng karamdaman.**

(6) Sa unang pagkakataon, ngunit hindi lalampas sa dalawampu't apat na oras mula sa pagkakaalam na ang isang naka-enroll na bata, miyembro ng kawani, boluntaryo, o miyembro ng sambahayan ay na-diagnose ng isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na may nakakahawang sakit alinsunod sa WAC 246-110-010(3), na ngayon at sa hinaharap ay naamyendahan, ang provider ng maagang pagkatuto ay kailangang magbigay ng nakasulat na paunawa sa kagawaran, sa lokal na hurisdiksyon sa kalusugan, at sa mga magulang o guardian ng mga naka-enroll na bata. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-110-010.

(7) Hindi dapat kumuha ng temperatura sa tainga o tumbong ang mga provider ng maagang pagkatuto upang malaman ang temperatura ng katawan ng bata.

- **(a) Dapat gumamit ang mga provider ng angkop sa pag-unlad na mga pamamaraan kapag kumukuha ng temperatura ng sanggol o batang paslit (halimbawa, mga digital thermometer na ginagamit sa noo o mga pamamaraan sa ilalim ng kili-kili);**
- **(b) Maaaring kunin ang temperatura ng bibig para sa mga bata mula preschool hanggang sa edad ng pag-aaral kung gagamit ng mga isahang gamit na cover upang maiwasan ang kontaminasyon; at**
- **(c) Hindi dapat gamitin ang mga glass thermometer na may mercury.**

(8) Maaaring tanggapin muli ng provider ng maagang pagkatuto ang bata, miyembro ng kawani, boluntaryo o miyembro ng sambahayan sa lugar ng programa ng maagang pagkatuto kung may nakasulat na pahintulot mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan o hurisdiksyon sa kalusugan na nagsasabing ligtas nang bumalik ang indibidwal matapos ma-diagnose na may nakakahawang sakit alinsunod sa WAC 246-110-010(3), na ngayon at sa hinaharap ay naamyendahan. Para sa karagdagang impormasyon online, pumunta sa https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-110-010.



Kasama sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang regular na pagmamasid sa kalusugan ng mga bata bilang paraan upang makatulong na mabawasan ang pagkalat ng sakit, pati na rin upang matiyak na nakakakuha ang mga bata ng kinakailangang interbensyon para mapanatili ang kanilang kalusugan. Dahil sa kanilang malapit na pakikipag-ugnayan sa mga bata, ang mga provider ng maagang pagkatuto ay angkop na mag-obserba para sa mga palatandaan ng sakit o mga hindi karaniwang pagbabago sa ugali. Tinatawag ng CFOC ang mga obserbasyong ito bilang pang-araw-araw na pagsusuri sa kalusugan.[136]

136 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 95.



Ginagamit ng mga bata ang kanilang mga pandama upang tuklasin ang kanilang kapaligiran. Hinahawakan nila ang mga laruan, kasangkapan, kanilang ilong, mga kapwa nila bata, at lahat ng bagay sa paligid nila. Dahil dito, hindi nakakagulat na mas mataas ang panganib ng mga bata at kawani sa mga programa ng maagang pagkatuto na malantad sa mga mikrobyo. Ayon sa Utah University, ang mga sanggol, batang paslit at nasa preschool ay nagkakaroon ng halos pito hanggang walong sipon kada taon, samantalang ang mga batang nasa edad ng pag-aaral ay may limang hanggang anim na sipon kada taon. Bukod sa sipon, ang mga bata ay nagkakaroon ng mga sakit na diarrhea, na may kasamang pagsusuka o wala, dalawang hanggang tatlong beses kada taon.[137]



Narito ang ilang mga estratehiya para magsagawa ng pagsusuri sa kalusugan:

1. Obserbahan ang bata para sa mga palatandaan ng sakit o pinsala. Maaaring kabilang dito ang paghahanap ng:
   - Mga pagbabago sa hitsura o pag-uugali ng bata, tulad ng tila sobrang pagod, malungkot o iritable kumpara sa nakaraang araw.
   - Anumang butlig-butlig sa balat, pigsa, naknak o makating balat o anit.
   - Mga palatandaan ng lagnat gaya ng pamumula ng mukha o panginginig (Pansinin: hindi kinakailangan ang pagsusuri ng temperatura, pero kung tila may lagnat ang bata, ang pagsukat ng temperatura ay angkop).
   - Pagreklamo ng pananakit o pakiramdam na may sakit.
   - Iba pang mga palatandaan ng sakit, gaya ng pagsusuka, diarrhea, pagtulo ng likido sa mata, sugat, hiwa, o pananakit.
2. Tanungin ang magulang o guardian sa oras ng pagdating kung kumusta ang pakiramdam ng bata. Halimbawa, maaari mong sabihin, “Kumusta ang tulog ni Lea kagabi?” o “Kumusta na si Ayaan mula noong huli namin siyang makita?” o “Kumusta ang pakiramdam ni Javaid ngayon?”
3. Kung angkop sa edad, tanungin ang bata kung kumusta ang pakiramdam niya. Dapat magtanong na masasagot sa iba't ibang paraan at hindi nakatuon sa isang sagot. Halimbawa, maaari mong sabihin, “Marco, may maitutulong ba ako sa iyo ngayon?” O “Marco, may bagay bang bumabagabag sa iyo ngayon?” — sa halip na sabihing “Marco, masakit ba ang mata mo?” O maaari mo lang tanungin, “Kumusta ang pakiramdam mo ngayong umaga?”

Kung mapansin ng provider ng maagang pagkatuto na may kakaibang sintomas o ugali ang bata, agad na tawagan ang magulang o guardian. Ang mga batang may malubhang sakit na nananatili sa pag-aalaga ay kailangang ihiwalay mula sa ibang mga bata hanggang sa makuha sila ng magulang o guardian. Halimbawa, maaaring gamitin ang isang banig sa isang tahimik na bahagi ng lugar ng maagang pagkatuto o opisina ng direktor. Siguraduhing nauunawaan ng bata, kung angkop sa edad, na wala siyang nagawang mali o walang masamang mangyayari sa kanya. Dapat may lubusang pagbabantay ang mga provider ng maagang pagkatuto sa bata habang nasa ganitong paghihiwalay. Kung hindi makontak ang magulang o guardian o hindi agad makakuha ang bata sa loob ng makatwirang haba ng panahon, dapat tawagan ang mga emergency contact ng bata.

137 University of Utah Health (Kalusugan ng Unibersidad ng Utah), “Should I Be Worried If My Child Gets Sick Too Often?” available sa **https://healthcare.utah.edu/the-scope/shows.php?shows=0_5nzgsffm, inilathala noong Mayo**17, 2018.

Dapat itala ang sakit sa file ng bata. Makakatulong ang dokumentasyong ito sa mga susunod na paggamot ng bata. Halimbawa, kung may kasaysayan ang bata ng madalas na pananakit ng ulo, maaaring gamitin ng magulang o guardian ang tala upang matukoy ang mga pattern o ibigay ito sa doktor ng bata bilang reperensya. Gayundin, sa pamamagitan ng pagtatala ng mga sakit ng bawat bata, ipinapakita nito ang mga hakbang na ginawa ng programa ng maagang pagkatuto para protektahan ang bata at iba pang mga nasa pag-aalaga.

Sa WAC 110-300-0465(5)(j), hinihilingan ang provider na panatilihin ang "mga tala ng insidente at sakit ng bata."

Bata man ito sa pag-aalaga o isang miyembro ng kawani sa programa ng maagang pagkatuto, may mga pagkakataon na kailangang alisin ang taong may sakit mula sa espasyo ng programa ng maagang pagkatuto. Ginagawa ang pag-aalis sa programa upang mabawasan ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit. Sa mas malawak na pananaw, kapag may sakit ang isang tao, limitado ang kanyang enerhiya. Kaya ang layunin ng pag-aalis ng tao ay hindi lamang para mabawasan ang pagkalat ng sakit kundi upang mabigyan siya ng oras, espasyo, at mga kinakailangang bagay upang bumuti ang kanyang kalusugan.

Sa pagtukoy kung dapat bang alisin ang isang provider ng maagang pagkatuto, dapat gamitin ang parehong mga panuntunan na naaangkop sa mga bata. Ang mga provider ng maagang pagkatuto na maysakit ay madaling makahawa ng mikrobyo sa mga bata kung pupunta sila sa trabaho habang maysakit. Siguraduhing may mga patakaran at pamamaraan na ipinatutupad para harapin ang mga pagliban ng kawani dahil sa mga sintomas o sakit na nangangailangan ng pag-aalis.

Hinihiling ng WAC 110-300-0500 sa isang programa ng maagang pagkatuto na ipaalam sa mga magulang o guardian ang mga patakaran tungkol sa pag-oobserba sa mga bata para sa mga palatandaan ng sakit at kung ano ang aasahan tungkol sa pag-aalis ng mga batang may sakit at mga kawani. Maaaring kabilang dito ang mga rekomendasyon sa magulang na magkaroon sila ng mga back-up na plano ng pag-aalaga sakaling hindi makapagbigay ng sapat na kawani ang provider ng maagang pagkatuto para sa kanilang programa.



Ang pag-aalis ng isang bata sa pangangalaga dahil sa sakit ay maaaring magdulot ng malaking epekto sa mga magulang o guardian na nagtatrabaho. Dahil dito, kailangang ipatupad ng mga programa ng maagang pagkatuto ang mga panuntunan sa pag-aalis nang may responsibilidad at walang pagbabago. Mayroong mga tiyak na panuntunan na kailangang sundin ng mga programa ng maagang pagkatuto kapag tinutukoy kung kailangang alisin ang bata o kawani mula sa pag-aalaga dahil sa sakit o mga sintomas ng sakit.

Sa pangkalahatan, kailangang manatili sa bahay o pauwiin ang mga bata o kawani kapag sila ay may malubhang sakit upang makilahok sa normal na mga gawain, may sakit o kondisyon na maaaring makahawa sa iba, o nangangailangan ng higit na pag-aalaga o atensyon kaysa sa makatwiran o ligtas na maibibigay.

Isang karaniwang sintomas ng sakit ay ang pagtaas ng temperatura ng katawan. May mga tiyak na panuntunan na kailangang sundin ng mga provider ng maagang pagkatuto kapag kumukuha ng temperatura ng bata. Tandaan, ang lagnat lamang, kung walang ibang sintomas, ay hindi dahilan para alisin ang bata o kawani mula sa programa. Gayunpaman, kung ang bata o kawani ay may lagnat, kailangang masusing bantayan ang indibidwal para sa iba pang mga sintomas.

Naglalaman ang talahanayan ng mga sintomas ng sakit na nangangailangan ng pag-aalis mula sa programa. Ang mga detalye sa kanang bahagi ng talahanayan ay makakatulong sa desisyon ng isang provider ng maagang pagkatuto kung kailangang pauwiin o paghiwalayin ang maysakit na bata, kawani, o ibang indibidwal mula sa ibang mga bata sa pag-aalaga.

WAC 110-200-0205 Panuntunan sa Pag-aalis	Mga Kapaki-pakinabang na Tip
Lagnat na 101°F (o 100.4°F para sa mga sanggol na mas bata sa 2 buwan) na may kasamang pagbabago sa ugali o iba pang sintomas ng sakit (tulad ng pananakit ng lalamunan, pananakit ng tainga, sakit ng ulo, rashes, pagsusuka, diarrhea).	Ang lagnat lamang na walang ibang sintomas ng sakit o pagbabago sa ugali ay hindi dahilan para alisin sa pag-aalaga.
Pagsusuka nang dalawang beses o higit pa sa nakaraang 24 na oras.	Kasama rito ang mga pagkakataon ng pagsusuka na nangyari sa bahay noong nakaraang gabi.
Diarrhea kung saan ang dami ng dumi ay lumalampas ng dalawang beses sa normal sa loob ng 24-oras para sa bata o kung ang dumi ay may kasamang dugo o mucus.	Ang duming hindi maaaring magkasya sa diaper ay dahilan para alisin sa pag-aalaga.
Pamamantal na hindi dulot ng init, pagpapalit ng diaper, o allergic reaction.	Ang bata o kawani na may pantal na may kasamang lagnat o pagbabago sa ugali ay dapat alisin sa pag-aalaga hanggang matukoy ng provider ng pangunahing pangangalagang pangkalusugan na ang sakit ay hindi nakakahawa.[138]
Mga bukas na sugat o pilat na naglalabas ng likido mula sa katawan na hindi sapat na natatakpan ng waterproof na benda, o mga sugat sa bibig na may labis na laway.	Ang mga sugat na may tumutulong likido ay dapat ganap na matakpan at may tape sa apat na gilid.
Kuto, buni o scabies – alisin mula sa pag-aalaga sa pagtatapos ng araw na ito ay natuklasan. Maaaring bumalik ang mga bata pagkatapos masimulan ang unang paggamot.	Maaaring magkaroon ang mga programa ng maagang pagkatuto ng mas mahigpit na patakaran para sa kuto, buni, at scabies, basta malinaw na nakasulat ang mga ito sa patakaran sa kalusugan ng programa.
Iba pang mga palatandaan ng sakit na maaaring kabilang ang pagkaantok, patuloy na pag-iyak, hirap sa paghinga o malaking pagbabago sa ugali o antas ng aktibidad.	Kung ang bata ay mukhang maysakit at hindi makasali sa mga gawain, dapat siyang pauwiin.

Makatutulong kung may espesipikong diagnosis mula sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga batang maysakit o mga kawani. Ang pagtukoy sa sakit ay makatutulong upang malaman kung kailangan bang pahintuin ang bata o kawani sa programa ng maagang pagkatuto at kung gaano katagal.

138 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak: Pambansang Pamantayan sa Pagganap para sa Kalusugan at Kaligtasan; Panuntunan para sa Mga Programa ng Maagang Pag-aalaga at Edukasyon, Ika-4 na edisyon.* (Itasca, IL: Amerikanong Akademya ng Pediatrics, 2019), 143.

Alinsunod sa DOH, hinihiling ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na i-report ng mga programa ng maagang pagkatuto ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit sa DCYF, lokal na kagawaran ng kalusugan, at mga magulang o guardian.[139] Ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit ay isang seryosong panganib sa mga bata at nasa hustong gulang, lalo na sa mga may mahinang immune system o mga hindi pa nababakunahan. Ang pag-uulat ng presensya ng mga nakakahawang sakit ay nagpapahintulot sa mga lokal na tanggapan ng kalusugan na magsagawa ng mga hakbang para sa buong komunidad, na maaaring makatulong upang mapigilan ang pagkalat ng mga posibleng outbreak. Nagbibigay-daan ang pag-uulat sa mga magulang o guardian para makagawa sila ng desisyon na pinakamabuti para sa kanilang anak at maiwasan ang pagkakaroon ng sakit.

Habang ang DOH WAC 246-110-010[140] ay naglalaman ng listahan ng mga partikular na sakit na kailangang iulat, mahalagang tandaan na sinasabi ng regulasyon na "Kabilang ang mga nakakahawang sakit, ngunit hindi limitado sa..." Ibig sabihin, kahit ang isang sakit ay wala sa listahan, maaari pa rin itong kailangang iulat.

Ipinaliwanag ng DOH na "Ang iba pang mga bihirang sakit na may kahalagahan sa pampublikong kalusugan" ay tumutukoy sa sakit o kondisyon, na may pangkalahatan o internasyonal na kahalagahan sa pampublikong kalusugan, na paminsan-minsan o hindi karaniwang nakikita sa estado ng Washington kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, spotted fever rickettsiosis, babesiosis, tick paralysis, anaplasmosis, at iba pang mga sakit na dala ng garapata. Kasama rin dito ang mga kaganapan sa pampublikong kalusugan na may internasyonal na kahalagahan at mga nakakahawang sakit na magiging pangkalahatang alalahanin ng publiko kapag natuklasan sa Washington."[141]

Isang halimbawa nito ay ang outbreak ng Novel Coronavirus (COVID-19) noong 2020. Kung ang isang kawani o bata ay na-diagnose na may sakit at may pag-aalinlangan kung ito ay kailangang iulat, dapat makipag-ugnayan ang provider ng maagang pagkatuto sa DOH para sa gabay.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home sa Snohomish County ang nagbabahagi:

"Isang bata sa aking pag-aalaga ang na-diagnose na may Campylobacteriosis, na kilala rin bilang "Campy." Ang sakit na ito ay hindi partikular na nakalista sa mga sakit na kailangang iulat ngunit kabilang sa kategorya ng mga sakit na sanhi ng diarrhea. Hindi ako sigurado kung kailangan itong iulat, pero nagpasya akong makipag-ugnayan sa aking kagawaran ng kalusugan ng county para sa gabay. Kinilala ng kagawaran ng kalusugan ang abiso, at dumalaw din sila sa programa upang magbigay ng teknikal na tulong, tiniyak na ang mga solution ng bleach para sa paglilinis at pagdi-disinfect ay tama ang paghahalo at paggamit, at tiniyak na malinis at na-disinfect ang pasilidad. Nagbigay din sila ng sumusuportang impormasyon na maibabahagi sa mga pamilya ng aking programa. Pinanatili ang bata sa bahay hanggang payagan siyang bumalik sa programa ng maagang pagkatuto ng kanyang doktor. Ang insidente ay isang nabubukod na pangyayari at walang ibang tao ang naapektuhan ng pagkakalantad. Patuloy akong nakikipag-ugnayan sa aking lokal na kagawaran ng kalusugan sa pamamagitan ng social media at pamamahagi ng email. Kapag hindi ako sigurado, nakikipag-ugnayan ako!"

139 Lehislatibo ng Estado ng Washington, "Kabanata 246-110 WAC," available sa **https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-110**, nakuha noong Hulyo 17, 2020.
140 Lehislatibo ng Estado ng Washington, "WAC 246-110-010," available sa **https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-110-010**, nakuha noong Hulyo 18, 2020.
141 Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington, "Notifiable Conditions Reporting: Health Care Providers," available sa **www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/5100/210-001-Poster-HCP.pdf**, nakuha noong Abril 9, 2020.



Para sa listahan ng mga kondisyon at mga nakakahawang sakit, bisitahin ang:

Mga Nakakahawahang Sakit: WAC 246-110-010:
https://apps.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=246-110-010

Mga Sakit na Kailangang Iulat: WAC 246-101:
https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-101

Para sa impormasyon kung ano ang kailangang i-report sa lokal na kagawaran ng kalusugan, bisitahin ang website ng Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington
www.doh.wa.gov/ForPublicHealthandHealthcareProviders/NotifiableConditions/ListofNotifiableConditions

Ang mga outbreak ng iba pang sakit ay kailangang i-report din sa lokal na kagawaran ng kalusugan, tulad ng norovirus, bulutong-tubig, o trangkaso. Kung maraming bata o mga kawani ang sabay-sabay na may parehong sintomas, i-report ito sa inyong lokal na kagawaran ng kalusugan at magbibigay ng gabay ang mga propesyunal sa kalusuganp sa programa ng maagang pagkatuto.

Kailangang ipaalam sa mga magulang o guardian nang nakasulat ang anumang sakit na maaaring makahawa mula sa isang tao papunta sa iba. Siguraduhing ang anumang impormasyong ibinabahagi tungkol sa mga sakit ay mula sa maaasahang pinagkukunan ng kalusugan, tulad ng CDC o DOH.

Ang mga bata o kawani na hindi pinapayagang pumasok sa programa ng maagang pagkatuto dahil sa sintomas ng sakit at walang partikular na diagnosis ng nakakahawang sakit ay maaaring bumalik kapag nawala na ang mga sintomas. Kailangang may nakasulat na pahintulot mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan o hurisdiksyon sa kalusugan ang provider ng maagang pagkatuto bago payagang bumalik sa programa ng maagang pagkatuto ang kawani o mga bata na naalis dahil sa nakakahawang sakit. Kapag naiulat sa DOH ang isang kondisyong dapat ipagbigay-alam, ipapaalam nila sa provider ng maagang pagkatuto ang mga kinakailangan bago makabalik ang indibidwal sa pag-aalaga. Sa ilang pagkakataon, kailangang huwag munang isama ang tao hanggang sa may nakasulat na pahintulot mula sa kanilang provider ng kalusugan o DOH (tulad ng kapag kailangan ang negatibong resulta ng pagsusuri). Sa ibang mga kaso, kailangang uminom ng gamot ang isang tao sa loob ng ilang araw bago siya payagang bumalik.

Pag-iwas at Kontrol sa Nakakahawang Sakit. Isang webpage ng Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County na may mga poster at sampol na liham para sa mga karaniwang sakit ng bata na maaaring ibahagi ng mga provider ng maagang pagkatuto sa mga pamilya.
www.kingcounty.gov/depts/health/child-teen-health/child-care-health/disease-prevention.aspx

Mga Sakit at Kondisyon. Isang webpage ng CDC na may mga link ng impormasyon tungkol sa iba't ibang sakit at kondisyon mula A hanggang Z.
www.cdc.gov/DiseasesConditions/

Paano Sukatin ang Temperatura ng Bata. Isang webpage ng healthychildren.org. Paglalarawan ng mga gamit para sukatin ang temperatura at pamamaraan. Hindi pinapayagan ang mga pamamaraan gamit ang tainga at tumbong sa lisensiyadong pag-aalaga sa bata.
www.healthychildren.org/English/health-issues/conditions/fever/Pages/Best-Ways-to-Take-a-Temperature.aspx

Mga Linya para sa Pag-uulat ng Nakakahawang Sakit ng Lokal na Hurisdiksyon sa Kalusugan. Isang tsart mula sa Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) na may mga numero ng telepono para sa pag-uulat ng nakakahawang sakit ng bawat lokal na hurisdiksyon sa kalusugan sa Estado ng Washington.
www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/1200/LHJCommunicableDiseaseReporting.pdf

Pamamahala sa Mga Nakakahawang Sakit sa Pag-aalaga ng Bata at Mga Paaralan, ika-5 Edisyon. Isang publikasyon noong 2019 mula sa Amerikanong Akademya ng Pediatrics na isinulat nina Susan S. Aronson, MD, FAAP, at Timothy R. Shope, MD, MPH, FAAP.
https://shop.aap.org/managing-infectious-diseases-in-child-care-and-schools-5th-ed-paperback/

Mga Lokal na Kagawaran at Distrito ng Kalusugan ng Estado ng Washington Isang webpage ng DOH na may contact information at mga link sa webpage ng lokal na kagawaran ng kalusugan para sa bawat county sa Estado ng Washington.
www.doh.wa.gov/AboutUs/PublicHealthSystem/LocalHealthJurisdictions



WAC 110-300-0210

Pagbabakuna at mga batang exempt

(1) Bago pumasok sa isang programa ng maagang pagkatuto, kailangang mabakunahan ang bata laban sa o maipakita ang patunay ng nakuha na imyunidad para sa sakit na kayang maiwasan sa pamamagitan ng bakuna, alinsunod sa kabanata 246-105 WAC. Maaaring tanggapin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang mga bata na walang patunay ng pagbabakuna o imyunidad gaya ng nakasaad sa seksyong ito. Para sa karagdagang impormasyon online, bisitahin ang https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-105.

(2) Ayon sa WAC 246-105-050 (https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-105-050), kailangang makatanggap ang provider ng maagang pagkatuto para sa bawat naka-enroll na bata ng:

- **(a) Isang kasalukuyan at kumpletong form ng sertipiko ng katayuan sa pagbabakuna (CIS) na aprubado ng department of health (kagawaran ng kalusugan);**
- **(b) Isang form ng sertipiko ng pagbubukod (COE) na aprubado ng kagawaran, kung naaangkop; o**
- **(c) Isang kasalukuyang rekord ng pagbabakuna mula sa sistema ng impormasyon sa pagbabakuna ng estado ng Washington (WA IIS).**

(3) Para tanggapin ang batang hindi updated ang pagbabakuna, kailangang magbigay ang provider ng maagang pagkatuto ng nakasulat na abiso sa magulang o guardian ng bata na maaaring tanggapin ang bata kung makukumpleto ang pagbabakuna alinsunod sa kabanata 246-105 WAC (https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-105) at:

- **(a) Bago ang enrollment, magbibigay ang magulang o guardian ng nakasulat na patunay na nakaiskedyul ang pagbabakuna ng bata; o**
- **(b) Magbibigay ang magulang o guardian ng isang pirmadong pahayag na may petsa na naglalahad kung kailan makukumpleto ang pagbabakuna ng bata.**

(4) Kailangang panatilihin at i-update ng provider ng maagang pagkatuto ang mga rekord ng bawat bata tungkol sa pagbabakuna o pagbubukod, o mga plano para mapanumbalik ang pagbabakuna. Dapat madali itong makita sa loob ng lisensyadong lugar o madaling ma-access para sa pagsusuri ng mga tagapaglisensya ng kagawaran, mga espesyalista sa kalusugan, at mga consultant sa kalusugan.

(5) Maaaring tanggapin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga walang tirahan o foster child nang walang mga rekord na nakalista sa seksyong ito kung magbibigay ang pamilya, caseworker, o provider ng pangangalagang pangkalusugan ng nakasulat na patunay na siya ay nasa proseso ng pagkuha ng rekord ng pagbabakuna ng bata.

(6) Kailangang alisin ng provider ng maagang pagkatuto ang bata mula sa pag-aalaga alinsunod sa mga pamantayang nakalista sa WAC 246-105-080. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-105-080.

(7) Kung magkaroon ng outbreak ng isang sakit na kayang maiwasan sa pamamagitan ng bakuna sa loob ng programa ng maagang pagkatuto, kailangang ipaalam ng provider ng maagang pagkatuto sa mga magulang o guardian ng mga batang ibinukod sa pagbabakuna para sa sakit na iyon at mga batang walang dokumento ng pagbabakuna. Maaaring alisin ng provider ang bata mula sa pasilidad ng pag-aalaga ng bata habang tumatagal ang outbreak ng sakit na kayang maiwasan sa pamamagitan ng bakuna.

(8) Maaaring magkaroon ang isang provider ng maagang pagkatuto ng nakasulat na patakaran na nagsasaad na ang mga batang ibinukod sa pagbabakuna ng kanilang magulang o guardian ay hindi tatanggapin maliban kung ang pagbubukod ay dahil sa sakit na protektado ng ADA o WLAD o mayroong kumpletong at pirmadong COE.



Ayon sa CDC, "ang mga bakuna ay isa sa mga pinakamalaking tagumpay sa pampublikong kalusugan. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga bakuna, naalis na natin ang smallpox at halos tuluyang mawala ang wild poliovirus. Ang bilang ng mga taong nakararanas ng malubhang epekto ng mga sakit na maaaring maiwasan tulad ng tigdas, diphtheria, at ubong may halak ay nasa pinakamababang antas."[142]

Gumagamit ang sistema ng imyunidad ng tao ng mga antibody upang labanan ang mga mikrobyo at iba pang mapanganib na bagay na pumapasok sa katawan. Ang bakuna ay nagpapakilala ng napakaliit na bahagi ng pinahina o patay na bersyon ng mapanganib na bagay sa katawan, na nagpapasimula ng paggawa ng mga antibody. Nanatili ang mga antibody sa katawan upang labanan ang impeksyon. Pinabababa ng mga bakuna ang panganib ng impeksyon sa bata sa pamamagitan ng pagtulong sa natural na depensa ng katawan upang ligtas na makabuo ng imyunidad laban sa sakit.[143]

Bilang mahalagang bahagi ng pagtataguyod at pagpapanatili ng kalusugan at kaligtasan ng mga bata, kailangang mabakunahan ang mga batang nag-eenroll sa programa ng maagang pagkatuto laban sa mga sakit na nakalista sa WAC 246-105-030 na available online sa **https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-105-030**. Ang mga batang nasa edad ng pag-aaral (mula kindergarten hanggang grade 12) ay kailangang sumunod sa mga kinakailangan sa pagbabakuna para sa kanilang antas sa paaralan. Sumusunod ang mga kinakailangang ito sa Iskedyul ng Pagbabakuna ng Komiteng Nagpapayo sa mga Kagawian sa Pagbabakuna (ACIP), ayon sa WAC 246-105-040 na available online sa **https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-105-040.**

Maaaring makipag-ugnayan ang mga programa ng maagang pagkatuto sa mga provider ng kalusugan, opisyal ng kalusugan, DOH, at mga lokal na hurisdiksyon ng kalusugan. Tumutukoy ang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa isang lisensyado, rehistrado, o sertipikadong indibidwal na nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan. Nakatalaga ang Lokal na Opisyal ng Kalusugan sa DOH. Tumutukoy ang hurisdiksyon ng kalusugan sa lokal na kagawaran ng kalusugan ng county.

Ang mga batang walang tirahan o nasa pangangalaga para sa pag-aaruga ay maaaring magkaroon ng kakaibang hamon para sa mga tagapag-alaga sa pagsubaybay at pagkuha ng mga rekord ng bata, kabilang ang pagbabakuna. Dahil dito, maaaring tanggapin ang batang nasa ganitong kalagayan sa pag-aalaga kapag ang pamilya, caseworker, o provider ng pangangalagang pangkalusugan ay nagbigay ng nakasulat na patunay na kasalukuyang kinukuha ang mga rekord.

Maaaring magbigay ng patunay ng pagbabakuna o nakuhang imyunidad sa ilang iba't ibang paraan. Maaaring piliin ng pamilya na punan ang form ng Sertipiko ng Katayuan sa Pagbabakuna (CIS) nang manu-mano at palagdaan sa provider ng pangangalagang pangkalusugan, o punan nang manu-mano ang form ng CIS at isama ang rekord ng bakuna mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan.[144] Sa kasong ito, kailangang may lagda o selyo ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ang rekord. Maaaring piliin ng pamilya na i-print ang form na may naka-fill in na rekord ng pagbabakuna mula sa WA Sistema ng Impormasyon sa Pagbabakuna ng Estado ng Washington (WA IIS) na available online sa **www.doh.wa.gov/ForPublicHealthandHealthcareProviders/HealthcareProfessionsandFacilities/DataReportingandRetrieval/ImmunizationInformationSystem**.

142 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Making the Vaccine Decision: Addressing Common Concerns," available sa **www.cdc.gov/vaccines/parents/why-vaccinate/vaccine-decision.html?CDC_AA_refVal=https%3A%2F%2Fwww.cdc.gov%2Ffeatures%2Freasonstovaccinate%2Findex.html**, huling na-update noong Agosto 5, 2019.

143 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Making the Vaccine Decision: Addressing Common Concerns," available sa **www.cdc.gov/vaccines/parents/why-vaccinate/vaccine-decision.html?CDC_AA_refVal=https%3A%2F%2Fwww.cdc.gov%2Ffeatures%2Freasonstovaccinate%2Findex.html**, huling na-update noong Agosto 5, 2019.

144 Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington, "Certificate of Immunization Status form," available sa **www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/Schools/Immunization** nakuha noong Hulyo 19, 2020.

Ang WA IIS ay isang registry ng Estado ng Washington na nagtatala ng mga rekord ng pagbabakuna ng mga tao sa lahat ng edad. Tinatanggap din ang IIS mula sa ibang estado. Maaaring i-print din ng mga magulang o guardian ang CIS na nagpapakita ng kumpletong pagbabakuna ng kanilang anak sa pamamagitan ng pag-sign up sa Sistema ng Impormasyon sa Pagbabakuna ng Estado ng Washington (MyIR) online sa **https://wa.myir.net/**. Kapag nagrehistro ang magulang o guardian sa MyIR, may access sila anumang oras sa mga rekord ng pagbabakuna ng kanilang anak.

Pinapayagan ng Batas ng Estado ng Washington ang mga magulang o guardian na ibukod ang kanilang anak sa mga kinakailangan sa pagbabakuna sa paaralan o programa ng maagang pagkatuto, para sa karamihan ng mga bakuna. Maaaring mag-claim ng pagbubukod para sa medikal, relihiyoso, personal o pilosopikal na dahilan. Para humiling ng pagbubukod sa programa ng maagang pagkatuto, kailangang magsumite ang magulang o guardian ng kumpletong form ng Sertipiko ng Pagbubukod (COE) sa programa ng maagang pagkatuto. Ang COE ay kailangang suriin at pirmado ng isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan maliban kung ang bata ay miyembro ng isang relihiyosong samahan na tumatanggi sa medikal na paggamot.

Ang bakuna laban sa Measles, Mumps, at Rubella (MMR) ay isa sa mga kinakailangang bakuna para sa lahat ng pampubliko at pribadong sentro at programa ng maagang pagkatuto sa family home. Para sa mga bata, hindi maaaring magkaroon ng eksepsyon sa MMR dahil sa personal o pilosopikal na dahilan. Ang mga dokumentong nagpapatunay na kumpleto sa bakuna ang bata, nagsimula na sa serye ng pagbabakuna, o may eksepsyon ay kailangang isumite bago o sa unang araw ng pagpasok ng bata (ayon sa RCW 28A.210-080). Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **https://app.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=28A.210.080**.

Maaaring tanggapin ang mga batang hindi sumusunod sa mga kinakailangan sa bakuna basta may dokumentadong komunikasyon sa magulang.Kailangang ipaalam ng provider ng maagang pagkatuto sa magulang nang nakasulat na maaaring tanggapin ang bata sa pag-aalaga kung makukumpleto ang pagbabakuna ayon sa kabanata 246-105 WAC, na available online sa **https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-105**, at kailangang makatanggap ang provider ng nakasulat na patunay o nilagdaang iskedyul ng pagkumpleto mula sa magulang o guardian. Tinitiyak nito na may parehong pagkaunawa ang provider ng maagang pagkatuto at ang magulang o guardian tungkol sa plano at iskedyul ng bata para makumpleto ang mga kinakailangan sa pagbabakuna.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0120 ang mga kinakailangan para sa pagbabakuna ng mga kawani.

Pakitandaan ang mga sumusunod na kinakailangan sa pagbabakuna:

- Ang mga batang walang tirahan ay dapat payagang mag-enroll, dumalo sa klase, at ganap na lumahok sa programa. Ayon sa McKinney-Vento Act (Batas McKinney-Vento), na available online sa **https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-105**, hindi sila maaaring alisin dahil sa hindi pagsunod sa mga kinakailangan sa pagbabakuna.
- Hindi maaaring may eksepsyon ang mga kawani at boluntaryo mula sa kinakailangan na magbigay ng dokumentasyon ng imyunidad para sa personal at relihiyosong dahilan. Ang tanging eksepsyon para sa kawani ay ang nakasulat na sertipikasyon na pirmado ng isang practitioner ng pangangalagang pangkalusugan na lisensyado sa Estado ng Washington, na ang MMR vaccine, sa paghuhusga ng practitioner, ay hindi angkop para sa indibidwal. Ang mga practitioner ng pangangalagang pangkalusugan na maaaring gumawa nito ay doktor ng medisina (MD), naturopathic doctor (ND), osteopathic doctor (DO), makabagong rehistradong nurse practitioner (ARNP), o katulong ng doktor (PA).
- Maaaring payagan ng programa ng maagang pagkatuto ang isang tao na magtrabaho o maging boluntaryo sa loob ng 30 araw sa kalendaryo kung pipirma ang indibidwal ng isang nakasulat na pahayag na siya ay tumanggap ng MMR vaccine o may imyunidad na sa tigdas, ngunit kailangan pa ng karagdagang panahon para makuha at maipasa ang mga rekord.

Para makontrol ang pagkalat ng sakit sa panahon ng outbreak, maaaring alisin ng lokal na opisyal ng kalusugan ang mga bata at kawani sa mga programa ng maagang pagkatuto base sa WAC 246-110-020 na available online sa **https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-110-020**. Kailangang panatilihin ng mga programa ng maagang pagkatuto at gawing madaling ma-access ang mga rekord ng pagbabakuna ng mga bata, kung sakaling kailanganin ito sa panahon ng outbreak. Para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro, kinakailangan na isama sa rekord ng kawani ang tala ng pagbabakuna o ng eksepsyon para rin sa layuning ito. Para matuto pa, nagbigay ang DOH ng hanay ng mga madalas itanong: **www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/Pubs/348-732-OutbreakFAQsSchoolChildCares.pdf**

Pagbabakuna sa Paaralan at Pag-aalaga ng Bata. Isang webpage ng DOH na may mga link sa maraming impormasyon, madalas itanong, at mga form. Nasa webpage na ito ang mga link para sa form ng Sertipiko ng Katayuan sa Pagbabakuna (CIS) at form ng COE sa 10 wika, pati na rin ang mga sampol na liham para ipaalam sa mga magulang o guardian ang tungkol sa pag-aalis mula sa pag-aalaga at kondisyonal na katayuan.
www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/Schools/Immunization

Mga pagbabakuna para sa mga bata mula kapanganakan hanggang 6 na taong gulang. Ang webpage ng DOH para sa mga pagbabakuna ng mga bata. Naglalaman ito ng mga link sa mga iskedyul, impormasyon, handouts, at iba pang mga mapagkukunan.
www.doh.wa.gov/YouandYourFamily/Immunization/Children

Pagbabago sa Batas Tungkol sa Eksepsyon sa Bakuna Laban sa MMR 2019. Isang webpage ng DOH na may impormasyon at mapagkukunan tungkol sa batas ng eksepsyon sa bakuna. Kasama sa webpage na ito ang mga link na may mga sampol ng liham na maaaring ibigay sa mga kawani ng pag-aalaga ng bata o sa mga magulang at guardian upang matulungan silang maunawaan ang batas.
www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/Schools/Immunization/ExemptionLawChange

Para sa mga pag-aalis at kondisyonal na liham sa iba't ibang wika, bisitahin ang partner website ng Pampublikong Kalusugan ng Seattle King County.
www.kingcounty.gov/depts/health/communicable-diseases/immunization/providers.aspx

Inaalis ng Panukalang Batas ng Kapulungan 1638 ang Eksepsyon sa Bakuna Laban sa MMR para sa mga Paaralan at Sentro ng Pag-aalaga ng Bata. Isang webpage ng DCYF na nagbibigay ng impormasyon at paglilinaw tungkol sa pagtanggal ng opsyon para sa personal o pilosopikal na eksepsyon sa mga kinakailangang bakuna para sa MMR para sa mga paaralan at mga sentro ng pag-aalaga ng bata.
https://dcyf.wa.gov/news/house-bill-1638-removes-mmr-vaccine-exemption-schools-child-care-centers

Mga Publikasyon tungkol sa Pagbabakuna. Ang webpage ng DOH na may lahat ng form, brochure, at iba pang publication na may kinalaman sa pagbabakuna. Ang form ng Sertipiko ng Katayuan sa Pagbabakuna ay available sa 10 wika.
www.doh.wa.gov/Publications/Immunizations

Manwal ng Pagbabakuna para sa Paaralan, Preschool, at Sentro ng Pag-aalaga ng Bata. Isang publikasyon ng DOH na may impormasyon at mapagkukunan para sagutin ang mga tanong tungkol sa mga kinakailangan sa pagbabakuna, proseso ng Sertipiko ng Katayuan sa Pagbabakuna, at mga ulat ng kumpletong katayuan.
www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/Pubs/348-124_ImmunizationSchoolManual.pdf

Kaligtasan ng Bakuna. Isang webpage ng CDC na nagbibigay impormasyon tungkol sa kasaysayan at proseso ng kaligtasan ng mga bakuna. **www.cdc.gov/vaccinesafety/ensuringsafety/history/index.html**

Mga Bakuna para sa Iyong Mga Anak. Isang webpage ng CDC na tumutugon sa mga karaniwang alalahanin tungkol sa paggawa ng desisyon para sa bakuna.
www.cdc.gov/vaccines/parents/why-vaccinate/vaccine-decision.html?CDC_AA_refVal=https%3A%2F%2Fwww.cdc.gov%2Ffeatures%2Freasonstovaccinate%2Findex.html

WAC 110-300-0215

Gamot

(1) Pamamahala sa gamot. Dapat may patakaran sa pamamahala ng gamot, na kabilang ngunit hindi limitado sa, ligtas na pagtatago ng gamot, makatwirang akomodasyon sa pagbibigay ng gamot, mandatoryong dokumentasyon ng gamot, at mga form ayon sa WAC 110-300-0500. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300-0500.

(2) Pagsasanay kaugnay ng gamot. Hindi dapat magbigay ng gamot ang provider ng maagang pagkatuto sa bata kung hindi pa niya natatapos ang:

(a) Orientation tungkol sa mga patakaran at proseso ng programa ng maagang pagkatuto sa gamot;

(b) Ang kursong iniayon sa pamantayan ng kagawaran sa pagbibigay ng gamot na may kasamang pagsusuri ng kakayahan alinsunod sa WAC 110-300-0106(10) (https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300-0106) o katumbas na pagsasanay; at

(c) Kung naaangkop, pagsasanay mula sa mga magulang o guardian ng bata (o hinirang na kinatawan) para sa espesyal na medikal na proseso na bahagi ng indibidwal na plano ng pag-aalaga ng bata. Dapat na maitala ang pagsasanay na ito at nilagdaan ng provider at ng magulang o guardian ng bata (o kinatawan).

(3) Pagbibigay ng gamot. Hindi dapat magbigay ng gamot ang provider ng maagang pagkatuto sa anumang bata nang walang nakasulat at pirmadong pahintulot mula sa magulang o guardian ng bata, dapat sundin ang mga tagubilin sa label ng gamot, at gumamit ng malinis at na-sanitize na mga kagamitan sa pagsukat ng gamot.

(a) Dapat sundin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga sumusunod sa pagbibigay ng gamot sa mga batang nasa pag-aalaga:

(i) Gamot na may reseta. Dapat na ang gamot na may reseta ay ibigay lamang sa batang nakapangalan sa reseta. Dapat na ang gamot na may reseta ay nireseta ng propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na may awtoridad magreseta para sa partikular na bata. Dapat may kalakip na form ng pahintulot sa gamot ang gamot na may reseta na naglalaman ng medikal na pangangailangan at posibleng mga side effect ng gamot. Dapat may label ang gamot na may reseta na may kasamang:

(A) Buong pangalan ng bata;

(B) Petsa kung kailan ito nireseta o pinunan;

(C) Pangalan at contact information ng nagreseta na propesyonal sa kalusugan;

(D) Petsa ng expiration, dami ng dosis, at haba ng panahon kung kailan ibibigay ang gamot; at

(E) Mga tagubilin para sa pagbibigay at pag-iimbak.

(ii) Gamot na walang reseta na iniinom. Ang walang resetang (over-the-counter) gamot na iniinom na dala ng magulang o guardian sa programa ng maagang pagkatuto ay dapat nasa orihinal na packaging.

(A) Ang walang resetang (over-the-counter) gamot ay kailangang may label na may unang pangalan at apelyido ng bata at kalakip ang form ng pahintulot sa gamot na naglalaman ng petsa ng expiration, medikal na pangangailangan, dami ng dosis, edad, at haba ng panahon kung kailan ibibigay ang gamot. Dapat sundin ng mga provider ang mga tagubilin sa label o magbigay ang magulang ng medikal na tala mula sa propesyonal; at

(B) Dapat na ang walang resetang gamot ay ibigay lamang sa batang nakapangalan sa label na ibinigay ng magulang o guardian.

(iii) Iba pang walang resetang gamot: Dapat makakuha ang provider ng nakasulat na pahintulot mula sa magulang o guardian at provider ng pangangalagang pangkalusugan na may awtoridad magreseta bago magbigay kung hindi kasama sa item ang edad, petsa ng expiration, dosis, at haba ng panahon ng pagbibigay ng gamot:

(A) Bitamina;

(B) Mga herbal supplement;

(C) Mga fluoride supplement;

(D) Homeopathic o natural na gamot; at

(E) Mga teething gel o tablet (ipinagbabawal ang kwintas na amber bead).

(iv) Di-medikal na mga bagay. Dapat taon-taong pahintulutan ng magulang o guardian ang provider ng maagang pagkatuto na magbigay ng mga sumusunod na di-medikal na bagay:

(A) Mga ointment para sa diaper (gamitin ayon sa pangangailangan at sundin ang tagubilin ng tagagawa);

(B) Sunscreen;

(C) Lip balm o lotion;

(D) Mga hand sanitizer o wipes na may alkohol, na maaaring gamitin lamang sa mga batang higit sa dalawang taong gulang; at

(E) Fluoride toothpaste para sa mga batang dalawang taong gulang pataas.

(v) Maaaring payagan ng provider ng maagang pagkatuto ang mga bata na inumin ang sarili nilang gamot basta may pahintulot mula sa magulang o guardian. Dapat obserbahan at idokumento ng kawani ng maagang pagkatuto na ininom ng bata ang gamot.

(vi) Hindi maaaring magbigay ang provider ng maagang pagkatuto o payagan ang iba na magbigay ng anumang gamot sa bata para lang siya'y patahanin maliban kung ito ay nireseta ng kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan para sa partikular na layuning iyon.

(b) Dokumentasyon ng gamot (hindi kabilang ang mga di-medikal na bagay). Dapat panatilihin ng provider ng maagang pagkatuto ang kasalukuyang nakasulat na talaan ng gamot na naglalaman ng:

(i) Buong pangalan ng bata;

(ii) Pangalan ng gamot na ibinigay sa bata;

(iii) Dami ng dosis na ibinigay sa bata;

(iv) Mga tala tungkol sa anumang side effect na nakita sa bata;

(v) Petsa at oras ng bawat pagbibigay ng gamot o dahilan kung bakit hindi ito naibigay; at

(vi) Pangalan at pirma ng taong nagbigay ng gamot.

(c) Dapat itago at panatilihin ang gamot ayon sa tagubilin sa packaging o label ng reseta, kabilang ang mga kinakailangang pag-refrigerate. Dapat sumunod ang provider ng maagang pagkatuto sa mga sumusunod na karagdagang pangangailangan sa pag-iimbak ng gamot:

(i) Hindi maaabot ng mga bata ang mga gamot;

(ii) Dapat naka-lock sa lalagyan o aparador ang mga kinokontrol na substansya na hindi naaabot ng mga bata;

(iii) Dapat ilayo ang mga gamot sa pagkain at itago sa hiwalay, at selyadong lalagyan; at

(iv) Dapat itago ang mga panlabas na gamot (para sa labas ng katawan) nang hiwalay mula sa mga panloob na gamot (dinisenyo para inumin o iturok) upang maiwasan ang kontaminasyon.

(d) Dapat isauli ng provider ng maagang pagkatuto ang mga hindi nagamit na gamot ng bata sa magulang o guardian nito. Kung hindi ito posible, dapat sundin ng provider ang rekomendasyon ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (FDA) sa pagtatapon ng gamot.

(e) Hindi maaaring tumanggap o magbigay ang provider ng maagang pagkatuto ng homemade na gamot gaya ng diaper cream o sunscreen.

Ang mga batang nasa programa ng maagang pagkatuto ay maaaring uminom ng gamot para sa iba't ibang dahilan. Maaaring kailanganin ang gamot upang mapanatili ang kalusugan ng bata dahil sa pangmatagalang diagnosis o bigyan lang ng pansamantalang gamot dahil sa pansamantalang sakit. Anuman ang dahilan, ang pamamahala ng gamot ay isang seryosong responsibilidad na ipinagkakatiwala ng mga pamilya sa mga provider ng maagang pagkatuto upang mapanatiling malusog ang mga bata.

Dinisenyo ang mga patakaran tungkol sa gamot na nakasaad sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad upang maiwasan ang hindi sinasadyang labis o kulang na dosis at ang posibleng masamang epekto nito sa kalusugan. Ayon sa Pambansang Konseho para sa Kaligtasan (NSC), isa sa bawat 150 na batang may edad na 2 taon ang napupunta sa emergency room dahil sa hindi sinasadyang pagkalason sa gamot, na ayon sa kanila ay nagmumula sa "pagkakamali sa pagbigay ng tamang dosis ng mga tagapag-alaga o kapag nakita at nakain ng mga bata ang gamot."[145] Ipinapakita ng datos na ito na ang mga aksyon ng mga propesyonal sa maagang pagkatuto ay maaaring makapagbigay ng proteksyon sa mga bata laban sa ganitong mga pangyayari. Dahil dito, bahagi ng regulasyon ang pagbuo ng komprehensibong patakaran sa pamamahala ng gamot ng mga programa ng maagang pagkatuto at ang tamang pagsasanay ng mga kawani sa pagbibigay, pag-iimbak, tamang dokumentasyon, at ligtas na paghawak ng gamot.

Sa pangkalahatan, ang pagsasanay ng empleyado ay mahalagang gawain para sa matagumpay na pagpapatakbo ng programa ng maagang pagkatuto. Napakahalaga ng pagsasanay sa gamot kaya sinabi ng CFOC, "ang ligtas na pagbibigay ng gamot sa child care ay napakahalaga at mahalaga ang pagsasanay ng mga tagapag-alaga o guro."[146]

145 Pambansang Konseho para sa Kaligtasan, *Ang Maling Paggamit at Pag-abuso sa mga Gamot ay Maaaring Magdulot ng Matinding Pinsala sa mga Bata.*, (n.d.), available sa **www.nsc.org/home-safety/safety-topics/child-safety/medicine**, nakuha noong Abril 27, 2020.

146 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 155.

Sinusuportahan din ang kahalagahan ng pagsasanay ng Pondo para sa Pagpapaunlad ng Pag-aalaga ng Bata (CCDF). Ang CCDF ang pangunahing pondo ng pederal para sa maagang pagkatuto at nangangailangan na makumpleto ng mga provider ang orientation at pagsasanay tungkol sa mga patakaran at pamamaraan sa gamot. Nangangailangan ang mga regulasyon ng CCDF na ang orientation at pagsasanay ay sumasaklaw sa pagbibigay ng gamot at pahintulot ng magulang. Ang pagsasanay na iniayon sa pamantayan ng kagawaran sa pamamahala at pagbibigay ng gamot ay makukuha online sa training portal ng DCYF sa **https://dcyftraining.com/**.


Hinihiling ng WAC 110-300-0300 ang isang indibidwal na plano ng pag-aalaga para sa batang may espesyal na pangangailangan.

Kung kabilang sa mga pangangailangan ng bata ang espesyal na mga medikal na pamamaraan, ang sinumang provider ng maagang pagkatuto na magiging responsable sa pagbibigay ng medikal na pamamaraan sa bata ay kailangang makatanggap ng pagsasanay mula sa magulang o guardian. Maaaring kabilang sa mga espesyal na medikal na pamamaraan ang pagbibigay ng EpiPen, nebulizer, iniksyon o inhaler sa bata, o pagsuri, paglilinis, at pagpapakain sa batang may feeding tube. Ang pagkakaroon ng magulang o guardian na magbibigay ng pagsasanay at impormasyon ay nakikilahok sa pag-aalaga ng kanilang anak habang nasa programa ng maagang pagkatuto, at tinitiyak na may benepisyo ang provider ng maagang pagkatuto mula sa kaalaman at karanasan ng magulang o guardian. Dapat ituring ang mga magulang at guardian bilang aktibong kasosyo ng programa ng maagang pagkatuto upang suportahan ang mga pangangailangan ng bata at pamilya.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa sentro sa King County ang nagbabahagi:

"Sa aming sentro, marami kaming batang naka-enroll na nangangailangan ng espesyal na mga medikal na plano tulad ng mga plano sa allergy, mga plano sa seizure, mga plano sa pagpapakain, o mga plano sa hika. Marami sa mga planong ito ang nangangailangan ng paggamit ng mga kagamitan tulad ng epi-pen, feeding tube, nebulizer, inhaler, rescue medication, mobility device, at hearing aid. Nalaman namin na ang pakikipagtulungan sa mga magulang sa proseso ng pagsasanay ay napakahalaga para sa tagumpay ng mga estudyanteng ito sa aming programa. Nagsasagawa kami ng mga pagpupulong kasama ang mga magulang upang sanayin kami kung paano gamitin at tamang ipatupad ang mga medikal na kagamitan at pamamaraan. Dinodokumento ang mga pagsasanay na ito at inuulit kapag may pagbabago sa tauhan o pagbabago sa pangangailangan ng bata. Bukod sa mga pagsasanay, kailangang madalas na makipag-ugnayan ang aming mga guro at kawani sa mga magulang upang matiyak na epektibo naming natutugunan ang lahat ng alalahanin sa kalusugan at pag-unlad. Maaaring nakakatakot ang mag-enroll ng batang may kapansanan o developmental delay sa inyong sentro, ngunit napag-alaman namin na ang epektibong pakikipagtulungan sa mga pamilya ay nagbibigay kapangyarihan sa lahat na magbigay ng mahusay na pag-aalaga para sa lahat ng bata. Kapag may mga guro na may tamang kagamitan para epektibong maalagaan ang lahat ng bata sa kanilang silid, tumataas ang kanilang kumpiyansa, na nagreresulta sa isang inklusibong silid-aralan kung saan lahat ng bata ay maaaring matuto at umunlad."

Limang Karapatan sa Paggamit ng Gamot



Upang maging epektibo ang mga gamot, dapat itong ibigay sa tamang tao, sa tamang oras, at sa tamang dosis. Hindi lang ito totoo para sa mga reseta kundi pati na rin sa mga gamot na walang reseta. Ang mga gamot na mabibili nang walang reseta ay hindi nangangahulugang mas ligtas o hindi mapanganib kaysa sa mga may reseta. Kung mabibigyan ang isang tao ng maling uri ng gamot, sa maling oras, o maling dosis, maaaring maging delikado o magdulot ng kamatayan ang kalalabasan.

Dahil dito, ang gamot ay dapat ibigay lamang kung may nakasulat na pahintulot mula sa magulang o guardian ng bata. Maaaring gumamit ang isang programa ng maagang pagkatuto ng sarili nitong form para sa dokumentasyon ng nakasulat na pahintulot o ang form na ibinigay ng DCYF.

Maraming bata ang umaasa sa mga resetang gamot upang mapanatili ang kanilang kalusugan. Mahalagang tandaan na ang mga gamot na ito ay inireseta ng isang propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan para sa isang partikular na bata. Isinasaalang-alang ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ang indibidwal na pangangailangan ng bata sa pagtukoy ng uri at dosis ng gamot. Ang pagbibigay ng gamot sa ibang bata ay maaaring magdulot ng pagkalason o iba pang masamang epekto.

Maaaring ibigay ng provider ng maagang pagkatuto ang mga resetang gamot sa bata kung natutugunan ang lahat ng kinakailangan. Ang mga reseta na nanggaling sa botika ay may nakalimbag na label na naglalaman ng pangalan ng bata, dosis, doktor na nagreseta, tagubilin sa paggamit, petsa, at iba pang impormasyon. Kapag tinitiyak ng mga provider na ang mga gamot ay nasa orihinal na lalagyan na may label ng reseta, makokontrol nila ang mga tagubilin sa pagbibigay at masisiguro na ligtas ang gamot para sa bata. Kung ang magulang ay magdadala ng gamot na wala sa orihinal na lalagyan na may label, hindi dapat tanggapin o ibigay ng provider ang gamot.

Sa isang sentro ng maagang pagkatuto, isang magulang ang naghatid ng batang preschool. Ibinigay ng magulang ang isang maliit na plastik na lalagyan na may takip sa provider kasama ang kumpletong form ng Pahintulot sa Gamot para sa Amoxicillin. Ipinaliwanag ng magulang na inireseta ang Amoxicillin sa batang preschool para sa impeksyon sa tainga, ngunit nadurog at nabubo ang laman ng bote nitong katapusan ng linggo. Ang nakatatandang kapatid ng bata ay umiinom din ng Amoxicillin para sa tonsillitis kaya ginagamit ng magulang ang parehong bote upang bigyan ang bawat bata ng kani-kanilang dosis hanggang mapalitan ang nabubong bote. Ipinaalam ng provider sa magulang na dahil wala sa orihinal na lalagyan na may label ang gamot, hindi nila masisiguro na ito ay para sa batang preschool o ang tamang dosis ang binibigay. Nagdesisyon ang magulang na sunduin ang bata bago ang oras ng dosis para magbigay ng gamot sa bahay.

Dapat din ang mga gamot na walang reseta ay nasa orihinal na lalagyan. Pinapayagan nito ang provider ng gamot na walang reseta na mapatunayan na ang mga tagubilin ng magulang o guardian sa anyo ng gamot ay naaayon sa mga tagubilin ng tagagawa. Maaaring ibigay ang gamot na walang reseta sa bata ayon sa mga tagubilin sa label kung ang gamot ay nasa orihinal nitong pakete na may label ng buong pangalan ng bata, at may kalakip na kumpletong form ng pahintulot sa pag-inom ng gamot na nilagdaan ng magulang o guardian.



May magulang na nagdala ng bote ng Tylenol para sa bata nila dahil tumutubo ang ngipin ng bata. Nagbigay din ang magulang ng kumpletong form ng Pahintulot sa Gamot ng DCYF. Tinitingnan ng provider ang edad at timbang ng bata at ikinukumpara ito sa mga tagubilin sa bote. Napansin ng provider na ang bote at mga tagubilin ay nagsasabing, "hindi para sa mga batang wala pang 2 taong gulang maliban kung itinagubilin ng doktor." Ang bata ay 11 buwang gulang. Walang tala ng tagubilin mula sa doktor. Nirepaso ng provider ang mga kinakailangan kasama ang mga magulang at ipinaliwanag na ang gamot ay hindi para sa mga batang wala pang 2 taong gulang. Ibinalik ng provider ang gamot sa magulang.

Maraming gamot na walang reseta ang walang tagubilin sa tamang dosis para sa mga batang wala pang tiyak na edad. Hindi dapat magbigay ang mga provider ng gamot sa bata kung walang tagubilin sa label para sa tamang dosis ayon sa edad, kahit pa hilingin ito ng magulang o guardian, maliban kung ang dosis ay isinulat para sa bata ng isang medikal na propesyonal, para sa partikular na gamot na walang reseta.



May magulang o guardian na nais na bigyan ng herbal supplement ang kanilang anak sa pamamagitan ng isang provider ng maagang pagkatuto. Walang tagubilin sa pakete tungkol sa tamang dosis para sa edad ng bata. Hindi tinatanggap ng provider ng maagang pagkatuto ang gamot at ipinaalam sa magulang o guardian na kailangan nila ng pahintulot mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan bago nila maibigay ang supplement sa bata.

Sinasabi ng NSC na mas mahina ang mga bata kumpara sa mga nasa hustong gulang sa epekto ng mga gamot dahil ang kanilang katawan at sistema ng nerbiyo ay patuloy pang nagde-develop. Binanggit nila na kahit na kaunti ang gamot na walang reseta, mahirap pa rin itong iproseso ng katawan ng bata.[147] Lalo pang mahirap dahil marami sa mga walang reserang gamot ang naglalaman ng kombinasyon ng mga sangkap. Dahil dito, mahalagang siguraduhin na hindi tumatanggap ang mga bata ng parehong gamot mula sa dalawang magkaibang produkto dahil maaaring magdulot ito ng labis na dosis.[148]

147 Pambansang Konseho para sa Kaligtasan, *Ang Maling Paggamit at Pag-abuso sa mga Gamot ay Maaaring Magdulot ng Matinding Pinsala sa mga Bata.*, (n.d.), available sa **www.nsc.org/home-safety/safety-topics/child-safety/medicine,** nakuha noong Abril 27, 2020.

148 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 153.

Ang mga di-medikal na produktong ipinapahid, tulad ng mga diaper ointment, sunscreen, lip balm, at toothpaste, ay maaaring mukhang ligtas ngunit maaari ring makasama sa maliliit na bata. Madaling kapitan ng iritasyon mula sa kemikal at mga impeksyon ang balat ng maliliit na bata dahil patuloy pa itong nade-develop.[149] Dagdag pa, ayon sa CDC, mas madalas magkaroon ng skin allergy ang mga batang may edad 0–4 na taon.[150] Dahil dito, kailangan ng nakasulat na taunang pahintulot mula sa magulang o guardian para maibigay ang mga di-medikal na produktong ipinapahid sa bata.

Hindi maaaring tanggapin o ibigay ng provider ng maagang pagkatuto ang mga homemade na gamot tulad ng diaper cream o sunscreen sa bata. Walang kasiguraduhan ang provider ng maagang pagkatuto sa homemade solution kumpara sa mga gamot na may reseta at walang reseta. Ang mga gamot na may reseta at walang reseta ay pinag-aralan, sinuri, at inaprubahan ng mga regulatory agency upang matiyak na ligtas ang mga sangkap para sa tamang gamit nito.

Noong 2018, nagbabala ang FDA sa mga magulang, guardian, tagapag-alaga, at mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na hindi dapat gamitin ang alahas upang maibsan ang pananakit na dulot ng pagtubo ng ngipin ng mga bata. Maraming ulat ng pagkamatay at malubhang pinsala ng mga sanggol at bata kabilang ang pagkasakal at pagkabulon na dulot ng alahas para sa pananakit na dulot ng pagtubo ng ngipin kabilang ang mga kwintas na gawa sa amber.[151] Kaya naman, ipinagbabawal ang paggamit ng ga kwintas na amber bead sa mga programa ng maagang pagkatuto.



Para sa maraming bata, ang paggamit ng gamot ay bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay. Lalo na kung ang gamot ay ginagamit para gamutin ang malalang sakit o panatilihin ang kalusugan, tulad ng kaso ng batang may diabetes o hika. Para sa mga batang ito, maaaring natutunan na nilang magbigay ng gamot sa sarili mula sa murang edad. Ang pag-inom ng gamot nang mag-isa ay maaaring maging mahalagang bahagi ng paglinang ng sariling kakayahan at pangangalaga sa sarili. Maaaring payagan ng provider ng maagang pagkatuto ang mga bata na inumin ang kanilang gamot basta may pahintulot mula sa magulang o guardian. Dapat obserbahan at idokumento ng provider ng maagang pagkatuto na ininom ng bata ang gamot sa bawat pagkakataon.

Kahit kaya ng bata na inumin ang gamot nang mag-isa, dapat pa ring itago ang gamot sa lugar na hindi maaabot ng mga bata. Likas na mausisa ang mga bata at ginagamit nila ang kanilang mga pandama upang tuklasin ang kapaligiran. Kaya, kailangang gumawa ng mga hakbang ang provider ng maagang pagkatuto upang matiyak na walang batang makakahawak nang hindi sinasadya sa gamot.

Ayon sa Ligtas na Mga Bata sa Buong Mundo, bawat 10 minuto, isang batang wala pang 6 na taong gulang ang dinadala sa emergency room dahil sa di-sinasadyang pagkalason sa gamot.[152]

149 Theresa Oranges, Valentina Dini at Marco Romanelli, "Skin Physiology of the Neonate and Infant: Clinical Implications," *Mga Makabagong Paraan sa Pag-aalaga ng Sugat*, 4 (10) (2015): 587–595, available sa **www.liebertpub.com/doi/abs/10.1089/wound.2015.0642**

150 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Allergies and Hay Fever," available sa **www.cdc.gov/nchs/fastats/allergies.htm**, huling na-update noong Pebrero 21, 2020.

151 Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng U.S., "FDA warns about safety risks of teething necklaces, bracelets to relieve teething pain or to provide sensory stimulation," available sa **www.fda.gov/news-events/press-announcements/fda-warns-about-safety-risks-teething-necklaces-bracelets-relieve-teething-pain-or-provide-sensory**, inilathala noong Disyembre 20, 2018.

152 Mga Ligtas na Bata sa Buong Mundo, "Medication Safety," available sa **www.safekids.org/medicinesafety**, nakuha noong Mayo 2020.

May mga gamot na maaaring magmukhang pagkain o candy sa mata ng bata. Ang paghihiwalay ng gamot sa pagkain ay makakatulong upang maiwasan ang maling pagkakakilanlan at kontaminasyon ng pagkain. Maaaring magkaroon ng paglipat ng mikrobyo kung ang mga lalagyan ng gamot na panlabas at panloob ay pinagsama, o may natitirang gamot na nailipat sa ibang ibabaw.

Partikular na delikado ang mga kinokontrol na mga sangkap kung mali ang paggamit. Ang mga kinokontrol na substansya ay mga gamot na kinokontrol ng pederal na gobyerno dahil maaari itong maabuso o magdulot ng adiksyon.[153] Mga halimbawa ng kinokontrol na substansya ay gamot sa ADHD, gamot sa anxiety, hydrocodone, codeine, at marijuana. Dahil sa mataas na panganib, kailangang itago ang mga kinokontrol na substansya sa isang naka-lock na lalagyan o aparador na hindi maaabot ng mga bata.

Kapag hindi na ginagamit ang gamot, dapat agad itong isauli sa mga magulang o guardian, o itapon ayon sa rekomendasyon ng FDA para sa wastong pagtatapon ng gamot. Kapag may mga hindi kinakailangang gamot sa lugar, tumataas ang posibilidad ng maling paggamit o aksidente. Bawasan ang posibilidad ng aksidente sa pamamagitan ng maayos na pagtatapon ng sobra o expired na gamot. Huwag itapon ang gamot sa pamamagitan ng pag-flush sa toilet, pagbuhos sa lababo, o pagtatapon sa basurahan. Ang wastong pagtatapon ng gamot ayon sa patnubay ng FDA ay nakakatulong upang maiwasan ang maling paggamit at kontaminasyon ng kapaligiran.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0470 ang mga kinakailangan para sa gamot sa Plano sa Paghahanda sa Emergency ng programa ng maagang pagkatuto. Dapat may nakahandang tatlong araw na suplay ng gamot na mahalaga sa buhay ng bata sa loob ng pasilidad, kasama ang mga rekord ng gamot, para sa oras ng emergency. Gagamitin lamang ang mga gamot na ito sa panahon ng emergency kapag hindi pa nakukuha ng magulang, guardian, o emergency contact ang bata.

Mahalaga ang pagpapanatili ng pare-pareho at tumpak na dokumentasyon ng pagbibigay ng gamot bilang tala ng mga ginawa ng provider ng maagang pagkatuto. Ang talaang ito ay maaaring makatulong sa ibang propesyonal ng maagang pagkatuto, magulang, guardian, o emergency medical services (pang-emergency na serbisyong medikal) sa pag-unawa sa kasaysayan ng kalusugan ng mga batang inaalagaan.



Karaniwang tumatanggap ng gamot ang bata tuwing tatlong oras habang nasa maagang pagkatuto. Dahil sa pangangailangan sa kawani, isang pangunahing guro ang biglaang inilipat sa isang silid-aralan ng sanggol. Nakatrabaho na ng guro ang grupong ito ng mga bata ngunit hindi siya palaging naka-assign dito. Alam ng guro na may batang nangangailangan ng gamot na kailangang ibigay tuwing tatlong oras, ngunit dahil hindi siya madalas sa silid-aralan, hindi siya sigurado kung kailan ang susunod na dosis. Tiningnan ng pangunahing guro ang talaan ng gamot para makita ang eksaktong oras ng huling dosis ng bata. Ngayon ay maayos na mapaplano ng pangunahing guro kung kailan bibigyan ang bata ng susunod na dosis sa tamang pagitan ng oras. Kung walang talaan ng gamot, maaaring nanganganib ang bata na mabigyan ng dosis nang masyadong maaga na maaaring magdulot ng di-sinasadyang overdose, o kaya naman ay mapalampas ang isang dosis na maaaring makapinsala sa kanyang kalusugan.

153 Pambansang Institusyon para sa Kanser, "controlled substance," available sa **www.cancer.gov/publications/dictionaries/cancer-terms/def/controlled-substance**, nakuha noong Hulyo 20, 2020.

Ang karagdagang mga regulasyon na may kaugnayan sa mga gamot ay nakasaad sa Mga Talaan ng Bata ng WAC 110-300-0460 at Patakaran sa Kalusugan ng WAC 110-300-0500.

Maghanap ng Lugar na Tumatanggap ng Pagsasauli ng Gamot. Ang website ng Isauli ang Iyong Gamot, na nakatuon sa pagtulong sa mga tao na maayos na maitapon ang kanilang mga hindi na kailangan na gamot, at upang mabawasan ang bilang ng mga aksidenteng pagkalason na nangyayari dahil sa mga gamot na hindi na ginagamit.
www.takebackyourmeds.org/

Mga Form at Dokumento ng DCYF. Isang pahina sa website ng DCYF na naglalaman ng mga link sa mga kapaki-pakinabang na form tulad ng Medication Authorization, Medication Log, Individual Care Plan, at iba pa.
https://dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider/forms-documents

Pag-aaruga sa Ating mga Anak: Mga Panuntunan sa Pambansang Kalusugan at Kaligtasan para sa Mga Programa ng Maagang Pag-aalaga at Edukasyon. Mga pambansang pamantayan na kumakatawan sa pinakamahusay na ebidensya, kaalaman, at karanasan sa bansa tungkol sa kalidad ng mga gawi at patakaran sa kalusugan at kaligtasan sa mga lugar ng maagang pag-aalaga at edukasyon.
https://nrckids.org/CFOC

Kalusugan at Sakit. Isang webpage ng Snohomish Health District na nakatuon sa kalusugan sa negosyo ng pag-aalaga ng bata.
www.snohd.org/245/Health-Illness

Ligtas na Pagtatapon ng mga Gamot. Website ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng Estados Unidos tungkol sa ligtas na pagtatapon ng gamot.
www.fda.gov/drugs/ensuring-safe-use-medicine/safe-disposal-medicines

Kalusugan sa Pag-aalaga ng Bata. Isang website ng Seattle at King County na nagpo-promote ng kalusugan at pag-iwas sa sakit para sa mga pasilidad ng pag-aalaga ng bata.
www.kingcounty.gov/depts/health/child-teen-health/child-care-health.aspx

Sentro para sa Pagkontrol ng Lason ng Estado ng Washington. Libre at kumpidensyal ang mga tawag sa Sentro para sa Pagkontrol ng Lason. Ang lahat ng katanungan ay sinasagot ng mga eksperto na available 24 oras sa isang araw, sa bawat araw ng taon. Ang libreng tawag na helpline ay 1-800-222-1222
www.wapc.org/

WAC 110-300-0220

Espasyo sa banyo at toilet training (pagsasanay sa paggamit ng palikuran).

(1) Dapat magbigay ang provider ng maagang pagkatuto ng hindi bababa sa isang banyo sa loob ng lisensyadong lugar na may mga sumusunod:

(a) Isang gumaganang flush toilet.

(i) Ang mga toilet ay dapat naaangkop ang taas at laki para sa mga naka-enroll na bata. Maaaring gumamit ng tuntungan para umayon sa taas at laki ng mga bata. Dapat madaling linisin ang mga tuntungan at may panlaban sa halumigmig o pagkadulas.

(ii) Ang mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro na nabigyan ng lisensya matapos magkabisa ang kabanatang ito ay dapat may isang gumaganang flush toilet para sa bawat labinlimang bata at kawani. Ang batang gumagamit pa ng diaper ay hindi isinasama sa bilang para sa kalkulasyon ng inidoro hangga't hindi pa siya nagsisimula sa toilet training.

(iii) Ang mga palikuran para sa kawani ay maaaring ilagay sa labas ng lisensyadong espasyo ngunit nasa loob pa rin ng pasilidad.

(b) Isang gumaganang lababo at gripo.

(i) Dapat naaangkop ang taas at laki ng mga lababo at gripo para sa mga bata. Maaaring gumamit ng tuntungan para umayon sa taas at laki ng mga bata. Dapat madaling linisin ang mga tuntungan at may panlaban sa halumigmig o pagkadulas.

(ii) Dapat maglabas ng maligamgam na dumadaloy na tubig ang gripo na ginagamit para sa paghuhugas ng kamay.

(iii) Dapat nasa loob ng banyo o kaagad sa labas ng banyo ang mga lababo at gripo.

(iv) Ang mga lababo at gripo para sa kawani ay maaaring ilagay sa labas ng lisensyadong espasyo ngunit nasa loob pa rin ng pasilidad ng maagang pagkatuto.

(v) Dapat madaling maabot ng gagamit ang mga pihitan ng tubig sa mga lababo sa banyo.

(vi) Hindi dapat gamitin ang mga lababo sa banyo bilang pinagkukunan ng inuming tubig o para sa paghahanda ng pagkain.

(vii) Ang mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro ay dapat may isang gumaganang lababo at gripo para sa bawat labinlimang bata at kawani.

(c) Dapat may paraan upang magbigay ng privacy para sa mga batang nangangailangan nito habang gumagamit ng palikuran;

(d) Dapat may dispenser ng toilet paper sa bawat toilet na naaangkop ang taas at laki para sa mga bata;

(e) Dapat may bukas na bintana o exhaust fan na gumagana; at

(f) Dapat madaling linisin ang sahig.

(i) Dapat ang sahig ay may madaling linisin na ibabaw;

(ii) Dapat may panlaban sa halumigmig; at

(iii) Nililinis at dini-disinfect araw-araw, o mas madalas kung kinakailangan.

(2) Kung ang espasyo ng programa ng maagang pagkatuto ay may bathtub o shower, ang provider ay dapat:

(a) Magpaligo lamang sa bata kung may pahintulot mula sa magulang o guardian ng bata;

(b) Bathtub at shower lamang ang dapat gamitin:

(i) Para linisin ang bata pagkatapos ng biglaang diarrhea o pagsusuka; o

(ii) Sa oras ng magdamag na pag-aalaga.

(c) Tiyakin na ang paligid ng bathtub o shower ay hindi madulas o mayroong grab bar na madaling maabot; at

(d) Panatilihing hindi mapupuntahan ng mga bata ang bathtub o shower kapag hindi ginagamit (para lamang sa programa ng maagang pagkatuto sa sentro).

(3) Dapat talakayin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga pamamaraan ng toilet training sa magulang o guardian kapag handa na ang bata para sa pagsasanay. Dapat padaliin ng provider ang proseso ng pagsasanay sa banyo sa pamamagitan ng paghikayat sa bata gamit ang:

(a) Positibong pampalakas (na maaaring hindi kasama ang pagkain);

(b) Pamamaraang sensitibo sa kultura;

(c) Mga pamamaraan na angkop sa yugto ng pag-unlad; at

(d) Isang rutina ng toilet training na ginawa nang may kasunduan sa magulang o guardian.

(4) Maaaring gumamit ang provider ng maagang pagkatuto ng iniangkop na toilet seat kung ito ay nililinis at dini-disinfect gamit ang ligtas na disinfectant araw-araw o mas madalas kung marumi.

(5) Dapat linisin ang mga kagamitan sa toilet training sa lababo na hindi ginagamit para sa paghahanda ng pagkain, paghuhugas ng kamay, o paglilinis.

(a) Maaaring gumamit ang programa ng maagang pagkatuto sa family home ng bathtub o multipurpose sink para linisin ang mga kagamitan sa toilet training maliban kung ginagamit ito para sa paghahanda ng pagkain.

(b) Ang lababo, palanggana, o bathtub sa programa ng maagang pagkatuto sa family home na ginagamit para linisin ang mga kagamitan sa toilet training ay dapat linisin at i-disinfect pagkatapos ng bawat paggamit gamit ang ligtas na disinfectant.

(6) Kung handa na ang bata ayon sa kaniyang antas ng pag-unlad, at gumagamit ang provider ng maagang pagkatuto ng pamamaraang stand-up diapering (pagpapalit ng diaper nang nakatayo), dapat itong gawin sa banyo o sa lugar ng pagpapalit ng diaper.

Ang mga banyo, na may malilinis at gumaganang inidoro at lababo, ay nagbibigay ng espasyo para sa kawani at mga bata upang maalagaan ang kanilang personal na pangangailangan, at nakakatulong upang mabawasan ang pagkalat ng sakit. Para sa kadahilanang ito, ang lahat ng mga programa ng maagang pagkatuto ay kailangang magbigay ng hindi bababa sa isang gumaganang palikuran sa loob ng gusali, at ang mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro ay kailangang magkaroon ng isang gumaganang palikuran para sa bawat 15 batang gumagamit ng palikuran at mga kawani. Hindi kasama sa bilang ng kinakailangang gumaganang palikuran ang mga batang nagsusuot ng diaper hangga't hindi pa sila nagsisimulang mag-toilet training.

Ang isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ay nagseserbisyo sa 30 batang kaya nang gumamit o natututo pang gumamit ng palikuran. Bukod dito, maaaring may hanggang anim na nasa hustong gulang na kawani sa lugar habang nagpapatakbo ang programa ng maagang pagkatuto. Kung iisa lamang ang palikuran para sa lahat ng 36 na tao, maaaring mas madalas o mas mahaba ang paghihintay kapag kailangang gamitin ng isang bata ang banyo.

Patuloy pa ring pinag-aaralan ng mga bata ang kontrol sa pagdumi at pag-ihi. Kaya, dahil limitado ang palikuran, malamang na hindi makagamit nang maayos ang mga bata ng palikuran. Sinusuportahan ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang pag-unlad ng bata sa pamamagitan ng paghiling na ang programa ng maagang pagkatuto sa sentro sa halimbawang ito ay magkaroon ng hindi bababa sa tatlong gumaganang flush toilet para sa 36 na taong naroroon sa programa. Sa ganitong ratio ng mga tao sa bawat palikuran, mas madaling ma-access ang mga pasilidad ng banyo.

Ang gumaganang banyo ay kailangang may kasamang gumaganang lababo at gripo na may maligamgam na tubig, kung saan maaaring maghugas ng kamay. Kapag ang mga lababo ay naaabot ng mga bata, parehong sa laki at lokasyon, mas madali para sa mga bata na mapanatili ang tamang gawain sa paghuhugas ng kamay. Ang lokasyon ng mga lababo sa loob o kaagad sa labas ng banyo ay inilaan upang maiwasan ang pagkalat ng sakit at mga kontaminante. Halimbawa, kung ang lababo ay nasa malayong lugar mula sa banyo, tataas ang pagkakataon na mahawakan ng batang may maruming kamay ang mga ibabaw tulad ng mga hawakan ng pinto, pader, o ibang tao. Kung kailangang maglakad lamang ng ilang talampakan papunta sa lababo para maghugas ng kamay, bababa ang posibilidad na makontamina ang maraming ibabaw.

Sa proseso ng paghuhugas ng kamay, maaaring mahawakan ng maruming kamay ang mga pihitan ng tubig o gripo. Pagkatapos maghugas ng kamay, ang mga mikrobyo at natitirang sabon ay nahuhugasan sa lababo. Bagaman maaaring hindi halatang marumi ang isang lababo, maaaring manatili ang mga mikrobyo tulad ng norovirus, E. coli, o iba pang fungi sa ibabaw nito. Dahil dito, ang mga lababo sa banyo ay hindi dapat gamitin para sa pag-inom ng tubig o paghahanda ng pagkain.

Ang kalusugan at kaligtasan ng mga bata ay higit pang sinusuportahan sa pamamagitan ng paghiling na malinis at ligtas sa mikrobyo ang lugar ng banyo. Kung may tuntungan o hagdan na ginagamit para sa pagtulong sa paghuhugas ng kamay o paggamit ng palikuran, ito ay dapat madaling linisin, may panlaban sa halumigmig, at hindi nakakadulas ang ibabaw. Ang sahig sa banyo ay malamang na matalsikan ng tubig, matuluan, at magkaroon ng kontaminante. Kaya, ang sahig ay dapat may ibabaw na may panlaban sa halumigmig, na nililinis at sina-sanitize nang kahit man lang araw-araw. Mahalaga rin ang tamang bentilasyon. Ang gumaganang bintana o exhaust vent ay lumilikha ng paraan ng bentilasyon upang kontrolin ang mga singaw habang nililinis at dine-disinfect ang lugar, o amoy na may kaugnayan sa paggamit ng banyo.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0240 at WAC 110-300-0241 ang mga pamantayan sa paglilinis at sanitasyon.

Para matiyak ang malusog at ligtas na paggamit ng banyo para sa maliliit na bata, kinakailangan ang tulong. Ang maliliit na bata ay nagde-develop pa ng kontrol sa sarili at pagpapasya na kailangan para makagawa ng ligtas at mababuting desisyon, at para maiwasan ang mga aksidente. Habang lumalaki ang mga bata, ang kanilang kakayahan o kagustuhang gumamit ng banyo nang mag-isa ay dapat suportahan ng mga programa ng maagang pagkatuto. Ayon sa CFOC, "dapat bigyan ng pagkakataon ang mga bata na magsanay ng kahinhinan kapag ang independiyenteng paggamit ng palikuran ay maayos nang naitatag."[154]

Bukod sa mahahalagang konsiderasyon sa kalusugan tungkol sa mga pasilidad ng banyo, ang mga palikurang pambata at mga tuntungan na nagbibigay-daan sa paggamit ng mga palikuran at lababo na may karaniwang laki ay nagpapahintulot sa mga bata na ligtas na mapalakas at masanay ang kanilang kasanayan sa independiyenteng paggamit ng palikuran. Ito ay lalong totoo sa mga kagamitan na ginagamit para sa toilet training. Ang mga kagamitan sa toilet training ay dapat sumuporta sa tagumpay ng bata at makatulong sa proseso ng pagkatuto ng paggamit ng palikuran. Maaaring gumamit ang mga provider ng maagang pagkatuto ng iniangkop na toilet seat kung ito ay maaaring linisin at disinfect araw-araw o mas madalas kung kinakailangan.

Mas epektibo para sa kalinisan ang paggamit ng flushable na pamabatang inidoro o paggamit ng step stool papunta sa inidoro na may binagong upuan kaysa sa standalone na potty chair. Nakakatipid din ito ng oras at nagreresulta sa mas maraming espasyo sa banyo. Ang mga provider ng maagang pagkatuto na pipiliing gumamit ng standalone na potty chair ay dapat kayang alisan ng laman at disinfect ang upuan pagkatapos ng bawat paggamit.

Ang toilet training ay isang malaking hakbang sa pag-unlad at isang mahalagang karanasan sa pagkatuto para sa mga bata. Bagaman maaaring magsimula ang mga bata sa prosesong ito mula 18 buwan hanggang 3 taong gulang, binibigyang-diin ng journal Pediatrics ng AAP na ang pagsisimula ng toilet training ay "dapat laging nakabatay sa antas ng pag-unlad ng bata kaysa sa edad ng bata."[155]

Mahalagang papel ang ginagampanan ng provider ng maagang pagkatuto sa pagsuporta sa progreso ng bata sa toilet training. Upang mapalaganap ang pare-pareho at positibong karanasan para sa bata, kailangang magtulungan ang mga provider ng maagang pagkatuto at mga pamilya para sa kapakinabangan ng bata. Dapat makipagtulungan ang provider ng maagang pagkatuto sa pamilya at isaalang-alang ang kultura ng pamilya upang makalikha ng proseso ng toilet training para sa bata na maaaring suportahan sa loob ng programa ng maagang pagkatuto. Maaaring isama ang mga insentibo tulad ng oras ng kuwento, tsart ng mga sticker, o papuri sa berbal sa proseso ng potty training sa bahay at sa programa ng maagang pagkatuto.

154 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 261.

155 Bernard Guyer, "Toilet Training Guidelines: Day Care Providers – The Role of the Day Care Provider in Toilet Training," *Opisyal na Journal ng Amerikanong Akademya ng Pediatrics* 103 (3) (1999): 1367-1368, available sa **https://pediatrics.aappublications.org/content/103/Supplement_3/1367**

May isang provider ng maagang pagkatuto sa sentro sa King County ang nagbabahagi:

"Naniniwala kami na nagsisimula ang paghahanda sa mga bata para sa matagumpay na pagkatuto sa paggamit ng palikuran sa edad ng sanggol, kung saan tinuturo namin ang pagkakaiba ng "basa" at "tuyo," pati na rin ang tungkol sa pagdumi ng bata, at ipinapakita namin na ang mga pangyayari sa katawan nila ay natural lamang. Hinahanap namin ang mga maagang palatandaan ng kahandaan sa paggamit ng palikuran, kabilang ang paghipo ng bata sa kanyang diaper bilang senyales na handa na siyang magpalit ng diaper. Hinahangad namin ang pagiging independyente sa paggamit ng palikuran kung saan nagsisimulang tanggalin ng mga bata ang kanilang pantalon at diaper, maging nasa changing table man sila o lumipat na sa stand-up diapering sa tabi ng palikuran. Hinahangad at inaalok namin ang paggamit ng palikuran kapag nagsimulang magpakita sila ng interes — maaaring magsimula ito sa pagpindot ng flush ng palikuran, pag-upo sa palikuran bago ang pagpapalit ng diaper, o mapansin ang kapwa nila na gumagamit ng palikuran."

"Walang tiyak na bilang kung kailan dapat o hindi dapat mag-isang gumamit ng palikuran ang isang bata. Naniniwala kami na bawat bata ay may kanya-kanyang oras ng pagiging "handa." Kung ayaw ng bata umupo sa palikuran, hindi namin sila pipilitin. Sa pagsunod sa mga senyales ng bata na nagpapakita ng interes at paghikayat sa interes na iyon, umaasa kami sa likas na motibasyon para gamitin nila ang palikuran. Nakikipagtulungang mabuti ang mga guro sa mga magulang tungkol sa pinakamainam na paraan para sa kanilang anak. Ipinapaliwanag ng aming mga guro sa 2-taong gulang at preschool ang aming pilosopiya sa pagkatuto ng paggamit ng palikuran sa panahon ng orientation sa silid-aralan at ipinagpapatuloy ang pag-uusap sa pamamagitan ng pagbabahagi ng impormasyon araw-araw tungkol sa paggamit ng palikuran ng bata sa paaralan. Nagtatanong din kami tungkol sa mga pangyayari sa bahay. Nagbibigay kami ng indibidwal na suporta at paghikayat para sa bawat bata upang makamit ang bagong kasanayang ito sa pamamagitan ng pakikipagtulungang mabuti sa mga magulang."

Binabalangkas ng WAC 110-300-0085 ang mga kinakailangan kaugnay sa pakikipagtulungan at komunikasyon sa pamilya.

Maaaring gamitin ang stand-up diapering sa banyo o lugar ng pagpapalit ng diaper kung ang bata ay handa na ayon sa kanyang pag-unlad. Mahalagang tandaan na ang maruming diaper o pull-up ay maaaring magpakalat ng bacteria kapag hindi ito hinawakan o itinapon nang maayos. Dahil dito, maaaring makatulong ang stand-up diapering na mabawasan ang posibilidad ng paglipat ng mikrobyo kapag sinusunod ang mga ligtas na pamamaraan. Ipinapayo ng CFOC ang mga partikular na hakbang upang limitahan ang paglipat ng mikrobyo na may kaugnayan sa diaper, tulad ng:

- Pagtiyak na lahat ng mga kailangang gamit ay nakahanda na sa lugar ng pagpapalit bago dalhin ang bata.
- Pagtanggal ng damit, sapatos, at medyas ng bata.
- Kapag marumi ang pull-up o diaper, gamitin ang mga tab para hilahin at paghiwalayin ang mga gilid, sa halip na hilahin pababa ang damit sa mga binti ng bata.[156]

156 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 115.



Kaligtasan at Sanitasyon. Isang webpage ng Snohomish Health District para sa mga provider ng pag-aalaga ng bata ang naglalaman ng maraming mga mapagkukunan, kabilang ang mga poster para sa pagpapalit ng diaper at stand-up diapering.
www.snohd.org/261/Safety-Sanitation

Pamamaraan ng Stand-Up/Lay-down Diapering: Nagbibigay ang site na ito ng mga pamamaraan para sa stand-up at lay-down diapering sa wikang English at Spanish: Pamamaraan ng Stand-up/Lay-Down Diapering. Ang mga pamamaraan sa pagpapalit ng diaper sa wikang English at Spanish ay makikita kapag ini-scroll mo pababa ang page.
https://kingcounty.gov/depts/health/child-teen-health/child-care-health/bleach.aspx

Toilet Training. Ang website ng Amerikanong Akademya ng Pediatrics na healthychildren.org ay nagbibigay ng iba't ibang artikulo tungkol sa toilet training
www.healthychildren.org/English/ages-stages/toddler/toilet-training/Pages/default.aspx

WAC 110-300-0221

Mga lugar para sa pagpapalit at pagtatapon diaper.

(1) Dapat ang isang provider ng maagang pagkatuto sa sentro ay may itinalagang lugar para sa pagpapalit ng diaper, kabilang ang stand-up diapering, para sa bawat silid-aralan o para sa bawat pangkat ng edad ng mga batang nangangailangan ng pagpapalit ng diaper. Isang lugar lamang para sa pagpapalit ng diaper ang kinakailangan sa isang provider ng maagang pagkatuto sa family home.

(a) Ang lugar para sa pagpapalit ng diaper ay dapat:

(i) Hiwalay sa mga lugar kung saan iniimbak, inihahanda, o hinahain ang pagkain;

(ii) May lababo na may malamig at mainit na tubig na dumadaloy, na hindi ginagamit para sa paghahanda at paglilinis ng pagkain;

(iii) May matibay na ibabaw o banig na:

(A) Hindi punit o inayos gamit ang tape;

(B) Maaaring labhan;

(C) May ibabaw na may panlaban sa halumigmig at madaling linisin; at

(D) Sapat ang laki upang hindi matabunan ng mga likidong galing sa katawan ang ilalim ng lugar para sa pagpapalit ng diaper.

(iv) Nasa materyal na may panlaban sa halumigmig at maaaring labhan na pumapalibot nang pahalang o patayo ng hindi bababa sa dalawang talampakan mula sa istasyon ng pagpapalit ng diaper at lugar ng paghuhugas ng kamay; at

(v) Malinis at hindi ginagamit bilang imbakan ng anumang bagay na hindi ginagamit sa pagpapalit ng diaper ng bata.

(b) Hindi dapat iwanan ng provider ng maagang pagkatuto ang bata nang walang kasama sa ibabaw o banig ng pagpapalit ng diaper habang ginagawa ang pagpapalit ng diaper;

(c) Hindi dapat gumamit ang provider ng maagang pagkatuto ng safety belt sa mga mesa para sa pagpapalit ng diaper dahil hindi ito malinis at hindi ligtas; at

(d) Dapat mag-post ang provider ng maagang pagkatuto ng madaling makita na pamamaraan sa pagpapalit ng diaper sa bawat istasyon at dapat sundin ang bawat hakbang na nakasaad sa pamamaraan.

(2) Kung gagamit ang provider ng maagang pagkatuto ng istasyon para sa pagpapalit ng diaper, ang istasyon ay dapat:

(a) Magkaroon ng lababo para sa paghuhugas ng kamay na kayang maabot o madaling ma-access ng provider ng maagang pagkatuto upang maiwasan ang paglipat ng mikrobyo; at

(b) Nasa materyal na hindi may panlaban sa halumigmig at maaaring labhan na pumapalibot nang pahalang o patayo ng hindi bababa sa dalawang talampakan mula sa istasyon ng pagpapalit ng diaper at lugar ng paghuhugas ng kamay; at alinman sa:

(i) Mesa o counter na sapat ang laki para sa haba ng bata, na may protektibong hadlang na hindi bababa sa tatlo at kalahating pulgada ang taas sa lahat ng gilid mula sa ibabaw kung saan humihiga ang bata; o

(ii) Istasyong nakadikit sa pader para sa pagpapalit ng diaper na sumusunod sa mga alituntunin at espesipikasyon ng tagagawa bilang karagdagan sa mga kinakailangan ng seksyong ito.

(3) Kung gagamit ang provider ng maagang pagkatuto ng mga nagagamit muli o telang diaper, ang mga diaper ay dapat:

(a) Hindi babanlawan;

(b) Ilagay sa isang selyadong supot na hindi tinatablan ng halumigmig;

(c) Itago sa hiwalay na lalagyan ng pagtatapon; at

(d) Ihatid sa isang komersyal na serbisyo ng paglalaba o ibigay sa magulang o guardian ng bata nang kahit isang beses kada araw.

(4) Dapat maglaan ang provider ng maagang pagkatuto ng lalagyan na nakalaan lamang para sa pagtatapon ng maruruming diaper at mga gamit sa pagpapalit ng diaper. Ang lalagyan para sa pagtatapon ng diaper ay dapat:

(a) Hindi kailangang hawakan at may takip upang maiwasan ang paglipat ng mikrobyo;

(b) May liner na plastik na basurahang disposable; at

(c) Naaabot ng kamay mula sa lugar ng pagpapalit ng diaper.

Para sa mga programa ng maagang pagkatuto na nagseserbisyo sa mga batang nagsusuot ng diaper, mahalagang malaman na ang pagpapalit ng diaper ay maaaring magdulot ng pagkalantad sa mga sakit na dulot ng bacteria, virus, o parasite na maaaring nasa dumi ng bata. Ang mga mikrobyo tulad ng Salmonella, Listeria, E.coli, at noroviruses ay maaaring matagpuan sa maruming diaper kahit na ang bata ay malusog.[157] Tinataya ng CDC na maaaring may hanggang isang trilyong mikrobyo sa isang gramo ng dumi.[158] Ang magandang balita ay ang potensyal ng kontaminasyon mula sa pagpapalit ng diaper ay maaaring mabawasan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pangunahing pamamaraan ng pagpapalit ng diaper. Dahil dito, kasama sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang mga kinakailangan sa lugar ng pagpapalit ng diaper at pagtatapon na naglalayong isulong ang personal na kalinisan at limitahan ang kontaminasyon sa kapaligiran.

Isa sa mga pangunahing salik sa pagpapanatili ng kalusugan ng mga bata at kawani ay tiyakin na ang pagpapalit ng diaper ay ginagawa lamang sa mga itinalagang lugar para rito. Kahit sinusunod man ang stand-up o lay down na pamamaraan sa pagpapalit ng diaper, nakakatulong ito upang ang mga mikrobyo sa diaper ay manatili lamang sa isang lugar sa espasyo ng maagang pagkatuto. Sa isang sentro ng programa ng maagang pagkatuto, dapat may itinalagang lugar ng pagpapalit ng diaper sa bawat silid-aralan o para sa bawat pangkat ng edad na nangangailangan ng pagpapalit ng diaper. Ang mga programang maagang pagkatuto sa family home ay kinakailangang magkaroon lamang ng isang lugar ng pagpapalit ng diaper.

Ang mga kinakailangan sa lugar ng pagpapalit ng diaper ay naglalayong limitahan ang paglipat ng mikrobyo at tiyakin ang kaligtasan ng bata. Mahalaga ang pagpigil sa paglipat ng mikrobyo sa pagitan ng mga lugar ng pagpapalit ng diaper at mga lugar ng paghahanda o pagseserbisyo ng pagkain. Anumang mikrobyo mula sa pagpapalit ng diaper na napunta sa pagkain ay direktang papasok sa katawan kapag kinain ng mga bata o kawani. Dahil dito, ang paghihiwalay ng pagkain, mga lugar ng paghahanda ng pagkain, at mga kagamitan sa pagkain at inumin mula sa lugar ng pagpapalit ng diaper at lababo sa paghuhugas ng kamay ay nakakatulong upang maiwasan ang pagkalat ng sakit.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0280 ang mga alituntunin tungkol sa lokasyon ng pagpapalit ng diaper kaugnay ng mga lugar ng paghahanda ng bote.

157 Labanan ang Bacteria! "Dirty Diaper Details," available sa **www.fightbac.org/download/430/child-care/14758/crib-sheet-dirty-diaper-details.pdf**, nakuha noong Hulyo 21, 2020.

158 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Diapering," available sa **www.cdc.gov/healthywater/hygiene/diapering/index.html**, huling in-update noong Hulyo 26, 2016.

Ang gawaing pagpapalit ng diaper ay nagdudulot ng bacteria sa ibabaw na ginagamit sa pagpapalit ng diaper. Kailangan ng bacteria ng tubig para dumami, kaya ang panganib ng kontaminasyon ay maaaring mabawasan sa pamamagitan ng paglilimita sa halumigmig sa at paligid ng mga ibabaw na ginagamit sa pagpapalit ng diaper. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagtiyak na sapat ang laki ng ibabaw na ginagamit sa pagpapalit ng diaper para sa bata at ang lugar ng pagpapalit, ibabaw o banig, at sahig o takip ng sahig ay hindi tinatablan ng halumigmig. Tinitiyak nito na hindi sosobra ang likido ng katawan sa malalambot, may upholstery, o may carpet na bahagi na maaaring magdulot ng pagdami ng bacteria. Nakakatulong din ang mga ibabaw na hindi tinatablan ng halumigmig sa proseso ng paglilinis at pagdi-disinfect.

Itinuturing na kagamitang nakataas mula sa lupa ang isang istasyon para sa pagpapalit ng diaper. Ang lugar para sa pagpapalit ng lampin ay isang itinalagang espasyo para sa mga gawain ng pagpapalit ng diaper at maaaring may kasamang aktwal na diapering station o wala.

Para lalong maiwasan ang posibilidad ng paglipat ng mikrobyo, ang istasyon o lugar ng pagpapalit ng diaper ay hindi dapat gamitin para sa paglalagay o pagtatago ng mga bagay na hindi pang-diaper. Bawat bagay na pumapasok sa lugar ng pagpapalit ng diaper ay may potensyal na makakuha ng mga mikrobyo ng diaper na naiwang hindi nalinis nang maayos. Kapag inilipat palabas ng lugar ng pagpapalit ng diaper ang gamit, nagdudulot ito ng panganib na makontamina ang ibang ibabaw o ang taong humawak nito.

Maraming ibabaw para sa pagpapalit ng diaper ang nakataas ng ilang talampakan mula sa lupa, at ang mga bata ay madalas kumilos nang hindi inaasahan. Nagdudulot ito ng panganib na mahulog ang mga bata mula sa mesa ng pagpapalit o kaya naman, mabagsakan sila ng mesa ng pagpapalit. Noong 2016, may 3,900 batang wala pang 5 taong gulang ang ginamot sa departamento ng emergency dahil sa mga pinsalang may kaugnayan sa mga mesa ng pagpapalit ng diaper.[159] Responsibilidad ng provider ng maagang pagkatuto na tiyakin ang kaligtasan ng mga bata kapag sila ay nasa o malapit sa ibabaw ng pagpapalit ng diaper. Dapat tutukan ng kawani ng programa ng maagang pagkatuto ang bata nang lubusan habang nagpapalit ng diaper.

Responsibilidad ng provider ng maagang pagkatuto na sundin ang mga pamamaraan sa pagpapalit ng diaper na nagpapababa sa posibilidad ng kontaminasyon sa mga ibabaw. Ang paglalagay ng mga pamamaraan sa pagpapalit ng diaper sa nakikitang lugar sa paligid ng istasyon ay nagsisilbing paalala na sundin ang bawat hakbang na idinisenyo upang mabawasan ang kontaminasyon sa mga ibabaw.



Binalangkas sa WAC 110-300-0200 ang mga kinakailangan sa paghuhugas ng kamay.



Naghahanda na ang provider ng maagang pagkatuto upang magpalit ng diaper ng bata. Habang inilalagay ng provider ang bata sa ibabaw ng pagpapalit ng diaper, tinitingnan nito ang naka-post na pamamaraan sa pagpapalit ng diaper. Pinapaalalahanan ng post na maghugas ng kamay bago simulan ang proseso ng pagpapalit ng diaper.

159 Komisyon sa Kaligtasan ng Mga Produkto ng Konsyumer ng U.S., "Injuries and Deaths Associated with Nursery Products Among Children Younger than Age Five," available sa **www.cpsc.gov/s3fs-public/Nursery-Products-Annual-Report-2017_0.pdf?iVo_dlqsrtuWAep2RzahKbFcsiCfXZhK**, inilathala noong Disyembre 2017.

Alam ng provider na hindi ligtas na iwanang walang kasama ang bata, kaya inaalis nila ang bata mula sa ibabaw ng pagpapalit ng diaper at inilalagay ito sa banig sa sahig habang naghuhugas sila ng kamay. Pagkatapos, kinukuha muli ng provider ang bata at ipinagpatuloy ang pagpapalit ng diaper.



Mga Panuntunan sa Pag-disinfect at Pag-sanitize gamit ang Bleach para sa Paghahalo ng Mga Solution sa Pagpapaputi sa Pag-aalaga ng Bata at Katulad na Kapaligiran. Isang publikasyon mula sa DOH. **www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/8340/970-216-Disinfect-en-L.pdf**

Labanan ang Bacteria! Isang dokumento na nagbibigay ng gabay sa mga malinis na pamamaraan sa pagpapalit ng diaper at pag-aayos ng malinis na mga istasyon para sa pagpapalit ng diaper. Kasama rin dito ang mga estadistika at pag-aaral bilang suporta sa mga pamamaraang ito: **www.fightbac.org/download/430/child-care/14758/crib-sheet-dirty-diaper-details.pdf**

Kung Paano Magpalit ng Diaper. Isang poster mula sa DOH na nagpapakita ng mga hakbang para sa malinis na pagpapalit ng diaper. **www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/8330/130-082-DiaperCCsm-en-L.pdf**

WAC 110-300-0225

Mga Alagang Hayop at Iba pang mga Hayop

(1) Maaaring magkaroon ng mga alagang hayop o ibang hayop ang provider ng maagang pagkatuto sa lugar ng programa ng maagang pagkatuto.

(2) Kung ang provider ng maagang pagkatuto ay may alagang hayop o hayop sa lugar ng programa:

- **(a) Dapat magkaroon at sundin ng provider ang isang patakaran tungkol sa mga alagang hayop at hayop; at**
- **(b) Magbigay ng nakasulat na paunawa sa mga magulang at guardian ng mga bata.**

(3) Ang mga alagang hayop o ibang hayop na nahahawakan ng mga bata ay dapat:

- **(a) May kumpletong kinakailangang bakuna, alinsunod sa regulasyon lokal at county;**
- **(b) Walang senyales ng sakit, impeksyon, bulate, o parasite. Kung lumitaw ang mga sintomas na ito, dapat alisin ang alagang hayop o hayop mula sa lisensyadong lugar hanggang sa ito ay maagapan at magamot nang tama; at**
- **(c) Hindi agresibo. Kung magpakita ng agresibong ugali ang alagang hayop o hayop, dapat itong alisin mula sa lisensyadong lugar.**

(4) Dapat gawin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga sumusunod:

- **(a) Gawing hindi maaabot ng mga batang naka-enroll ang mga reptile at amphibian na hindi bahagi ng programa o mga aktibidad ng maagang pagkatuto dahil sa panganib ng salmonella o iba pang sakit;**
- **(b) Hilingin na ang mga manok, pato, pabo, kalapati, tuga, o iba pang mga ibon ay nakakulong, naka-coop, o nasa kulungan sa labas ng lugar ng programa ng maagang pagkatuto kapag ang mga bata ay nasa pag-aalaga, sa distansyang hindi maaabot ng mga bata ang mga kulungan o dumi;**
- **(c) Ilagay sa hawla ang mga ibon sa loob ng bahay;**
- **(d) Pigilan ang pagkalat ng basura mula sa lalagyan o kulungan ng mga alagang hayop kung naaangkop;**
- **(e) Hindi pahintulutan ang mga alagang hayop sa kusina habang naghahanda ng pagkain at tiyaking hindi nakakahawak ang mga alagang hayop sa pagkain, lugar ng paghahanda, o lugar ng pagseserbisyo ng pagkain habang nagseserbisyo;**
- **(f) Huwag gumamit ng lababo na ginagamit para sa paglilinis ng pagkain o kagamitan sa pagluluto para linisin ang mga gamit ng alagang hayop;**

(g) Hindi pahintulutan ang mga hayop sa mga silid o lugar na karaniwang ginagamit ng mga sanggol o maliit na bata (para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro lamang); at

(h) Itago ang gamot ng alagang hayop nang hiwalay mula sa gamot ng tao.

(5) Dapat ipatupad ng provider ng maagang pagkatuto ang mga sumusunod:

(a) Ang mga hayop at alagang hayop ay dapat dumumi sa labas kung wala silang itinalagang lugar sa loob ng bahay para dito. Ang itinalagang lugar sa labas ay hindi dapat maabot ng mga batang nasa pag-aalaga;

(b) Ang mga lalagyan at kulungan ng alagang hayop ay dapat linisin at i-disinfect nang kahit man lang isang beses kada linggo, o mas madalas kung kinakailangan;

(c) Ang mga litter box ay dapat itago sa lugar na hindi maaabot ng mga bata at linisin araw-araw;

(d) Ang dumi ng hayop at litter ay dapat itapon agad at ang lugar ay dapat i-disinfect;

(e) Dapat hindi maabot ng mga bata ang dumi ng hayop;

(f) Dapat itapon ang dumi ng hayop sa paraang hindi makakadikit ang mga bata rito;

(g) Dapat itapon ang dumi ng hayop, kabilang ang tubig sa aquarium, sa mga di-lisensyadong lugar o sa mga palikuran o custodial sink. Dapat hugasan, banlawan, at i-disinfect ang mga palikuran at custodial sink pagkatapos itapon ang dumi; at

(h) Dapat linisin at i-disinfect ang mga lugar para sa paglalaro sa loob at labas ng bahay kung may dumi o suka ng hayop o ibon. Dapat gawin ito agad-agad o bago payagan ang mga bata na pumasok sa lugar.

Sa Estados Unidos, halos 68% ng mga sambahayan ay may alagang hayop.[160] Maging pusa, aso, isda, o ibang alagang hayop, ipinapakita ng mga pag-aaral na may positibong epekto ang mga hayop sa tao. Halimbawa:

- Ang ugnayan ng tao at alagang hayop ay nakababawas ng stress at presyon ng dugo.
- Maaaring mapataas ng mga hayop ang pakiramdam ng suporta mula sa ibang tao at makapagpaganda ng mood.[161]
- Ang pakikipag-ugnayan sa mga hayop ay maaaring magpataas ng antas ng pisikal na kalakasan.[162]

Ang pagkakaroon ng mga alagang hayop o ibang hayop sa programa ng maagang pagkatuto ay maaaring magdulot ng maraming benepisyo para sa mga bata at nasa hustong gulang. Halimbawa, makakatulong ang mga alagang hayop sa mga bata na paunlarin ang kanilang mga kasanayang panlipunan, makatulong sa pagbuo ng tiwala sa ibang tao, at masuportahan ang pag-unlad ng di-berbal na komunikasyon, malasakit, at empatiya.[163]



160 Pambansang Institusyon para sa Kalusugan, "The Power of Pets Health Benefits of Human – Animal Interactions," available sa **https://newsinhealth.nih.gov/2018/02/power-pets**, inilathala noong Pebrero 2018.

161 Pambansang Institusyon para sa Kalusugan, "The Power of Pets Health Benefits of Human – Animal Interactions," available sa **https://newsinhealth.nih.gov/2018/02/power-pets**, inilathala noong Pebrero 2018.

162 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "About Pets & People," available sa **www.cdc.gov/healthypets/health-benefits/index.html**, huling in-update noong Abril 15, 2019.

163 Amerikanong Akademya ng Psychiatry para sa mga Bata at Kabataan. "Pets and Children," available sa **www.aacap.org/aacap/families_and_youth/facts_for_families/fff-guide/pets-and-children-075.aspx**, inilathala noong Enero 2019.

Para sa maraming bata, ang pakikipag-ugnayan sa mga hayop ay isang kasiya-siya at kapaki-pakinabang na karanasan. Maraming mga bagay ang dapat isaalang-alang kapag isinasama ang mga alagang hayop at hayop sa programa ng maagang pagkatuto. Kasama sa mga dapat isaalang-alang ang edad ng mga bata, mga allergy o potensyal na allergy ng mga bata, at ang mga posibleng panganib na kaugnay ng pakikipag-ugnayan ng mga bata sa mga alagang hayop at hayop. Isa pang dapat isaalang-alang ay kung mayroong mga bata sa pag-aalaga na nagkaroon ng negatibo o traumatic na karanasan sa mga alagang hayop o hayop. Upang matiyak na alam nila ang epekto ng pagsasama ng mga alagang hayop sa programa o mga aktibidad ng maagang pagkatuto, responsibilidad ng provider ng maagang pagkatuto na planuhin nang mabuti at magbigay ng nakasulat na komunikasyon sa mga pamilya na kanilang pinaglilingkuran.

Kapag ang mga hayop ay pananatili sa lugar ng programa ng maagang pagkatuto, dapat may nakasulat na patakaran tungkol sa mga alagang hayop at hayop ang programa. Mahalaga ang mga nakasulat na patakaran para sa mga kawani: nagbibigay ito ng pare-parehong impormasyon at pundasyon para sa pagsasanay. Nakikinabang din ang mga magulang at guardian sa pagkakaalam kung ano ang aasahan tungkol sa pakikipag-ugnayan ng kanilang anak sa mga hayop.

Mahalagang tandaan na may ilang WAC na may mga kinakailangan kaugnay ng mga alagang hayop at hayop:

- Hinihilingan ng WAC 110-300-0200 ang mga provider ng maagang pagkatuto na gabayan, tulungan, turuan, at sanayin ang mga bata na maghugas ng kamay pagkatapos makipaglaro sa mga hayop.
- Hinihiling ng WAC 110-300-0345 na ang mga bata ay dapat aktibong binabantayan kapag nakikipag-ugnayan sa mga alagang hayop at hayop.
- Kasama sa WAC 110-300-0500 ang kinakailangang isama ang patakaran tungkol sa mga alagang hayop at hayop sa patakaran sa kalusugan ng programa ng maagang pagkatuto.

Ang sumusunod na pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga karaniwang alagang hayop, reptile, at amphibian ay maaaring makatulong kapag nag-iisip ng alagang hayop para sa programa ng maagang pagkatuto.

Mga Pusa at Aso

Madalas na matatagpuan ang mga pusa at aso sa mga programa ng maagang pagkatuto. Tulad ng lahat ng hayop sa programa ng maagang pagkatuto, dapat ang mga pusa at aso ay hindi agresibo, malusog, at kumpleto sa lahat ng kinakailangang bakuna. Ang pagkakaroon ng mga pusa o aso sa programa ay maaaring maging magandang karanasan sa pagkatuto para sa mga bata. Iniulat ng mga provider na kapag nakikipag-ugnayan ang mga bata sa mga hayop, nagpapakita sila ng higit na malasakit at natututo ng empatiya, kabaitan, pagtitiis, pagkakaibigan, respeto, at responsibilidad. Napapalawak ang mga aralin sa agham at kalikasan at bumababa ang antas ng stress sa mga bata.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home sa Snohomish County ang nagbabahagi:

"Mayroon akong dalawang tuta sa programa ng maagang pagkatuto. Sa panahon ng kwentuhan, na kasabay din ng oras ng tulog ng mga tuta, niyayakap ng mga bata ang mga tuta. Hinahaplos nila nang mahinahon ang mga ito, habang nakikinig sa kwento at pinananatiling mahina ang mga boses sa diskusyon. Nakikita ko kung paano sinusubukan ng mga bata na maging maingat para sa mga "natutulog na tuta." Ito ay isang nakakakalmang gawain na ginagawa namin bago ang oras ng pagtulog o pagtahimik, halos araw-araw. Nasisiyahan ang mga bata sa kwentuhan kasama ang mga tuta at inaabangan nila ito araw-araw. (Siyempre, naghuhugas ng kamay ang mga bata pagkatapos ng kwentuhan!)"

Mga Reptile at Amphibian

Maaaring maging kawili-wili para sa mga bata ang mga reptile at amphibian. Mahalagang malaman na ang mga nilalang na ito ay nagdadala ng Salmonella. Bagaman normal ang Salmonella sa bituka ng malulusog na reptilye at amphibian, ito ay mikrobyo na maaaring magdulot ng sakit sa tao. Kaya't napakahalaga na hindi maabot ng mga bata ang mga reptile at amphibian. Isa sa mga paraan para matiyak na hindi maaabot ng bata ang mga ito ay ilagay ang mga reptile at amphibian sa estante sa loob ng tank o terrarium. Siguraduhing linisin ang mga kulungan kapag wala ang mga bata at huwag hayaang pakainin o alagaan ng mga bata ang mga nilalang na ito. Mapipigilan nito ang direktang paghipo ng bata at mababawasan ang pagkalat ng Salmonella. Maaaring magbigay ang mga reptile at amphibian ng maraming oportunidad para sa edukasyon at libangan kapag pinagmamasdan ng mga bata.

Kung bahagi ng aktibidad sa maagang pagkatuto ang isang reptile o amphibian, mahalaga ang aktibong pagbabantay habang ginagawa ang aktibidad at paghuhugas ng kamay pagkatapos nito.

Mga Ibon

Ang mga psittacine bird (ibig sabihin, parakeet, parrot, budgy at cockatiel) ay maaaring magdala ng bacteria na nagdudulot ng psittacosis. Hindi dapat ilagay ang mga ibong ito sa mga lugar na ginagamit sa programa ng maagang pagkatuto maliban kung nasuri ang mga ito para sa psittacosis.[164] Ang mga ibong nakakulong tulad ng finch at canary ay mas angkop sa mga lugar ng programa ng maagang pagkatuto. Ang mga hawla ng ibon ay dapat linisin at i-disinfect nang kahit man lang isang beses bawat linggo.

Mga Manok sa Bakuran

Bagaman masaya at nakapagbibigay-kaalaman ang pag-aalaga ng mga manok sa bakuran, dapat malaman ng mga provider ng maagang pagkatuto na ang mga manok ay maaaring magdala ng mga mikrobyong nagdadala ng sakit sa tao.[165] Ang mga manok, pabo, kalapati, pato, at ibang mga ibon ay dapat nakakulong o nasa kulungan sa labas ng lugar ng programa at sa paraang hindi maaabot ng mga bata ang mga kulungan o ang dumi ng mga ibon.

Kung bahagi ng aktibidad sa maagang pagkatuto ang isang manok o ibang ibon, dapat tiyakin ng provider ang aktibong pagbabantay at paghuhugas ng kamay pagkatapos ng aktibidad.



Isang provider ng maagang pagkatuto ang nag-aalaga ng mga manok sa labas. Nagtayo ang provider ng kulungan at bahay para sa mga manok upang malayang makagalaw at magkapagpugad ang mga ito. Nagtayo rin ang provider ng bakod sa paligid ng lugar upang hindi maabot ng mga bata ang mga manok at ang kanilang kulungan. Maliit ang pagitan ng helera ng mga bakod kaya hindi ito maabot ng mga bata. Nakikita at naririnig ng mga bata ang mga manok ngunit hindi nila ito mahahawakan at malayo sila sa dumi ng mga ito.

Mahalagang magbigay ng angkop na tagubilin ayon sa edad tungkol sa pakikipag-ugnayan sa anumang hayop, kabilang ang paghuhugas ng kamay pagkatapos, upang maiwasan ang pagkalat ng mikrobyo.

Dahil madalas ilagay ng maliliit na bata ang kamay sa bibig o hawakan ang mukha habang naglalaro, mahalaga ring linisin at i-disinfect ang mga ibabaw upang mabawasan ang panganib na makontamina ng mikrobyo mula sa dumi ng hayop. Lalong totoo ito sa mga lugar na panloob na paglalaruan kung saan ang mga sanggol at maliliit na bata ay madalas umupo, gumapang, o maglaro nang direkta sa sahig.

164 Virtual Lab School, "Pets in Family Child Care Settings," available sa **www.virtuallabschool.org/fcc/safe-environments/lesson-3/act/20711**, nakuha noong Hulyo 21, 2020.

165 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Backyard Poultry," available sa **www.cdc.gov/healthypets/health-benefits/index.html**, huling binago noong Marso 24, 2020.



Mas madaling maapektuhan ang maliliit na bata kapag nakikipag-ugnayan sa mga hayop. Isa sa mga dahilan ay hindi pa ganap na nade-develop ang kanilang mga kasanayan sa paggalaw at kontrol sa kanilang katawan. Maaaring subukan nilang dahan-dahang hawakan ang hayop ngunit hindi sinasadyang masaktan o mabigla ang hayop. Maaaring magdulot ito ng takot sa hayop o hindi inaasahang reaksyon. Hindi pa rin ganap na nade-develop ng mga batang ito ang kontrol sa kanilang mga pagkilos. Madalas silang kumikilos nang hindi inaasahan na maaaring magdulot ng stress sa hayop. Kasama rito ang pagsigaw, pagtalon, o paglapit nang mabilis sa hayop. Minsan, bigla-bigla nilang inilalagay sa bibig ang mga kontaminadong bagay kahit na binigyan na sila ng gabay ng mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto. Sa huli, maaaring kulang ang karanasan ng maliliit na bata sa mga hayop kaya hindi nila alam kung paano lalapitan o makikitungo sa isang hayop. Maaaring hindi sinasadyang hawakan ng bata ang hayop sa paraang nakaka-stress o nakakasakit dito. Maaaring magdulot ito ng pakiramdam ng banta sa hayop kaya tumutugon nang agresibo.

Hindi pinapayagan ang mga hayop sa mga lugar na karaniwang ginagamit ng mga sanggol o maliliit na bata sa mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro. Isang eksepsyon dito ay ang tangke ng isda na hindi naaabot ng mga bata sa isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro.

Ang tamang pagtatapon ng dumi ng hayop ay isa pang aspeto sa pagpapasya sa pag-aalaga ng mga alagang hayop, dahil ang pagtatapon ng dumi ay isang patuloy na responsibilidad. Nakakatulong ang angkop na pagtatapon ng dumi upang matiyak na hindi ito maaabot ng mga bata, kaya nababawasan ang panganib ng impeksyon dulot ng kontaminasyon. Dapat hindi naaabot ng mga bata ang litter box at ito ay dapat linisin araw-araw. Ang ibang mga hayop sa loob ng bahay ay dapat may mga kulungan at lalagyan na nililinis at dini-disinfect nang kahit man lang isang beses bawat linggo, at ang mga palikuran o labahan na ginamit para sa paglilinis ng dumi ng hayop ay dapat hugasan, banlawan, at i-disinfect pagkatapos gamitin.

Kapag dumumi ang mga hayop sa labas, ang itinalagang lugar ng dumi ay hindi dapat maabot ng mga bata. Sa mga panlabas na lugar, maaaring mailipat ang mga mikrobyo mula sa lupa na may dumi ng hayop papunta sa bola o iba pang laruan na nilalaro ng bata. Kapag may dumi o suka ng hayop sa palaruan sa labas, dapat itong linisin nang manu-mano hangga't maaari, banlawan ng tubig, at gamitan ng disinfectant na angkop gamitin sa labas. Sa pamamagitan ng pagpapanatiling hindi naaabot ng mga bata ang dumi ng hayop, lubos na nababawasan ang panganib ng pagkalat ng bacteria at mikrobyo.[166]

Hinihiling ng WAC 110-300-0500 na ang impormasyon tungkol sa mga alagang hayop at iba pang hayop na nakakapasok sa lisensyadong lugar at ang mga panganib sa kalusugan mula sa pakikipag-ugnayan sa mga ito ay dapat isama sa patakaran sa kalusugan ng programa.

166 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 130.

Mga Hayop sa Mga Paaralan at Daycare. Isang webpage ng CDC na may impormasyon at mga sanggunian tungkol sa mga bata at alagang hayop.
www.cdc.gov/healthypets/specific-groups/schools.html

Malusog na mga Alagang Hayop, Malusog na mga Tao. Isang webpage ng CDC na may impormasyon tungkol sa ligtas at malusog na mga gawi sa pag-aalaga ng alagang hayop at iba pang hayop. Naglalaman ito ng mga page upang matuto pa tungkol sa mga hayop at iba't ibang alagang hayop tulad ng backyard poultry, mga hayop sa bukid, mga reptile at amphibian, mga ibon, ferret, maliliit na mammal, pusa, isda, wildlife, aso, kabayo, at pagong.
www.cdc.gov/healthypets/pets/index.html

Kalusugan sa Pag-aalaga ng Bata. Isang webpage ng Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County na nagsusulong ng impormasyon tungkol sa kalusugan at pag-iwas sa sakit para sa mga pasilidad ng pag-aalaga ng bata.
www.kingcounty.gov/depts/health/child-teen-health/child-care-health.aspx

Mga Zoonotic Disease. Isang webpage ng King County Public Health (Pampublikong Kalusugan ng King County) na may impormasyon tungkol sa mga sakit na maaaring mailipat mula sa mga hayop papunta sa tao.
https://kingcounty.gov/depts/health/communicable-diseases/zoonotic/facts-resources.aspx

Halimbawang Patakaran sa Pag-aalaga ng Alagang Hayop. Ang webpage ng Snohomish Health District na ito ay nagbibigay ng maraming sanggunian tungkol sa kalusugan at sakit sa pag-aalaga ng bata, kabilang ang Halimbawang Patakaran sa Pag-aalaga ng Alagang Hayop.
www.snohd.org/245/Health-Illness

Manatiling Malusog Kapag Nagtatrabaho kasama ang mga Hayop sa Bukid. Isang publikasyon ng CDC na nagbibigay ng mga tip para maiwasan ang sakit kapag nagtatrabaho kasama ang mga hayop sa bukid.
www.cdc.gov/healthypets/resources/stay-healthy-working-farm-animals.pdf

Hugasan ang iyong mga paa! Isang poster para sa silid-aralan na ginawa ng CDC.
www.cdc.gov/healthypets/resources/Class_Pet_Poster_06-p.pdf



WAC 110-300-0230

First-aid – Sertipikasyon sa CPR at mga kagamitan

(1) Ang mga lisensyadong family home, direktor ng sentro, katulong na direktor, superbisor ng programa, pangunahing guro, katulong na guro, at iba pang provider ng maagang pagkatuto na kabilang sa bilang ng staff-to-child ratio, o posibleng mapasama dito, ay kailangang may kasalukuyang sertipiko sa pediatric at adult first-aid CPR, alinsunod sa WAC 110-300-0106(11). Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300-0106.

(2) Dapat mag-ingat ang isang provider ng maagang pagkatuto ng kumpletong first-aid kit sa lisensyadong lugar, sa anumang lakad sa labas, at sa sasakyang ginagamit sa pagdadala ng mga batang nasa pag-aalaga. Ang isang first-aid kit ay dapat:

- **(a) Itago sa isang lugar na madaling maabot ng mga kawani;**
- **(b) Hindi maaabot ng mga bata;**
- **(c) Hiwalay sa pagkain o kemikal;**
- **(d) Malinis at ligtas sa mikrobyo;**
- **(e) Itago sa paraang nakakaiwas sa kontaminasyon; at**
- **(f) May sapat na gamit para sa bilang ng mga naka-enroll na bata at kawani na naaayon sa lisensyadong kapasidad ng programa ng maagang pagkatuto, o sapat na gamit para sa bawat kwarto sa lisensyadong lugar.**

(3) Ang isang first-aid kit ay dapat may kasamang:

- **(a) Guwantes na walang butas, protektibo, nonlatex at disposable;**
- **(b) Mga adhesive bandage na may iba't ibang sukat;**
- **(c) Maliit na gunting;**
- **(d) Tweezer;**
- **(e) Wrapping bandage na nababanat;**
- **(f) Gasang sterile pad;**
- **(g) Ice pack;**
- **(h) Thermometer na disposable o walang mercury na gumagamit ng disposable sleeve, o nililinis at dini-disinfect pagkatapos gamitin;**
- **(i) Malaking sling o triangle bandage na sling;**
- **(j) Adhesive tape;**
- **(k) Isang CPR barrier na may one-way valve o CPR mask na para sa mga nasa hustong gulang at pambata na may one-way valve;**
- **(l) Isang kasalukuyang manwal ng first-aid; at**
- **(m) Hand sanitizer (para lamang sa paggamit ng mga nasa hustong gulang).**

Dapat handa ang mga provider ng maagang pagkatuto na mabilis at maayos na tumugon sa malalaki at maliliit na aksidente na maaaring mangyari sa oras ng programa ng maagang pagkatuto. Dahil dito, ang first aid kit ay dapat naroroon hindi lamang sa lisensyadong lugar ng programa kundi pati na rin sa mga lakad sa labas at sa sasakyang ginagamit sa pagdadala ng mga batang nasa pag-aalaga.

Ang mga gamit na kinakailangan sa first aid kit ay nilalayong masiguro na ang provider ay may kagamitan para magbigay ng pangunahing lunas sa mga hindi inaasahang aksidente at pinsala. Dapat sapat ang mga gamit sa first aid para sa bilang ng mga kawani at bata, at itago sa paraang hindi maaabot ng mga bata ngunit madaling maabot ng mga kawani.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0106 ang mga kinakailangan para sa pangunahing kaalaman sa first aid at CPR training.

Maaaring bilhin ang first aid kit sa tindahan o puwede ring ihanda mismo ng programa ng maagang pagkatuto. Mahalagang tandaan, maraming binibiling first aid kit na hindi kasama ang lahat ng gamit na hinihiling ng WAC. Ang provider ng maagang pagkatuto ang may responsibilidad na ikumpara ang laman ng prepackaged kit sa mga hinihiling ng WAC at idagdag ang mga kulang. Kadalasan, ang mga biniling first aid kit ay may kasamang pain reliever o iba pang gamot na dapat itago nang hindi naaabot ng mga bata at hawakan ayon sa mga patakaran ng WAC.



Naglalaman ang WAC 110-300-0215 ng mga kinakailangan tungkol sa pag-iimbak, paglalagay ng label, pahintulot, at pamamahala ng mga walang resetang gamot.

WAC 110-300-0235

Ligtas na Pinagmumulan ng Tubig

(1) Dapat direktang nakakabit sa pasilidad ng programa ng maagang pagkatuto ang malamig at mainit na tubig mula sa gripo.

(2) Dapat gumamit ang provider ng maagang pagkatuto ng sertipikadong water laboratoryng estado ng Washington na aprubado ng kagawaran ng ekolohiya upang suriin ang suplay ng tubig ng programa para sa lead at copper.

- **(a) Lahat ng gamit na ginagamit para kumuha ng tubig para sa paghahanda ng pagkain o gatas ng sanggol, pag-inom, o pagluluto ay kailangang masuri bago aprubahan ang lisensya at hindi bababa sa isang beses bawat anim na taon;**
- **(b) Dapat gawin ang pagsusuri alinsunod sa kasalukuyang pamantayan ng ahensya ng pangkalikasang proteksyon; at**
- **(c) Dapat itago ang kopya ng resulta ng pagsusuri ng tubig sa lisensyadong lugar o sa opisina ng administrasyon ng programa.**

(3) Kung ang resulta ng pagsusuri ay nasa o lampas sa kasalukuyang action level ng lead ng EPA, kailangang gawin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga sumusunod sa loob ng dalawampu't apat na oras:

- **(a) Kumonsulta sa department of health (kagawaran ng kalusugan) para sa teknikal na tulong;**
- **(b) Isara ang programa ng maagang pagkatuto upang hindi magamit o mainom ng mga bata ang tubig, o magbigay ng bottled o packaged water para matugunan ang mga kinakailangan ng kabanatang ito;**
- **(c) Ipabatid sa lahat ng magulang at guardian ng mga naka-enroll na bata ang resulta ng pagsusuri;**
- **(d) Ipabatid sa kagawaran ang resulta ng pagsusuri ng tubig at ang mga hakbang na ginawa para protektahan ang mga batang naka-enroll; at**
- **(e) Ipabatid sa kagawaran kapag ang antas ng lead at copper ay mas mababa na sa kasalukuyang action level ng EPA.**

(4) Kung ang programa ng maagang pagkatuto ay kumukuha ng tubig mula sa pribadong balon, dapat matugunan ng balon ang mga kinakailangan sa kabanata 173-160 WAC, Minimum na pamantayan para sa konstruksyon at pag-aalaga ng mga balon. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=173-160.

- **(a) Dapat masuri ang tubig sa balon kahit isang beses kada labing-dalawang buwan para sa E. coli bacteria at nitrate ng isang sertipikadong laboratoryo ng estado ng Washington na aprubado ng kagawaran ng ekolohiya para sa pagsusuri ng inuming tubig. Para makamit ang nais na resulta, dapat ipakita ng pagsusuri:**
  - **(i) Walang presensya ng E. coli bacteria; at**
  - **(ii) Presensya ng mas mababa sa sampung bahagi kada milyon (ppm) para sa nitrate. Kung ang resulta ng pagsusuri para sa nitrate ay higit sa lima pero mas mababa sa sampung ppm, kailangang muling suriin ang tubig sa loob ng anim na buwan.**

(b) Kung ang tubig mula sa balon ay positibo sa E. coli bacteria, o higit sa sampung ppm para sa nitrate, ang provider ay kailangang:

(i) Itigil ang paggamit ng tubig mula sa balon sa loob ng dalawampu't apat na oras sa loob ng lugar ng pag-aalaga ng bata;

(ii) Ipagbigay-alam sa lokal na hurisdiksyon ng kalusugan, sa department of health (kagawaran ng kalusugan), at sa departamento ng positibong resulta ng pagsusuri; at

(iii) Kung inutusan ng kagawaran, itigil muna ang operasyon ng pag-aalaga ng bata hanggang maisaayos ang sistema ng tubig at maipakita ang magandang resulta ng pagsusuri alinsunod sa (a) ng bahaging ito.

(c) Kung magpapasya ang kagawaran na maaaring magpatuloy ang operasyon ng pag-aalaga habang inaayos ang hindi ligtas na sistema ng tubig o habang nag-i-install ng treatment, kailangang gawin ng provider ang mga sumusunod:

(i) Magbigay ng alternatibong pinagkukunan ng tubig na aprubado ng kagawaran; at

(ii) Kailangang muling suriin ang tubig hanggang ang pagsusuri ay magpakita ng nais na resulta alinsunod sa (a) ng bahaging ito.

(5) Dapat ipagbigay-alam ng provider ng maagang pagkatuto sa kagawaran sa loob ng apat na oras kung ang koneksyon ng tubig sa lugar ng programa ay naputol ng mahigit isang oras, o kung ang pinagmumulan ng tubig ay kontaminado.

(a) Maaaring utusan ng kagawaran ang provider na pansamantalang isara ang programa hanggang maibalik ang koneksyon ng tubig o hanggang mawala ang kontaminasyon sa pinagmumulan ng tubig; o

(b) Dapat kumuha ang provider ng alternatibong pinagkukunan ng inuming tubig tulad ng bottled o packaged water. Dapat sapat ang dami ng alternatibong pinagkukunan ng tubig upang matiyak ang pagsunod sa mga kinakailangan ng kabanatang ito para sa ligtas na pag-inom, paghuhugas ng kamay, pagsa-sanitize, paghuhugas ng pinggan, at pagluluto.

Sa programa ng maagang pagkatuto, ginagamit ang tubig sa maraming layunin. Ito ay bahagi ng mga karanasan sa pag-aaral at paglalaro, paglilinis at sanitasyon, personal na kalinisan, at pagpapalusog ng katawan. Upang mapanatiling ligtas at malusog ang mga bata, mahalagang tiyakin na malinis at ligtas ang tubig na ibinibigay sa programa ng maagang pagkatuto. Lalong mahalaga ang kalidad ng tubig para sa mga batang dumadalo sa mga programa ng maagang pagkatuto dahil, ayon sa EPA, "Lalo nang nanganganib ang maliliit na bata sa kontaminasyon ng inuming tubig dahil, sa bawat timbang ng katawan, mas marami silang iniinom na tubig kaysa sa mga nasa hustong gulang (kasama na ang tubig na ginagamit sa paghahanda ng formula), at dahil ang kanilang hindi pa ganap na nabubuong mga sistema ng katawan ay hindi pa ganoon kahusay sa detoxification."[167]

Noong Mayo 2016, inilabas ni Governor Jay Inslee ng Estado ng Washington ang Directive 16-06 bilang tugon sa tumataas na pag-aalala tungkol sa lead na natagpuan sa inuming tubig sa mga paaralan at tahanan sa buong estado. Ayon sa DOH, walang kilalang ligtas na antas ng lead, at ang mga bata ang pinakamalaki at pinakamaselang grupong apektado ng lead.[168] Sa ilalim ng mga sitwasyong iyon, kinakailangang ipa-test ang inuming tubig ng lahat ng lisensyadong programa ng maagang pagkatuto.


Upang malaman ang kalidad ng tubig ng isang programa, dapat itong masuri nang hindi bababa sa bawat anim na taon ng isang sertipikadong water laboratory na aprubado ng Kagawaran ng Ekolohiya para sa lead at copper. Dapat kunin ang pagsusuri ng tubig mula sa bawat gamit na maaaring gamitin sa paghahanda ng pagkain, infant formula, pag-inom o pagluluto, at dapat itago ang mga resulta.

167 Ahensya ng Proteksyon sa Kapaligiran ng U.S., "Resources about Drinking Water for Child Care Providers," available sa **www.epa.gov/childcare/resources-about-drinking-water-child-care-providers**, huling in-update noong Oktubre 10, 2018.

168 Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington, "Governor's Directive on Lead, 16-06 Department of Health Recommendations," (2016), available sa **www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/Pubs/300-018.pdf**

Kung matapos ang pagsusuri at lumabas na "nasa o lampas sa lead action level ng EPA," may mga hakbang na kailangang gawin upang mapanatiling ligtas ang mga bata at kawani. Ang grapikong ito, Mga Hakbang ng Aksyon sa Tubig, ay nagpapakita ng mga hakbang na dapat gawin sa loob ng 24 oras kapag ang suplay ng tubig sa programa ay naapektuhan o hindi magamit.

Mga Hakbang sa Aksyon para sa Tubig



Maaaring kumuha ang isang programa ng tubig mula sa pribadong balon. Dapat makatugon ang pribadong balon sa mga pamantayan para sa konstruksyon at pag-aalaga. Mahalagang regular na masuri ang tubig mula sa balon kada 12 buwan upang matukoy kung may pagbabago o problema sa kalidad ng tubig, at upang matiyak na ligtas pa rin itong inumin. Kung lumabas na positibo ang balon sa coliform bacteria o higit sa 10 ppm para sa nitrate, dapat protektahan ng provider ang kalusugan ng mga bata at kawani sa pamamagitan ng pagtigil sa paggamit ng tubig mula sa balon at agarang ipagbigay-alam ito sa lokal na hurisdiksyon ng kalusugan.

Ang nitrate ay isang compound na natural na nabubuo kapag nagsanib ang nitrogen at oxygen o ozone. Mahalaga ang nitrogen para sa lahat ng buhay, ngunit ang mataas na antas ng nitrate sa inuming tubig ay maaaring delikado sa kalusugan, lalo na sa mga sanggol at buntis.[169] Ang coliform ay isang malawak na uri ng bacteria, kabilang ang E. coli, na matatagpuan sa dumi ng tao at hayop.[170]

Minsan, kapag natagpuan ang mga mapanganib na substansya na ito sa tubig mula sa balon, maaaring pansamantalang isara ang programa hanggang maayos at masuri muli ang pinagmumulan ng tubig upang matiyak na hindi na ito kontaminado. May mga pagkakataon na maaaring magbigay ang programa ng maagang pagkatuto ng malinis na inuming tubig bilang alternatibong pinagkukunan.

Sa programa ng maagang pagkatuto, maaaring subukan ng mga bata na uminom ng tubig mula sa sensory table na puno ng tubig, outdoor sprinkler, gripo, o iba pang hindi inaasahang lugar. Maaaring makainom ang mga bata ng kaunti mula sa mga ito, ngunit mahalaga na matiyak na ang pinagkukunan ng tubig na kanilang iinom ay ligtas at malinis.

Ang aktibong pagmamatyag habang naglalaro ng tubig ay nakakatulong upang masiguro na hindi iinom ang mga bata ng tubig mula sa mga pinagkukunan na hindi aprubado para inumin o maaaring kontaminado dahil sa kamay ng mga bata at gamit sa laro.

Hinihiling ng WAC 110-300-0345 na aktibong mabantayan ng provider ang mga batang naglalaro sa tubig.

169 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Nitrate and Drinking Water from Private Wells," available sa **www.cdc.gov/healthywater/drinking/private/wells/disease/nitrate.html**, huling in-update noong Hulyo 1, 2015.

170 Kagawaran ng Kalidad ng Kapaligiran ng Montana, "Coliform Bacteria and Drinking Water," available sa **https://deq.mt.gov/Portals/112/Water/WPB/SWP/PDFs/well_testing.pdf**, nakuha noong Hulyo 22, 2020.

Inuming Tubig. Isang webpage ng DOH na may maraming impormasyon tungkol sa mga sistema ng inuming tubig.
www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/DrinkingWater

Inuming Tubig ang Pinakamainam. Isang webpage ng Nemours Kids Health na nagbibigay impormasyon tungkol sa mga bata at pag-inom ng tubig.
https://kidshealth.org/en/kids/water.html

Nagbibigay ang website ng Healthy Water ng malawak na kaalaman at mga mapagkukunan tungkol sa mga pampublikong sistema ng tubig, pribadong balon, at bottled water.
cdc.gov/healthywater

Maaaring maghanap ang mga provider ng maagang pagkatuto ng mga sertipikadong laboratoryo para sa pagsusuri ng tubig sa Lab Search **https://apps.ecology.wa.gov/laboratorysearch/**

Pagpapalawak ng Access sa Inuming Tubig at Iba Pang Mas Malusog na Inumin sa Mga Pasilidad ng Maagang Pag-aalaga at Edukasyon. Isang publikasyon ng CDC na nagpapaliwanag kung bakit dapat bigyan ng tubig ang mga bata sa mga maagang pag-aalaga at edukasyon, at kung paano ito gawin.
www.cdc.gov/obesity/downloads/early-childhood-drinking-water-toolkit-final-508reduced.pdf

Pribadong Balon: Impormasyon para sa mga may-ari mula sa DOH.
www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/Pubs/331-349.pdf

Mga Mapagkukunan tungkol sa Tubig na Iniinom para sa Mga Provider ng Pag-aalaga sa Bata. Isang website ng EPA na nagbibigay ng mga tool at hakbang para mabawasan ang pagkalantad sa mga kontaminasyon sa tubig.
www.epa.gov/childcare/resources-about-drinking-water-child-care-providers

Pagsusuri ng Balon. Isang webpage ng CDC na nagbibigay impormasyon tungkol sa mga balon at pagsusuri nito.
www.cdc.gov/healthywater/drinking/private/wells/testing.html

WAC 110-300-0236

Ligtas na Inuming Tubig

(1) Dapat ang inuming tubig sa programa ng maagang pagkatuto ay:

- **(a) Ialok nang maraming beses sa maghapon at madaling maabot ng mga bata anumang oras;**
- **(b) Ialok sa mga panlabas na palaruan, sa bawat silid-aralan para sa mga sentro, at sa lisensyadong lugar para sa mga family home;**
- **(c) Ialok sa paraan na hindi nagdudulot ng kontaminasyon;**
- **(d) Hindi dapat kunin mula sa lababo na ginagamit sa paghuhugas ng kamay pagkatapos ng pagdumi o pagpapalit ng diaper; at**
- **(e) Ihain na sariwa araw-araw o mas madalas kung kinakailangan.**

(2) Ang mga drinking fountain sa programa ay dapat:

- **(a) Hindi nakakabit sa mga lababo para sa paghuhugas ng kamay o may kapansanan;**
- **(b) Hindi dapat matatagpuan sa mga banyo;**
- **(c) Hindi isang "bubble type" na fountain (ang daloy ng tubig ay dapat bumuo ng arko);**
- **(d) Linisin at i-sanitize araw-araw o mas madalas kung kinakailangan; at**
- **(e) Ilagay sa ibabaw ng sahig na hindi tinatablan ng tubig.**

Ayon sa CDC, nakakatulong ang tubig sa pagkontrol ng temperatura ng katawan, pinoprotektahan ang spinal cord at iba pang sensitibong tisyu, binubuo ng cushioning ang mga kasu-kasuan, at tinatanggal ang mga dumi sa katawan.[171] Bukod pa rito, ipinapakita ng mga pag-aaral na may ugnayan ang kakulangan sa pag-inom ng tubig at ang kakayahang mag-isip ng mga bata.[172] Dahil dito, dapat laging may available na inuming tubig para sa lahat ng bata, sa loob at labas ng gusali sa buong araw. Dapat ialok ang malinis na tubig sa paraang hindi nagdudulot ng paglipat ng mikrobyo ngunit sumusuporta pa rin sa kakayahan ng bata na makainom nang mag-isa kung kinakailangan. Maraming paraan upang maialok ng provider ang tubig nang ligtas, na nakakaiwas sa kontaminasyon at nakakatulong sa pag-develop ng mga kasanayan sa pagtulong sa sarili at pagkontrol sa sarili ng bata.

Mga kapaki-pakinabang na tip:

- Gumamit ng mga may taklob na pitsel.
- Gumamit ng mga taklob na lalagyan na may gripo na maaaring kuhanan ng tubig ng mas nakatatandang bata nang mag-isa o ituturo ng maliliit na bata para makainom.
- Mag-alok ng malinis na indibidwal na bote ng tubig para sa bawat bata. Maaaring lagyan ito ng label na pangalan o larawan ng bata, na nakakatulong sa pagkilala ng pangalan at iba pang kasanayan sa pagbasa.

Ang ilang mga provider ng maagang pagkatuto ay gumagamit ng drinking fountain dahil ito ay patuloy na pinagkukunan ng malinis na tubig na madaling maabot ng bata nang mag-isa. Kapag isinaalang-alang ang paggamit ng drinking fountain, mahalagang isipin ang lokasyon nito. Ang mga drinking fountain na nasa labas ay maginhawang gamitin. Hindi kailangang dalhin ng provider ang mga baso at pitsel sa labas kasama ang grupo.



Gayunpaman, ang mga drinking fountain na nasa banyo o nakakabit sa lababo para sa paghuhugas ng kamay ay hindi dapat gamitin. Mataas ang posibilidad ng paglipat ng mikrobyo sa ganitong mga sitwasyon kaya nanganganib ang kalusugan ng mga bata.

Upang higit pang maprotektahan ang kalusugan ng mga bata, dapat linisin at i-sanitize ang mga drinking fountain araw-araw. Dapat turuan din ang mga bata na huwag ilapit ang kanilang bibig sa gripo.

Hindi pinapayagan ang bubble type na fountain sa mga programa ng maagang pagkatuto alinsunod sa WAC 110-300-0236(2)(c)

171 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Water & Nutrition," available sa **www.cdc.gov/healthywater/drinking/nutrition/index.html**, huling in-update noong Oktubre 5, 2016.

172 Jeanne Bottin, C. Morin, I. Guelinckx, at E.T. Perrier, "Hydration in Children: What Do We Know and Why Does it Matter?" Karger 74 (3) (2019): 11-18, available sa **www.karger.com/Article/Abstract/500340**

Paglilinis at Sanitisasyon

WAC 110-300-0240

Malinis at malusog na kapaligiran

(1) Dapat malinis at malusog ang lugar ng programa ng maagang pagkatuto pati na ang mga kagamitan sa programa.

(2) Dapat makinis at madaling linisin ang matitigas na ibabaw sa mga programa tulad ng sahig (hindi kasama ang carpet), pader, counter, estante ng libro, at mesa.

(a) Ang isang madaling linisin na ibabaw ay dapat:

(i) Dinisenyo upang madalas na malinis at gawa sa sealed wood, linoleum, tile, plastik, o iba pang solidong materyales;

(ii) May panlaban sa halumigmig; at

(iii) Walang mga bali, bitak, at luha.

(b) Dapat may hindi bababa sa dalawampu't apat na pulgadang materyal o harang na may panlaban sa halumigmig at malinis o harang sa paligid ng lababo, drinking fountain, at mga palikuran ang provider na maagang pagkatuto.

(c) Dapat linisin ng provider ng maagang pagkatuto ang lahat ng mga ibabaw bago mag-sanitize o mag-disinfect. Dapat linisin ang mga ibabaw gamit ang sabon at tubig o spray cleaner, at banlawan. Kung gumagamit ng spray cleaner, sundin ang mga tagubilin sa label.

(d) Hindi dapat gumamit ng aerosol spray at air freshener habang may mga batang inaalagaan.

(e) Kung gumagamit ng bleach solution para sa pag-sanitize o pag-disinfect, dapat ito ay walang pabango at sundin ang kasalukuyang gabay ng department of health (kagawaran ng kalusugan) sa paghahalo ng bleach para sa child care at katulad na lugar.

(f) Kung ang provider ng maagang pagkatuto ay gumagamit ng ibang produkto bukod sa bleach, kabilang ang wipes, para mag-sanitize o mag-disinfect, ang produkto ay dapat:

(i) Aprubado ng kagawaran bago gamitin;

(ii) Ginagamit lamang ng mga kawani na may pagsasanay;

(iii) Nakarehistro sa EPA at may available na may mga pangkaligtasang data sheet (SDSs);

(iv) (iv) Ginagamit ayon sa label ng tagagawa, na dapat naglalaman ng:

(A) Mga tagubilin sa paggamit;

(B) Isang paglalarawan ng mga pag-iingat sa kaligtasan, mga pamamaraan, at kagamitan na kailangang gamitin sa paghahalo ng konsentrasyon ng pamalit na produkto, kung naaangkop;

(C) Isang paglalarawan ng mga pag-iingat sa kaligtasan at mga pamamaraan kung ang pamalit na produkto ay mapadaiti sa balat o malanghap, kung naaangkop; at

(D) Isang paglalarawan ng mga pamamaraan at pag-iingat sa kaligtasan para sa pagbabanlaw ng mga nilinis na lugar at paglilinis ng kagamitan, kung naaangkop.

(v) May label na ligtas gamitin sa mga ibabaw na kinakainan kung ang produkto ay gagamitin para mag-sanitize ng:

(A) Mga ibabaw na direktang nakaka-kontak sa pagkain; o

(B) Mga gamit tulad ng kubyertos o laruan na ginagamit ng bata o inilalagay sa bibig ng bata; at

(vi) Walang pabango.

Ang pagtiyak ng malinis at ligtas sa mikrobyo na kapaligiran para sa maagang pagkatuto ay mahalaga upang maprotektahan ang kalusugan ng mga bata. Kapag marumi ang mga materyales sa pagkatuto at iba pang mga ibabaw sa kapaligiran, nagdadala ito ng mikrobyo at maaaring magdulot ng sakit sa mga bata at kawani. May epekto ang malinis na kapaligiran hindi lamang sa pisikal na kalusugan ng mga bata at kawani. Ipinapakita ng pananaliksik na ang malinis at maayos na pisikal na kapaligiran ay maaaring magpataas ng kasiyahan ng kawani, mapabuti ang konsentrasyon ng mga bata, at mabawasan ang pagliban ng mga bata at kawani, na positibong nakakaapekto sa resulta ng pagkatuto.[173]

Dahil dito, hinihiling ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na ang "mga lugar ng programa ng maagang pagkatuto at kagamitan ng programa ay dapat malinis at ligtas sa mikrobyo." Ngunit ano ang ibig sabihin nito?

Kapag ang mga ibabaw ay magaspang o may mga bitak o uka, tinataguan ito ng mikrobyo na mahirap o imposibleng alisin. Bukod pa rito, kung ang isang ibabaw ay walang panlaban sa halumigmig, nagiging kapaligiran ito para dumami ang bacteria, amag, o iba pang mikrobyo. Dahil dito, ang mga lugar sa paligid ng mga lababo, drinking fountain, at palikuran ay kailangang may flooring na may panlaban sa halumigmig na umaabot ng hindi bababa sa 24 na pulgada sa paligid ng lugar. Ang ganitong klase ng flooring ay nagpapadali ng paglilinis at pagdi-disinfect upang matanggal ang mikrobyo at pumipigil din sa paglago ng amag at mildew. Hindi dapat gamitin ang duct tape para ayusin ang diaper o banig sa pagtulog, o iba pang mga ibabaw, dahil maaaring dumikit ang mikrobyo sa mga gilid nito.

Ang tamang paglilinis, pag-sanitize, at pagdi-disinfect sa mga kapaligiran ng maagang pagkatuto ay nakakabawas sa dami ng mikrobyo at dumi, alikabok, at mga lason sa hangin at sa mga ibabaw o materyales. Para maglinis, mag-sanitize, o mag-disinfect nang maayos, kailangan ang tatlong-hakbang na proseso:

- **HAKBANG 1: Linisin** – Nag-aalis ng dumi, langis, at kontaminasyon mula sa ibabaw ang paglilinis. Aktwal din nitong inaalis ang maraming mikrobyo at inilalantad ang mga natitirang mikrobyo upang maging epektibo ang produkto para sa pag-sanitize o pag-disinfect. Gumamit ng sabon o detergent para kuskusin at hugasan sa hakbang na ito. Maaaring gumamit ng ibang uri ng produktong panlinis kung susundin ang mga tagubilin ng tagagawa sa proseso. Dapat gawin ang paglilinis bago mag-sanitize o mag-disinfect ng isang ibabaw upang matanggal ang dumi at debri.
- **HAKBANG 2: Banlawan** – Ang pagbanlaw ay nag-aalis ng natitirang residue ng sabon o detergent mula sa ibabaw. Kailangang gawin ang hakbang na ito upang hindi makaapekto ang natitirang produkto ng paglilinis sa sanitizer o disinfectant.
- **HAKBANG 3: Mag-sanitize o Mag-disinfect** – Binabawasan o pinapatay ng pangatlong hakbang na ito ang mga mikrobyo sa ibabaw. Ang pag-sanitize ay nangangahulugang pagbawas ng bilang ng mikroorganismo sa ibabaw. Ang pag-disinfect ay nangangahulugang pagtanggal ng halos lahat ng mikrobyo mula sa mga ibabaw na walang buhay. Ginagamit ang mga sanitizer para sa mga ibabaw na nadidikitan ng pagkain, mga gamit sa pagkain, at mga laruan. Ginagamit naman ang mga disinfectant para sa mga ibabaw sa banyo, lugar ng pagpapalit ng diaper, mga hawakan ng pinto, at iba pang madalas hawakang lugar. Maraming iba't ibang produkto ang maaaring gamitin para mag-sanitize o mag-disinfect.




Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang mga depinisyon sa WAC 110-300-0005 upang suriin kung paano maglinis, mag-disinfect, at mag-sanitize.

Sa pagsasagawa ng hakbang na pag-sanitize o pag-disinfect, maaaring piliin ng mga programa ng maagang pagkatuto na gumamit ng halo ng bleach at tubig o ibang produktong pangkomersyo.

173 Ahensya ng Proteksyon sa Kapaligiran ng U.S., "Green Cleaning, Sanitizing, and Disinfecting: A Curriculum for Early Care and Education," available sa **www.epa.gov/sites/production/files/documents/ece_curriculumfinal.pdf**, inilathala noong 2013.

Kung gagamit ng halo ng bleach at tubig, dapat itong haluin araw-araw habang bagong gawa pa upang tumugma sa porsyento ng konsentrasyon para sa nakalaang gamit at sukat, gamit ang mga gabay mula sa DOH sa tsart na ibinigay. Ayon sa CDC, may bisa ang mga solution ng bleach at tubig hanggang 24 na oras.[174] Ito ay dahil nagsisimulang masira at humina ang pinaghalong tubig at bleach dahil sa temperatura at pagkakalantad sa liwanag. Bukod dito, ang bleach na ginagamit sa mga halo para sa pag-sanitize at pag-disinfect ay hindi dapat magkaroon ng pabango o surfactant, kabilang ang splash-less bleach.



Washington State Department of Health
DOH 970-216 January 2015

Disinfecting and Sanitizing with Bleach
Guidelines for Mixing Bleach Solutions for Child Care and Similar Environments

Preparation Tips

- **Prepare** a fresh bleach solution each day in a well-ventilated area that is separate from children.
- **Label** bottles of bleach solution with contents, ratio and date mixed.
- **Use cool water. Always add** bleach to cool water, **NOT** water to bleach.
- **Wear** gloves and eye protection.
- **Prepare** solution in an area with an eye wash.

Disinfecting Solutions
For use on diaper change tables, hand washing sinks, bathrooms (including toilet bowls, toilet seats, training rings, soap dispensers, potty chairs), door and cabinet handles, etc.

Water	Bleach Strength* 2.75%	Bleach Strength* 5.25-6.25%	Bleach Strength* 8.25%
1 Gallon	1/3 Cup, plus 1 Tablespoon	3 Tablespoons	2 Tablespoons
1 Quart	1½ Tablespoons	2¼ Teaspoons	1½ Teaspoons

Sanitizing Solutions
For use on eating utensils, food use contact surfaces, mixed use tables, high chair trays, crib frames and mattresses, toys, pacifiers, floors, sleep mats, etc.

1 Gallon	1 Tablespoon	2 Teaspoons	1 Teaspoon
1 Quart	1 Teaspoon	½ Teaspoon	¼ Teaspoon

Disinfection of non-porous non-food contact surfaces can be achieved with 600 parts per million (ppm) of chlorine bleach. To make measuring easier, the strengths listed in this table represent approximately 600-800 ppm of bleach for disinfecting, and approximately 100 ppm for sanitizing. Chlorine test strips with a measuring range of 0–800 ppm or higher can also be used to determine the strength of the solution.

Contact your local health jurisdiction for further instructions on cleaning and disinfecting if specific disease or organisms are identified as causing illness in your program.

***Use only plain unscented bleach** that lists the percent (%) strength on the manufacturer's label. Read the label on the bleach bottle to determine the bleach strength. For example, Sodium Hypochlorite…6.25% or 8.25%.

Steps to Follow

- **Clean** the surface with soap and water before disinfecting or sanitizing.
- **Rinse** with clean water and dry with paper towel.
- **Apply** chlorine bleach and water solution to the entire area to be disinfected or sanitized.
- **Air dry** for at least 2 minutes.

This chart was created by the Disinfection Workgroup led by the Washington State Department of Health. Workgroup members consist of staff from the Department of Early Learning, Snohomish Health District, Local Hazardous Waste Management Program in King County, Washington State Department of Ecology, the Coalition for Safety and Health in Early Learning, and the Washington State Department of Health.

For people with disabilities, this document is available on request in other formats.
To submit a request, please call 1-800-525-0127 (TDD/TTY call 711).

Maaaring i-download ang pdf na ito sa **www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/8340/970-216-Disinfect-en-L.pdf**.


Kung ang isang programa ng maagang pagkatuto ay gagamit ng produkto para sa pag-sanitize o pag-disinfect bukod sa halo ng bleach at tubig, kailangang makakuha ng pag-apurba mula sa DCYF bago ito gamitin. Ang kainakailangang ito ay dagdag na pag-iingat upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga bata at mga provider ng maagang pagkatuto. Susuriin ng DCYF kung may mga pananaliksik na nag-aalala tungkol sa produkto at kung epektibo itong nag-sanitize at nag-disinfect ng mga materyales at ibabaw.

174 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Cleaning And Disinfecting Your Home," available sa **www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prevent-getting-sick/disinfecting-your-home.html**, huling na-update noong Mayo 27, 2020.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home sa Douglas County ang nagbahagi:

"Gusto ko ng iba pa bukod sa bleach para mag-disinfect at mag-sanitize ng mga lugar ng paghahanda ng pagkain at mga lamesa ng mga bata para sa kanilang tanghalian. Gamit ang provider portal ko sa WA Compass, nakapag-submit ako ng request para sa alternatibong produkto. Gusto kong maging tiwala na gumagamit ako ng produktong aprubado, nakakatugon sa lahat ng pamantayan, at ligtas para sa mga bata. Medyo simple lang ang proseso, at ang pagsusuri ng Espesyalista sa Kalusugan sa aking kahilingan ay natapos lamang sa loob ng ilang araw. Lubos kong inirerekomenda sa sinumang gustong mag-request ng alternatibong produkto na gamitin ang Compass Provider Portal ng WA. Makikita mo ang impormasyon sa ilalim ng HELP tab at TIP SHEET tab. Hanapin ang mga produktong may Registration number ng EPA, at ang gamit ng produkto, sa lalagyan. Makakatulong sa iyong request ang paglalakip ng impormasyong iyon pati na ang mga detalye ng tagagawa."

Kailangang nakarehistro sa EPA ang anumang produktong ginagamit para sa pag-sanitize o pag-disinfect sa programa ng maagang pagkatuto at may mga pangkaligtasang datasheet na available. Ang mga sanitizer at disinfectant ay mga produktong ginagamit upang pumatay ng virus at bacteria sa mga ibabaw at nakarehistro ito sa EPA bilang antimicrobial pesticide.[175] Sinusuri ng EPA ang mga produktong pesticide upang matiyak na naaabot nito ang mga pederal na pamantayan sa kaligtasan para maprotektahan ang kalusugan ng tao at ang kapaligiran.[176] Kahit na nakarehistro na ang produkto sa EPA, upang matiyak na ligtas ito para sa mga bata, dapat itong gamitin ayon sa mga tagubilin sa label at sa tamang lugar ng paggamit. Dahil dito, tanging mga kawani lamang na na-train kung paano, saan, at kailan gagamitin ang sanitizer o disinfectant ang maaaring gumamit ng produkto sa kapaligiran ng maagang pagkatuto.



Para lalo pang maprotektahan ang kalusugan ng mga bata, ipinagbabawal ang paggamit ng aerosol na produkto o air freshener sa programa ng maagang pagkatuto. Kasama rito ang parehong kemikal at natural na produkto, gaya ng diffuser ng essential oil o wax pot. Gumagamit ang mga aerosol spray ng mga propellant na compressed gas tulad ng butane o propane at maaaring maglabas ng karagdagang kemikal sa hangin. Maaari ring maka-trigger ng hika o chemical sensitivy ang mga pabango mula sa air freshener sa isang bata o kawani ng programa ng maagang pagkatuto. Patuloy pang nade-develop ang baga ng maliliit na bata at mas sensitibo sa mga problemang dulot ng ganitong uri ng pagkalantad sa kapaligiran. Kung may problema sa amoy sa kapaligiran ng maagang pagkatuto, kailangang tukuyin at alisin ng provider ang pinagmumulan nito. Maaaring kabilang dito ang mas madalas na pagbubukas ng mga bintana, pag-install ng ventilation fan sa ibabaw ng lugar ng pagpapalit ng diaper, o mas madalas na pagtatapon ng mga diaper mula sa programa ng maagang pagkatuto.

175 Ahensya ng Proteksyon sa Kapaligiran ng U.S., "What's the difference between products that disinfect, sanitize, and clean surfaces," available sa **www.epa.gov/coronavirus/whats-difference-between-products-disinfect-sanitize-and-clean-surfaces**, huling na-update noong Agosto 11, 2020.

176 Ahensya ng Proteksyon sa Kapaligiran ng U.S., "Basic Information about Pesticide Ingredients," available sa **www.epa.gov/ingredients-used-pesticide-products/basic-information-about-pesticide-ingredients**, huling na-update noong Hulyo 15, 2019.

Pagdi-disinfect at Pagsa-sanitize na Walang Bleach para sa Pag-aalaga ng Bata. Isang publikasyon mula sa Task Force para sa Hika ng San Francisco.
www.sfdph.org/dph/files/EHSdocs/ehsAsthma/BleachFreeDisinfection.pdf

Paglilinis para sa Mas Malusog na Pag-aalaga sa Bata. Isang Informed Green Solution na layong magbigay ng mas ligtas na panloob na kapaligiran sa pamamagitan ng tamang pagbili ng mga produkto.
www.informedgreensolutions.org/cleaning-for-healthier-child-care

Paglilinis, Pag-sanitize, at Pag-disinfect. Isang webpage mula sa Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County para sa kalusugan ng mga bata sa child care na may maraming mapagkukunan kabilang ang mga online na video tutorial kung paano ang tamang paghahalo ng bleach, mga label para sa spray bottle, at iba pang nakasulat na materyales tungkol sa tamang paghahalo ng bleach solution.
www.kingcounty.gov/depts/health/child-teen-health/child-care-health/bleach.aspx

Mga Panuntunan sa Pag-disinfect at Pag-sanitize gamit ang Bleach para sa Paghahalo ng Mga Solution sa Pagpapaputi sa Pag-aalaga ng Bata at Katulad na Kapaligiran. Isang publikasyon mula sa DOH.
www.doh.wa.gov/Portals/1/Documents/8340/970-216-Disinfect-en-L.pdf

Luntiang Paglilinis, Pag-sanitize, at Pag-disinfect: Isang Toolkit para sa Maagang Pag-aalaga at Edukasyon. Isang webpage ng EPA na may mga mapagkukunan para sa luntiang paglilinis, pag-sanitize, at pag-disinfect sa mga pasilidad ng pag-aalaga sa bata.
www.epa.gov/schools/green-cleaning-sanitizing-and-disinfecting-toolkit-early-care-and-education

Mga mapagkukunan tungkol sa Luntiang Paglilinis para sa mga Provider ng Pag-aalaga ng Bata. Webpage ng EPA na may mga link sa impormasyon hinggil sa mga posibleng panganib ng mga produktong panlinis at mga alternatibong hindi gaanong nakakalason.
www.epa.gov/childcare/resources-about-green-cleaning-child-care-providers

WAC 110-300-0241

Mga Iskedyul ng Paglilinis

(1) Ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat gumawa at sumunod sa isang iskedyul ng paglilinis na kinabibilangan ng:

(a) Mga lugar para sa paghahanda ng pagkain, mga mesa at upuan, mga high chair, at mga counter para sa pagsisilbi ng pagkain, na dapat linisin at i-sanitize bago at pagkatapos ng bawat pagkain at meryenda gamit ang mga isahang gamit na paper towel o isahang gamit na pamunas;

(b) Mga kubyertos, bote, kagamitan sa pag-inom, at pinggan, na dapat linisin at i-sanitize pagkatapos ng bawat paggamit;

(c) Mga pacifier, na:

(i) Dapat linisin at i-sanitize pagkatapos ng bawat paggamit sa pamamagitan ng paghuhugas at pagpapakulo ng pacifier o paghuhugas nito sa dishwasher; o

(ii) Maaaring muling gamitin ng isang indibidwal na bata kung ito ay banlawan pagkatapos ng bawat paggamit at itago sa isang lalagyan o sisidlan na pumipigil sa kontaminasyon. Ang parehong pacifier at ang lalagyan o sisidlan nito ay dapat linisin at i-sanitize araw-araw;

(d) Mga kagamitang ginagamit sa paghahanda ng pagkain, na dapat linisin pagkatapos ng bawat paggamit at i-sanitize araw-araw o mas madalas kung kinakailangan;

(e) Mga refrigerator, na dapat linisin at i-sanitize buwan-buwan o mas madalas kung kinakailangan;

(f) Mga freezer, na dapat linisin at i-sanitize kada tatlong buwan o mas madalas kung kinakailangan;

(g) Mga laruan, na dapat linisin at i-sanitize ayon sa sumusunod:

(i) Mga laruan para sa sanggol at batang paslit ay dapat linisin at i-sanitize nang hindi bababa sa isang beses araw-araw o mas madalas kung kinakailangan;

(ii) Lahat ng ibang laruan ay dapat linisin at i-sanitize lingguhan o mas madalas kung kinakailangan; at

(iii) Kapag ang isang laruan ay nadikit sa bibig ng bata o sa likido mula sa katawan, ito ay dapat alisin muna sa paggamit hanggang sa ito ay malinis at ma-sanitize bago muling gamitin; at

(h) Mga kasangkapan at kagamitan, na dapat linisin buwan-buwan o mas madalas kung kinakailangan.

(2) Dapat labhan ang mga damit na maaaring labhan sa machine na ibinibigay ng programa ng maagang pagkatuto kung kinakailangan.

(3) Ang kagamitan sa pagtulog ay dapat:

(a) Linisin at i-sanitize pagkatapos ng bawat paggamit kung ginagamit ng higit sa isang bata; o

(b) Linisin at i-sanitize lingguhan o mas madalas kung kinakailangan kung nakatalaga lamang sa isang bata.

(4) Ang mga kumot at bedding ay dapat:

(a) Labhan at i-sanitize pagkatapos ng bawat paggamit kung ginagamit ng higit sa isang bata; o

(b) Labhan at i-sanitize lingguhan o mas madalas kung kinakailangan kung nakatalaga lamang sa isang bata.

(5) Ang mga lababo na hindi ginagamit para sa paghuhugas ng kamay pagkatapos ng paggamit ng palikuran, pagpapalit ng diaper, o paghahanda ng pagkain ay dapat linisin at i-sanitize araw-araw o mas madalas kung kinakailangan.

(6) Ang mga lugar para sa paggamit ng palikuran at pagpapalit ng diaper kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga inidoro, counter, lababo, at sahig ay dapat linisin at i-disinfect araw-araw o mas madalas kung kinakailangan.

(7) Ang mga mesa at pad para sa pagpapalit ng diaper ay dapat linisin at i-disinfect sa pagitan ng paggamit ng bawat bata, kahit na gumagamit ng hindi sumisipsip na pantakip na itinatapon pagkatapos ng bawat gamit.

(8) Dapat na itapon ang laman ng mga basurahan at lalagyan ng basura araw-araw at linisin at i-disinfect kung kinakailangan.

(9) Dapat itapon ang laman, linisin, at i-disinfect ang mga lalagyan para sa diaper araw-araw o mas madalas kung kinakailangan. Dapat alisin ang laman ng lalagyan ng diaper mula sa lisensyadong espasyo at palitan ng bagong liner nang hindi bababa sa isang beses araw-araw o mas madalas kung may amoy.

(10) Dapat linisin ang sahig sa pamamagitan ng pagwawalis o pagva-vacuum nang kahit isang beses bawat araw o mas madalas kung kinakailangan. Dapat linisin at i-sanitize ang sahig na may materyal na may panlaban sa halumigmig nang hindi bababa sa isang beses bawat araw o mas madalas kung kinakailangan.

(11) Dapat linisin ang malalaking alpombra o nakalagay na carpet nang kahit isang beses tuwing anim na buwan, o kapag may nakikitang dumi o mantsa, gamit ang machine para sa carpet shampoo, steam cleaner, o ibang pamamaraan na nagpapababa ng posibilidad na malantad ang mga batang inaalagaan sa mga pathogen at allergen.

(a) Hindi dapat gumamit ang provider ng maagang pagkatuto ng dry shampoo o dry chemical na mga sanitizer o disinfectant, maliban kung aprubado ng kagawaran.

(b) Kung nag-aalaga ng mga sanggol, ang provider ay dapat maglagay ng ligtas at malinis na materyales sa ibabaw ng malalaking alpombra o carpet, o linisin ang mga alpombra o carpet nang hindi bababa sa isang beses bawat buwan o mas madalas kung may nakikitang mantsa.

(12) Dapat ipagpapg ang maliliit na alpombra sa labas o i-vacuum araw-araw, at labhan kung kinakailangan.

(13) Dapat linisin at i-disinfect ang mga carpet o alpombra na nadumihan ng likido mula sa katawan gamit ang mataas na init o produktong rehistrado sa EPA. Dapat bawasan ng provider ng maagang pagkatuto ang pagkakalantad sa dugo at likido mula sa katawan habang naglilinis.

(14) Ang mga bata ay hindi dapat:

(a) Naroroon kapag nililinis o bina-vacuum ang mga carpet maliban kung spot vacuuming lamang, may HEPA filter ang vacuum, at wala ang mga bata sa mismong lugar; o

(b) Gumamit o maglaro sa o malapit sa mga lugar na may carpet hanggang sa ito ay matuyo.

Upang makatulong na maiwasan ang pagkalat ng sakit sa mga bata at kawani, may mahalagang tungkulin ang mga provider ng maagang pagkatuto na bumuo ng iskedyul ng paglilinis at tiyakin na ito ay nasusunod.

Malamang na ilalagay ng mga bata ang kanilang mga kamay sa bibig, kukuskusin ang kanilang mga mata, o hahawakan ang kanilang mga ilong. Nagbibigay ng daan ang mga gawaing ito para makapasok ang mikrobyo sa kanilang katawan. Kapag ang mga bata ay nasa magkahalong pangkat, may posibilidad na maglipat sila ng mikrobyo sa iba kapag hinahawakan nila ang mga materyales sa pagkatuto, kasangkapan, at iba pang kagamitan gamit ang maruruming kamay. Ayon sa isang pag-aaral ng Pambansang Institusyon para sa Kalusugan at Pag-unlad ng Bata (NICHD), hanggang sa humigit-kumulang edad na 3, mas madalas magkasakit ang mga batang nasa mga programa ng maagang pagkatuto kaysa sa mga batang nananatili sa bahay.[177]



177 Pambansang Institusyon para sa Kalusugan at Pag-unlad ng Bata, Mga Natuklasan para sa mga Bata hanggang Edad 4½ Taon (2006), 21.

Binabalangkas ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang mga kinakailangan para sa iskedyul ng paglilinis ng mga partikular na bagay at lokasyon sa programa ng maagang pagkatuto.

Iskedyul ng Paglilinis

Mga Panuntunan para sa Malinis at Malusog na Kapaligiran sa Pag-aalaga ng Bata

Ang 3-Hakbang na Paraan ay 1. HUGASAN, 2. BANLAWAN, at 3. I-SANITIZE o I-DISINFECT

- Ginagamit ang solution para sa pag-sanitize upang mabawasan ang mga mikrobyo sa mga ibabaw ngunit hindi tuluyang naaalis ang mga ito. Pinapababa ng mga sanitizer ang dami ng mikrobyo sa mga ibabaw sa antas na itinuturing na ligtas. Kadalasang ginagamit ang 3-hakbang na paraan ng pag-sanitize sa mga ibabaw ng pagkain, kusina, at mga silid-aralan.
- Ginagamit ang solution para sa pag-disinfect upang puksain o pahinain ang mga mikrobyo at pigilan ang pagdami ng mga ito. Pinangangasiwaan ang mga disinfectant ng U.S. Environmental Protection Agency (Ahensya ng Proteksyon sa Kapaligiran ng U.S., EPA). Kadalasang ginagamit ang 3-hakbang na paraan ng pag-disinfect para sa mga likido ng katawan at mga banyo/lugar ng pagpapalit ng lampin.

Gawain	Araw-araw	Lingguhan	Buwanan	Bago at Pagkatapos Gamitin	Mga komento:
Mga Lugar ng Pag-aalaga sa Bata					
Mga hawakan ng pinto at aparador	D				Sa pagtatapos ng araw.
Mga drinking fountain	D*				
Mga laruang nilalagay sa bibig				S*	Itabi muna kapag nadikit na sa bibig, pagkatapos ay linisin at i-sanitize bago muling gamitin.
Pacifier	S*				Linisin at i-sanitize pagkatapos ng bawat paggamit o maaaring gamitin muli ng iisang bata kung babanlawan at itatago sa isang lalagyan. Linisin at i-sanitize araw-araw ang pacifier at paglalagyan.
Mga laruan ng sanggol at maliliit na bata	S*				
Mga laruan na pang-preschool at mga nasa edad ng pag-aaral		S*			
Mga water table	S*				
Muwebles			C		Linisin ang mga muwebles buwan-buwan o mas madalas kung kinakailangan.
Mga basurahan	D*				Alisan ng laman araw-araw, linisin at i-disinfect kung kinakailangan.
Mga basahan at carpet	C*				Mag-vacuum araw-araw, linisin ng hindi bababa sa isang beses bawat 6 na buwan gamit ang carpet shampoo machine o steam cleaner. **Para sa mga silid ng sanggol, linisin ng hindi bababa sa isang beses bawat buwan.**
Mga sahig (tile, linoleum, atbp.)	S				Walisin o i-vacuum, pagkatapos ay i-sanitize.
Mga sahig, karpet, basahan, o mga ibabaw na may kontaminasyon ng likido ng katawan o suka	D*				Dapat ilipat ang mga bata mula sa lugar na kontaminado ng dugo o OPIM ***bago*** linisin at i-disinfect gamit ang mataas na init o produktong rehistrado sa EPA. Hindi dapat bumalik ang mga bata sa mga lugar na may karpet hanggang sa ito ay matuyo.
Mga lababo na hindi ginagamit para sa paghuhugas ng kamay pagkatapos ng paggamit ng palikuran, pagpapalit ng lampin, o paghahanda ng pagkain	S				Linisin at i-sanitize araw-araw o kung kinakailangan.

1

Gawain	Araw-araw	Lingguhan	Buwanan	Bago at Pagkatapos Gamitin	Mga komento:
Mga Lugar ng Pagtulog					
Kuna, kama, kutson at banig		S*			Linisin at i-sanitize bago gamitin ng ibang bata.
Labada – Mga pambalot sa kama: punda, kumot, sleep sack, atbp.		S			I-sanitize gamit ang bleach ayon sa mga tagubilin ng tagagawa ng kagamitan o labhan sa temperatura na higit sa 140°F.
Mga lugar ng palikuran at pagpapalit ng lampin					
Mga lababo sa paghuhugas ng kamay, mga counter, palikuran, hawakan ng palikuran, at mga sahig	D*				Linisin kapag kinakailangan lalo na kung may nakikitang dumi.
Mga mesa para sa pagpapalit ng lampin at mga potty chair				D	Pagkatapos ng bawat paggamit. Hindi puwedeng linisin ang gamit para sa toilet training sa lababo na ginagamit para sa paghahanda ng pagkain, paghuhugas ng kamay, o paglilinis.
Mga basurahan para sa diaper	D				Tanggalin ang basura sa buong araw.
Sahig ng banyo	D*				
Mga Lugar para sa Pagkain					
Refrigerator			S		Linisin at i-sanitize buwan-buwan.
Freezer					Linisin at i-sanitize kada tatlong buwan.
Mga gamit sa pagkain, bote, at pinggan				S	Pagkatapos ng bawat paggamit. Linisin at i-sanitize gamit ang awtomatikong dishwasher na gumagamit ng init o kemikal para mag-sanitize, o maghugas gamit ang kamay, banlawan, i-sanitize, at hayaang matuyo sa hangin.
Mga kitchen counter				S*	
Mga ibabaw ng paghahanda ng pagkain				S	Linisin at i-sanitize ang lababo na ginagamit sa paghahanda ng pagkain bago ito gamitin.
Mga mesa at high chair				S	
Mga sahig sa kusina	S				Walisan, hugasan, banlawan, at i-sanitize.
Mga kagamitan na ginagamit sa paghahanda ng pagkain	S*				Linisin pagkatapos gamitin at i-sanitize araw-araw.
Iba pang mga Gamit sa Paglilinis					
Labahin Mga bib at burp cloth Mga laruan na gawa sa tela at mga damit na pang-costume				S	I-sanitize gamit ang bleach ayon sa panuntunan ng tagagawa ng kagamitan o hugasan sa temperatura na higit sa 140°F. Labhan ang mga laruan na gawa sa tela at mga damit na pang-costume kung kinakailangan.

***Minsan kailangan linisin, banlawan, at i-sanitize/i-disinfect nang mas madalas.**

Inangkop mula sa mga materyal na ginawa ng Pampublikong Kalusugan — Seattle at King County.

2

Upang i-download ang iskedyul ng paglilinis na ito, pumunta sa: **www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pdf/lic-guide/LIC_0010_Cleaning_Schedule.pdf**.

Pacifier

Ang mga pacifier ay patuloy na inilalagay sa bibig, paminsang nahuhulog, at may posibilidad na aksidenteng magamit ng ibang bata. Kadalasang nag-iipon ng bacteria ang mga pacifier habang ginagamit, na maaaring magdulot ng pagkakasakit ng bata. Ang tamang pag-aalaga at paglilinis ng pacifier ay makakabawas sa posibilidad na magkasakit ang bata o mapasukan ng bacteria ang katawan nito.

Isang sanggol ang dumating sa programa ng maagang pagkatuto na may pacifier sa bibig. Pagkaraan ng ilang sandali, naging iritable ang sanggol at iniluwa ang kanyang pacifier. Nagpasya ang provider ng maagang pagkatuto na baka kailanganin ng sanggol ang kanyang pacifier sa bandang hapon. Kaya binanlawan ng provider ng maagang pagkatuto ang pacifier at inilagay ito sa nakatalagang plastik na lalagyan na may pangalan ng bata. Sa pagtatapos ng araw, nalinis at na-santize ang pacifier at ang plastik na lalagyan, na handa nang gamitin kinabukasan.

Mga Lababo

Ang mga lababo na hindi ginagamit para sa paghuhugas ng kamay pagkatapos gumamit ng palikuran, pagpapalit ng diaper, o paghahanda ng pagkain ay dapat linisin at i-sanitize araw-araw – o mas madalas kung kinakailangan – upang makatulong na makontrol ang bacteria. Dumarami ang bacteria hindi lamang sa mga basang kapaligiran, kundi maaari rin itong mabuhay nang matagal kahit walang kahalumigmigan.[178]

Mga Lugar ng Palikuran at Pagpapalit ng Diaper

Sa mga gawain sa paggamit ng palikuran at pagpapalit ng diaper, ang mga lugar ng pagpapalit gaya ng mesa, inidoro, at pad ay maaaring madikitan ng dumi. Ayon sa pananaliksik, ito ay isa sa mga paraan kung paano kumakalat ang mga pathogen na nagdudulot ng sakit sa tiyan sa mga bata sa mga programa ng maagang pagkatuto. Kapag inilalagay ang mga bata sa mga karaniwang pinagsasaluhang ibabaw na ito, maaari nilang madumihan ang kanilang mga kamay at damit, at pagkatapos ay mailipat ang mga pathogen na ito sa kanilang kapaligiran. Upang maiwasan ang pagkalat ng mga sakit na ito sa panahon ng mahahalagang gawain sa paggamit ng palikuran at pagpapalit ng diaper, ang mga inidoro, counter, lababo, at sahig ay dapat linisin at i-disinfect araw-araw o mas madalas kung kinakailangan. Dagdag pa rito, ang mga bata ay maaaring maglabas ng mga virus tulad ng norovirus sa kanilang dumi nang hindi bababa sa 25 araw matapos mawala ang mga sintomas.[179] Upang maiwasan ang pagkalat ng mga virus at iba pang sakit, mahalagang linisin at i-disinfect ang mga mesa at pad para sa pagpapalit ng diaper sa pagitan ng bawat bata, kahit na gumagamit ng pantakip na hindi sumisipsip ng likido na itinatapon pagkatapos ng bawat paggamit.

Mga Carpet at Alpombra

Ang mga sanggol ay gumugugol ng oras nang direkta sa sahig at madalas na nakadapa kung saan ang kanilang zone sa paghinga ay nasa mismong antas ng sahig. Dahil dito, mahalagang panatilihing lalo nang malinis ang mga carpet at alpombra sa mga lugar para sa sanggol. Kung hindi ginagamit araw-araw ang mga kumot sa sahig, ang mga carpet o malalaking alpombra kung saan inilalagay ang mga sanggol ay kailangang malinis nang masinsinan nang hindi bababa sa isang beses bawat buwan, o mas madalas kung may nakikitang mantsa.



178 Sciencing, "What Three Conditions Are Ideal for Bacteria to Grow," available sa **https://sciencing.com/three-conditions-ideal-bacteria-grow-9122.html**, huling na-update noong Marso 9, 2018.

179 Pakikipagtulungan para sa Edukasyon sa Kaligtasan ng Pagkain, "Pagpapalit ng Maruruming Diaper," available sa **www.fightbac.org/?s=changing+dirty+diapers&id=12049**, huling na-update noong Pebrero 27, 2013.

Ang basang carpet ay maaaring magdulot ng pag-usbong ng amag. Kapag may kahalumigmigan, may panganib din ng amag.[180] Kapag dumarami at lumalago ang amag, ang paglanghap ng mga hindi nakikitang espora ay maaaring magdulot ng hika o allergic reaction. Ang ilang amag ay maaaring magdulot ng impeksyon o malubhang toxicity syndrome. Dahil sa mga kadahilanang ito, kailangang lubos na patuyuin ang mga carpet pagkatapos linisin.

WAC 110-300-0245


Paglalaba at kagamitan

(1) Ang labahin at gamit sa paglalaba sa isang programa ng maagang pagkatuto ay dapat hindi maabot ng mga bata at hiwalay sa mga lugar kung saan inihahanda ang pagkain upang maiwasan ang paglipat ng mikrobyo.

(2) Ang marumi o nadumihang labahin ay dapat:

- **(a) Panatilihing hiwalay mula sa malinis na labahin;**
- **(b) Linisin gamit ang sabon o detergent para sa paglalaba;**
- **(c) Banlawan; at**
- **(d) I-sanitize:**
  - **(i) Gamit ang bleach o katulad na sanitizer na nakarehistro sa EPA; o**
  - **(ii) Sa pamamagitan ng paggamit ng "sanitize" setting sa washing machine o dryer na umaabot sa hindi bababa sa 140 degrees Fahrenheit.**

(3) Ang dryer ay dapat may vent papalabas ng gusali o alinsunod sa mga espesipikasyon ng tagagawa.



Karaniwan ang pagkakaroon ng kahit kaunting maruming labahin sa parehong sentro ng pag-aalaga ng bata at family home na may programa ng maagang pagkatuto. Malamang na kontaminado ng mikrobyo at bacteria ang maruming labahin. Nakakatulong ang pagpapanatiling hindi naaabot ng mga bata ang maruming labahin na maiwasan ang aksidenteng pagkakadikit sa anumang kontaminadong bagay. Ang mga lalagyan na may takip at sapat ang taas para hindi maabot ng mga bata ang loob ay itinuturing na hindi naaabot.[181] Dagdag pa rito, ang ganitong uri ng lalagyan ay nakakatulong din laban sa masamang amoy sa kapaligiran ng maagang pagkatuto.

Bagama't kapaki-pakinabang ang paglalaba ng tela upang mabawasan ang pagkalat ng mikrobyo, kinakailangang mag-ingat upang mabawasan ang panganib sa mga bata mula sa pagkakalantad sa kagamitan sa paglalaba o mga kemikal para sa paglalaba. Ayon sa Pambansang Sentro ng Pagkalason ng Pambansang Kapital (NCPC), ang mga produktong panlaba gaya ng sabong panlaba, pampaputi, pangtanggal ng mantsa, at iba pa ay maaaring magdulot ng iritasyon o paso sa bibig, mata, o balat.[182] Kaya naman, ang mga ito ay dapat panatilihing hindi naaabot ng mga batang inaalagaan. Sinusuportahan ng Sentro ng Kontrol sa Pagkalason ng Washington ang kinakailangan na dapat laging nakasara, selyado, at itinatago sa mataas na lugar ang mga lalagyan ng detergent, upang hindi maabot ng mga bata.[183]

180 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Basic Facts about Mold and Dampness," available sa **www.cdc.gov/mold/faqs.htm**, huling na-update noong Agosto 11, 2020.

181 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 240.

182 Pambansang Sentro ng Pagkalason ng Pambansang Kapital, "Laundry Products How to Protect Kids from Unintentional Poisonings," available sa **www.poison.org/articles/2012-feb/laundry-products#:~:text=Children%20get%20into%20all%20kinds,rust%20remover%20and%20laundry%20pods**, kinuha noong Hulyo 27, 2020.

183 Sentro ng Kontrol sa Pagkalason ng Washington, "Laundry Pod Hazards Are Your Children Safe," available sa **www.wapc.org/media/family-safety-alerts/laundry-packet-hazards-are-your-children-safe/**, kinuha noong Hulyo 27, 2020.

Kapag may pasilidad sa paglalaba sa loob ng programa ng maagang pagkatuto, ang mga washer at dryer ay maaari ring maging panganib sa pagkakakulong. Maaaring makulong ang isang bata sa loob ng washer o dryer kung sila ay umakyat papasok sa makina. Dahil dito, ang silid ng paglalaba at kagamitan dito ay dapat ding hindi naaabot ng mga bata maliban na lamang kung sila ay mahigpit na binabantayan. Maaaring gawing hindi naaabot ng mga bata ang lugar ng paglalaba sa pamamagitan ng pagkakandado sa pinto ng silid ng paglalaba o paglalagay ng harang sa daan patungo sa lugar ng paglalaba, gaya ng baby gate.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0165 ang mga kinakailangan sa kaligtasan, kasama ang pagtiyak na ang mga panganib sa pagkakakulong ay hindi maaabot ng mga bata.

Upang higit pang maiwasan ang paglipat ng mikrobyo, ang mga gamit at kagamitan sa paglalaba ay dapat hiwalay sa mga lugar kung saan inihahanda ang pagkain. Pinipigilan nito ang paglipat ng mikrobyo mula sa maruming labahin, mga kemikal o maliliit na particle na inilalabas ng dryer. Nakakabawas din ang paghihiwalay na ito sa pagkakalantad sa mga kemikal ng panlaba at sa mga kontaminadong bagay na maaaring matagpuan sa silid ng paglalaba.[184]

Dagdag pa rito, ang marumi o naduming labahin ay dapat panatilihing hiwalay sa malinis na labahin. Kapag nililinis ang maruming labahin, dapat gumamit ng sabon o detergent at dapat may proseso ng pagbabanlaw. Para ma-sanitize ang labahin, dapat gumamit ang provider ng maagang pagkatuto ng bleach o katulad na sanitizer o magsagawa ng pag-sanitize gamit ang init. Upang ma-sanitize gamit ang init, dapat umabot sa hindi bababa sa 140° F ang temperatura ng tubig sa washer o ng hangin sa dryer.

Upang maiwasan ang panganib ng sunog, ang mga dryer ay dapat may hiwalay na vent palabas ng gusali at hindi isinasama sa ibang exhaust system ng gusali. Ayon sa Pederal na Ahensya para sa Pamamahala ng Emergency (FEMA), may malubhang panganib kapag ang dryer vent ay hindi direktang inilalabas sa labas.[185] Ang paglalabas ng hangin mula sa dryer sa labas ng gusali ay nagbibigay proteksyon laban sa sunog, pagkalason sa carbon monoxide, pagdami ng amag, at mga problema sa paghinga. Tinitiyak ng kahilingang ito ang pagkakapareho sa CFOC[186] at sa mga building code tulad ng Pandaigdigang Kodigo para sa Pagtatayo ng Mga Residensyal na Gusali at Pandaigdigang Kodigo sa Mekanikal.

184 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. Pag-aaruga sa Ating mga Anak: Mga Pambansang Pamantayan sa Kalusugan at Kaligtasan; Mga Alituntunin para sa mga Programa ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon ika-4 na edisyon (Itasca, IL: Amerikanong Akademya ng Pediatrics, 2019), pahina 268.

185 Pederal na Ahensya para sa Pamamahala ng Kalamidad, "Clothes Dryer Fires in Residential Buildings (2008-2010)," Serye ng Mga Ulat sa Sunog Batay sa Paksa 13 (7) (2012), available sa **www.usfa.fema.gov/downloads/pdf/statistics/v13i7.pdf**

186 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. Pag-aaruga sa Ating mga Anak. 268.

Mga Materyales para sa Pagsasagawa ng Kampanya sa Kaligtasan sa Sunog ng Dryer ng Damit. Webpage ng Pangasiwaan sa Sunog ng U.S. na may mga mapagkukunan at tip sa kaligtasan.
www.usfa.fema.gov/prevention/outreach/clothes_dryers.html

Sentro ng Kontrol sa Pagkalason ng Washington. Isang organisasyong pangkaligtasan laban sa lason na sumasagot sa mga tanong at nagbibigay ng impormasyon at mapagkukunan kaugnay sa kaligtasan laban sa lason. 1-800-222-1222
www.wapc.org/

Mga Panganib ng Laundry Pod. Ligtas ba ang Inyong mga Anak? Isang webpage ng impormasyo mula sa Sentro ng Kontrol sa Pagkalason ng Washington.
www.wapc.org/media/family-safety-alerts/laundry-packet-hazards-are-your-children-safe/

WAC 110-300-0250

Pribadong sistema ng imburnal

(1) Kung ang isang programa ng maagang pagkatuto ay gumagamit ng pribadong sistema ng imburnal, dapat itong idisenyo, itayo, at panatilihin alinsunod sa mga kinakailangan ng estado at lokal na hurisdiksiyon sa kalusugan.

(a) Ang isang pribadong sistema ng imburnal ay dapat inspeksyunin ng isang provider ng serbisyo sa pagpapanatili ng sistema ng imburnal na inaprubahan ng lokal na hurisdiksiyon sa kalusugan at regular na minomonitor. Anumang kakulangan na nakasaad sa ulat ng inspeksyon ay dapat ayusin gamit ang kinakailangang mga permit at inspeksyon.

(b) Ang pinakahuling tala ng pumping at inspeksyon ng pribadong sistema ng imburnal ay dapat itago sa lisensyadong lugar o sa opisina ng administrasyon ng programa.

(c) Kung ang provider ng maagang pagkatuto ay walang dokumentasyong inilarawan sa (b) ng seksyong ito, dapat makakuha ng ganoong dokumento mula sa estado, lokal na hurisdiksiyon sa kalusugan, o kumpanyang inaprubahan ng kagawaran sa loob ng anim na buwan mula sa petsa na naging epektibo ang seksyong ito.

(d) Dapat ipaalam ng provider ng maagang pagkatuto sa kagawaran at lokal na hurisdiksiyon sa kalusugan kung may problema, alalahanin, o pagkasira sa pribadong sistema ng imburnal.

(e) Kung ang problema, alalahanin, o pagkasira ng pribadong sistema ng imburnal ay nakakaapekto sa tamang pag-aalaga sa mga bata at walang aprubadong alternatibo, maaaring hilingin ng estado, lokal na hurisdiksiyon sa kalusugan, o kagawaran na pansamantalang isara ang programa ng maagang pagkatuto hanggang ang sistema ay ma-inspeksyon, maayos, at maaprubahan ng lokal na hurisdiksiyon sa kalusugan.

(2) Ayon sa WAC 110-300-0146(2), ang disenyo ng palaruan ay hindi dapat:

(a) Makagambala sa pag-access o operasyon ng pribadong sistema ng imburnal, kabilang ang drain field at mga tangke nito; o

(b) Maging matatagpuan o mailagay sa paraang nakakaapekto sa drain field o tangke ng pribadong sistema ng imburnal ayon sa pagtukoy ng mga lokal na opisyal.

Ang isang programa ng maagang pagkatuto ay gagamit ng isa sa dalawang sistema para salain at itapon ang maruming tubig: ang lokal na sistema ng alkantarilya o pribadong sistema ng imburnal. Ang sistema ng alkantarilya ay karaniwang pinapanatili ng lokal na kagawaran ng mga pampublikong gawain. Kung pribadong sistema ng imburnal ang ginagamit, responsibilidad ng programa ng maagang pagkatuto ang pagpapanatili nito. Ayon sa EPA, kapag ang sistema ng imburnal ay maayos na pinapanatili, nag-aalis ito ng mga pollutant mula sa bahay, pumipigil sa kontaminasyon ng tubig sa lupa, at humahadlang sa mga lason na makarating sa mga lokal na daluyan ng tubig tulad ng sapa at lawa.[187] Kung walang wastong pagpapanatili, ang pagkasira ng sistema ng imburnal ay maaaring magdulot ng malaking gastos at posibleng mga isyu sa kalusugan gaya ng kontaminasyon ng tubig-balón o pagkakalantad sa mga pathogen.

187 Ahensya ng Proteksyon sa Kapaligiran ng U.S., "Why Maintain Your Septic System," available sa **www.epa.gov/septic/why-maintain-your-septic-system**, huling na-update noong Abril 7, 2017.

Ang pagbibigay ng regular at maagap na pagpapanatili ay magpapahaba ng buhay ng sistema ng imburnal. Ayon sa EPA, ang mga septic tank ay dapat inspeksyunin nang hindi bababa sa isang beses bawat tatlong taon at i-pump kada tatlo hanggang limang taon.[188] Nakakatulong ito para maiwasang pumasok at makasira sa drain field ang dumi at mga solidong bagay. Ang drain field ay mahalagang bahagi ng sistema ng imburnal kung saan ang maruming tubig ay inilalabas pabalik sa lupa upang salain sa pamamagitan ng lupa. Kung pumasok ang dumi at mga solidong bagay sa drain field, puwede nitong barahan ang mga butas ng tubo at magdulot ng pagkasira ng drain field. Ang pagbabalik ng dumi sa loob ng isang programa ng maagang pagkatuto ay maaaring sanhi ng baradong tubo sa pagitan ng gusali at septic tank, tank na hindi nai-pump, o nadurog o nabarang tubo sa drain field. Upang maiwasang madurog o masira ang drain field, mahigpit na pinapayuhan ng DOH na huwag magtanim ng puno o maglagay ng mga estruktura ng gusali o mabibigat na kagamitan (tulad ng sasakyan) sa ibabaw ng drain field.[189] Katulad nito, ang palaruan at kagamitan sa maagang pagkatuto ay dapat idisenyo nang maingat upang maprotektahan ang kakayahang gumana ng drain field.

Kung may problema o pagkasira na may kaugnayan sa sistema ng imburnal ng isang provider ng maagang pagkatuto, mahalagang ipaalam ito sa parehong lokal na hurisdiksiyon sa kalusugan at DCYF upang makatanggap ng tamang gabay para maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga batang nasa pag-aalaga.

Gawin ang Iyong Bahagi, Maging Septic Smart: Mga Dapat at Hindi Dapat Gawin sa Iyong Sistema ng Imburnal. Isang flyer ng EPA na may mga tip para sa sistema ng imburnal. Wikang English: **https://kitsappublichealth.org/environment/files/SepticSmart_Flyer.pdf** Wikang Spanish: **https://kitsappublichealth.org/environment/files/ SepticSmart_Flyer_Spanish.pdf**

Mga Sistema ng Imburnal. Isang webpage ng DOH na may impormasyon at mga link para sa mga video, post, at iba pang mga mapagkukunan. **www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/WastewaterManagement/SepticSystem**

Mga Sistema ng Imburnal (Onsite/Mga Desentralisadong Sistema). Isang website ng EPA na may impormasyon at mga mapagkukunan kung paano mapanatili ang isang sistema ng imburnal at iba pa. **www.epa.gov/septic**

Mga Lokal na Kagawaran at Distrito ng Kalusugan ng Estado ng Washington Isang webpage ng DOH na may contact information at mga link sa webpage ng lokal na kagawaran ng kalusugan para sa bawat county sa Estado ng Washington. **www.doh.wa.gov/AboutUs/PublicHealthSystem/LocalHealthJurisdictions**

Nangungunang 10 Paraan para Maging Mabuting May-ari ng Septic Tank. Isang publikasyon ng EPA na may mga tip tungkol sa sistema ng imburnal: **www.epa.gov/sites/production/files/2016-08/documents/septicsmart_top_10_flyer_final_508.pdf**

188 Ahensya ng Proteksyon sa Kapaligiran ng U.S., "How to Care for Your Septic System," available sa **www.epa.gov/septic/how-care-your-septic-system**, huling na-update noong Pebrero 12, 2019.

189 Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington, "Caring for Your Septic System," available sa **www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/WastewaterManagement/SepticSystem/CaringforYourSystem**, nakuha noong Agosto 3, 2020.

WAC 110-300-0255

Pagsugpo ng peste

(1) Dapat gumawa ang isang provider ng maagang pagkatuto ng angkop na mga hakbang upang ligtas na maiwasan o makontrol ang mga peste na nagdudulot ng panganib sa kalusugan at kaligtasan ng mga nasa hustong gulang at bata sa loob at paligid ng lisensyadong lugar. Ang mga hakbang sa pagsugpo ng peste ay dapat kabilang ang:

- **(a) Pag-iwas. Dapat gumawa ang tagapagbigay ng hakbang para maiwasang maakit ang mga peste, kabilang ngunit hindi limitado sa, pagtukoy at pagtanggal ng mga pinagkukunan ng pagkain at tubig na nakakaakit ng mga peste.**
- **(b) Inspeksyon. Dapat suriin ang mga panloob at panlabas na lugar sa loob at paligid ng lisensyadong espasyo para sa anumang palatandaan ng peste. Dapat idokumento ng provider ang petsa at lokasyon kung saan natagpuan ang palatandaan.**
- **(c) Pagkilala. Ang mga peste na natagpuan sa lisensyadong espasyo ay dapat kilalanin at idokumento upang ang mga ito ay maayos na matanggal o maipuksa.**
- **(d) Pamamahala. Dapat idokumento ng provider ang mga hakbang na ginawa upang alisin o lipulin ang mga peste kung may natagpuan sa lisensyadong lugar.**
- **(e) Pag-abiso. Kung gagamit ng pesticide, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat mag-abiso sa mga magulang o guardian ng mga batang naka-enroll kung anong pesticide ang gagamitin at kung saan ito ilalapat, hindi bababa sa apatnapu't walong oras bago ang aplikasyon, maliban kung sa mga kagyat na kaso (gaya ng pugad ng putakti).**
- **(f) Paglalapat. Dapat maglagay ng pesticide sa espasyo ng programa ng maagang pagkatuto kapag walang presensya ng mga bata. Kapag naglalagay ng pesticide, ang mga provider ng sentro ay dapat sumunod sa kabanata 17.21 RCW, at ang mga provider ng family home ay dapat sumunod sa mga tagubilin ng tagagawa ng pesticide. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa: http://app.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=17.21.**

(2) Dapat magkaroon ang isang provider ng maagang pagkatuto ng patakaran sa pagkontrol ng peste na nagbibigay-diin sa pag-iwas at paggamit ng likas, hindi kemikal, at mababang antas ng toxicity na pamamaraan, kung saan ang mga pesticide o herbicide ay ginagamit lamang bilang huling paraan (ibig sabihin, pinagsamang pamamahala ng peste).

Ang mga peste ay mga insekto at iba pang maliliit na hayop na maaaring makapinsala sa kalusugan ng tao at makasira sa ari-arian o suplay ng pagkain. Ang mga peste ay maaaring mangagat at magdulot ng mga allergic at asthmatic reaction, at magdala ng bacteria, virus, at sakit.[190] Dapat magsagawa ang mga programa ng maagang pagkatuto ng mga hakbang upang makontrol ang mga peste para maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga bata at kawani.

Nagsisimula ang pagkontrol ng peste sa mga sistema at gawain na pumipigil sa pag-akit ng mga peste. Pinipigilan ng mga provider ng maagang pagkatuto ang mga peste kapag isinasagawa nila ang mga rutinang pangpagkain at paglilinis na nag-aalis ng access ng peste sa pagkain, tubig, at tirahan. Mga halimbawa ng mga gawain para maiwasan ang peste ay ang mahigpit na pagtatakip sa mga basurahan, pagtiyak na ang pagkain ay nakaimbak sa mga selyadong lalagyan, agarang paglilinis ng mga mumo at tapon, pagsasara ng anumang bitak o butas upang maiwasan ang pagpasok mula sa labas, at pagbawas ng kalat kung saan maaaring magtago ang mga peste.[191]

Kung may nakitang ebidensya ng peste, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat gumawa ng mga hakbang upang alisin o lipulin ang mga ito. Sa maraming pagkakataon, mayroong mga likas, hindi kemikal na pamamaraan upang makontrol ang mga peste. Maaaring kabilang dito ang mga hakbang tulad ng pagseselyo o paglalagay ng screen sa mga pasukan, paggamit ng mga bitag, pagsira sa mga pugad, o paggamit ng matinding temperatura. Sa ilang pagkakataon, puwede mapilitan ang provider ng maagang pagkatuto na gumamit ng pesticide para kontrolin ang peste dahil sa laki ng pagdami nito o sa uri ng peste. Ang mga pesticide ay mga kemikal na ginagamit upang pumatay ng peste, at kung gagamitin nang hindi tama, maaari itong makapinsala sa tao.

190 Tox Town ng Pambansang Aklatan ng Medisina ng U.S., "Pests," available sa **https://toxtown.nlm.nih.gov/sources-of-exposure/pests#:-:text=squirrels%2C%20and%20voles.-,Why%20are%20Pests%20a%20concern%3F,and%20spread%20diseases%2C%20including%20salmonella**, huling na-update noong Oktubre 2019.

191 Grainger, "Pest Prevention and the Methods of Pest Control," available sa **www.grainger.com/know-how/business-operations/building-maintenance/kh-pest-control-prevention-and-methods**, nailathala noong Hulyo 1, 2017.

Sino man sa pasilidad ng maagang pagkatuto ay maaaring magkasakit matapos malantad sa pesticide. Mas madaling maapektuhan ang mga bata sa epekto ng pesticide dahil sa kanilang maliit na pangangatawan, umuunlad na mga organ, at likas na ugali na tuklasin ang kanilang paligid malapit sa lupa kung saan maaaring manatili ang pesticide.[192] Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga batang nalantad sa pesticide ay nagpapakita ng negatibong epekto sa kanilang pag-uugali at pag-unlad ng nerbiyo, pati na rin sa kanilang sistema ng pag-aanak, endocrine, imyunidad at palahingahan. Kasama sa mga palatandaan ng pagkalason sa pesticide ang pananakit ng ulo, pagkahilo, panghihina, panginginig ng kalamnan, hirap sa paghinga, pamamantal ng balat, pamumula o paghapdi ng mata at pagbabago sa antas ng pagiging alerto.[193]

Kapag gagamit ng pesticide, dapat ipaalam nang maaga sa mga magulang at guardian na gagamit ng pesticide at kung saan ito gagamitin sa pasilidad ng maagang pagkatuto. Magbibigay ito sa magulang o guardian ng mahalagang impormasyon upang makagawa ng tamang desisyon sa kalusugan at medikal kung magpakita ng senyales ng pagkalason ang bata matapos umalis sa pasilidad.

Isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro sa Kitsap County ang nagbabahagi:

"Maraming taon na ang nakalilipas, nagkaroon kami ng problema sa mga daga sa aming child care. May makikita kaming mga dumi sa aming mga aparador at estante. May isa pang nakita sa loob ng silid-aralan. Tumawag ako sa isang kompanya ng pagkontrol ng mga peste at nakipagtulungang mabuti sa kanila sa loob ng ilang buwan. Umikot kami sa gusali at hinanap ang mga lugar kung saan sila maaaring makapasok mula sa labas at natutunan kung paano harangan ang mga pasukan na iyon. Pumupunta paminsan-minsan ang kompanya ng pagkontrol ng mga peste upang maghanap ng iba pang mga dumi. Naglagay rin kami ng mga strip sa ilalim ng mga panlabas na pinto at inilagay sa mga lalagyang may takip ang lahat ng gamit sa aparador. Gumagawa rin kami ng lingguhang paglilinis sa pamamagitan ng pagbunot ng lahat ng lalagyan at paglilinis sa likod at paligid nito. Sa ganitong paraan, nalalaman namin kung mayroon pa kaming problema. Patuloy na pumupunta ang kompanya ng pagkontrol ng mga peste kada tatlong buwan. Nagtatago sila ng dalawang pain box na hindi nakalagay sa lugar ng child care, at mula noon ay wala na kaming naging problema. Medyo nakaka-stress noong natuklasan namin ang aming problema sa daga, ngunit ngayong may sistema na kami sa pagkontrol ng mga peste, hindi na kami nag-aalala."

Kung may pinaghihinalaang pagkalason sa pesticide, tumawag agad sa mga Sentro para sa Pagkontrol ng Pagkalason sa 1-800-222-1222.

192 Jianghong Liu at Erin Schelar, "Pesticide Exposure and Child Neurodevelopment: Summary and Implications," Sage journals 60 (5) (2012): 235-243, available sa **https://journals.sagepub.com/doi/10.1177/21650799120600507?url_ver=Z39.88-2003&rfr_id=ori:rid:crossref.org&rfr_dat=cr_pub%3dpubmed**

193 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, "Protecting Children from Pesticides: Information for Parents," **healthychildren.org**, huling na-update (2020), available sa **www.healthychildren.org/English/safety-prevention/all-around/Pages/Protecting-Children-from-Pesticides-Information-for-Parents.aspx**

Sa isang programa ng maagang pagkatuto, may nabubuong pugad ng putakti sa gilid ng bubong sa itaas ng pasukan ng pasilidad. Idodokumento ng provider ng maagang pagkatuto ang natagpuan, lokasyon ng pugad, petsa ng pagkakadiskubre, at mga hakbang na ginawa upang alisin ang pugad at lipulin ang mga putakti. Susubukan ng provider na alamin kung bakit sila naroon, paano maiwasan ang kanilang pagbabalik, at ang pinakamainam na paraan upang alisin ang pugad. Matutuklasan ng provider na kakailanganin nilang ipa-spray ang pugad gamit ang synthetic pyrethroid sa gabi kapag malamig na ang temperatura. Maglalagay ang provider ng karatula upang ipaalam sa mga kawani, magulang, o guardian ang paggamot na gagawin sa gabing iyon at titiyakin na ipapaalam ito sa oras ng pagsundo. Maaaring gumawa ang provider ng iba pang hakbang, tulad ng pagtawag sa telepono o pagpapadala ng email, upang ipaalam sa mga kawani, magulang, at guardian dahil sa maikling abiso para sa paggamot. Lahat ng pagsisikap sa pag-alis ng pugad ay idodokumento at itatago sa file.

Pinagsamang Pamamahala ng Peste sa mga Sentro ng Pag-aalaga ng Bata: Pagprotekta sa Ating mga Bata laban sa mga Peste. Isang slideshow tutorial mula sa EPA na nakatuon sa peste at pamamahala ng peste sa mga programa ng pag-aalaga ng bata.
www.epa.gov/sites/production/files/documents/IPM_CCC.pdf

Pinagsamang Pamamahala ng Peste. Isang webpage ng Washington State University na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga batas ng Washington at pinakamahusay na mga gawain, at may link sa checklist na ginagamit ng Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura) ng Estado ng Washington sa panahon ng inspeksyon ng isang lisensyadong programa ng pag-aalaga ng bata.
https://schoolipm.wsu.edu/washington-laws/

Pinagsamang Pamamahala ng Peste. Ang Programang Pangkalusugan para sa Pag-aalaga ng Bata ng University of California San Francisco ay nagbibigay ng mga toolkit para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa family home at sentro.
https://cchp.ucsf.edu/ipm

Mga Pesticide. Isang webpage ng EPA na may mga link na nagbibigay-kaalaman tungkol sa pagkontrol ng peste, mga pesticide, pagprotekta sa kapaligiran at regulasyon ng pesticide.
www.epa.gov/pesticides

Mga peste. Isang webpage ng DOH na may impormasyon at mga mapagkukunan tungkol sa pesticide at pamamahala sa partikular na mga peste.
www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/Pests/IntegratedPestManagement

Mga Paaralan at Pesticide. Isang webpage ng DOH na may impormasyon kung paano mababawasan ang pagkakalantad ng mga bata sa pesticide.
www.doh.wa.gov/CommunityandEnvironment/Schools/EnvironmentalHealth/Pesticides

Gabay sa Pagsunod para sa Paggamit ng mga Pesticide sa mga Pampublikong Paaralan (K–12) at Lisensyadong Day-Care Center. Publikasyon ng Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura) ng Estado ng Washington tungkol sa mga regulasyon sa pesticide para sa mga sentro ng pag-aalaga sa bata.
https://cms.agr.wa.gov/getmedia/88be51bf-c6ae-47f8-bde7-cb096d29d38c/ComplGuidePub075.pdf

Kalusugan at Sakit. Isang webpage ng Snohomish Health District na naglalaman ng link sa isang modelo ng Patakaran sa Pesticide para sa isang programa ng maagang pagkatuto.
www.snohd.org/245/Health-Illness

WAC 110-300-0260

Pag-iimbak ng mga mapanganib at pang-maintenance na gamit

(1) Dapat tiyakin ng isang provider ng maagang pagkatuto na lahat ng nakakalason o mapanganib na sangkap kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga gasolina, solvent, langis, panlaba, panghugas ng pinggan, iba pang detergent, mga produktong panlinis, disinfectant, at mga bagay na may etiketa na "ilayo sa mga bata" ay nakaimbak:

- **(a) Sa isang lokasyon na hindi maaabot ng mga bata;**
- **(b) Hiwalay at malayo sa mga lugar ng paghahanda ng pagkain, iba't ibang mga pagkain, at mga suplay ng pagkain;**
- **(c) Sa kanilang orihinal na lalagyan o malinaw na may label ng pangalan ng produkto kung hindi na nasa orihinal na lalagyan; at**
- **(d) Ayon sa mga tagubilin ng tagagawa (kabilang ang hindi pag-imbak ng mga produkto malapit sa pinagmumulan ng init).**

(2) Ang mga lugar ng imbakan at silid-imbakan ay dapat:

- **(a) Hindi maaabot ng mga bata;**
- **(b) May mga pintong may kandado o ibang paraan upang maiwasan ang pagpasok ng mga bata;**
- **(c) May sahig na may panlaban sa halumigmig at madaling linisin;**
- **(d) May nakatalagang utility sink para sa pagmementena o paglilinis, o ibang paraan upang itapon ang maruming tubig (hindi dapat gamitin ang lababo sa kusina para sa pagtatapon ng maruming tubig); at**
- **(e) Malinis at ligtas sa mikrobyo.**

(3) Ang espasyo ng programa ng maagang pagkatuto sa sentro na may mga lugar ng imbakan at silid na naglalaman ng mga kemikal, lababo para sa utility, o basang mop ay dapat may bentilasyon palabas ng gusali sa pamamagitan ng bintanang panlabas o mekanikal na bentilasyon upang maiwasan ang pagkaipon ng mga amoy, usok, o iba pang panganib.

(4) Ang mga provider ng family home ay dapat mag-imbak at magpanatili ng mga kemikal at basang mop sa paraang nakakapagpababa ng pagkaipon ng amoy, singaw, o ibang panganib.

(5) Ang mga lagari, power tool, lawn mower, pambomba ng inidoro, panlinis ng inidoro, at iba pang gamit sa pagmementena at paglilinis ay dapat hindi maaabot ng mga bata.

Ang mga panlinis o pang-maintenance na materyales ay mahalaga para sa maayos na pagpapatakbo at paglilinis ng isang programa ng maagang pagkatuto. May potensyal na magdulot ng malubhang pinsala ang mga substansya at kemikal na karaniwang ginagamit. Halimbawa, puwede nitong sunugin ang balat o mata, maging lason kapag nalunok, makasira ng daanan ng paghinga kapag nalanghap, o makapinsala sa nervous system. Mahalaga ang tamang pag-iimbak at paggawa nitong hindi maaabot para matiyak na hindi ito maaabot ng mga bata.



Iniulat ng NCPC na ang mga sangkap na panlinis ang pangalawang pinakakaraniwang sanhi ng hindi nakamamatay na pagkalason, kasunod ng mga kosmetiko at iba pang produktong pang-personal na pag-aalaga. Iniulat din ng NCPC na ang mga pagkalason ay higit na nakakaapekto sa mga bata. Halos kalahati ng lahat ng pagkakalason, 44.2%, ay nakakaapekto sa mga batang wala pang 6 na taong gulang, kung saan ang pinakamataas na dalas ng pagkalason ay sa mga batang 1 hanggang 2 taong gulang.[194]

194 Pambansang Sentro ng Pagkalason ng Pambansang Kapital, "Poison Statistics," available sa **www.poison.org/poison-statistics-national**, huling na-update noong 2018.

Dahil sa malinaw na panganib sa kalusugan at kaligtasan ng mga bata, ang tamang pag-iimbak ay nagsisimula sa pagtiyak na ang mga substansya ay hindi maaabot ng mga bata, na nangangahulugang isang paraan upang mapigilan ang isang bata na maabot, makapasok, magamit, o makalapit sa mga bagay, lugar, o materyales ng isang programa ng maagang pagkatuto. Kung ano ang ituturing na maaabot o hindi maaabot ay maaaring depende sa edad, taas, at antas ng pag-unlad ng mga batang nasa pag-aalaga, pati na rin sa mga salik gaya ng ayos ng espasyo para sa maagang pagkatuto. Maaari itong mangahulugang nasa likod ng nakasusing pinto, nasa aparador na may trangka, o nasa mataas na estanteng hindi kayang abutin ng mga bata.

Ang tamang pag-iimbak ng mga panlinis ay dapat nakahiwalay din sa imbakan ng pagkain, mga suplay, at lugar ng paghahanda ng pagkain. Ang paglalagay ng mga mapanganib na substansya na ito nang lubusang hiwalay sa mga lugar ng pagkain ay nagpapababa ng panganib ng aksidenteng pagkabubo, pagtulo, pagtalsik, o iba pang posibleng paraan ng kontaminasyon ng pagkaing kakainin ng mga bata at kawani.

Isa pang bahagi ng tamang pag-iimbak ay ang pagtiyak na lahat ng posibleng mapanganib na substansya ay nakaimbak sa kanilang orihinal na lalagyan o malinaw at tumpak na may label na lalagyan kung hindi na nakalagay ang mga ito sa orihinal na lalagyan. Nakakatulong ang mga lalagyang may label para maiwasan na magkamali ang isang provider ng maagang pagkatuto sa pagkakakilanlan ng isang substansya, at magamit ito sa paraang hindi ito nararapat gamitin. Nakakatiyak din ito na ang mga tagubilin kung paano ligtas na gamitin ang substansya at kung paano tumugon sakaling may aksidente o emergency na kinasasangkutan nito ay madaling matingnan.

Ang mga nakalalason at mapanganib na substansya ay dapat itago ayon sa mga tagubilin ng tagagawa. Halimbawa, maraming produkto ang may tagubilin na huwag itong itabi malapit sa pinagmumulan ng init o sa ibang kemikal dahil sa paraan ng reaksyon ng mga ito. Maaaring dahil ito sa panganib ng sunog, reaksyong kemikal, o iba pang sakuna na maaaring makapinsala sa sinumang nasa paligid. Dapat maging pamilyar at sumunod sa mga tagubilin ng tagagawa ang mga provider ng maagang pagkatuto.

Ang bentilasyon ay isa pang mahalagang bahagi ng tamang pag-iimbak ng mga panlinis na substansya. Kahit ang mga karaniwang gamit gaya ng detergent, panlinis, at bleach ay maaaring may mga pabango, amoy, at usok na puwedeng magdulot ng hika o iba pang reaksyon sa paghinga. Ang paglanghap ng usok mula sa solvent at gasolina ay maaaring makairita sa ilong at lalamunan o magdulot ng pagkahilo, pagduduwal, o pananakit ng ulo. Dagdag pa, ang bentilasyon ay nakakatulong upang matuyo nang lubusan ang mop at nakakapigil sa pag-usbong ng amag at bacteria.

Maaaring piliin ng isang provider ng maagang pagkatuto na gamitin ang kanilang laundry room bilang imbakan para panatilihing hindi maaabot ng mga bata ang mga produkto gaya ng detergent, mga panlinis, at disinfectant. Kung ang laundry room ay hindi ginagamit para mag-imbak ng pagkain o suplay ng pagkain, may nakakandadong pinto (para hindi maaabot ng mga batang nasa pag-aalaga ang mga materyales), may bintana (para sa bentilasyon), at may sahig na may panlaban sa halumigmig at madaling linisin (upang matiyak na ang natapong kemikal ay madaling malinis at maalis), malamang ay pumapasa ang lugar na ito sa mga kinakailangan ng seksyong ito.

Ang bagong superbisor ng programa sa isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ay nakakita ng natapong likido sa isang karaniwang lugar. Nang tanungin niya ang pangunahing guro kung saan makikita ang mop, sinabi ng pangunahing guro na ito ay nasa aparador na pinakamalapit sa pinto ng silid ng preschool. Binuksan ng superbisor ng programa ang aparador at nakita ang maraming panlinis at mga gamit sa pagmementena na nakalagay sa mga estante, kasama ang isang mop na nakapatong sa sahig katabi ng timba na may bahagyang laman na tubig. Napansin ng superbisor ng programa ang matapang na amoy-kulob at napansin niyang walang bentilador o bintana para mailabas ang amoy ng mop o makapasok ang hangin na makatutulong matuyo nang lubusan ang ulo ng mop upang maiwasan ang pagdami ng amag at bacteria. Kinabukasan, inilipat ng superbisor ng programa ang mop at mga gamit para sa pagmementena sa isang aparador na may utility sink at may bentilasyon palabas. Nagkabit siya ng clip sa dingding upang maitabi nang patayo ang mop pagkatapos gamitin at mas madaling matuyo ito nang buo sa pamamagitan ng hangin. Ginamit niya ang utility sink upang itapon at banlawan ang timba ng mop at naglagay ng hook at eye latch na mataas sa pinto upang hindi maabot ng mga bata ang mga gamit para sa pagmementena.

Tungkol sa Pagkalantad. Isang webpage ng Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng New York na may impormasyon tungkol sa pagkalantad sa kemikal.
www.health.ny.gov/environmental/about/exposure.htm

Estadistika Tungkol sa Pagkalason. Webpage ng 2018 NCPC Pambansang Datos.
www.poison.org/poison-statistics-national

Pagprotekta sa mga Manggagawang Gumagamit ng mga Panlinis na Kemikal. Isang sheet para sa impormasyon mula sa Pangasiwaan para sa Kaligtasan at Kalusugan sa Paggawa (OSHA).
www.osha.gov/Publications/OSHA3512.pdf

Ang Alam Mo ay Makakatulong sa Iyo: Isang Panimula sa Mga Nakalalasong Substansya. Isang webpage ng Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng New York na may impormasyon para sa pag-unawa at pagbabawas ng pagkalantad sa mga nakalalasong kemikal.
www.health.ny.gov/environmental/chemicals/toxic_substances.htm

Pagtulog at Pagpapahinga

WAC 110-300-0265

Pagtulog, pagpapahinga, at kagamitan

(1) Ang isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat mag-alok ng isang binabantayang pang-araw-araw na oras ng pagpapahinga para sa mga batang nasa edad ng preschool at mas bata pa na nasa pag-aalaga nang higit sa anim na oras bawat araw, o nagpapakita ng pangangailangan para magpahinga.

(2) Dapat magbigay ang provider ng maagang pagkatuto ng tahimik na gawain para sa mga batang hindi kailangang magpahinga. Ang mga tahimik na gawain ay dapat na hindi gaanong nakakagambala sa mga batang natutulog.

(3) Dapat ipaalam ng provider ng maagang pagkatuto sa magulang o guardian ng bata ang pangangailangan at pattern ng tulog ng bata.

(4) Hindi dapat ilagay ng provider ng maagang pagkatuto ang mga bata nang direkta sa sahig upang magpahinga o matulog.

(5) Para sa mga batang hindi gumagamit ng crib o playpen, dapat magbigay ang provider ng maagang pagkatuto ng akma sa edad na banig, kutson, o iba pang kagamitan sa pagtulog na gawa sa materyal na hindi tinatablan ng tubig at maaaring linisin at i-sanitize.

(6) Ang mga banig, kutson, at iba pang kagamitan sa pagtulog na ginagamit sa programa ng maagang pagkatuto ay dapat:

- **(a) Nasa maayos na kondisyon, walang punit o butas, at walang pagkukumpuni na ginamitan ng tape;**
- **(b) Nililinis, sina-sanitize, at pinapatuyo sa hangin nang hindi bababa sa isang beses kada linggo o mas madalas kung kinakailangan kapag ginagamit ng isang bata lamang, o pagkatapos ng bawat gamit kung ginagamit ng higit sa isang bata; at**
- **(c) Itinatago nang hindi magkadikit ang mga ibabaw na tinutulugan maliban na lamang kung nalinis at na-sanitize pagkatapos ng bawat gamit.**

(7) Dapat na ang mga floor mat na dinisenyo para sa pagtulog at mga kutson ay may kapal na hindi bababa sa isang pulgada.

(8) Dapat na ang mga floor mat ay may pagitan mula sa iba pang floor mat, cot, at kutson upang mabawasan ang pagkalantad sa mikrobyo at mabigyang-daan ang provider ng maagang pagkatuto na maabot ang bawat bata habang nasa oras ng pagtulog gaya ng sumusunod:

- **(a) Dapat may hindi bababa sa labingwalong pulgada sa bawat gilid sa pagitan ng bawat floor mat, cot, o kutson; at**
- **(b) Dapat na ang mga floor mat, cot, at kutson ay inayos na ang mga bata ay makakahiga nang magkaharap ang paa at ulo, o paa sa paa.**

(9) Dapat na ang bawat bata ay may sariling bedding na:

- **(a) Maglaan ng malinis na sapin o kumot para takpan ang higaan at isang malinis na kumot para sa bata na akma sa laki niya at sa katamtamang temperatura;**
- **(b) Nilalabhan linggo-linggo o mas madalas kung marumi, o nilalabhan araw-araw kung ginagamit ng higit sa isang bata; at**
- **(c) Itinatago nang hiwalay mula sa bedding na ginagamit ng ibang bata, maliban kung ito ay nilinis at sina-sanitize pagkatapos ng bawat gamit.**

(10) Hindi dapat payagan ng provider ng maagang pagkatuto ang mga batang wala pang anim na taong gulang na gumamit ng loft-style bed o itaas na bahagi ng bunk bed.

Dalawang aspeto ng pagtulog ang tinutugunan sa pamantayang ito: una, ang pagsuporta sa sapat na dami ng tulog para sa maliliit na bata at pangalawa, ang pagbibigay-pansin sa paglilinis at sanitasyon ng kagamitan sa pagtulog, na tumutulong sa pagpapanatili ng kalusugan ng mga bata.[195]

Nakikinabang ang maliliit na bata mula sa sapat na dami ng tulog. Ang ilang mga magulang, guardian, at mga propesyonal ng maagang pagkatuto ay nagugulat kapag nalalaman nila ang dami ng tulog na kailangan ng mga bata. Ipinapakita ng tsart na ito ang mga oras ng tulog, ayon sa pangkat ng edad, na inirerekomenda ng Pambansang Pundasyon para sa Pagtulog (NSF).[196]

Edad ng Bata	Kabuuang Oras ng Pagtulog sa Araw at Gabi
Mga bagong silang (0-3 buwan)	14-17 oras
Mga sanggol (4-11 buwan)	12-15 oras
Mga batang paslit (1-2 taon)	11-14 oras
Mga batang preschool (3-5 taon)	10-13 oras

Ang maliliit na batang kulang sa tulog ay may 30% hanggang 90% mas mataas na posibilidad na maging overweight o obese kumpara mas nakatatanda.[197] Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang palagiang pagtanggap ng inirerekomendang tagal ng tulog para sa bawat edad ay nagdudulot ng "mas mahusay na atensyon, asal, memorya, regulasyon ng emosyon, kalidad ng buhay, at kalusugang mental at pisikal."[198]

Dahil sa mga kadahilanang ito, kinakailangan na tiyakin ng provider ng maagang pagkatuto na ang mga bata, nasa edad ng preschool o mas bata pa, na nasa pag-aalaga nang higit sa anim na oras ay may pang-araw-araw na binabantayang pagkakataon para magpahinga. Hindi obligadong matulog ang mga bata, ngunit dapat silang magkaroon ng pagkakataon para magpahinga. Para sa mga batang hindi kailangan ng tulog, dapat magbigay ang programa ng maagang pagkatuto ng plano para sa mga tahimik na gawain na hindi makakaistorbo sa mga batang natutulog o tahimik na nagpapahinga. Ang mga aktibidad na maaaring ialok para sa mga batang gising pa ay maaaring kabilang ang mga aklat, picture cards, playdough, o tahimik na laro sa mesa.



195 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak: Mga Pambansang Pamantayan sa Kalusugan at Kaligtasan; Mga Alituntunin para sa mga Programa ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon ika-4 na edisyon (Itasca, IL: Amerikanong Akademya ng Pediatrics, 2019), pahina 268.*

196 Pambansang Pundasyon para sa Pagtulog, *Inirerekomenda ng Pambansang Pundasyon para sa Pagtulog ang mga Bagong Oras ng Pagtulog*, Press release, Pebrero 2, 2015, available sa **www.sleepfoundation.org/press-release/national-sleep-foundation-recommends-new-sleep-times**

197 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. Pag-aaruga sa Ating mga Anak: 107.

198 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, "AAP Supports Childhood Sleep Guidelines", **healthychildren.org**, Hunyo 13, 2016, available sa **www.healthychildren.org/English/news/Pages/AAP-Supports-Childhood-Sleep-Guidelines.aspx**



Ayon sa CFOC, ang mga kondisyon gaya ng pagiging tuyo, busog, at komportable ay makakatulong sa paghikayat ng pagtulog. Kasama sa mga gawain na makakatulong para mas maging madali ang paglipat ng bata sa pagpapahinga ang paghele, marahang pag-indayog habang karga ang bata, pag-awit, pagbabasa, marahang tapik sa braso o likod, o pagtugtog ng mahinang musika. Hindi kailangang patayin ang ilaw habang panahon ng pagpapahinga.[199] Ang pag-iiwan ng bukas na ilaw ay nakakatulong sa pagsubaybay sa mga bata at nagpapataas ng kaligtasan para sa mga nasa hustong gulang at batang kailangang gumalaw sa loob ng silid habang oras ng pagpapahinga. Maaaring pahinain ang ilaw basta't magpapatuloy ang pagsubaybay at hindi ito maaapektuhan.

Dahil maraming benepisyo sa kalusugan ang sapat na tulog, inaatasan ng paglilisensya ang provider ng maagang pagkatuto na makipag-usap sa magulang o guardian ng bata tungkol sa pangangailangan at pattern ng tulog ng bata. Maaaring magustuhan ng mga pamilya ang komunikasyon mula sa provider ng maagang pagkatuto tungkol sa kabuuang rekomendasyon para sa dami ng tulog na kailangan ng mga bata, at sa epekto sa kalusugan ng kakulangan sa tulog. Maaaring may mahalagang impormasyon din ang mga provider ng maagang pagkatuto tungkol sa mga pamamaraang nakakapagpakalma na makakatulong sa mga bata na magkaroon ng malusog na pattern ng pagtulog. Ang pangangailangang makipag-usap tungkol sa pangangailangan at pattern ng tulog ng bata ay sinusuportahan ng Pambansang Aklatan ng Medisina ng U.S., Pambansang mga Institusyon sa Kalusugan, na nagrerekomenda na ang mga provider ng maagang pagkatuto ay sanayin upang magbigay ng payo sa mga magulang at guardian tungkol sa naaangkop na haba ng tulog para sa edad ng bata.[200] Kasabay nito, may mahalagang impormasyon din ang mga pamilya tungkol sa pattern at pangangailangan sa tulog ng kanilang mga anak, at ang pagtanggap ng impormasyong ito ay makakatulong sa provider ng maagang pagkatuto na masuportahan ang pagtulog ng bata habang nasa pag-aalaga sa programa ng maagang pagkatuto.



Habang inihahatid sa umaga, sinabi ng tatay ng bata na hindi maganda ang tulog ng bata sa nakalipas na ilang linggo. Ipinaliwanag niya na ang bata ay balisa at paulit-ulit na nagigising sa gabi. Idinagdag pa niya na pinaghihinalaan niyang nananaginip ng masama ang bata, dahil ilang beses itong bumabangon mula sa kama, tila nababahala, at sinusubukang magpaliban bago bumalik sa pagtulog. Sinabi ng ama na sa bahay ay sinasadya nilang magkwento ng masasayang karanasan at positibong alaala sa bata bago matulog, upang mahikayat ang positibong pag-iisip ng bata bago matulog. Napansin ng ama na nakakatulong ang estratehiya para maging mahimbing ang tulog ng bata. Kalaunan, sa oras ng siesta, napansin ng provider ng maagang pagkatuto na tila hindi komportable ang bata habang nagpapahinga. Naalala ng provider ng maagang pagkatuto ang sinabi ng ama at binanggit ang nakakatawang sandali ng bata kaninang umaga habang nagpapalobo ng bula sa panlabas na palaruan. Habang ngumingiti, naaalala ng bata: "Marami akong pinaputok na bula!" Nagkaroon sila ng maikling usapan tungkol sa muling pagpapalobo ng bula bukas, at mukhang naging relaks ang bata para sa oras ng pahinga.

199 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 107.

200 Karen A. Bonuck, Barbara Schwartz at Clyde Schechter, "Sleep health literacy in head start families and kawani: exploratory study of knowledge, motivation, and competencies to promote healthy sleep", *Pambansang Aklatan ng Medisina ng US, Pambansang mga Institusyon sa Kalusugan 2* (1) (2016): 19-24, available sa **www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC4879821/**



Ang paglalagay ng mga banig at gamit para sa pagpapahinga ay isa pang mahalagang bagay na dapat isaalang-alang sa oras ng pahinga. Itinatakda ng lisensya ang 18 pulgadang pagitan, kung saan ang mga bata ay nakapuwesto nang salit-salitan ang ulo at paa. Ang mga patakarang ito ay tumutulong upang mabawasan ang pagkalat ng sakit at mikrobyong kumakalat sa hangin. Ang pagitan ng mga banig pati na rin ang salit-salitang posisyon ng ulo at paa habang natutulog ay nakakatulong para maiwasan ang mga karaniwang sakit, kabilang ang sakit sa paghinga, buni, at kuto. Bagama't nagkakalapit ang mga bata habang gising, ang pagsunod sa mga panukalang pangkalusugang pampubliko sa oras ng pahinga at tulog ay nakababawas sa matagal na pagkakalantad ng mga bata sa mga likidong galing sa paghinga kapag magkatabi at magkaharap. Bukod pa rito, ang pagpapahiga sa mga bata nang salit-salitan ang posisyon at may 18 pulgadang pagitan ay nagbibigay-daan sa ligtas na daanan sa pagitan nila at nakakatulong na kumalma sila dahil nababawasan ang pagdikit sa kanilang mga kaibigan.



Ang mga gawain sa kalusugan at sanitasyon ay sumusuporta sa malusog na pagtulog. Ayon sa CFOC, "ang mga bata ay naglalaway, sumusuka, o nagkakalat ng iba pang likido ng katawan sa kanilang higaan."[201] Upang maiwasan ang paglipat ng mikrobyo, kailangang labhan ang maruming kumot sa pagitan ng paggamit. Kapag ang kumot ay hindi halatang marumi, kailangan pa ring mag-ingat upang maiwasan ang pagkalat ng mikrobyo o sakit na hindi nakikita. Upang mabawasan ang panganib ng paglipat ng mikrobyo, maaaring gamitin ng isang bata ang kumot nang hanggang isang linggo kung ito ay nakaimbak sa paraang hindi ito nakadikit sa kumot ng ibang bata at nasusunod ang tamang paglilinis. Ang parehong prinsipyo ay naaangkop sa pag-iimbak ng mga lugar na tinutulugan. Ang paggamit ng madaling linisin, hindi tinatablan ng tubig at hindi sumisipsip ng likido na gamit sa pagpapahinga ay nagbibigay-daan sa mga kawani na hugasan at i-sanitize ang mga lugar na tinutulugan. Kapag ang mga lugar na tinutulugan ay nalinis at na-sanitize pagkatapos ng bawat paggamit, maaari pagtabihin ang mga ito sa imbakan. Kapag ang mga lugar na tinutulugan ay nililinis lamang isang beses kada linggo, kailangang magsagawa ng hakbang ang programa ng maagang pagkatuto upang matiyak na hindi naipapasa ang mikrobyo at impeksyon mula sa isang lugar ng pagtulog patungo sa isa pa, sa pamamagitan ng pag-iimbak ng banig o cot nang hindi magkadikit ang mga lugar na tinutulugan. Kung gagamit ng plastik na bag upang pag-imbakan ng kumot o lugar ng pagtulog, dapat itong ilayo sa mga bata upang maiwasan ang panganib ng kahirapan sa paghinga. Ang paglalagay ng label sa mga plastik na bag ay makakatulong sa malinaw na pagtatalaga ng banig sa pagtulog sa partikular na bata.

201 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak.* 269.

Pagkatapos ng oras ng pagtulog, tinutulungan ng mga kawani ang mga bata na tipunin ang kanilang sapin at kumot at ilagay ito sa lalagyang nasa estante ng kani-kanilang cubby. Bago itago ang mga banig sa pagtulog, hinuhugasan, binabanlawan, at pagkatapos ay dini-disinfect at pinatutuyo ito sa hangin ng isang kawani gamit ang tatlong-hakbang na sistema. Dahil araw-araw nililinis at dini-disinfect ang mga banig, hindi na kailangang tiyakin ng provider ng maagang pagkatuto na ang parehong bata ay gagamit ng parehong banig kinabukasan o na hindi nagkakadikit ang mga banig habang nakaimbak. Dahil ang kumot ng bawat bata ay nakaimbak nang hiwalay sa kanilang cubby, maaari pa rin itong gamitin ng parehong bata kinabukasan at ipadala para labhan sa katapusan ng linggo.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home sa Chelan County ang nag-ulat:

"Tiningnan ko ang espasyo para sa imbakan ng aking mga banig at alam kong maliit lang ito. Kaya naging malikhain ako sa paggamit ng espasyo at nakipagtulungan ako sa asawa ko para gumawa ng isang bagay na ligtas at matibay para sa mga bata."





Sa mga larawan, ang espasyo ng aparador ay ginawang imbakan ng gamit para sa pagtulog. Ginawa ang isang cubby na may mga puwang upang maiimbak ang mga banig nang patayo at hiwalay, upang hindi magkadikit ang mga ibabaw. Nilagyan ng label na may pangalan ng bawat bata ang mga puwang. Ang kumot ng bata ay nakaimbak sa isang lalagyang may label na madaling maabot ng mga bata sa isa pang cubby.

Tinatalakay ng WAC 110-300-0290 at WAC 110-300-0291 ang mga kinakailangan sa pagtulog at pagpapahinga para sa mga sanggol at maliliit na bata. Para sa mga sanggol, dapat gamitin ang ligtas na gawi sa pagtulog sa lahat ng oras ng pagpapahinga.



Mga Bata at Pagtulog. Isang website ng Pambansang Pundasyon para sa Pagtulog na may impormasyon tungkol sa mga bata at pagtulog ayon sa edad, kasama ang mga tip sa pagtulog. **www.sleepfoundation.org/articles/children-and-sleep**

"Hindi Ako Inaantok..." Mga Activity Card. Isang Virtual Lab School na mapagkukunan para sa oras ng siesta na may mga ideya para sa tahimik na gawain. **www.virtuallabschool.org/fcc/safe-environments/lesson-5/act/20746**

Paghahanda para sa Pahinga. Isang dalawang-minutong video mula sa Virtual Lab School na may mga tip para gawing matagumpay ang paglipat patungo sa oras ng pagpapahinga sa programa ng maagang pagkatuto. **www.virtuallabschool.org/preschool/safe-environments/lesson-6**

Tulog. Nilikha ng Amerikanong Akademya ng Pediatrics (AAP), ang website na healthychildren.org ay naglalaman ng ilang artikulo na may kinalaman sa pagtulog at mga bata. **www.healthychildren.org/English/healthy-living/sleep/Pages/default.aspx**

WAC 110-300-0270

Pangangalaga sa Magdamag

(1) Ang isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat aprubahan ng kagawaran upang magbigay ng pag-aalaga sa gabi mula alas-nuebe ng gabi hanggang alas-singko ng umaga kapag ang anumang naka-enroll na bata ay natutulog nang tatlo o higit pang oras sa programa.

(2) Kung inaprubahan ng kagawaran na magbigay ng pag-aalaga sa gabi, ang isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat magbigay sa bawat bata ng sariling kama o iba pang kagamitan sa pagtulog na:

- **(a) Ligtas at nasa maayos na kondisyon;**
- **(b) Gawa sa materyal na may panlaban sa halumigmig na maaaring linisin at i-sanitize;**
- **(c) Akma sa pang-kaunlarang pangangailangan ng bata; at**
- **(d) Itinatago sa paraang hindi magkadikit ang mga ibabaw na tinutulugan maliban na lamang kung nalinis at na-sanitize pagkatapos ng bawat gamit.**

(3) Dapat na ang bawat bata ay may sariling bedding na:

- **(a) May malinis na sapin o kumot para takpan ang ibabaw ng tinutulugan at malinis na pantakip para sa bata maliban sa mga sanggol;**
- **(b) Nilalabhan linggo-linggo o mas madalas kung marumi. At dapat nilalabhan araw-araw kung ginagamit ng magkakaibang bata; at**
- **(c) Itinatago nang hiwalay mula sa bedding na ginagamit ng ibang bata, maliban kung ito ay nilinis at sina-sanitize pagkatapos ng bawat gamit.**

(4) Dapat gawin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga sumusunod:

- **(a) Bantayan ang mga bata hanggang sila ay makatulog, maliban kung nagpapakita ang mga bata ng pangangailangan ng pribadong lugar para magpalit ng damit at kaya nila itong gawin nang ligtas; at**
- **(b) May pahintulot mula sa kagawaran bago gumamit ng night latch, deadbolt, o mga security chain.**

(5) Ang provider ng maagang pagkatuto na natutulog habang nasa pag-aalaga sa gabi ang mga bata ay dapat:

- **(a) Magkaroon ng nakasulat na pahintulot at dokumentasyon na alam ng mga magulang na natutulog ang provider habang nasa pag-aalaga nila ang mga bata at nabasa nila ang mga patakaran at pamamaraan ng pasilidad para sa pag-aalaga sa gabi;**
- **(b) Manatiling gising hanggang sa lahat ng bata ay matulog na o nakabalik sa pagtulog;**
- **(c) Manatili sa parehong palapag kung saan natutulog ang mga bata sa lahat ng oras;**
- **(d) Matulog sa parehong silid kasama ang mga sanggol at mga batang paslit;**
- **(e) Maging pisikal na available sa tumutugon, handang agad magresponde sa pangangailangan ng bata;**
- **(f) Magkaroon ng mga alarm na mag-aalerto kung may batang lalabas ng silid;**
- **(g) Magkaroon ng mga monitoring device para makatulong sa pakikinig at pisikal na pagsilip sa mga bata sa bawat silid na ginagamit para sa pagtulog; at**
- **(h) Maging gising sa pagdating at pag-alis ng bawat bata na nasa pag-aalaga sa gabi.**

(6) Ang provider ng maagang pagkatuto na tumatanggap ng mga sanggol para sa pag-aalaga sa gabi ay dapat sumunod sa lahat ng panuntunan sa ligtas na pagtulog alinsunod sa WAC 110-300-0291 para sa hindi bababa sa unang labinlimang gabi mula nang ma-enroll ang bagong sanggol sa programang iyon. Maaaring matulog ang provider habang natutulog ang sanggol sa pag-aalaga sa gabi kung:

- **(a) Ang provider ay patuloy na sumusunod sa WAC 110-300-0291 (1)(b), (c), (f), (g), (h), (i) at (2);**
- **(b) Nakilala na ng provider ang mga rutina at pattern ng pagtulog ng sanggol; at**
- **(c) Walang nakikitang panganib sa kalusugan o kaligtasan habang natutulog ang sanggol.**

Maaaring tingnan ang WAC 110-300-0291 online sa https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300-0291.

Maraming pamilya sa Estado ng Washington ang may magulang o guardian na ang trabaho ay nangangailangan ng panggabi o overnight shift. Ang mga serbisyo sa maagang pagkatuto na ibinibigay mula alas-nuebe ng gabi hanggang alas-singko ng umaga ay itinuturing na pag-aalaga sa gabi kapag may batang natutulog nang higit sa tatlong oras habang nasa pag-aalaga. Ang mga programa ng maagang pagkatuto na nagbibigay ng de-kalidad na pag-aalaga sa gabi ay nag-aalok ng mahalagang serbisyo para sa mga pamilya at komunidad.

Ang isang provider ng maagang pagkatuto ay maaari lamang magbigay ng pag-aalaga sa gabi kapag may paunang pahintulot mula sa DCYF. Upang makakuha ng pahintulot, ang provider na nais magbigay ng pag-aalaga sa gabi ay magsusumite sa DCYF ng Form para sa Pangangalaga ng Bata sa Magdamag at Pagpaplano, na makikita sa page ng Mga Form at Dokumento ng website ng DCYF sa **www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider/forms-documents**. Makikipagtulungan ang kawani sa paglilisensya ng DCYF sa provider ng maagang pagkatuto upang matiyak na may angkop na pasilidad, mga patakaran, at sapat na tauhan upang magbigay ng pag-aalaga sa gabi sa paraang nagtataguyod sa kalusugan, kaligtasan, at pangkalahatang kapakanan ng bata.



Dahil sa katangian ng pag-aalaga sa gabi, dapat isaalang-alang ang mga kalagayan upang matiyak na natutugunan ang mga pangangailangan ng bata para sa isang pare-pareho at mapagkalingang rutina ng pagtulog sa gabi. Natuklasan sa isang pag-aaral na ang regular na rutina ng pagtulog sa gabi ay may kaugnayan sa mas magandang pagtulog sa maliliit na bata, kabilang ang mas kaunting paggising sa gabi at mas mahabang oras ng pagtulog. Ipinapahiwatig din nito na mas mainam kung mas palagian ang paggamit ng rutina sa pagtulog at mas maagang sinisimulan ito.[202] Katulad ng kung paano nagpaplano ang isang programa ng maagang pagkatuto upang magtakda ng pinakamahusay na paraan sa pagtatatag ng mga rutina at iba pang suporta para sa emosyonal, pisikal, at kognitibong pangangailangan ng mga bata sa araw, nangangailangan din ng parehong antas ng pagpaplano para sa pag-aalaga sa gabi. Kapag inaprubahan para sa pag-aalaga sa gabi, ang komunikasyon sa pamilya ng bata ay isang paraan para makatulong ang provider ng maagang pagkatuto na masiguro ang pare-pareho at mapagkalingang rutina sa pagtulog sa gabi. Ang pagkokoordina ng mga rutina sa pagtulog sa pagitan ng programa ng maagang pagkatuto at ng tahanan ng bata, kung posible, ay nagpapataas ng posibilidad na mararanasan ng bata ang maraming benepisyo ng sapat na tulog.

Ang ligtas at maayos na pagtulog ay nakasalalay din sa kakayahan ng provider ng maagang pagkatuto na maayos na magbantay habang ang bata ay gising, papatulog, o muling natutulog. Makakaapekto sa lokasyon ng pagtulog ang ayos o layout ng programa ng maagang pagkatuto at kaugnay na kakayahan sa pagbabantay. Ang pagtitiyak ng wastong pagbabantay ay magtatakda rin kung saan maaaring matulog ang provider ng maagang pagkatuto, kung pinahihintulutan ng pamilya na matulog sila habang natutulog ang bata. Kung gising man o natutulog, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat laging pisikal na available upang tumugon habang nasa pag-aalaga sa gabi ang bata. Gumagamit ng mga monitoring device at alarm upang magbigay ng alerto at gisingin ang provider ng maagang pagkatuto upang maalagaan ang mga bata kapag kinakailangan. Ang layunin ng patakarang ito ay matiyak ang kaligtasan ng mga bata at ang agarang pagtugon ng provider ng maagang pagkatuto sa gabi.



Isang provider ng maagang pagkatuto ang natutulog sa silid na katabi ng silid kung saan natutulog ang mga batang preschool sa kanyang pag-aalaga. Ang pinto ng silid na tinutulugan ng mga bata ay may nakakabit na monitor na kapag na-activate ay nagpapadala ng alert sa cellphone ng provider ng maagang pagkatuto. Sa kalagitnaan ng gabi, na-activate ang alert at nagising ang provider ng maagang pagkatuto sa kabilang silid. Bumangon ang provider ng maagang pagkatuto at nakita na lumabas ang isang bata ng silid upang gumamit ng banyo sa pasilyo. Pagkatapos subaybayan ang pagbabalik ng bata sa kama, ginagamit ng provider ng maagang pagkatuto ang isang sistema ng video monitoring na nakalagay sa silid upang tiyakin na natulog na ang bata bago sila muling matulog.

202 JA Mindell, AM Li, A Sadeh, R Kwon at DY Goh, "Bedtime Routines for Young Children: A Dose-dependent Association with Sleep Outcomes," *Sleep* 38 (5) (2015): 717–722, available sa **www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC4402657/**.

Iba pang salik, tulad ng mababang ilaw sa gabi (sa loob at labas) at mga ayos ng higaan, ay maaaring makaapekto sa pagbabantay at dapat isaalang-alang sa pagtukoy ng angkop na lugar para sa pagtulog ng bata sa oras ng pag-aalaga sa gabi. Maaaring tumagal bago maitatag ang mga pattern ng pagtulog at maaari rin itong magbago sa paglipas ng panahon. Lahat ng mga salik na ito ay makakaapekto sa mga desisyong sa una ay maaaring mukhang simple tungkol sa lokasyon ng pagtulog ng bata. Halimbawa, upang matugunan ang mga kinakailangang ito, lahat ng natutulog ay dapat nasa parehong palapag, at, depende sa edad ng bata, maaaring kailangan ding nasa parehong silid upang masuportahan ang mga pattern ng pagtulog ng bata at matiyak ang kinakailangang pagbabantay.

Bilang halimbawa, sa isang programa ng maagang pagkatuto sa family home, lahat ng bata ay natutulog sa unang palapag ng bahay. Sa ganitong paraan, ang provider ng maagang pagkatuto ay maaaring magsagawa ng mga gawain sa kusina o sala habang nananatiling handa na magbantay at tumugon sa pangangailangan ng bata. Bagaman nasa ikalawang palapag ng bahay ang personal na kuwarto ng provider, kung may pahintulot mula sa pamilya na matulog, naghihintay muna siya hanggang sa lahat ng bata ay makatulog bago siya matulog sa unang palapag.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home sa Okanogan County ang nagbahagi:

"Nakipag-ugnayan ako sa aking tagapaglisensya tungkol sa kung anong kuwarto ang pinakamainam para sa mga batang matutulog magdamag. Napagkasunduan naming gamitin ang kuwarto na katabi ng aking sala upang hindi maistorbo ang mga bata habang sila ay natutulog. Natutulog ako sa kuwartong katabi ng mga bata kung saan nakikita at naririnig ko sila. Mayroon din akong child monitor na tumutunog kapag may galaw sa kuwarto at may camera na night vision bilang dagdag na hakbang sa kaligtasan."

Para sa mga provider na walang nakasulat na pahintulot mula sa magulang upang matulog habang nagbibigay ng pag-aalaga sa gabi, mahalagang magplano ng oras ng pagtulog sa ibang pagkakataon. Ang kahalagahan ng pagtulog at pagpapahinga ay hindi lamang para sa mga bata. Napakahalaga rin ng sapat na tulog para sa mga nasa hustong gulang. Ang kakulangan sa tulog ay nauugnay sa mga malulubhang sakit at kondisyon gaya ng type 2 diabetes, sakit sa puso at depresyon. Maaari ring makaapekto ang kakulangan sa tulog sa pangangatwiran at bilis ng reaksyon ng isang tao, na maaaring magdulot ng pagkakamali sa pagbibigay ng serbisyo o magpataas ng panganib ng pisikal na aksidente.[203]

Para sa lahat ng provider na nag-aalok ng pag-aalaga sa gabi, hinihikayat na magplano ng mga gawain para sa pag-aalaga sa sarili habang pinapanatili ang kaligtasan at pagbabantay sa mga bata. Lahat ng provider ng maagang pagkatuto, lalo na ang mga nag-aalok ng pinalawig o magdamagang oras, ay nakikinabang sa regular na mga aktibidad para sa pag-aalaga sa sarili. Ang pag-aalaga sa sariling kalusugan ay nakakatulong sa isang provider na mas maalagaan ang mga bata. Maaaring kabilang sa pangangalaga sa sarili sa labas ng oras ng trabaho ang oras para sa ehersisyo, pagmumuni-muni, pakikipag-ugnayan sa kaibigan o pamilya, pagsasagawa ng mga libangan at aktibidad, at masustansyang pagkain.

203 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Sleep and Sleep Disorders," available sa **www.cdc.gov/sleep/index.html,** kinuha noong Marso 2020.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home sa Grant County ang nagbahagi:

"Bago mag-alaga ng bata magdamag, kinakausap ko muna ang mga magulang tungkol sa iskedyul ng pagtulog ng bata, mga ligtas na gawain sa pagtulog, at angkop na kasuotan. Kinakausap ko rin ang mga magulang araw-araw nang personal tungkol sa pagtulog ng bata at pinananatiling bukas ang komunikasyon. Tinitiyak kong gising ako at maayos ang aking pag-aalaga sa sarili, tulad ng pagkakaroon ng pagkain o inumin, pagsusuot ng angkop na damit, at paghahanda ng lahat para sa susunod na araw. Tinitiyak ko rin na malinis, na-sanitize, at may kumpletong bedding ang kagamitan sa pagtulog at handa para sa bata. Sinasalubong ko ang bata pagdating at binubuhat siya papunta sa kanyang kama upang makapagpatuloy siya sa pagtulog."

"Ang kuwartong ginagamit para sa pag-aalaga sa gabi ay ang pangunahing kuwarto para sa maagang pagkatuto at pag-aalaga ng bata. Inihahanda ko ang kuwarto upang lahat ng aking kakailanganin ay naroon habang natutulog ang bata. Mayroon din akong nakahandang upuan para sa aking sarili sa parehong kuwarto kung saan natutulog ang bata upang makapagpahinga ako. Nananatili ako sa kuwartong ito kasama ang bata habang siya ay natutulog. Inaayos ko ang lugar ng pagtulog ng bata nang sa ganitong paraan, kung kailangan kong pumunta sa kusina, makikita at maririnig ko ang bata sa lahat ng oras. Sa araw, mayroon akong katulong upang makapagpahinga ako kalaunan para sa aking sariling pag-aalaga, habang patuloy na nakikita at naririnig ang mga bata.

Maraming mga magulang at guardian ang nakakaramdam ng pag-aalala sa pag-iwan ng kanilang mga anak sa pag-aalaga sa gabi. Ang pagbibigay ng oras upang bumuo ng plano kasama ang pamilya ay makatutulong sa paglipat ng bata mula sa tahanan patungo sa pag-aalaga sa gabi. Kapag ang isang sanggol ay papasok sa pag-aalaga sa gabi, kinakailangan ang mga espesyal na pag-iingat upang mabawasan ang panganib ng Biglaang Pagkamatay ng Sanggol (SIDS).

Ayon sa AAP, humigit-kumulang 3,500 sanggol ang namamatay bawat taon sa U.S. dahil sa mga pagkamatay na may kaugnayan sa pagtulog kabilang ang SIDS o biglaang pagkamatay ng sanggol.[204] Humigit-kumulang 20% ng mga pagkamatay na ito ay nangyayari kapag ang isang bata ay nasa pag-aalaga na hindi magulang ang nagbibigay.[205] Karamihan sa mga pagkamatay dahil sa SIDS sa mga lugar ng maagang pagkatuto ay nangyayari sa unang araw o sa loob ng unang linggo ng pag-aalaga.[206]

Bilang pagsasaalang-alang sa mas mataas na panganib kapag ang isang sanggol ay nasa pag-aalaga na hindi magulang at sa mga unang araw ng pag-aalaga, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat manatiling gising sa unang 15 gabi na ang isang sanggol ay nasa pag-aalaga sa magdamag. Ito ay tumutulong upang matiyak ang masusing pagbabantay sa panahon ng pinakamataas na panganib at nagbibigay-daan sa provider ng maagang pagkatuto na magkaroon ng pag-unawa sa indibidwal na pattern ng pagtulog ng sanggol. Kapag lumipas na ang 15 gabi ng pinakamataas na panganib, maaaring makipag-ugnayan ang provider ng maagang pagkatuto sa magulang at kumuha ng pahintulot na matulog habang natutulog ang sanggol. Halimbawa, kung ang isang sanggol ay naka-enroll para sa pag-aalaga sa magdamag ng dalawang araw bawat linggo, aabutin ng 7.5 linggo upang matugunan ang kinakailangan na 15 araw.

204 Task Force para sa Biglaang Pagkamatay ng Sanggol, "SIDS and Other Sleep-Related Infant Deaths: Updated 2016 Recommendations for a Safe Infant Sleeping Environment," *Pediatrics* 138 (5) (2016): 1-12, available sa **https://pediatrics.aappublications.org/content/138/5/e20162938**

205 Teresa Byington, Sally Martin, Jackie Reilly at Dan Weigel, "Teaching Child Care Providers to Reduce the Risk of SIDS," *Journal of Extension* 49 (2) (2011), available sa **www.joe.org/joe/2011april/rb3.php**

206 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 20.

Sa iba't ibang kadahilanan, may ilang pamilya na isinasagawa ang bed sharing kasama ang kanilang mga sanggol. Ayon sa Kids Health from Nemours, may ilang pag-aaral na nagsasabi na ang bed sharing ay maaaring magtaguyod ng pagpapasuso, makatulong sa mga sanggol na mas madaling makatulog, at makatulong na maibalik ang pagiging malapit ng magulang at anak. Gayunpaman, ang bed sharing ay nagdudulot ng seryosong potensyal na panganib sa kaligtasan, kabilang ngunit hindi limitado sa mas mataas na panganib ng SIDS. Ang room sharing ay isang ligtas na alternatibo upang makamit ang benepisyo ng mas mataas na pagbabantay na malapit ang bata nang walang potensyal na panganib sa kalusugan at kaligtasan.[207]



Binabalangkas ng WAC 110-300-0291 ang karagdagang mga kinakailangan para sa ligtas na pagtulog ng sanggol.



Tandaan na Alagaan ang Iyong Sarili: Anim na Ideya para sa mga Provider ng Family Child Care. Isang webpage ng NAEYC na naglalaman ng mga tip at paghikayat para sa mga provider ng family home upang magsagawa ng pag-aalaga sa sarili. Kabilang dito ang mga patotoo mula sa provider ng maagang pagkatuto. **www.naeyc.org/resources/blog/six-ideas-family-child-care-providers**

Pag-aalaga sa Iyong Sarili: Para sa mga Provider ng Maagang Pag-aalaga at Edukasyon. Isang publikasyon ng Pagpapatibay ng Pamilya ng Sentro para sa Pag-aaral ng Panlipunang Patakaran na naglalaman ng impormasyon sa pagsasama ng mga pananggalang na salik at pagpapabuti ng personal na kagalingan.
https://cssp.org/wp-content/uploads/2018/08/Self-Care-for-ECE-Providers.pdf

Pag-aalaga sa Ating Sarili: Stress at Pagrerelaks. Isang webpage ng Sentro para sa Pag-unlad ng Bata at Tao ng Georgetown University na naglalaman ng mga mapagkukunan ukol sa stress at pagrerelaks. **www.ecmhc.org/relaxation.html**

WAC 110-300-0275

Pangangalaga sa sanggol at batang paslit

(1) Maaaring alagaan ng isang programa ng maagang pagkatuto ang mga sanggol kung susuriin ng kagawaran ang espasyo ng programa at aprubahan ang pangangalaga para sa mga sanggol:

(a) Bago maglabas ng lisensya para sa programa; o

(b) Bago mag-alaga ng mga sanggol kung hindi pa ito nagagawa ng programa noon.

(2) Dapat kumpletuhin ng provider ng maagang pagkatuto na direktang nakikipagtulungan sa mga sanggol ang pagsasanay para sa ligtas na pagtulog ng sanggol na hinihiling ng kagawaran alinsunod sa WAC 110-300-0106(8).

(3) Hindi puwedeng gumamit o payagan ng provider ng maagang pagkatuto ang paggamit ng de-gulong na baby walker.

(4) Dapat kumuha o magkontrata ang isang lisensyadong provider ng maagang pagkatuto sa sentro na nag-aalaga ng kahit anong sanggol ng isang consultant sa kalusugan ng child care upang magbigay ng konsultasyon sa kalusugan na susuporta sa mga gawain ng mga kawani na nagtatrabaho para sa mga sanggol at upang matugunan ang pangangailangan ng bawat sanggol.

207 KidsHealth, "Bed-Sharing," available sa **https://kidshealth.org/en/parents/cosleeping.html**, huling na-update noong Disyembre 2016.

(5) Dapat pumasok ang isang provider ng maagang pagkatuto sa sentro sa isang nakasulat na kasunduan para sa serbisyo na aprubado ng kagawaran kasama ang isang consultant sa kalusugan ng child care.

(a) Ang consultant sa kalusugan ng child care ay dapat isang kasalukuyang lisensyadong rehistradong nars na:

(i) Nakapagtrabaho sa pediatrics o pampublikong kalusugan sa nakalipas na limang taon o nakapagturo o kumuha ng mga klase sa pediatric nursing sa antas ng kolehiyo sa nakalipas na limang taon;

(ii) May karanasan sa state licensing at mga kinakailangan sa pampublikong kalusugan; at

(iii) Sumusumpa nang nakasulat na may sapat na kaalaman at karanasan upang magbigay ng serbisyo na naaayon sa mga kakayahan ng consultant sa kalusugan na nakasaad sa pinakabagong edisyon ng Pag-aaruga sa Ating mga Anak.

(b) Dapat maging available ang consultant sa kalusugan ng child care, o magtalaga ng kapalit na tumutugon sa mga kinakailangan sa (a) ng subseksyong ito, para sa konsultasyon sa pamamagitan ng telepono kapag kinakailangan.

(6) Dapat tiyakin ng isang provider ng maagang pagkatuto sa sentro na ang consultant sa kalusugan ng child care ay:

(a) Nagsasagawa ng hindi bababa sa isang on-site na pagbisita kada buwan, kung may naka-enroll na sanggol, kung saan ang consultant ay:

(i) Nag-oobserba at sumusuri sa kaalaman ng kawani tungkol sa kalusugan, pag-unlad, at kaligtasan ng sanggol at nagbibigay ng suporta sa pamamagitan ng pagsasanay, konsultasyon, o referral;

(ii) Nag-oobserba at sumusuri sa mga gawi sa kalusugan sa silid-aralan kabilang, ngunit hindi limitado sa, pagkontrol ng impeksyon gaya ng paglilinis, pag-sanitize, at pagdi-disinfect, at nagbibigay ng teknikal na tulong upang itama ang anumang gawi na may problema;

(iii) Nag-oobserba at sumusuri sa pag-uugali, pag-unlad, at kalagayan sa kalusugan ng bawat sanggol sa pag-aalaga at nagbibigay ng rekomendasyon sa kawani o sa mga magulang o guardian, kabilang kung inirerekomenda ang karagdagang pagsusuri, ayon sa kahilingan o sa itinuring na nararapat.

(b) Nagbibigay ng may petsa, pirmado, at nakasulat na buod sa provider ng maagang pagkatuto para sa bawat pagbisita na kinabibilangan ng mga paksang tinalakay sa mga magulang o kawani, anumang lugar ng pag-aalala kaugnay ng talakayan, obserbasyon, pagsusuri, o resulta ng screening; at

(c) Nag-uulat ng bawat pagbisita sa kagawaran.

(7) Dapat panatilihin ng isang provider ng maagang pagkatuto sa sentro sa lugar ang isang kopya ng mga nakasulat na ulat ng consultant sa kalusugan ng child care kasama ang anumang mga tala, inirekomendang follow-up, at anumang mga hakbang na ginawa upang tugunan ang mga natukoy na alalahanin.

(8) Kung ang isang provider ng maagang pagkatuto sa sentro ay hindi makapag-empleyo o makapagkontrata nang mag-isa sa isang consultant sa kalusugan ng child care sa loob ng tatlumpung araw ng kalendaryo mula sa pag-enroll ng isang sanggol, kailangang makipag-ugnayan ang provider sa kagawaran para humingi ng tulong. Tutulungan ng kagawaran ang provider sa pagkuha ng serbisyo ng consultant sa kalusugan ng child care o maaaring magbigay ng waiver hanggang sa makuha ang serbisyo.

Ang pagbibigay ng de-kalidad na pag-aalaga sa mga sanggol at maliliit na bata ay nakabatay sa pag-unawa sa kanilang natatanging pisikal, kognitibo, emosyonal, at panlipunang pangangailangan. Sa 2018 Taunang Ulat ng Datos, iniulat ng Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata) ng Washington na humigit-kumulang kalahati ng mga batang nangangailangan ng pag-aalaga ay wala pang tatlong taong gulang. Dahil dito, kabilang sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang mga kinakailangan para sa pag-apruba ng kagawaran bago mag-alaga ng mga sanggol at maliliit na bata, pakikipag-ugnayan sa isang consultant sa kalusugan ng child care, at pagsasanay sa ligtas na pagtulog. Makukuha online ang Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata) Taunang Ulat ng Datos sa **https://childcareawarewa.org/wp-content/uploads/2019/03/2018-Data-Report.pdf**.



Bago maaprubahan na mag-alaga ng mga sanggol at maliliit na bata, magsasagawa ang DCYF ng inspeksyon sa programa ng maagang pagkatuto upang tiyakin na nauunawaan ang kanilang pisikal, kognitibo, emosyonal, at panlipunang pangangailangan, at may mga sistema para matugunan ang mga ito. Isang halimbawa nito ay ang pag-unawa sa ligtas na kalagayan ng pagtulog para sa mga sanggol. Ayon sa CFOC, maraming provider ng maagang pagkatuto ang maaaring hindi alam ang mga panganib na kaugnay ng pagtulog ng sanggol sa posisyong nakadapa o nakatagilid.[208] Ang pagtiyak na natapos ng mga kawani ang taunang pagsasanay sa ligtas na pagtulog ng sanggol ay nagpapatunay na may kamalayan sila sa mga kalagayan sa pagtulog at kagamitan na nagpapababa ng panganib ng SIDS, hirap sa paghinga, pagkakaipit, at pagkakasakal.

Ipinapayo ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na ang mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro na may lisensya upang mag-alaga ng mga sanggol ay dapat pumasok sa isang nakasulat na kontrata kasama ang isang kwalipikadong consultant sa kalusugan ng child care. Para sa mga provider ng maagang pagkatuto sa family home, opsyonal naman ang pakikipag-ugnayan sa isang consultant sa kalusugan ng child care. Ang mga consultant sa kalusugan ay nagbibigay ng napakahalagang suporta sa pag-aalaga sa mga sanggol. Ang mga consultant sa kalusugan ay mga propesyonal sa larangan ng pag-aalaga na nagsasagawa ng on-site na obserbasyon at nagbibigay ng mga mapagkukunan, coaching, at suporta sa mga provider ng maagang pagkatuto kaugnay ng kalusugan ng sanggol, pagpapakain, pangangailangang pangkaunlaran at maagang interbensyon, at iba pang pag-aalaga para sa mga sanggol. Dapat magbigay ang consultant sa kalusugan ng nakasulat, may petsa, at pirmadong buod ng pagbisita upang gabayan ang mga desisyon at estratehiya ng provider ng maagang pagkatuto kaugnay ng pangangalaga sa sanggol. Makikita ng isang provider ng maagang pagkatuto ang isang halimbawa ng kasunduan sa kalusugan para sa child care at halimbawa ng on-site report ng consultant sa kalusugan sa page ng Mga Form at Dokumento ng DCYF sa **www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider/forms-documents**.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa isang sentro sa Spokane County ang nag-ulat:

"Mayroon kaming buwanang pagbisita kasama ang aming consultant sa kalusugan. Nakikipag-ugnayan siya sa aming mga guro ng sanggol at palaging naroon kapag may tanong o alalahanin ang mga kawani. Palagi rin siyang available sa pamamagitan ng telepono para sa mga biglaang katanungan. Halimbawa, mayroon kaming siyam-na-buwang gulang na sanggol na tila hindi umuunlad sa mga kasanayang pangkaunlaran gaya ng inaasahan namin. Hindi pa siya nakakaupo nang mag-isa o lumilipat sa pagkain na matitigas. Tinawagan namin ang aming consultant sa kalusugan at pumayag siyang pumunta para sa isang hindi nakaiskedyul na pagbisita. Nakapagbigay siya ng mga rekomendasyon at aktibidad para sa mga guro upang matulungan ang pisikal na pag-unlad ng sanggol. Nagbigay rin siya ng mga mapagkukunan na naibahagi namin sa magulang, at nakatulong ito sa paggabay sa aming pag-uusap sa kanila. Ang pakikipagtulungan namin sa aming consultant sa kalusugan ay napakahalaga para sa aming mga bata, pamilya at guro."

Alamin pa ang tungkol sa mga ligtas na gawain sa pagtulog ng sanggol sa pamamagitan ng pagsusuri sa WAC 110-300-0291.

208 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 103.

WAC 110-300-0280

Paghahanda ng bote

(1) Maaaring payagan ng provider ng maagang pagkatuto ang mga magulang na magdala mula sa bahay ng mga bote na puno na at malinaw na may label ng petsa at ng unang pangalan at apelyido ng sanggol para gamitin sa araw-araw. Dapat agad na ilagay ang mga bote sa refrigerator.

(2) Ang lugar para sa paghahanda ng bote ay dapat:

- **(a) May kasamang lababo; at**
- **(b) Matatagpuan nang hindi bababa sa walong talampakan mula sa anumang mesa o counter para sa pagpapalit ng diaper at mga lababo na ginagamit para sa pagpapalit ng diaper; o**
- **(c) Hiwalay sa lugar ng pagpapalit ng diaper sa pamamagitan ng isang harang upang maiwasan ang kontaminasyon. Kung gagamit ng harang, ito ay dapat:**
  - **(i) Makinis at madaling linisin;**
  - **(ii) Selyado kung gawa sa kahoy;**
  - **(iii) Matatag sa halumigmig;**
  - **(iv) May taas na hindi bababa sa dalawampu't apat na pulgada mula sa counter o ibabaw ng pagpapalit ng diaper; at**
  - **(v) Solido at walang bitak, sira, o lamat.**

(3) Para maghanda ng bote, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat:

- **(a) Linisin ang mga bote at tsupon bago gamitin gamit ang maligamgam na tubig na may sabon at bottle brush at i-sanitize sa pamamagitan ng pagpapakulo sa mainit na tubig sa loob ng isang minuto, o alinsunod sa WAC 110-300-0198;**
- **(b) Linisin at i-sanitize ang lababo na ginagamit sa paghahanda ng bote;**
- **(c) Kumuha ng tubig mula lamang sa lababo na ginagamit para sa paghahanda ng bote o pagkain, o mula sa ibang aprubadong pinagkukunan gaya ng bottled water. Ang tubig mula sa lababo para sa paghuhugas ng kamay o pagpapalit ng diaper ay hindi maaaring gamitin sa paghahanda ng bote;**
- **(d) Gumamit lamang ng bote at tsupon na maayos ang kondisyon (walang bitak);**
- **(e) Gumamit ng bote na gawa sa salamin o stainless steel, o plastik na bote na may label na "1," "2," "4," o "5". Ang plastik na bote ay hindi dapat naglalaman ng kemikal na bisphenol-A o phthalate;**
- **(f) Ihanda ang infant formula ayon sa tagubilin ng tagagawa at huwag kailanman pakainin ng infant formula na lampas na sa expiration date na nakalagay sa lalagyan;**
- **(g) Huwag painitin ang bote sa microwave;**
- **(h) Painitin ang bote sa ilalim ng dumadaloy na maligamgam na tubig, sa isang lalagyan ng tubig, o gamit ang pampainit ng bote;**
- **(i) Panatilihing may takip ang mga tsupon ng bote kung inihanda na ang mga bote nang mas maaga;**
- **(j) Itago sa refrigerator ang mga inihanda at hindi naipamigay na bote;**
- **(k) Huwag hayaang magbahagi ng bote o tasa ang mga sanggol o batang paslit habang ginagamit; at**
- **(l) Itapon ang laman ng anumang bote ng gatas na hindi naubos sa loob ng isang oras (ang mga bote na bahagyang nagamit ay hindi dapat ibalik sa refrigerator).**

Maraming pagpipilian ang mayroon ang mga pamilya kung paano matutugunan ang pangangailangang pangnutrisyon ng kanilang mga sanggol. Maaaring magbigay ang mga pamilya ng nakapirmi o likidong gatas ng ina o gumamit ng infant formula. Ang infant formula ay maaaring nasa anyong pulbos, handang-inumin na likido o puro na likido. Layunin ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na suportahan ang mga pagpili ng bawat pamilya habang tinitiyak ang ligtas at malinis na mga pamamaraan ng paghahanda ng bote.

Isa sa mga pagpipilian ng pamilya ay ang magdala ng mga inihandang bote mula sa bahay. Dapat may tamang label ang mga boteng ito na may petsa at buong pangalan ng bata (unang pangalan at apelyido), at agad na ilagay sa refrigerator. Ang paglalagay ng label ay ang pinakamabisang paraan upang matiyak na maihahatid ang bote sa tamang bata sa itinakdang petsa, at ang tamang pagre-refrigerate ay nagpoprotekta sa kalidad ng laman ng bote. Mabilis na dumadami ang bacteria sa pagitan ng temperatura na 41° hanggang 141° F. Sa pamamagitan ng paglalagay ng bote sa refrigerator, bumabagal ang pagdami ng bacteria at natitiyak na malusog na formula o gatas ng ina ang maibibigay sa bata.

Isa pang mahalagang aspeto ng malusog na paghahanda ng bote ay ang paggamit ng mga gawain na makakapigil sa paglipat ng mikrobyo. Ang paglipat ng mikrobyo ay ang paglipat ng bacteria o iba pang mikrobyo mula sa isang bagay patungo sa iba pa.[209]

Hinihiling ng WAC 100-300-0200 ang sumusunod na mga gawain upang mabawasan ang paglipat ng mikrobyo: pagsunod sa tamang pamamaraan ng paghuhugas ng kamay bago maghanda ng bote, pagtitiyak na hiwalay ang lugar ng paghahanda ng bote sa lugar ng pagpapalit ng diaper, pagtatakip sa mga tsupon ng bote, tamang paglilinis at pagdi-disinfect ng mga bote at tsupon bago gamitin, at paggamit lamang ng tubig mula sa mga lababo para sa paghahanda ng pagkain o bote, o ng bottled water, sa paghahanda ng bote.

Ang Salmonella, E. coli, norovirus, at listeria ay ilan sa mga mikrobyong nagdudulot ng sakit na matatagpuan sa maruruming diaper, kahit na malusog ang bata.[210] Ang kinakailangan na maghanda ng bote nang hindi bababa sa walong talampakan mula sa panlabas na gilid ng mga mesa, counter, at lababo para sa pagpapalit ng diaper ay nagpapababa sa posibilidad na ang mga mikrobyong ito ay magdulot ng sakit sa sanggol sa pamamagitan ng aksidenteng pagdumi o pagkontamina sa bote o laman nito. Isang katanggap-tanggap na alternatibo sa walong talampakang distansya ay ang paghihiwalay ng lugar ng pagpapalit ng diaper sa lugar ng paghahanda ng bote gamit ang solidong harang. Upang matiyak na mapipigilan ang paglipat ng mikrobyo, dapat ang harang ay hindi bababa sa 24 na pulgada ang taas upang mahadlangan ang pagkalat ng wisik o talsik. Ang harang ay dapat ding hindi tinatablan ng halumigmig at walang bitak, lamat o pagitan, dahil ito ay maaaring pamugaran ng bacteria at mikrobyo.

Hindi pinapayagan ang paggamit ng Bisphenol-A o Phthalate.

- Ang Bisphenol, gaya ng BPA, ay ginagamit upang patigasin ang mga plastik na lalagyan at lagyan ng lining ang mga metal na lata. Maaari itong kumilos na parang estrogen sa katawan at posibleng baguhin ang oras ng pagdadalaga o pagbibinata, magpababa ng fertility, magpataas ng taba sa katawan, at makaapekto sa nervous at immune system.[211]
- Ang phthalate, na nagpapalambot sa mga plastic at vinyl tube na ginagamit sa industriyal na produksyon ng pagkain, ay puwedeng makaapekto sa pag-unlad ng ari ng lalaki, magpataas ng posibilidad ng labis na timbang sa bata, at makatulong sa pag-usbong ng sakit sa puso. Noong 2017, ipinagbawal ng CPSC ang paggamit ng ilang phthalate sa mga produktong pambata tulad ng teething ring.[212]
- Ang mga bote na may label na "1," "2," "4" o "5" ay walang lamang bisphenol-A o Phthalate.

Kapag oras na para maghanda ng bote, ang patakaran sa pag-init ng laman ng bote ay isa pang mahalagang aspeto sa ligtas at malinis na paghahanda ng bote.

209 Healthline, "Bacterial Cross-Contamination: All You Need to Know," available sa **www.healthline.com/nutrition/what-is-cross-contamination,** inilathala noong Enero 21, 2020.
210 Lucia Patritto, "Safety steps are necessary when dealing with dirty diapers," *Michigan State University Extension*, inilathala noong Oktubre 12, 2013, available sa **www.canr.msu.edu/news/safety_steps_are_necessary_when_dealing_with_dirty_diapers**
211 AAP News & Journals, "Food Additives and Child Health," *Pediatrics*, available sa **https://pediatrics.aappublications.org/content/142/2/e20181410**, inilathala noong Agosto 2018.
212 Komisyon sa Kaligtasan ng Mga Produkto ng Konsyumer ng U.S., "CPSC Prohibits Certain Phthalates in Children's Toys and Child Care Products," available sa **www.cpsc.gov/Newsroom/News-Releases/2018/CPSC-Prohibits-Certain-Phthalates-in-Childrens-Toys-and-Child-Care-Products**, huling in-update noong Oktubre 20, 2017.

Ang mga inang nagpapasuso ay natural na nagbibigay ng gatas ng ina sa kanilang sanggol sa temperatura ng katawan. Sa kasaysayan, tinatayang ang karaniwang temperatura ng katawan ay 98.6˚F. Ayon sa Harvard Health Publishing, ipinapakita ng mga kamakailang pag-aaral na maaaring bumababa ang normal na temperatura ng katawan sa paglipas ng panahon.[213] Isang pagsusuri sa 20 pag-aaral mula 1935 hanggang 1999 ang nakakita na ang karaniwang oral na temperatura ay 97.5˚F.[214] Ang pagsusuring ito ay matatagpuan online sa **https://pubmed.ncbi.nlm.nih.gov/12000664/**.

Bagama't kakaunti ang dahilan o pangangailangan na painitin ang bote ng sanggol nang mas mataas sa temperatura ng katawan, may ilang dahilan upang tiyakin na hindi masyadong mataas ang temperatura ng laman ng bote. Una, upang maprotektahan ang bata laban sa pagkapaso. Ang laman ng bote ay kasing-init lamang ng likidong ginagamit para painitin ang bote, kaya isang paraan upang protektahan ang bata ay tiyaking mas mababa sa 120˚ ang temperatura ng likidong pampainit. Kahit pa gumamit ng tubig mula sa gripo, lalagyan ng maligamgam na tubig, o bottle warmer, puwede gamitin ng provider ng maagang pagkatuto ang thermometer upang tiyakin na hindi hihigit sa 120˚ ang temperatura. Ang ikalawang dahilan ng pagsuri ng temperatura ay upang maprotektahan ang mga nutrisyon sa laman ng bote. Maaaring magdulot ng pagkawala ng nutrisyon, lalo na sa gatas ng ina, ang sobrang pag-init.[215] Panghuli, para sa kaligtasan ng sanggol, huwag kailanman painitin ang bote sa microwave. Hindi pantay ang pag-init ng likido sa microwave, kaya maaaring hindi ito mainit sa pakiramdam ngunit makapagsanhi ng paso sa sanggol habang umiinom. Mas ligtas na painitin ang bote sa tubig.

Ipinagbabawal ng WAC 110-300-0165 (4) (e) ang anumang tubig na maaabot ng mga bata na higit sa 120˚ F ang temperatura.

Kailangan ng karagdagang pag-iingat sa paggamit ng mga bote. Kapag ang bote ng formula ay inalis mula sa refrigerator, anumang hindi naubos na bahagi ay dapat itapon sa loob ng isang oras. Hindi pinapayagan ang pagbabalik ng bote sa refrigerator, dahil maaaring pumasok ang bacteria mula sa bibig ng sanggol sa bote habang nagpapakain. Maaaring dumami at magparami ang mga bacteria na ito kahit pagkatapos ng pagre-refrigerate, at may ilang bacteria na patuloy na nabubuhay sa temperatura ng refrigerator.[216]

Binabalangkas ng WAC 110-300-0281 ang mga gawain sa paghahanda at pag-iimbak ng bote na may kinalaman sa gatas ng ina.

Baby Bottles and Bisphenol-A — isang webpage ng healthychildren.org ng Amerikanong Akademya ng Pediatrics (AAP) na naglalaman ng impormasyon tungkol sa pagpigil sa pagkakalantad ng sanggol sa BPA.
www.healthychildren.org/English/ages-stages/baby/feeding-nutrition/Pages/Baby-Bottles-And-Bisphenol-A-BPA.aspx

213 Robert H. Shmerling, "Time to redefine normal body temperature?" *Harvard Health Publishing*, huling in-update noong Marso 17, 2020, available sa **www.health.harvard.edu/blog/time-to-redefine-normal-body-temperature-2020031319173**

214 Robert H. Shmerling, "Time to redefine normal body temperature?" *Harvard Health Publishing*, huling in-update noong Marso 17, 2020, available sa **www.health.harvard.edu/blog/time-to-redefine-normal-body-temperature-2020031319173**

215 Juliet Spurrier, "Best Practices for Handling Breast Milk," *BabyGearLab*, inilathala noong Mayo 4, 2016, available sa **www.babygearlab.com/expert-advice/best-practices-for-handling-breast-milk**

216 Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng U.S., "Once Baby Arrives from Food Safety for Moms to Be," available sa **www.fda.gov/food/people-risk-foodborne-illness/once-baby-arrives-food-safety-moms-be**, inilathala noong Abril 11, 2019.

WAC 110-300-0281

Gatas ng ina

(1) Kapag ang magulang o guardian ay nagbibigay ng gatas ng ina, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat:

- **(a) Agad na ilagay sa refrigerator o i-freeze ang gatas ng ina;**
- **(b) Lagyan ng label ang lalagyan ng gatas ng ina ng unang pangalan at apelyido ng bata, at petsa ng pagkakatanggap;**
- **(c) Itago ang frozen na gatas ng ina sa zero degrees Fahrenheit o mas mababa, at sa isang nakasarang lalagyan upang maiwasan ang kontaminasyon; at**
- **(d) Panatilihin ang frozen na gatas ng ina nang hindi hihigit sa tatlumpung araw mula sa petsa ng pagkakatanggap at ibalik ang anumang hindi nagamit na frozen na gatas sa magulang matapos ang tatlumpung araw.**

(2) Ang frozen na gatas ng ina na natunaw ay dapat panatilihin sa refrigerator sa temperatura na 39 degrees Fahrenheit nang hanggang dalawampu't apat na oras pagkatapos matunaw.

(3) Ang natunaw na gatas ng ina na hindi naihain sa loob ng dalawampu't apat na oras ay dapat lagyan ng label na "huwag gamitin" at ibalik sa magulang o guardian.

(4) Dapat ibalik ng provider ng maagang pagkatuto sa magulang sa pagtatapos ng araw ng bata ang anumang hindi nagamit na bote o lalagyan ng gatas ng ina na naka-refrigerate at hindi pa dating na-freeze, o lagyan ng label na "huwag gamitin."

(5) Dapat tunawin ng provider ng maagang pagkatuto ang frozen na gatas ng ina sa refrigerator, sa ilalim ng maligamgam na umaagos na tubig, sa isang lalagyan na may maligamgam na tubig, o sa bottle warmer.

(6) Ang provider ng maagang pagkatuto ay hindi dapat magtunaw o magpainit ng gatas ng ina sa microwave oven o sa kalan.

(7) Ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat kumuha ng pahintulot mula sa magulang bago magpakain ng infant formula sa sanggol na karaniwang pinapasuso.

Maraming pamilya ang pumipili ng gatas ng ina bilang pangunahing pinagmumulan ng nutrisyon para sa kanilang sanggol. Tandaan na para sa ilang pamilya, ang pagbibigay ng gatas ng ina upang mapakain ang sanggol kapag hindi sila makapagpasuso ay maaaring maging isang malaking hamon. Maaaring kailanganin ng masusing pagpaplano, estratehiya, oras, at pagsisikap upang makalikom ng sapat na suplay ng gatas ng ina. Ito ang dahilan kung bakit hindi na bago ang makarinig sa isang nagpapasusong ina na nagsasabing "bawat patak ay mahalaga" o tinutukoy ang gatas ng ina bilang "likidong ginto." Maaaring suportahan ng isang provider ng maagang pagkatuto ang pamilya sa pamamagitan ng wastong paghawak at pag-imbak ng gatas ng ina upang mabawasan ang aksaya at maiwasan ang kontaminasyon.

Marami sa mga estratehiyang kailangan upang matiyak ang ligtas at malinis na paghahanda ng gatas ng ina ay pareho lamang sa mga tinalakay sa nakaraang seksyon tungkol sa paghahanda ng bote. Kapag natanggap ng provider ng maagang pagkatuto ang gatas ng ina, ito ay dapat lagyan ng label na naglalaman ng unang pangalan at apelyido ng bata at ang petsa kung kailan natanggap ang gatas ng ina. Dahil ang gatas ng ina ay isang likidong galing sa katawan, napakahalaga ng wastong paglalagay ng label. Bagaman iilan lamang ang sakit na maaaring mailipat sa pamamagitan ng gatas ng ina, maaaring magkaroon ng pangamba ang magulang o guardian ng batang nabigyan ng gatas ng ibang ina tungkol sa kalusugan, diyeta, o gamot na iniinom ng ina na nagbigay ng gatas.[217] Upang maiwasan kahit ang mababang panganib ng ganitong pangamba, ang wastong paglalagay ng label ay makatutulong upang mabawasan ang posibilidad na maibigay ang gatas sa maling bata.

217 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "What to Do if an Infant or Child Is Mistakenly Fed Another Woman's Expressed Breast Milk," available sa **www.cdc.gov/breastfeeding/recommendations/other_mothers_milk.htm,** huling na-update noong Pebrero 4, 2020.

Maaaring ilagay ang gatas ng ina sa freezer hanggang 30 araw mula sa petsa ng pagtanggap mula sa magulang o guardian. Dapat iimbak ang gatas ng ina sa paraang mababawasan ang panganib ng paglipat ng mikrobyo. Upang mapigilan ang pagdami ng bacteria, dapat panatilihin ang freezer na naglalaman ng gatas ng ina sa 0˚F, na mas malamig kaysa sa karaniwang temperatura ng iba pang nakapirming pagkain. Pagkatapos ng 30 araw, anumang hindi nagamit na nakapirming gatas ng ina ay hindi na maaaring ipainom sa programa ng maagang pagkatuto at dapat ibalik sa magulang o guardian. Binibigyang-daan nito ang magulang o guardian na sila ang magpasya kung ipapainom pa nila ito sa kanilang anak sa bahay.

Gayundin, ang dati nang na-freeze na gatas ng ina ay dapat i-refrigerate sa mas malamig na temperatura kaysa sa ibang pagkain sa refrigerator, hanggang 24 oras. Ang temperatura ng refrigerator para sa gatas ng ina ay hindi maaaring mas mataas sa 39°F. Dahil ang katawan ng maliliit na bata ay patuloy pang bumubuo ng imyunidad, nakakatulong ang mas malamig na temperatura upang mapanatiling mababa ang dami ng bacteria. Kung ang tinunaw at pinalamig na gatas ng ina ay hindi naubos sa loob ng 24 oras, hindi na ito maaaring ipainom sa bata sa programa ng maagang pagkatuto ngunit maaaring ibalik sa magulang o guardian. Ang pagpapanatili ng gatas ng ina sa refrigerator at paglalagay ng label na “huwag gamitin” ay nagbibigay-daan sa magulang o guardian na sila ang magpasya kung ipapainom pa nila ito sa kanilang anak sa bahay. Sa parehong dahilan, ang gatas ng ina na hindi kailanman pinainit o ipinainom, o bahagyang na-consume sa pagtatapos ng araw, ay hindi dapat ibigay muli sa batang nasa pag-aalaga. Sa halip, dapat lagyan ito ng label na “huwag gamitin” at ibalik sa magulang.

Ang desisyon kung ang bata ay tatanggap ng gatas ng ina o formula ay tanging nasa mga magulang o guardian lamang. Hinihiling ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na ang isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat kumuha muna ng pahintulot mula sa magulang o guardian bago magbigay ng formula sa isang sanggol na karaniwang pinapasuso. Ang pagpapaunlad ng tuloy-tuloy at bukas na komunikasyon ay makatutulong upang masiguro na may sapat na suplay ng gatas ng ina sa programa ng maagang pagkatuto at magkaroon ng napagkasunduang aksyon sakaling maubos ang suplay.

Maaaring magkaroon ng patakaran ang isang programa ng maagang pagkatuto na kontakin ang magulang o guardian kapag inihanda na ang huling lalagyan ng gatas ng ina para sa bata. Makakatulong ito sa magulang o guardian na masigurong masusundo ang bata bago ang susunod na oras ng pagpapakain.

Mga Gabay at Rekomendasyon sa Pagpapasuso. Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit, CDC) webpage na may mga link sa impormasyon tungkol sa pagpapanatili ng kaligtasan at kalidad ng gatas ng ina.
www.cdc.gov/breastfeeding/recommendations/index.htm

Mga Modelong Patakaran sa Kalusugan. Webpage ng Seattle and King County Public Health (Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County) na may ilang halimbawa ng patakaran para sa mga programa ng maagang pagkatuto, kabilang ang modelong patakaran sa pagpapasuso.
www.kingcounty.gov/depts/health/child-teen-health/child-care-health/model-health.aspx

Pagpupumpa at Pag-iimbak ng Gatas ng Ina. Website ng Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) at Mga Serbisyong Pantao ng (DHHS), Tanggapan para sa Kalusugan ng Kababaihan, na may mga tip tungkol sa pag-iimbak, pagtunaw, pagpapainit, at iba pa tungkol sa gatas ng ina.
www.womenshealth.gov/breastfeeding/pumping-and-storing-breastmilk

WAC 110-300-0285

Nutrisyon at pagpapakain sa sanggol at batang paslit

(1) Dapat magkaroon at sundin ng provider ng maagang pagkatuto ang nakasulat na patakaran tungkol sa pagbibigay, paghahanda, at pag-iimbak ng gatas ng ina, formula para sa sanggol, at pagkain.

(2) Matapos kumonsulta sa magulang o guardian, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat magpatupad ng plano sa pagpapakain para sa mga sanggol at batang paslit na naglalaman ng:

(a) Isang plano upang suportahan ang pangangailangan ng nagpapasusong ina at sanggol sa pamamagitan ng:

(i) Pagbibigay ng lugar para sa mga ina na magpasuso sa kanilang mga sanggol; at

(ii) Pagbibigay ng mga materyal na pang-edukasyon at mga mapagkukunan upang suportahan ang mga nagpapasusong ina.

(b) Pagpapakain sa mga sanggol at batang paslit kapag sila ay nagugutom ayon sa kanilang pangangailangang nutrisyon at pag-unlad, maliban kung may medikal na utos;

(c) Pagsisilbi lamang ng gatas ng ina o formula ng sanggol sa isang sanggol, maliban kung may nakasulat na utos mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan ng bata na nagsasabing iba; at

(d) Kapag nagpapakain gamit ang bote, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat:

(i) Suriin ang temperatura ng laman ng bote bago magpakain upang maiwasan ang pagkapaso ng bibig ng bata;

(ii) Hawakan ang mga sanggol at, kapag naaangkop sa kanilang pag-unlad, ang mga batang paslit upang magkaroon ng eye contact at makipag-usap sa kanila;

(iii) Itigil ang pagpapakain sa sanggol o maliit na bata kapag ipinakita nila ang senyales ng pagkabusog; at

(iv) Hindi pahintulutan ang paggamit ng bote bilang suporta para sa mga sanggol o maliit na bata, o pagbibigay ng bote o tasa habang nakahiga sila.

(e) Ilipat lamang ang bata sa paggamit ng baso kapag naaangkop na sa kanilang pag-unlad;

(f) Ipakilala ang mga solidong pagkain na angkop sa edad hindi bago mag-apat na buwan, batay sa kakayahan ng sanggol na umupo na may suporta, hawakan nang matatag ang ulo, isara ang labi sa paligid ng kutsara, at magpakita ng mga senyales ng gutom at pagkabusog, maliban kung may nakasulat na plano sa pagkain ayon sa WAC 110-300-0190 (available online sa https://app.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300&full=true#110-300-0190) o nakasulat na pahintulot medikal;

(g) Hindi magdagdag ng pagkain, gamot, o pampatamis sa laman ng bote maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan;

(h) Hindi magbigay ng purong juice o anumang inuming matamis (halimbawa, juice drink, sports drink, o tsaa) sa mga sanggol na wala pang labindalawang buwan maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan, at tumulong na maiwasan ang pagkabulok ng ngipin sa pamamagitan ng pagbibigay ng juice lamang sa mga batang higit sa labindalawang buwan mula sa baso;

(i) Pahusayin ang tekstura ng pagkain mula sa pinipigaan, dinurog, hanggang sa malambot na pagkain sa mesa habang umuunlad ang kakayahan ng bata sa pagitan ng anim hanggang labindalawang buwan. Ang malalambot na pagkain na ibinibigay sa mas nakatatandang sanggol ay dapat hiwain sa maliliit na piraso na isang-kapat na pulgada o mas maliit upang maiwasan ang pagkabulon;

(j) Pinapayagan ang mga mas matatandang sanggol o maliit na bata na pakainin ang sarili gamit ang malalambot na pagkain gamit ang mga kagamitan na angkop sa kanilang developmental stage;



(k) Paglalagay sa mga sanggol o batang paslit na kaya nang umupo nang mag-isa sa mga high chair o sa angkop na sukat ng mesa at upuan para sa bata kapag nagpapakain ng solidong pagkain o likido mula sa tasa, at pag-upo ng provider ng maagang pagkatuto kasama at pagmamasid sa bawat batang kumakain. Kung gagamit ng mga high chair, ang bawat high chair ay dapat:

- **(i) May base na mas malapad kaysa sa upuan;**
- **(ii) May safety device na ginagamit sa bawat upuan ng bata upang mapigilan ang pag-akyat o pagdulas pababa sa upuan;**
- **(iii) Walang bitak o sira; at**
- **(iv) May madaling linisin na ibabaw.**

(l) Hindi iiwanan ang mga sanggol o maliit na bata ng higit sa labinlimang minuto sa high chair habang naghihintay ng oras ng pagkain o meryenda, at aalisin ang bata kaagad pagkatapós niyang kumain;

(m) Pinipigilan ang mga sanggol o maliit na bata na magbahagi ng iisang pinggan o gamit sa pagkain;

(n) Hindi nagsisilbi ng anumang hindi natapos na pagkain mula sa lalagyan ng pagkain pagkatapos ng itinakdang oras ng pagkain; at

(o) Hindi nagsisilbi ng pagkain sa mga sanggol o maliit na bata gamit ang mga tasa, mangkok, o plato na gawa sa polystyrene foam (styrofoam).

Ang mga gawi ng provider ng maagang pagkatuto at ng magulang o guardian tungkol sa pagpapakain sa mga sanggol ay nakakatulong sa paghubog ng panghabambuhay na ugali sa pagkain, pati na rin sa iba pang aspeto ng kalusugan at pag-unlad ng bata. Hinihiling ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang mga nakasulat na patakaran tungkol sa pag-iimbak, paghahanda at pagsisilbi ng pagkain upang suportahan ang bawat pamilya sa kanilang mga desisyon, at upang matiyak ang ligtas at malusog na mga gawi sa nutrisyon para sa mga bata.

Malawakang kinikilala ang gatas ng ina bilang pinakamahusay na nutrisyon para sa mga sanggol, at ayon sa AAP, ang formula ng sanggol ang tanging inirerekomendang alternatibo.[218] Gayunpaman, ang desisyon kung magpapasuso o magpapakain ng formula ay personal at bihirang nakabase lamang sa mga konsiderasyong pangnutrisyon. Ang mga medikal na kalagayan, estilo ng buhay, at kultura ng pamilya ay mga halimbawa ng mga dagdag na salik na maaaring makaapekto sa desisyon ng pamilya tungkol sa pagpapasuso o paggamit ng formula.

Pagkatapos ng kapanganakan ng sanggol, maaaring makaranas ang pamilya ng maraming hamon, pagsubok, o pagkabigo kaugnay sa pagpapasuso. Ang pagbibigay ng nakasulat na materyal at impormasyon tungkol sa pagpapasuso at pagtiyak na alam ng mga pamilya na may lugar para magpasuso sa programa ng maagang pagkatuto ay maaaring maghikayat sa kanila na ipagpatuloy ang pagbibigay ng gatas ng ina sa kanilang sanggol. Ang pagbibigay ng lugar kung saan nararamdaman ng mga magulang at guardian na sila ay malugod na tinatanggap para magpasuso, mag-pump, o magpakain gamit ang bote ay nagpapabuti sa karanasan sa pagpapakain para sa magulang o guardian at pati sa bata. Nagtataguyod din ito ng positibo at suportadong relasyon sa pagitan ng programa ng maagang pagkatuto at ng pamilya.

Nagsisimula ang paggawa ng plano sa pagpapakain para sa sanggol o maliit na bata sa pamamagitan ng komunikasyon. Maaaring ibahagi ng provider ng maagang pagkatuto sa pamilya ang mga gawi ng programa tungkol sa pagpapakain ng sanggol at matutunan mula sa pamilya ang kanilang kultura, mga gawain, at nais kaugnay sa nutrisyon ng kanilang anak. Magdudulot ito ng planong pinagsunduan na nakatuon sa pinakamainam na kapakanan ng bata.

218 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, "How much formula does my baby need?" **healthychildren.org**, huling na-update noong Marso 23, 2018, available sa **www.healthychildren.org/English/tips-tools/ask-the-pediatrician/Pages/How-much-formula-does-my-baby-need.aspx**

Ipinapakita sa talahanayan na ito ang mga aksyon ng provider ng maagang pagkatuto at mga positibong benepisyo kaugnay sa kalusugan at pag-unlad ng bata.

Aksyon ng Provider ng Maagang Pagkatuto	Epekto sa Kalusugan at Pag-unlad
Tinitiyak na ang laman ng bote ay hindi masyadong mainit (mga katulad ng temperatura ng katawan) bago pakainin.	Pinoprotektahan ang bata mula sa posibleng pagkapaso sa bibig at pinangangalagaan ang kalidad ng gatas ng ina. Kapag ang gatas ng ina ay nainitan nang higit sa 104 ° F, nagsisimulang bumaba ang nutrisyon at immunological na halaga nito. Kapag ang gatas ng ina ay umabot na sa tuloy-tuloy na temperatura na 125 ° F, na mainit na pero hindi pa nasusunog, labis na bumibilis ang pagkasira ng kalidad ng gatas ng ina.[219]
Hinahawakan ang sanggol sa kanilang mga bisig habang pinapakain, nakikipagtinginan, at niyayakap.	Nakakatulong ito sa pagkabuo ng emosyonal na seguridad at pagtibay ng ugnayan ng bata.
Hinahawakan ang bote para sa sanggol o maliit na bata.	Pinapababa ang panganib ng bata sa pagkabulon, pati na rin sa mga pangmatagalang sakit tulad ng impeksyon sa tainga at pagkabulok ng ngipin.[220]
Naghihintay na ipakilala ang solidong pagkain pagkatapos ng apat na buwan ng edad at kapag handa na ang bata sa aspeto ng pag-unlad.	Maaaring makaapekto ang maagang pagpapakilala ng solidong pagkain at prutas sa pag-inom ng gatas ng tao o formula na may dagdag na iron na kailangan ng sanggol para sa paglaki. Maaaring kaugnay ng mga allergy at problema sa pagtunaw ang pagbibigay ng solidong pagkain na angkop sa edad bago handa ang sanggol.[221] Hindi nakakaapekto sa oras ng tulog ng mga bata ang pagpapakilala ng mga solidong pagkain na angkop sa edad.
Unti-unting pinapataas ang tekstura ng pagkain mula sa dinikdik hanggang sa dinurog hanggang sa malalambot na pagkain sa mesa sa pagitan ng anim hanggang labindalawang buwan ng edad.	Nakakatulong ito upang maiwasan ang pagkabulon. Pinahihintulutan ang bata na mapraktis ang mga kasanayan sa paggalaw ng pagkain gamit ang dila, pagnguya, at paglunok.[222]
Pinapayagan ang mga mas matatandang sanggol o maliit na bata na pakainin ang sarili gamit ang malalambot na pagkain gamit ang mga kagamitan na angkop sa kanilang developmental stage.	Napapalakas ang kontrol at koordinasyon ng katawan habang natututo silang kumain gamit ang kanilang mga daliri at kutsara.

219 Juliet Spurrier, "Best Practices for Handling Breast Milk," *BabyGearLab*, inilathala noong Mayo 4, 2016, available sa **www.babygearlab.com/expert-advice/best-practices-for-handling-breast-milk**

220 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Feeding From a Bottle," available sa https://www.cdc.gov/nutrition/infantandtoddlernutrition/bottle-feeding/index.html, huling na-update noong Hulyo 23, 2020.

221 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 174.

222 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, "AAP Supports Childhood Sleep Guidelines," *healthychildren.org*, inilathala noong Hunyo 13, 2016, available sa **www.healthychildren.org/English/ages-stages/toddler/nutrition/Pages/Feeding-and-Nutrition-Your-Two-Year-Old.aspx**

Gutom ba ang Iyong Sanggol o Busog Na? Ipinaliwanag ang Responsive Feeding. Nagbibigay ang Healthychildren.org ng impormasyon tungkol sa pagtugon sa mga palatandaan ng gutom ng sanggol, sa isang apat na minutong video.
www.healthychildren.org/English/ages-stages/baby/feeding-nutrition/Pages/Is-Your-Baby-Hungry-or-Full-Responsive-Feeding-Explained.aspx

Mga Yugto ng Pag-unlad sa Pagpapakain ng Sanggol at Batang Paslit. Isang publikasyon mula sa Forum Tungkol sa mga Sanggol at Batang Paslit.
https://infantandtoddlerforum.org/media/upload/pdf-downloads/3.5_Developmental_Stages_in_Infant_and_Toddler_Feeding_NEW.pdf

Pagkain at Pagpapakain sa Sanggol. Webpage ng Amerikanong Akademya ng Pediatric (AAP) tungkol sa pagpapakain ng sanggol upang tugunan ang labis na katabaan sa maagang pagkabata.
www.aap.org/en-us/advocacy-and-policy/aap-health-initiatives/HALF-Implementation-Guide/Age-Specific-Content/Pages/Infant-Food-and-Feeding.aspx

Pagsisimula ng Solidong Pagkain. Isang webpage ng **healthychildren.org** na may kasamang isang minutong video kung kailan dapat simulan ang sanggol sa solidong pagkain.
www.healthychildren.org/English/ages-stages/baby/feeding-nutrition/Pages/Starting-Solid-Foods.aspx

Suportahan ang Pagpapasuso sa iyong Home Child Care. Isang flier mula sa Penn State Extension.
http://bkc-od-media.vmhost.psu.edu/documents/Lunches92.pdf

Kailan, Ano, at Paano Ipakilala ang Solidong Pagkain. Isang webpage mula sa Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit, CDC) na may impormasyon kung kailan handa ang sanggol para sa solidong pagkain, anong uri ng solidong pagkain ang ipapakilala, at paano ihanda ang pagkain.
www.cdc.gov/nutrition/infantandtoddlernutrition/foods-and-drinks/when-to-introduce-solid-foods.html



WAC 110-300-0290

Tulog, pahinga, at kagamitan para sa sanggol at batang paslit.

(1) Para sa mga sanggol, dapat maglaan ang provider ng maagang pagkatuto ng isang crib na may iisang antas, playpen, o iba pang gamit sa pagtulog na angkop sa kanilang antas ng pag-unlad. Hindi puwedeng gumamit ang mga provider ng sofa, couch, o kama na pang-adulto o pang-toddler para sa pagtulog ng sanggol.

(2) Para sa mga batang paslit, dapat maglaan ang provider ng maagang pagkatuto ng isang crib na may iisang antas, playpen, higaan ng batang paslit, o iba pang gamit sa pagtulog na angkop sa kanilang antas ng pag-unlad. Dapat payagan ng provider ng maagang pagkatuto ang mga batang paslit na sundin ang sarili nilang pattern ng pagtulog.

(3) Ang mga kagamitan sa pagtulog na hindi sakop sa WAC 110-300-0265 ay dapat:

(a) Aprubado ng CPSC o ASTM Internasyonal na Pamantayan sa Kaligtasan para magamit ng mga sanggol at batang paslit;

(b) Ang mga crib ay dapat may sertipiko ng pagsunod, sticker, o dokumentasyon mula sa tagagawa o importer na nagsasaad na ang crib ay sumusunod sa 16 C.F.R. 1219 at 1220;

(c) May malinis, matibay, at masikip na kutson na disenyo para sa partikular na kagamitan;

(d) May higpit na tinabing punda na disenyo para sa kagamitan sa pagtulog;

(e) May panlaban sa halumigmig at madaling linisin at i-disinfect na kutson, kung naaangkop. Dapat walang luha o butas ang kutson at hindi dapat pinapaganda o inaayos gamit ang tape;

(f) Dapat labhan ang kumot kahit isang beses sa isang linggo o mas madalas, tulad ng sa pagitan ng paggamit ng iba't ibang bata o kung marumi;

(g) Dapat may pagitan na hindi bababa sa tatlumpung pulgada ang mga crib at playpen na magkakatabi; at

(h) Kung ilalagay ang mga crib at playpen nang dulo sa dulo at mas mababa sa tatlumpung pulgada ang pagitan, dapat may matibay na harang na may panlaban sa halumigmig at madaling linisin.

(4) Dapat agad alisin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga batang natutulog mula sa car seat, swing, o katulad na kagamitan na hindi dinisenyo para sa pagtulog, maliban kung ang pag-alis sa mga ito ay maglalagay ng panganib sa ibang naka-enroll na bata.

(5) Dapat kumonsulta ang provider ng maagang pagkatuto sa magulang o guardian ng bata bago ilipat ang bata mula sa kagamitan sa pagtulog ng sanggol patungo sa ibang kagamitan sa pagtulog.

(6) Dapat ilipat ng provider ng maagang pagkatuto ang mga batang kayang umakyat palabas ng kanilang kagamitan sa pagtulog sa kagamitan sa pagtulog na angkop sa kanilang antas ng pag-unlad. Kapag hindi sumasang-ayon ang mga magulang sa paglilipat, ang provider at magulang ay magkakasamang gagawa ng plano sa paglilipat.

Ang pag-aayos ng komportable, ligtas, at maaasahang mga lugar para sa pahinga at pagtulog ay nakakatulong sa mga bata na magrelaks at makuha ang pinakamahusay na benepisyo mula sa kanilang pagtulog. Kapag nagdidisenyo ng mga gawain at lugar para sa pagtulog, mahalagang isaalang-alang ang edad ng mga batang inaalagaan. Ang pagbibigay ng kagamitan para sa pagtulog na espesyal na dinisenyo para sa mga sanggol at batang paslit ay nakakatulong upang mabawasan ang panganib ng pinsala o kamatayan at pinapabuti ang kalidad ng pagtulog. Maaaring gamitin ng mga sanggol at batang paslit ang kagamitan sa pagtulog tulad ng crib, playpen, bassinet, duyan, toddler bed, o katulad na kagamitan. Anumang kagamitan ang gagamitin ay dapat makatugon sa CPSC o ASTM Internasyonal na Pamantayan sa Kaligtasan para magamit ng mga sanggol at batang paslit. Pinoprotektahan ng mga pamantayang ito ang publiko laban sa hindi makatwirang panganib ng pinsala.[223]

223 Komisyon sa Kaligtasan ng Mga Produkto ng Konsyumer ng U.S., "Who We Are – What We Do for You," (walang petsa), available sa **www.cpsc.gov/Safety-Education/Safety-Guides/General-Information/Who-We-Are---What-We-Do-for-You,** nakuha noong Hunyo 25, 2020.

Kapag gumagamit ng full-size crib, kailangang may patunay mula sa tagagawa na ang crib ay sumusunod sa 16 C.F.R. 1219. Kapag hindi full-size crib ang ginagamit, ang dokumento ng beripikasyon ay para sa 16 C.F.R 1220. Pinatutunayan ng dokumentong ito na ang crib ay sumusunod sa na-update na pederal na pamantayan sa kaligtasan ng crib na ipinatupad noong 2011. Ina-update ng bagong pamantayan ang mga kinakailangan na may kinalaman sa mga aspeto tulad ng, ngunit hindi limitado sa, railing ng crib, slat, kutson, at mga kagamitan.[224]

Tinatalakay ng CFOC ang pangunahing rasyonal sa kalusugan at kaligtasan kung bakit kailangang ipakita ng mga programa ng maagang pagkatuto ang pagsunod sa mga pederal na regulasyon tungkol sa mga crib.[225] Mas maraming sanggol ang namamatay taon-taon dahil sa mga insidente na may kinalaman sa crib kaysa sa ibang produktong nursery. Bukod pa rito, may mga batang nasasakal, naiipit ang leeg, o hindi nakakahinga kapag ang kanilang ulo o leeg ay naipit sa pagitan ng mga slat o sa pagitan ng kutson at gilid ng crib.

Dahil sa mga katulad na dahilan, ang karagdagang hakbang sa kaligtasan para sa kagamitan sa pagtulog ng sanggol ay ang pagtitiyak na ang ibabaw ng pagtulog ay matibay, akma sa sukat, at natatakpan ng sapin na mahigpit ang pagkakasuot. Nilalayon ng mga kinakailangang ito na higit pang mabawasan ang panganib na masakal o hindi makahinga ang mga bata, sa pamamagitan ng pagpapaliit ng posibilidad na maipit ang balikat o leeg ng bata sa pagitan ng kutson at gilid ng crib o mabalutan ng maluwag na sapin ang bata.

Ang mga pagkamatay dahil sa asphyxiation, na nagaganap kapag naipit ang ulo o leeg sa bahagi ng crib, ay dokumentado nang mabuti. Halimbawa, iniulat ng mga mananaliksik sa pediatrics na "mula 1999 hanggang 2015, ang bilang ng pagkamatay dahil sa hindi makahinga ang mga sanggol na mas bata sa 1 taon ay tumaas mula 12.4 hanggang 28.3 bawat 1,000 sanggol sa U.S."[226]

Kapag tiniyak ng provider ng maagang pagkatuto na ang kagamitan at kapaligiran para sa pagtulog ay angkop sa edad ng bata, nababawasan nila ang panganib ng pinsala o kamatayan. Hindi pinapayagan ang bata na matulog sa swing, car seat o infant seat. Kapag natutulog na nakaupo, maaaring hindi makakuha ng sapat na hangin ang bata dahil hindi makabuka nang maayos ang dibdib o dahil natatakpan ang bibig o ilong. Maaaring magdulot din ang mga upuang kagamitan ng panganib na mahulog, matilapon, o masakal sa mga strap ang bata.[227] Ang pagbibigay sa mga sanggol at batang paslit ng kagamitan para sa pagtulog na angkop sa kanilang edad at antas ng pag-unlad at sumusunod sa mga pamantayan ng kaligtasan ay nakakatulong upang mabawasan ang panganib ng mga seryosong panganib na ito.

Itinatakda ng CPSC ang mga Pamantayan sa Kaligtasan ng Crib. Detalye ng paglabas para sa updated na mga pamantayan ng crib.
www.cpsc.gov/Newsroom/News-Releases/2012/CPSC-Sets-Crib-Safety-Standards

Play Yards: Bagong Alituntunin sa Kaligtasan na Ipatutupad. In-update ng CPSC ang mga pamantayan para sa play yards.
https://onsafety.cpsc.gov/blog/2013/02/19/play-yards-new-safety-rule-to-take-effect/

Malaking Pag-aaral Tungkol sa Pagkamatay ng Sanggol sa mga Upuang Kagamitan. Sinuri ng AAP News at Journals Gateway ang 10-taong pag-aaral ng mahigit 11,000 kaso ng pagkamatay ng sanggol na may kaugnayan sa pagtulog.
www.aappublications.org/news/2019/05/20/sittingdevices052019#:~:text=Babies%20should%20not%20be%20placed,if%20the%20product%20also%20rocks.

Mga Paksa sa Pagtulog: Mga Bata. Webpage ng sleepfoundation.org na may mga artikulo at impormasyon tungkol sa malusog na gawain sa pagtulog ng mga bata.
www.sleepfoundation.org/sleep-topics/children-teens-sleep

224 On Safety, "The New Crib Standard: Questions and Answers," available sa **https://onsafety.cpsc.gov/blog/2011/06/14/the-new-crib-standard-questions-and-answers/**, huling in-update noong Enero 3, 2013.

225 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak.* 270.

226 Health News, "More U.S. babies dying of suffocation, often in bed," available sa **www.reuters.com/article/us-health-infants-suffocation/more-u-s-babies-dying-of-suffocation-often-in-bed-idUSKCN1G31YK,** inilathala noong Pebrero 19, 2018.

227 AAP News & Journals, "Large study sheds light on infant deaths in sitting devices," *Pediatrics*, available sa **www.aappublications.org/news/2019/05/20/sittingdevices052019#:~:text=Babies%20should%20not%20be%20placed,if%20the%20product%20also%20rocks,** inilathala noong Mayo 20, 2019.

WAC 110-300-0291

Mga ligtas na pamamaraan sa pagtulog ng sanggol

(1) Dapat sundin ng provider ng maagang pagkatuto ang ligtas na mga gawi sa pagtulog ng sanggol kapag ang mga sanggol ay natutulog o nagpapahinga sa pamamagitan ng pagsunod sa kasalukuyang pamantayan ng Amerikanong Akademya ng Pediatrics tungkol sa ligtas na pagtulog, kabilang ang pagbabawas ng panganib sa SIDS/SUIDS, kabilang ang:

- **(a) Aktibong pagsubaybay sa mga sanggol sa pamamagitan ng pagtingin sa kanila bawat labinlimang minuto at pagiging nasa saklaw ng paningin at pandinig, kabilang kapag ang sanggol ay papatulugin, natutulog, o nagigising;**
- **(b) Pagpapatulog sa sanggol nang nakahiga o pagsunod sa kasalukuyang pamantayan ng Amerikanong Akademya ng Pediatrics. Kapag pumihit ang sanggol sa pagtulog nang nakatagilid o nakadapa, kailangan itong ibalik ng provider sa pagkakahiga hanggang sa kaya na nitong dumapa at tumihaya nang mag-isa;**
- **(c) Hindi paggamit ng sleep positioning device maliban kung pinayuhan ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ng sanggol. Dapat nakasulat ang direktiba at itago sa file ng sanggol;**
- **(d) Sapat na pag-iilaw sa kwarto kung saan natutulog ang sanggol upang makita ang kulay ng balat;**
- **(e) Pagsubaybay sa pattern ng paghinga ng sanggol;**
- **(f) Pahintulutan ang mga sanggol na sundin ang kanilang sariling pattern ng pagtulog;**
- **(g) Hindi pagpapahintulot sa mga kumot, stuffed toy, unan, crib bumper, at katulad na bagay sa loob ng crib, bassinet, o ibang kagamitan kung may sanggol na nagpapahinga o natutulog;**
- **(h) Hindi pagpapahintulot na takpan o ilagay ang anumang bagay, kabilang ang kumot, sa ibabaw ng crib, bassinet, o ibang kagamitan na ginagamit ng mga sanggol sa pagtulog;**
- **(i) Hindi pagpapahintulot na matakpan ng kumot o damit ang anumang bahagi ng ulo o mukha ng sanggol habang natutulog, at muling ayusin ang mga ito kung kinakailangan (available online sa https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=110-300&full=true#110-300-0505); at**
- **(j) Pag-iwas na masyadong uminit ang mga sanggol habang natutulog, na maaaring makita sa mga palatandaan tulad ng, ngunit hindi limitado sa, pagpapawis; pamumula, pamumutla, o mainit at tuyong balat na mainit sa paghipo; biglang pagtaas ng temperatura; pagsusuka; pagtangging uminom; bahagyang paglubog ng fontanelle; o pagiging iritable.**

(2) Dapat gawin ng provider ng maagang pagkatuto na nakatanggap ng abiso ng paglabag sa ligtas na pagtulog:

- **(a) I-post ang abiso sa lisensyadong lugar nang dalawang linggo o hanggang maitama ang paglabag, alinman ang mas matagal, alinsunod sa WAC 110-300-0505; at**
- **(b) Sa loob ng limang araw ng negosyo mula sa pagtanggap ng abiso tungkol sa paglabag, magbigay sa lahat ng magulang at guardian ng mga naka-enroll na bata ng:**
  - **(i) Isang liham na naglalarawan sa paglabag sa ligtas na pagtulog; at**
  - **(ii) Nakasulat na impormasyon tungkol sa mga ligtas na gawain sa pagtulog para sa mga sanggol.**

Ang pagsusulong ng ligtas na pagtulog ay isang prayoridad sa pampublikong kalusugan. Mahalaga ang mga programa sa maagang pagkatuto bilang mga nangungunang tagapagtaguyod sa pagsisikap na ito. Ayon sa CDC, mayroong 3,600 biglaang hindi inaasahang pagkamatay ng sanggol (SUID) taun-taon sa U.S.[228] Kasama sa SUID ang SIDS ang aksidenteng hindi makahinga sa kapaligiran ng pagtulog, at iba pang pagkamatay ng sanggol mula sa hindi kilalang sanhi. Sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga kampanya para sa ligtas na pagtulog, pati na rin ang mga pagbuti sa sistema ng paglilisensya ng maagang pagkatuto, nagkaroon ng tagumpay sa pagbabawas ng bilang ng SUID sa U.S. pati na rin sa Estado ng Washington. Mula nang magsimula ang kampanyang 'Back to Sleep' noong 1994, bumaba ng 50% ang kabuuang rate ng SIDS.[229]



Kahit na bumaba ang mga rate, nananatiling hindi katanggap-tanggap ang bilang ng mga kaso ng SUID at SIDS. Mula nang sinimulan ng CDC ang pagsubaybay sa SUID, nananatiling pare-pareho ang porsyento ng mga pagkamatay na dulot ng aksidenteng hindi makahinga o pagkasakal sa higaan.[230] Bagaman karamihan sa mga pagkamatay na ito ay nangyayari kapag ang mga sanggol ay nasa pagitan ng isang buwan hanggang apat na buwan ang edad, maaari rin itong mangyari anumang oras sa panahon ng pagkabata. Ang ligtas na pamamaraan sa pagtulog ay isinasaalang-alang ang mga siyentipikong pag-aaral na ginawa ng AAP at iba pa, na gumagana na sa loob ng maraming dekada upang maiwasan ang mga pagkamatay na ito.

May mahalagang papel ang mga programa sa maagang pagkatuto sa pag-unawa kung bakit napakahalaga ng ligtas na pagtulog, sa pagpapatupad ng mga gawi na ito araw-araw, at sa pagbibigay-kaalaman sa mga magulang. Bagaman ang Estado ng Washington ay mas mababa sa karaniwang antas ng SUID sa U.S., kailangang manatiling mapagmatyag ang mga provider ng maagang pagkatuto sa pagpapatupad ng mga ligtas na gawain sa pagtulog.[231] Kasama rito ang pagpapatulog sa sanggol nang nakahiga at pagbabalik ng natutulog na sanggol sa pagkakahiga hanggang sa kaya na niyang dumapa at tumihaya nang mag-isa. Dapat tiyakin ng provider maagang pagkatuto na kaya ng sanggol na pisikal na protektahan ang sarili kung mapipigilan ang kanilang paghinga dahil sa pag-ikot bago payagang manatili sa pagtulog nang nakadapa. Dapat ding bigyang-pansin na walang anumang gamit ang ilalagay sa lugar ng pagtulog ng mga sanggol o tabunan ang sanggol habang natutulog.

Kailangang alerto ang mga provider ng maagang pagkatuto sa mga palatandaan ng paghihirap ng sanggol habang natutulog. Mahalaga ang sapat na pag-iilaw ng kwarto para madaling makita ng provider ng maagang pagkatuto ang mga unang sintomas ng paghihirap ng sanggol. Maaaring kabilang sa maaagang sintomas ng paghihirap ang pagpapawis, pagbabago sa kulay ng balat, o pagbabago sa paghinga. Para masubaybayan ang balat at paghinga, kailangang makita at marinig ng provider ng maagang pagkatuto ang mga sanggol na natutulog, nagpapahinga, at nagigising, at dapat nilang tingnan ang sanggol bawat 15 minuto. Ang mga gawain na responsibilidad ng isang kawani, o ginagawa nila habang oras ng pagtulog, ay hindi dapat makasagabal sa pagbabantay nila sa sanggol. Dapat makita at marinig ng kawani na responsable sa pagbabantay sa natutulog na sanggol ang bata sa lahat ng oras.

228 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "About SUID and SIDS," available sa **www.cdc.gov/sids/about/index.htm#:~:text=About%203%2C600%20babies%20in%20the,other%20deaths%20from%20unknown%20causes**, huling in-update noong Abril 29, 2020.

229 U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S.), "Progress in Reducing SIDS," available sa **https://safetosleep.nichd.nih.gov/activities/SIDS/progress**, nakuha noong Agosto 4, 2020.

230 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Data and Statistics," available sa **www.cdc.gov/sids/data.htm**, huling in-update noong Abril 21, 2020.

231 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Data and Statistics," available sa **www.cdc.gov/sids/data.htm**, huling in-update noong Abril 21, 2020.

May iba't ibang estratehiya ang mga provider ng maagang pagkatuto para matiyak ang pagsunod sa regulasyong ito. Halimbawa, maaaring magtakda ang isang programa ng timer na magbibigay-abiso tuwing 15 minuto, habang ang ibang programa naman ay may face-check na dokumento na naka-post sa tabi ng crib ng sanggol na pinipirmahan ng provider tuwing 15 minuto. Maaaring bumuo ang isang programa ng maagang pagkatuto ng sistema na pinakaangkop sa kanilang natatanging programa.

Tinukoy ng CFOC ang ilang mahahalagang katotohanan sa ligtas na pagtulog na dapat malaman ng mga propesyonal sa maagang pagkatuto:

- Mas mataas ang panganib na mamatay sa SIDS ang mga sanggol na inaalagaan ng ibang nasa hustong gulang maliban sa magulang, guardian, o pangunahing provider ng pag-aalaga (Amerikanong Akademya ng Pediatrics)
- Karamihan sa mga pagkamatay ng SIDS na nangyayari sa mga pasilidad ng maagang pagkatuto o pag-aalaga ng bata ay sa unang araw o unang linggo ng pagpasok ng bata sa programa
- Maaaring mamatay o hindi makahinga ang sanggol sa loob lamang ng ilang minuto[232]

Binabalangkas ng WAC 110-300-0265 ang mga karagdagang kinakailangan para sa pagtulog, pahinga, at kagamitan.



232 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 103.

Mga Lolo at Lola at Ligtas na Pagtulog. Isang webpage ng Akademiya para sa Ligtas ng Pagtulog na may impormasyon para sa mga lolo at lola, kasama ang isang pitong minutong video. **www.safesleepacademy.org/grandparents-safe-sleep/**

Tulog. Isang website ng healthychildren.org mula sa Amerikanong Akademya ng Pediatrics (AAP). Nagbibigay ito ng mga link sa iba't ibang artikulo at video na may kaugnayan sa ligtas na pagtulog. **www.healthychildren.org/English/ages-stages/baby/sleep/Pages/default.aspx**

Mga Ligtas na Gawain sa Pagtulog. Isang webpage ng Virtual Lab School na may impormasyon, mga video, at downloadable na poster tungkol sa mga gawain sa pagtulog sa mga programa ng maagang pagkatuto. **www.virtuallabschool.org/infant-toddler/safe-environments/lesson-5**

Mga Naibabahaging Nilalaman tungkol sa Ligtas na Pagtulog. Mga materyales tulad ng info-cards at mga video na maaaring ipasa bilang mga sanggunian sa kawani, mga magulang, at mga guardian. **https://safetosleep.nichd.nih.gov/resources/shareable-content#videos**

Pagsasanay sa Ligtas na Pagtulog. Isang pagsasanay mula sa DCYF para sa mga provider ng maagang pagkatuto na may impormasyon sa pagtiyak na ang mga kapaligiran at gawain sa pagtulog ay ligtas at malusog para sa mga sanggol. **https://dcyftraining.com/**

Mga Taktika at Halimbawa para Suportahan ang mga Usapan tungkol sa Ligtas na Pagtulog. Nagbibigay ang Pambansang Institusyon para sa Kalidad ng Kalusugan ng mga Bata (NICH) ng gabay para sa mga tagapag-alaga at katuwang tungkol sa mapagmalasakit, may paggalang, at edukasyonal na paraan ng pakikipag-usap sa mga magulang at tagapag-alaga na may iba't ibang gawi sa pagtulog ng sanggol sa bahay o sa kanilang kultura. **www.nichq.org/sites/default/files/resource-file/Q%26A_For%20Web.pdf**

WAC 110-300-0295

Mga programa at gawain para sa mga sanggol at batang paslit

(1) Kailangang suportahan ng provider ng maagang pagkatuto ang kultura, wika, at pamilya ng bawat sanggol at batang paslit.

(2) Kailangang tiyakin ng provider ng maagang pagkatuto ang sapat na dami ng mga materyales at kagamitan na angkop sa edad at antas ng pag-unlad para sa mga sanggol at batang paslit. Dapat tugunan ng mga materyales at kagamitan ang indibidwal, pag-unlad, at pangkulturang pangangailangan ng mga batang inaalagaan, at dapat ay:

- **(a) Malinis at maaaring labhan o disposable;**
- **(b) Hindi nakalalason, walang mga lason, at sumusunod sa mga kinakailangan sa label ng ASTM D-4236 para sa pangmatagalang panganib sa kalusugan;**
- **(c) Sapat ang laki upang maiwasan ang paglunok o pagkabulon;**
- **(d) Ligtas at nasa mabuting kondisyon;**
- **(e) Sukat na pambata;**
- **(f) Pagsasaalang-alang sa iba't ibang kakayahan at espesyal na pangangailangan ng mga naka-enroll na bata, kung naaangkop;**
- **(g) Madaling mahanap, magamit, at maibalik nang mag-isa ng mga bata; at**
- **(h) Agad na aalisin mula sa pasilidad ng maagang pagkatuto kapag nalaman ng provider na ang isang item ay na-recall ng CPSC.**

Nagbibigay ang mga programa at gawain para sa mga sanggol at batang paslit ng mahalagang suporta para sa pag-unlad ng bawat sanggol at batang paslit na kalahok sa programa ng maagang pagkatuto. Ang pagsasaalang-alang sa mas malawak na pinagmulan ng wika, kultura at pamilya ng bawat sanggol at batang paslit ay tumutulong sa programa ng maagang pagkatuto upang mas mahusay na masuportahan ang mga sanggol at batang paslit. Tinutukoy ng NAEYC na maaaring magkaiba ang mga inaasahan sa asal sa kultura ng

mga European American kumpara sa iba pang kultura. Ang mga kilos tulad ng pagpapakita ng interes ng bata, eye contact o kawalan nito, pagsasalita o pagiging tahimik, aay maaaring ituring bilang senyales ng kawalan ng interes, kakulangan sa paggalang, o pagtutol, ngunit maaari rin itong magpahiwatig ng ibang mensahe depende sa kultura ng bata.[233] Makakatulong ang mga provider ng maagang pagkatuto na maramdaman ng mga sanggol, batang paslit, at kanilang pamilya na sila ay tinatanggap at nirerespeto sa pamamagitan ng pag-aaral pa tungkol sa pinagmulan ng pamilya, wika at kulturang pamana. Malaki ang impluwensya ng kultura ng isang pamilya sa pagbuo ng pagkakilala-sa-sarili ng isang bata – kung paano nila nakikita ang kanilang sarili at kung ano ang kanilang paniniwala tungkol sa kanilang sarili.

Ipinaliwanag ng Department of Defense (Kagawaran ng Depensa) at Virtual Lab School ng Ohio State University ang mahalagang ugnayan ng kultura at pamilya sa pag-unlad ng tao.



Tinutulungan ng kultura na tukuyin kung paano nakikita ng isang indibidwal ang kanyang sarili at kung paano siya nakikipag-ugnayan sa iba. Tandaan na nagkakaiba-iba ang mga indibidwal sa maraming paraan: pagkakaiba sa wika, kultura, kasarian, relihiyon, at ekonomiya (Selmi, Gallagher, & Mora-Flores, 2015). Lahat ng aspeto ng pagkakaiba-iba na ito ay magkakasamang bumubuo sa iyong pagkilala sa sarili.

Mahalaga para sa iyo bilang tagapangasiwa ng programa na kilalanin at unawain na maaaring hindi pareho ang paraan ng pagbuo ng pagkilala sa sarili ng mga bata at miyembro ng kawani. Hinuhubog ng mga pagpapahalagang pangkultura ng pamilya ang pagbuo ng pagkakilala-sa-sarili ng kanilang mga anak. Halimbawa, may ilang kultura na mas gusto ang mga bata na maging tahimik at magalang kapag kasama ang mga nasa hustong gulang. Hindi ibig sabihin nito na kulang sa tiwala sa sarili ang kanilang anak. Mahalagang tandaan na hindi lahat ng pamilya ay nagpapatibay sa pangunahing pagpapahalaga ng kulturang Amerikano tulad ng indibidwalismo, kompetisyon, at pagiging palaban. Natututo at natatandaan ng maliliit na bata ang mga kwento na ikinukwento sa kanila, na kadalasang binibigyang-diin ang mga pagpapahalaga ng pamilya at nakakaapekto sa pagkakilala-sa-sarili ng bata. Ang pagkakilala-sa-sarili ng isang indibidwal ay nabubuo mula sa mga pamantayang pangkultura na ipinapasa ng pamilya. Habang lumalaki ang mga bata, pumapasok sa paaralan, at naglalaan ng oras kasama ang kanilang kasamahan, natututuhan nila na maaaring iba ang mga pamantayan ng iba kumpara sa kanilang pamilya. Halimbawa, maaaring mas pinahahalagahan ng isang pamilya ang akademiko kaysa sa paglalaro ng sports, habang ang isa namang pamilya ay pinahahalagahan ang sining at hinihikayat ang kanilang mga anak na matutong tumugtog ng instrumento. Bawat pamilya ay may impluwensya sa pagkakilala-sa-sarili ng kanilang mga anak sa loob ng kontekstong pangkultura nila. Maaaring ilarawan ng maliliit na bata ang kanilang sarili batay sa mga pamantayan ng kanilang pamilya (halimbawa, ang batang mula sa kulturang nagbibigay-diin sa pagiging bahagi ng grupo ay maaaring ilarawan ang sarili bilang "mabait," habang ang isang bata mula sa kulturang nagpapahalaga sa indibidwalismo ay maaaring sabihin na siya ay "magaling tumakbo.") Bilang mga tagapag-alaga na may mahalagang tungkulin sa paglinang ng pagkakilala-sa-sarili ng mga bata, kailangang maingat na obserbahan at pakinggan ninyo ng inyong kawani ang bawat bata.[234]

233 Barbara Kaiser at Judy Skylar Rasminsky, "Valuing Diversity: Developing a Deeper Understanding of All Young Children's Behavior," *Teaching Young Children* 13 (2) (2019-2020), available sa **www.naeyc.org/resources/pubs/tyc/dec2019/valuing-diversity-developing-understanding-behavior**

234 Virtual Lab School, "A Sense of Self: An Introduction," available sa **www.virtuallabschool.org/management/self-culture/lesson-1**, nakuha Abril 2020.



Isang pamilya na ang unang wika ay hindi English ang nagpatala ng kanilang sanggol sa isang programa ng maagang pagkatuto na may provider na nagsasalita ng English sa family home. Alam ng provider na natututo ang bata ng dalawang wika nang sabay, kaya hiniling ng provider na turuan siya ng isang kanta sa wika ng bata na maaaring kantahin sa buong araw. Humiling rin ang provider sa pamilya na isulat at ituro sa kanya ang ilang salita na karaniwang ginagamit sa sanggol. Ibinahagi ng pamilya na tinatawag nila ang bata sa palayaw na Frijolito sa bahay. Itinuro rin nila sa provider ng maagang pagkatuto ang "dulces suenos" para sa oras ng pagtulog, at "es hora de comer" kapag oras na para kumain. Sumang-ayon ang pamilya na ipagpatuloy ang pagbabahagi ng kanilang wika at kultura sa provider ng maagang pagkatuto. Inimbitahan ng provider ng maagang pagkatuto ang pamilya na obserbahan ang mga materyales at mga ipinaskil sa kapaligiran ng maagang pagkatuto upang matiyak kung ang kapaligiran ay sumasalamin sa kultura ng pamilya, at kung hindi, magmungkahi ng mga idadagdag na bagay.

Mahalaga ang mga materyales at kagamitan upang makatulong sa pagsusulong ng positibong pag-unlad ng sanggol at batang paslit. Dapat may sapat na dami ng mga materyales at kagamitan na angkop sa pag-unlad, na nakatuon sa indibidwal, pag-unlad, at pangkulturang pangangailangan ng mga bata sa programa ng maagang pagkatuto.

Maraming dahilan kung bakit kailangan ng sapat na dami ng mga materyales na ito. Una, mahirap para sa grupong ito ng edad ang pag-aaral ng pagbabahagi. Kapag may higit sa isang kopya ng parehong laruan ang programa ng maagang pagkatuto, nakakatulong ito sa malusog na pag-unlad at nakababawas ng pagkainis. Pangalawa, kailangang hikayatin ng mga materyales ang lahat ng bahagi ng pag-unlad ng bata: wika, sosyal, emosyonal, at kognitibo. Upang magawa ito, dapat may iba't ibang materyales sa suplay na makakatugon sa pangangailangan sa pag-unlad ng mga bata sa mga aspetong ito.

Ang mga materyales na angkop sa pag-unlad ay dapat tumugma sa yugto ng pag-unlad ng mga batang inaalagaan. Sa ganitong konteksto, ang mga open-eded toy ay puwedeng umangkop sa iba't ibang antas ng pag-unlad at nagpapalago ng malikhaing paglalaro. Ang open-ended toy ay isang laruan na puwedeng gamitin sa maraming iba't ibang paraan. Halimbawa, ang isang cylinder ay puwede maging wand, rolling pin, o building piece. Ang mga laruan na limitado sa isang uri ng laro ay maaaring maging nakakainis kung masyadong mahirap o nakababagot kung masyadong simple. Ang mga open-ended na laruan at materyales ay puwedeng gamitin sa maraming paraan, umaangkop sa iba't ibang kakayahan, at kadalasan ay mga murang bagay tulad ng malalaking kahon, instrumentong pangmusika, damit pambihis, bola, materyales sa sining, at malalambot na block.

Isa pang mahalagang konsiderasyon para sa mga materyales at kagamitan ay ang kakayahan nilang matugunan ang pangangailangan ng mga batang may espesyal na pangangailangan. Kapag nilalayon na matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga bata, maaaring isaalang-alang ang ilang mga estratehiya. Una, maraming karaniwang laruan sa lugar ng pagkatuto ang maaaring gumana nang mabuti para sa mga sanggol at batang paslit na may espesyal na pangangailangan, "tulad ng mga block, stacking o nesting cup, at simpleng shape sorter o puzzle na disenyo para sa maliliit na bata. Bukod dito, ang pagsasama ng mga materyales na nagpapasigla sa pagtuklas ng bata gamit ang mga pandama, sa pamamagitan ng amoy, tunog, tanawin, at tekstura ay nagpapalago sa pagkatuto at pag-unlad ng mga bata."[235]

Pangalawa, maaaring iakma ang mga laruan at materyales. Halimbawa, maaari itong mangahulugan ng "paglalagay ng mga fastener na hook-and-loop (Velcro), malalaking hawakan na makakatulong sa isang bata na may espesyal na pangangailangan sa paningin o pisikal na paggalaw na mas madaling makapaglaro gamit ang mga block o puzzle. Ganun din, ang pagdaragdag ng tela o mga tab sa gilid ng mga pahina ng karton na libro ay makakatulong na mas madaling buksan ang mga pahina. Siyempre, mahalagang maging maingat sa mga posibleng panganib ng pagkabulon kapag isinasaalang-alang ang pagmo-modify ng mga materyales."[236]

235 U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S.,) "Paglikha ng Inclusive na Kapaligiran at Karanasan sa Pagkatuto para sa mga Sanggol at Maliit na Bata," available sa **https://childcareta.acf.hhs.gov/infant-toddler-resource-guide/inclusive-environments**, nakuha noong Abril 2020.

236 U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S.,) "Paglikha ng Inclusive na Kapaligiran at Karanasan sa Pagkatuto para sa mga Sanggol at Maliit na Bata," available sa **https://childcareta.acf.hhs.gov/infant-toddler-resource-guide/inclusive-environments**, nakuha noong Abril 2020.

Isa pang estratehiya ay sa pamamagitan ng pantulong na teknolohiya. Ayon sa Gabay sa Mga Sanggunian para sa Sanggol at Maliliit na Bata, "ang paggamit ng mga elektronikong laruan, switch, o iba pang kagamitan sa iyong kapaligiran ng maagang pagkatuto ay maaaring makatulong sa sanggol o batang paslit na lubos na makilahok sa mga gawain. Pinapayagan ng mga switch ang mga batang may limitadong kontrol sa kamay o kalamnan na patakbuhin ang mga laruan o materyales na hindi nila maaaring laruin kung hindi ito gagamitin."[237]



Bilang panghuli, sa pagsusuri ng mga materyales para sa mga batang may espesyal na pangangailangan, makipag-ugnayan sa mga miyembro ng pamilya upang humingi ng tulong at suporta sa pagtugon sa pangangailangan ng kanilang anak.

Isang sentro ng maagang pagkatuto mula sa King County ang nagsabi:

"Patuloy naming iniaangkop ang mga materyales at binabago ang mga espasyo upang matugunan ang pangangailangan ng aming mga estudyante, lalo na ng mga may kapansanan. Maaaring mangahulugan ito ng paggawa ng indibidwal na picture schedule para sa mga estudyante, pag-order ng mga sensory item para sa partikular na bata, pagpapataas ng antas ng babasahin para sa mas advanced na mambabasa, o muling pag-aayos ng silid-aralan upang magkasya ang wheelchair o walker. Maraming beses, ang mga akomodasyon na ginawa para sa ilang mga bata ay napakinabangan sa buong silid-aralan, na nagbibigay ng mas masagana at mas nakakaengganyong karanasan para sa lahat."

Upang mapadali para sa mga sanggol at mga batang paslit (lalo na ang mga batang paslit) na malayang mahanap, magamit, at maibalik ang mga materyales, maaaring ilagay ang mga ito sa mga bukas na estante o basket sa lebel ng bata. Nakakatulong ito sa pagpapalakas ng pagiging indipendiyente at pakikipagtulungan sa mga karaniwang gawain, tulad ng paglilinis, at nagbibigay-daan sa mga bata na makaramdam ng kasiyahan sa pagtulong at pag-aambag. Ipinapaalala sa atin ng agham ng pag-unlad ng bata na may sariling interes ang mga sanggol, kaya kailangan ang kapaligiran na may madaling ma-access na mga materyales at kagamitan upang makapagbigay ang mga provider ng maagang pagkatuto ng tugon sa mga senyales na galing sa mga sanggol at paslit.

Halimbawa, maaaring mapansin ng provider ng maagang pagkatuto ang pagkahumaling ng isang sanggol sa pagtingin sa kanyang mga kamay, at makipag-ugnayan sa sanggol gamit ang mga elemento ng kwento, kanyang mga daliri, o isang kagamitan tulad ng maliwanag na pulang bola, at makipag-usap gamit ang mainit na tono at malinaw, simpleng mga salita. Isinasaalang-alang ng ganitong uri ng interaksyon ang aktibong papel ng mga sanggol sa pagkatuto at itinuturing silang mga aktibong kalahok sa pagkatuto, hindi lang mga pasibong tagapakinig."[238]

237 U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S.,) "Paglikha ng Inclusive na Kapaligiran at Karanasan sa Pagkatuto para sa mga Sanggol at Maliit na Bata," available sa **https://childcareta.acf.hhs.gov/infant-toddler-resource-guide/inclusive-environments**, nakuha noong Abril 2020.

238 Virtual Lab School, "The Science and Psychology of Infant-Toddler Care: How an Understanding of Early Learning Has Transformed Child Care," available sa **www.virtuallabschool.org/infant-toddler/self-culture/lesson-3/act/20671**, nakuha noong Abril 2020.

Pag-aangkop ng Kapaligiran sa Pag-aalaga ng Bata para sa mga Batang may Espesyal na Pangangailangan. Isang webpage mula sa Samahan ng Ekstensyon para sa Mas Mahusay na Pangangalaga sa Bata na may impormasyon, konsiderasyon, at mga ideya para sa paggawa ng mga modipikasyon at adaptasyon upang mapaunlakan ang mga espesyal na pangangailangan ng mga bata.
https://childcare.extension.org/adapting-the-child-care-environment-for-children-with-special-needs/

Early Support for Infants and Toddlers (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Batang Paslit). Ang Department of Children, Youth, and Families (Kagawaran ng mga Bata, Kabataan, at Pamilya) ay nagbibigay ng maagang interbensyon upang matulungan ang mga batang mula kapanganakan hanggang 3 taong gulang na may pagkaantala sa pag-unlad o kapansanan na maging aktibo sa kanilang mga taon ng pagkabata. **www.dcyf.wa.gov/services/child-development-supports/esit**

Pagbibigay ng mga Pagpipilian sa mga Bata. Isang artikulo mula sa Penn State Extension, Mas Mahusay na Pag-aalaga sa Bata, na may mga tip at konsiderasyon tungkol sa pagtulong sa mga bata na maramdaman na may kontrol at kapangyarihan sila sa kanilang mga ginagawa.
https://extension.psu.edu/programs/betterkidcare/early-care/tip-pages/all/giving-children-choices

Magagandang Laruan para sa mga Bata Ayon sa Edad at Yugto. Ang gabay na ito mula sa National Association for the Education of Young Children (Pambansang Asosasyon para sa Edukasyon ng Maliliit na Bata, NAEYC) ay nakatuon sa mga laruan na angkop sa edad at pag-unlad.
www.naeyc.org/resources/topics/play/toys

Inklusibong Pag-aalaga. Isang webpage ng Pagsasanay sa Maagang Bata at Sistema ng Tulong Teknikal na nagpapaliwanag sa kahalagahan ng inklusibong pag-aalaga para sa mga sanggol at maliliit na bata na may kapansanan at iba pang espesyal na pangangailangan.
https://childcareta.acf.hhs.gov/infant-toddler-resource-guide/inclusive-care

Gabay sa Mapagkukunan ng Sanggol na Batang Paslit. Ang gabay ng Pagsasanay sa Maagang Pagkabata at Sistema ng Tulong Teknikal ay may mga materyales para suportahan ang pagbuo at pagpapatupad ng pag-aalaga para sa sanggol at batang paslit. Makukuha sa wikang English at Spanish.
https://childcareta.acf.hhs.gov/infant-toddler-resource-guide/inclusive-environments

Listahan ng Mga Materyales/Kagamitan para sa mga Sentro ng Pag-aalaga ng Sanggol at Batang Paslit. Isang publikasyon mula sa pamahalaang panlalawigan ng Manitoba, Canada, na nakatuon sa mga materyales at kagamitan, na may mga tala na partikular para sa mga sanggol at batang paslit.
www.gov.mb.ca/fs/childcare/resources/pubs/equipment_infant_toddler.pdf

Kapaligiran: Mga Materyales. Isang aralin ng Virtual Lab School na nakatuon sa mga kapaligiran ng pagkatuto para sa sanggol at batang paslit. Impormasyon tungkol sa pagpili ng mga materyales para sa sanggol at batang paslit at ang kahalagahang kultural. May kasamang maikling mga suportang video
www.virtuallabschool.org/infant-toddler/learning-environments/lesson-4

May dalawang video din ang Virtual Lab School na nakatuon sa pagpili ng mga materyales na angkop sa pag-unlad, na sumasaklaw sa pag-unlad, indibidwal at kultural na pangangailangan ng mga bata. Panoorin ang video na ito: “Infants & Toddlers, Learning Environments, The Environment: Materials.”
www.virtuallabschool.org/infant-toddler/learning-environments/lesson-4?module=4151

Gusto Mo ba ng Mansanas o Saging? Bakit Mahalaga ang Pagbibigay ng Mga Pagpipilian sa Batang Paslit. Nagbigay si Propesor Sandra Crosser ng isang one-page summary na nagsasaad na ang pinakamahalagang dahilan para pahintulutan ang mga bata na magkaroon ng akses sa mga laruan at materyales ay para mabigyan sila ng mga pagpipilian.
www.earlychildhoodnews.com/earlychildhood/article_view.aspx?ArticleID=691

WAC 110-300-0296

Pag-unlad ng sanggol at batang paslit

(1) Dapat ipakilala ng provider ng maagang pagkatuto sa mga sanggol at batang paslit ang isang kurikulum na angkop sa kanilang yugto ng pag-unlad.

(2) Maaaring kabilang sa angkop na kurikulum sa pag-unlad ang, ngunit hindi limitado sa:

(a) Pagpapaunlad ng wika at komunikasyon ng sanggol at batang paslit sa pamamagitan ng:

(i) Pakikipag-usap at pakikinig sa mga bata, paghikayat sa malalambing na tunog ng sanggol, pagtukoy sa mga bagay, damdamin, at nais, at paglalarawan sa mga kilos;

(ii) Pagbibigay ng pansariling atensyon sa mga bata kapag kinakailangan;

(iii) Paglalaro at pagbabasa kasama ang mga bata;

(iv) Pagtulad sa mga tunog ng sanggol at pagbabahagi sa kung saan nakatuon ang atensyon ng bata;

(v) Pakikipagkomunikasyon sa buong araw at sa panahon ng pagpapakain, pagpapalit ng diaper, at oras ng pagyakap; at

(vi) Pagbibigay ng mga materyales at kagamitan na nagsusulong ng pag-unlad ng wika at komunikasyon tulad ng malalambot na libro, interactive na pagbabasa ng kuwento, mga tugma at kanta, at mga finger puppet.

(b) Pagpapaunlad ng pisikal at kognitibong kakayahan ng sanggol at maliliit na bata sa pamamagitan ng:

(i) Pagbibigay sa bawat sanggol ng aktibong binabantayang tummy time sa buong araw kapag gising ang sanggol;

(ii) Pagbibigay sa mga sanggol at maliliit na bata ng kalayaan na mag-explore at matuto nang mag-isa sa sahig;

(iii) Pagbibigay sa mga sanggol at maliliit na bata ng pagkakataon para sa aktibong paglalaro sa labas. Dapat ipatupad ng provider ng maagang pagkatuto ang mga pag-iingat sa sikat ng araw para sa mga sanggol na mas bata sa anim na buwan sa pamamagitan ng pag-iwas sa direktang sikat ng araw at pagbawas ng pagkakalantad sa araw kapag pinakamalakas ang ultraviolet rays (karaniwan mula 10:00 a.m. hanggang 2:00 p.m.); at

(iv) Paghikayat sa mga sanggol at maliliit na bata na maglaro, gumapang, tumayo, at maglakad gamit ang mga materyales at kagamitan na nagsusulong ng:

(A) Mga pisikal at kognitibong aktibidad, tulad ng mga rattle, laruan para sa paghawak at pag-abot, busy box, nesting cup, maliliit na laruan na puwedeng itulak o hilahin, laruan para sakyan, bola, laruan na pwedeng pisilin, mga libro, manika, press-together block, at limitadong paggamit ng mga kagamitan tulad ng bouncer, swing, o boppy; at

(B) Pag-unawa sa espasyo at numeracy, tulad ng mga laruan para magbilang, malalambot na block at mga laruan na may iba't ibang laki tulad ng measuring cup o kutsara, at mga laruan na may iba't ibang hugis at kulay upang makatulong sa pagsisimula ng pag-uuri at pagkakategorya.

(c) Pagpapaunlad ng sosyal at emosyonal na kakayahan ng sanggol at maliliit na bata sa pamamagitan ng:

(i) Pakikipag-ugnayan sa mga sanggol at paslit bukod sa oras ng pagpapakain, pagpapalit ng diaper, at pagpapaligo sa pamamagitan ng paglalaro kasama ang mga bata, pagtukoy at pagkilala sa kanilang damdamin, at paghikayat sa pakikipag-ugnayan sa kapwa bata;

(ii) Agad na pagsiyasat sa pag-iyak o iba pang palatandaan ng paghihirap;

(iii) Pagbibigay ng aliw sa isang bata na nalulungkot o nasasaktan;

(iv) Positibong pagtugon sa mga berbal at di-berbal na senyales ng bata;

(v) Pagiging maagap sa mga negatibong pakikipag-ugnayan sa kapwa bata, tulad ng kapag kinukuha ng isang bata ang laruan ng iba, hinahatak ang buhok, o nangangagat;

(vi) Pagbibigay ng pisikal na stimulasyon sa pamamagitan ng paghawak, pagyakap, pag-ugoy, pakikipag-usap, pag-awit, paglalaro, pagkarga, at pagpapalit ng posisyon; at

(vii) Pagbibigay ng mga materyales at kagamitan na nagsusulong ng sosyal at emosyonal na aktibidad tulad ng mga larawan ng mga bata at nasa hustong gulang na nagpapakita ng iba't ibang emosyon, larawan ng mga sanggol at mga miyembro ng pamilya, mga manika at malalambot na laruan, rattle, musika, at mga scarf para sa pagsasayaw.

Ang kurikulum ay isang programang pang-edukasyon at kinapapalooban ng kung ano ang ituturo at paano ito ituturo. Sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na kurikulum para sa mga sanggol at batang paslit, tinutukoy ng programa ng maagang pagkatuto kung ano ang dapat malaman ng mga bata at nagbibigay ng mga karanasang angkop sa kanilang yugto ng pag-unlad. Para sa mga sanggol at batang paslit, ang kurikulum ay nagbibigay ng pundasyon para makabuo ng pang-araw-araw na iskedyul, isinasaalang-alang ang mabilis na paglaki at pag-unlad ng mga bata, at kinikilala ang kanilang pangangailangan sa malapit na ugnayan sa mga nasa hustong gulang. Ang mga materyales, interaksyon sa pagitan ng bata at nasa hustong gulang, at mga rutina ang bumubuo ng malaking bahagi ng kurikulum para sa mga sanggol at batang paslit. Maaaring gumamit ang mga programa ng maagang pagkatuto ng biniling kurikulum na espesipiko para sa mga sanggol at batang paslit o gumawa ng sarili nilang kurikulum.

Dapat tugunan ng kurikulum ang iba't ibang aspeto ng pag-unlad ng mga sanggol at batang paslit, partikular ang:

(1) Wika at komunikasyon
(2) Pisikal at kognitibong pag-unlad
(3) Pag-unawa sa espasyo at numeracy
(4) Pag-unlad ng sosyal at emosyonal

Nagsisimulang ilatag ng mga sanggol at batang paslit ang pundasyon para sa pag-unlad ng wika bago pa man sila ipanganak. Bago pa man sila makapagsalita, nakikipag-ugnayan ang mga sanggol gamit ang mga di-verbal na palatandaan tulad ng pagsipa ng mga paa, pag-angat ng kilay, paggawa ng nakakatuwang ingay, pag-iyak at pagtawa. Maaaring itaguyod ng mga provider ng maagang pagkatuto ang pagkatuto ng wika para sa mga sanggol at batang paslit sa pamamagitan ng pagtingin at pagtugon sa mga palatandaang ito gamit ang wika. Ang pakikipag-usap at interaksyon ay tumutulong sa bata na matutunan ang ritmo at estruktura ng komunikasyon pati na rin ang mga salita at wika na ginagamit. Maaaring ikuwento o ipahayag ng provider ng maagang pagkatuto ang kanilang ginagawa at mga pangyayari sa maghapon, pati na rin magbasa at kumanta kasama ang bata upang mapalago ang pag-unlad ng wika.



Nakikita ni Ms. Sasha ang dalawang batang paslit sa aklatan at tumitingin sila ng mga libro. Pumasok siya at iniabot ni Oliver sa kanya ang isang libro tungkol sa mga dinosaur. Umupo siya at sinimulang basahin ito kay Oliver. Isa o dalawang batang paslit ang lumapit upang makinig at makita ang mga larawan. Itinuturo nila ang mga larawan at pinalalawak niya ang kanilang mga salita. Pinapangalanan niya ang mga bagay na itinuturo nila at pinag-uusapan ang iba pang mga bagay sa libro, tulad ng mga kulay sa pahina.

Maaaring tulungan ng mga provider ng maagang pagkatuto ang pisikal na paglaki ng mga batang ito sa pamamagitan ng pagtulong na sanayin sila sa mga kasanayang makakatulong sa kanilang pagkilos habang sila ay lumalaki. Maaaring gumamit ng tummy time ang mga sanggol na kasing edad ng isang buwan upang palakasin ang kanilang katawan para makaikot, gumapang, at makalakad. Ang mga sanggol at batang paslit ay palaging gumagalaw at nangangailangan ng maraming espasyo upang mapraktis ang mga kasanayan tulad ng paggapang, paglakad, pagtakbo, at pagtalon. Maaaring itaguyod ito ng mga provider ng maagang pagkatuto sa pamamagitan ng paghikayat na gawing pang-araw-araw na gawain ang pagsasanay ng mga kasanayang ito sa loob at labas ng bahay.

Sa silid ng mga sanggol, ginagamit ng limang buwang gulang na si Ember ang kanyang mga braso upang itaas ang dibdib mula sa sahig sa tummy time at paminsan-minsang tumutayo. Habang ginagawa ang tummy time, inilalagay ni Ms. Jamilah ang maliit na iba't ibang makukulay at kawili-wiling mga bagay sa sahig na hindi maaabot ni Ember. Umupo si Ms. Jamilah sa sahig kasama si Ember at pinapasigla ang mga pagsisikap ni Ember na umikot, gumapang, at sumugod papunta sa mga bagay.

Dahil natututo ang mga batang ito sa pamamagitan ng ugnayan, maaaring tulungan ng mga provider ng maagang pagkatuto na sanayin ang kakayahan sa matematika kahit para sa mga pinakabatang sanggol. Ang matematika para sa mga sanggol at maliliit na bata ay hindi ang pagdaragdag at pagbabawas. Ito ay mga konsepto tulad ng malapit at malayo, walang laman at puno, pag-uuri at pagtutugma, malaki at maliit, sa loob at labas, at pagsisimula ng pagbibilang. Ang mga kasanayan sa matematika na ito ay makakatulong sa mga bata upang magtagumpay sa paaralan at sa buhay.

Nasa buhangin si Miss Brittany kasama ang isang grupo ng mga batang paslit. Napansin niya na may dalawang laruang kotse si Ellie. Sabi ni Miss Brittany, “Mayroon kang dalawang kotse — alin ang malaki? Alin ang maliit?”

Kapag bumubuo ang mga sanggol at batang paslit ng malapit at ligtas na ugnayan sa kanilang mga provider ng maagang pagkatuto, nakakatulong ito sa pagbuo ng koneksyon sa kanilang utak upang magtiwala sa iba at makaramdam ng kaligtasan. Ito ang pinakamabisang paraan upang matulungan ang mga batang ito na matuto tungkol sa emosyon sa sosyal at kultural na angkop na paraan.[239] Mahalagang papel ang ginagampanan ng mga provider ng maagang pagkatuto sa kung paano natututo ang mga bata tungkol sa pagkontrol sa sarili o pagpapakalma sa kanilang sarili sa mga emosyonal na matitinding sitwasyon. Nangyayari ito kapag ang kanilang tagapag-alaga ay tumutugon agad sa pare-parehong paraan, nagbibigay ng mga bagay na nagbibigay-ginhawa tulad ng paboritong laruan o kamay na mahahawakan o makakapitan, hinehele at kinakantahan ang mga sanggol at batang paslit. Umuunlad ang kanilang utak bilang tugon sa isang pare-pareho at ligtas na kapaligiran, na naghahanda sa mga batang ito para sa tagumpay sa sosyal at emosyonal.

Si Omar, 19-buwang gulang, ay nakakita ng bagong guro na pumapasok sa silid at natigilan. Nanginginig ang kanyang ibabang labi at nagsimulang umiyak. Ang kanyang provider ng maagang pagkatuto ay naghahanda nang mag-break. Dinala niya si Omar, dahan-dahan siyang niyakap at sinabi, “Omar, nagtataka ka kung sino ang bagong taong iyon, hindi ba? Siya si Ms. Alyssa, isa sa aming mga bagong guro. Tara, batiin natin siya.”

239 U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S.,) “Relationship-Based Care,” available sa **https://childcareta.acf.hhs.gov/infant-toddler-resource-guide/relationships-foundation-learning-and-development,** nakuha noong Agosto 10, 2020.

Propesyonal na Pag-unlad sa Maagang Pag-aalaga at Edukasyon. Webpage ng DCYF para suportahan ang kaalaman at pang-unawa tungkol sa kurikulum, aktibidad, at mga pamamaraan para sa mga sanggol at batang paslit.
www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-profdev

Maagang Matematika at Agham. Webpage ng Zero to Three na may mga link sa mga artikulo at sanggunian tungkol sa matematika at agham para sa mga batang paslit.
www.zerotothree.org/early-learning/early-math-and-science

Paano Ipakilala sa mga Batang Paslit at Sanggol ang Pagbabasa ng Libro. Isang webpage ng Zero to Three na may mga tip na nakabatay sa pananaliksik kung paano magbabasa ng mga aklat sa mga sanggol at maliliit na bata.
www.zerotothree.org/resources/304-how-to-introduce-toddlers-and-babies-to-books

Mga Sanggol at Maliliit na Bata. Nagbibigay ang Virtual Lab School ng Department of Defense (Kagawaran ng Depensa) sa Ohio State University ng madaling gamitin na online na impormasyon, mga video, at aktibidad na nakatuon sa maraming aspeto ng paglaki at pag-unlad ng mga sanggol at batang paslit.
www.virtuallabschool.org/infant-toddler

Wika at Komunikasyon. Isang webpage ng Zero to Three na may mga sanggunian at video tungkol sa kung paano umuunlad ang wika.
www.zerotothree.org/early-learning/language-and-communication

Mga Panuntunan sa Maagang Pagkatuto at Pagpapaunlad ng Estado ng Washington; Mula Kapanganakan hanggang Ika-3 Baitang. Mapagkukunan ng Estado ng Washington para suportahan at paunlarin ang pagkatuto at pag-unlad ng mga bata, ayon sa pangkat ng edad. Available sa wikang English at Spanish.
www.dcyf.wa.gov/publications-library?combine_1=EL_0015&combine=&field_program_topic_value=All&field_languages_available_value=Al



Ikaanim na Seksyon:

Pakikipag-ugnayan at Kurikulum

Pakikipag-ugnayan at Kurikulum

Nakatuon ang seksyong ito sa tagumpay sa pagkatuto ng bata at isinasaalang-alang ang pagiging natatangi ng mga kapaligiran ng family home at sentro. Tinalakay dito kung paano nakikilahok at nakikipag-ugnayan ang kawani ng programa ng maagang pagkatuto sa mga bata, kasama ang mga regulasyon tungkol sa ugnayan ng kawani at bata, komunikasyon, at mga kasanayan sa pagtuturo.

Ang seksyong Pakikipag-ugnayan at Kurikulum ay may tatlong sub-seksyon:

- Suporta sa Pagkatuto
- Emosyonal na Suporta at Organisasyon ng Silid-aralan
- Istruktura at Organisasyon ng Programa

Tinutalakay ng Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto ang piling mga seksyon ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na matatagpuan sa Kabanata 110-300 WAC. Kasama sa gabay na ito ang mga kaugnay na mapagkukunan, kasalukuyang datos, at mga praktikal na halimbawa. Hindi ito nilalayon na magbigay ng komprehensibong pananaw tungkol sa Pakikipag-ugnayan at Kurikulum.

WAC 110-300-0300

Indibidwal na plano ng pag-aalaga

(1) Ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat bumuo ng Indibidwal na plano ng pag-aalaga para sa bawat batang may espesyal na pangangailangan at dapat ipaalam sa kagawaran kapag may batang may espesyal na pangangailangan na naka-enroll o natukoy sa programa ng maagang pagkatuto. Ang mga plano at dokumentasyong kinakailangan sa ilalim ng seksyong ito ay dapat:

(a) Matugunan ang mga kinakailangan ng seksyong ito;

(b) Maging available para sa pagsusuri ng kagawaran;

(c) Magkaroon ng nakasulat na pahintulot mula sa magulang o guardian ng bata na nagsasaad na ang isang bisitang propesyonal sa kalusugan ay maaaring magbigay ng mga serbisyo sa bata sa programa ng maagang pagkatuto, kung naaangkop;

(d) Magkaroon ng beripikasyon na ang mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto na kasali sa pangangalaga ng isang partikular na bata ay naturuan kung paano ipatupad ang indibidwal na plano ng pag-aalaga para sa batang iyon, kung naaangkop;

(e) Mai-update taon-taon o kapag may pagbabago sa espesyal na pangangailangan ng bata; at

(f) Itago sa talaan ng bata.

(2) Dapat lagdaan ng magulang o guardian ang indibidwal na plano ng pag-aalaga at maaaring gawin gamit ang template na ibinigay ng kagawaran.

(a) Ang indibidwal na plano ng pag-aalaga ay dapat maglaman ng:

(i) Diagnosis ng bata, kung alam;

(ii) Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa pangunahing provider ng pangangalagang pangkalusugan o iba pang kaugnay na espesyalista;

(iii) Isang listahan ng mga gamot na ibibigay sa nakatakdang oras, o sa panahon ng emergency, kasama ang mga paglalarawan ng mga sintomas na magpapasimula sa pagbibigay ng gamot para sa emergency;

(iv) Mga tagubilin kung paano ibibigay ang gamot;

(v) Mga allergy;

(vi) Allergy sa pagkain at mga pangangailangang pang-diyeta, alinsunod sa WAC 110-300-0186;

(vii) Mga pagbabago sa aktibidad, pag-uugali, o kapaligiran para sa bata;

(viii) Mga kilalang sintomas at mga nagpapasimula nito;

(ix) Mga plano para sa pagtugon sa emergency at kung anong mga pamamaraan ang isasagawa; at

(x) Inirerekomendang espesyal na pagsasanay at edukasyon para sa mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto, kabilang ang partikular na first aid para sa mga bata at CPR para sa mga espesyal na pangangailangang pangkalusugan.

(b) Dapat magkaroon ang provider ng maagang pagkatuto ng mga sumusuportang dokumento hinggil sa espesyal na pangangailangan ng bata na ibinigay ng lisensyado o sertipikadong:

- **(i) Doktor o assistant ng doktor;**
- **(ii) Propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip;**
- **(iii) Propesyonal sa edukasyon;**
- **(iv) Social worker na may bachelor's degree o mas mataas pa, na may espesyalisasyon sa pangangailangan ng partikular na bata; o**
- **(v) Rehistradong nars o makabagong rehistradong nurse practitioner.**

(3) Dapat batay ang nakasulat na plano at dokumentasyon ng provider ng maagang pagkatuto para sa mga akomodasyon sa anumang umiiral na:

- **(a) Indibidwal na planong pang-edukasyon (IEP);**
- **(b) Indibidwal na planong pangkalusugan (IHP);**
- **(c) Planong 504; o**
- **(d) Individualized family service plan (Indibidwal na plano sa serbisyo ng pamilya, IFSP).**



Dapat gumawa ng indibidwal na plano ng pag-aalaga kapag ang isang bata ay may natukoy o na-diagnose na kapansanan o kondisyon sa kalusugan, o kapag kailangan ng espesyal na pag-aangkop sa pisikal o pag-uugali. Maaaring gawin ang plano sa oras ng pag-enroll ng bata o kapag natukoy ang isang partikular na pangangailangan para sa bata sa ibang pagkakataon. Nagbibigay ang indibidwal na plano ng pag-aalaga ng kaalaman at pagsasanay para lubos na maunawaan ang mga espesyal na pangangailangan ng bata at tinitiyak nito na may nakahandang estratehiya para matugunan ang mga pangangailangan na iyon. Nagbibigay ito sa mga magulang at guardian, pati na rin sa mga provider ng maagang pagkatuto, ng kumpiyansa na may mga itinakdang alituntunin para pamahalaan ang mga pangangailangan ng bata at magbigay ng pinakamahusay na suporta para sa kanila. Inaangkop ang plano para ilahad ang tiyak na espesyal na pangangailangan ng bata ayon sa itinakda ng magulang o guardian, at sa pakikipag-ugnayan sa provider ng pangangalagang pangkalusugan ng bata o iba pang angkop na sertipikadong propesyonal.

Maglalaman ang indibidwal na plano ng pag-aalaga ng tiyak na impormasyon na mahalaga sa pagtugon sa kaligtasan, kalusugan, at pag-unlad ng bata. Kasama rito ang impormasyon tungkol sa anumang diagnosis, kinakailangang akomodasyon o pagbabago, mga sintomas, mga trigger at plano ng pagtugon. Kung kinakailangan ang mga gamot, maging sa regular na paggamit o sa mga emergency, kailangang kumpletuhin ng magulang o guardian ng bata ang mga form ng pahintulot sa pagbibigay ng gamot.

Itinatakda sa WAC 110-300-0215 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa pangangasiwa ng gamot.

Isang magulang sa County ng Kitsap ang nagbahagi ng kanilang karanasan tungkol sa isang Indibidwal na plano ng pag-aalaga:

"Ilang araw bago ang ikasiyam na kaarawan ng aming anak, nagsimula siyang makaranas ng mga grand mal at petite mal seizure. Medyo komplikado ang gamutan dahil may Autism din siya. Pagkalipas ng 47 araw sa ospital, napansin na kailangan niya ng service dog upang tumugon sa mga seizure dahil hindi sapat ang gamot lamang. Kapag naramdaman ng aso ang pagbabago sa aura ng aming anak, lalapitan niya ito, iwawagwag ang buntot at itutulak ang kanyang ilong sa aming anak. Aalertuhan ng aso ang isang nasa hustong gulang, na makakaalam na tulungan ang aming anak na manatiling kalmado at ihiga siya sa sahig upang hindi siya masaktan kapag nag-seizure siya. Mahalaga ang aso sa pagtulong na maibalik sa normal ang aming anak matapos ang seizure. Paulit-ulit na dinidilaan ng service animal ang mukha ng aking anak. Malaki ang naitulong nito dahil kapag natapos ang seizure, lagi siyang litong-lito at parang tuliro. Mahalaga talaga ang hayop na ito.

Sa simula, hindi naging komportable ang sentro sa pagkakaroon ng aso sa programa. Maraming beses na "hindi" ang sagot. Busilak ang puso nila, ngunit marami silang mga alalahanin at hindi alam kung ano ang gagawin. Ipinaglaban namin ang karapatan ng aming anak, at kahit mahirap sa ilang pagkakataon, nakipagtulungan kami sa sentro upang masagot ang lahat ng kanilang tanong at matugunan ang lahat ng kanilang pangamba. Ang gusto lang talaga namin ay magkaroon ng normal na karanasan ang aming anak, at ang edukasyon ang pinakamahalagang bahagi upang makagawa ng plano kasama ang sentro.

Nanatili ang aming anak, kasama ang kanyang aso sa sentro nang ilang taon pa hanggang sa lumampas na siya sa edad para sa programa. Para sa aking anak ang aso, ngunit ibinahagi ng mga kawani kung paano ito nakatulong sa lahat ng bata. Tinulungan ng aso ng anak ko ang ibang mga bata na kumalma at natulungan din silang matutong tumanggap at magbigay ng puwang sa kanilang mundo para sa mga batang may kapansanan. Sa huli, naging isa itong pinakamagagandang karanasan."

Mula sa pananaw ng provider ng maagang pagkatuto sa sentro sa County ng Kitsap:

"Noon, sinabi sa amin ng isang pamilya na kailangan ng kanilang anak ng aso sa aming programa. Sa una, hindi namin mawari kung paano iyon gagana. Nabahala kami para sa mga kawani at mga bata na maaaring may allergy sa alagang hayop o takot sa mga aso. Naisip din namin kung maaaring aksidenteng masaktan ng isang bata ang aso o kung masasaktan ng aso ang isang bata. Hindi rin namin alam kung paano namin maisasaayos ang pagpunta ng aso sa banyo sa aming sentro. Napakaraming tanong at pag-aalala!

Nakipag-usap kami nang madalas sa pamilya at pumayag sila na papuntahin ang tagapagsanay ng aso upang kausapin ang mga kawani at mga bata para ipaliwanag ang lahat tungkol sa trabaho ng aso at sagutin ang lahat ng aming mga tanong. Nakipag-ugnayan at nakipagtulungan kami sa pamilya upang makabuo ng detalyadong indibidwal na plano ng pag-aalaga upang alam ng lahat kung ano ang aasahan. Natuto kaming kilalanin ang mga senyas ng aso at kung ano ang dapat naming gawin kapag nakita namin ang mga iyon. Natutunan namin na pinaliliguan ang aso gamit ang espesyal na non-allergy shampoo upang makontrol ang balahibo at balakubak nito. Natutunan din namin na sinanay ang aso na huwag magbanyo habang nasa sentro siya! Lubos kaming natutuwa na naglaan kami ng oras upang kausapin ang pamilya at alamin kung ano ang maaari naming gawin. Napakagandang karanasan nito para sa lahat."

Habang isinasaalang-alang natin ang mga pangangailangan ng mga bata sa Estado ng Washington sa kapaligiran ng maagang pagkatuto, kapwa para sa aksesibilidad at mahahalagang akomodasyon, patuloy na magiging mahalaga ang mga mapagkukunan upang matagumpay na masuportahan ang mga provider ng maagang pagkatuto. Sa aming estado, mayroon kaming mga provider ng maagang pagkatuto na tapat na naglilingkod sa mga batang may espesyal na pangangailangan. Sa nakalipas na dalawang taon, mahigit sa 100 provider ng family home at mahigit sa 1,100 provider ng sentro ang nakatanggap ng karagdagang pampublikong bayad mula sa Working Connections Child Care (Pag-aalaga sa Bata ng Working Connections, WCCC) ng estado para sa mga serbisyo para sa mga batang may espesyal na pangangailangan.



Binabalangkas ng WAC 110-15-0220 ang mga singil para sa mga may espesyal na pangangailangan — mga kwalipikasyon at kinakailangang dokumentasyon



Sumusuporta at nagsusulong ng pagsasama ang mga indibidwal na plano ng pag-aalaga, na nagbibigay ng maraming benepisyo. Ayon sa Pag-aaruga sa Ating mga Anak, (CFOC), ipinakita ng mga pag-aaral ang sumusunod na mga benepisyo ng inklusibong pag-aalaga ng bata:

- Nakakapag-develop ang mga batang may espesyal na pangangailangan ng mas mataas na kasanayang panlipunan at kumpiyansa sa sarili.
- Nakakakuha ang mga pamilya ng mga batang may espesyal na pangangailangan ng suportang panlipunan at nakakapag-develop ng mas positibong pananaw tungkol sa kanilang anak.
- Nagiging mas maunawain at mas tumatanggap sa mga pagkakaiba at kapansanan ang mga bata at pamilya na walang espesyal na pangangailangan.
- Ang mga provider ng maagang pagkatuto ay natututo mula sa pakikipagtrabaho sa mga bata, pamilya at mga provider ng serbisyo at nakakapag-develop ng kasanayan sa pagbibigay ng indibidwal na pangangalaga para sa lahat ng bata.[240]

Isang mahalagang bahagi ng mga kinakailangan para sa indibidwal na plano ng pag-aalaga ay ang pagtiyak na ang mga kawani ng programa na kasangkot sa bata ay naturuan kung paano ipatupad ang plano. Nagbibigay-daan ang pagsasanay sa mga kawani na maging pamilyar sa plano at tumutulong upang matukoy kung kailangan pa ng mahalagang impormasyon o gabay sa loob ng plano. Maaaring ang mga magulang o guardian ang maging pangunahing mapagkukunan at maaaring magbigay ng pagsasanay, depende sa kung ano ang kasama o kinakailangan ng plano para sa bata. Kung kinakailangan ang mga hakbang pang-emergency, dapat kabilang sa pagsasanay ang demonstrasyon at aktwal na pagsasanay. Kabilang sa mga halimbawa ng hakbang pang-emergency ang paggamit ng Epi-Pen para sa matinding allergy, glucagon para sa mababang asukal sa dugo, inhaler para sa reaksyong may kaugnayan sa hika, o gamot para sa seizure disorder. Ang pagdodokumento ng pagsasanay ng kawani hinggil sa indibidwal na plano ng pag-aalaga ay nagpapatunay na ang lahat ng kawani na kasangkot sa bata ay may sapat na impormasyon upang matugunan ang pangangailangan ng bata.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0186 ang karagdagang mga kinakailangan na may kaugnayan sa mga allergy sa pagkain at mga espesyal na pangangailangan sa pagkain.

Mahalaga ang patuloy na komunikasyon sa magulang o guardian ng bata upang makabuo ng isang masusi at kumpletong indibidwal na plano ng pag-aalaga. Upang matiyak na natutugunan ng indibidwal na plano ng pag-aalaga ang mga pangangailangan ng bata habang siya ay patuloy na lumalaki at umuunlad, dapat itong i-update taon-taon o mas madalas kung magbabago ang pangangailangan ng bata. Habang dapat ipaalam sa DCYF kapag ang isang batang may espesyal na pangangailangan ay na-enroll o natukoy, ang impormasyon na makakapagpakilala sa bata ay hindi ibinubunyag o itinatala.

240 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak: Pambansang Pamantayan sa Pagganap para sa Kalusugan at Kaligtasan; Panuntunan para sa Mga Programa ng Maagang Pag-aalaga at Edukasyon, Ika-4 na edisyon.* (Itasca, IL: Amerikanong Akademya ng Pediatrics, 2019), 359.



Indibidwal na Plano ng Pag-aalaga para sa Bata sa Child Care. Isang sampol na form sa webpage ng Mga Form at Dokumento ng DCYF. Available ang sampol na form sa wikang English, Somali at Spanish.
www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider/forms-documents

Ipinapaskil na Listahan ng Allergy at Pagbabago sa Pagkain. Isang sampol na form na ibinigay ng Snohomish Health District na maaaring ipaskil ng isang programa ng maagang pagkatuto sa isang kumpidensyal ngunit madaling ma-access na lugar malapit sa mga lugar ng paghahanda at paghahain ng pagkain upang magsilbing paalala sa kaligtasan ng pagkain para sa ilang partikular na bata. Upang matiyak na protektado ang personal na impormasyon sa kalusugan, isaalang-alang ang pagpo-post ng form na ito sa loob ng pinto ng isang cabinet o gumamit ng isang piraso ng papel upang takpan ang listahan.
www.snohd.org/DocumentCenter/View/3419/Dietary-Modifications-Posting-List-PDF

Mga plano sa pag-aalaga. Isang webpage ng Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County na may mga link sa halimbawa ng indibidwal na plano ng pag-aalaga, hika, allergy, diabetes at seizure.
www.kingcounty.gov/depts/health/child-teen-health/child-care-health/safety.aspx

Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Batang Paslit (ESIT). Webpage ng DCYF para sa maagang interbensyon para sa mga batang mula kapanganakan hanggang edad 3 na may pagkaantala sa pag-unlad o may kapansanan.
www.dcyf.wa.gov/services/child-development-supports/esit

Inklusyon. Nagbibigay ang website ng Sistema ng Teknikal na Tulong at Pagsasanay ng Kagawaran ng Edukasyon ng Florida (TATS) ng mga link patungo sa impormasyon, nakaimprentang materyales, mga video, pananaliksik at iba pang mga mapagkukunan na sumusuporta sa mga inklusibong gawain para sa mga batang nasa maagang yugto ng pagkatuto.
https://tats.ucf.edu/inclusion/

Mga Form para sa Indibidwal na Plano ng Pag-aalaga. Ang webpage na Kalusugan at Sakit ng Snohomish Health District ay naglalaman ng mga link sa ilang sampol ng Mga Form para sa Indibidwal na Plano ng Pag-aalaga.
www.snohd.org/245/Health-Illness

Mga Klase para sa Itinalagang Magulang na Nasa Hustong Gulang. Nag-aalok ang Ospital ng Mga Bata sa Seattle ng mga klase para sa mga boluntaryong itinalaga ng magulang upang tumulong sa mga bata sa mga gawain sa paaralan na may kaugnayan sa diabetes.
www.seattlechildrens.org/clinics/endocrinology/endocrine-diabetes-classes-workshops/

WAC 110-300-0305

Pilosopiya at pagpaplano ng kurikulum

(1) Dapat may nakasulat na pilosopiya ng kurikulum ang provider ng maagang pagkatuto na naglalarawan ng programa ng mga planadong pang-araw-araw na gawain na may kaugnayan sa maagang pagkabata o sa pag-unlad ng bata.

(2) Dapat sumaklaw ang pilosopiya ng kurikulum sa lahat ng pangkat ng edad na pinaglilingkuran, batay sa mga alituntunin ng estado ng Washington para sa maagang pagkatuto at pag-unlad, at maaaring kabilang ang:

- **(a) Kung paano umuunlad ang mga bata sa emosyonal, sosyal, kognitibo, at pisikal;**
- **(b) Kung ano ang ginagawa sa maagang pagkatuto o mga lugar ng pokus para sa bawat pangkat ng edad na pinaglilingkuran;**
- **(c) Kung paano tutugunan ng provider ang pangangailangang kultural, ng mga batang natututo ng dalawang wika, at mga espesyal na pangangailangan ng mga batang inaalagaan;**
- **(d) Kung paano gabayan ang pagkatuto at pakikipag-ugnayan sa lipunan;**
- **(e) Ang kahalagahan ng paglalaro sa proseso ng pagkatuto ng bata; at**
- **(f) Para sa mga sanggol at batang paslit, ang kahalagahan ng pagpapaunlad ng matatag at mapagkalingang ugnayan sa mga tagapag-alaga bilang bahagi ng pagkatuto.**

(3) Dapat sanayin ang mga kawani sa pilosopiya ng kurikulum ng programa.

(4) Dapat bigyan ng nakatakdang oras ang pangunahing guro o provider ng maagang pagkatuto sa family home para makapagplano at makabuo ng kurikulum at mga gawain. Maaaring gawin ang pagpaplano habang oras ng pahinga ngunit lahat ng kinakailangan sa pangangasiwa ayon sa WAC 110-300-0345 ay dapat matugunan.


Ang pilosopiya ng kurikulum ang nagtatatag ng batayan ng mga gawain ng programa, kapaligiran, at pakikipag-ugnayan sa mga bata. Tinutukoy ng sinadya at maayos na nabuong pilosopiya ng kurikulum kung paano lumalago ang mga bata nang emosyonal, sosyal, kognitibo, at pisikal, at ipinapakita rin nito kung paano matutugunan ang mga pangangailangang pangkaunlaran na iyon. Ipinapakita ng pilosopiya ng kurikulum ng bawat programa ng maagang pagkatuto ang kanilang pag-unawa sa pag-unlad at pagkatuto ng bata, gayundin ang kanilang mga pinahahalagahan at kultura.

Nagsisilbi ng maraming layunin ang kinakailangan para sa nakasulat na pilosopiya ng kurikulum. Tumutulong ito sa pagsuporta ng positibong kinalabasan para sa bata sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga gawaing angkop sa edad at antas ng pag-unlad ng bawat pangkat ng edad. Itinataguyod din nito ang mga gawain at kapaligiran na may malinaw na layunin sa pagkatuto. Tumutulong din ang nakasulat na pilosopiya ng kurikulum na matiyak na lahat ng kawani ay may malinaw na pang-unawa sa mga inaasahan ng programa at kung paano haharapin ang pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa mga bata. Nagtataguyod ang nakasulat na pilosopiya ng kurikulum ng pakikibahagi ng pamilya. Nagbibigay ito sa mga magulang at guardian ng malinaw na paunang komunikasyon tungkol sa kung ano ang maaari nilang asahan mula sa programa at ang uri ng mga gawain na mararanasan ng kanilang mga anak habang nasa provider ng maagang pagkatuto.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0450(2)(e) na ang pilosopiya ng kurikulum ay dapat nakapaloob sa handbook para sa magulang o guardian ng provider.

Makakatulong ang Mga Panuntunan sa Maagang Pagkatuto at Pagpapaunlad ng Bata ng Estado ng Washington (EL_0015) sa mga programa sa pagbuo ng pilosopiya ng kurikulum. Nagbibigay ang mga panuntunan ng impormasyon upang suportahan at pahusayin ang pag-unlad at pagkatuto ng mga bata. Saklaw nito ang iba't ibang paksang pangkaunlaran para sa mga batang mula pagsilang hanggang ikatlong baitang at tinutukoy ang mga pamantayan na dapat maabot ng mga bata sa partikular na edad. Kabilang rin sa mga panuntunan ang mga praktikal na estratehiya at angkop na mga aktibidad upang hikayatin ang pag-unlad. **www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pubs/EL_0015.pdf**



Ang panlipunan at emosyonal na pag-unlad ay isang mahalagang aspeto ng pangkalahatang malusog na pag-unlad ng isang bata at nagbibigay ng halimbawa ng isang larangan kung saan maaaring matugunan ng pilosopiya ng kurikulum ang bawat pangkat ng edad na pinaglilingkuran sa isang programa ng maagang pagkatuto. Para sa mga sanggol, maaaring bigyang-diin ng pilosopiya ng kurikulum para suportahan ang panlipunan at emosyonal na pag-unlad ang pagtitiwala at paghikayat sa pagtugon sa mga senyales ng bata. Para sa mga batang paslit, maaaring magtuon ang pilosopiya sa pagpapakita ng huwarang pag-uugaling panlipunan at pagtukoy ng wika kaugnay sa damdamin. Ang pilosopiya para sa panlipunan at emosyonal na pag-unlad ng mga batang preschool ay maaaring magtaguyod ng mga estratehiya sa pagharap sa pagkabalisa dahil sa paghiwalay sa pamilya sa maghapon, o sa pakikipagtulungan at paglutas ng problema kasama ang mga kalaro habang naglalaro. Para sa mga batang nasa edad ng pag-aaral, maaaring ilipat ang pokus sa mga gawain at kurikulum na nakatuon sa pagiging produktibong mamamayan at tagapag-ambag sa kanilang komunidad. Para sa bawat pangkat ng edad na nasa pag-aalaga, ang pilosopiya ng provider ng maagang pagkatuto kung paano natututo ang mga bata ay nagbibigay-gabay sa kurikulum at mga gawain upang suportahan ang pag-unlad sa larangang iyon.

Upang matiyak ang pare-parehong pag-unawa at pamamaraan sa maagang pagkatuto, kailangang sanayin ang mga kawani sa pilosopiya ng kurikulum sa oras ng kanilang pagkatanggap sa trabaho, at pati na rin kapag may mga pagbabago sa pilosopiya ng kurikulum ng programa. Saklaw ng kinakailangang ito ang lahat ng kawani at nangangahulugang ipinapaalam, ino-orient, at sinusuportahan sila sa kanilang pag-unawa sa pilosopiya ng programa. Dapat mairekord at maidokumento ang pagsasanay na ito sa mga file ng kawani, kabilang ang petsa at maikling paglalarawan ng mga tinalakay.

Upang makatulong na matiyak na naipapatupad ang pilosopiya ng kurikulum sa programa ng maagang pagkatuto, ang mga pangunahing guro at mga provider ng maagang pagkatuto sa family home ay dapat magkaroon ng regular at nakatalagang oras para magplano ng kurikulum at programa ng mga gawain. Ayon sa Sentro para sa Pag-aaral ng Pagtatrabaho sa Pag-aalaga ng Bata, ang kakayahan ng isang provider ng maagang pagkatuto na maging epektibo ay sinusuportahan ng oras para sa pagpaplano at paghahanda.[241]

Mahalaga ang paghahanda upang matiyak na ang mga gawain sa silid-aralan ay sumusuporta sa nakasulat na pilosopiya ng kurikulum ng programa, upang matukoy at makalap ang mga kinakailangang materyales at upang mahulaan ang mga indibidwal na pangangailangan ng mga bata.

241 Marcy Whitebook, Caitlin McLean, Lea Austin, at Bethany Edwards, "Early Childhood Workforce Index - 2018," *Sentro para sa Pag-aaral ng Pagtatrabaho sa Pag-aalaga ng Bata*, University of California, Berkeley, (2018), available sa **https://cscce.berkeley.edu/wp-content/uploads/2018/06/Early-Childhood-Workforce-Index-2018.pdf**.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa tahanan sa Pierce County ang nagbahagi:



"Kapag may oras ako para magplano, mas nararamdaman ko na isa akong propesyonal. Binibigyan ako nito ng oras para suriin ang lahat ng gawain mula noong nakaraang linggo, alamin kung alin ang naging maayos, at ilahad ang mga pagbabagong gagawin para sa linggong ito. Nagbibigay din ito sa akin ng pagkakataon na baguhin ang mga gawain para sa mga batang alam kong mangangailangan ng karagdagang suporta, na sa huli ay nagbibigay sa kanila ng mas malaking pagkakataon na magtagumpay. Simula nang magkaroon ako ng tuloy-tuloy na lingguhang oras para magplano, naging mas kumpiyansa ako at mas naging pamilyar sa mga indibidwal na pangangailangan ng aking mga bata. Mas bumuti rin ang pamamahala sa silid-aralan dahil mas handa ako, na nakakatulong upang manatiling nakatuon ang mga bata sa mga angkop na gawain.

Ang Mga Haliging Pundasyon ng Mataas na Kalidad na Mga Programa sa Edukasyon sa Maagang Pagkabata. Isang publikasyon ng Instituto ng Patakaran sa Pagkatuto na tumutukoy sa mga mahahalagang elemento ng mataas na kalidad na mga programa sa edukasyon sa maagang pagkabata ayon sa ipinapakita ng pananaliksik at mga pamantayang propesyonal.
https://learningpolicyinstitute.org/product/building-blocks-high-quality-early-childhood-education-programs

Paglalakad Kasama ang Mag-aaral: Kurikulum sa Silid-aralan ng Pre-K ni Yvonne. Isang 12-minutong video na ginawa ng Proyekto para sa De-kalidad na Maagang Pagkatuto. Gumagawa ang Proyekto ng mga video at mga mapagkukunan para sa propesyunal na pag-unlad ng mga provider ng maagang pagkatuto upang mapalakas ang edukasyon sa mga unang taon.
https://vimeo.com/184928043

Ang Proyektong Mataas na Kalidad sa Maagang Pagkatuto. Gumagawa ang Proyekto ng mga video at mga mapagkukunan para sa propesyunal na pag-unlad ng mga provider ng maagang pagkatuto upang mapalakas ang edukasyon sa mga unang taon. Kabilang sa website na ito ang limang video, mga gabay na tanong at iba pang mga mapagkukunan.
https://highqualityearlylearning.org/

WAC 100-300-0310

Pagbuo ng konsepto at kalidad ng feedback

(1) Dapat magpatupad ang provider ng maagang pagkatuto ng mga aktibidad na sumusuporta sa pagkatuto at pag-unawa ng bata.

(2) Maaaring magpatupad ang provider ng maagang pagkatuto ng mga aktibidad para sa pagkatuto at pag-unawa ng bata sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan gaya ng:

(a) Paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo (magkakaibang pamamaraan, kurikulum, o estilo) at materyales upang matugunan ang iba't ibang istilo ng pagkatuto, kakayahan, antas ng pag-unlad, at pag-uugali;

(b) Pagtulong sa mga bata na makapasok at manatili sa paglalaro;

(c) Paghikayat sa mga bata na lumahok sa pamamagitan ng pagtatanong at pagbibigay ng gabay;

(d) Pagbibigay ng mga pagkakataon para sa pagiging malikhain ng mga bata;

(e) Pag-uugnay ng mga konsepto at gawain sa isa't isa at sa buhay at interes ng mga bata;

(f) Pagmamasid at pagtugon sa mga pagkakataong maaaring maging aral;

(g) Paglilinaw at pagpapalawak ng pang-unawa ng mga bata;

(h) Paglalarawan at pagtalakay sa mga proseso ng pagkatuto ng mga bata;

(i) Paghikayat sa pagsisikap at pagpupursige ng mga bata;

(j) Pagpapakita ng pagtanggap sa mga pagkakamali;

(k) Paggamit ng iba't ibang bokabularyo;

(l) Pamumuno sa mga talakayan at aktibidad;

(m) Pagbibigay ng mga materyal sa maghapon, kabilang ang mga pang-araw-araw na gawain gaya ng pagkain at mga transisyon ng gawain, upang hikayatin ang komunikasyon sa wikang English at sa mga katutubong wika ng mga bata kung maaari; at

(n) Paggamit ng mga scaffolding method upang unti-unting mailapit ang mga bata sa mas matatag na pang-unawa at mas malaking kasarinlan sa proseso ng pagkatuto.

Sa isang kapaligiran ng maagang pagkatuto, ang provider ay may mahalaga at aktibong papel sa pagsuporta at pagpapalawak ng pagkatuto ng mga bata. Ang Pagpapaunlad ng Konsepto ay kapag ang isang provider ng maagang pagkatuto ay gumagamit ng mga tiyak na estratehiya upang suportahan ang mga bata na mag-isip nang mas malalim tungkol sa mga ideya sa paligid nila. Nangyayari ang Kalidad ng Feedback kapag ang isang guro ay tumutugon sa isang bata sa paraang naghihikayat sa bata na patuloy na mag-isip o sumubok.[242]



Pinatutunayan ng mga pag-aaral na ang mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga guro at mga bata ang pangunahing nagtutulak sa pagkatuto[243] at na ang mga de-kalidad na programa ng maagang pagkatuto ay nagpapatupad ng mga kurikulum na angkop sa antas ng pag-unlad na nagbibigay-diin sa mga pinangungunahang oportunidad para sa pagkatuto.[244]

242 Meghan Cornwell, "Concept Development or Quality of Feedback?" Teachstone, available sa **http://info.teachstone.com/blog/concept-development-or-quality-of-feedback**, inilathala noong Oktubre 23, 2017.

243 Teachstone Training LLC, "Teacher-Child Interactions in Early Childhood," available sa **http://cdn2.hubspot.net/hub/336169/file-1265335269-pdf/PDF_or_Documents/Research-Summary_Teacher-Child_Interactions.pdf?t=1412355997000**, inilathala noong Hulyo 2014.

244 NAEYC, "Developmentally Appropriate Practice in Early Childhood Programs Serving Children from Birth through Age 8," available sa **https://www.naeyc.org/sites/default/files/globally-shared/downloads/PDFs/resources/position-statements/PSDAP.pdf**, inilathala noong 2009.



Isang 3-taong-gulang na bata ang gumagawa ng dalawang maikling tower gamit ang mga block. Sinusubukan ng bata na maglagay ng block mula sa ibabaw ng isang tower upang maabot ang ibabaw ng kabilang tower. Hindi umaabot ang block sa kabilang tower. Sinabi ng provider ng maagang pagkatuto, “mukhang masyadong maikli ito,” at pagkatapos, upang gabayan ang pagkatuto ng bata at hikayatin ang kanyang pag-iisip at paglutas ng problema, ay nagtanong: “ano sa palagay mo ang maaari mong gawin?”

Mahalagang isaalang-alang na bawat bata ay natatanging indibidwal at na tumugon sa panlipunan at kultural na konteksto kung saan sila nabubuhay. Nagmumula ang mga bata sa iba't ibang magkakaibang background na may iba't ibang pamilya at karanasan. Bukod pa rito, ang mga personalidad sa isang grupo ay maaaring lubhang magkakaiba, na may iba't ibang ugali, istilo ng pagkatuto at antas ng pag-unlad. Kahit na ang mga batang magkakapareho ng edad ay malamang na nasa magkaibang antas ng pag-unlad. Dapat magplano at isaalang-alang ng provider ng maagang pagkatuto ang mga pagkakaibang ito kapag bumubuo at nagpapatupad ng mga gawain. Upang masuportahan ang iba’t ibang antas ng pag-unlad, maaaring magplano ang mga provider ng maagang pagkatuto upang matiyak na ang mga aktibidad ay nagbibigay ng iba’t ibang pagkakataon para sa pagpapaunlad ng kasanayan, iba’t ibang materyal, at mga pagbabago kung kinakailangan para sa mga bata. Mahalagang kilalanin na kahit sa kabila ng lahat ng pagsisikap at konsiderasyon, may mga pagkakataon na hindi nagiging matagumpay ang mga bata o nagkakamali sila. Maaaring mapalago ng provider ng maagang pagkatuto ang pag-unlad ng bata sa pamamagitan ng pagpapakita ng pasensya at paghikayat sa kanilang pagsisikap. Maaaring matutunan ng mga bata ang pagtitiyaga at kumpiyansa kapag nararamdaman nila na ayos lang magkamali at na sila ay nasa isang kapaligiran na sumusuporta at nagdiriwang sa kanilang pagkatuto.

Ipinapakita ng talahanayang ito ang mga halimbawa ng mga pamamaraan at estratehiya na maaaring gamitin ng isang provider ng maagang pagkatuto upang mapadali ang pagkatuto at pag-unawa ng bata.

Mga Pamamaraan upang Maisulong ang Pagkatuto at Pag-unawa ng Bata	Halimbawa
Paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo (magkakaibang pamamaraan, kurikulum, o estilo) at materyales upang matugunan ang iba't ibang istilo ng pagkatuto, kakayahan, antas ng pag-unlad, at pag-uugali	Alam ng provider ng maagang pagkatuto na si Terry na magkakaroon ng dalawang araw ngayong linggo kung kailan magbabago ang karaniwang pang-araw-araw na rutina upang maisagawa ang isang appointment para sa pagmementena sa labas ng kanyang bahay. Maagang gaganapin sa umaga ang paglalaro sa labas bago dumating ang kompanyang maglilinis ng gilid ng kanyang bahay. Napansin ni Terry na ang batang nasa kanyang pangangalaga, si Maya, ay mahilig sa istruktura at nahihirapan sa pagbabago. Gumawa si Terry ng plano upang bigyan si Maya ng sapat na paunawa at impormasyon tungkol sa mga pagbabago at magbigay ng mga paunang palatandaan tungkol sa kung ano ang aasahan at kung ano ang mangyayari. Kilala rin ni Tery ang isa pang bata, si Ryder, na mas natututo sa pamamagitan ng mga hands-on na aktibidad at nahihirapang umupo nang matagal. Nagdaragdag si Terry ng ilang "bahay" sa mga materyales sa espasyo ng maagang pagkatuto at nagplano ng isang gawain para hugasan ang mga bahay. Nagplano rin siya ng talakayan para sa oras ng sama-samang pag-uusap tungkol sa paglilinis ng mga bagay upang maalagaan ang mga ito at pumili ng maliit na laruang bahay para hawakan ni Ryder habang nasa oras ng sama-samang pag-uusap upang matulungan siyang magpokus.
Pagtulong sa mga bata na makapasok at manatili sa paglalaro	Isang bata ang lumapit sa mesa ng mga aktibidad at pinapanood ang isa pang bata na pinipisil, pinapagulong, pinipiga at binabanat ang kulay-lilang slime. Tinanong ng provider ng maagang pagkatuto na si Andrea ang bata, "Ano sa tingin mo ang pakiramdam ng slime?" Nagkibit-balikat ang bata. Sinasabi ni Andrea sa bata, "Nakikita ko na may mas maraming putik sa tapat ni Noah. "Bakit hindi rin kaya tayo kumuha ng upuan para sa iyo?"
Paghikayat sa mga bata na lumahok sa pamamagitan ng pagtatanong at pagbibigay ng gabay	Napansin ng isang provider ng maagang pagkatuto na nakaupo si Tre'von sa sahig ng sala habang ang dalawa pang bata ay naglalaro ng cash register at grocery cart. Tinanong ng provider ng maagang pagkatuto si Tre'von kung sumasama siya sa kanyang pamilya sa palengke para bumili ng pagkain. Tumango si Tre'von ng "oo." Tinanong ng provider ng maagang pagkatuto kung anong klaseng pagkain ang hinahanap ng kanyang pamilya sa tindahan. Ipinahayag ni Tre'von na naghahanap sila ng cereal, cracker at ubas. Tinanong ng provider ng maagang pagkatuto si Tre'von, "May makikita kaya tayong ganoong pagkain sa tindahan natin. May nakikita ka bang ubas dito?"
Pagbibigay ng mga pagkakataon para sa pagiging malikhain ng mga bata	Naghandang maglagay ang isang provider ng maagang pagkatuto ng mesa para sa gawain na may makukulay na chalk, pandikit, mga hugis-hayop na gawa sa felt at foam, mga bola at mga piraso ng papel.
Pag-uugnay ng mga konsepto at gawain sa isa't isa at sa buhay at interes ng mga bata	Nagbabasa ang isang provider ng maagang pagkatuto ng aklat tungkol sa isang tuta sa isang sanggol. Alam ng provider ng maagang pagkatuto na may aso sa bahay ng sanggol. Sinabi ng provider ng maagang pagkatuto sa sanggol, "Aso ito na gaya ng aso mo na si Ginger. Kulay kayumanggi ang asong ito at kulay dilaw naman si Ginger!"

Mga Pamamaraan upang Maisulong ang Pagkatuto at Pag-unawa ng Bata	Halimbawa
Pagmamasid at pagtugon sa mga pagkakataong maaaring maging aral	Sa panlabas na palaruan, magkasama sina Basia at Henry sa damuhan. Sumigaw si Basia, "Tingnan mo! May ladybug!" Lumapit ang ilang bata at si Ginoong Tony para makita ang ladybug. Tinanong ni Ginoong Tony, "Paano mo nalaman na ladybug ito?" Sumagot si Basia na alam niya dahil may mga batik ito. Sinabi ni Henry na hindi niya iniisip na ladybug ito dahil kulay kahel ito at pula ang mga ladybug. May isa pang batang nagsabi na ladybug pa rin iyon. Kinumpirma ni Ginoong Tony na maaaring pula o kahel ang mga ladybug at mayroon pang. ibang kulay. Tinanong ni Ginoong Tony ang mga bata kung anong kulay pa sa tingin nila ang maaaring maging ladybug, at nanghula sila. Kinumpirma ni Ginoong Tony na may mga ladybug na kulay dilaw, abo, lila at kahit itim!
Paglilinaw at pagpapalawak ng pang-unawa ng mga bata	Si Milo, na 17-buwan, ay nakasandal sa pinto at umiiyak matapos magpaalam sa kanyang ama. Tinanong siya ng provider ng maagang pagkatuto na si David, "Nalulungkot ka ba na magpaalam sa tatay mo?" Tumango si Milo bilang pagsang-ayon na nalulungkot siya. Sinabi ni David kay Milo, "Nalulungkot din ako kapag nagpapaalam ako sa tatay ko. Okay lang na malungkot. Alam mo ba na maaari tayong maging malungkot at makapaglaro pa rin? Minsan, ang paglalaro ay nakakapagpagaan ng pakiramdam natin. Gusto mo bang maglaro ng mga kotse o sa kusina, o gusto mo bang pumunta sa reading carpet?"
Paglalarawan at pagtalakay sa mga proseso ng pagkatuto ng mga bata	Umupo si Teacher Emily kasama si Zionna habang gumagawa siya ng puzzle. Nakita ni Emily na iniikot ni Zionna ang mga piraso at sinusubukang magkasya ang mga ito. Sinabi ni Emily kay Zionna, "Nakikita ko na inilipat-lipat mo ang mga piraso para makita kung saan sila kasya. Gusto ko kung paano mo unang inilagay ang mga sulok dahil alam mo kung saan sila dapat ilagay. Iniisip ko kung paano mo ilalagay ang susunod na piraso? Sa tingin mo, saan ito dapat ilagay?"
Paghikayat sa pagsisikap at pagpupursige ng mga bata	Si Liam, na siyam na buwang gulang, ay nakaupo sa sahig na may hawak na mga plastik na hugis at isang lalagyan. May hawak si Liam na tatsulok sa kanyang kamay, inalog ito at tumama sa gilid ng lalagyan. Napansin ni Ms. Natalie ang ginawa at tinanong si Liam, "Ilalagay mo ba ito sa loob? Kasya ba ang tatsulok sa balde?" Pinanood ni Ms. Natalie habang iginagalaw ni Liam ang kanyang braso at kamay, at saka ibinalik ang tatsulok sa lalagyan. Inihulog ni Liam ang tatsulok sa loob ng lalagyan. Sinabi ni Ms. Natalie, "Nilagay mo ang tatsulok sa balde! Maglalagay ka pa ba ng ibang hugis sa balde?"
Pagpapakita ng pagtanggap sa mga pagkakamali	Nakikita ng provider ng maagang pagkatuto na si Jess na nagsusumikap si Maria na matutong magtali ng kanyang sapatos. Paulit-ulit na nahihirapan si Maria na matapos ito. Nagsisimula nang mainis si Maria. Umupo si Jess kasama si Maria at kinausap siya tungkol sa kung gaano rin kahirap para sa kanya ang matutong magtali ng sapatos noon. Hinikayat niya si Maria na magpatuloy at sinabi kung gaano siya ka-proud sa kanya dahil hindi siya sumusuko kahit mahirap.

Mga Pamamaraan upang Maisulong ang Pagkatuto at Pag-unawa ng Bata	Halimbawa
Paggamit ng iba't ibang bokabularyo	Magkasamang gumagawa sina Louis at Nadia kasama ang kanilang klase sa isang proyekto na may kinalaman sa mga hugis at kulay. Ipinapakilala ni Louis ang mga bagong salita na maaaring hindi pa naririnig ng mga bata, gaya ng trapezoid at quadrilateral, upang matulungan silang makabuo ng bagong bokabularyo batay sa mga alam na nila. Binabanggit ni Nadia ang mga kulay sa wikang English at pati na rin sa Espanyol upang ipakilala sa mga bata ang pagkakaiba-iba ng wika sa kanilang paligid.
Pamumuno sa mga talakayan at aktibidad	Magkakasamang nakaupo at kumakain ng tanghalian ang klase ng pre-kindergarten. Noong kanilang oras ng agham, pinag-usapan ng klase ang mga tirahan ng hayop. Sinimulan ni Teacher Lisa ang isang talakayan kasama ang mga bata tungkol sa iba't ibang hayop at kung saan sila matatagpuan. Binigyan ang mga bata ng pagkakataong magbahagi ng iba't ibang hayop at kung saan sila nakatira. Hinikayat ni Lisa ang mga batang hindi pa nakakapagbahagi sa pamamagitan ng pagtatanong kung may maisip silang mga hayop na nakatira sa kagubatan.
Pagbibigay ng mga materyales sa buong araw, kabilang ang pang-araw-araw na rutin tulad ng pagkain at transisyon ng gawain, upang hikayatin ang komunikasyon sa wikang English at sa mga wika sa bahay ng mga bata kung maaari	Sa silid-aralan ng mga batang paslit, may mga batang nagsasalita ng wikang English, Spanish at French. Tinitiyak ni Teacher Jill na may mga label sa mga gamit sa lahat ng tatlong wika. Kapag tinatalakay nila ang mga kulay, hugis, at iba pa sa maghapon, pinag-uusapan nila ito bilang klase sa lahat ng tatlong wika. Kapag may transisyon ng gawain, tinitiyak din ng mga guro sa silid na pinag-uusapan kung ano ang susunod na mangyayari sa iba't ibang wika.
Paggamit ng mga scaffolding method upang unti-unting gabayan ang mga bata patungo sa mas malalim na pag-unawa at mas malaking kasarinlan sa proseso ng pagkatuto	Nangyayari ang scaffolding kapag ang isang provider ng maagang pagkatuto ay gumagamit ng tiyak na mga estratehiya upang tulungan ang bata na lumipat mula sa isang gawain o konsepto patungo sa mas komplikadong gawain o konsepto. Ilan sa mga tiyak na estratehiya para sa scaffolding ay ang pagbibigay ng mga paalala, pagtatanong o pagpapakita ng mga hakbang na kasama sa isang proseso. Tinalakay ng provider ng maagang pagkatuto na si Manivanh ang mga konsepto tungkol sa panahon kasama ang mga bata ngayong linggo. Ngayong umaga ay basa at umuulan, ngunit lumabas din ang araw kalaunan. Habang nasa panlabas na palaruan sa hapon, tinanong ni Manivanh ang mga bata kung saan napunta ang tubig mula kaninang umaga. Sinabi ni Benton, na limang taong gulang, na sa tingin niya ay natuyo na ito. Sumagot si Tish, na siyam na taong gulang, na ginawa ng araw na parang singaw ang tubig at bumalik ito sa mga ulap. Kinumpirma ni Manivanh, "Tama ka, Tish!" Pinalawak pa ni Manivanh ang pag-unawa ni Tish at sinabi, "Ang prosesong iyan ay tinatawag na Water Cycle. Ang ating mundo ay may tubig na nasa anyong solid, likido, at gas. Sa tingin mo, anong anyo ng tubig ito kapag parang singaw na?"

KLASE. Isang webpage ng Teachstone na naglalaman ng impormasyon at mga mapagkukunan na may kaugnayan sa kasangkapang nakatuon sa pakikipag-ugnayan ng guro at mag-aaral upang itaguyod ang pagkatuto at pag-unlad para sa mga bata sa lahat ng edad.
https://teachstone.com/class/

Pag-unlad ng Konsepto o Kalidad ng Feedback. Isang webpage ng Teachstone na nagbibigay ng impormasyon sa pagkakaiba ng mga dimensyon ng pag-unlad ng konsepto at kalidad ng feedback, at may kasamang aktibidad na suriin ang iyong pag-unawa na may mga halimbawa ng bawat isa.
http://info.teachstone.com/blog/concept-development-or-quality-of-feedback

Pag-unlad ng Kognitibo: Mga Pakikipag-ugnayan na Sumusuporta sa Pagkatuto. Isang webpage mula sa Virtual Lab School na may impormasyon at mga video tungkol sa mga interaksyon ng guro na sumusuporta sa pagkatuto.
www.virtuallabschool.org/management/cognitive/lesson-3

Sentro para sa Maagang Edukasyon sa Pagkabata ng Eastern Connecticut State University. Isang institusyong pananaliksik at propesyonal na pag-unlad na nakatuon sa pagpapahusay ng kalidad ng maagang pag-aalaga at edukasyon.
www.easternct.edu/center-for-early-childhood-education/index.html

Nag-aalok ang website ng pananaliksik, publikasyon, propesyonal na pag-unlad at mga online na pagsasanay, at isang aklatan na may higit sa 100 video gaya ng:

- Kapag Nangyari ang Hindi Inaasahan: Pagsamantala sa Panahong Maaaring Magturo.
  www.easternct.edu/center-for-early-childhood-education/reflections-from-the-field/seizing-the-teachable-moment.html
- Pagsuporta sa Kritikal na Pag-iisip ng mga Batang Paslit.
  www.easternct.edu/center-for-early-childhood-education/reflections-from-the-field/supporting-critical-thinking-in-toddlers.html
- Ang Ugnayan ng Pakikipag-ugnayan ng Guro at Bata sa Laro sa Preschool sa Kasanayang Pangmatematika ng Maliliit na Bata.
  www.easternct.edu/center-for-early-childhood-education/research/teacher-child-math-interactions-during-play-video.html

Pagpasok at Pananatili sa Laro. Nagbibigay ng impormasyon at mga konsiderasyon ang Penn State Extension may kaugnayan sa pagsuporta sa paglalaro ng batang paslit.
http://bkc-od-media.vmhost.psu.edu/documents/tips0804.pdf



Nakakaengganyong Pakikipag-ugnayan. Mga in-service na video mula sa Sentro para sa Pagkatuto at Kaalaman sa Maagang Pagkabata ng Head Start (ECLKC) para sa propesyonal na pag-unlad ng mga programa sa preschool.

- Pagsuporta sa Kakayahan sa Pag-iisip ng mga Bata. Tinutuklas ang tatlong paraan upang maisulong ang kakayahan sa pag-iisip ng mga bata.
  https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/fostering-childrens-thinking-skills
- Pagbibigay ng Feedback. Alamin kung paano magbigay ng de-kalidad na feedback sa mga bata na sumusuporta sa pagkatuto at naghihikayat ng pagsusumikap.
  https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/providing-feedback
- Pagpokus ng mga Bata sa mga Layunin sa Pagkatuto. Inilalarawan kung paano matutulungan ng mga guro ang mga bata na mas maunawaan ang kanilang natututuhan.
  https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/focusing-children-learning-goals
- Pagtutulungan sa Pagkatuto ng mga Bata. Alamin ang mga paraan upang magbigay ng tamang dami ng tulong kapag nahihirapan ang isang bata na matutunan ang isang konsepto o matapos ang isang gawain.
  https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/scaffolding-childrens-learning
- Ginagawang Makabuluhan ang Pagkatuto. Tuklasin kung paano maaaring maging may kaugnayan sa pang-araw-araw na buhay ng mga bata ang pagkatuto.
  https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/making-learning-meaningful
- Paggamit ng Siyentipikong Paraan. Alamin kung paano gamitin ang siyentipikong paraan upang suportahan ang pagkatuto ng mga bata.
  https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/using-scientific-method

Pag-ugoy at Paggulong: Pagpapalakas ng Pagkatuto ng mga Sanggol at Maliliit na Bata sa Pamamagitan ng Gabay. Isang publikasyon mula sa National Association for the Education of Young Children (Pambansang Asosasyon para sa Edukasyon ng Maliliit na Bata, NAEYC) na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pag-aayos ng kapaligiran at pagpapadali sa pag-unlad at pagkatuto ng mga sanggol at batang paslit.
www.naeyc.org/resources/pubs/yc/may2017/rocking-and-rolling-empowering-infants-and-toddlers

Mga estratehiya para sa pagsusulong ng pagkatuto

Sa anumang de-kalidad na programa sa maagang pagkatuto, aasahan mong makikita ang mga batang kumikilos, nagmamasid, nagsasalita, nagtatrabaho nang mag-isa at nakikisalamuha sa ibang bata at nasa hustong gulang. Dapat aktibong nakikilahok ang mga tagapag-alaga sa mga bata. Maaaring marinig mong sinasabi ng mga nasa hustong gulang ang ganito:

- **Pag-anyaya sa mga bata** – "Halika at tingnan kung paano lumaki ang mga buto at naging mga halaman!"
- **Paglalarawan ng mga gawain** – "Nakikita ko na itinanim mo ang buto nang malalim sa lupa."
- **Pagpapalawak ng sinabi ng mga bata** – "Oo, nagawa mo at ngayon tumatalon ka nang mas mataas!"
- **Pagpapakita** – "Ibubuhos ko ang tubig sa pamamagitan ng pagtagilig ng baso nang kaunti lang."
- **Pagbabasag sa mga hakbang** – "Una, pumili ng buto... magaling... tapos itulak ito sa lupa... nagawa mo."
- **Pagbibigay ng papuri** – "Nakita ko na napinturahan mo ang buong papel at talagang nagsikap ka."
- **Scaffolding** – "Ganito, paano kung ako ang maglagay ng dalawang piraso ng puzzle at ikaw naman ang maglagay ng dalawa?"
- **Paggabay sa pamamagitan ng pag-uulit** – "Bilangin natin ang mga napkin." "Ngayon bilangin naman natin ang mga sapatos...."
- **Pagsusulong ng pag-iisip** – "Sa palagay mo, paano kaya nahanap ng squirrel ang kanyang mga nuwes?"
- **Paghikayat sa pagsusuri** – "Sa tingin mo, bakit natunaw ang yelo?"
- **Paghamon** – "Oo, mukhang mansanas dahil ito ay pula, pero iba ang prutas na ito. Ano kaya ito?"
- **Pakikinig** – Abala ang dalawang batang lalaki sa paggawa at sa pag-uusap tungkol sa susunod nilang desisyon. Tahimik na nakikinig ang provider at lumalayo dahil ayaw niyang gambalain ang kanilang masinsinang gawain.
- **Pag-uugnay sa karanasan** – "Ang batang babae sa librong ito ay pupunta sa zoo, katulad ng ginawa mo!"
- **Pagtatanong na masasagot sa iba't ibang paraan** – "Ano kaya ang iniisip ng sanggol ngayon?"
- **Pag-iisip ng mga ideya** – "Mag-isip tayo ng maraming paraan na maaari nating gawin....."
- **Pagbibigay ng papuri** – "Gusto kong kasama ka."
- **Pagbibigay ng direksyon** – "Oras na para maghugas ng kamay at pumunta sa mesa para sa meryenda."
- **Paglilipat ng atensyon** – "Maaari kang maglaro ng mga kotse sa silid-laruan pagkatapos ng tanghalian."
- **Pagtugon** – "Ayos lang ba ang pakiramdam mo?"
- **Paggalang sa pananaw ng mga bata** – "Ang ideya ni Jamie ay dapat nating...."
- **Pagmamasid** – "Nakikita ko na parang gusto mong sumubok ng bago..."

WAC 110-300-0315

Pagtuturo ng tamang paggamit at pangangatwiran sa wika

(1) Dapat na ang isang provider ng maagang pagkatuto ay maging mulat at tumugon sa mga pangangailangang pangkaunlaran, pangwika, pangkultura, at pang-akademiko ng mga bata.

(2) Dapat na ang isang provider ng maagang pagkatuto ay may kamalayan at tumutugon sa mga pangangailangan ng mga bata sa pamamagitan ng paggawa ng mga gawain gaya ng:

(a) Pagtatanong ng mga naaangkop sa antas ng pag-unlad para sa partikular na pangkat ng edad at pagbibigay-daan sa mga bata na sumagot nang hindi iniistorbo ng provider;

(b) Pag-ikot sa paligid ng mga bata habang may malayang pagpili ng mga gawain at pakikipag-usap sa mga bata tungkol sa kanilang ginagawa;

(c) Paggamit ng mga pamamaraan sa pagtuturo gaya ng:

(i) Pagsasalita sa sarili: Kapag ang provider ay nagsasalita tungkol sa kanyang ginagawa, nakikita, kinakain, hinahawakan, o iniisip habang siya ay kasangkot sa isang gawain;

(ii) Pag-uusap na kasabay ng bata: Kapag ang provider ay nagsasalita tungkol sa ginagawa, nakikita, kinakain, o hinahawakan ng bata habang ang bata ay kasangkot sa mga gawaing iyon; o

(iii) Pagpapalawak ng wika: Kapag ang provider ay nagdaragdag ng detalye o bagong mga salita upang palawakin ang mga ideya na ipinapahayag ng mga bata.

(d) Ang isang provider ng maagang pagkatuto na nagtatrabaho kasama ang mga batang preschool at school-age ay dapat gumamit ng wika upang paunlarin at hikayatin ang kasanayan sa pangangatwiran sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan gaya ng:

(i) Pakikipag-usap tungkol sa mga lohikal na relasyon o konsepto sa buong araw kabilang, ngunit hindi limitado sa, iskedyul ng araw, mga pagkakaiba at pagkakapareho ng mga bagay, o mga tao sa silid-aralan;

(ii) Pagpapakilala ng mga konsepto gamit ang mga tanong na gumagabay upang hikayatin ang mga bata na matukoy ang ugnayan ng sanhi at bunga;

(iii) Pagbibigay ng mga pagkakataon para sa pagbabasa at pagsusulat; at

(iv) Pagtatanong ng mga tanong na nasasagot sa iba't ibang paraan upang matulungan ang mga bata na mapabuti ang kasanayan at magkaroon ng kaalaman.

(e) Dapat pasiglahin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang pag-unlad at pagkatuto ng wika sa mga batang hindi nagsasalita ng wikang English sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan tulad ng:

(i) Paggamit ng mga salita sa iba't ibang wika upang pag-usapan ang mga gawain sa pang-araw-araw na rutina;

(ii) Pagbabasa ng mga aklat nang malakas o paggamit ng mga audio book; at

(iii) Paglalaro ng mga laro sa iba't ibang wika.

Ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ay nangangailangan na ang isang provider ng maagang pagkatuto ay maging "tumutugon" sa mga pangangailangang pangkaunlaran, pangwika, pangkultura at pang-akademiko ng mga bata. Sa isang kapaligiran ng maagang pagkatuto, nangangahulugan ito ng pagbibigay ng masusing pansin sa mga ipinapahiwatig ng bata sa pamamagitan ng kilos, salita, at emosyon at pagtugon batay sa mga palatandaang iyon. Nakakatulong ang maagap na pag-aalaga sa pagbuo ng mapagkakatiwalaang relasyon at pundasyon para sa komunikasyon at wika.

Mahalaga ang pag-unlad ng wika para sa pangkalahatang pag-unlad na kognitibo at panlipunan ng isang bata. Sinusuportahan nito ang kakayahan ng mga bata na makipag-usap, lumutas ng problema at umunawa ng damdamin. Ipinapakita ng pananaliksik na ang pag-unlad ng bokabularyo ng isang bata ay konektado sa kanilang kalagayang pang-ekonomiya. Natuklasan sa isang pag-aaral na sa edad na 18 buwan, ang mga bata mula sa magkaibang pangkat panlipunan at pang-ekonomiya ay nagpapakita ng malaking pagkakaiba sa kanilang bokabularyo, at sa edad na 2 taon ay mas lumalaki pa ang agwat sa pag-unlad ng bokabularyo.[245] Higit pang pananaliksik ang nakakita ng apat-na-milyong-salitang agwat sa pagitan ng mga bata mula sa mataas at mababang kalagayang pang-ekonomiya pagsapit ng 4 na taong gulang.[246]

Ayon sa pananaliksik sa Journal of Neuroscience, maaaring gumamit ang mga provider ng maagang pagkatuto ng tiyak na mga estratehiya upang mapabuti ang bokabularyo at pag-unlad ng wika ng mga bata at mabawasan ang pagkakaiba sa dami ng mga salita. Ang dami ng pag-uusap sa pagitan ng nasa hustong gulang at bata na nararanasan ng bata ay may matibay na ugnayan sa pag-unlad ng wika.[247] Ibig sabihin nito, upang makatulong na mapaliit ang agwat sa tagumpay, maaaring magpokus ang mga provider ng maagang pagkatuto sa pagpaparami ng kanilang mga pag-uusap kasama ang mga bata at sa pagbibigay ng kapaligirang mayaman sa wika.

Ayon sa U.S. Departments of Education and Health and Human Services (Mga Kagawaran ng Edukasyon at Mga Serbisyong Pantao ng U.S.):

> *"Ang isang kapaligirang mayaman sa wika ay isa kung saan ang mga bata ay napapaligiran ng pagsasalita, pagkanta at pagbabasa at may maraming pagkakataon sa buong araw, sa lahat ng aktibidad, na makipag-usap sa iba at makilahok sa palitan ng pag-uusap. Mahalagan ang isang mayamang kapaligiran sa wika sa maagang pagkatuto ng mga bata, at maaaring magkaroon ng malakas na epekto sa maagang wika, bokabularyo, pagbabasa at kasanayan sa matematika, gayundin sa pag-unlad na panlipunan at emosyonal ng mga bata."*[248]

Isang mahalagang bahagi ng maagap at tumutugong pag-aalaga ang pakikipagtulungan sa mga magulang at guardian. Ang isang provider ng maagang pagkatuto ay may dalang sariling istilo ng pagtuturo at pangkulturang pagkiling na maaaring magdulot ng hindi pagkakita o maling interpretasyon sa mga palatandaan ng bata. Nakakatulong sa provider ng maagang pagkatuto ang pakikipag-ugnayan sa mga magulang at guardian na mas maunawaan ang kultura ng bata at wika ng pamilya.

Nangangailangan ang maagap na pag-aalaga ng isang aktibo at presenteng provider ng maagang pagkatuto. Upang makatugon, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat may kamalayan sa mga nangyayari sa mga bata. Ang pag-ikot sa paligid ng mga bata habang sila ay abala sa aktibong paglalaro at pagmamasid sa mga nagaganap ay nagbibigay-daan sa provider ng maagang pagkatuto na mahulaan ang mga pangangailangan ng mga bata at makatugon agad. Nagpapasigla sa pag-iisip at pag-unlad ng wika ng bata ang pakikipag-usap sa mga bata tungkol sa kanilang ginagawa at pagtatanong sa kanila.

245 Anne Fernald, Virginia A. Marchman at Adriana Weisleder, "SES differences in language processing skill and vocabulary are evident at 18 months," *Pambansang Aklatan ng Medisina ng Estados Unidos, Pambansang Institusyon ng Kalusugan 16* (2) (2013): 234-248, available sa **https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC3582035/**

246 Jill Gilkerson, Jeffrey A. Richards, Steven F. Warren, Judith K. Montgomery at Charles R. Greenwood, "Mapping the Early Language Environment Using All-Day Recordings and Automated Analysis," *Amerikanong Journal ng Patolohiya sa Pananalita at Wika* 26 (2) (2017), available sa **https://pubs.asha.org/doi/10.1044/2016_AJSLP-15-0169**

247 Rachel R. Romeo, Joshua Segaran, Julia A. Leonard, Sydney T. Robinson, Martin R. West, Allyson P. Mackey, Anastasia Yendiki, Meredith L. Rowe at John D.E. Gabrieli, "Language Exposure Relates to Structural Neural Connectivity in Childhood," *Pambansang Aklatan ng Medisina ng Estados Unidos, Pambansang mga Institusyon ng Kalusugan* 38 (36) (2018): 7870-7877, available sa **https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC6125810/**

248 U.S. Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.), U.S. Department of Health and Human Services, (Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S.), Too Small To Fail, "Talk, Read and Sing Together Every day!" available sa **https://www2.ed.gov/documents/early-learning/talk-read-sing/preschool-en.pdf**, nakuha noong Agosto 16, 2020.

Isa pang mabisang estratehiya ang pagtuturo ng tamang paggamit ng wika para mapabuti ang pag-unawa at pagsasalita ng bata. Ayon sa Instituto para sa Isip ng Bata, ang pag-unlad ng wika ng mga bata ay maaaring bumilis o bumagal depende sa kung paano tumutugon ang mga nasa hustong gulang sa kanilang komunikasyon. Ang pagpapakita ng tamang paggamit ng wika sa isang batang nagsisimulang makipag-usap, kahit bago pa siya makabuo ng mga salita, ay nagpapalakas ng kanyang kasanayan sa pagsasalita at pakikipag-ugnayan habang lumalaki siya.[249] Mahalaga ito dahil ang pag-unlad ng bokabularyo sa mga taon ng preschool ay may kaugnayan sa mga kasanayan sa pagbasa sa hinaharap at tagumpay sa paaralan sa pangkalahatan.[250]



Ang pakikipag-usap sa sarili ay isang mahusay na paraan upang simulan ang pagpapaunlad ng kasanayan sa wika ng mga batang hindi pa gaanong marunong magsalita. Nagagawa ito kapag ang isang provider ng maagang pagkatuto ay nagbibigay ng pasalitang paglalarawan sa ginagawa niya. Halimbawa, kung ang isang provider ng maagang pagkatuto ay nagkukulay gamit ang isang kahel na krayola, maaari niyang sabihin nang malakas: "Gumagamit ako ng kahel na krayola para gumuhit ng mga bilog sa puting papel na ito." Ang pamamaraan na ito ay pinakamainam gamitin paminsan-minsan sa maghapon, hindi sa buong araw.

Isa pang paraan upang hikayatin ang pag-unlad ng wika ay ang pagpapakita ng tamang pananalita sa pamamagitan ng pag-uusap tungkol sa ginagawa ng mga bata. Ito ay tinatawag na parallel talk. Narito ang isang halimbawa kung paano isinasagawa ang parallel talk.

Umupo ang guro sa silid-aralan na si Mei sa tabi ng 15-buwang-gulang na si D'andre habang siya ay naglalaro ng mga block. Nagsimulang magtayo si Mei ng isang tower na katulad ng kay D'andre. Habang nagtutulungan silang magtayo, sinasabi ni Mei ang mga kulay ng block at binibilang ang bawat isa habang pinapataas nang pinapataas ni D'andre ang kanyang tower. Habang nagsisimula nang magpapagiwang-giwang ang tower, ginawang nakakatawang laro ni Mei ang pagbagsak nito. Maingat na pinanood ni D'andre si Mei habang inilalarawan niya kung ano ang ginagawa niya. Habang patuloy na sinasabi ni Mei na malapit nang bumagsak ang tower, nasasabik si D'andre at nakikibahagi sa usapan sa pamamagitan ng pagsasabi ng maiikling salitang gaya ng "naku" at "tayô." Sa huli ay sumigaw siya ng "yay!" habang bumabagsak ang tower sa sahig. Kapag patuloy na naipapakita ang ganitong paggamit ng wika, sisimulan itong ulitin ni D'andre at sa kalaunan ay makikilahok siya sa pag-uusap nang mag-isa. Patuloy na uunlad at maaangkop ang mga kasanayang ito, at hahantong sa kakayahan ni D'andre na magsimula ng usapan sa isang kalaro pagdating ng panahon.

Habang umuunlad ang kasanayan ng mga bata sa pagsasalita, hindi nababawasan ang pangangailangan sa tamang paggamit ng wika. Maaaring magbago ang paraan ng paggamit ng wika, ngunit nananatiling mahalaga ito. Halimbawa, sinasabi ni Shamira sa isang guro ang tungkol sa mga isdang lumalangoy sa aquarium. Habang naaengganyo ang guro kay Shamira, pinalalawak niya ang sinasabi ni Shamira.

Shamira: Lumalangoy ang isda!

Guro: Oo! Tingnan mo ang kahel na isda na lumalangoy pakaliwa.

Shamira: Tumawa nang malakas at itinuro ang tinutukoy na isda at nagsabi, "Tingnan mo, tingnan mo!"

Guro: Oo, Shamira. Magaling kang magmasid, alam mong may ginagawang kakaiba ang isda. Lumalangoy ito pababa, pababa, pababa, hanggang sa pinakailalim ng aquarium.

249 Rachel Cortese, "Helping Toddlers Expand Language Skills," *Instituto para sa Isip ng Bata (walang petsa)*, available sa **https://childmind.org/article/helping-toddlers-expand-their-language-skills/**, nakuha noong Agosto 18, 2020.

250 U.S. Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.), U.S. Department of Health and Human Services, (Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S.), Too Small To Fail, "Talk, Read and Sing Together Every day!" available sa **https://www2.ed.gov/documents/early-learning/talk-read-sing/preschool-en.pdf**, nakuha noong Agosto 16, 2020.



Ang ganitong uri ng paggamit ng wika ay tinatawag na scaffolding. Kinukumpirma ng guro ang sinasabi ni Shamira at pinalalawak pa ito upang dagdagan ang mga salita at paglalarawang ginagamit. Kapag ang ganitong uri ng paggamit ng wika ay patuloy na isinasagawa, magsisimulang gamitin ni Shamira ang mga salitang pinag-uusapan sa sarili niyang wika, pinalalawak ang kanyang bokabularyo at nagbibigay ng kapaki-pakinabang at angkop na paggamit ng mga salita.

Maaaring ipagpatuloy ng isang provider ng maagang pagkatuto ang paghikayat sa bokabularyo at kasalimuotan ng wika ng bata sa pamamagitan ng pagpapalawak ng wika. Ito ay kapag ang isang provider ng maagang pagkatuto ay nagdaragdag ng mas maraming salita sa sinabi ng bata. Halimbawa, kapag sinabi ng isang batang paslit sa kanyang kaibigan na, "tumigil ka!" Sasabihin ng malapit na provider ng maagang pagkatuto na, "Gusto ni Mason na tumigil ka sa pagkuha ng laruan na nasa kanyang kamay. Naglalaro pa siya nito."

Habang patuloy na lumalawak ang kasanayan ng mga bata sa wikang pasalita, nagiging mas mahalaga ang paggamit ng mga tanong na nasasagot sa iba't ibang paraan. Nakakatulong ang mga ito hindi lamang sa kasanayan sa pakikipag-usap kundi pati na rin sa kritikal na pag-iisip. Hinihikayat ng mga tanong na nasasagot sa iba't ibang paraan ang bata na mag-isip nang mag-isa tungkol sa isang problema, ideya, o sitwasyon, at pagkatapos ay hanapin ang mga salitang gagamitin upang maipahayag ito nang pasalita. Maaaring magtanong ang isang provider ng maagang pagkatuto ng, "Ano ang alam mo tungkol sa mga penguin?"

Sa isang kapaligiran ng maagang pagkatuto, madalas na natututo ang mga bata ng maraming wika nang sabay-sabay. Sa ganitong pagkakataon, maaaring mas mabilis ang pag-unlad ng wikang pasalita sa isang wika kaysa sa iba, o maaari ring magpalitan sila ng wika habang umuunlad. Magkakaiba ito sa bawat bata dahil mayroon silang kanya-kanyang pangangailangan sa pagkatuto. Maaaring hikayatin ang pag-unlad sa maraming wika sa pamamagitan ng paglalaro, paggamit ng mga nakasulat na salita at pagbabasa ng mga aklat sa iba't ibang wika. Halimbawa, maaaring lagyan ng provider ng maagang pagkatuto ng larawan at pangalan sa iba't ibang wika ang mga lalagyan ng imbakan upang tukuyin ang laman ng mga ito.

Maaaring magkaroon din ang isang provider ng maagang pagkatuto ng magulang, guardian, o panauhing tagapagsalaysay na regular na bumibisita upang magbasa ng mga kuwento sa ibang wika. Maaari rin nilang hikayatin ang mga pamilya na pumunta upang ibahagi ang kanilang iba't ibang talento sa programa.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0085, WAC 110-0160, WAC 110-300-0325 at WAC 110-300-0330 ang mga gabay kung paano makuha at isama ang pangkaunlaran, kultural at panlipunang may-kaugnayang impormasyon ng mga batang naka-enroll.

Dalawang Wika Mula Kapanganakan. Tinalakay sa artikulong ito mula sa Zero To 3 ang mga sanggol na ipinanganak sa mga pamilyang bilingguwal at ang pagsuporta sa pagkatutong bilingguwal. **www.zerotothree.org/resources/1780-bilingual-from-birth**

Sentro para sa Maagang Edukasyon sa Pagkabata ng Eastern Connecticut State University. Isang internasyonal na kinikilalang institusyon para sa pananaliksik at propesyonal na pag-unlad na nakatuon sa pagpapahusay ng kalidad ng maagang pag-aalaga at edukasyon. **www.easternct.edu/center-for-early-childhood-education/index.html**

Nag-aalok ang website ng pananaliksik, publikasyon, propesyonal na pag-unlad at mga online na pagsasanay, at isang aklatan na may higit sa 100 video gaya ng:

- Pagsasangkot ng mga Bata sa Pasalitang Kwento upang Suportahan ang Pag-unlad ng Pasalitang Wika **www.easternct.edu/center-for-early-childhood-education/oral-language-development/engaging-children-in-oral-storytelling.html**
- Mga Estratehiya para Suportahan ang Mga Nag-aaral ng Dalawang Wika sa Silid-Aralan ng Maagang Pagkabata **www.easternct.edu/center-for-early-childhood-education/reflections-from-the-field/supporting-dual-language-learners.html**
- Pagsuporta sa mga Nag-aaral ng Wikang English **www.easternct.edu/center-for-early-childhood-education/e-clips/supporting-english-language-learners.html**
- Pagsuporta sa Pag-unlad ng Wika ng mga Sanggol at Maliliit na Bata Habang Kumakain **www.easternct.edu/center-for-early-childhood-education/reflections-from-the-field/mealtime-language-development.html**
- Pagsuporta sa Pag-unlad ng Pasalitang Wika sa Isang Kapaligirang Masagana sa Wika **www.easternct.edu/center-for-early-childhood-education/oral-language-development/language-rich-environment.html**
- Pagsuporta sa Pag-unlad ng Pasalitang Wika ng mga Pasalitang Pagbabasa na may Pakikilahok **www.easternct.edu/center-for-early-childhood-education/oral-language-development/dual-language-learners.html**
- Paggamit ng Pasalitang Pagbabasa na may Pakikilahok upang Suportahan ang Pag-unlad ng Pasalitang Wika **www.easternct.edu/center-for-early-childhood-education/oral-language-development/interactive-read-alouds.html**

Sanggunian para sa Kultura at Wika. Isang webpage ng Head Start at Sentro ng Pagkatuto at Kaalaman sa Maagang Pagkabata na may mga mapagkukunan upang tulungan ang mga programa sa maagang pagkatuto na mapahusay ang karanasan sa dalawang wika at matiyak ang angkop na kultural at lingguwistikong mga serbisyo para sa mga bata. **https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/culture-language**

Pagtulong sa mga Batang Paslit na Palawakin ang Kasanayan sa Wika. Ang Instituto para sa Isip ng Bata ay nagbibigay ng mga tip kung paano mahikayat ang mga bata mula pagsilang hanggang 5 taong gulang na magsalita. **https://childmind.org/article/helping-toddlers-expand-their-language-skills/**

Pag-unlad ng Wika sa Maagang Pagkabata. Isang module sa pagkatuto ng Lumen Lifespan Development na nagpapaliwanag ng kahalagahan ng wika sa maagang pagkabata. **https://courses.lumenlearning.com/wm-lifespandevelopment/chapter/language-development-in-early-childhood/**

Tamang Paggamit ng Wika at Pakikipag-usap. Mga in-service video para sa propesyonal na pag-unlad ng Head Start ECLKC para sa mga programa ng preschool. Kasama ang mga karagdagang materyales na idinisenyo para sa mga programa na may mga populasyong Katutubo sa Amerika at mga Katutubo ng Alaska (AIAN).

- Pagsasali ng mga Bata sa Pakikipag-usap. Alamin ang tungkol sa mga gawain sa pagtuturo upang mahikayat ang mga bata sa pakikipag-usap na maaaring makatulong sa pagkatuto sa silid-aralan **https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/engaging-children-conversations**
- Makulay at Payak na Pag-uusap. Inilalarawan ang mga gawain sa pagtuturo upang mahikayat ang mga bata sa mas mahabang palitan ng usapan. **https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/thick-thin-conversations**
- Pagtatanong. Ipinapakita ang mga estratehiya sa paggamit ng mga tanong upang mapahaba ang usapan kasama ang mga bata. **https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/asking-questions**
- Bagong Salita. Matutong gumamit ng pang-araw-araw na pag-uusap upang matulungan ang mga bata na matuto ng mas maraming salita sa bokabularyo. **https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/novel-words**
- Pagpapalawak. Inilalarawan kung paano palawakin ang sinasabi o ginagawa ng bata upang pahabain ang mga usapan kasama ang mga sanggol, maliit na bata at batang preschool para isulong ang pag -unlad sa wika. **https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/expansions-birth-five**

Pag-usapan Natin Ito: Pagsuporta sa Pag-unlad ng Kasanayan sa Wika at Paunang Literasiya. Isang artikulo mula sa Pampublikong Serbisyo sa Pagsasahimpapawid (PBS) tungkol sa mga tradisyonal at bagong estratehiya para sa pagpapaunlad ng kasanayan sa wika ng maliliit na bata. **www.pbs.org/wholechild/providers/talk.html**

Mahahalagang Yugto: Alamin ang Mga Palatandaan at Kumilos Nang Maaga. Isang publikasyon mula sa Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) na naglalaman ng impormasyon upang makatulong maunawaan kung paanong ang paraan ng paglalaro, pagkatuto, pagsasalita at kilos ng isang bata ay nagpapakita ng kanilang pag-unlad. **www.cdc.gov/ncbddd/actearly/pdf/parents_pdfs/milestonemomentseng508.pdf**

Mahahalagang Yugto sa Pagsasalita at Wika. Isang impormatibong polyeto tungkol sa mahahalagang yugto sa wika ayon sa edad. Nailathala mula sa Paano Nakakarinig at Nagsasalita ang Iyong Anak mula sa Asosasyon ng Amerikanong Pangwika, Pandinig at Pananalita. **www.aapd.org/globalassets/media/policies_guidelines/r_speechmilestones.pdf**

Mag-usap, Magbasa at Kumanta Nang Magkasama Araw-Araw!: Mga Tip para sa mga Guro sa Preschool at Iba Pang mga Provider ng Programa para sa Maagang Pagkabata. Isang sanggunian mula sa U.S. Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.) at U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S.), sa pakikipagtulungan sa Too Small to Fail, na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa paglikha ng kapaligirang mayaman sa wika at paghikayat sa mga bata na makipag-usap. **www2.ed.gov/documents/early-learning/talk-read-sing/preschool-en.pdf**

Ang Pakikipag-usap ay Pagtuturo. Isang webpage ng Too Small to Fail na may mga tip at sanggunian para suportahan ang pag-unlad ng wika at utak.
https://talkingisteaching.org/

Ang Kapangyarihan ng Laro: Papel ng Pediatrician sa Pagpapabuti ng Pag-unlad ng mga Bata. Isang artikulo mula sa journal na Pediatrics na naglalaman ng impormasyon kung paano pinapalago ng laro ang mga kasanayang sosyal-emosyonal, kognitibo, pangwika, at sariling regulasyon.
https://pediatrics.aappublications.org/content/142/3/e20182058

Ano ang Maagap na Pag-aalaga? Isang post sa blog ng Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata) na tumatalakay sa pagsusulong ng panlipunan at emosyonal na kalusugan ng mga bata sa pamamagitan ng pagtugon sa pakikipag-usap ng isang bata.
https://info.childcareaware.org/blog/responsive-caregiving

Mga Panuntunan sa Maagang Pagkatuto at Pagpapaunlad ng Bata ng Estado ng Washington: Mula Kapanganakan hanggang Ika-3 Baitang (EL_0015). Isang sanggunian upang suportahan at pahusayin ang pag-unlad at pagkatuto ng mga bata sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pamantayan na naaabot ng mga bata sa partikular na edad. Nagbibigay ng mga praktikal na estratehiya at gawain upang hikayatin ang pag-unlad.
www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pubs/EL_0015.pdf

WAC 110-300-0320

Pagpapaunlad ng interes, pagkatuto, pananaw, at pagiging produktibo ng bata

(1) Dapat magsikap ang provider ng maagang pagkatuto na mapalawak ang interes ng mga bata, ang kanilang pakikilahok sa mga gawaing tumutugon sa kanilang antas ng pag-unlad at kultura, at ang kanilang kakayahang matuto mula sa paglalaro.

(2) Dapat palawakin ng provider ng maagang pagkatuto ang interes, pakikilahok, at kakayahan ng mga bata sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan gaya ng:

- **(a) Sinasamantala ang oras ng pagkatuto gamit ang mga materyales at produktong panturo, paglilimita ng mga pagkaantala habang isinasagawa ang mga aktibidad, at pagbibigay ng karagdagang pagpipilian kapag natapos na ang mga gawain;**
- **(b) Pagbibigay ng malinaw na mga tagubilin at direksyon; at**
- **(c) Pagbibigay ng mga pagkakataon para matuto ang mga bata habang nagaganap ang mga transisyon sa pamamagitan ng malinaw na pagpapahayag ng mga inaasahan at pagpapanatili ng haba ng transisyon sa antas na naaayon sa kanilang pag-unlad.**

(3) Ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat mag-alok ng mga gawaing tumutugon sa antas ng pag-unlad at kultura na nagbibigay ng iba't ibang pandinig, paningin, at kilos sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan gaya ng:

- **(a) Hikayatin ang pakikilahok ng bata;**
- **(b) Itaguyod ang sariling kakayahan sa pag-aasikaso at kasanayang panlipunan ng bawat bata;**
- **(c) Ayusin batay sa interes at ideya ng bata;**
- **(d) Pahintulutan ang pagpili, paggalugad, at pag-eeksperimento;**
- **(e) Itaguyod ang mga aktibong karanasan at karanasang nakabatay sa laro;**
- **(f) Pahintulutan ang kalayaan ng mga bata na gumalaw habang isinasagawa ang mga aktibidad;**
- **(g) Tiyakin ang pagpapahayag ng bata;**
- **(h) Gumamit ng mga kagamitang kawili-wili at malikhain;**
- **(i) Magbigay ng mga pagkakataon para sa mga bata na makagawa ng aktwal na gawain;**
- **(j) Magbigay ng pagkakataon sa mga bata na pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto at paglutas ng problema sa halip na mga aktibidad na pinangungunahan ng guro; at**
- **(k) I-orient at gabayan ang mga bata tungo sa mga layunin ng pagkatuto.**

Nagmumula ang pagkatuto at pag-unlad ng mga bata sa kanilang pakikipag-ugnayan sa ibang tao at sa kanilang kapaligiran. Nagpapasigla ang mga ugnayang ito sa pag-unlad ng utak at sa pagbuo ng kasanayan sa iba't ibang larangan: kognitibo, pisikal, wika, panlipunan at emosyonal. Maaaring makatulong ang provider ng maagang pagkatuto na mapalaki ang mga benepisyo ng mga ugnayang ito sa pamamagitan ng maingat at sinadyang pagpapatupad ng kurikulum ng aktibidad, mga kagamitang panturo at kapaligiran sa pagkatuto.



Maaaring ituro ng mga provider ng maagang pagkatuto ang mga pangunahing ideya tulad ng pagbabahagi at pagpapalitan ng pagkakataon sa pamamagitan ng mga biswal, talakayan at pagpapakita ng mga eksena kung paano ito ginagawa. Halimbawa, kung may mga batang preschool o nasa edad ng pag-aaral na inaalagaan, puwede silang hikayatin ng provider na makilahok sa talakayan tungkol sa kung ano ang hitsura ng pagbabahagi at paghihintay ng sariling pagkakataon. Maaaring mag-role play ang mga bata ng maliliit na sitwasyon kung ano ang hitsura at tunog kapag nagbabahagi at nagpapalitan ng pagkakataon ang mga tao. Bilang bahagi ng aktibidad, maaaring gumamit ang mga bata ng mga magasin o iba pang bagay upang makagawa ng mga biswal. Hikayatin ang mga bata na mag-isip ng mga ideya kung bakit maaaring mahirap magbahagi, pati na rin ang mas mabubuting paraan upang ipahayag ang damdamin.

Isang paraan upang mapahusay ang pagkatuto at pag-unlad ng bata ay ang pagsasama ng interes ng bata sa kurikulum ng aktibidad at sa kapaligiran. Kapag isinama ang kanilang mga interes, kasanayan at talento, mas malamang na maging interesado at manatiling kasali ang mga bata sa paglalaro, pakikisalamuha at pagkatuto. Maaaring ipakita ang pagsuporta sa interes ng bata sa iba't ibang paraan tulad ng pagtitiyak na ang talakayan ay sa antas na maiintindihan ng bata at pagbibigay-daan sa bata na pamahalaan ang mga aktibidad. Kung nais ng bata na magdekorasyon ng lugar, maaaring magsimula ang provider ng maagang pagkatuto sa pamamagitan ng pagtatanong kung anong mga kulay o bagay ang iniisip ng bata na dapat gamitin. Hindi lamang ito isang magandang paraan upang makipag-ugnayan at makipagkonekta sa mga bata, sinusuportahan din nito ang kumpiyansa ng bata sa sarili at ipinapakita na pinahahalagahan ang kanilang opinyon.



Ayon sa pananaliksik ng Sentro para sa Mga Tauhan sa Maagang Pagkabata ang mga benepisyo ng paggamit ng interes ng bata sa mga gawain ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, positibong partisipasyon ng bata, positibong pakikisalamuha sa kapwa bata, pagtaas ng kakayahang makipag-usap, positibong pag-uugali ng bata at pag-unlad ng bata sa iba't ibang aspeto.[251]

Maaaring makilala ng provider ng maagang pagkatuto ang interes ng mga bata sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga pamilya at sa mga bata, at sa pamamagitan ng pagmamasid sa kanila sa buong araw. Pansinin kung saan naaakit ang mga bata. Anong mga aktibidad ang gusto nila? Nakakapukaw ba ng kanilang interes ang kalikasan? Gusto ba nilang paghiwa-hiwalayin ang mga bagay? Mas gusto ba nilang umupo nang tahimik at tumingin ng aklat? Maaaring gugulin nila ang buong araw sa art station o sa pakikipag-usap tungkol sa mga hayop. Kapag natukoy na ang mga interes, maaaring isama ng provider ng maagang pagkatuto ang mga interes na ito sa mga aktibidad at pagkakataon sa paglalaro upang itaguyod ang matematika, pagkamalikhain, wika, at iba pang layunin sa pagkatuto.

251 Melinda Raab, "Interest-Based Child Participation in Everyday Learning Activities," *CASEinPoint* 1 (2) (2005), available sa **http://ecpcprofessionaldevelopment.org/wp-content/uploads/Resources/caseinpoint_vol1_no2.pdf**.

Isang paraan upang mapalawak ang pagkatuto ng bata ay sa pamamagitan ng maingat na paggamit ng kapaligiran. Maaaring kabilang dito ang pag-oorganisa ng mga aktibidad upang maiwasan ang mga posibleng pagkaantala, at maaari rin itong mangahulugan ng sadyang pagbibigay ng mga lugar sa kapaligiran para sa mga hands-on na pagkakataon sa pagkatuto. Kailangan ng mga bata ng mga lugar ng laro na sapat ang laki upang makagalaw sila nang hindi naaapektuhan ang laro ng kanilang mga kapwa bata o naaantala ang sarili nilang pagkatuto. Sa isang panayam sa Resilient Educator, ipinaliwanag ni Tina Gabel, MEd.:

> *"Ang pagkatuto batay sa laro sa pinakamainam nitong anyo ay gumagamit ng kapaligiran bilang pangatlong guro, kasama ng mga mag-aaral at tagapamahala ng silid-aralan. Isang lugar kung saan ang bawat gawain at bagay na inilalagay sa espasyo ay may layunin, nagdaragdag sa pagkatuto at tumutulong sa pagsuporta ng impormasyon sa iba't ibang larangan ng pagkatuto.*[252]

Gayundin, sinusuportahan ng provider ng maagang pagkatuto ang pagkatuto at pag-unlad sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pagkakataon para sa suporta at pakikipagtulungan. Mahalaga ang malayang pakikilahok ng bata, ngunit kasabay nito, natututo rin ang mga bata mula sa impluwensya, suporta at paggabay. Binanggit ng Pambansang Konseho ng Pananaliksik na "ang isang bagay na kayang gawin ng isang bata ngayon sa tulong, ay magagawa na niya bukas nang mag-isa, at sa gayon ay ihahanda siya para sa pagpasok sa isang bago at mas mahirap na pakikipagtulungan."[253] Ito ang mga sandali ng suporta kung saan ang isang provider ng maagang pagkatuto o kapwa ay maaaring magsanay ng paunti-unting paggabay, pagtulong sa isang bata na magpatuloy mula sa kasalukuyan niyang kaalaman o kasanayan upang higit pang mapaunlad ang kanyang pag-unlad.

Nasusuportahan ang pag-unlad ng bata kapag sila ay may kakayahang pumili at managot sa kanilang mga pangangailangan, ayon sa angkop para sa kanilang antas ng pag-unlad. Nakakatulong ang pagbibigay sa bata ng pagkakataong pumili sa pag-unlad ng kasanayan sa pag-iisip at paglutas ng problema habang pinag-iisipan nila ang kanilang desisyon. Nakakapagpatibay din ng tiwala sa sarili ang paggawa ng desisyon, habang natutuklasan ng mga bata ang kanilang kakayahang makaapekto sa kanilang mundo at kung anong mga bagay ang kaya nilang kontrolin. Ang pagbibigay-daan sa bata na magpakain sa sarili, maghain para sa sarili, maglinis ng kanilang kalat, lutasin ang kanilang problema at magsagawa ng iba pang mga aktibidad na tumutulong sa sarili ay nakatutulong din sa paghubog ng kanilang positibong tiwala sa sarili at pakiramdam na sila ay may kakayahan. Depende sa kanilang edad at antas ng pag-unlad, ang mga bata ay magkakaroon ng iba't ibang antas ng kasarinlan, ngunit sa pamamagitan ng pagmamasid at pakikipag-ugnayan, maaaring suportahan ng provider ng maagang pagkatuto ang patuloy na paglago ng bawat bata.

252 Resilient Educator, "The Importance of Play-Based Learning," available sa **https://resilienteducator.com/classroom-resources/play-based-learning/**, nakuha noong Agosto 16, 2020.

253 Pambansang Konseho ng Pananaliksik, "How People Learn: Brain, Mind, Experience, and School: Expanded Edition, available sa **https://www.nap.edu/read/9853/chapter/7#105**, inilathala noong 2000.

Ang sinadyang pagsuporta sa pagkatuto at pag-unlad ay nangyayari sa panahon ng mga transisyon, na nangangailangan ng wastong pamamahala. Maaaring makaranas ang ilang bata ng kawalan ng katiyakan habang nagaganap ang paglipat mula sa isang kilalang aktibidad o programa patungo sa susunod. Madalas na mahirap na bahagi ng araw ang mga transisyon, at maaaring mababa ang pakikilahok ng bata sa panahong ito.[254] Maaaring magsagawa ng mga hakbang ang mga provider ng maagang pagkatuto upang mabawasan ang mga pagkadismaya at hamon sa panahon ng mga transisyon, at ipagpatuloy ang mga pagkakataon para sa pagkatuto at pag-unlad ng mga bata. Ang pagtiyak na ang pang-araw-araw na iskedyul ay naglilimita sa dami ng mga palipat-lipat na gawain, pagpaplano ng mga aktibidad sa pagkatuto na maisasagawa habang may mga palipat-lipat na gawain at pagtitiyak na ang mga proseso ng transisyon ay nakagawian at pamilyar ay mga estratehiya upang matiyak na ang oras sa pagitan ng mga palipat-lipat na gawain ay nagiging pagkakataon para sa pagkatuto. Dagdag pa rito, ang malinaw na pakikipag-usap sa mga bata na may paparating na transisyon, kung ano ang inaasahan sa panahon ng transisyon, at kung ano ang magaganap pagkatapos nito ay makatutulong upang mabawasan ang kanilang kawalan ng katiyakan.



254 Virginia E. Vitiello, Leslie M. Booren, Jason T. Downer at Amanda P. Williford, "Variation in children's classroom engagement throughout a day in preschool: Relations to classroom and child factors," *ScienceDirect* 27 (2) (2012): 210–220, available sa **https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S0885200611000676**

Hindi Kailangang Maging Mahirap ang Pagbabago: Pang-araw-araw na Transisyon sa Silid-aralan na Sumusuporta sa mga Bata. Isang 38-minutong webinar mula sa Head Start at Sentro para sa Pagkatuto at Kaalaman sa Maagang Pagkabata na nagbibigay ng impormasyon at mga ideya upang suportahan ang mga bata at guro sa pang-araw-araw na transisyon.
https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/teaching-practices/teacher-time-series/change-doesnt-have-be-hard-daily-classroom-transitions-support-children

Training Portal ng DCYF. Mga module sa pagkatuto kabilang ang Orientation sa Pag-aalaga ng Bata para sa Maagang Pagkatuto ng Washington, kinakailangang pederal na pagsasanay sa kalusugan at kaligtasan, at mga module para sa Kamalayan at Edukasyon sa Pagsunod sa Pamantayan para sa suporta sa pag-unawa sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad. **https://dcyftraining.com/index.cfm**

Pagkatutong Batay sa Interes. Mga in-service video para sa propesyonal na pag-unlad ng Head Start ECLKC para sa mga programa ng preschool.

- Pagbibigay ng mga Pananagutan sa mga Bata. Nagbibigay ng mga ideya upang hikayatin ang mga bata sa mga aktibidad sa silid-aralan at pagkatuto.
  https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/giving-children-responsibilities
- Pagsunod sa Pangunguna ng mga Bata. Ipinapakita kung paano makilahok sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagsunod sa mga interes, ideya, at pagkamausisa ng mga bata.
  https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/following-childrens-lead

Naguudyok ng Pagkatuto ang mga Interes. Isang 11-minutong video mula sa Sentro para sa Maagang Pagkatuto sa Pagbasa (CELL) na tumatalakay sa dalawang uri ng interes ng bata at kung paano ito matutukoy.
www.youtube.com/watch?v=mwlua8cHQHw

Pagpapatuloy... Pagpaplano ng Transisyon para Maiwasan ang Mapanghamong Pag-uugali. Isang artikulo mula sa Beyond the Journal na tumatalakay sa kahalagahan ng mga transisyon at nagbibigay ng mga halimbawa bago at pagkatapos kung paano baguhin ang araw-araw na iskedyul para makatulong sa mga oras ng transisyon.
https://food.unl.edu/FitandHealthyKids/handout2BTJ_Hemmeter_Transitions.pdf

Paggabay sa paglalaro: ang agham sa likod ng sining ng paghikayat sa mga batang maagang matuto.
www.legofoundation.com/media/1681/play-facilitation_the-science-behind-the-art-of-engaging-young-children.pdf

Mga Rutina at Transisyon. Isang webpage ng NAEYC na may iba't ibang artikulo na may kaugnayan sa mga rutina at transisyon sa mga kapaligiran ng maagang pagkatuto.
www.naeyc.org/resources/topics/routines-and-transitions

10 Bagay na Dapat Malaman ng Bawat Magulang Tungkol sa Laro. Isang artikulo mula sa NAEYC na may impormasyon tungkol sa mga benepisyo at konsiderasyon ng laro para sa mga bata.
www.naeyc.org/our-work/families/10-things-every-parent-play

Ang Kapaligiran: Mga Iskedyul at Rutina. Isang webpage ng Virtual Lab School na naglalaman ng impormasyon at mga video tungkol sa pagbuo ng matagumpay na iskedyul, gawain, at mga transisyon upang suportahan ang pagkatuto ng mga batang preschool.
www.virtuallabschool.org/preschool/learning-environments/lesson-5

WAC 110-300-0325

Paglikha ng kapaligiran para sa malusog na pag-unlad ng bata

(1) Kapag nakikipag-usap o nakikisalamuha sa mga bata, dapat panatilihin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang isang kapaligiran na sumusuporta sa malusog at kultural na angkop na pag-unlad ng bata, gaya ng:

- **(a) Paggamit ng mahinahon at magalang na tono ng boses;**
- **(b) Paggamit ng positibong wika upang ipaliwanag kung ano ang maaaring gawin ng mga bata at magbigay ng deskriptibong puna;**
- **(c) Pagkakaroon ng magaan na pag-uusap sa mga bata sa pamamagitan ng pakikinig at pagtugon sa kanilang sinasabi. Hindi dapat mangibabaw ang usapan ng mga nasa hustong sa kabuuang daloy ng usapan sa grupo;**
- **(d) Pagbati sa mga bata pagdating at pag-alis sa programa ng maagang pagkatuto;**
- **(e) Paggamit ng ekspresyon ng mukha tulad ng pagngiti, pagtawa, at kasiglahan na tumutugma sa kondiyson ng bata;**
- **(f) Paggamit ng malapitang presensya sa paraang may paggalang sa kultura upang makipag-usap sa antas ng mata ng bata at may mainit na pisikal na pakikipag-ugnayan kabilang, ngunit hindi limitado sa, marahang paghawak sa kamay o balikat, pag-upo sa tabi ng bata, maayos na pagyakap sa maliliit na bata habang nakikipag-usap;**
- **(g) Pagkilala sa damdamin ng mga bata at pagpapakita ng pagtanggap sa mga pagkakamali;**
- **(h) Maging tumutugon at nakikinig sa mga kahilingan at tanong ng mga bata, hinihikayat silang magbahagi ng mga karanasan, ideya, at damdamin;**
- **(i) Obserbahan ang mga bata upang matutunan ang tungkol sa kanilang mga pamilya, kultura, indibidwal na interes, ideya, tanong, at mga teorya;**
- **(j) Magpakita at magturo ng kasanayang emosyonal gaya ng pagkilala sa damdamin, tamang pagpapahayag nito, pagtanggap sa damdamin ng iba, at pagkontrol sa mga bugso ng damdamin upang hindi ito mailabas sa hindi angkop na paraan;**
- **(k) Ipakita ang pagkakaiba-iba na matatagpuan sa programang maagang pagkatuto at sa lipunan, kabilang ang kasarian, edad, wika, at kakayahan, habang nirerespeto ang mga tradisyon, pagpapahalaga, relihiyon, at paniniwala ng mga pamilyang naka-enroll; at**
- **(l) Makipag-ugnayan sa mga kawani at ibang nasa hustong gulang sa isang positibo at magalang na paraan.**

(2) Dapat hikayatin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang positibong interaksyon sa pagitan ng mga bata sa pamamagitan ng mga pamamaraan gaya ng:

- **(a) Pagbibigay sa mga bata ng ilang pagkakataon bawat araw upang makipag-ugnayan sa isa't isa habang naglalaro o gumagawa ng mga nakagawiang gawain;**
- **(b) Pagpapakita ng kasanayang panlipunan bilang halimbawa;**
- **(c) Paghikayat sa mga batang kadalasang nag-iisa upang makahanap ng mga kaibigan;**
- **(d) Pagtulong sa mga bata na maunawaan ang damdamin ng iba; at**
- **(e) Pagsasama ng mga batang may espesyal na pangangailangan sa paglalaro kasama ang iba.**

Sumusulong ang pagkatuto at pag-unlad ng mga bata kapag nararamdaman nilang sila ay ligtas at panatag.[255] Ang mga pag-uugali na inilarawan sa WAC 110-300-0325 subseksyon (1) at (2) ay yaong mga kinakailangan upang makapagtatag ng isang magiliw, magalang, at tumutugong kapaligiran para sa pagkatuto. Sa pamamagitan ng palagiang pakikipag-ugnayan sa mga bata sa magiliw, tumutugon, at nakapagpapalakas-loob na paraan, ang provider ng maagang pagkatuto ay nakatutulong sa pakiramdam ng bata na sila ay ligtas at panatag. Nakakatulong ang isang kalmadong kapaligiran kung saan ang mga tao ay nakangiti, positibo ang wika, at tinatanggap ang mga pagkakamali ay nakatutulong sa mga bata na magrelaks at magkaroon ng tiwala upang mag-explore at sumubok ng mga bagong bagay. Kapag ang magalang at tumutugong interaksyon ay paulit-ulit na isinasagawa sa paglipas ng panahon, ito ay lumilikha ng matatag na inaasahan para sa bata tungkol sa kanilang relasyon sa provider ng maagang pagkatuto.

Ipinapakita ng pananaliksik na ang relasyon sa pagitan ng guro at bata na may higit na init at pagtugon, at mas kaunting galit at pagiging marahas, ay may kaugnayan sa mas mataas na tagumpay sa akademiko at kasanayang panlipunan ng mga bata, lalo na para sa mga batang nasa panganib.[256]

Isang mahalagang bahagi ng malusog na kapaligiran ang pagpapakita ng mga interaksyon at pagpapahalaga bilang modelo. Pinagmamasdan ng mga bata ang paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga nasa hustong gulang sa kapaligiran ng maagang pagkatuto sa isa't isa. Kapag nakita nilang ang pakikitungo ay magalang at tapat, natututo silang makipag-ugnayan sa parehong paraan. Gayundin, natututo ang mga bata kapag ang nasa hustong gulang ay tumutulong sa ibang bata na maunawaan ang damdamin ng iba at hinihikayat silang makipagkaibigan. Kapag ang mga provider ng maagang pagkatuto ay nagpapakita ng tunay na interes na makilala ang bawat bata at nagpapakita ng paggalang sa mga ideya, kultura, damdamin, at tradisyon ng mga bata, ito ay nakatutulong na mapagtanto ng bata na sila ay mahalaga. Nakakatulong din ito sa bata na igalang at pahalagahan ang iba. Ang mga asal na ito ay nagpapahintulot sa mga bata na paunlarin ang kanilang kamalayan sa sariling pagkakakilanlan at magsimulang pahalagahan ang mga kaibigang may iba't ibang interes, ideya, at kultura kaysa sa kanila.

Kapag ang isang provider ng maagang pagkatuto ay nagsusumikap na lumikha at mapanatili ang isang malusog na kapaligiran, sinusuportahan nila ang pagkatuto ng mga bata, pinapalakas ang kanilang tiwala sa sarili at binabawasan ang mga hamong pag-uugali.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home sa Spokane County ang nagbahagi:

"Sa aming sentro, ang paglikha ng isang malusog na kapaligiran para sa pag-unlad ng bata ay nangangahulugan para sa amin na inuukol namin ang oras upang palaging magpakita ng inaasahang positibong pakikisalamuha sa isa't isa upang matuto ang mga bata mula rito. Habang ginugugol ng mga bata ang kanilang araw, hindi lamang kami nagmomodelo kundi tinutulungan din naming sanayin sila sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga kasanayan at tamang pananalita upang makipag-ayos, makipagkompromiso at maresolba ang mga hindi pagkakaunawaan sa isa't isa sa positibong paraan. Ang patuloy na pagiging pare-pareho sa pagpapakita at pagtuturo ay tuloy-tuloy na nagiging kaakibat ng kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng pagtulong sa mga bata na isabuhay ang mga halimbawang ito at maisagawa ang mga kasanayang kanilang nakikita. Natural na susubukan ng mga bata na gawin ito nang mag-isa, ngunit nariyan kami upang tulungan silang magtagumpay sa kanilang pag-unlad."

255 PennState Extension, "Interactions matter: What research says and what you can do!", available sa **http://bkc-od-media.vmhost.psu.edu/documents/HO_InteractionsMatter.pdf**, inilathala noong 2016.

256 Christine Li Grining, C. Cybele Raver, Kina Champion, Latriese Sardin, Molly Metzger, at Stephanie M. Jones, "Understanding and Improving Classroom Emotional Climate and Behavior Management in the "Real World": Ang Papel ng mga Psychosocial Stressor ng mga Guro sa Head Start," *Maagang Edukasyon at Pagpapaunlad* 21 (1) (2010): 65-94, available sa **https://research.steinhardt.nyu.edu/scmsAdmin/uploads/006/446/Li-Grining%20Raver%20Champion%20Sardin%20Metzger%20%20Jones%202010.pdf**.

Kapaligiran ng Malusog na Interaksyon para sa Pagkatuto at Pagpapaunlad (CHILD). Isang website para sa CHILD comprehensive toolkit para sa pagpapabuti ng kalidad ng pag-aalaga at edukasyon sa maagang pagkabata. Nagbibigay ng panukat para sa pagmamasid, mga artikulo, at iba pang sanggunian.
https://socialemotionalchild.org/

Pagbuo ng Ugnayan. Mga in-service video para sa propesyonal na pag-unlad ng Head Start ECLKC para sa mga programa ng preschool.

- Pagsusulong ng mga Ugnayan. Ipinapakita ang mga paraan kung paano makakabuo ang mga guro ng makabuluhan at positibong relasyon sa mga bata.
  https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/fostering-connections
- Pagiging Mapagmatyag sa Pangangailangan ng mga Bata. Tinutuklas ang kahalagahan ng pagtugon sa mga pangangailangan ng mga bata at kung paano nakatutulong ang pagkaunawa upang mapansin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang mga tagumpay ng mga bata.
  https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/being-aware-childrens-needs
- Paglikha ng Maalagang Komunidad. Ipinapakita kung paano itaguyod at palakasin ang isang maaalalahaning komunidad sa silid-aralan at mga positibong panlipunang pag-uugali.
  https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/video/creating-caring-community

Pagtanggap sa pagkakaiba-iba: kagamitan para sa paglikha ng mga kapaligirang inklusibo at palakaibigan sa pagkatuto. Isang toolkit upang magbigay-inspirasyon para sa mas magkakaibang mga silid-aralan sa Rehiyong Asya-Pasipiko.
https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000137522

Pagtuturo sa Ugali ng Maliliit na Bata: Pagsusulong ng Mapagkakatiwalaang Ugnayan. Isang serye ng pagkatuto na ibinigay ng Sentro para sa Maagang Edukasyon sa Pagkabata sa Eastern Connecticut State University. Kabilang ang limang maiikling video at mga tanong para sa pagninilay na may kaugnayan sa mga sumusuportang relasyon, pagpapakita ng init, pagtugon sa mga bata at iba pa.
www.easternct.edu/cece/guiding-segment-1-objective-3-ways-to-show-warmth/

Mahalaga ang pakikipag-ugnayan: ano ang sinasabi ng pananaliksik at ano ang maaari mong gawin! Isang dokumento mula sa Penn State Extension na nagbibigay ng impormasyon at mga estratehiya tungkol sa interaksyon ng tagapag-alaga at bata.
http://bkc-od-media.vmhost.psu.edu/documents/HO_InteractionsMatter.pdf

Pagsusulong ng Panlipunan at Emosyonal na Kalusugan ng Maliliit na Bata. Isang artikulo mula sa NAEYC na naglalaman ng impormasyon tungkol sa pagsasama ng pagtitiwala sa ugnayan at mga estratehiya sa pagtuturo upang mapalago ang kakayahang panlipunan at emosyonal ng bata.
www.naeyc.org/resources/pubs/yc/mar2018/promoting-social-and-emotional-health

Tatlong Paraan upang Isulong ang Positibong Kapaligiran sa Silid-aralan. Isang artikulo sa blog mula sa Komite para sa mga Bata. Mga estratehiya para mapanatili ang positibong kapaligiran.
www.cfchildren.org/blog/2017/11/foster-positive-classroom-climate/

Pag-unawa at Pagpapabuti sa Emosyonal na Kapaligiran sa Silid-Aralan at Pamamahala ng Pag-uugali sa "Tunay na Mundo": Ang Papel ng mga Psychosocial Stressor ng Mga Guro sa Head Start. Isang ulat na akademiko hinggil sa mga pag-aaral na may kaugnayan sa emosyonal na kapaligiran.
https://research.steinhardt.nyu.edu/scmsAdmin/uploads/006/446/Li-Grining%20Raver%20Champion%20Sardin%20Metzger%20%20Jones%202010.pdf

5 Hakbang upang Isulong ang Pakikisalamuha para sa Maliliit na Bata. Isang artikulo mula sa Your Therapy Source upang suportahan ang kakayahang panlipunan ng maliliit na bata.
www.yourtherapysource.com/blog1/2018/04/24/promote-social-interaction-children/

WAC 110-300-0330

Mga positibong relasyon at paggabay sa bata

(1) Dapat magsikap ang isang provider ng maagang pagkatuto na mapanatili ang positibong relasyon sa mga bata sa pamamagitan ng paggamit ng magkakaparehong pamamaraan ng paggabay upang matulungan ang mga bata sa kanilang pagkatuto. Dapat iangkop ang mga pamamaraan sa paggabay sa kapaligiran, mga rutina, at mga aktibidad ng programa ng maagang pagkatuto sa mga kalakasan, antas ng pag-unlad, kakayahan, kultura, komunidad ng bata, at kaugnay sa kilos o pag-uugali ng bata.

(2) Maaaring kabilang sa mga pamamaraan sa paggabay ang:

- **(a) Pagsasanay sa pag-uugali;**
- **(b) Pagpapakita at pagtuturo ng mga kasanayang panlipunan tulad ng pagpapalitan ng pagkakataon, pagtutulungan, paghihintay, pagpipigil sa sarili, paggalang sa karapatan ng iba, pagtrato sa iba nang may kabutihan, at paglutas ng alitan;**
- **(c) Pag-aalok ng mga pagpipilian;**
- **(d) Paglilihis ng atensyon;**
- **(e) Paglilipat o pagtulong sa bata na ituon ang pansin sa isang bagay na angkop upang makamit ang kanyang layunin;**
- **(f) Pagpaplano nang maaga upang maiwasan ang mga problema at pagpapaalam sa mga bata kung anu-anong mga pangyayari ang susunod na magaganap;**
- **(g) Pagpapaliwanag ng pare-pareho at malinaw na mga patakaran at pagpapalahok sa mga bata sa pagtukoy ng mga payak at malinaw na hangganan sa silid-aralan;**
- **(h) Paglahok ng mga bata sa paglutas ng mga problema; at**
- **(i) Pagpapaliwanag sa mga bata ng likas at lohikal na bunga na may kaugnayan sa asal ng bata sa isang makatwiran at angkop sa kanilang antas ng pag-unlad na paraan.**

May mahalagang papel ang positibong paggabay at relasyon sa pagsuporta sa pagkatuto at sa pagpapaunlad ng positibong pag-uugali. Nabubuo ang positibong relasyon kapag nakakaranas ang bata ng magalang, magiliw at maagap na pakikipag-ugnayan sa loob ng isang programa ng maagang pagkatuto. Upang makabuo ng positibong relasyon, ang isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat palagiang magsikap na makilala ang bata sa pamamagitan ng kanilang mga interes, lakas, pinagmulan at kultura. Nangangailangan ang malusog at matibay na relasyon na maging maasikaso at tumugon ang provider sa mga bata. Maipapakita ito ng mga provider ng maagang pagkatuto sa pamamagitan ng aktibong pakikinig sa mga bata at pagkilala sa kanilang mga emosyon kapag mukhang nababahala sila o nagsisikap magpahayag ng mensahe. Pakikipag-usap sa mga bata nang magaan at kalmado, at pagbibigay ng mahinahon at maasikasong pisikal na pakikipag-ugnayan, ay ilan pang paraan para makabuo ng matibay na relasyon sa kanila. Makakatulong ang pagkakaroon ng mga ganitong suporta sa mga bata na maramdaman na sila ay pinahahalagahan at mahalaga ang kanilang mga pangangailangan. Katulad nito, isinasaalang-alang din ng positibong paggabay ang anumang salik sa kapaligiran na maaaring makaapekto sa bawat bata, tulad ng mga karanasang traumatic at nakaka-stress sa buhay. May posibilidad na makaapekto ang mga ganitong karanasan sa antas ng pag-unlad ng bata at sa kanyang pag-uugali.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa sentro sa Spokane County ang nagsabi:

Mahalaga na isama ang mga pamilya bilang katuwang sa proseso ng pagpapasya tungkol sa pagpapatalsik. Dapat makipagtulungan nang mabuti ang mga programa ng maagang pagkatuto sa mga pamilya upang maiwasan ang pagpapatalsik. Ang patuluyang pakikipag-usap at pakikinig sa mga magulang at guardian ay palatandaan ng isang de-kalidad na programa ng maagang pagkatuto. Kung may sitwasyon na nahihirapan ang batang naka-enroll dahil sa mapanghamong pag-uugali, dapat may nakahandang mga pamamaraan ang programa para bumuo ng isang plano sa pag-uugali na nakatuon sa tagumpay ng bata. Dapat gawin ang plano sa pakikipag-ugnayan sa magulang o guardian at may kanilang pahintulot. Dapat isama sa plano ang pananaw ng magulang, mga estratehiya gaya ng pagtutok sa interes at lakas ng bata, pagbabago sa kapaligiran, tuloy-tuloy na interaksyon ng guro at bata, at pagbibigay ng mga lokal na mapagkukunan mula sa komunidad.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0300 ang mga kinakailangan para sa isang indibidwal na plano ng pag-aalaga.

Tinulungan ng Direktor ng Sentro Serena ang kanyang mga guro sa preschool na hanapin at mabigyan ng suporta ang isang pamilya na dumaan sa maraming pagbabago sa kanilang tirahan at pagkawala ng trabaho. Ang batang si Keith, paminsan-minsan, nagkakaroon ng mga pagsilakbo ng galit na nagdudulot sa ibang mga bata na umiyak at may ilang laruan na nababasag, pero hindi naman nagdudulot ng seryosong pinsala sa sarili o sa iba. Nagsulat ng tala ang guro tungkol sa mga bagay na nagpapagalit kay Keith hanggang sa punto ng pagsilakbo ng galit, ngunit tila walang malinaw na kinagawian. Nakipag-usap si Serena sa magulang tungkol sa pag-uugali at sinabi ng magulang na medyo magulo rin ang mga bagay-bagay sa bahay. Hindi siya natutulog nang maayos sa gabi at binabato niya ang aso. Pareho silang sumang-ayon na bigyan si Keith ng pagkakataon na kumalma kapag kailangan, pati na rin ng dagdag na oras sa mga transisyon ng gawain. Mukhang nakatulong ito sa loob ng ilang panahon. Sa nakaraang linggo, ilang beses muling nagkaroon ng pagsilakbo ng galit si Keith at dalawang beses nagbuhat ng upuan at inihagis ito sa buong silid, na nagdulot ng panganib sa mga bata. Sa puntong ito, si Serena, ang mga magulang ni Keith, at mga guro ay bumuo ng plano sa pag-uugali para sa bata. Kasama sa plano ang paghahanap ng magulang ng tulong mula sa pediatrician ng bata para sa isang developmental screening upang matiyak na nasa tamang landas ang lahat. Tinukoy nina Serena at ng mga guro ang mga pagbabago sa pang-araw-araw na iskedyul at kapaligiran. Binigyan ni Serena ang mga magulang ng impormasyon tungkol sa mga lokal na mapagkukunan sa komunidad. Tinukoy din ni Serena ang mga estratehiya na maaaring gamitin ng pangunahing guro upang tulungan si Keith na kumalma, at mga pamamaraan upang mapalalim ang relasyon nito sa bata. Detalyado sa plano kung paano susundin ng programa ang kanilang patakaran sa pagpapatalsik na naglalahad ng mga pag-uugali na maaaring magdulot ng pagpapatalsik kung hindi magiging matagumpay ang plano sa pag-uugali sa pagwawasto ng pag-uugali.

Noong 2009, nagsagawa ng survey ang University of Washington sa mga magulang ng mga bata sa estado ng Washington na lilipat na sa kindergarten. Kasama sa survey kung nagkaroon sila ng batang pinaalis sa programa dahil sa problemang pag-uugali. Natuklasan ng survey na 16.7 sa bawat 1,000 bata ay pinatalsik bago makapasok sa kindergarten sa esatado ng Washington. Mas mababa ang resulta nito kumpara sa tinatayang pambansang datos na 6.7 sa bawat 1,000 bata.[272] Layunin ng DCYF na mangalap ng patuloy na datos upang suportahan ang mga bata, pamilya, at mga provider ng maagang pagkatuto sa Estado ng Washington tungkol sa mga isyu na may kinalaman sa pagpapatalsik. Dahil dito, ang isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat mag-ulat sa DCYF ng anumang pagpapatalsik ng bata. Anumang personal na impormasyon na makakapagpakilala sa bata ay dapat alisin sa ulat. Isang DCYF form ang ibinibigay para sa ulat na ito sa page ng Mga Form at Dokumento ng website ng DCYF.

272 DCYF, "Expansion of Trauma-Informed Child Care in Washington State, available sa **https://www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pdf/reports/TICAG.pdf**, inilathala noong Marso 2019.

Ang Pagpapatalsik at Pagsuspinde sa Maagang Edukasyon bilang mga Isyu ng Katarungang Panlipunan at Katarungang Pangkalusugan. Isang impormatibong artikulo mula sa Pambansang Akademya ng Medisina na tumatalakay sa hindi pantay na aplikasyon ng pagpapatalsik at pagsuspinde.
https://nam.edu/expulsion-and-suspension-in-early-education-as-matters-of-social-justice-and-health-equity/

Pagtutulungan Laban sa Suspensyon at Pagpapatalsik sa Edukasyon ng Maagang Pagkabata. Isang artikulo mula sa NAEYC na tumatalakay sa proseso patungo sa pagsusulong ng sistematikong pagbabago at nag-aalok ng mga link at karagdagang mga mapagkukunan.
www.naeyc.org/resources/blog/suspension-and-expulsion-early-childhood

Pag-iwas sa Pagpapatalsik mula sa Preschool at Pag-aalaga ng Bata. Isang Zero to 3 webpage na may mga link sa mga artikulo at video na may kaugnayan sa pagpapatalsik sa preschool.
www.zerotothree.org/resources/series/preventing-expulsion-from-preschool-and-child-care

Pagbabawas ng Pagsuspinde at Pagpapatalsik sa Mga Programa para sa Maagang Pagkabata. Ang Tanggapan ng Administrasyon para sa mga Bata at Pamilya, Webpage sa Maagang Pag-unlad ng Bata, ay naglalaman ng link sa serye ng webinar tungkol sa Pag-iwas sa Pagsuspinde at Pagpapatalsik.
www.acf.hhs.gov/ecd/child-health-development/reducing-suspension-and-expulsion-practices

Hindi Pagkakapantay-pantay sa Lahi sa Disiplina ng Preschool: Isang biswal na infographic mula sa The University of North Carolina at Chapel Hill's Frank Porter Graham Child Development Institute of Racial Inequities.
https://fpg.unc.edu/sites/fpg.unc.edu/files/resources/other-resources/preschool_suspension_infographic.pdf

Pag-unawa at Pagtatanggal ng Pagpapatalsik sa Mga Programa para sa Maagang Pagkabata. Sinusuri ng Head Start ECLKC ang pananaliksik at datos na may kaugnayan sa pagpapatalsik, at nagbibigay ng maraming link sa mga mapagkukunan. **https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/publication/understanding-eliminating-expulsion-early-childhood-programs**

U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S.) at U.S. Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.), Pahayag ng Patakaran hinggil sa mga Patakaran sa Pagpapatalsik at Pagsuspinde sa mga Lugar ng Maagang Pagkabata.
www.acf.hhs.gov/sites/default/files/ecd/expulsion_ps_numbered.pdf

Sino ang Pinapatalsik mula sa mga Preschool at Bakit? Ipinapakita ng Zero to 3 ang isang video ni Walter Gilliam, Direktor ng Zigler Center sa Pag-unlad ng Bata at Patakarang Panlipunan, na tinalakay ang pagpapatalsik sa preschool.
www.zerotothree.org/resources/1841-who-is-being-expelled-from-preschools-and-why

Bakit Mahalaga ang Usapin ng Di-sadyang Pagkiling? Isang limang minutong presentasyon sa video mula sa Zero to 3 kung saan inilalarawan ng mga panelista ang maiikli at pangmatagalang epekto ng di-sadyang pagkiling sa mga kapaligiran ng preschool.
www.zerotothree.org/resources/1840-why-is-implicit-bias-such-an-important-issue

WAC 110-300-0345

Pangangasiwa sa mga bata

(1) Dapat lamang payagan ng provider ng maagang pagkatuto ang mga sumusunod na indibidwal na makasama ang bata nang walang superbisyon:

- **(a) Magulang o legal guardian ng bata;**
- **(b) Mga lisensyado o mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto na pinahintulutan ng kagawaran sa kabanata 110-06 WAC;**
- **(c) Isang kinatawan ng pamahalaan kabilang ang emergency responder na may tiyak at mapapatunayang awtoridad para sa pag-access, na sinusuportahan ng dokumentasyon; at**
- **(d) Isang taong awtorisado nang nakasulat o sa pamamagitan ng telepono ng magulang ng bata, gaya ng kamag-anak, kaibigan ng pamilya, o therapist o provider ng serbisyong pangkalusugan ng bata.**

(2) Dapat sumunod ang isang provider ng maagang pagkatuto sa kapasidad, laki ng grupo, pinaghalong pangkat ng edad, at staff-to-child ratio habang ang mga bata ay nasa ilalim ng pag-aalaga. Kasama rito, ngunit hindi limitado sa:

- **(a) Mga aktibidad sa loob at labas ng silid-aralan;**
- **(b) Mga aktibidad sa labas ng pasilidad;**
- **(c) Habang nasa transportasyon;**
- **(d) Oras ng pagkain;**
- **(e) Oras ng pagpapahinga;**
- **(f) Pag-aalaga sa gabi o magdamag; at**
- **(g) Kapag ang mga bata ay nasa iba't ibang palapag ng programa ng maagang pagkatuto.**

(3) Dapat subaybayan ng provider ng maagang pagkatuto ang mga batang inaalagaan sa pamamagitan ng:

- **(a) Pagmamasid sa kapaligiran, pagtingin at pakikinig para sa parehong berbal at di-berbal na mga senyales upang mahulaan ang mga problema at makapagplano nang naaayon;**
- **(b) Madalas na pagmamasid sa mga bata na may kaunting agwat lamang ng oras sa pagitan;**
- **(c) Pagpuwesto ng sarili upang masubaybayan ang lahat ng lugar na maaaring puntahan ng mga bata;**
- **(d) Pagbibigay-pansin sa mga bata at may kabatiran sa kanilang ginagawa sa lahat ng oras;**
- **(e) Pagiging handa at may kakayahang agad na tumulong o magtuwid ng bata kung kinakailangan; at**
- **(f) Pagsasaalang-alang sa mga sumusunod kapag nagpapasya kung kinakailangan ang mas mahigpit na pagbabantay:**
  - **(i) Edad ng mga bata;**
  - **(ii) Indibidwal na pagkakaiba at kakayahan ng mga bata;**
  - **(iii) Ayos ng loob at labas ng lisensyadong espasyo at palaruan;**
  - **(iv) Panganib na kaugnay ng mga aktibidad na ginagawa ng mga bata; at**
  - **(v) Anumang panganib sa paligid kabilang ang mga nasa lisensyado o hindi lisensyadong espasyo.**

(4) Maaaring magsagawa ang isang kawani ng programa ng maagang pagkatuto ng iba pang mga gawain sa pansamantalang panahon kapag hindi kinakailangang magbigay ng aktibong pangangasiwa ayon sa hinihingi sa subseksyon (5)(c) ng seksyong ito. Kasama sa mga ganitong gawain, ngunit hindi limitado sa, ang paglilinis pagkatapos ng isang gawain o paghahanda ng mga gamit para sa bagong gawain. Dapat manatili ang kawani ng maagang pagkatuto sa nasasakupan ng paningin o pandinig, at maging handa at kayang tumugon kapag kinakailangan.

(5) Dapat gawin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga sumusunod:

- **(a) Huwag gumamit ng mga kagamitan tulad ng baby monitor, video monitor, o salamin bilang kapalit ng pagbabantay, maliban kung ginagamit alinsunod sa WAC 110-300-0270(5);**

(b) Dapat marinig kapag may pintuan sa malapit na lugar na binubuksan upang maiwasan ang pag-alis ng mga bata nang walang pagbabantay;

(c) Aktibong bantayan ang mga bata kapag ang mga ito ay:

- **(i) Nakikipag-ugnayan sa mga alagang hayop o iba pang hayop;**
- **(ii) Naglalaro sa tubig o buhangin;**
- **(iii) Naglalaro sa lugar na malapit sa anyong tubig;**
- **(iv) Gumagamit ng ligtas na daan papunta sa panlabas na palaruan na hindi kalapit sa programa ng maagang pagkatuto;**
- **(v) Kasali sa mga planadong gawain sa kusina;**
- **(vi) Sumasakay sa pampublikong transportasyon;**
- **(vii) Naglalaro sa labas; at**
- **(viii) (viii) Sa panahon ng mga field trip.**

(d) Siguraduhing walang sanggol o bata na iniwan nang walang bantay sa panahon ng:

- **(i) Pagpapalit ng diaper;**
- **(ii) Bottle feeding; o**
- **(iii) Tummy time.**

(e) Magbigay ng angkop na pagbabantay batay sa kaunlaran ng bata habang naliligo.

Pangunahing responsibilidad ng isang programa ng maagang pagkatuto ang pagbabantay. Ang epektibong provider ng maagang pagkatuto ay nagmamasid at nakikinig sa mga batang inaalagaan upang matiyak ang kamalayan, maasahan ang pangangailangan ng bata, at makialam kung nararapat. Tumutulong ang pagbabantay sa mga programa ng maagang pagkatuto na mas masuportahang mabuti ang pagkatuto at pag-unlad, pangalagaan ang kapakanan ng mga bata, at mabawasan ang panganib ng pinsala. Tinutukoy ng WAC na ito kung sino ang maaaring magkaroon ng hindi binabantayang access sa mga bata, pinatitibay ang mga kinakailangan sa laki ng grupo at ratio, at nagpapaalala sa mga programa ng maagang pagkatuto tungkol sa mahahalagang pamantayan sa pagbabantay.

Ipinapakita ng pananaliksik na ang wastong pagbabantay ay direktang nakakaapekto sa dami ng mga pinsala sa mga batang may edad, at maaaring mabawasan ang ilang mga problema sa asal.[273]

Isang pangunahing bahagi ng superbisyon ang maingat na pagsubaybay kung sino ang mga indibidwal na may hindi sinusubaybayang access sa mga bata. Dapat malaman ng mga magulang at guardian na ang mga may hindi sinusubaybayang access ay dumaan sa pagsusuri at awtorisasyon, at para sa sinumang hindi kinatawan ng gobyerno, ay malinaw na pinahintulutan ng magulang o guardian ang kanilang access.

Ang proseso ng background check ng DCYF ay nilalayong bawasan ang panganib ng pinsala sa mga bata mula sa mga indibidwal na may mga kriminal na kasong nahatulan o mga indibidwal na maaaring panganib sa mga bata. Dahil dito, ang lahat ng kawani at boluntaryo na may hindi sinusubaybayang access sa mga batang inaalagaan ay kailangang may kasalukuyan at malinis na background check mula sa DCYF bago ang unang araw ng trabaho, alinsunod sa chapter 110-06-0041(3) WAC.

273 U.S. Department of Health & Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Panlipunan ng U.S.), Tanggapan ng Katulong na Kalihim para sa Pagpaplano at Pagsusuri, "13 Indicators Of Quality Child Care: Research Update," available sa **https://aspe.hhs.gov/basic-report/13-indicators-quality-child-care-research-update**, inilathala noong Abril 1, 2002.

Ang isang sentro ng programa para sa maagang pagkatuto ay lisensyado upang mag-alaga ng apat na sanggol. Si Graciela ay pangunahing guro sa silid ng mga sanggol sa loob ng nakaraang 10 taon. Dahil sa mga personal na dahilan, hindi naipasa ni Graciela ang pag-renew ng kanyang background check sa tamang oras kaya ito ay nag-expire. Dahil ang expired na background check ay kapareho ng walang background check, hindi maaaring magpatuloy si Graciela na magtrabaho nang mag-isa sa silid ng mga sanggol hangga't hindi pa naaaprubahan ang kanyang bagong background check. Kailangang tiyakin ng programa ng maagang pagkatuto sa sentro na may isa pang kwalipikadong kawani sa silid ng mga sanggol na may kasalukuyang clearance mula sa DCYF hanggang sa muling makuha ni Graciela ang clearance ng kanyang DCYF background check.

Maaaring magkaroon ng hindi sinusubaybayang pag-access sa isang bata o mga batang inaalagaan ang mga kinatawan ng kapulisan at gobyerno na nagtatrabaho sa kapakanan ng bata o serbisyo para sa proteksyon ng bata. Maaaring ito ay para sa pag-interview sa bata o para sa paghatid ng bata sa isang isinaayos na pagbisita. Bago payagan ang hindi pinangangasiwaang access, maaaring beripikahin ng provider ng maagang pagkatuto ang pagkakakilanlan ng manggagawa at ang layunin ng kanilang pagbisita sa pamamagitan ng paghingi ng business card o photo identification.

Kapag ang magulang o guardian ay naroroon sa lugar ng programa ng maagang pagkatuto, maaari silang magkaroon ng hindi sinusubaybayang access sa kanilang anak. Dapat maging maingat upang matiyak na ang isang magulang o guardian ay walang hindi pinangangasiwaang access sa anumang ibang bata o mga batang inaalagaan, maliban kung nakakatugon sila sa mga kwalipikasyon ng DCYF at nakakuha ng clearance mula sa DCYF background check. Hindi lamang ito totoo sa pangunahing lugar ng maagang pagkatuto, kundi pati na rin sa mga lakad sa labas, habang nasa transportasyon, sa mga pasilyo o koridor, o sa iba pang mga lugar habang ang bata ay nasa pangangalaga. Ganoon din, maaaring magkaroon ang isang programa ng maagang pagkatuto ng mga espesyal na panauhin, tulad ng librarian, guro sa musika o instruktor sa sayaw, na dumalo upang makasama ang mga bata. Maliban na lamang kung natutugunan ng bisita ang mga kwalipikasyon ng DCYF at nakakuha ng clearance mula sa background check ng DCYF, hindi sila dapat maiwan nang walang superbisyon kasama ang mga bata o maisama sa bilang ng staff-to-child ratio.

Binalangkas ang mga kwalipikasyon at kinakailangan sa pagsasanay ng mga kawani sa WAC 110-300-0100 hanggang WAC 110-300-0107.

Maaaring magbigay ang magulang o guardian ng pahintulot para sa ibang tao na kunin o bisitahin ang kanilang anak nang walang kasamang magulang o guardian. Kung may isang taong hindi kilala na susubukang kunin ang bata, dapat patunayan ang kanilang pagkakakilanlan gamit ang mga tala ng bata o kumpirmahin ito sa magulang o guardian. Kung hindi makakuha ng nakasulat na dokumento mula sa magulang, maaaring idokumento ng provider ng maagang pagkatuto ang pasalitang pahintulot upang ibigay ang bata. Nakakatulong ang pag-check ng pangalan at pangkalahatang paglalarawan na ibinigay ng magulang upang matiyak ang kaligtasan ng bata. Maaaring maramdaman ng ilang indibidwal na abala ang pangangailangang "patunayan" kung sino sila, ngunit responsibilidad ng provider ng maagang pagkatuto na pangalagaan ang kaligtasan ng bata sa pamamagitan ng pagtiyak na ang bata ay aalis ng lugar kasama, o bibisitahin ng, taong aprubado ng magulang o guardian. Ang malinaw na pagsasabi ng ganitong patakaran sa mga alituntunin ng programa ay maaaring makahikayat sa mga magulang at guardian na ipabatid kung ano ang dapat asahan sa programa ng maagang pagkatuto sa mga taong kukunin ang kanilang mga anak.

Maaaring may mga batang inaalagaan na tumatanggap ng mga bisita o serbisyo mula sa mga tao o ahensya na hindi bahagi ng programa ng maagang pagkatuto, tulad ng speech therapy, physical therapy, o iba pang intervention program. Maaaring ibigay ang mga serbisyong ito sa kapaligiran ng maagang pagkatuto, basta may nakasulat na pahintulot mula sa magulang o guardian at may indibidwal na plano ng pag-aalaga.

Binabalangkas sa WAC 110-300-0300 ang mga kinakailangan kaugnay ng indibidwal na plano ng pag-aalaga.

Isa pang bahagi ng pangangasiwa ay ang bilang ng mga bata at bilang ng mga kwalipikadong adulto kaugnay ng bilang ng mga batang naroroon sa programa. Sa kanyang pananaliksik, natuklasan ni Richard Fiene, Ph.D., na ang antas ng staff-to-child ratio at ang laki ng grupo ng mga bata ay dalawa sa pinakamahuhusay na palatandaan para matukoy ang kalidad ng isang programa ng maagang pagkatuto. Kabilang sa kanyang mga natuklasan na ang mas maliit na laki ng grupo ay may kaugnayan sa mas mababang impeksyon at panganib ng karamdaman sa mga bata, at nagpabuti sa pag-uugali ng mga tagapag-alaga at sa kaligtasan ng mga bata. Bukod pa rito, ang mas mababang staff-to-child ratio ay may kaugnayan sa mas kaunting sitwasyong maaaring magdulot ng panganib sa mga bata, mas kaunting pagkabalisa sa mga sanggol at batang paslit, at mas mababang posibilidad ng pang-aabuso sa bata.[274]

Dahil sa epekto nito sa kalusugan at kaligtasan ng mga bata, ang mga kinakailangang staff-to-child ratio at laki ng grupo ay dapat mapanatili sa lahat ng oras kapag ang mga bata ay nasa pag-aalaga. Ito ay kahit na ang mga bata ay gising o natutulog, o kung sila ay nasa programa ng maagang pagkatuto nasa labas na biyahe o nasa panahon ng transportasyon. Sa panahon ng pahinga, maaaring magsagawa ng iba pang gawain ang kawani ng programa ng maagang pagkatuto, tulad ng paglilinis o pagpaplano ng aktibidad hangga't nananatili silang nasa saklaw ng paningin o pandinig ng mga bata at handang tumugon kung kinakailangan. Sa isang biyahe sa labas ng lugar o habang nasa transportasyon, ang magulang o guardian ng isang bata ay hindi maaaring maisama sa bilang para sa staff-to-child ratio maliban na lamang kung natutugunan nila ang mga kwalipikasyon ng DCYF at nakakuha ng clearance mula sa background check ng DCYF.

May mga partikular na kinakailangan sa pangangasiwa para sa panggabing pag-aalaga, lalo na kapag tumatanggap ng mga bagong sanggol. Binabalangkas sa WAC 110-300-0270 ang mga kinakailangan para sa panggabing pag-aalaga.



Sa isang programa para sa maagang pagkatuto sa family home, maaaring nasa iba't ibang palapag ng bahay ang mga bata, basta't ang bawat palapag o lugar ay aprubadong lisensyadong espasyo, natukoy ang kapasidad ng espasyong iyon at ang staff-to-child ratio sa bawat palapag na kinaroroonan ng mga bata ay sumusunod sa itinakdang pamantayan.Halimbawa, ang kabuuang kapasidad para sa isang lisensyadong family home ay 12 bata.Ang lisensyadong espasyo sa mas mababang palapag ay aprubado para sa kapasidad na hanggang 12 bata. Ang lisensyadong espasyo sa itaas na palapag ay aprubado para sa hanggang walong bata.Ang programa ng maagang pagkatuto sa family home ay hindi maaaring lumagpas sa kabuuang kapasidad na 12 bata.Maaaring isang kawani ang nasa itaas kasama ang anim na bata mula kapanganakan hanggang 12 taong gulang, kung saan tatlo rito ay mga batang wala pang 2 taong gulang (isang kayang maglakad nang mag-isa) habang ang isa pang kawani ay nasa ibaba kasama ang anim na bata mula kapanganakan hanggang 12 taong gulang na may tatlong batang wala pang 2 taong gulang (isang kayang maglakad nang mag-isa). Kung ang isang kawani ay nag-aalaga ng anim na batang wala pang 2 taong gulang nang mag-isa habang ang isa pang kawani ay may anim na bata sa kabilang palapag ng bahay, ito ay ituturing na hindi sumusunod sa mga pamantayan ng paglilisensya. Lahat ng mga limitasyon ay nalalapat sa mga pangkat ng mga bata at mga kinakailangan sa kawani sa bawat palapag ng bahay.

274 U.S. Department of Health & Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Panlipunan ng U.S.), Tanggapan ng Katulong na Kalihim para sa Pagpaplano at Pagsusuri, "13 Indicators Of Quality Child Care: Research Update," available sa **https://aspe.hhs.gov/basic-report/13-indicators-quality-child-care-research-update**, inilathala noong Abril 1, 2002.

Ang isang provider ng maagang pagkatuto sa family home ay may bahay na may magkahiwalay na palapag. Parehong may lisensyadong espasyo ang itaas at ibabang palapag. Ang silid-palaruan sa ibabang palapag ang lugar kung saan ginugugol ng mga bata ang karamihan ng kanilang oras sa loob ng bahay. Gayunpaman, ang mga pagkain at meryenda ay inihahanda sa itaas na palapag. Ang provider ng maagang pagkatuto at ang kwalipikadong katulong ay nasa ibabang palapag kasama ang mga bata, ngunit ang provider ay aakyat sa itaas upang maghanda ng meryenda. Mayroong 10 bata na inaalagaan, at tatlo sa mga bata ay wala pang 2 taong gulang. Isa sa mga bata ay hindi pa kayang maglakad nang mag-isa. Upang matiyak na ang kwalipikadong katulong ay nasa tamang ratio, dinala ng provider ng maagang pagkatuto ang apat na bata kasama sila, kabilang ang dalawang batang wala pang 2 taong gulang na kayang maglakad nang mag-isa. Nananatili sa kwalipikadong katulong ang anim na bata, at isa lamang ang batang wala pang 2 taong gulang. Tinutulungan ng provider ng maagang pagkatuto ang apat na bata na makilahok sa mga aktibidad sa itaas bago simulan ang paghahanda ng meryenda.

Binabalangkas sa WAC 110-300-0355 ang mga kinakailangan para sa ratio ng kapasidad ng family home at laki ng grupo.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home mula sa Pend Oreille County ang nagbabahagi:

"Lisensyado ako para sa 12 bata mula kapanganakan hanggang 13 taong gulang. Mayroon akong katulong at ilang batang may espesyal na pangangailangan tulad ng bottle feeding at pagpapalit ng diaper sa isang nakatatandang bata, pati na rin mga problema sa ugali at pagsilakbo ng emosyon. Sa pagitan namin ng aking katulong, palagi naming tinitiyak na lahat ng bata ay napangangasiwaan, kahit kapag gumagawa kami ng mga gawain tulad ng paghahanda ng tanghalian. Kadalasan, ang katulong ang nananatili kasama ng mga bata habang ako naman ang naghahanda ng pagkain sa kusina. Bukás ang aking kusina papunta sa dining at family room kaya nakikita at naririnig ko pa rin ang lahat ng bata. Nagpaplano kami at tinitiyak na may mga aktibidad ang mga bata na pwedeng gawin. Tinutulungan ng katulong ang mga bata na makilahok sa mga aktibidad hanggang sa oras na sila ay pupunta sa banyo at maghuhugas ng kamay. Maraming kaming pag-uusap ng aking katulong habang naghahanda ng tanghalian.

Isang mahalagang bagay ay ang makilala nang mabuti ang mga bata. Kapag alam mo kung ano ang kanilang mga pangangailangan at kung ano ang nakakaabala sa kanila, puwede mong hulaan at subukang maiwasan ang mga bagay na magpapainis o magdudulot ng sobrang paghahanap ng atensyon. Tinitiyak ko rin na nagpaplano ako ng mga pagkain at meryenda nang ilang araw bago pa man upang handa na ang tamang dami ng lahat ng mga kakailanganin ko. Nakakatulong ito upang mapabilis ang paghahanda ng pagkain. Sinisikap kong gawin ang maraming pwedeng gawin nang maaga, tulad ng paghiwa ng melon. Habang naghahanda at nagluluto, patuloy akong nakikinig at nagbibigay-pansin sa mga nangyayari para makatulong o makialam kung kinakailangan. Sa aking programa, tinutulungan ng mga mas nakatatandang bata ang mga mas nakababata o yung may espesyal na pangangailangan sa kanilang mga likhang-sining, kung may problema, at mga gawain tulad ng paghahanda ng mga materyales at pagbubukas ng mga pinto. Naitakda namin sa aming pang-araw-araw na sistema na tumutulong ang mga bata sa paglilinis at mga transisyon. Nasisiyahan ang mga bata sa pagtulong at napapalakas nito ang kanilang kumpiyansa sa sarili."

Ang pangangasiwa sa mga bata ay isang aktibong trabaho. Dapat gumamit ang isang provider ng maagang pagkatuto ng iba't ibang estratehiya upang matiyak na alam nila ang kapaligiran at kung ano ang ginagawa at sinasabi ng mga bata. Dapat ding muling suriin at ayusin ng provider ang kanilang mga estratehiya habang nagbabago ang mga kalagayan sa programa ng maagang pagkatuto. Upang matukoy ang angkop na antas ng pangangasiwa, dapat isaalang-alang ng provider ng maagang pagkatuto ang mga salik tulad ng ayos ng lugar ng pagkatuto at kung saan nila maipwesto ang kanilang sarili upang pinakamabisang mapanood ang mga lugar kung saan maaaring naroroon ang mga bata. Dapat din nilang isaalang-alang ang mga edad at antas ng pag-unlad ng mga batang naroroon kaugnay ng mga posibleng panganib sa kalusugan o kaligtasan na dala ng kasalukuyang mga gawain at lokasyon. Kasama rin sa mga desisyon sa pangangasiwa ang pag-iisip kung paano ayusin o ihanda nang maaga ang mga gawain at materyales upang mas makilahok ang mga bata at hindi gaanong mangailangan ng direksyon o tulong mula sa provider. Ang mga ganitong uri ng pagsasaalang-alang ay gumagabay sa mga desisyon ng provider ng maagang pagkatuto kung paano nila maiiwasan ang mga di-ligtas o di-malusog na sitwasyon, matugunan ang mga pangangailangan ng bawat bata, at suportahan ang pagkatuto.

Anuman ang kalagayan, lokasyon o gawain, dapat manatili ang mga bata sa saklaw ng paningin at pandinig ng provider ng maagang pagkatuto. Kapag may mga kalagayan na nagpapahintulot na masubaybayan nang ligtas ang mga bata kahit hindi sila nakikita ng provider, dapat silang madalas na tingnan nang mabilis na halos walang pagitan ng oras. Malaki ang pagkakaiba-iba ng karanasan ng provider ng maagang pagkatuto, antas ng pag-unlad at kakayahan ng mga bata, at kapaligiran ng maagang pagkatuto kaya dapat gamitin ng provider ang kanilang propesyonal na kaalaman upang matukoy ang angkop na antas ng pangangasiwa sa mga ganitong kaso.



Upang higit pang matiyak ang kaligtasan ng mga bata, dapat marinig ng provider ng maagang pagkatuto kung kailan binubuksan ang mga pinto sa loob at labas ng lugar na malapit. Nakakatulong ito upang maiwasan ang pag-alis ng mga bata nang hindi napapansin papunta sa isang lugar na walang pangangasiwa. Maaaring magpasya ang isang provider na ang paglalagay ng bell, alarm o iba pang alerto sa mga pintuan ang pinakamabisang paraan upang marinig ang pagbukas ng mga ito. Kung pipiliin ng provider na gumamit ng ibang pamamaraan, dapat tiyakin nila na maririnig ang pagbukas ng pinto sa lahat ng uri ng aktibidad at antas ng ingay na nangyayari sa programa ng maagang pagkatuto.

May mga oras at sitwasyon kung saan ang mga pamantayan sa paglilisensya ay nangangailangan ng mas mataas na antas ng pangangasiwa at ito ay tinatawag na Aktibong Pangangasiwa. Ang mga sitwasyong ito ay mga aktibidad na likas na may mas mataas na potensyal na panganib sa mga bata. Kabilang dito ang mga gawain tulad ng pakikipag-ugnayan o pagiging malapit sa tubig, pakikipag-interact sa mga hayop, pagpunta sa mga field trip, pagpapakain gamit ang bote at tummy time para sa mga sanggol. Sa ganitong mga gawain, kinakailangan ng provider ng maagang pagkatuto na makita at marinig ang mga batang kanilang inaalagaan at dapat nilang maiwasan o agad na matugunan ang mga di-ligtas o mapanganib na pangyayari.

Ayon sa Pambansang Sentro para sa Kalusugan at Kagalingan ng Maagang Pagkabata, "Ang Aktibong Pangangasiwa ay ang pinakaepektibong estratehiya para makalikha ng ligtas na kapaligiran at maiwasan ang mga pinsala sa maliliit na bata. Ito ay nagbabago ng pangangasiwa mula sa isang pasibong pamamaraan tungo sa isang aktibong kasanayan. Ginagamit ng mga kawani ang estratehiyang ito upang matiyak na ang mga bata sa lahat ng edad ay ligtas na nakaka-explore ng kanilang kapaligiran. Maaaring mapanatiling ligtas ng bawat programa ang mga bata sa pamamagitan ng pagtuturo sa lahat ng kawani kung paano tumingin, makinig at makilahok."[275]

275 U.S. Department of Health & Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Panlipunan ng U.S.), Tanggapan ng Katulong na Kalihim para sa Pagpaplano at Pagsusuri, "13 Indicators Of Quality Child Care: Research Update," available sa **https://aspe.hhs.gov/basic-report/13-indicators-quality-child-care-research-update**, inilathala noong Abril 1, 2002.

Aktibong Pangangasiwa. Nagbibigay ang webpage ng Head Start ECLKC ng paglalarawan ng aktibong pangangasiwa, mga tip at estratehiya, at isang gawain upang suportahan ang iyong pag-aaral. Kasama rin dito ang link sa PDF na bersyon ng impormasyon para maibahagi sa mga kawani.
https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/safety-practices/article/active-supervision

Aktibong Pangangasiwa: Mabilisang Pagsilip. Isang pahinang tip sheet mula sa Head Start ECLKC na may mga estratehiya upang payagan ang mga bata na ligtas na mag-explore sa kanilang kapaligiran habang nasa ilalim ng pangangasiwa.
https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/sites/default/files/pdf/active-supervision-handout.pdf

Mga Kinakailangan sa Background Check. Webpage ng DCYF na naglalaman ng impormasyon tungkol sa kinakailangan sa background check at mga link sa impormasyon tungkol sa bayad sa background check, proseso ng fingerprinting, at mga form ng background check.
www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/background-checks

Epektibong Pangangasiwa sa Mga Lugar ng Pag-aalaga ng Bata. Nagbibigay ang Pamahalaan ng Alberta, Canada ng impormatibong flyer na naglalarawan ng pangangasiwa sa maagang pagkatuto na tinitiyak ang kaligtasan, kagalingan, at pag-unlad ng mga bata.
www.humanservices.alberta.ca/documents/child-care-effective-supervision.pdf

Pool ng mga Pansamantalang Kawani. Webpage ng DCYF na naglalaman ng impormasyon tungkol sa Pondo ng mga Pansamantalang Tagapangalaga para sa Maagang Pag-aalaga at Edukasyon ng Estado ng Washington upang suportahan ang mga provider ng maagang pagkatuto sa pagkuha ng release time para makapagtrabaho sila sa kanilang mga layunin sa propesyonal na pag-unlad.
www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-profdev/early-learning-provider/substitute-pool

Pangangasiwa at Pananagutan. Isang web-lesson ng Virtual Lab School na may impormasyon at mga video tungkol sa kahalagahan ng pangangasiwa, kung paano mamahala sa iba't ibang aktibidad at kapaligiran, at kung paano mapanatili ang pananagutan.
www.virtuallabschool.org/preschool/safe-environments/lesson-4

Sa Loob at Labas ng Bahay. Pangangasiwa: Pagpuwesto - Saan ako dapat tumayo? Isang anim na minutong video mula sa Mas Mahusay na Pag-aalaga sa Bata, isang programa sa pang-edukasyong outreach ng Penn State Extension, na tinalakay ang mga estratehiya para sa de-kalidad na pagbabantay sa isang programa ng maagang pagkatuto.
www.youtube.com/watch?v=Z8ewYm_DuEM

13 Palatandaan ng De-Kalidad na Pag-aalaga sa Bata: Ulat sa Pananaliksik. Richard Fiene, Ph.D. mula sa Pennsylvania State University National Resource Center para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata, University of Colorado, ay naglalathala ng kanyang pananaliksik na nagrerepaso ng mga kamakailang pag-aaral kaugnay ng mga palatandaan ng kalidad sa mga programa ng maagang pagkatuto.
https://aspe.hhs.gov/basic-report/13-indicators-quality-child-care-research-update#Supervision

WAC 110-300-0350

Pangangasiwa sa mga bata sa mga gawain sa tubig

(1) Sa mga gawain sa tubig, dapat matugunan ng provider ng maagang pagkatuto ang lahat ng kinakailangan sa pangangasiwa ng seksyong ito at ng WAC 110-300-0345.

(2) Sa mga gawain sa tubig, dapat gawin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga sumusunod:

- **(a) Tiyakin ang isang-sa-isang (1:1) staff-to-child ratio para sa mga sanggol;**
- **(b) Hawakan o patuloy na hawakan ang mga sanggol, mga batang hindi pa nakakalakad, at mga batang may espesyal na pangangailangan ayon sa kinakailangan; at**
- **(c) Panatilihin ang maliliit na bata sa abot ng braso.**

(3) Dapat may nakasulat na pahintulot mula sa magulang o guardian para sa mga gawain sa tubig.

(4) Para sa mga gawain sa tubig sa loob o labas ng lugar ng programa ng maagang pagkatuto, kung saan ang tubig ay higit sa dalawampu't apat na pulgada ang lalim, dapat tiyakin ng provider ng maagang pagkatuto na:

- **(a) May sertipikadong lifeguard na naroroon at nakatalaga; at**
- **(b) Dapat mayroong hindi bababa sa isang karagdagang kawani kaysa sa karaniwang kinakailangan upang tumulong sa aktibong pagbabantay kung ang mga bata ay nasa edad ng preschool o mas matanda pa.**

(5) Dapat na ang isang provider ng maagang pagkatuto ay may kagamitang pangligtas na madaling maabot kapag may mga gawain sa tubig kung ang pool ay anim na talampakan o higit pa sa kahit anong direksyon at may lalim na dalawang talampakan o higit pa. Maaaring kabilang sa kagamitang pangligtas ang ring buoy at lubid, rescue tube, o throwing line at shepherd's hook na hindi nadadaluyan ng kuryente.

(6) Kung ang provider ng maagang pagkatuto ay magdadala ng mga bata sa labas ng lugar papunta sa isang lugar na may anyong tubig na higit sa apat na pulgada ang lalim (halimbawa, parke na may lawa o sapa) ngunit hindi sila gumagawa ng aktibidad sa tubig, dapat ay mayroong:

- **(a) Hindi bababa sa isang dagdag na kawani kaysa sa kinakailangan sa staff-to-child ratio; at**
- **(b) Hindi bababa sa isang kawani na kasama ay dapat marunong lumangoy.**

Ang paglalaro sa tubig ay maaaring maging isang masaya at nakakaengganyong aktibidad para sa mga bata. Maaaring magbigay ang mga provider ng maagang pagkatuto ng mga leksyon tungkol sa pisikal na katangian ng likido, sanhi at bunga o paggalaw sa tubig. Mayroon ding potensyal sa pamamagitan ng paglalaro sa tubig na mapalago ang mga kasanayan sa malalaking galaw ng katawan, na nagbibigay ng magandang pagkakataon para sa ehersisyo. Kasabay nito, ang tubig ay maaari ring magdulot ng seryosong panganib sa kaligtasan ng mga bata.

Sa website na **HealthyChildren.org**, sinabi ng Amerikanong Akademya ng Pediatrics (AAP) na ang pagkalunod ang pangunahing sanhi ng hindi sinasadyang pagkamatay na may kaugnayan sa pinsala sa mga batang may edad 1 hanggang 4.[276] Nagbibigay ang Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit, CDC) ng dagdag na datos na karamihan ng pagkakalunod ng mga batang 1 hanggang 4 na taong gulang ay nangyayari sa mga swimming pool sa bahay. Higit pa rito, para sa mga batang may edad 1 hanggang 14 taon, ang pagkakalunod na nakamamatay ay nananatiling pangalawang pangunahing sanhi ng hindi sinasadyang pagkamatay dahil sa mga pinsalang dulot ng aksidente sa sasakyan.

276 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, "At Play," **healthychildren.org**, huling in-update noong Marso 15, 2019, available sa **https://www.healthychildren.org/English/safety-prevention/at-play/Pages/Water-Safety-And-Young-Children.aspx**

Isa pang estadistika na inilathala ng CDC ay "para sa bawat batang namamatay dahil sa pagkalunod, lima pang bata ang tumatanggap ng pangangalaga sa kagawaran ng emergency dahil sa hindi nakamamatay na pinsala mula sa paglubog sa tubig."[277]

Tinutukoy ng DCYF ang mga aktibidad sa tubig bilang mga gawain sa programa ng maagang pagkatuto kung saan ang mga nakatala na bata ay lumalangoy o naglalaro sa isang anyong tubig na maaaring magdulot ng panganib ng pagkakalunod. Hindi kabilang sa mga aktibidad sa tubig ang paggamit ng sensory table. Dahil sa tindi ng mga posibleng panganib na kaugnay ng tubig, ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ay naglalaman ng tiyak at mas mataas na mga kinakailangan para sa pagbabantay sa panahon ng mga gawain sa tubig. Para sa mga sanggol at batang paslit, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat direktang makipag-ugnayan sa mga bata habang naglalaro sa tubig sa pamamagitan ng paghawak sa mga sanggol at panatilihing malapit sa abot ng kamay ang mga batang paslit. Pinapayagan nito ang mga nasa hustong gulang na tuloy-tuloy na magbantay at suriin ang kaligtasan ng bata, at agad na tumugon kung kinakailangan.

Mahalaga ang paghingi ng nakasulat na pahintulot mula sa magulang o guardian para sa paglalaro sa tubig sa iba't ibang kadahilanan. Una sa lahat, pinapayagan nito ang mga magulang at guardian na maging pangunahing tagapagpasya tungkol sa antas ng panganib na handa nilang pahintulutan para sa kanilang anak kapag hindi sila ang pangunahing tagapag-alaga. Nagbubukas din ito ng komunikasyon sa pagitan ng programa ng maagang pagkatuto at ng mga magulang o guardian, na nagbibigay daan upang maipabatid ng provider na may karagdagang panganib ang mga aktibidad sa tubig. Pinapahintulutan nito ang provider na ipaalam sa mga magulang at guardian ang mga hakbang na gagawin upang matiyak ang kaligtasan ng bata habang naglalaro sa tubig at masagot ang mga tanong ng pamilya. Dagdag pa rito, ang komunikasyon ay nagbibigay ng oras upang mapag-usapan kasama ang magulang o guardian ang mga benepisyong pang-edukasyon at pangkaunlaran na kasama sa programa ng paglalaro sa tubig.



Maaaring malunod ang maliliit na bata sa tubig na may lalim na dalawa lamang na pulgada.[278] Higit pa rito, ayon kay Barbara Byers, Direktor ng Pampublikong Edukasyon ng Lifesaving Society ng Canada, "Kung ang mga nasa hustong gulang ay mahulog nang nakaharap sa tubig na kasing-taas ng baywang, itinatapak lamang nila ang kanilang mga paa at kadalasan ay nagagawa nilang tumayo. Ngunit ang mga batang paslit o batang preschool ay may mas malaking bahagi ng kanilang timbang sa itaas na bahagi ng katawan. Kapag sila ay nahulog nang nakadapa sa tubig na hanggang baywang, tumataas ang kanilang mga paa at bumababa ang kanilang ulo. Maaaring wala silang sapat na koordinasyon at lakas upang maituwid ang kanilang sarili."[279]

Kapag ang tubig ay may lalim na higit sa 24 na pulgada, dapat mayroong sertipikadong lifeguard na naka-duty. Tutulong ang lifeguard sa pagbabantay at siya ay sinanay din kung paano tumulong sa taong nasa panganib at magligtas ng tao sa aksidente sa tubig. Kapag may mga batang nasa edad ng preschool o mas matanda pa, ang pangangailangan para sa sertipikadong lifeguard ay karagdagan pa sa hindi bababa sa isang provider ng maagang pagkatuto na higit kaysa sa karaniwang kinakailangan upang matugunan ang staff-to-child ratio.

277 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Unintentional Drowning: Get the Facts," available sa **https://www.cdc.gov/homeandrecreationalsafety/water-safety/waterinjuries-factsheet.html#** huling in-update noong Abril 28, 2016.

278 KidsHealth, "Why Is Water Safety Important," available sa **https://kidshealth.org/en/parents/water-safety.html#** inilathala noong Mayo 2019.

279 John Hoffman, "Why children drown," Today's Parent (2006), available sa **https://www.todaysparent.com/family/family-health/why-children-drown/#**



Ang isang sentro ng programa para sa maagang pagkatuto ay magdadala ng 11 batang nasa edad ng pag-aaral na nasa kanilang pangangalaga sa parke ng estado upang maglaro sa damuhan, sa buhangin at sa tubig. Ang kinakailangang ratio para sa mga batang sasama sa aktibidad sa labas ng sentro ay isang kawani para sa bawat 15 bata. May kasama ang superbisor ng programa na isang boluntaryo na sertipikadong lifeguard. Nakipag-ugnayan ang lifeguard sa sentro at ipinaalam na nasa state park na siya at handa nang dumating ang mga bata. Sumasakay ng provider ng maagang pagkatuto sa bus ng sentro kasama ang 11 batang nasa edad pang-paaralan. Sumasakay din ang katulong sa bus upang matugunan ang kinakailangan na may karagdagang tao para sa aktibong pagbabantay. Habang nasa parke, ang dalawang kawani ay maingat na pumupuwesto upang matiyak na nakikita at naririnig nila ang lahat ng bata sa lahat ng oras. Sinusunod din nila ang patakaran ng sentro na ang isang kawani ay nagsasagawa at nagdodokumento ng bilang ng mga bata ayon sa pangalan at mukha tuwing 20 minuto.

Kung ang isang programa ng maagang pagkatuto ay magsasagawa ng pamamasyal sa isang lugar na may katubigan ngunit hindi sila papasok sa tubig, dapat pa ring mayroong hindi bababa sa isang provider ng maagang pagkatuto na higit sa kinakailangang staff-to-child ratio, at hindi bababa sa isa sa mga nasa hustong gulang na kasama ay marunong lumangoy. Ang kinakailangang ito ay nagbibigay ng karagdagang antas ng pag-iingat para sa kaligtasan ng mga bata. Bagaman walang planong pumunta ang bata sa tubig, ang programa ng maagang pagkatuto ay dapat handang tumugon kung may batang biglaang pumunta sa tubig o hindi sinasadyang mahulog at mangailangan ng tulong.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0175 ang mga kinakailangan para sa mga panganib sa tubig at mga swimming pool na nasa o malapit sa lisensyadong lugar.

Pag-iwas sa Pagkalunod. Isang webpage ng AAP na may impormasyon, mga video at iba pang mapagkukunan kaugnay ng kaligtasan ng mga bata sa tubig.
www.aap.org/en-us/about-the-aap/aap-press-room/campaigns/drowning-prevention/Pages/default.aspx

Tahimik ang Pagkalunod. Isang 35-segundong video mula sa Pag-aalaga sa Kalusugan ng mga Bata sa Atlanta na nagpapakita ng kahalagahan ng pagbabantay sa paligid ng tubig nang walang anumang distraksiyon.
www.youtube.com/watch?v=IKka-HWGC3E

Tahimik ang Pagkalunod. Isang polyetong infographic na naglalaman ng mga katotohanan at datos tungkol sa pagkalunod, mga palatandaan kapag ang isang tao ay nasa panganib o nahihirapan sa tubig, mga estratehiya upang mapanatiling ligtas ang mga bata sa paligid ng tubig at mga dapat gawin sa oras ng emergency sa pagkalunod.
www.cdss.ca.gov/Portals/13/DrowningPreventionInfographic2018.pdf?ver=2018-05-25-165726-433

Pagpapanatiling Ligtas ng mga Bata sa Loob at Paligid ng Tubig. Isang webpage ng Saint Luke's Hospital na naglalaman ng mga tip para sa kaligtasan sa paglangoy at sa paligid ng tubig.
www.saintlukeskc.org/health-library/keeping-children-safe-and-around-water

Paglangoy. Isang artikulo mula sa Nemours tungkol sa kahalagahan ng kaligtasan sa tubig at mga tip sa kaligtasan para sa iba't ibang uri ng katubigan at mga aktibidad.
https://kidshealth.org/en/kids/swim.html?WT.ac=en-k-safety-center-c

Hindi Sinasadyang Pagkalunod: Alamin ang mga Katotohanan. Isang webpage mula sa Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit, CDC) na nag-aalok ng datos, impormasyon, at mga sanggunian na may kaugnayan sa pagkalunod.
www.cdc.gov/homeandrecreationalsafety/water-safety/waterinjuries-factsheet.html

Bakit Nasa Pinakamataas na Panganib ng Pagkalunod ang mga Kabataang Itim? Ang Kristiyanong Samahan ng Kabataang Lalaki (YMCA) ay nagsasaliksik tungkol sa mga kultural at kasaysayang salik na may kaugnayan sa dahilan kung bakit mas mataas ang panganib ng pagkalunod sa mga batang may kulay.
www.ymca.net/summer-buzz/highest-risk-for-drowning

Bakit Nalulunod ang mga Bata. Isang artikulo mula sa Today's Parent na nagbabahagi ng karanasan ng isang pamilya sa isang insidente ng muntikang pagkalunod, at tinatalakay ang mga salik ng panganib at mga estratehiya sa kaligtasan upang maiwasan ang pagkalunod.
www.todaysparent.com/family/family-health/why-children-drown/

WAC 110-300-0354

Kapasidad ng panloob na espasyo para sa programa ng maagang pagkatuto

(1) Upang matukoy ang kapasidad, ang lisensyadong panloob na espasyo para sa programa ng maagang pagkatuto ay dapat may pinakamababang sukat na tatlumpu't limang square feet bawat batang dumadalo at higit pang sumunod sa mga kinakailangan ng kabanatang ito.

(a) Ang espasyo ng sentrong programa para sa maagang pagkatuto ay dapat magbigay ng karagdagang labinlimang square feet para sa bawat sanggol o maliit na bata na gumagamit ng crib o playpen kung ang crib o playpen ay matatagpuan o inilalagay sa lugar ng pagtulog o paglalaro.

(b) Dapat isama sa kabuuang kapasidad ang espasyo sa ilalim ng mga mesa, lamesa, upuan, at iba pang kagamitan na ginagamit sa mga gawain ng mga bata.

(c) Hindi dapat isama sa kabuuang kapasidad ang mga opisina o kusinang hindi naaabot ng mga bata at hindi para sa kanilang paggamit.

(d) Ang mga lugar para sa pag-idlip ay maaaring gamitin bilang espasyo para sa programa ng maagang pagkatuto kung ang mga banig at kutson ay inaalis kapag hindi ginagamit at may malayang nakakapasok ang mga bata sa lugar na iyon.

(2) Hindi dapat isama sa kabuuang kapasidad ang mga sumusunod na panloob na espasyo:

(a) Hindi lisensyadong espasyo;

(b) Espasyo sa pasilyo na ginagamit para sa emergency evacuation o hindi aprubado para sa mga aktibidad ng programa;

(c) Mga banyo at lugar para sa pagpapalit ng diaper (kabilang ang dalawampu't apat na pulgadang paligid ng lugar ng pagpapalit ng diaper at lababo para sa paghuhugas ng kamay, maliban kung ang lugar ng pagpapalit ng diaper ay may dalawang talampakang mataas na harang);

(d) Mga lugar para sa labada;

(e) Mga aparador;

(f) Mga hagdanan; at

(g) Espasyo sa sahig na nasasakupan ng mga estante, built-in na mga aparador, mga aparador para sa mga dokumento, mga mesa, o iba pang kagamitang pang-opisina na hindi inilaan para maabot ng mga bata.

(3) Maaaring gamitin ang malaki at lisensyadong panloob na espasyo para sa mga aktibidad ng malalaking galaw ng katawan bilang dagdag sa kinakailangang panlabas na espasyo ng programa, alinsunod sa WAC 110-300-0145, ngunit hindi ito dapat isama sa kabuuang kapasidad kung:

(a) May pitumpu't limang square feet ang espasyo bawat bata para sa pinakamataas na bilang ng mga batang nakalista sa lisensya o ang provider ay nagpapalit-palit ng mga grupo ng bata; at

(b) Ligtas at angkop ang espasyo para sa mga aktibidad na karaniwang ginagawa sa panlabas na palaruan.

Bawat aspeto ng kapaligiran sa programa ng maagang pagkatuto ay maaaring magkaroon ng bahagi sa kalusugan at kaligtasan ng mga bata, pati na rin sa kanilang paglaki, pagtuklas at pagkatuto. Ang dami ng espasyo na magagamit ng mga bata sa isang maagang pagkatuto na kapaligiran ay may napakahalagang kaugnayan sa kalidad ng pangangalaga.



Binanggit ng CFOC na ang kilos ng mga bata ay kadalasang mas makabuluhan kapag may sapat na espasyo, at ang pagkakaroon ng sapat na espasyo ay makababawas sa panganib ng pinsala mula sa sabay-sabay na gawain. Iniulat din ng CFOC na ang pagsisiksikan sa kapaligiran ng maagang pagkatuto ay kaugnay ng mas mataas na panganib sa pagkakaroon ng impeksyon sa itaas na bahagi ng sistema ng paghinga.[280]

Higit pa rito, mas maaring maging mas masaya at mas produktibo ang isang bata kapag may sapat na espasyo upang makilahok sa mga gawain ng programa nang hindi kailangang magkasalubong sa espasyo ng iba nilang kalaro. Makakatulong ang pagbibigay ng malawak na espasyo para sa mga gawain sa trabaho at paglalaro upang mabawasan ang mga sagabal, maisulong ang mas positibong pakikisalamuha, at mabawasan ang stress sa mga bata.



Isang pag-aaral noong 2003 ni Alain Legendre, isang mananaliksik mula sa Pambansang Sentro ng Siyentipikong Pananaliksik ng Pransya, ang nagsubaybay sa antas ng cortisol ng 113 batang may edad mula 18 hanggang 40 buwan sa walong sentro ng pag-aalaga ng bata sa loob ng walong buwan. Ang pagtaas ng antas ng cortisol ay itinuturing na isang magandang biyolohikal na palatandaan ng stress, lalo na ang stress na may kaugnayan sa sikolohikal na pag-aalala. Natuklasan sa pag-aaral na kinakailangan ang 54 na square feet na madaling maabot na lugar para sa paglalaro bawat bata upang mabawasan ang antas ng stress ng mga bata.[281]

Upang suportahan ang kagalingan ng mga bata, ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ay nangangailangan ng pinakamababang 35 square feet na espasyo bawat bata kapag tinutukoy ang pinakamataas na bilang ng mga batang maaaring alagaan ng isang provider ng maagang pagkatuto sa anumang oras (kapasidad). Sa isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro, isinasaalang-alang ang karagdagang espasyo para sa mga crib at playpen ng mga sanggol at batang paslit kapag ito ay nasa lugar ng pagtulog at paglalaro. Upang maiakma ang mga kasangkapang ito, tumataas ang kinakailangang espasyo sa 50 square feet bawat bata.

Upang higit pang mapalaganap ang kalusugan, kaligtasan, at pag-unlad ng mga bata, tanging ang mga espasyong madaling maabot ng mga bata para sa trabaho at paglalaro lamang ang maaaring isama sa pagtukoy ng limitasyon sa kapasidad ng espasyo. Hindi isasama sa kalkulasyon ng square feet para sa kapasidad ang mga lugar sa pasilidad na hindi maaaring o hindi dapat gamitin ng mga bata para sa trabaho o paglalaro. Kasama sa mga lugar na hindi bibilangin sa kabuuang kapasidad ang mga espasyo tulad ng mga pasilyo, daanan at hagdanan. Ginagamit ang mga lugar na ito para sa pangkalahatang paggalaw ng mga tao at kailangang manatiling bukas at magagamit bilang mga daanan ng paglabas at mga daanan ng paglabas sa oras ng emergency.

Ang mga kusina, lugar ng labahan, banyo, lababo, at lugar ng pagpapalit ng diaper ay hindi rin kasama sa pagsukat ng square footage para sa pagtukoy ng kapasidad. Bagaman maaaring gamitin ng mga bata ang mga espasyong ito, nagdudulot ang mga ito ng potensyal na panganib sa kalusugan at kaligtasan kaya hindi angkop na gawing pangkalahatang lugar para sa trabaho o paglalaro. Sa parehong paraan, ang mga hindi lisensyadong espasyo, mga opisina, mga mesa na ginagamit ng mga kawani, at mga estante o aparador na hindi inilaan upang gamitin o maabot ng mga bata ay hindi isasama sa bilang ng square feet na gagamitin upang tukuyin ang kapasidad. Gayunpaman, ang espasyo sa sahig na may mga mesa, aparador at estante na maaaring gamitin ng mga bata ay isasama sa pagkalkula ng pagtukoy sa kapasidad.

280 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. Pag-aaruga sa Ating mga Anak: *Pambansang Pamantayan sa Pagganap para sa Kalusugan at Kaligtasan; Panuntunan para sa Mga Programa ng Maagang Pag-aalaga at Edukasyon, Ika-4 na edisyon.* (Itasca, IL: Amerikanong Akademya ng Pediatrics, 2019), pahina 216.

281 Grupo ng White Hutchinson para sa Libangan at Pagkatuto, "The Great 35 Square Foot Myth," available sa **https://www.whitehutchinson.com/children/articles/35footmyth.shtml**, huling in-update noong Hunyo 25, 2016.

Ang pagtiyak na may sapat na espasyo ang mga bata upang makapag-eksperimento, mag-explore, lumahok sa mga gawain, asikasuhin ang kanilang personal na pangangailangan, magpahinga, at gumalaw ay sumusuporta hindi lamang sa kanilang pag-unlad, kalusugan, at pakikisalamuha, kundi pati na rin sa mga pagsisikap ng provider ng maagang pagkatuto. Nagpapalakas sa kakayahan ng provider ng maagang pagkatuto ang sapat na espasyo para magpatupad ng mga programa at magpasigla ng mga pakikipag-ugnayan sa mga bata.[282] Nakakatulong din ito upang matiyak ang mga bukas na daanan para sa mga emergency at upang agad na makaresponde ang mga nasa hustong gulang kapag mahalaga o kinakailangan ang interbensyon, gabay o pagwawasto.

WAC 110-300-0355

Kapasidad ng family home, ratio, at laki ng grupo

(1) Nagbibigay ang kagawaran ng pauna o hindi nag-e-expire na mga lisensya para sa family home para sa hanggang labindalawang bata. Hindi magbibigay ng lisensya ang kagawaran sa family home para mag-alaga ng mas maraming bata kaysa pinahihintulutan ng mga patakaran sa kabanatang ito, ngunit maaaring magbigay ng lisensya para mag-alaga ng mas kaunti kaysa sa pinakamataas na pinapayagang bilang ng mga batang naka-enroll. Isinasaad ng mga lisensya para sa family home ang:

- **(a) Pinakamataas na bilang ng mga batang maaaring alagaan sa anumang oras (kabuuang kapasidad); at**
- **(b) Saklaw ng edad ng mga batang pinapayagang alagaan.**

(2) Tinutukoy ng kagawaran ang kapasidad para sa isang programa ng maagang pagkatuto sa family home matapos isaalang-alang ang:

- **(a) Sukat ng sahig ng programa ng maagang pagkatuto;**
- **(b) Ang bilang ng taon ng karanasan ng isang provider ng maagang pagkatuto sa lisensyadong pag-aalaga ng bata (ang karanasan ay dapat mula sa pagtatrabaho bilang direktor ng sentro, superbisor ng programa, pangunahing guro, lisensyadong nagpapatakbo ng family home, o iba pang katulad na tungkulin sa isang lugar ng pag-aalaga ng bata);**
- **(c) Edukasyon at patuloy na pagsasanay ng isang provider;**
- **(d) Saklaw ng edad na hinihiling o inaprubahan ng kagawaran;**
- **(e) Dami ng mga kagamitan, materyales, at laruan na angkop sa antas ng pag-unlad na maibibigay ng isang programa ng maagang pagkatuto para magamit ng mga bata;**
- **(f) Kasaysayan ng lisensya ng isang provider sa kagawaran; at**
- **(g) Bilang ng mga kwalipikadong kawani na magagamit upang matugunan ang staff-to-child ratio.**

(3) Ang lisensyadong nagpapatakbo ng family home ay hindi dapat lumampas sa kabuuang kapasidad o saklaw ng edad na nakasaad sa lisensya sa pag-aalaga ng bata anumang oras maliban kung pinahihintulutan sa seksyong ito. Lahat ng bata na nasa lugar, nakapirma sa pagpasok sa pag-aalaga ng bata, nasa isang biyahe sa labas mula sa programa ng maagang pagkatuto, o inihahatid ng mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto ay bibilangin sa kapasidad, kabilang ang mga anak ng mga kawani.

- **(a) Ang lisensyadong nagpapatakbo ng family home ay kailangang makatanggap ng pag-apruba mula sa kagawaran para alagaan ang batang may espesyal na pangangailangan, ayon sa WAC 110-300-0300, kung ang bata ay mas matanda kaysa sa pinakamataas na edad na nakasaad sa lisensya. Ang batang may dokumentadong espesyal na pangangailangan ay maaaring alagaan hanggang sa edad na labinsiyam at dapat isama sa bilang ng kapasidad at sa staff-to-child ratio.**
- **(b) Ang batang may espesyal na pangangailangan na nangangailangan ng indibidwal na superbisyon alinsunod sa WAC 110-300-0300 ay isasama sa bilang ng kapasidad ngunit hindi isasama sa staff-to-child ratio.**
- **(c) Ang batang umabot sa edad na labintatlo na pinahihintulutan ng kabanata 110-15 WAC ay dapat isama sa bilang ng kapasidad at sa staff-to-child ratio.**

282 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak.* 216

(4) Anumang bata mula kapanganakan hanggang labindalawang taong gulang na nasa lugar, nakapirma sa pag-aalaga ng bata, nasa isang biyahe sa labas mula sa programa ng maagang pagkatuto, o inihahatid ay isasama sa bilang ng kapasidad. Kabilang dito ang sariling mga anak ng lisensyadong nagpapatakbo ng family home, mga anak ng kawani, o mga batang bumibisita na walang kasama o walang superbisyon ng isang nakatatanda.

(5) Dapat maglaan ang lisensyadong nagpapatakbo ng family home ng mga kwalipikadong kawani upang matugunan ang mga kinakailangan sa tauhan at staff-to-child ratio sa oras ng operasyon, kabilang ang mga aktibidad sa labas ng lugar at kapag naghahatid ng mga batang inaalagaan.

(6) Dapat maglaan ng karagdagang kawani ang lisensyadong nagpapatakbo ng family home alinsunod sa WAC 110-300-0350 kapag ang mga bata ay lumalahok sa mga aktibidad na may kinalaman sa tubig o mga aktibidad na malapit sa tubig.

(7) Kapag nag-a-apply para sa isang pauna o hindi nae-expire na lisensya sa family home, ang lisensyadong nagpapatakbo ng family home na may mas mababa sa isang taong karanasan ay maaaring humiling sa kagawaran ng kapasidad na hanggang anim na bata, mula kapanganakan hanggang labindalawang taong gulang.

  (a) Maaaring may pinakamataas na tatlong bata na wala pang dalawang taong gulang.

  (b) Kung mayroong tatlong bata na mas mababa sa dalawang taong gulang, isa sa mga batang ito ay dapat marunong maglakad nang mag-isa.

(8) Kapag nag-a-apply para sa isang pauna o hindi nae-expire na lisensya sa family home, ang lisensyadong nagpapatakbo ng family home na may hindi bababa sa isang taon ngunit mas mababa sa dalawang taong karanasan at:

  (a) Nagtatrabaho nang mag-isa ay maaaring humiling ng kapasidad na hanggang walong bata na may edad dalawa hanggang labindalawang taong gulang, na may pinakamataas na apat na bata na mas mababa sa tatlong taong gulang.

  (b) Nagtatrabaho kasama ang isang kwalipikadong katulong ay maaaring humiling ng kapasidad na hanggang siyam na bata mula kapanganakan hanggang labindalawang taong gulang na may pinakamataas na apat na bata na mas mababa sa dalawang taong gulang.

(9) Kapag nag-a-apply para sa isang paunang o walang-hanggang lisensya sa family home, ang lisensyadong nagpapatakbo ng family home na may hindi bababa sa dalawang taong karanasan at:

  (a) Nagtatrabaho nang mag-isa ay maaaring humiling ng kapasidad na hanggang sampung bata na may edad tatlong taon hanggang labindalawang taong gulang;

  (b) Nagtatrabaho nang mag-isa ay maaaring humiling ng kapasidad na hanggang labindalawang bata para lamang sa mga batang nasa edad ng pag-aaral; at

  (c) Nagtatrabaho kasama ang isang kwalipikadong katulong ay maaaring humiling ng kapasidad na hanggang labindalawang bata mula kapanganakan hanggang labindalawang taong gulang na may pinakamataas na anim na bata na mas mababa sa dalawang taong gulang, na may dalawang bata na marunong maglakad nang mag-isa.

(10) Ang lisensyadong nagpapatakbo ng family home, na may dalawang taong karanasan, ay maaaring humiling ng lisensya para sa mga batang mula kapanganakan hanggang dalawampu't apat na buwan ang edad na may pinakamataas na bilang ng grupo na walo kapag:

  (a) May dalawang kawani na naroroon sa grupo kung saan ang isa ay nakakatugon sa kwalipikasyon ng lisensyado at ang isa pa ay nakakatugon sa kwalipikasyon upang maisama sa ratio;

  (b) Ang staff-to-child ratio ay 1:4;

  (c) May karagdagang labinlimang square feet na ibinibigay para sa bawat sanggol o batang paslit; at

  (d) May pangalawang kawani na naroroon tuwing:

    (i) Higit sa dalawang bata sa pangangalaga ang hindi pa marunong maglakad nang mag-isa; o

    (ii) Kapag may higit sa apat na bata sa pangangalaga.

(11) Tinutukoy ang staff-to-child ratio batay sa edad at bilang ng mga batang inaalagaan. Dalawang kawani ng programa ng maagang pagkatuto ang kinakailangan anumang oras na:

(a) Higit sa anim na bata ang nasa pangangalaga at may kahit isang bata sa pangangalaga na mas mababa sa dalawang taong gulang;

(b) Higit sa walong bata ang nasa pangangalaga at may kahit isang bata sa pangangalaga na mas mababa sa tatlong taong gulang; o

(c) Higit sa sampung bata ang nasa pangangalaga at may kahit isang bata na wala pa sa edad ng pag-aaral.

Maaaring bigyan ng lisensya ang provider ng maagang pagkatuto sa family home para sa kapasidad na hanggang labindalawang bata, mula kapanganakan hanggang labindalawang taong gulang, na nasa pangangalaga anumang oras. Sa proseso ng paglilisensya, makikipagtulungan ang DCYF sa provider ng maagang pagkatuto upang matukoy ang kapasidad ng programa ng maagang pagkatuto sa family home batay sa mga tiyak na kalagayang naaangkop sa pasilidad ng family home, iskedyul ng kawani, at mga magagamit na kagamitan para sa pagkatuto. Isasaalang-alang din ng DCYF ang karanasan, edukasyon at pagsasanay ng provider ng maagang pagkatuto at ang edad ng mga bata.

Ang pinaghalong pangkat ng iba't ibang edad na matatagpuan sa maraming programa ng maagang pagkatuto sa family home ay nagbibigay-daan sa mga bata na magkaroon ng mas mahabang panahon upang bumuo ng mga emosyonal na matatag na relasyon sa kanilang mga tagapag-alaga. Napatunayan na ang pagpapanatili ng parehong mga tagapag-alaga sa mahabang panahon sa mga unang taon ay kapaki-pakinabang para sa panlipunan at emosyonal na pag-unlad, nagpapabuti ng asal ng mga bata, at naghihikayat sa mga tagapag-alaga na tumugon nang may pag-aalaga.[283]

Sa isang programa ng maagang pagkatuto sa family home, isinasaalang-alang ang staff-to-child ratio batay sa bilang ng mga tagapag-alaga, pati na rin sa edad at kakayahang kumilos ng mga bata. Ipinapakita ng pananaliksik ang mga positibong benepisyo ng pagtatakda ng limitadong staff-to-child ratio at pangkalahatang kapasidad. Nauugnay ang mas mababang staff-to-child ratio sa mas mababang pagkalat ng sakit, mas kaunting sitwasyon na may potensyal na panganib para sa mga bata, mas kaunting pag-aalala sa mga sanggol at batang paslit, wastong superbisyon, at mas positibong interaksyon sa pagitan ng mga kawani at mga bata.[284]

Ang Talaan ng Kapasidad para sa Mga Programang Maagang Pagkatuto sa Family Home ay nagbibigay ng mabilisang gabay para sa staff-to-child ratio at pinakamataas na kapasidad batay sa karanasan ng kawani at sa edad at antas ng pag-unlad ng mga bata. Maaaring gamitin ng provider ng maagang pagkatuto sa family home ang talaan upang makatulong sa pagpaplano at pagtantya ng mga limitasyon sa kapasidad kapag nag-eenroll ng mga bata, at upang bumuo ng sistema para subaybayan ang edad at iskedyul ng pagdalo ng mga nakarehistrong bata. Mahalagang tantiyahin ang edad ng mga nakatalang bata at isaalang-alang ang inaasahang mga proporsyon habang tumatanda sila sa loob ng programa upang matiyak na natutugunan sa lahat ng oras ang mga kinakailangan sa kapasidad at ratio. Kinakailangang tiyakin ng isang provider ng maagang pagkatuto na mayroon silang kwalipikadong kawani upang matugunan ang mga kinakailangan sa pagtatalaga ng kawani at ang staff-to-child ratio sa oras ng operasyon, kabilang ang mga aktibidad sa labas ng lugar at habang nagdadala ng mga batang nasa ilalim ng pag-aalaga.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0100 hanggang WAC 110-300-0107 ang mga kinakailangan sa kwalipikasyon at pagsasanay ng kawani.

283 Mary Benson McMullen, "The Many Benefits of Continuity of Care for Infants, Toddlers, Families, and Caregiving Staff," *Maliliit na Bata* 73 (3) (2018), available sa **https://www.naeyc.org/resources/pubs/yc/jul2018/benefits-continuity-care**

284 U.S. Department of Health & Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Panlipunan ng U.S.), Tanggapan ng Katulong na Kalihim para sa Pagpaplano at Pagsusuri, "13 Indicators Of Quality Child Care: Research Update," available sa **https://aspe.hhs.gov/basic-report/13-indicators-quality-child-care-research-update**, inilathala noong Abril 1, 2002.

Tsart ng Kapasidad para sa Mga Programa ng Maagang Pagkatuto sa Family Home Reperensya WAC 110-300-0355

Mga minimum na karanasan na kinakailangan para sa kawani at lisensyado	Staff-to-child ratio	Saklaw ng edad	Mga limitasyon ayon sa pangkat ng edad	Pinakamataas na Kapasidad
Lisensyadong nagtatrabaho mag-isa Mas mababa sa 1 taon ng karanasan	1:06	Mula sa kapanganakan hanggang 12 taong gulang	3 bata na wala pang 2 taong gulang. Isa sa mga batang iyon ay dapat nakakalakad nang mag-isa	6
Lisensyadong nagtatrabaho mag-isa Hindi bababa sa 1 taon ng karanasan	1:08	2 taon hanggang 12 taong gulang	4 na bata na wala pang 3 taong gulang na walang batang wala pang 2 taong gulang sa pag-aalaga	8
Lisensyadong nagtatrabaho kasama ang isa pang kawani (2 kawani sa kabuuan) Lisensyadong may hindi bababa sa 1 taon ng karanasan	2:09	Mula sa kapanganakan hanggang 12 taong gulang	4 na bata na wala pang 2 taong gulang	9
Lisensyadong nagtatrabaho mag-isa Hindi bababa sa 2 taon ng karanasan	1:10	3 taon hanggang 12 taong gulang	Hindi naaangkop	10
Lisensyadong nagtatrabaho kasama ang isa pang kawani (2 kawani sa kabuuan) Ang lisensyado ay may 2 o higit pang taong karanasan	2:12	Mula sa kapanganakan hanggang 12 taong gulang	6 na bata na wala pang 2 taong gulang. 2 sa mga batang ito ay dapat marunong nang maglakad nang mag-isa	12
Lisensyadong nagtatrabaho kasama ang isa pang kawani (2 kawani sa kabuuan) Ang lisensyado ay may 2 o higit pang taon ng karanasan	2:08	Mula kapanganakan hanggang 24 na buwan	Dapat mayroon kang karagdagang 15 square feet para sa bawat batang mas mababa sa 2 taong gulang at apat sa mga batang iyon ay dapat marunong maglakad nang mag-isa	8
Lisensyadong nagtatrabaho mag-isa Ang lisensyado ay may 2 o higit pang taon ng karanasan	1:04	Mula kapanganakan hanggang 24 na buwan	Dapat mayroon kang karagdagang 15 square feet para sa bawat batang mas mababa sa 2 taong gulang at dalawa sa mga batang iyon ay dapat marunong maglakad nang mag-isa	4
Lisensyadong nagtatrabaho mag-isa Ang lisensyado ay may 2 o higit pang taon ng karanasan	1:12	5 taong gulang hanggang 12 taong gulang	Lahat ng batang naka-enroll ay dapat naka-enroll sa paaralan	12

Tsart ng Kapasidad para sa Mga Programa ng Maagang Pagkatuto sa Family Home ng DCYF
Ago-19
v2

Washington State Department of CHILDREN, YOUTH & FAMILIES

Ang talaang ito ay available online sa: **www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pdf/capacitycharthome.pdf.**

Gamitin ang Talaan ng Kapasidad para sa Mga Programang Maagang Pagkatuto sa Family Home upang isaalang-alang ang sumusunod na sitwasyon at tukuyin kung dapat bang tanggapin ng provider ng maagang pagkatuto sa family home sa pangangalaga ang isang pamilyang may kambal na sanggol.

Si Ellen ay isang home provider na kakakuha lamang ng kanyang unang paunang lisensya. Mayroon siyang inaprubahang pinakamataas na kapasidad na anim na bata, mula kapanganakan hanggang 13 taong gulang. May dalawang anak si Ellen sa bahay na may edad 4 na buwan at 23 buwan. Ang dalawang batang anak ni Ellen ay nasa bahay sa oras ng kanyang negosyo. Alam ni Ellen na gagamit ng dalawang full-time slot ang kanyang mga anak. May lumapit kay Ellen na isang pamilya mula sa kanilang kapitbahayan na nais ipasok sa pangangalaga ang kambal na sanggol na 8 buwang gulang na mangangailangan ng pag-aalaga makalipas ang dalawang buwan. Mabilis na nagkuwenta si Ellen ng proporsyon batay sa edad at napagtanto na sa loob ng dalawang buwan ay magkakaroon siya ng dalawang slot na magagamit para sa mga batang may edad 2 taon o mas bata dahil ang kanyang anak na 23 buwan ay magdiriwang na ng kanyang ikalawang kaarawan sa panahong iyon. Dapat bang tanggapin ni Ellen at ipasok sa pangangalaga ang pamilyang ito?

Sa sitwasyong ito, ang sagot ay “Hindi.” Ito ay dahil ang sanggol ni Ellen at ang kambal na sanggol ay kapwa wala pang 12 buwang gulang at hindi pa marunong maglakad nang mag-isa. Ayon sa talaan ng kapasidad, ang isang provider ng family home na nagpapatakbo nang mag-isa bilang tagapag-alaga na may ratio para sa anim na bata ay maaari lamang mag-alaga ng dalawang batang wala pang 24 buwang gulang na hindi pa marunong maglakad nang mag-isa.

Binabalangkas sa Kabanata 110-300-0005 ng WAC na ang "lumalakad ng mag-isa" ay nangangahulugang ang isang indibidwal ay maaaring tumayo at gumalaw nang madali nang hindi nangangailangan ng tulong o pagkapit sa isang bagay, pader, kagamitan o ibang tao.

Dapat matugunan ang mga staff-to-child ratio na angkop sa antas ng pag-unlad sa lahat ng oras ng operasyon. Mahalagang tandaan na ang mga anak ng isang provider ng maagang pagkatuto na may edad mula kapanganakan hanggang 12 taong gulang, kapag nasa lugar, ay isinasama sa bilang ng kapasidad, kahit pa sila ay nasa ibang bahagi ng bahay at nasa ilalim ng superbisyon ng ibang tao. Maaaring tawagin ang isang provider ng maagang pagkatuto nang hindi inaasahan upang tumulong sa pag-aalaga o pagbabantay ng anumang bata na nasa lugar. Kasama sa bilang ng kapasidad ang mga anak ng kawani na maaaring nasa lugar o mga batang bumibisita na walang kasama o walang superbisyon ng isang nasa hustong gulang. Kabilang dito ang mga batang nasa field trip o isinasakay ng mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto.

Kapag nagpaplano ng iskedyul ng operasyon, dapat isaalang-alang ng isang provider ng maagang pagkatuto ang mga pangangailangan ng bawat bata, at ang bilang ng kawani na kailangan upang matugunan ang itinakdang staff-to-child ratio. Maaaring mangailangan ang mga batang may espesyal na pangangailangan sa pangangalaga ng karagdagang suporta upang matugunan ang kanilang pangangailangan sa pagkatuto, kalusugan o kaligtasan.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0300 ang mga kinakailangan para sa isang indibidwal na plano ng pag-aalaga.



Maikling Paliwanag sa Pag-aalaga ng Bata sa Pamilya. Isang dokumento mula sa Pangasiwaan para sa mga Bata at Pamilya na sinusuri ang lugar ng family child care sa pambansang sistema ng pag-aalaga ng bata.
www.acf.hhs.gov/sites/default/files/documents/occ/occ_fcc_brief.pdf

Pagsasama ng Mga Pamamaraan ng Pag-aalaga Batay sa Relasyon sa Pag-aalaga ng Sanggol at Maliit na Bata: Mga Implikasyon para sa Kagawian at Patakaran. Isang maikling ulat na sumusuri sa pagpapatupad at mga pamantayan para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro at ang estrukturang nakabatay sa relasyon ng pangangalaga sa kapaligiran ng pag-aalaga ng bata sa pamilya.
www.acf.hhs.gov/sites/default/files/opre/nitr_inquire_may_2016_070616_b508compliant.pdf

Kalidad 101: Pagkilala sa mga Pangunahing Bahagi ng Isang De-kalidad na Programa para sa Maagang Pagkabata. Isang artikulo mula sa Sentro para sa Pag-unlad ng Amerika na tinatalakay kung bakit mahalaga ang kalidad, kung ano ang anyo ng kalidad at kung paano makakamit ang mataas na kalidad sa maagang pagkatuto.
www.americanprogress.org/issues/early-childhood/reports/2017/02/13/414939/quality-101-identifying-the-core-components-of-a-high-quality-early-childhood-program/

Mga Ratio at Laki ng Grupo. Tinatalakay ng **ChildCare.gov** ang mga benepisyo ng mababang staff-to-child ratio at maliliit na laki ng grupo.
www.childcare.gov/index.php/consumer-education/ratios-and-group-sizes

Ang Kahalagahan ng Patuloy na Pag-aalaga: Mga Patakaran at Kagawian sa Mga Sistema at Programa ng Maagang Pagkabata. Ang publikasyon ng Ounce of Prevention Fund ay tumutulong sa mga tagapagtaguyod na tugunan ang mga hamon sa continuity of care.
www.theounce.org/wp-content/uploads/2017/03/NPT-Continuity-of-Care-Nov-2015.pdf

Paggamit ng Mga Grupo ng Iba't Ibang Edad upang Suportahan ang Patuloy na Pag-aalaga sa Mga Programang Nasa Sentro. Isang webpage ng Head Start ECLKC tungkol sa mga benepisyo ng halo-halong pangkat ng edad at mga estratehiya sa pagpapatupad sa isang kapaligiran ng maagang pagkatuto.
https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/learning-environments/article/using-mixed-age-groups-support-continuity-care-center-based-programs

Virtual Lab School. Mga aralin na sumusuri kung bakit mahalaga ang mga ratio at laki ng grupo at kung paano lutasin ang mga karaniwang problema. Bawat aralin ay may kasamang maikling video clip.

- Pagpapanatili ng Ligtas na Staff-to-Child Ratio.
  www.virtuallabschool.org/preschool/safe-environments/lesson-3
- Pagtiyak na Palaging Nasusunod ang Staff-to-Child Ratio.
  www.virtuallabschool.org/management/safe-environments/lesson-2

13 Palatandaan ng De-Kalidad na Pag-aalaga sa Bata: Ulat sa Pananaliksik. Richard Fiene, Ph.D. mula sa Pennsylvania State University National Resource Center para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata, University of Colorado, ay naglalathala ng kanyang pananaliksik na nagrerepaso ng mga kamakailang pag-aaral kaugnay ng mga palatandaan ng kalidad sa mga programa ng maagang pagkatuto.
https://aspe.hhs.gov/basic-report/13-indicators-quality-child-care-research-update#Supervision

WAC 110-300-0356

Kapasidad ng sentro, ratio, at laki ng grupo

(1) Nagbibigay ang kagawaran ng mga paunang lisensya o mga lisensyang walang petsa ng pag-expire para sa provider ng programa ng maagang pagkatuto sa sentro. Hindi magbibigay ang kagawaran ng lisensya sa sentro upang mag-alaga ng mas maraming bata kaysa pinapayagan ng mga patakaran sa kabanatang ito. Maaaring magbigay ang kagawaran ng lisensya upang mag-alaga ng mas kaunti kaysa sa pinakamataas na pinahihintulutang bilang ng mga batang naka-enroll. Para sa bawat sentro, nakasaad sa mga lisensya ang:

- **(a) Pinakamataas na bilang ng mga batang maaaring alagaan sa anumang oras (kabuuang kapasidad);**
- **(b) Lisensyadong kapasidad para sa bawat lugar sa loob ng sentro na lisensyado para gamitin ng mga bata; at**
- **(c) Saklaw ng edad ng mga batang pinapayagang alagaan.**

(2) Tinutukoy ng kagawaran ang kapasidad para sa isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro matapos isaalang-alang ang:

- **(a) Sukat ng sahig ng programa ng maagang pagkatuto;**
- **(b) Edukasyon at patuloy na pagsasanay ng isang provider;**
- **(c) Saklaw ng edad ng mga batang hinihiling o inaprobahan ng kagawaran;**
- **(d) Dami ng mga kagamitan, materyales, at laruan na angkop sa antas ng pag-unlad na maibibigay ng isang programa ng maagang pagkatuto para magamit ng mga bata;**
- **(e) Kasaysayan ng lisensya ng isang provider sa kagawaran; at**
- **(f) Bilang ng mga kwalipikadong kawani na magagamit upang matugunan ang staff-to-child ratio.**

(3) Ang lisensyadong nagpapatakbo ng sentro ay hindi dapat lumampas sa kabuuang kapasidad o saklaw ng edad na nakasaad sa lisensya sa pag-aalaga ng bata anumang oras maliban kung pinahihintulutan sa seksyong ito. Lahat ng bata na nasa lugar, nakapirma sa pagpasok sa pag-aalaga ng bata, nasa isang biyahe sa labas mula sa programa ng maagang pagkatuto, o inihahatid ng mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto ay bibilangin sa kapasidad, kabilang ang mga anak ng mga kawani.

- **(a) Ang lisensyadong nagpapatakbo ng sentro ay kailangang makatanggap ng pag-apruba mula sa kagawaran para alagaan ang batang may espesyal na pangangailangan, ayon sa WAC 110-300-0300, kung ang bata ay mas matanda kaysa sa pinakamataas na edad na nakasaad sa lisensya. Ang batang may dokumentadong espesyal na pangangailangan ay maaaring alagaan hanggang sa edad na labinsiyam at dapat isama sa bilang ng kapasidad at staff-to-child ratio.**
- **(b) Ang batang may espesyal na pangangailangan na nangangailangan ng indibidwal na superbisyon alinsunod sa WAC 110-300-0300 ay hindi isasama sa bilang ng staff-to-child ratio.**
- **(c) Ang batang umabot sa edad na labintatlo na pinahihintulutan ng kabanata 110-15 WAC ay dapat isama sa bilang ng kapasidad at sa staff-to-child ratio.**

(4) Dapat maglaan ang lisensyadong nagpapatakbo ng sentro ng mga kwalipikadong kawani upang matugunan ang mga kinakailangan sa tauhan at staff-to-child ratio, laki ng pangkat, at pangkat na may magkakaibang edad sa oras ng operasyon, kabilang ang mga aktibidad sa labas ng lugar o kapag naghahatid ng mga batang inaalagaan.

(5) Sa bawat silid-aralan o malinaw na tinukoy na espasyo, ang pinakamataas na laki ng grupo at ratio ng mga kawani ng sentro sa mga bata, kabilang ang mga batang kamag-anak ng kawani o ng lisensyado, ay dapat:

- **(a) Mga sanggol (mula kapanganakan hanggang labing-isang buwang gulang) na may:**
  - **(i) Pinakamataas na laki ng grupo na walong bata na may ratio na isang kawani sa apat na bata (1:4);**
  - **(ii) Pinakamataas na laki ng grupo na siyam na bata na may ratio na 1:3.**
- **(b) Mga maliit na bata (edad labindalawa hanggang dalawampu't siyam na buwan) na may:**
  - **(i) Pinakamataas na laki ng grupo na labing-apat na bata na may ratio na 1:7;**
  - **(ii) Pinakamataas na laki ng grupo na labinlima na may ratio na 1:5.**

(c) Mga batang preschool (tatlumpung buwan hanggang anim na taong gulang na hindi pumapasok sa kindergarten o elementarya) na may pinakamataas na laki ng grupo na dalawampu na may ratio na 1:10; at

(d) Mga batang nasa edad ng pag-aaral (limang taon hanggang labindalawang taong gulang na naka-enroll o pumapasok sa kindergarten o elementarya) na may pinakamataas na laki ng grupo na tatlumpu na may ratio na 1:15.

(6) Maaaring pagsamahin ng lisensyadong nagpapatakbo ng sentro ang mga bata mula sa iba't ibang grupo ng edad sa loob ng hindi hihigit sa unang dalawang oras ng araw o huling dalawang oras ng araw, hindi lalampas sa dalawang oras sa anumang araw, basta't ang staff-to-child ratio at laki ng grupo na itinakda para sa pinakabata sa pinagsamang grupo ay nasusunod.

(7) Ang mga batang hindi bababa sa limang taong gulang at nakatala o dumadalo sa kindergarten ay maaaring maging bahagi ng grupo para sa preschool o edad ng pag-aaral kung angkop sa kanilang antas ng pag-unlad at pumayag ang magulang o guardian ng bata sa ganitong paglalagay.

(8) Dapat magsagawa ang lisensyadong nagpapatakbo ng sentro ng mga aktibidad para sa bawat pangkat ng mga bata sa isang partikular na silid o malinaw na nakatalagang espasyo sa loob ng mas malaking lugar.

(9) Dapat maglaan ang lisensyadong nagpapatakbo ng sentro ng karagdagang kawani gaya ng inilalarawan sa WAC 110-300-0350 kapag ang mga bata ay lumalahok sa mga aktibidad sa tubig o mga aktibidad na malapit sa tubig.

(10) Kapag isang kawani lamang ng sentro ang kinakailangan upang mag-alaga sa tanging pangkat ng mga bata na nasa lugar sa loob ng hanggang isang oras sa simula o pagtatapos ng araw, dapat tiyakin ng lisensyadong nagpapatakbo ng sentro na:

(a) Nagbibigay ang kawani na iyon ng naaangkop na antas ng superbisyon sa lahat ng oras sa mga batang nasa pag-aalaga;

(b) Walang ibang tungkulin ang kawani na iyon habang nagbibigay ng pag-aalaga sa mga bata; at

(c) May isa pang indibidwal na may naaprubahang background check na nasa lugar at madaling maasahan upang tumugon kung kinakailangan, o naaprubahan ng kagawaran ang alternatibong plano.

Nagbibigay ang mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro ng regular na nakatakdang pag-aalaga para sa mga bata mula kapanganakan hanggang 12 taong gulang. Ang pinakamataas na bilang ng mga batang maaaring maalagaan sa anumang oras (kapasidad) ay itatakda batay sa mga sumusunod: magagamit na square footage, kagamitan at materyales na naroroon, edad ng mga bata, at dami ng kwalipikadong kawani na magagamit upang matugunan ang kinakailangang staff-to-child ratio.

Ang staff-to-child ratio at laki ng grupo ay dalawa sa pinakamahusay na palatandaan para matukoy ang kalidad ng isang programa ng maagang pagkatuto.[285] Binabalangkas ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang mga limitasyon sa staff-to-child ratio batay sa pananaliksik, na dapat mapanatili sa lahat ng oras, kabilang ang oras ng pagtulog sa araw, paglalaro sa labas, at mga biyahe sa labas ng lugar. Natuklasan ng pambansang pananaliksik ang mga positibong benepisyo ng paglilimita sa staff-to-child ratio. Nauugnay ang mas mababang staff-to-child ratio sa mas mababang pagkalat ng sakit, mas kaunting sitwasyon na may potensyal na panganib para sa mga bata, mas kaunting pag-aalala sa mga sanggol at batang paslit, wastong superbisyon, at mas positibong interaksyon sa pagitan ng mga kawani at mga bata.[286]

285 U.S. Department of Health & Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Panlipunan ng U.S.), Tanggapan ng Katulong na Kalihim para sa Pagpaplano at Pagsusuri, "13 Indicators Of Quality Child Care: Research Update," available sa **https://aspe.hhs.gov/basic-report/13-indicators-quality-child-care-research-update**, inilathala noong Abril 1, 2002.

286 U.S. Department of Health & Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Panlipunan ng U.S.), Tanggapan ng Katulong na Kalihim para sa Pagpaplano at Pagsusuri, "13 Indicators Of Quality Child Care: Research Update," available sa **https://aspe.hhs.gov/basic-report/13-indicators-quality-child-care-research-update**, inilathala noong Abril 1, 2002.



Isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit positibong naaapektuhan ng mababang staff-to-child ratio at maliit na laki ng grupo ang kalidad ng programa at mga resulta para sa bata ay dahil ang bawat bata ay nakakakuha ng mas maraming pansariling atensyon at interaksyon mula sa provider ng maagang pagkatuto.[287] Ayon sa Sentro para sa Pag-unlad ng Bata sa Harvard University, nagtatamo ng tagumpay sa buhay ang mga bata kapag nahuhubog nila ang kanilang kasanayan sa pangunahing kakayahan sa pag-iisip at pagkontrol sa sarili. Tumutulong ang relasyon ng mga bata sa kanilang mga tagapag-alaga sa pagbuo ng saligang pundasyon para sa mga kasanayang iyon. Mas malamang na mahubog ng mga bata ang mga kasanayang ito kapag may kasama silang nasa hustong gulang sa kanilang buhay na:

- Sumusuporta sa kanilang mga pagsisikap.
- Nagpapakita ng halimbawa ng mga kasanayan.
- Nakikibahagi sa mga aktibidad kung saan nila nasasanay ang mga kasanayan.
- Nagbibigay ng palagian, maaasahang presensya na mapagkakatiwalaan ng maliliit na bata.
- Gumagabay sa kanila mula sa ganap na pagdepende sa mga nasa hustong gulang tungo sa unti-unting pagiging independyente.
- Pinoprotektahan sila mula sa kaguluhan, karahasan, at pangmatagalang paghihirap, dahil ang nakakapinsalang stress na dulot ng ganitong kapaligiran ay nakakaapekto sa mga brain circuit na kinakailangan para sa pangunahing kakayahan sa pag-iisip at nag-uudyok ng pabigla-biglang kilos o "act-now-think-later" na pag-uugali.[288]

Sumusuporta ang mas mababang staff-to-child ratio sa mga de-kalidad na kapaligiran para sa maagang pag-aalaga at sa positibong interaksiyon sa pagitan ng tagapag-alaga at bata.[289]

Ang Talaan ng Kapasidad para sa Mga Programang Maagang Pagkatuto sa Sentro ay nagbibigay ng mabilisang gabay tungkol sa staff-to-child ratio at sa pinakamataas na kapasidad batay sa edad ng mga bata sa grupo. Maaaring gamitin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang talaan upang makatulong sa pagpaplano ng bilang ng mga batang irerehistro sa silid at iskedyul ng mga tagapag-alaga. Mahalagang tayahin nang maaga ang mga edad ng mga naka-enroll na bata at isaalang-alang ang inaasahang ratio habang tumatanda ang mga bata sa programa upang matiyak na ang mga kinakailangan sa kapasidad, ratio at laki ng grupo ay laging natutugunan. Ang isang provider ng maagang pagkatuto ay kinakailangang tiyakin na mayroon silang kwalipikadong kawani upang matugunan ang mga kinakailangan sa pagtatalaga ng kawani at ang staff-to-child ratio sa oras ng operasyon, kabilang ang mga aktibidad sa labas ng lugar at habang nagdadala ng mga batang nasa ilalim ng pag-aalaga.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0100 hanggang WAC 110-300-0107 ang mga kinakailangan sa kwalipikasyon at pagsasanay ng kawani.

287 Ruth A. Wilson, "Group Size – A Key Indicator of Quality," *BALITA sa Maagang Pagkabata* (walang petsa), available sa **http://www.earlychildhoodnews.com/earlychildhood/article_view.aspx?ArticleID=576**

288 Harvard University, Sentro para sa Pag-unlad ng Bata, "InBrief: Executive Function," (2012), available sa **https://developingchild.harvard.edu/resources/inbrief-executive-function/**,

289 U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S.), Pangasiwaan para sa mga Bata at Pamilya, "Small Group Care," available sa **https://childcareta.acf.hhs.gov/infant-toddler-resource-guide/small-group-care#** nakuha noong Agosto 28, 2020.

Tsart ng Kapasidad para sa Mga Programang Maagang Pagkatuto sa Sentro **Walang** Magkakaibang Edad

Reperensya WAC 110-300-0356

Pangkat ng edad ng mga naka-enroll na bata	Maximum na laki ng pangkat	Maximum na staff-to-child ratio
Mga sanggol (0 - 11 buwan)	8	1:04
Mga sanggol (0 - 11 buwan)	9	1:03
Maliliit na bata (12 – 29 na buwan)	14	1:07
Maliliit na bata (12 – 29 na buwan)	15	1:05
Mga Pumapasok sa Preschool (30 buwan – 6 na taong gulang, hindi pa naka-enroll sa paaralan)	20	1:10
Mga batang nasa edad ng pag-aaral (5 taon – 12 taong gulang, naka-enroll sa paaralan)	30	1:15

Washington State Department of CHILDREN, YOUTH & FAMILIES

Tsart ng Kapasidad para sa Mga Programang Maagang Pagkatuto sa Sentro ng DCYF - N

Available online ang tsart na ito sa **www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pdf/CenterNoMixedAgesCapacityChart.pdf**.

Si Oaka, isang Direktor ng Sentro, ay nakatanggap ng tawag mula kay Renee, isang magulang ng 4-na-taong-gulang na batang lalaki sa bumblebee room. Ipinabatid ni Renee kay Oaka na tatanggap sila ng isang 15-buwang-gulang na batang kinupkop upang alagaan sa loob ng susunod na ilang araw, at nais niyang malaman kung may mga bakanteng slot sa kanilang klase para sa mga batang paslit. Sinuri ni Oaka ang Talaan ng Kapasidad ng Programa ng Maagang Pagkatuto ng Sentro at naalala na, dahil sa mababang bilang ng naka-enroll na mga batang paslit, nilimitahan ng programa ang iskedyul ng silid ng batang paslit sa isang provider ng maagang pagkatuto lamang upang alagaan ang pitong batang inaalagaan. Nagsisikap ang programa ng maagang pagkatuto na matugunan ang pangangailangan ng mga kasalukuyang pamilya hangga't maaari, ngunit alam ni Oaka na ang paglalagay ng isa pang bata sa silid na iyon ay mangangailangan ng isa pang provider ng maagang pagkatuto upang matugunan ang staff-to-child ratio. Humiling si Oaka ng oras upang suriin ang kalagayan ng pagpapatala at muling makipag-ugnayan kay Renee. Sinuri ni Oaka ang bilang ng batang naka-enroll sa sentro at tinalakay ang isyu sa superbisor ng programa. Nalaman ni Oaka na may isang bata sa silid ng sanggol na lilipat sa silid ng batang paslit sa susunod na apat na linggo, gayundin may dalawa pang posibleng batang paslit na nasa listahan ng naghihintay. Matapos makumpirma na nais pa ring magpatala ang mga pamilya sa listahan ng naghihintay, nagpasya si Oaka at ang superbisor ng programa na dagdagan ang kawani sa silid ng batang paslit upang magkaroon ng dalawang provider ng maagang pagkatuto para maalagaan ang lahat ng 11 batang paslit.

Ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ay malinaw na naghihiwalay at naglalarawan sa mga sanggol, batang paslit, batang preschool, at mga batang nasa edad ng pag-aaral batay sa kanilang edad. Kapag ang mga bata na magkakapareho o magkalapit ang edad ay pinagsama sa isang kapaligiran ng pagkatuto, mas maliit ang saklaw ng antas ng kanilang pag-unlad at kakayahan. Nagbibigay-daan ito sa isang sinadyang kapaligiran na nakatuon sa edad at angkop sa antas ng pag-unlad, mga materyales sa silid-aralan, at mga layunin para sa pagkatuto at pag-unlad. May pahintulot na paghaluin ang mga pangkat ng edad nang hanggang dalawang oras lamang sa simula o dulo ng araw, basta't may angkop na bilang ng kawani. Ang angkop na pagtatalaga ng kawani ay nangangahulugang pagtiyak na ang staff-to-child ratio ay ibinibigay batay sa pinakabata sa pinagsamang pangkat.

Nagbibigay ang isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ng pangangalaga simula 5:30 a.m. bawat araw. Karamihan sa mga bata ay dumarating lamang pagkalipas ng 7:30 a.m. Sa karamihan ng mga araw sa isang linggo, may 10 batang dumarating bago mag-7:30 a.m. May apat na batang nasa edad ng pag-aaral, limang batang nasa edad ng preschool, at isang batang paslit na 18-buwan ang edad. Ang kinakailangang ratio ng kawani sa bata para sa isang 18-buwang-gulang na bata ay isang kawani para sa bawat pitong bata, kaya dapat may dalawang kawani para sa pinagsamang pangkat na may magkakahalong edad. Gayunpaman, tuwing Huwebes, hindi pumapasok ang pamilya na may isang 5-taong-gulang at ang 18-buwang-gulang na bata. Dahil ang pinakabata sa pangkat ng edad tuwing Huwebes ay isang batang preschool, ang staff-to-child ratio ngayon ay nangangailangan lamang ng isang kawani para sa walong batang nasa ilalim ng pag-aalaga.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0345 ang mga kinakailangan para sa pangangasiwa sa mga bata.

Kalidad 101: Pagkilala sa mga Pangunahing Bahagi ng Isang De-kalidad na Programa para sa Maagang Pagkabata. Isang artikulo mula sa Sentro para sa Pag-unlad ng Amerika na tinatalakay kung bakit mahalaga ang kalidad, kung ano ang anyo ng kalidad at kung paano makakamit ang mataas na kalidad sa maagang pagkatuto.
www.americanprogress.org/issues/early-childhood/reports/2017/02/13/414939/quality-101-identifying-the-core-components-of-a-high-quality-early-childhood-program/

Virtual Lab School. Mga aralin na sumusuri kung bakit mahalaga ang mga ratio at laki ng grupo at kung paano lutasin ang mga karaniwang problema. Bawat aralin ay may kasamang maikling video clip.

- Pagpapanatili ng Ligtas na Staff-to-Child Ratio.
  www.virtuallabschool.org/preschool/safe-environments/lesson-3
- Pagtiyak na Palaging Nasusunod ang Staff-to-Child Ratio.
  www.virtuallabschool.org/management/safe-environments/lesson-2

13 Palatandaan ng De-Kalidad na Pag-aalaga sa Bata: Ulat sa Pananaliksik. Richard Fiene, Ph.D. mula sa Pennsylvania State University National Resource Center para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata, University of Colorado, ay naglalathala ng kanyang pananaliksik na nagrerepaso ng mga kamakailang pag-aaral kaugnay ng mga palatandaan ng kalidad sa mga programa ng maagang pagkatuto.
https://aspe.hhs.gov/basic-report/13-indicators-quality-child-care-research-update#Supervision

WAC 110-300-0357

Kapasidad, ratio, at laki ng pangkat para sa magkakaibang edad sa isang sentro

(1) Dapat gawin ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ang mga sumusunod upang pagsamahin ang magkakaibang edad ng mga batang inaalagaan (bilang karagdagan sa anumang tiyak na kinakailangan ng seksyong ito):

- **(a) Tiyakin na natutugunan ang kinakailangang sukat ng lugar at staff-to-child ratio para sa pinakabatang nasa grupo;**
- **(b) Tiyakin na natutugunan ang mga pangangailangang pangkalusugan, kaligtasan, at pangkaunlaran para sa lahat ng edad ng mga batang nasa magkakahalong grupo; at**
- **(c) Ipagbigay-alam sa kagawaran ang patakaran ng sentro tungkol sa magkakaibang edad na pangkat.**

(2) Dapat gawin ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ang mga sumusunod upang pagsamahin ang mga grupo ng mga bata mula kapanganakan hanggang tatlumpu't anim na buwan na may pinakamataas na bilang ng grupo na walong bata:

- **(a) Mayroong hindi bababa sa dalawang kawani na naroroon sa grupo, na binubuo ng isang pangunahing guro at isa pang kawani na kwalipikado sa ilalim ng kabanatang ito; at**
- **(b) Panatilihin ang staff-to-child ratio na 1:4.**

(3) Dapat gawin ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ang mga sumusunod upang pagsamahin ang mga grupo ng mga bata mula kapanganakan hanggang tatlumpu't anim na buwan na may pinakamataas na bilang ng grupo na siyam na bata:

- **(a) Mayroong hindi bababa sa tatlong kawani na kasama ng pangkat, na binubuo ng isang punong guro at dalawa pang ibang kawani na kwalipikado ayon sa kabanatang ito; at**
- **(b) Panatilihin ang staff-to-child ratio na 1:3.**

(4) Dapat gawin ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ang mga sumusunod upang pagsamahin ang mga grupo ng mga bata mula labindalawa hanggang tatlumpu't anim na buwan:

- **(a) Mayroong hindi bababa sa dalawang kawani na naroroon sa grupo, na binubuo ng isang pangunahing guro at isa pang kawani na kwalipikado sa ilalim ng kabanatang ito; at**
- **(b) Panatilihin ang staff-to-child ratio na 1:7 na may pinakamataas na laki ng pangkat na labing-apat na bata.**

(5) Dapat gawin ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ang mga sumusunod upang pagsamahin ang mga grupo ng mga bata mula labindalawa hanggang tatlumpu't anim na buwan:

- **(a) Mayroong hindi bababa sa tatlong kawani na kasama ng pangkat, na binubuo ng isang punong guro at dalawa pang ibang kawani na kwalipikado ayon sa kabanatang ito; at**
- **(b) Panatilihin ang ratio ng staff-to-child ratio na 1:5 na may pinakamataas na laki ng pangkat na labinlimang bata.**

(6) Dapat gawin ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ang mga sumusunod upang paghaluin ang mga pangkat ng mga batang may edad tatlumpu't anim na buwan hanggang kindergarten na may pinakamataas na laki ng pangkat na dalawampung bata:

- **(a) Mayroong hindi bababa sa dalawang kawani na naroroon sa grupo, na binubuo ng isang pangunahing guro at isa pang kawani na kwalipikado sa ilalim ng kabanatang ito; at**
- **(b) Panatilihin ang staff-to-child ratio na 1:10.**

(7) Dapat gawin ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ang mga sumusunod upang paghaluin ang mga pangkat ng mga batang may edad tatlumpu't anim na buwan hanggang kindergarten na may pinakamataas na laki ng pangkat na dalawampu't anim na bata:

- **(a) Mayroong hindi bababa sa tatlong kawani na kasama ng pangkat, na binubuo ng isang punong guro at dalawa pang ibang kawani na kwalipikado ayon sa kabanatang ito; at**
- **(b) Panatilihin ang staff-to-child ratio na 1:10.**

(8) Dapat gawin ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ang mga sumusunod upang paghaluin ang mga pangkat ng mga batang may edad apat at kalahati hanggang siyam na taon na may pinakamataas na laki ng pangkat na dalawampung bata:

(a) Mayroong hindi bababa sa dalawang kawani na naroroon sa grupo, na binubuo ng isang pangunahing guro at isa pang kawani na kwalipikado sa ilalim ng kabanatang ito; at

(b) Panatilihin ang staff-to-child ratio na 1:10.

(9) Dapat gawin ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ang mga sumusunod upang paghaluin ang mga pangkat ng mga batang may edad apat at kalahati hanggang siyam na taon na may pinakamataas na laki ng pangkat na dalawampu't anim na bata:

(a) Mayroong hindi bababa sa tatlong kawani na kasama ng pangkat, na binubuo ng isang punong guro at dalawa pang ibang kawani na kwalipikado ayon sa kabanatang ito; at

(b) Panatilihin ang staff-to-child ratio na 1:10.

Kasama sa mga Pundasyong Pamantayan ng Kalidad ang mga opsyon para sa mga sentro ng pag-aalaga ng bata kaugnay ng paghahati ayon sa edad, ratio at laki ng pangkat. Nilalayon ng mga opsyong ito na magbigay ng kakayahang mag-adjust at igalang ang iba't ibang pilosopiya at estruktura ng mga programa ng maagang pagkatuto sa buong Estado ng Washington. Binabalangkas ng WAC 110-300-0356 (5) ang mga kinakailangan para sa "karaniwang" paghahati ayon sa edad, samantalang inilalarawan naman ng WAC 110-300-0357 ang mga parameter na dapat sundin kung nais ng isang sentro na magkaroon ng lisensya para sa alternatibong (magkahalo) paghahati ayon sa edad.

Maaaring piliin ng isang sentro na magpatuloy sa pagbibigay ng serbisyo sa loob ng karaniwang paghahati ayon sa edad, laki ng pangkat at ratio o sa pamamagitan ng mga opsyon para sa magkakaibang edad. Kapag pinagsasama ang mga pangkat ng magkakaibang edad, maaaring magbago ang pinakamataas na laki ng pangkat at ang staff-to-child ratio. Kung pipili ang isang sentro na magbigay ng serbisyo sa isa sa mga opsyon ng magkahalong pangkat na nakasaad sa WAC 110-300-0357 o bumalik sa karaniwang paghahati batay sa WAC 110-300-0356, dapat nilang ipaalam sa DCYF ang pagbabago ng patakaran.

Nagrerekomenda ang ChildCare.gov, na bahagi ng Pagpapanibago ng Block Grant para sa Pag-aalaga at Pag-unlad ng Bata (CCDBG), ng itinakdang limitasyon para sa pinakamalaking bilang ng mga bata sa isang grupo dahil sa ilang kadahilanan. Tumutulong ang mababang child-to-adult ratio at maliit na laki ng pangkat upang masiguro na nakatatanggap ang mga bata ng sapat na atensyong sarilinan at tumatanggap ng maagap na pag-aalaga.[290] Nakakatulong ang ganitong uri ng indibidwal na atensyon sa mga bata na makaramdam ng ligtas at panatag at nakababawas sa pakiramdam ng pagiging nabibigatan para sa parehong mga bata at nasa hustong gulang. Kapag mas maliit ang laki ng pangkat, mas madali para sa mga kawani na pamahalaan ito at mas nagiging epektibo sila sa pagtugon at pakikipag-ugnayan. Bukod dito, ang maliliit na grupo ay nagpapalakas ng mga aktibidad na angkop sa antas ng pag-unlad, nagpapadali sa pag-unlad ng kognitibo at wika at tumutulong na hikayatin ang makahulugang relasyon sa kapwa bata para sa mga sanggol at maliit na bata.[291]

Ang Talaan ng Kapasidad para sa Mga Programang Maagang Pagkatuto sa Sentro para sa Pinaghalong Pangkat ng Edad ay nagbibigay ng madaling gabay para sa staff-to-child ratio at pinakamataas na kinakailangang kapasidad batay sa pangkat ng edad ng mga bata. Maaaring gamitin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang talaan upang makatulong sa pagpaplano ng bilang ng mga batang irerehistro sa silid at iskedyul ng mga tagapag-alaga. Mahalagang tayahin nang maaga ang mga edad ng mga naka-enroll na bata at isaalang-alang ang inaasahang ratio habang tumatanda ang mga bata sa programa, upang matiyak na ang mga kinakailangan sa kapasidad, ratio at laki ng grupo ay laging natutugunan. Ang isang provider ng maagang pagkatuto ay kinakailangang tiyakin na mayroon silang kwalipikadong kawani upang matugunan ang mga kinakailangan sa pagtatalaga ng kawani at ang staff-to-child ratio sa oras ng operasyon, kabilang ang mga aktibidad sa labas ng lugar at habang nagdadala ng mga batang nasa ilalim ng pag-aalaga.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0100 hanggang WAC 110-300-0107 ang mga kinakailangan sa kwalipikasyon at pagsasanay ng kawani.

290 U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S.), Administrasyon para sa mga Bata at Pamilya, "Ratios and Group Sizes," available sa **https://www.childcare.gov/index.php/consumer-education/ratios-and-group-sizes**, nakuha noong Agosto 28, 2020.

291 U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S.), Administrasyon para sa mga Bata at Pamilya, "Small Groups," available sa **https://childcareta.acf.hhs.gov/sites/default/files/public/pitc_rationale_-_small_groups_508_1.pdf**, inilathala noong Enero 2017.

Tsart ng Kapasidad para sa Mga Programang Maagang Pagkatuto sa Sentro Reference WAC 110-300-0357
Magkakaiba ang Pangkat ng Edad

Pangkat ng edad	Maximum na laki ng pangkat	Maximum na ratio	Mga limitasyon
0 - 36 na buwan	8	1:04	
0 - 36 na buwan	9	1:03	
12 - 36 na buwan 12 - 36 na buwan	14 15	1:07 1:05	
36 na buwan - 6 taon	20	1:10	Hindi dapat naka-enroll sa unang baitang
36 na buwan - 6 taon	26	1:10	Hindi dapat naka-enroll sa unang baitang
4.5 - 9 taon	20	1:10	
4.5 - 9 taon	26	1:10	

Washington State Department of CHILDREN, YOUTH & FAMILIES

Mga Programa ng Maagang Pagkatuto sa Sentro ng DCYF – Magkakaiba ang Edad
Ago-19
V2

Available online ang tsart na ito sa **www.dcyf.wa.gov/sites/default/files/pdf/CenterMixedAgesCapacityChart.pdf.**

Sa ilalim ng karaniwang pangkat ng edad, ang maliit na bata ay tinutukoy bilang hanggang 29 na buwan ang edad at ang batang preschool ay may edad na hindi bababa sa 30 buwan. Sa karaniwang pangkat ayon sa edad, ang dalawang batang ito ay aalagaan sa magkahiwalay na grupo. Gayunpaman, ang WAC 110-300-0357 ay naglalaman ng mga parameter na nagpapahintulot na ang mga 2-taong gulang na bata na wala pang 29 na buwan at ang mga 2-taong gulang na bata na lampas 30 buwan ay maalagaan nang magkakasama sa isang grupo. Para sa isang pinaghalong pangkat ng mga batang may edad na 1 taon at 2 taon, ang pinakamalaking bilang ng grupo ay limitado sa 14 na bata at ang staff-to-child ratio ay isang provider ng maagang pagkatuto para sa bawat pitong bata. O, kung ang programa ng maagang pagkatuto ay pipili na magbigay ng staff-to-child ratio na isang provider ng maagang pagkatuto para sa hanggang limang bata lamang, ang pinakamataas na laki ng grupo ay maaaring tumaas sa 15 bata.

Kapag magkahalo ang mga pangkat ayon sa edad, ang pagtugon sa mga pangangailangang pangkalusugan, kaligtasan, at pag-unlad ng lahat ng bata ay maaaring mangailangan ng dagdag na pag-aalaga at pagpaplano. Maaaring isama ang mga materyales para sa pinaghalong pangkat ng edad na maaaring gamitin sa maraming iba't ibang paraan, o mga magkakatulad na bagay na may iba't ibang antas ng kahirapan. Kailangang regular na suriin ang mga materyales at aktibidad sa kapaligiran ng pagkatuto upang matiyak na ang mga ito ay ligtas at angkop para sa pinakabata sa grupo. Kapag nagpaplano ng mga aktibidad, maaaring isama ng provider ng maagang pagkatuto ang mga pag-aangkop upang matugunan ang pangangailangan ng mga bata, o magbigay ng mga opsyon upang makilahok ang isang bata sa mas (o hindi gaanong) sopistikadong paraan kumpara sa isa sa kanilang mga kapwa bata.

Sa isang pinaghalong grupo ng mga bata na may edad mula 36 na buwan hanggang 6 na taon, nagpaplano ang provider ng maagang pagkatuto ng mga aktibidad para sa matematika at numeracy. Kapag isinasaalang-alang ang mga bata sa kanyang grupo, napapansin niya na habang ang ilang bata ay napakadalubhasa na sa pagbibilang ng paisa-isa hanggang 100, ang ilan sa mga mas nakababata ay pinag-aaralan pa ang mas simpleng konsepto. Sinisikap ng provider ng maagang pagkatuto na suportahan ang pagkatuto sa iba't ibang antas ng pag-unlad sa pamamagitan ng paglalagay ng mga counting disk na may iba't ibang kulay sa istasyon ng aktibidad, kasama ang mga materyales para sa tatlong pagpipilian ng aktibidad. Maaaring pumili ang isang bata na gamitin ang mga “color” card upang isaayos ang mga disk ayon sa kulay, maaari rin nilang gamitin ang mga “by five” card upang paggrupo-grupohin ang mga marker na may tiglilimang bilang, o maaari nilang piliin ang mga “by number” card kung saan bibilangin ng bata ang bilang ng mga disk upang tumugma sa numerong nakasulat sa card.



Pagdidisenyo ng mga Aralin para sa Iba't Ibang Mag-aaral. Isang mapagkukunan mula sa Michigan State University na nagbibigay ng gabay sa mga akomodasyon sa pagtuturo, kasama ang mga halimbawa at mungkahi para sa akomodasyon ng mga batang preschool at nasa edad ng pag-aaral. **https://edwp.educ.msu.edu/te/wp-content/uploads/sites/49/2020/06/Designing-Lessons-for-Diverse-Learners.pdf**

Siyam na Uri ng Pag-aangkop ng Kurikulum. Isang publikasyon ng Pagtuturo at Pagkatuto na nagbibigay ng iba't ibang ideya kung paano aktibong mae-engganyo ang bawat bata upang matugunan ang mga pangangailangan sa pag-unlad ng bawat isa. **www.snipsf.org/wp-content/uploads/2011/08/NineTypes.pdf**

Kalidad 101: Pagkilala sa mga Pangunahing Bahagi ng Isang De-kalidad na Programa para sa Maagang Pagkabata. Isang artikulo mula sa Sentro para sa Pag-unlad ng Amerika na tinatalakay kung bakit mahalaga ang kalidad, kung ano ang anyo ng kalidad, at kung paano makakamit ang mataas na kalidad sa maagang pagkatuto. **www.americanprogress.org/issues/early-childhood/reports/2017/02/13/414939/quality-101-identifying-the-core-components-of-a-high-quality-early-childhood-program/**

Mga Estratehiya para sa Pagtatrabaho sa Mga Grupong May Iba't Ibang Edad sa Edukasyon sa Maagang Pagkabata. Isang blogpost mula sa Free Spirit na naglalaman ng mga tip at estratehiya sa pagtatrabaho sa mga magkakaibang edad at antas ng kasanayan. **https://freespiritpublishingblog.com/2018/07/26/strategies-for-working-with-mixed-age-groups-in-early-childhood-education/**

Virtual Lab School. Mga aralin na sumusuri kung bakit mahalaga ang mga ratio at laki ng grupo at kung paano lutasin ang mga karaniwang problema. Bawat aralin ay may kasamang maikling video clip.

- Pagpapanatili ng Ligtas na Staff-to-Child Ratio. **www.virtuallabschool.org/preschool/safe-environments/lesson-3**
- Pagtiyak na Palaging Nasusunod ang Staff-to-Child Ratio. **www.virtuallabschool.org/management/safe-environments/lesson-2**

Mga Panuntunan sa Maagang Pagkatuto at Pagpapaunlad ng Bata ng Estado ng Washington: Mula Kapanganakan hanggang Ika-3 Baitang. Isang sanggunian upang suportahan at pahusayin ang pag-unlad at pagkatuto ng mga bata sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pamantayan na naaabot ng mga bata sa partikular na edad. Nagbibigay ng mga praktikal na estratehiya at mga aktibidad upang hikayatin ang pag-unlad. **www.dcyf.wa.gov/publications-library?combine_1=el_0015&combine=&field_program_topic_value=All&field_languages_available_value=All**

13 Palatandaan ng De-Kalidad na Pag-aalaga sa Bata: Ulat sa Pananaliksik. Richard Fiene, Ph.D. mula sa Pennsylvania State University National Resource Center para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata, University of Colorado, ay naglalathala ng kanyang pananaliksik na nagrerepaso ng mga kamakailang pag-aaral kaugnay ng mga palatandaan ng kalidad sa mga programa ng maagang pagkatuto. **https://aspe.hhs.gov/basic-report/13-indicators-quality-child-care-research-update#Supervision**

WAC 110-300-0360

Programa at pang-araw-araw na iskedyul

(1) Dapat may nakahandang programa at pang-araw-araw na iskedyul ang provider ng maagang pagkatuto na pamilyar sa mga bata.

(2) Kailangang idisenyo ang iskedyul upang matugunan ang mga pangangailangang pangkaunlaran, kultural, at espesyal ng mga nakarehistrong bata. Ang pang-araw-araw na iskedyul ay dapat:

(a) Maging espesipiko para sa bawat pangkat ng edad ng mga bata, kung naaangkop;

(b) Mag-alok ng iba't ibang aktibidad upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga bata, alinsunod sa WAC 110-300-0150;

(c) Matugunan ang mga sumusunod na pangangailangan sa aktibong paglalaro sa labas tuwing umaga o hapon:

(i) Dalawampung minuto para sa bawat tatlong oras ng programa para sa mga sanggol (ayon sa pagtanggap) at mga batang paslit;

(ii) Tatlumpung minutong paglalaro para sa bawat tatlong oras ng programa para sa mga batang preschool pataas; at

(iii) Ang mga programang tumatakbo ng higit sa anim na oras kada araw ay dapat magbigay ng siyamnapung minuto ng aktibong laro para sa mga batang preschool pataas o animnapung minuto ng aktibong laro para sa mga sanggol at batang paslit (tatlumpung minuto dito ay maaaring katamtaman hanggang matinding aktibidad sa loob ng bahay).

(d) Isama ang nakaiskedyul at pare-parehong oras para sa paghahain ng pagkain;

(e) Isama ang mga oras ng transportasyon, kung naaangkop;

(f) Isama ang mga oras ng pahinga, kung naaangkop; at

(g) Isama ang pangangalaga sa gabi, kung naaangkop.

Maraming layunin ang isang planadong pang-araw-araw na iskedyul sa mga programa ng maagang pagkatuto. Tinutulungan nito ang provider ng maagang pagkatuto na matiyak na naibibigay nila ang kinakailangang iba't ibang aktibidad sa loob at labas ng bahay upang matugunan ang mga pangangailangang pangkaunlaran at pang-edukasyon ng mga bata. Pinapayagan ng iskedyul ang provider na maagang pagkatuto na matantiya ang mga kailangang materyales, pamahalaan ang haba ng mga aktibidad, at gabayan ang isang katulong o kapalit kung kinakailangan. Nagtatatag ang pang-araw-araw na iskedyul ng isang rutina para sa mga pamilya upang malaman nila kung ano ang aasahan at kailan ito mangyayari. Halimbawa, kapag alam ng mga pamilya na ang almusal ay alas-8 ng umaga araw-araw, makakapaghanda sila nang naaayon. Nakakatulong ang pang-araw-araw na iskedyul sa mga bata na maramdaman ang rutina, ginhawa, at seguridad, at nakakaapekto rin sa kanilang pag-uugali.



Umuunlad ang mga bata sa isang maayos at inaasahang kapaligiran kung saan ang mga pang-araw-araw na rutina tulad ng pagdating at pag-alis, oras ng pagkain, oras ng tulog at paggamit ng palikuran ay pare-parehong isinasagawa ng lahat ng tagapag-alaga.[292] Ayon sa CFOC, kapag ang isang rutina ay inaasahan, mas malamang na alam ng mga bata kung ano ang gagawin at kung ano ang inaasahan sa kanila. Maaaring makabawas ito sa pagkabalisa ng mga bata at kapag nabawasan ang pagkabalisa, maaaring mabawasan din ang hindi magandang pag-uugali.[293]

292 Pampublikong Serbisyo sa Pagsasahimpapawid, "It's the Little Things: Daily Routines," available sa **https://www.pbs.org/wholechild/providers/little.html**, nakuha noong Agosto 28, 2020.

293 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 73.



Natatangi ang bawat programa at may sariling iskedyul na nakaayon sa pilosopiya ng programa at pang-araw-araw na pangangailangan. Bagaman nagsisilbing gabay ang mga iskedyul, maaari rin silang makatulong sa provider ng maagang pagkatuto na magkaroon ng kakayahang mag-adjust kapag may mga hindi inaasahang pangyayari. Makakatulong ang maayos na pinag-isipang iskedyul upang magkaroon ng mas maayos na transisyon ng mga gawain sa buong araw, na may sapat na oras upang hindi maramdaman ng mga bata na sila ay nagmamadali o walang estruktura. Maaaring mas tumagal ang mga aktibidad kung aktibong nakikilahok ang mga bata, o maaari ring paikliin kung nagpapakita ang mga bata ng senyales na handa na sila sa bago. Kapag may pang-araw-araw na iskedyul ang provider ng maagang pagkatuto na kanyang maaasahan at mapag-iisipan, mas nagiging mahusay siyang makatugon sa mga pangangailangan ng mga bata habang nalalaman ito.

Dapat angkop ang bilis at iskedyul ng araw sa antas ng pag-unlad ng bawat bata sa grupo. Sa paggawa ng iskedyul, dapat isaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga bata, tulad ng pagpapalit ng lampin, pagtulog, mga indibidwal na pangangailangang medikal, personalidad, o mga indibidwal na plano ng pag-aalaga.

Upang suportahan ang mabuting kalusugan ng mga bata, dapat kasama rin sa mga programa at pang-araw-araw na iskedyul ang aktibong paglalaro sa labas ayon sa pinakamababang oras na nakasaad sa WAC 110-300-0360 (2)(c). Ipinapakita ng pananaliksik na ang sariwang hangin, sikat ng araw, at mga likas na elemento ay nakakatulong sa pagtibay ng buto, pagpapalakas ng immune system, at pagtaas ng pisikal na aktibidad ng mga bata.[294] Bukod dito, ang sapat na pisikal na aktibidad ay nagpapabuti ng mood, pag-uugali, stress, enerhiya at kalidad ng tulog. Kasama na ngayon sa binagong Mga Panuntunan sa Pisikal na Aktibidad para sa mga Amerikano ang mga gabay para sa maliliit na bata. Iminumungkahi ng patnubay na ang mga batang preschool (edad 3 hanggang 5 taon) ay dapat maging aktibo sa buong araw at dapat hikayatin ng mga tagapag-alaga ang iba't ibang uri ng aktibidad.[295]

294 Gabriela Bento at Gisela Dias, "The importance of outdoor play for young children's healthy development," *Journal sa Biomedisina ng Port* 2 (5) (2017): 157-160, available sa **https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S2444866416301234**

295 U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S.), "Physical Activity Guidelines for Americans," available sa **https://www.hhs.gov/fitness/be-active/physical-activity-guidelines-for-americans/index.html**, huling in-update noong Pebrero 1, 2019.

Isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ng pag-aalaga ng bata sa King County ang nagbibigay ng sumusunod na halimbawa ng pang-araw-araw na iskedyul:

Iskedyul ng Preschool	
7 hanggang 9:00 a.m.	Pagbubukas, Panahon ng Pagpili, Tanong para sa Araw
9 hanggang 9:15 a.m.	Malaking Grupo (Pang-araw na Pulong)
9:15 hanggang 9:30 a.m.	Paglilinis, Paghuhugas ng Kamay, Meryenda sa Umaga
9:30 hanggang 10 a.m.	Karanasan sa Labas
10 hanggang 10:15 a.m.	Pagbabasa nang Malakas
10:15 hanggang 11:30 a.m.	Maliit na Grupo, Panahon ng Pagpili Mga Sentrong May Layunin: Malikhaing Sining, Agham at Pag-aaral ng Kalikasan, Dula, Kognitibo, Musika at Galaw, Agham Panlipunan
11:30 a.m. hanggang 12 p.m.	Paglilinis, Karanasan sa Labas
12 hanggang 12:30 p.m.	Tanghalian
12:30 hanggang 2:30 p.m.	Panahon ng Pahinga, Tahimik na Mga Gawain
2:30 hanggang ng 3 p.m.	Paglilinis, Meryenda sa Hapon
3 hanggang 4 p.m.	Pagbasa nang Malakas sa Hapon, Malaking Grupo ng Hapon (Pagpupulong sa Hapon)
4 hanggang 4:30 p.m.	Karanasan sa Labas sa Hapon
4:30 hanggang 5 p.m.	Maliit na Grupo sa Hapon, Oras ng Pagpili sa Hapon Mga Sentrong May Layunin: Malikhaing Sining, Agham at Pag-aaral ng Kalikasan, Dula, Kognitibo, Musika at Galaw, Agham Panlipunan
5:00 hanggang 5:15 p.m.	Huling Meryenda
5:15 hanggang 6:00 p.m.	Pagsasama sa ibang silid-aralan, Oras ng Pagpipili sa Hapon

Iskedyul para sa Batang Paslit

7 hanggang 9 a.m.	Pagbubukas, Indibidwal na Plano ng Bata, Maliit na Grupo
9 hanggang 9:30 a.m.	Paglilinis, Paghuhugas, Meryenda sa Umaga
9:30 hanggang 10 a.m.	Paghuhugas, Meryenda sa Umaga
10 hanggang 10:30 a.m.	Mga Karanasan ng Grupo sa Labas
10:30 hanggang 11 a.m.	Maliit na Grupo, Mga Karanasan ng Grupo sa Loob Mga Sentrong May Layunin: Malikhaing Sining, Agham at Pag-aaral ng Kalikasan, Dula, Kognitibo, Musika at Galaw, Agham Panlipunan
11 hanggang 11:15 a.m.	Paglilinis, Paghuhugas
11:15 a.m. hanggang 12 p.m.	Tanghalian
12 hanggang 2 p.m.	Panahon ng Pahinga, Tahimik na Mga Gawain
2 hanggang 2:50 p.m.	Maliit na Grupo sa Hapon, Mga Karanasan ng Grupo sa Loob Mga Sentrong May Layunin: Malikhaing Sining, Agham at Pag-aaral ng Kalikasan, Dula, Kognitibo, Musika at Galaw, Agham Panlipunan
2:50 hanggang 3:20 p.m.	Paglilinis, Paghugas, Meryenda sa Hapon
3:20 hanggang 3:30 p.m.	Pagbasa nang Malakas sa Hapon
3:30 hanggang 4 p.m.	Karanasan sa Labas sa Hapon
4 hanggang 4:45 p.m.	Maliit na Grupo sa Hapon, Mga Karanasan ng Grupo sa Loob Mga Sentrong May Layunin: Malikhaing Sining, Agham at Pag-aaral ng Kalikasan, Dula, Kognitibo, Musika at Galaw, Agham Panlipunan
4:45 hanggang 5:10 p.m.	Paglilinis, Paghuhugas, Huling Meryenda
5:10 hanggang 6 p.m.	Pagsasama sa ibang silid-aralan, Maliit na Grupo sa Hapon

Isang provider ng maagang pagkatuto sa family home sa Mason County ang nagbabahagi ng kanilang iskedyul:

Karaniwang Pang-araw-araw na Iskedyul – Ang Iskedyul ay Tinatayang Oras at Maaaring Baguhin	
7:30 hanggang 9 a.m.	Almusal, Pag-alis sa Paaralan, Pag-inat sa Umaga, Paglilinis
9 hanggang 10:30 a.m.	Mga Aktibidad sa Preschool, Meryenda sa Umaga, Laro sa Labas o Musika at Galaw
10:30 a.m. hanggang 12 p.m.	Malayang Paglalaaro, Paghahanda ng Tanghalian
12 hanggang 12:45 p.m.	Tanghalian, Paglilinis, Paglalaro
12:45 hanggang 1 p.m.	Pagsisipilyo ng Ngipin, Paghahanda para sa oras ng pagpahinga
1 hanggang 3 p.m.	Oras ng Pagkukuwento, Panahon ng Pahinga, Tahimik na Panahon
3 hanggang 3:30 p.m.	Paggising, Pag-aayos ng higaan, Malayang Paglalaro
3:30 hanggang 4:30 p.m.	Meryenda sa Hapon, Paglalaro sa Labas
4:30 hanggang 5 p.m.	Paglalaro sa Labas, Organisadong Laro, Musika at Galaw, Sining o Kuwento
5 hanggang 5:30 p.m.	Paglilinis, Bahay



Mga Aralin sa Aktibong Pagkatuto. Isang koleksyon ng mga ganap nang nabuo na plano para sa mga gawain na nagpapalakas ng malalaking kalamnan. Ang mga materyales na ito ay binuo sa suporta at pondo mula sa Instituto ng Pananaliksik para sa mga Bata ng Seattle PLAY (Pag-aaral ng mga Batang Preschool sa Pagkatuto at Aktibong Paglalaro) Department of Children, Youth and Families (Pag-aaral at Kagawaran ng mga Bata, Kabataan at Pamilya), Pinakamalusog na Susunod na Henerasyon.
www.snohd.org/DocumentCenter/View/1897/Active-Learning-Lessons-for-Child-Care-and-Early-Learning-PDF

Aktibong Paglalaro! Isang website na naglalaman ng mga libro at mga workshop na may kasamang masayang pisikal na mga aktibidad para sa maliliit na bata. Dr. Craft's Active Play – masayang Pisikal na Aktibidad para sa Maliliit na Bata. **http://activeplaybooks.com/about-dr-craft/**

Ang Kapaligiran: Mga Iskedyul at Rutina. Isang web-lesson mula sa Virtual Lab School na naglalaman ng impormasyon at mga video tungkol sa epektibong mga iskedyul at matagumpay na mga rutina para mapanatili ang pananagutan.
www.virtuallabschool.org/preschool/learning-environments/lesson-5

Pagtatatag ng Mga Maasahang Rutina sa Isang Kapaligiran ng Pag-aalaga sa Bata. Nirerepaso ng Samahan para sa Mas Mahusay na Pag-aalaga ng Bata ang kahalagahan ng regular na nakagawian at nag-aalok ng mga panuntunan para sa paglikha ng nakagawian sa isang programa ng maagang pagkatuto.
https://childcare.extension.org/establishing-predictable-routines-in-a-child-care-setting/

Libreng Maiimprentang Visual na Iskedyul. Isang webpage ng No Time for Flash Cards na nag-aalok ng mga template para sa pang-araw-araw na iskedyul ayon sa pangkat ng edad.
www.notimeforflashcards.com/2017/01/printable-visual-schedule-preschool.html

Pagtulong sa mga Bata na Maunawaan ang Mga Rutina at Iskedyul sa Silid-Aralan. Isang training module na ibinigay ng Sentro para sa Panlipunan at Emosyonal na Saligan ng Maagang Pagkatuto, na tumatalakay sa papel ng mga iskedyul at rutin sa isang kapaligiran ng maagang pagkatuto.
http://csefel.vanderbilt.edu/kits/wwbtk3.pdf

Pagpili ng mga Materyales sa Silid-Aralan at Pagpaplano ng Iskedyul. Isang serye ng maiikling video clip na ginawa ng Eastern Connecticut State University tungkol sa kung paano nakaaapekto ang mga materyales at ang pang-araw-araw na iskedyul sa pag-uugali ng mga bata.
www.easternct.edu/center-for-early-childhood-education/guiding-young-childrens-behavior/segment-3-selecting-classroom-materials-and-planning-the-schedule.html

Mahalaga ang Tamang Panahon: Pag-unawa sa Kahalagahan ng Oras, Haba, at Pagkakasunod-sunod ng mga Gawain. Isang artikulo sa website ng NAEYC na sumusuri kung paano nakakaapekto ang iskedyul ng araw sa pag-uugali at pagkatuto ng mga bata.
www.naeyc.org/resources/pubs/tyc/feb2018/timing-everything-understanding-importance-timing-length-and-sequence

Ikapitong Seksyon:

Pamamahala at Pangangasiwa ng Programa

Pamamahala at Pangangasiwa ng Programa

Ang seksyong Pamamahala at Pangangasiwa ng Programa ay may dalawang sub-seksyon:

- Proseso ng Paglilisensya
- Mga Talaan, Patakaran, Pag-uulat at Pagpapaskil

Sa sub-seksyon ng Proseso ng Paglilisensya, inilalahad ang mga pangunahing regulasyon tungkol sa mga hakbang para maging lisensyadong provider. Ang Mga Talaan, Patakaran, Pag-uulat at Pagpapaskil ang ikalawang sub-seksyon, ay nagpapaliwanag ng mga regulasyon tungkol sa pagpapanatili at pagpapaskil ng mga kinakailangang patakaran, ulat, at rekord.

Itinatampok ng mga sub-seksyong ito ang kahalagahan ng mga proseso, patakaran at pagtatala upang bigyan ang mga programa ng maagang pagkatuto ng malinaw na direksyon sa organisasyon pati na rin ng mga kongkretong produkto na nagbibigay sa isang provider ng maagang pagkatuto ng pagkakataong maipakita ang kanilang gawain.

Tinutukoy sa Gabay sa Paglilisensya para sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto ang piling bahagi ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na matatagpuan sa kabanata 110-300 ng WAC. Kabilang sa gabay na ito ang mahahalagang sanggunian, kasalukuyang datos, at mga praktikal na halimbawa. Hindi ito nilalayon na magbigay ng isang komprehensibong pananaw sa seksyong Pamamahala at Pangangasiwa ng Programa.

Proseso ng Paglilisensya

WAC 110-300-0400

Mga materyales sa aplikasyon

(1) Pagkatapos makumpleto ang isang orientation ng kagawaran, ang isang aplikante ay dapat magsumite ng kumpletong packet ng aplikasyon para sa lisensya, alinsunod sa kabanata 43.216 RCW. Naaangkop din ang kahilingang ito sa pagpapalit ng may-ari. Ang kumpletong packet ng aplikasyon para sa lisensya ay kinabibilangan ng:

(a) Propesyonal at background na impormasyon tungkol sa aplikante:

(i) Isang kumpletong form ng aplikasyon mula sa kagawaran para sa uri ng lisensyang inaaplayan (sentro o family home);

(ii) Kopya ng sertipiko ng orientation ng aplikante (ang orientation ay dapat kunin sa loob ng labindalawang buwan mula sa petsa ng aplikasyon para sa lisensya);

(iii) Lisensya sa negosyo ng Estado ng Washington o lisensya sa negosyo o propesyon mula sa tribo, lalawigan, o lungsod, kung naaangkop;

(iv) Insurance para sa pananagutan, kung naaangkop;

(v) Sertipiko ng pagsasama (certificate of incorporation), kasunduan sa pakikipagsosyo (partnership agreement), o katulad na dokumento ng organisasyon ng negosyo, kung naaangkop;

(vi) Ang bayad para sa lisensya;

(vii) Kopya ng kasalukuyang government-issued identification na may litrato;

(viii) Kopya ng Social Security card o sinumpaang pahayag na nagsasaad na wala ang aplikante nito;

(ix) Numero ng Pagkakakilanlan ng Employer (EIN) kung plano ng aplikante na mag-hire ng mga kawani; at

(x) Beripikasyon ng trabaho at edukasyon. Halimbawa, diploma, transcript, o sinumpaang pahayag na nagsasaad na hindi makapagpatunay ang aplikante sa mga kinakailangan sa edukasyon.



(b) Impormasyon tungkol sa pasilidad na lilisensyahan:

(i) Isang floor plan, kasama ang paggamit ng planong lisensyado at hindi lisensyadong espasyo, na may malinaw na natukoy na mga emergency exit at mga daan patungo sa mga emergency exit;

(ii) Sertipiko ng paninirahan, kung naaangkop;

(iii) Dokumentasyon, hindi lalampas sa tatlong taong gulang, mula sa lisensyadong inspektor, tagadisenyo ng septic, o inhinyero, na nagsasaad na ang septic system at drain field ay maayos na pinananatili at gumagana, kung naaangkop;

(iv) Mga resulta ng pagsusuri para sa bakterya ng E. coli at nitrate sa tubig mula sa balon na hindi lalampas sa labindalawang buwan ang tanda, kung naaangkop;

(v) Kasunduan sa pagsusuri ng lead o arsenic para sa mga lugar na matatagpuan sa Tacoma smelter plume (mga county ng King, Pierce, at Thurston); at

(vi) Mga resulta ng pagsusuri para sa lead at copper sa inuming tubig;

(c) Mga araw at oras ng operasyon ng programa, kabilang ang mga petsa ng pagsasara at mga pagdiriwang ng pista opisyal; at

(d) Impormasyon tungkol sa kawani ng programa ng maagang pagkatuto:

(i) Listahan ng aplikante at mga miyembro ng sambahayan, at kung naaangkop at alam, mga kawani at boluntaryong kinakailangang sumailalim sa proseso ng background check ayon sa itinakda sa kabanata 110-06 WAC; at

(ii) Resume para sa aplikante, direktor ng sentro, katulong na direktor, superbisor ng programa, at pangunahing guro sa family home, kung naaangkop.

(2) Dapat isama ng isang aplikante ang mga sumusunod na dokumento ng patakaran sa aplikasyon, na susuriin ng kagawaran at ibabalik sa aplikante:

(a) Mga patakaran para sa magulang at programa;

(b) Mga patakaran para sa kawani;

(c) Isang plano para sa kahandaan sa emergency; at

(d) Mga patakaran sa kalusugan.

(3) Dapat isumite ng aplikante ang kumpletong aplikasyon nang hindi bababa sa siyamnapung araw ng kalendaryo bago ang nakatakdang pagbubukas ng programa ng maagang pagkatuto. Magsasagawa ang kagawaran ng inspeksyon sa lugar ng programa ng maagang pagkatuto at aaprubahan ang lahat ng isinumiteng aplikasyon na kinakailangan sa kabanatang ito bago mag-isyu ng lisensya:

(a) Magsisimula ang siyamnapung araw ng kalendaryo kapag natanggap ng kagawaran ang kumpletong packet ng aplikasyon.


(b) Ibabalik ang mga hindi kumpletong packet ng aplikasyon sa aplikante para tapusin.

(c) Maaaring bawiin ang aplikasyon ng isang aplikante na hindi makakatapos sa proseso ng aplikasyon at paglilisensya sa loob ng siyamnapung araw at muling mag-aaplay kapag handa na siyang matugunan ang mga kinakailangan sa paglilisensya. Kung natapos ng aplikante ang mga hakbang sa proseso ng aplikasyon sa loob ng siyamnapung araw ngunit may panlabas na hadlang na wala siyang kontrol, hindi pababayaran ang muling pag-aaplay nang isang beses.

(d) Kung hindi nakumpleto ng aplikante ang mga kinakailangan sa aplikasyon at hindi niya iniurong ang kanyang aplikasyon, hindi siya bibigyan ng lisensya, alinsunod sa RCW 43.216.325.

Itinakda ng DCYF ang malinaw na mga hakbang upang maging lisensyadong provider ng maagang pagkatuto. Bagaman magkakaiba ang magiging karanasan ng bawat aplikante habang dumaraan sa proseso ng paglilisensya, mayroong pangkalahatang landas ng paglilisensya na itinakda para sa mga potensyal na aplikante. Bago magsumite ng aplikasyon para sa lisensya, ang isang interesadong indibidwal ay dadalo muna sa Orientation para sa Pag-aalaga at Maagang Pagkatuto ng Bata ng DCYF (orientation para sa paglilisensya). Para sa mga lisensyadong provider ng programa ng maagang pagkatuto sa family home at sentro, ang orientation sa paglilisensya ay binubuo ng dalawang module.

Proseso ng Paglilisensya para sa Aplikante



Layunin ng orientation sa paglilisensya na mabigyan ang potensyal na aplikante ng impormasyon na kinakailangan upang makapagpasya kung nais nilang ipagpatuloy ang pag-aaplay para sa lisensya sa pag-aalaga ng bata. Makukuha ang mga module ng orientation para sa paglilisensya sa wikang English, Spanish at Somali sa loob ng Online Training Portal ng DCYF.

Kapag natapos na ng potensyal na aplikante ang kinakailangang orientation at napili na ang uri ng programang kanilang patatakbuhin, maaari nilang ipagpatuloy ang aplikasyon para sa lisensya. Pagkatapos makumpleto ang mga module ng orientation, makakatanggap ang potensyal na aplikante ng email na may mga tagubilin kung paano kumpletuhin ang aplikasyon para sa lisensya online.

Dapat isumite ang bawat dokumento na nakalista sa WAC 110-300-0400(1) at (2) upang maging kumpleto ang aplikasyon. Dapat isumite ang ilan kasabay ng aplikasyon at ang iba naman ay maaaring isumite sa ibang pagkakataon. Hindi maaaring isumite nang elektroniko ang aplikasyon kung wala ang mga kinakailangang dokumento. Sa pamamagitan ng pagsasama ng lahat ng dokumento para sa kumpletong packet ng aplikasyon sa oras ng pagsusumite ng aplikasyon, makatutulong ang isang provider ng maagang pagkatuto na mapabilis ang proseso ng paglilisensya. Bagaman mas gustong maisumite ang mga aplikasyon nang elektroniko, hindi ito kinakailangan. Pinoproseso ang mga aplikasyon sa papel sa lokal na tanggapan para sa paglilisensya.

Ang mga dokumentong kinakailangan para magsumite ng elektronikong aplikasyon ay kinakailangan din para sa pagsusumite ng aplikasyon sa papel. Ibabalik sa aplikante ang mga aplikasyon sa papel na matatanggap nang walang mga dokumentong kailangan para maisumite ang aplikasyon. Binibigyan nito ang provider ng maagang pagkatuto ng pagkakataon na makumpleto ang nawawalang impormasyon sa aplikasyon at tinitiyak na parehong ang provider at ang DCYF ay magkakaroon ng buong 90-araw na panahon upang maisakatuparan ang mga gawain para sa paglilisensya.

Nangangailangan ng panahon ang pagkuha, paglikha, at pagrerepaso ng bawat kinakailangang dokumento at patakaran. Matalino para sa isang provider ng maagang pagkatuto na maglaan ng sapat na oras upang pamahalaan ang mga kinakailangang dokumento sa inaasahan nilang iskedyul ng proseso ng paglilisensya.



Naglalaman ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ng karagdagang impormasyon at detalye tungkol sa mga dokumento at patakarang dapat isama para sa isang kumpletong aplikasyon.

Matatagpuan ang mga kinakailangan para sa partikular na mga patakaran sa kani-kanilang RCW o WAC:

Mga Dokumento para sa Aplikasyon

Paksa	Kaugnay na RCW o WAC
Insurance sa pananagutan, kung naaangkop.	RCW 43.216.700
Bayad sa lisensya.	110-300-0401
Beripikasyon ng trabaho at edukasyon. Halimbawa, diploma, transcript o sinumpaang pahayag na nagsasaad na hindi makapagpatunay ang aplikante sa mga kinakailangan sa edukasyon.	110-300-0100
Sertipiko ng paninirahan, kung naaangkop.	110-300-0415
Dokumentasyon, hindi lalampas sa tatlong taong gulang, mula sa lisensyadong inspektor, tagadisenyo ng septic o inhinyero, na nagsasaad na ang septic system at drain field ay maayos na pinananatili at gumagana, kung naaangkop.	110-300-0250
Mga resulta ng pagsusuri para sa bakterya ng E. coli at nitrate sa tubig mula sa balon na hindi lalampas sa 12 buwan ang tanda, kung naaangkop.	110-300-0235
Kasunduan sa pagsusuri ng lead o arsenic para sa mga lugar na matatagpuan sa Tacoma smelter plume (mga county ng King, Pierce, at Thurston).	110-300-0410
Mga resulta ng pagsusuri para sa lead at copper sa inuming tubig.	110-300-0235
Listahan ng aplikante at mga miyembro ng sambahayan, at kung naaangkop at alam, mga kawani at boluntaryong kinakailangang sumailalim sa proseso ng background check ayon sa itinakda sa kabanata 110-06 WAC.	110-300-0100 110-300-0105 110-300-0425 110-300-0475 Kabanata 110-06

Mga Dokumento para sa Aplikasyon

Paksa	Kaugnay na RCW o WAC
Resume para sa aplikante, direktor ng sentro, katulong na direktor, superbisor ng programa at pangunahing guro sa family home, kung naaangkop.	110-300-0100
Mga patakaran para sa magulang at programa.	110-300-0450
Mga patakaran para sa kawani.	110-300-0110
Plano para sa kahandaan sa emergency.	110-300-0470
Mga patakaran sa kalusugan.	110-300-0500

Ang programa ng maagang pagkatuto ay isang negosyo. Sa estado ng Washington, upang magpatakbo ng negosyo, kinakailangang mag-aplay ang isang tao para sa Lisensya sa Negosyo ng Estado ng Washington. Hiwalay ito sa lisensya para sa pag-aalaga ng bata. Nangangailangan ang ilang lungsod o county ng isang programa ng maagang pagkatuto na kumuha ng karagdagang lisensya sa negosyo, kung naaangkop sa lugar. Makakaiwas sa multa at iba pang hadlang sa pagkuha ng lisensya ang pagsunod sa mga kinakailangan ng estado at lokal na pamahalaan.

Dapat tiyakin ng mga provider ng maagang pagkatuto na hinihilingan ng WAC 110-300-0100 na kumuha ng edukasyon pagkatapos ng high school na ito ay aprubado at nakarehistro sa electronic workforce registry. Ang electronic workforce registry ng DCYF ay tinatawag na MERIT. Kapag kasama sa mga dokumento ng edukasyon ang transcript, hihingin ng MERIT ang opisyal na transcript na puwedeng i-scan at i-email sa MERIT para sa pagsusuri.

Kapag natanggap na ang lahat ng kinakailangang dokumento para sa aplikasyon, magsisimula ang 90-araw na iskedyul para sa paglilisensya. Sa loob ng 90 araw, rerepasuhin ng DCYF ang mga materyales ng aplikasyon, magbibigay ng anumang kinakailangang teknikal na tulong, at para sa mga provider ng maagang pagkatuto sa sentro, hihiling ng inspeksyon mula sa Fire Marshal ng Estado. Isasagawa rin ng DCYF ang paunang pagbisita para sa paglilisensya (na maaaring magsama ng inspeksyon ng isang espesyalista sa kalusugan ng DCYF) at anumang kinakailangang kasunod na pagbisita. Nakakatulong ang pagsusumite ng aplikasyon nang hindi bababa sa 90 araw bago ang nakatakdang petsa ng pagsisimula ng programa upang matiyak na mabubuksan ang programa ng maagang pagkatuto nang walang pagkaantala.

Hinihiling ng RCW 43.216.305 na ang ahensya ay magbigay o tumanggi sa pagbibigay ng lisensya sa loob ng 90 araw sa kalendaryo mula sa pagtanggap ng kumpletong aplikasyon. Sa loob ng 90-araw na proseso ng paglilisensya, maaaring makaranas ang aplikante ng mga problema o pangyayari na pumipigil sa kanila na matugunan ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad sa loob ng itinakdang 90-araw na panahon. May opsyon ang aplikante na bawiin ang kanilang aplikasyon at muling mag-aplay kapag mas handa na sila. Kung hindi iuurong ng aplikante ang kanilang aplikasyon bago ang 90-araw na takdang panahon, tatanggihan ang kanilang aplikasyon para sa lisensya. Ang proseso ng pagtanggi ay isang hakbang sa pagpapatupad, na isang legal na proseso.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0443 ang mga kinakailangan kaugnay ng mga hakbang sa pagpapatupad, ang responsibilidad ng ahensya na ipaalam sa provider, at ang karapatan ng provider na mag-apela.

Binabalangkas ng WAC 110-300-4025 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa paunang lisensya at sa mga lisensyang hindi nag-e-expire.

Isang aplikante para sa family home, si Lucia, ay nasa ika-60 araw na ng 90-araw na proseso ng paglilisensya nang malaman niyang ang kanyang anak na lalaki, manugang na babae at bagong apo ay maninirahan sa kanilang bahay para sa hindi inaasahang dalawang linggong pagbisita. Nais ni Lucia na ibigay ang buong atensyon sa kanyang apo at alam niyang ito ay makakapigil sa kanyang pagiging handa para sa kasunod na inspeksyon. Nakipag-ugnayan si Lucia sa tagalisensya na naka-assign sa kanyang aplikasyon at ipinaliwanag ang sitwasyon. Magkasama nilang napagpasyahan na, batay sa impormasyong ibinahagi, malamang na hindi matatapos ni Lucia ang proseso ng paglilisensya sa loob ng 90 araw. Napagpasyahan ni Lucia na bawiin ang aplikasyon upang magkaroon siya ng sapat na oras para sumunod sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad.

Ang mga aplikante para sa sentro, sina Marcus at Jacqueline, ay nag-ayos ng landscaping para sa kanilang panlabas na palaruan. Aalisin nila ang isang hindi malusog na puno, magdadagdag ng dalawang puno, patatatagin ang ilang bahagi ng lupain, at maglalagay ng konkretong slab. Habang nasa lugar ang mga manggagawa, ang bigat ng kanilang truck at kagamitan sa malambot na lupa ay nakasira ng tubo ng tubig, na nagdulot ng tagas na hindi napansin sa loob ng ilang araw. Ang pagkukumpuni at paglilinis ng lugar ay magdudulot ng hindi inaasahang pagkaantala ng humigit-kumulang apat na linggo. Alam nina Marcus at Jacqueline na ang pagkaantala ay malamang na hahadlang sa kanila upang matugunan ang mga kinakailangan sa paglilisensya para sa panlabas na palaruan bago matapos ang 90-araw na takdang panahon, kaya binawi nila ang kanilang aplikasyon at muling mag-a-apply kapag sila ay handa na.

Kapag ang lahat ng kinakailangang dokumento ay nasuri at naaprubahan, natanggap ang bayad sa paglilisensya, at natukoy ang pagsunod sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad, maaaring magpatuloy ang DCYF sa pag-isyu ng paunang lisensya.



Maging Lisensyadong Provider ng Pag-aalaga ng Bata at Maagang Pagkatuto. Website ng DCYF na nagbibigay ng pagpapakilala sa ahensya, impormasyon tungkol sa mga patakaran at proseso ng paglilisensya, at link patungo sa orientation ng paglilisensya.
www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider

Workforce Registry ng MERIT. Isang webpage ng DCYF na may impormasyon tungkol sa MERIT at mga detalye kung paano magsumite ng degree para sa beripikasyon, kung paano magsumite ng foreign degree, at iba pang suporta ng MERIT.
www.dcyf.wa.gov/services/earlylearning-profdev/merit

WAC 110-300-0401

Bayad sa lisensya

(1) Pinagtibay ang mga patakarang nagtatakda ng bayad sa paglilisensya sa kabanatang ito alinsunod sa RCW 43.216.300.

(2) Ang bayad sa lisensya ay hindi naibabalik at dapat bayaran:

(a) Kasama sa paunang packet ng aplikasyon para sa lisensya ng aplikante ng maagang pagkatuto; at

(b) Taon-taon pagkatapos nito, tatlumpung araw sa kalendaryo bago ang anibersaryo ng petsa ng lisensya.

(3) Ang pagbabayad ay dapat sa pamamagitan ng tseke, credit o debit card, o money order.

(4) Ang taunang bayad para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa family home ay tatlumpung dolyar, o ayon sa itinakda ng lehislatura.


(5) Ang taunang bayad para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro ay isang daan at dalawampu't limang dolyar para sa unang labindalawang bata, dagdag ang labindalawang dolyar para sa bawat karagdagang bata, o ayon sa itinakda ng lehislatura.

Mayroong taunang bayad para sa paglilisensya upang makakuha at mapanatili ang lisensya sa pag-aalaga ng bata. Napupunta ang taunang bayad sa paglilisensya na nakokolekta sa Pangkalahatang Pondo ng Estado, na sumusuporta sa operasyon ng Estado ng Washington. Dapat aprubahan ng Lehislatura ang pagtaas ng bayad bago maipataw ang bagong halaga.

Kinokolekta ang bayad taon-taon at dapat bayaran 30 araw sa kalendaryo bago ang anibersaryo ng petsa ng paunang lisensya. Ang mga provider ng maagang pagkatuto na may lisensyang nag-e-expire ay makakatanggap ng invoice mula sa Department of Social and Health Services (Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan, DSHS) Administrasyon ng Serbisyong Pinansyal (FSA) mga 90 araw bago ang takdang petsa ng taunang bayad. Dapat ibalik ng mga provider ng maagang pagkatuto ang invoice kasama ang bayad upang maibigay ng FSA ang wastong kredito. Kung walang invoice, hindi malalaman ng FSA kung saan ilalapat ang bayad. Gayundin, kung sakaling magkahiwalay ang invoice at bayad, inirerekomenda na ilagay ang ID number ng lisensya sa tseke o money order.

Ang taunang bayad sa paglilisensya para sa lisensya ng family home ay $30. Para sa isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro, ito ay $125 para sa unang 12 bata, dagdag ang $12 para sa bawat karagdagang bata, hanggang sa maximum na bilang ng mga bata ayon sa lisensyadong kapasidad.

Ang isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ay lisensyado para sa kapasidad na 45 bata. Ang $125 ay inilalapat para sa unang 12 slot ng bata. 45 bata minus 12 ay nag-iiwan ng 33 slot ng bata. $12 x 33 slot ng bata = $396. Idagdag ang $125 para sa unang 12 bata sa $396 para sa natitirang 33 slot ng bata, at ang kabuuang taunang bayad sa paglilisensya para sa pasilidad na ito ay $521.



Ang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ay binigyan ng paunang lisensya noong Setyembre 2, 2014, kaya ang kanilang anibersaryo ay tuwing Setyembre 2. Dahil ang taunang bayad ay dapat bayaran 30 araw bago ang anibersaryo, ang taunang bayad ng sentro ay dapat bayaran bago o sa Agosto 3 bawat taon.

Maraming salik ang nakakaapekto sa pagtukoy ng lisensyadong kapasidad ng isang sentro ng pag-aalaga ng bata, at sa oras ng aplikasyon, malamang na hindi pa matutukoy ang kapasidad. Dahil dito, ang $125 ay dapat bayaran sa oras ng aplikasyon para sa mga programang nakabase sa sentro, at ang anumang natitirang bayad ay dapat bayaran bago ma-isyu ang paunang lisensya.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0425(3) ang taunang mga kinakailangan sa pagsunod bukod pa sa taunang bayad sa lisensya.

WAC 110-300-0402

Pagbabago ng espasyo o lokasyon ng programa ng maagang pagkatuto

(1) Dapat ipaalam ng isang provider ng maagang pagkatuto sa kagawaran bago gumawa ng pagbabago sa espasyo ng programa ng maagang pagkatuto na maaaring makaapekto sa kalusugan, kaligtasan o kapakanan ng mga nakatala na bata. Kasama sa mga pagbabagong ito, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- **(a) Ilipat ang mga programa ng maagang pagkatuto sa ibang tirahan, gusali, o pasilidad (kahit na ang bagong lokasyon ay nasa parehong lugar);**
- **(b) Ang isang programa ng maagang pagkatuto na binabago ang nakaplanong paggamit ng espasyo, kabilang ngunit hindi limitado sa edad ng mga batang pinaglilingkuran sa isang silid o sa mga dating hindi lisensyadong lugar; Pagbabago ng mga pasilidad sa paraang nangangailangan ng permit ayon sa kodigo sa pagpapatayo ng estado ng Washington o ng lokal na hurisdiksyon, tulad ng pagrerenovate o pagrerehabilitate ng espasyo ng programa ng maagang pagkatuto; at**
- **(c) Pagbabago ng panlabas na palaruan, tulad ng pagdaragdag o pagbabago ng uri ng sahig o pagbabago ng mga nakapirming kagamitan sa pag-akyat o paglalaro.**

(2) Dapat isumite ng provider ng maagang pagkatuto sa kagawaran ang bagong iminungkahing floor plan bago gawin ang mga pagbabago sa ilalim ng subseksyon (1)(a) hanggang (c) ng seksyong ito.

(3) Dapat ding gawin ng provider ng maagang pagkatuto na nagpaplano ng pagbabago sa ilalim ng subseksyon (1)(a) ng seksyong ito ang mga sumusunod:

- **(a) Isumite ang kumpletong aplikasyon, alinsunod sa WAC 110-300-0400, sa sandaling balak ng provider na lumipat at may natukoy na address, ngunit hindi lalampas sa siyamnapung araw sa kalendaryo bago lumipat;**
- **(b) Huwag gumawa ng malaking pagbabago o ilipat ang isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro hanggang sa unang masuri ng kagawaran ang bagong lokasyon at matukoy na ito ay nakakatugon sa mga kinakailangan sa kabanatang ito at RCW 43.216.305; at**
- **(c) Huwag patakbuhin ang isang programa ng maagang pagkatuto sa family home nang higit sa dalawang linggo pagkatapos ng paglilipat bago masuri ng kagawaran ang bagong lokasyon, alinsunod sa RCW 43.216.305.**

Itinatag ng RCW 43.216 ang responsibilidad ng DCYF na protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga bata sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga kinakailangan sa paglilisensya. Upang maisakatuparan nang epektibo ang tungkuling ito, dapat ipaalam ng lisensyado sa DCYF bago gumawa ng mga pagbabago na maaaring makaapekto sa kalusugan, kaligtasan, o kapakanan ng mga nakatala na bata. Ang mga pagbabagong ito ay maaaring sumaklaw sa iba't ibang sitwasyon. Maaaring kabilang dito ang plano na ipagpalit ang mga silid-aralan sa pagitan ng mga pangkat ng edad ng mga bata, gamitin ang silid na dating hindi lisensyado, hatiin ang malaking espasyo sa dalawang mas maliit na espasyo o gawing mas kapaki-pakinabang ang espasyo sa pamamagitan ng pagdaragdag ng banyo. Ilan lamang ito sa mga halimbawa ng sitwasyon na nararapat ipaalam sa DCYF.

Ang pagpapabatid sa DCYF bago gawin ang mga pagbabago ay nagbibigay ng pagkakataon na repasuhin ang mga plano at magbigay ng teknikal na tulong kaugnay ng mga regulasyon ng WAC. Ito rin ay nagbibigay ng pagkakataon sa provider ng maagang pagkatuto na matutunan ang mga posibleng komplikasyon at planuhin ang mga solusyon, na maaaring makatipid ng oras, pera o maiwasan ang pagkabigo.



Depende sa uri ng pagbabago, maaaring kailanganin ang karagdagang payo o mungkahi. Kung naaangkop, maaaring magsagawa ang DCYF ng pagsusuri ng floorplan, pag-aaral ng kakayahan, o humiling ng konsultasyon sa isang Espesyalista sa Kalusugan ng DCYF o Fire Marshal ng Estado. Bukod dito, ang ilang pagbabago ay maaaring kailanganing masuri ng Fire Marshal ng Estado o aprubahan ng mga lokal na ahensya ng pamahalaan. Ang mga estruktural na pagbabago, tulad ng pagtatanggal ng pader o pagdaragdag ng silid, ay maaaring mangailangan ng pahintulot at pagsubaybay ng mga lokal na opisyal sa gusali o kagawaran ng pagpaplano. Kung ang isang provider ng maagang pagkatuto ay may balak na panatilihing gumagana ang programa, susuriin ng DCYF ang plano upang matiyak na ligtas ang mga bata habang isinasagawa ang konstruksyon at pagkatapos ay iinspeksyunin ang bagong espasyo bago ito buksan para sa pag-aalaga ng mga bata.

Maaari ring magdulot ng potensyal na panganib sa mga bata ang mga pagbabago sa panlabas na kapaligiran. Maaaring magdagdag ang provider ng bagong kagamitan sa panlabas na pag-akyat, baguhin ang uri ng sahig o baguhin ang nakapalibot na bakod o espasyo ng bakuran para sa paglalaro. Ang maagang pagpapabatid ng mga plano sa ahensya ay sumusuporta sa kumpiyansa ng provider at nakababawas sa posibilidad na kailanganing gumawa ng mga pag-aayos matapos ang proyekto.

Kung ang isang provider ng maagang pagkatuto ay lilipat, maging sa bagong address o sa bagong lokasyon o gusali sa parehong property, kinakailangang magsumite ng aplikasyon. Mahalaga ang maagap na pag-abiso tungkol sa paglilipat ng programa at pagsusumite ng aplikasyon upang makipag-usap at makipag-ugnayan ang DCYF at ang provider ng maagang pagkatuto, tiyakin na maisasagawa ang inspeksyon ng bagong espasyo, at hindi maantala ang pag-aalaga sa mga bata.

Hindi maaaring mag-operate sa bagong espasyo ang isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro na lilipat sa bagong pisikal na lokasyon hanggang sa maibigay ang lisensya para sa bagong address. Ang isang programa ng maagang pagkatuto sa family home, gayunpaman, ay maaaring magsumite ng aplikasyon hindi hihigit sa 90 araw bago ang kanilang paglilipat at maaaring mag-operate sa bagong lokasyon nang hanggang dalawang linggo, upang magkaroon ng oras ang DCYF na magsagawa ng inspeksyon. Kung lilipat ang provider nang hindi ipinapaalam sa DCYF at nagsusumite ng aplikasyon, ang lisensya ay isasara.

Ang provider ng maagang pagkatuto sa family home, si Misha, ay lilipat sa bagong bahay kasama ang kanilang pamilya. Ipinaalam ni Misha sa DCYF sa pamamagitan ng email na naghahanap sila ng bagong bahay. Kapag tinanggap ang alok ni Misha sa isang bahay, 120 araw pa ang lilipas bago ang nakatakdang petsa ng paglipat. Hihintayin ni Misha na isumite ang aplikasyon hanggang 90 araw na lang bago ang paglipat. Kapag lumipat na si Misha, patuloy nilang ilalaan ang pag-aalaga mula sa bagong bahay. Magsasagawa ang DCYF ng inspeksyon sa bagong bahay sa loob ng dalawang linggo pagkatapos ng paglipat.

WAC 110-300-0410

Lisensya at lokasyon ng programa

(1) Ang isang aplikante para sa lisensya sa ilalim ng kabanatang ito ay dapat hindi bababa sa labingwalong taong gulang.

(2) Tumutukoy ang isang lisensyado sa indibidwal o organisasyon:

- **(a) Na ang pangalan ay nakalagay sa lisensyang ibinigay ng kagawaran;**
- **(b) Na responsable sa pagsunod sa mga pamantayan sa kabanatang ito, kabanata 43.216 RCW, kabanata 110-06 WAC, at iba pang naaangkop na batas at regulasyon;**
- **(c) Na responsable sa pagsasanay ng mga tauhan ng programa ng maagang pagkatuto sa mga saligang pamantayan ng kalidad sa kabanatang ito; at**
- **(d) Nakatira sa nasasakupan ng programa ng maagang pagkatuto (para lamang sa pag-aalaga ng bata sa family home), alinsunod sa RCW 43.216.010.**

(3) Ang espasyo para sa programa ng maagang pagkatuto ay dapat matatagpuan:

- **(a) Sa isang lugar na malayo sa kilalang panganib sa kapaligiran;**
- **(b) Sa isang lugar kung saan ang mga serbisyong hindi pang-emergency at mga utility ay makakapagsilbi sa espasyo ng programa ng maagang pagkatuto; at**
- **(c) Sa isang lugar na nasasakupan ng serbisyong pang-emergency tulad ng sunog, medikal, at pulis sa mga oras na nagbibigay ng pag-aalaga ang provider ng maagang pagkatuto sa mga bata.**

(4) Dapat tiyakin ng provider ng maagang edukasyon na hindi malalantad ang mga naka-enroll na bata sa mga kilalang panganib sa loob at paligid ng lisensyadong lugar:

- **(a) Pinturang may lead;**
- **(b) Mga tubo at nakakabit na gamit na may lead o lead solder;**
- **(c) Asbestos;**
- **(d) Arsenic, lead, o copper sa lupa o sa inuming tubig;**
- **(e) Nakakalason na amag; at**
- **(f) Iba pang natukoy na lason o panganib.**

(5) Ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat maglagay ng numero ng address o palatandaan sa labas ng bahay o gusaling naglalaman ng espasyo para sa programa ng maagang pagkatuto. Dapat malinaw at madaling makita ang mga numero o palatandaan mula sa kalye o daan na nagsisilbi sa lugar.

(6) Dapat makipag-ugnayan ang aplikante para sa lisensya na nagpaplanong magbukas ng programa ng maagang pagkatuto sa itinakdang Tacoma smelter plume (mga county ng King, Pierce, at Thurston) sa Department of Ecology (Kagawaran ng Ekolohiya, DOE) ng estado at kumpletuhin at pirmahan ang isang kasunduan sa pag-access sa DOE upang masuri ang property ng aplikante para sa posibleng kontaminasyon ng lupa ng arsenic at lead.

Itinatakda ng seksyong ito ng paglilisensya ang lokasyon ng programa ng maagang pagkatuto at ang mga responsibilidad ng lisensyado, kung saan ang ligtas na kapaligiran ay pangunahing prayoridad sa kanilang mga tungkulin. Ang lisensyado ay ang indibidwal o organisasyon na ang pangalan ay nasa lisensya at siyang mananagot sa pagsunod sa mga pederal at pang-estado na regulasyon, pati na rin sa pangkalahatang kapakanan ng mga bata. Isang bahagi ng responsibilidad na ito ay ang pagtiyak na ang lahat ng propesyonal ng maagang pagkatuto sa programa ay pamilyar sa mga kinakailangan sa lisensya at sumusunod sa mga patakaran ng programa upang matiyak ang pagsunod.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0110 ang mga kinakailangan para sa mga patakaran at pagsasanay ng mga tauhan.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0111 ang mga kinakailangan para sa pangangasiwa ng mga kawani.



Isa pang mahalagang bahagi ng responsibilidad ng lisensyado ay ang paggawa ng hakbang upang matiyak ang kaligtasan ng kapaligiran ng pasilidad at lokasyon ng programa ng maagang pagkatuto. Kapag pumipili ng gusali at lokasyon para sa isang programa ng maagang pagkatuto, ang provider ng maagang pagkatuto ay hindi dapat basta-basta ipalagay na ito ay ligtas na kapaligiran. Hindi laging halata ang mga panganib at banta, at dapat aktibong suriin at siyasatin ng provider ng maagang pagkatuto ang pasilidad at lokasyon upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga bata.

Bilang paghahanda sa posibleng emergency sa hinaharap, dapat tiyakin ng provider ng maagang pagkatuto na ang lokasyon ay may serbisyong pang-emergency gaya ng bumbero, medikal, at pulisya, at na kayang makarating at mahanap ng mga sasakyang pang-emergency ang pasilidad. Halimbawa, ang pasilidad na mahirap puntahan dahil mapapasok lamang sa pamamagitan ng isang one-way na sirang tulay ay maaaring hindi angkop na lokasyon para sa pag-aalaga ng mga bata.

Tinutukoy ng WAC ang seryosong panganib sa kapaligiran na maaaring negatibong makaapekto sa kalusugan, kaligtasan at pag-unlad ng mga bata at kung minsan pati na rin ng mga nasa hustong gulang. Halimbawa, malamang na ang mga gusaling itinayo bago ang 1978 ay may pinturang may lead. Maaaring malason ang mga bata kung sakaling makain nila ang natutuklap na piraso ng pintura o malanghap ang alikabok mula sa pinturang may lead.[296] Gayundin, ang asbestos, na maaaring makapinsala sa baga, ay malawakang ginamit bago ang 1970s. Ang hindi napamahalaang tagas ng tubig at kahalumigmigan ay maaaring magdulot ng paglago ng amag sa mga gusali at bahay. Maaaring magdulot ang pagkakalantad ng sintomas na parang sipon o allergy.[297]

Maaaring maglaman ng lead o copper ang mga nakakabit na gamit para sa pag-inom o paghahanda ng pagkain. Maaaring humalo ang lead at copper sa tubig sa pamamagitan ng mga tubo at maaaring magdulot ng malubhang problema sa kalusugan kapag nakonsumo. Kung mayroon itong lead o copper, kailangang ayusin ang sistema ng mga tubo o magpatupad ng plano upang maiwasan ang pagkakalantad ng mga bata.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0235 ang mga kinakailangan para sa mga nakakabit na gamit sa tubig at balon ng tubig.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0400 ang mga kinakailangang materyales sa aplikasyon.

Para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro, ang pagsasaayos ng pagbisita para sa pagsusuri ng pagiging angkop o pagsusuri ng plano ng DCYF kasama ang provider ng lisensya at espesyalista sa kalusugan bago maging lisensyado ay maaaring maging kapaki-pakinabang upang talakayin ang mga potensyal na panganib, tumanggap ng teknikal na tulong, at masuri ang pagiging angkop ng lisensya para sa gusali at property.

296 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Childhood Lead Poisoning Prevention," available sa **www.cdc.gov/nceh/lead/prevention/sources/paint.htm**, huling in-update noong Nobyembre 24, 2020.

297 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Mold," available sa **www.cdc.gov/mold/faqs.htm**, huling in-update noong Agosto 11, 2020.

WAC 110-300-0415

Mga zoning, kodigo, at ordinansa

(1) Pinagtibay at isinama ng kagawaran, sa pamamagitan ng pagtukoy ang kodigo sa paggawa ng gusali ng estado ng Washington (kabanata 19.27 RCW), gaya ng pagkakaamyenda ngayon at sa hinaharap.

(2) Dapat sumunod ang espasyo ng programa ng maagang pagkatuto sa kodigo sa paggawa ng gusali ng estado ng Washington o sa lokal na kodigo sa gusali na ipinatupad sa panahon ng paglilisensya. Dapat sumunod ang mga pagbabago sa pasilidad sa WAC 110-300-0402.

(3) Bago ang paglilisensya, dapat makipag-ugnayan ang aplikante sa mga ahensya ng estado, lungsod, at lokal na namamahala sa programa ng maagang pagkatuto. Dapat kumuha ang provider ng maagang pagkatuto ng mga regulasyon at sumunod sa mga patnubay na ibinigay ng naturang mga ahensya. Maaaring kabilang sa mga ahensyang ito, ngunit hindi limitado sa, ang department of labor and industries (kagawaran ng paggawa at industriya) ng estado ng Washington, ang fire marshal ng estado ng Washington, ang department of health (kagawaran ng kalusugan) ng estado ng Washington, at ang mga lokal na hurisdiksyon sa kalusugan.

(4) Bago ang paglilisensya, ang isang aplikante para sa sentro ng maagang pagkatuto ay dapat:

(a) Magkaroon ng sertipiko ng paggamit ng gusali (certificate of occupancy) na inilabas ng lokal na kagawaran ng gusali, pagpaplano, o zoning, o katumbas na lokal kung ang lugar ay walang sertipiko ng paggamit ng gusali; at

(b) Masuri at aprubahan ng fire marshal ng estado.

Ang DCYF ay hindi lamang ang pampublikong ahensya na ang mga patakaran at regulasyon ay may epekto sa isang programa ng maagang pagkatuto. Halimbawa, ang Department of Labor and Industries (Kagawaran ng Paggawa at Industriya ng Estado ng Washington, L&I), ang Fire Marshal ng Estado ng Washington, ang Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan, DOH) ng Estado ng Washington, at ang mga lokal na hurisdiksyon sa kalusugan ay may awtoridad sa mga partikular na aspeto ng isang programa ng maagang pagkatuto. Responsable rin ang lisensyado sa pagkuha at pagsunod sa mga naaangkop na kodigo sa gusali at pamatay-sunog. Kung ang mga ganitong ahensya ay may mga kinakailangan na mas mahigpit o dagdag pa sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat sumunod sa mas mahigpit na kinakailangan.



Maaaring kabilang sa mga halimbawa ang:

- Nangangailangan ang L&I ng inspeksyon sa water heater ng isang programa ng maagang pagkatuto sa family home.
- Nangangailangan ang lungsod na ang isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ay magdagdag ng dalawang paradahan batay sa kapasidad ng tao sa gusali.
- Nangangailangan ang inspektor ng pamatay-sunog na ilipat ang mga extinguisher sa mas mababang lokasyon.
- Nagdagdag ang isang provider ng silid-tulugan sa kanilang bahay upang dagdagan ang kapasidad ng lisensyadong espasyo at hinihiling ng DOH na palitan nila ang kanilang 900-galon na septic tank ng 1,000-galon na septic tank.

Dapat kumuha ang isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ng Sertipiko ng Paggamit ng Gusali (CO), Pahintulot sa Kondisyunal na Paggamit (CUP), o iba pang opisyal na dokumento na ibinibigay ng lokal na awtoridad sa gusali o zoning. Ipinapakita ng dokumentong ito na ang gusali o espasyo ng programa ay inaprubahan ng lokal na nasasakupan para sa nakatakdang paggamit ng pag-aalaga ng bata at maagang pagkatuto. Dapat tukuyin ng CO ng isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro ang gusali bilang naka-zone para sa alinman sa E (edukasyonal) o I (institusyonal) upang maibigay ang lisensya. Kung ibang zoning group ang ipinapakita ng CO, maaaring humiling ng pagbabago sa pamamagitan ng lokal na kagawaran ng pagpaplano ng lungsod o county. Mahalagang tandaan na sa ilang lugar, ang pagkuha o pagbabago ng CO ay maaaring tumagal ng mahabang panahon kaya inirerekomenda na simulan ang pakikipag-ugnayan nang maaga.



Ang mga provider ng maagang pagkatuto sa family home ay hindi kinakailangang magkaroon ng CO, ngunit pinapayo na kumonsulta sa kanilang landlord (kung inuupahan) at sa lokal na Asosasyon ng May-ari ng Bahay para sa mga kasunduan (kung naaangkop) tungkol sa mga limitasyon sa pagpapatakbo ng negosyo sa bahay.

Dapat makatanggap at pumasa sa inspeksyon mula sa Fire Marshal ng Estado ang mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro bago maibigay ang lisensya. Sa pagtanggap ng kumpletong aplikasyon, kokontakin ng DCYF ang tanggapan ng Fire Marshal ng Estado at isusumite ang kahilingan. Dapat magsaayos ang mga programa ng maagang pagkatuto sa family home at sa sentro ng taunang inspeksyon para sa kaligtasan sa sunog sa pamamagitan ng kanilang lokal na ahensya ng pamahalaan.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0170 ang karagdagang mga kinakailangan para sa taunang inspeksyon sa sunog at kaligtasan sa sunog.

Konseho sa Kodigo ng Gusali ng Estado ng Washington. Itinatag upang magbigay ng payo sa Lehislatura hinggil sa mga usapin sa kodigo ng gusali. Nagbibigay ng mga kodigo ng estado, impormasyon at mga sanggunian.
https://sbcc.wa.gov/

Nakikipagtulungan ang Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan, DOH) ng Estado ng Washington upang protektahan at pahusayin ang kalusugan ng lahat ng tao sa Estado ng Washington. **www.doh.wa.gov**

Mga Lokal na Kagawaran at Distrito ng Kalusugan ng Estado ng Washington. Isang webpage ng DOH na may contact information at mga link sa webpage ng lokal na kagawaran ng kalusugan para sa bawat county sa Estado ng Washington.
www.doh.wa.gov/AboutUs/PublicHealthSystem/LocalHealthJurisdictions

Ang Department of Labor & Industries (Kagawaran ng Paggawa at Industriya, L&I) ng Estado ng Washington ay nakatuon sa kaligtasan, kalusugan at seguridad ng lakas-paggawa sa Washington.
www.lni.wa.gov

Tanggapan ng Fire Marshal ng Estado. Impormasyon, datos, at mga sanggunian na may kaugnayan sa sunog.
www.wsp.wa.gov/state-fire-marshals-office

WAC 110-300-0420

Mga ipinagbabawal na substansya

(1) Ipinagbabawal ng Kabanata 70.160 RCW ang paninigarilyo sa mga pampublikong lugar at lugar ng trabaho.

(2) Ayon sa RCW 70.160.050, ang isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat:

- **(a) Ipagbawal ang paninigarilyo, paggamit ng vape, o katulad na mga gawain sa lisensyadong panloob na espasyo, kahit sa labas ng oras ng negosyo;**
- **(b) Ipagbawal ang paninigarilyo, paggamit ng vape, o katulad na mga gawain sa lisensyadong panlabas na espasyo maliban kung:**
  - **(i) Nagaganap ang paninigarilyo, paggamit ng vape o katulad na mga gawain sa labas ng oras ng negosyo; o**
  - **(ii) Sa lugar para sa paninigarilyo o paggamit ng vape na gawa sa mga produktong tabako na hindi itinuturing na "pampublikong lugar" o "lugar ng trabaho," ayon sa kahulugan sa RCW 70.160.020.**
- **(c) Ipinagbabawal ang paninigarilyo, paggamit ng vape, o katulad na mga gawain sa mga sasakyan na ginagamit para sa paghahatid ng mga batang naka-enroll;**
- **(d) Ipinagbabawal ang paninigarilyo, paggamit ng vape, o katulad na mga gawain ng anumang provider na nagbabantay sa mga bata, kabilang na kapag nasa field trip;**
- **(e) Ipinagbabawal ang paninigarilyo, paggamit ng vape, o katulad na mga gawain sa loob ng dalawampu't limang talampakan mula sa mga entrance, exit, maaaring buksang bintana, at bentilasyon, alinsunod sa RCW 70.160.075; at**
- **(f) Maglagay ng mga karatulang "bawal manigarilyo o mag-vape". Dapat malinaw na nakikita ang mga karatula at ilagay sa bawat entrance ng gusali na ginagamit bilang bahagi ng programa ng maagang pagkatuto.**

(3) Dapat gawin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga sumusunod:

- **(a) Ipagbawal ang sinumang tao na uminom o nasa ilalim ng impluwensya ng alak sa lisensyadong espasyo sa oras ng negosyo;**
- **(b) Ipagbawal ang sinumang tao sa loob ng lisensyadong espasyo na uminom o nasa ilalim ng impluwensya ng ilegal na droga o mga iniresetang gamot kung ito ay nakakaapekto sa pag-aalaga ng mga bata gaya ng kinakailangan ng kabanatang ito;**
- **(c) Itago ang anumang produktong tabako o vapor, o ang mga packet ng produktong tabako o vapor sa isang lugar na hindi maaabot ng mga bata;**
- **(d) Pagbawalan ang mga bata na abutin ang mga upos ng sigarilyo o tabako o abo nito;**
- **(e) Itago ang anumang cannabis o mga kaugnay na gamit sa labas ng lisensyadong espasyo at sa isang lugar na hindi maaabot ng mga bata; at**
- **(f) Itago ang alak sa isang lugar na hindi maaabot ng mga bata (kasama ang mga bukas at saradong lalagyan).**

(4) Dapat ipagbawal ng isang provider ng maagang pagkatuto sa sentro ang sinumang tao na gumamit, kumonsumo, o nasa ilalim ng impluwensya ng cannabis sa anumang anyo sa lisensyadong espasyo.

(5) Dapat ipagbawal ng isang provider ng maagang pagkatuto sa family home ang sinumang tao na gumamit, kumonsumo, o nasa ilalim ng impluwensya ng mga produktong cannabis sa anumang anyo sa lisensyadong espasyo sa oras ng negosyo.

Ipinagbabawal ang mga mapanganib na substansya sa lisensyadong programa ng maagang pagkatuto at kabilang dito ang mga produktong tabako tulad ng sigarilyo, tabako at pipe. "Ang paninigarilyo ang pangunahing sanhi ng kamatayan na maaaring maiwasan sa Estados Unidos."[298] Hindi lamang mapanganib ang paninigarilyo para sa naninigarilyo, kundi mayroon din itong malaking epekto sa kalusugan ng mga tao sa paligid ng naninigarilyo at sa mga lugar kung saan naganap ang paninigarilyo.

298 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Smoking & Tobacco Use," available sa **www.cdc.gov/tobacco/data_statistics/fact_sheets/health_effects/effects_cig_smoking/index.htm**, huling na-update noong Abril 28, 2020.

Ang secondhand smoke ay usok mula sa nasusunog na mga produktong tabako at usok na inilalabas ng taong naninigarilyo. Naglalaman ang usok ng daan-daang nakalalasong kemikal.[299] Ayon sa Sentro ng Batas para sa Pampublikong Kalusugan,

"Ang mga sanggol at bata, na ang mga katawan ay patuloy na nagde-develop, ay partikular na madaling makaranas ng masamang epekto sa kalusugan kapag nalantad sa secondhand smoke. Ang usok mula sa paninigarilyo ng ibang tao ay kilalang sanhi ng:

- Biglaang Pagkamatay ng Sanggol
- Posibleng nakamamatay na impeksyon sa palahingahan, gaya ng bronchitis at pneumonia
- Sintomas sa paghinga, kabilang ang ubo, plema, hingal at hirap sa paghinga
- Madalas at malulubhang atake ng hika
- Impeksyon sa gitnang tainga, na madalas ay may kaugnayan sa mga problema sa pandinig"[300]

"Para sa mga batang may hika, ang paglanghap ng secondhand smoke ay maaaring mag-trigger ng atake. Ang atakeng ito ay maaaring maging sapat na malubha upang dalhin ang bata sa ospital. May mga pagkakataon na ang pag-atake ng hika ay sobrang tindi na nagiging sanhi ng pagkamatay ng bata."[301]

Binigyang-pansin din ng CFOC ang third-hand smoke: "Ang third-hand smoke ay tumutukoy sa mga gas at particle na dumikit sa buhok at damit ng naninigarilyo, mga unan, karpet, at kagamitan sa labas matapos mawala ang nakikitang usok ng tabako. Kasama sa natirang residue ang mga mabibigat na metal, carcinogen at maging mga radioactive na materyales na maaaring makuha ng maliliit na bata sa kanilang mga kamay at malunok, lalo na kung sila ay gumagapang o naglalaro sa sahig. Ang mga natitirang lason mula sa paninigarilyo sa mga oras na hindi ginagamit ng mga bata ang lugar ay maaaring magdulot ng hika at allergy kapag ginamit na ng mga bata ang lugar."[302]

Upang maprotektahan ang mga bata mula sa second-hand at third-hand smoke, ipinagbabawal ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang paninigarilyo sa mga lisensyadong lugar (kahit sa labas ng oras ng operasyon), sa mga sasakyang ginagamit para maghatid ng mga bata at sa loob ng 25 talampakan mula sa mga pasukan, bintana at bentilasyon. Kapag may paninigarilyo sa mga hindi lisensyadong lugar, hindi dapat hayaan na pumasok ang usok sa mga lisensyadong lugar.

Ang pagbabawal na ito ay sumasaklaw din sa paggamit ng vape, dahil ang vapor mula sa vape pen o mga e-cigarette device ay naglalaman din ng mga kemikal na maaaring makasama sa mga bata. Bukod dito, maaaring malason ang mga bata kung kanilang inumin ang likido sa mga aparatong nagdadala ng nicotine o mga refill, at maaari rin silang magkasakit kung ang likido ay mapunta sa kanilang balat.[303]

Upang higit pang maprotektahan ang kalusugan, kaligtasan at pag-unlad ng mga bata, dapat tiyakin ng mga provider ng maagang pagkatuto na sila ay nasa malinaw at alertong kalagayan habang nag-aalaga ng mga bata. Kung ang isang provider ng maagang pagkatuto ay nasa ilalim ng impluwensya ng ilegal na droga, cannabis, alkohol o maling paggamit ng mga resetang gamot, maaaring maapektuhan ang kanilang kakayahan sa paggawa ng desisyon at maantala ang kanilang mga pagtugon.

Mahalaga ang malinaw at tuwirang komunikasyon sa mga kawani at mga magulang o guardian tungkol sa mga patakaran sa tabako, droga at alkohol. Makakatulong ito upang matiyak na ang mga batang nasa pag-aalaga ay nasa pinakaligtas at pinakamalusog na kapaligiran na posible. Para maipatupad ang mga patakaran, dapat na may malinaw na nakasulat na gabay sa mga handbook para sa kawani at magulang, at maaaring magpaskil ng impormasyon sa iba't ibang bahagi ng pasilidad. Ang mga poster, larawan, o karatula ay maaari ring magsilbing mahalagang panimula sa pag-uusap kung ang mga pamilya ay nagsisimula nang talakayin ang mga paksa tungkol sa alak, droga, at tabako sa kanilang mga anak.

299 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Smoking & Tobacco Use," available sa **www.cdc.gov/tobacco/data_statistics/fact_sheets/secondhand_smoke/general_facts/index.htm**, huling na-update noong Enero 17, 2018.

300 Sentro ng Batas para sa Pampublikong Kalusugan, "Smoke-Free Child Care: A Policy Overview, available sa **www.publichealthlawcenter.org/sites/default/files/resources/phlc-fs-smokefreechildcare-2011.pdf**, inilathala noong 2011.

301 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "How We Can Protect Our Children from Secondhand Smoke A Parent's Guide," available sa **www.bcsssd.k12.nj.us/cms/lib/NJ01000535/Centricity/Domain/45/protect_children_guide.pdf**, nakuha noong Oktubre 7, 2020.

302 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 391

303 Johns Hopkins Medicine, "Is It Safe to Vape Around Children," available sa **www.hopkinsallchildrens.org/Patients-Families/Health-Library/HealthDocNew/Is-It-Safe-to-Vape-Around-Children#:-:text=It's%20not%20safe%20to%20use,nicotine%20delivery%20devices%20or%20refills**, nakuha noong Oktubre 7, 2020.

Hinihiling ng WAC 10-300-0450 na ang impormasyon kaugnay ng paggamit ng alak, tabako, cannabis at ang pagbabawal sa ilegal na droga ay isama sa handbook ng magulang o guardian.

Pag-aalaga ng Bata na Walang Usok: Isang Pagsusuri sa Patakaran. Isang publikasyon mula sa Sentro ng Batas para sa Pampublikong Kalusugan tungkol sa pinsala ng secondhand smoke sa mga bata sa mga kapaligiran ng maagang pagkatuto.
www.publichealthlawcenter.org/sites/default/files/resources/phlc-fs-smokefreechildcare-2011.pdf

Paano Natin Mapoprotektahan ang Ating mga Anak mula sa Secondhand Smoke; Gabay para sa mga Magulang. Isang publikasyon mula sa Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit, CDC) na naglalaman ng impormasyon tungkol sa epekto ng usok sa mga bata.
www.bcsssd.k12.nj.us/cms/lib/NJ01000535/Centricity/Domain/45/protect_children_guide.pdf

Mga Sanggunian at Tool para sa Produktong Tabako at Vapor. Isang webpage mula sa Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan, DOH) ng Estado ng Washington na may mga link sa mga karatulang 'Bawal Manigarilyo' sa iba't ibang wika.
www.doh.wa.gov/YouandYourFamily/Tobacco/Resources

Secondhand Smoke mula sa Tabako at ang Kalusugan ng Iyong Pamilya. Isang brochure mula sa Ahensya ng Proteksyon sa Kapaligiran (EPA) ng Estados Unidos na may impormasyon at mga tip para sa mga pamilya sa wikang English at Spanish.
www.epa.gov/sites/production/files/2014-09/documents/trifold_brochure.pdf



WAC 110-300-4025

Paunang lisensya, hindi nag-e-expire, dobleng lisensya at pagbabago ng lisensya

(1) Maaaring magbigay ang kagawaran ng paunang lisensya kapag ang aplikante para sa programa ng maagang pagkatuto ay nagpapatunay ng pagsunod sa mga kahilingan sa kalusugan at kaligtasan ng kabanatang ito ngunit maaaring hindi pa ganap na sumusunod sa lahat ng kahilingan, alinsunod sa RCW 43.216.315.

(a) Ang paunang lisensya ay may bisa sa loob ng anim na buwan mula sa petsa ng pagkakaloob.

(b) Sa pagpapasya ng kagawaran, ang paunang lisensya ay maaaring pahabain ng hanggang tatlong karagdagang anim na buwang panahon, ngunit hindi lalampas sa kabuuang dalawang taon.

(c) Dapat suriin ng kagawaran ang kakayahan ng provider ng maagang pagkatuto na sundin ang mga kahilingan na nakapaloob sa kabanatang ito sa panahon ng paunang lisensya.

(2) Maaaring magbigay ang kagawaran ng hindi nag-e-expire na lisensya sa isang lisensyadong nagpapatakbo sa ilalim ng paunang lisensya na nagpapatunay ng pagsunod sa mga kahilingan ng kabanatang ito sa panahon ng paunang lisensya, alinsunod sa RCW 43.216.305.

(3) Dapat magsumite ang lisensyado ng mga taunang dokumento ng pagsunod hindi bababa sa tatlumpung araw sa kalendaryo bago ang anibersaryo ng provider. Ang anibersaryo ng provider ay ang petsa kung kailan unang naibigay ang paunang lisensya. Alinsunod sa RCW 43.216.305, ang kinakailangang taunang dokumento ng pagsunod ay ang mga sumusunod:

(a) Ang taunang hindi naibabalik na bayad sa lisensya;

(b) Isang pahayag sa form ng kagawaran na nagsasaad ng:

(i) Hangarin na ipagpatuloy ang pagpapatakbo ng lisensyadong programa ng maagang pagkatuto;

(ii) Hangarin na itigil ang pagpapatakbo bilang lisensyadong programa ng maagang pagkatuto;

(iii) Pagbabago sa oras o petsa ng operasyon ng programa ng maagang pagkatuto; at

(iv) Hangarin na sumunod sa lahat ng tuntunin sa paglilisensya.

(c) Dokumentasyon ng mga kumpletong aplikasyon para sa background check ayon sa itinakdang iskedyul ng kagawaran, alinsunod sa RCW 43.216.270(2); at

(d) Para sa bawat indibidwal na kinakailangang magkaroon ng clearance sa background check, dapat tiyakin ng provider ng maagang pagkatuto ang kasalukuyang background check o hilingin sa indibidwal na magsumite ng aplikasyon para sa background check hindi bababa sa tatlumpung araw ng kalendaryo bago ang anibersaryo.

(4) Kung hindi matugunan ng isang lisensyado ang mga kinakailangan para sa pagpapatuloy ng lisensyang hindi nag-e-expire bago ang petsa ng anibersaryo nito, mawawalan ng bisa ang kasalukuyang lisensya ng lisensyado. Dapat magsumite ang provider ng maagang pagkatuto ng bagong aplikasyon para sa lisensya, alinsunod sa RCW 43.216.305(3).

(5) Walang anumang bagay tungkol sa proseso ng lisensya na hindi nag-e-expire sa seksyong ito ang maaaring makagambala sa mga nakatakdang gawain ng kagawaran sa pagmamanman, alinsunod sa RCW 43.216.305(4)(a).


(6) Walang karapatan ang isang lisensyado sa isang adjudicative proceeding (pagdinig) upang iapela ang pag-expire, hindi pag-renew, o hindi pagpapatuloy ng isang lisensya na hindi nag-e-expire na nagresulta mula sa kabiguang sumunod sa mga kinakailangan ng seksyong ito.

(7) Dapat magkaroon ng pag-apruba mula sa kagawaran ang isang lisensyado upang humawak ng dalawang lisensya (halimbawa: lisensya para sa programa ng maagang pagkatuto at isa pang lisensya sa pag-aalaga, sertipikasyon, o katulad na pahintulot).

(8) Kung matukoy ng kagawaran na hindi natutugunan ng isang lisensyado ang lahat ng naaangkop na kinakailangan at regulasyon:

(a) Maaaring pagkasunduan ng kagawaran at lisensyado ang pagbabago ng lisensya sa pag-aalaga ng bata;

(b) Maaaring isuko ng lisensyadong nagpapatakbo ang isa sa mga lisensya, sertipikasyon, o awtorisasyon; o



(c) Maaaring suspendihin, tanggihan, o bawiin ng kagawaran ang lisensya sa maagang pagkatuto, alinsunod sa RCW 43.216.325.

(9) Dapat mag-ulat ang provider ng maagang pagkatuto sa loob ng dalawampu't apat na oras:

(a) Sa kagawaran at mga lokal na awtoridad: Isang sunog o iba pang pinsala sa estruktura sa lugar ng programa ng maagang pagkatuto o sa iba pang bahagi ng nasasakupang lugar;

(b) Sa kagawaran:

(i) Isang pagreretiro, pagtatanggal sa trabaho, pagkamatay, kawalan ng kakayahan, o pagbabago ng direktor ng programa, o superbisor ng programa, o pagbabago ng pagmamay-ari o pagkakorporasyon ng provider;

(ii) Kapag nalaman ng isang provider ang tungkol sa isang kaso o hatol laban sa kanilang sarili, isang empleyado o, kung naaangkop, miyembro ng sambahayan, alinsunod sa WAC 110-06-0043;

(iii) Kapag nalaman ng isang provider ang tungkol sa isang alegasyon o natuklasang kaso ng pang-aabuso, kapabayaan, pagmamaltrato, o pagsasamantala sa isang bata o mahinang nasa hustong gulang na isinampa laban sa kanilang sarili, isang empleyado, o miyembro ng sambahayan, kung naaangkop;

(iv) Isang pagbabago sa bilang ng mga miyembro ng sambahayan na naninirahan sa loob ng lugar ng programa ng maagang pagkatuto sa family home. Kasama rito ang mga indibidwal na labing-apat na taong gulang pataas na lumilipat papasok o palabas ng bahay, o isang pagbibitiw sa tungkulin o pagtatanggal sa trabaho, alinsunod sa RCW 43.216.390. Dapat iulat ang kapanganakan o pagkamatay na nakaaapekto sa bilang ng mga miyembro ng sambahayan sa loob ng dalawampu't apat na oras o sa unang pagkakataon; at

(v) Anumang pagbabago sa oras ng operasyon ng programa ng maagang pagkatuto, kabilang ang mga petsa ng pagsasara.


(10) Bago taasan ang kapasidad ng isang programa ng maagang pagkatuto, ang lisensyadong nagpapatakbo, direktor ng sentro, katulong na direktor, o superbisor ng programa ay dapat humiling ng pagtaas ng kapasidad at maaprubahan ito ng kagawaran.

(11) Ang lisensyadong nagpapatakbo, direktor ng sentro, katulong na direktor, o superbisor ng programa ay dapat magkaroon ng pag-apruba mula sa fire marshal ng estado o kagawaran at sumunod sa mga lokal na ordinansa sa gusali kasunod ng makabuluhang pagbabago alinsunod sa WAC 110-300-0402(1)(a) hanggang (c), kung naaangkop.

(12) Dapat abisuhan ng lisensyadong nagpapatakbo, direktor ng sentro, katulong na direktor, o superbisor ng programa ang kagawaran sa loob ng tatlumpung araw ng kalendaryo na nag-expire na o nagwakas ang saklaw ng insurance sa pananagutan alinsunod sa RCW 43.216.700.

Kapag natanggap ng DCYF ang kumpletong aplikasyon para sa lisensya, magsisimula ang 90-araw na takdang panahon para sa paglilisensya. Rerepasuhin ng DCYF ang mga materyales ng aplikasyon, magbibigay ng anumang kinakailangang teknikal na tulong, at para sa mga provider ng maagang pagkatuto sa sentro, hihiling ng inspeksyon mula sa Fire Marshal ng Estado. Isasagawa rin ng DCYF ang paunang inspeksyon para sa paglilisensya at anumang kinakailangang kasunod na pagbisita. Sa loob ng 90-araw na takdang panahon, dapat magbigay ang DCYF ng paunang lisensya o tanggihan ang aplikasyon.

Proseso ng Paglilisensya para sa Aplikante



Kapag naipakita ng aplikante ang pagsunod sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad, magbibigay ang DCYF ng paunang lisensya. Ang anim na buwang paunang panahon ng lisensya ay nilalayon upang payagan ang isang programa ng maagang pagkatuto na magsimula ng operasyon sa pag-aalaga ng bata at maabot ang buong pagsunod sa WAC. Gagawa ang DCYF ng pagbisita upang obserbahan ang programa at magbigay ng teknikal na tulong sa loob ng unang anim na buwan ng paglilisensya. Kung kinakailangan ng karagdagang oras upang makamit ang buong pagsunod, maaaring magbigay ang DCYF ng paunang lisensya na maaaring pahabain hanggang tatlong karagdagang anim na buwang panahon, hindi hihigit sa kabuuang dalawang taon. Kapag naipakita ng provider ng maagang pagkatuto ang ganap na pagsunod sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad, maaaring magbigay ang DCYF ng lisensyang hindi nag-e-expire.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0443 ang mga kinakailangan kaugnay sa pagtanggi at iba pang aksyon sa pagpapatupad.



Bawat taon, ang isang lisensyado ay dapat magsumite ng taunang dokumentasyon ng pagsunod. Ang dokumentasyong ito ay nagsisilbing abiso sa DCYF kung magpapatuloy o hindi ang operasyon ng provider ng maagang pagkatuto at ang pangako ng provider na manatiling sumusunod sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad. Kasama rin sa kinakailangang dokumentasyon ang taunang bayad sa lisensya at kumpirmasyon ng katayuan ng background check para sa lahat ng empleyado, boluntaryo at miyembro ng sambahayan para sa mga provider ng family home na kinakailangang kumuha ng clearance sa background check. Ang taunang pagsusumite ng katayuan ng background check ay nagbibigay sa DCYF at sa provider ng maagang pagkatuto ng regular na kumpirmasyon ng clearance para sa mga empleyado at boluntaryo na may access sa mga batang inaalagaan.

Lahat ng kinakailangang taunang dokumento ng pagsunod ay dapat isumite 30 araw bago ang anibersaryo ng petsa kung kailan natanggap ng programa ng maagang pagkatuto ang paunang lisensya nito. Nagbibigay sa provider ng maagang pagkatuto ang mga taunang pamamaraan na ito ng pagkakataon upang suriin ang pagsunod sa WAC at ang mga hinaharap na gawain.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0401 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa mga bayad sa lisensya.

Binabalangkas ng WAC 110-06 ang mga kinakailangan para sa background check.

Kung ang taunang dokumento ng pagsunod ay hindi matatanggap bago ang petsa ng anibersaryo, ang lisensya ay mag-e-expire at ang programa ng maagang pagkatuto ay dapat magsara. Ang pagbibigay ng pag-aalaga sa bata nang walang lisensya ay labag sa batas at maaaring magdulot sa isang provider ng maagang pagkatuto ng mga parusang sibil at kriminal. Bukod dito, dahil ang lisensya ay sarado, ang provider ng maagang pagkatuto ay hindi na nagtataglay ng karapatan sa isang adjudication proceeding (pagdinig) upang iapela ang pag-expire kapag nagkaroon ng kabiguang sumunod sa mga kinakailangan sa seksyong ito.

Ang provider ng maagang pagkatuto na nagnanais magkaroon ng lisensya o katulad na sertipikasyon mula sa maraming entidad ay dapat magkaroon ng pag-apruba mula sa parehong mga entidad. Halimbawa nito ay ang provider ng maagang pagkatuto na lisensyado rin para sa pansamantalang pag-aalaga sa bata o ang provider ng maagang pagkatuto na nagbibigay rin ng personal na pag-aalaga sa isang nasa hustong gulang na miyembro ng pamilya sa oras ng pag-aalaga sa bata. Nangangailangan ng pag-apruba ang ganitong mga sitwasyon mula sa DCYF at mula sa iba pang ahensyang nag-aapruba.

Ang komunikasyon ng provider ng maagang pagkatuto sa DCYF ay mahalagang bahagi ng pagtiyak sa kalusugan at kaligtasan ng mga bata. Kapag ang mga sitwasyon ay iniulat sa DCYF, may pagkakataon ang provider ng maagang pagkatuto na tumanggap ng teknikal na tulong at magtanong. Halimbawa, ang pagbabago sa mga miyembro ng sambahayan sa isang family home o isang bagong direktor sa isang sentro ay maaaring mangailangan ng pagsusumite ng background check o pagsusuri ng mga kwalipikasyon. Isa pang halimbawa ay kapag nagkaroon ng sunog o pinsala sa pasilidad na maaaring makapinsala sa kaligtasan ng gusali, o kapag may plano na dagdagan ang kapasidad o palawakin ang saklaw ng edad ng mga batang pinaglilingkuran, na maaaring magbago sa kinakailangang sukat ng lugar o mangailangan ng pagbabago sa patakaran. Sa ganitong uri ng mga pangyayari, ang maagang komunikasyon ay makakatulong sa pagbibigay ng proaktibong teknikal na tulong mula sa mga tauhan ng lisensya at suporta para sa programa ng maagang pagkatuto. Ang mga kinakailangan na iulat ang tiyak na mga sitwasyon ay sumusuporta sa layunin ng DCYF na tulungan at gabayan ang provider ng maagang pagkatuto sa pagsunod sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad, at sa mga pagsisikap na tiyakin ang kapakanan ng mga bata.

WAC 110-300-0435

Waiver mula sa mga patakaran ng kagawaran—WAC

(1) Hindi maaaring mag-waive ng kahilingan ng batas ng estado (RCW) o pederal na batas ang kagawaran.

(2) Alinsunod sa RCW 43.216.065, maaaring aprubahan ng kagawaran ang pagsususpinde ng patakaran sa kabanatang ito kung hindi nito inilalagay sa panganib ang kalusugan, kaligtasan, o kapakanan ng mga batang nasa pag-aalaga.

(3) Ang kahilingan ng provider ng maagang pagkatuto para sa pagsususpinde ng patakaran sa kabanatang ito ay dapat:

- **(a) Isumite nang nakasulat gamit ang form ng kagawaran sa lokal na opisina ng paglilisensya;**
- **(b) Inaprubahan nang nakasulat ng direktor ng kagawaran o ng itinalagang kinatawan ng direktor bago ipatupad ng provider ng maagang pagkatuto ang waiver mula sa patakaran; at**
- **(c) Para sa isang partikular na pangangailangan ng programa o bata.**

(4) Ang ipinagkaloob na waiver ay maaaring may tiyak na takdang panahon o mananatiling epektibo hangga't patuloy na sumusunod ang provider ng maagang pagkatuto sa mga kondisyon ng waiver. Kung ang waiver mula sa patakaran ay may limitadong panahon, ang provider ay hindi dapat lumampas sa takdang oras na itinatag ng kagawaran.

(5) Maaaring bawiin ng kagawaran ang ipinagkaloob na waiver kung ang patakaran sa lisensya na isinasaalang-alang sa pagbibigay ng waiver ay malaki ang pagbabago o naamyendahan.

Ang waiver ay isang pag-apruba mula sa DCYF na nagpapahintulot sa isang provider ng maagang pagkatuto na hindi tuparin o sundin ang isang patakaran sa kabanatang ito dahil sa partikular na pangangailangan ng programa o ng isang naka-enroll na bata. Maaaring magbigay ng waiver ang DCYF para sa WAC, ngunit hindi maaaring i-waive ang mga batas o patakaran na itinatag ng Lehislatura o ng pamahalaang pederal.

Minsan may mga tiyak na sitwasyon sa mga programa ng maagang pagkatuto na pumipigil sa kanila na ganap na sumunod sa isang partikular na WAC. Karaniwan itong nangyayari kapag kailangang tugunan ng isang provider ng maagang pagkatuto ang pangangailangan ng isang indibidwal na bata, tauhan o programa. Sa mga ganitong pagkakataon, maaaring humiling ang mga programa ng maagang pagkatuto sa family home o sentro ng waiver sa isang Saligang Pamantayan ng Kalidad.

Rerepasuhin at magpapasya ang DCYF kung aaprubahan o hindi aaprubahan ang isang waiver sa bawat kaso upang matugunan ang tiyak na pangangailangan ng bata, kawani, o programa. Maaaring ibigay ng DCYF ang isang kahilingan para sa waiver kung ang iminungkahing waiver ay naglalaman ng malinaw at kapani-paniwalang ebidensya na hindi malalagay sa panganib ang kalusugan, kapakanan at kaligtasan ng mga bata. Sa pagsusuri ng waiver, isasaalang-alang ng DCYF ang kasaysayan ng lisensya, kasaysayan ng reklamo, pagsasanay at kwalipikasyon ng kawani ng programa, pati na rin ang iba pang may kaugnayang impormasyon, tulad ng iminungkahing plano upang makasunod sa pamantayan sa loob ng takdang panahon ng aprubadong waiver. Kung ang waiver ay ibinigay, maging ito man ay may takdang petsa o tuloy-tuloy, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat manatiling sumusunod sa mga kondisyon o kahilingan ng waiver habang ito ay epektibo. Maaaring bawiin ng DCYF ang mga waiver anumang oras kung ang provider ng maagang pagkatuto ay nabigong sumunod sa mga kondisyon ng pinapalampas na panuntunan.

Itinatag ng DCYF ang mga pamamaraan para sa pagsusumite ng waiver. Isasaalang-alang o susuriin ang waiver kapag ito ay naisumite sa pamamagitan ng Provider Portal. Dapat tukuyin sa kahilingan ang WAC na nais i-waive kasama ang detalyadong impormasyon kung bakit kailangan ng programa ang waiver at kung paano pamamahalaan ng provider ng maagang pagkatuto ang programa na isinasaalang-alang ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng bata o mga batang nasa pag-aalaga. Dapat magsumite ng hiwalay na waiver para sa bawat lisensyadong pamantayan na nais i-waive.

Walang pormal na proseso ng apela para sa hindi pag-apruba ng DCYF sa kahilingan ng waiver sa ilalim ng kabanata 110-03 WAC. Gayunpaman, may pagkakataon ang provider na kuwestyunin ang hindi pag-apruba sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin na ibinigay kapag naabisuhan tungkol sa hindi pag-apruba ng waiver. Nirerepaso ng isang panel ng kawani ng DCYF ang pagtatalo sa hindi pag-apruba ng waiver para sa panghuling desisyon.

Maaaring bumuo ang DCYF ng waiver o kasunduan ng pagkakaunawaan upang matugunan ang partikular na pangangailangan ng mga tribo sa loob ng mga programa ng maagang edukasyon, batay sa natatanging ugnayan ng pamahalaan nito sa mga tribong kinikilala ng pederal na pamahalaan. May karapatan ang mga pederal na kinikilalang tribo na bumuo ng mga kasunduan sa pakikipagtulungan sa DCYF.

Matatagpuan ang isang programa ng maagang pagkatuto sa property ng paaralan at may dalawang silid-aralan ng mga batang preschool, na may kapasidad na 17 bata sa bawat silid-aralan. Gagamitin nila ang palikuran sa kabilang pasilyo at may dalawang palikuran sa banyo ng mga lalaki at dalawang palikuran sa banyo ng mga babae. May isang mahabang lababo na may dalawang gripo kaagad sa labas ng mga banyo na pinagsasaluhan ng parehong silid-aralan. Kinakailangan ng WAC 110-300-0220 ng isang palikuran at isang lababo para sa bawat 15 bata at kawani. Pinapayagan din ng WAC ang mga kawani na magkaroon ng mga palikuran at lababo na magagamit sa kanila sa labas ng lisensyadong lugar at sa kasong ito, mayroong banyo para sa kawani.

Bagaman sapat ang bilang ng palikuran para sa kabuuang kapasidad ng 34 bata, kulang ang bilang ng mga lababo para sa paghuhugas ng kamay. Hindi makadaragdag ng isa pang lababo ang paaralan. Maaaring humiling ang programa ng waiver sa kahilingan ng lababo para sa paghuhugas ng kamay sa pamamagitan ng pagpapakita kung paano matitiyak na lahat ng bata ay magkakaroon ng tamang access sa paghuhugas ng kamay pagkatapos gumamit ng palikuran. Ito ay isang kahilingan para sa waiver dahil hindi matutugunan ng pasilidad ang WAC ayon sa kasalukuyang nakasaad, ngunit maaaring lumikha ang pasilidad ng plano upang mapangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng mga batang nasa pag-aalaga.

WAC 110-300-0436

Variance mula sa mga patakaran ng kagawaran—WAC

(1) Hindi maaaring magbigay ng variance mula sa kahilingan ng batas ng estado (RCW) o pederal na batas ang kagawaran.

(2) Sa pamamagitan ng nakasulat na kahilingan ng isang aplikante, lisensyado, direktor ng sentro, katulong na direktor, o superbisor ng programa, maaaring magbigay ang kagawaran ng variance mula sa isang panuntunan sa kabanatang ito kung ang iminungkahing alternatibo ng programa ay hindi ilalagay sa panganib ang kalusugan, kaligtasan, o kapakanan ng mga batang nasa pag-aalaga.

(3) Ang kahilingan para sa pagkakaiba mula sa isang panuntunan sa kabanatang ito ay dapat na:

- **(a) Isumite nang nakasulat gamit ang form ng kagawaran sa lokal na opisina ng paglilisensya;**
- **(b) Inaprubahan nang nakasulat ng direktor ng kagawaran o ng itinalagang kinatawan ng direktor bago ipatupad ng provider ng maagang pagkatuto ang variance mula sa patakaran; at**
- **(c) Para sa isang tiyak na pamamaraan o metodolohiya ng programa.**

(4) Ang ipinagkaloob na variance ay maaaring may takdang oras lamang o manatiling epektibo hangga't patuloy na sumusunod ang provider ng maagang pagkatuto sa mga kondisyon ng variance. Kung ang pagkakaiba mula sa panuntunan ay may takdang oras, ang provider ay hindi dapat lumampas sa itinakdang oras na itinatag ng kagawaran.

(5) Maaaring bawiin ng kagawaran ang ipinagkaloob na variance kung ang lisensyadong panuntunan na isinasaalang-alang sa pagbibigay ng pagkakaiba ay binago o inamyendahan nang malaki.

Pinahihintulutan ng mga variance ang programa ng maagang pagkatuto na matugunan ang kahilingan sa WAC sa isang alternatibong paraan dahil sa natatangi o tiyak na pamamaraan o metodolohiya ng programa ng maagang pagkatuto. Ilan sa mga halimbawa ng pamamaraan o metodolohiya ng programa ay: ECEAP, Montessori, Waldorf, High Scope at Reggio Emilia Approach.



Ang isang sentro ng maagang pagkatuto ay nagpapatakbo ayon sa isang metodolohiya at kagawian ng pagtuturo kung saan ang mas nakatatandang bata ay binibigyan ng pagkakataon na gumanap bilang lider, upang matulungan silang maunawaan ang kahalagahan ng paglilingkod sa iba at magsanay ng mga kasanayan sa pagiging mamamayan tulad ng pakikipagtulungan, pananagutan at pasensya. Ibinabahagi ng mas nakatatandang bata ang kanilang kaalaman at pinaglilingkuran ang mas nakababata sa pamamagitan ng pagpapakita, pagtulong at pakikisalamuha sa kanila. Nagbibigay ang programa ng maagang edukasyon ng pagkakataong ito sa pamamagitan ng mga planadong aktibidad at kurikulum sa loob ng isang oras na sesyon sa tatlong araw bawat linggo. Sa mga oras na iyon, 15 batang nasa edad ng pag-aaral ay ipinapartner sa 15 batang preschool para sa kabuuang laki ng grupo na 30 bata. Mayroong apat na provider ng maagang pagkatuto na naroroon. Hihilingin ng programa ng maagang pagkatuto ang isang variance upang lumampas sa laki ng grupo batay sa edad ng pinakabata sa grupo, at tiyakin na ang kaligtasan at kapakanan ng mga bata ay hindi malalagay sa panganib sa pamamagitan ng pagtaas ng staff-to-child ratio upang lumampas sa kinakailangan ng WAC at magbigay ng mas mataas na pagbabantay.

Sa maraming paraan, ang variance ay katulad ng waiver:

- Hindi maaaring mag-waive o magbigay ng variance mula sa isang kahilingan ng batas ng estado (RCW) o pederal na batas ang DCYF.
- Maaaring aprubahan ng DCYF ang isang waiver o magbigay ng variance mula sa isang panuntunan sa kabanata 110-300 WAC tangi lamang kung hindi malalagay sa panganib ang kalusugan, kaligtasan o kapakanan ng mga batang nasa pag-aalaga.
- Ang kahilingan para sa isang waiver o variance ay dapat isumite nang nakasulat gamit ang form ng DCYF sa pamamagitan ng Provider Portal.
- Dapat aprubahan nang nakasulat ang mga waiver at variance ng direktor ng DCYF o ng itinalagang kinatawan ng direktor **bago** ipatupad ng provider ng maagang pagkatuto ang waiver o variance mula sa patakaran.
- Ang ipinagkaloob na waiver o variance ay maaaring may tiyak na takdang panahon o mananatiling epektibo hangga't patuloy na sumusunod ang provider ng maagang pagkatuto sa mga kondisyon.
- Kung ang waiver o variance ay may takdang oras, ang provider ay hindi dapat lumampas sa itinakdang oras na itinatag ng DCYF.
- Maaaring bawiin ng DCYF ang ipinagkaloob na waiver o variance kung ang lisensyadong patakaran na ginamit sa waiver o pagkakaiba ay binago o inamyendahan nang malaki.
- Maaaring mapawalang-bisa ang aprubadong waiver o variance kung ang provider ng maagang pagkatuto ay nabigong sumunod sa mga kondisyon.
- Walang karapatan ang provider ng maagang pagkatuto na magsampa ng apela sa hindi pag-apruba ng DCYF sa kahilingan para sa waiver o variance sa ilalim ng kabanata 110-03 WAC.

Dapat tukuyin sa kahilingan para sa variance ang WAC na tinutukoy para sa variance, kasama ang detalyadong impormasyon kung bakit iniisip ng programa na natutugunan nila ang WAC sa ibang paraan. Kapag naisumite na ang kahilingan para sa pagkakaiba, ito ay susuriin ng isang panel ng mga indibidwal sa loob ng dibisyon ng paglilisensya ng DCYF. Dapat gumawa ng hiwalay na kahilingan para sa variance para sa bawat pamantayan sa paglilisensya na nais humiling ng pagbabago.

Maaaring bumuo ang DCYF ng variance o kasunduan ng pagkakaunawaan upang matugunan ang partikular na pangangailangan ng mga tribo sa loob ng mga programa ng maagang edukasyon, batay sa natatanging ugnayan ng pamahalaan nito sa mga tribong kinikilala ng pederal na pamahalaan. May karapatan ang mga pederal na kinikilalang tribo na bumuo ng mga kasunduan sa pakikipagtulungan sa DCYF.

WAC 110-300-0440

Mga kasunduan sa pagsunod sa paglilisensya ng pasilidad, nonreferral status, probationary license, at mga karapatan ng provider



(1) Sa pagpapasya ng kagawaran, kapag ang isang provider ng maagang pagkatuto ay lumalabag sa kabanatang ito o sa kabanata 43.216 RCW, maaaring ibigay ang isang kasunduan sa pagsunod sa paglilisensya ng pasilidad (FLCA) bilang kapalit ng agarang aksyon ng kagawaran. Dapat maglaman ang FLCA ng:

- **(a) Paglalarawan ng paglabag at ang batas o patakarang nilabag;**
- **(b) Isang iminungkahing plano mula sa provider o itinalagang kinatawan upang sumunod sa batas o patakaran;**
- **(c) Petsa kung kailan dapat maitama ang paglabag, na tinukoy batay sa:**
  - **(i) Bigat o kaseryosohan ng paglabag;**
  - **(ii) Posibleng banta sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga batang nasa pag-aalaga; at**
  - **(iii) Bilang ng beses na nilabag ng programa ng maagang pagkatuto ang mga panuntunan sa kabanatang ito o sa ilalim ng kabanata 43.216 RCW.**
- **(d) Impormasyon tungkol sa iba pang aksyon sa lisensya na maaaring ipataw kung hindi sumunod sa itinakdang petsa;**
- **(e) Lagda ng tagalisensya ng kagawaran at ng lisensyado.**

(2) Dapat ibalik ng provider ng maagang pagkatuto ang isang kopya ng kumpletong FLCA sa kagawaran matapos makumpleto ang aksyong pagwawasto at bago ang petsang itinakda.

(3) Maaaring humiling ang provider ng maagang pagkatuto ng panloob na proseso ng pagsusuri hinggil sa paglabag sa mga patakaran ng kagawaran alinsunod sa RCW 43.216.395.

(4) Sa isang aksyon sa pagpapatupad laban sa isang programa o provider ng maagang pagkatuto, may karapatan ang provider na:

- **(a) Tanggihan ang pagtanggap o paglagda sa isang FLCA.**
- **(b) Tanggihan ang pagsang-ayon sa isang probationary license.**

(5) Kung tinanggihan ng provider ng maagang pagkatuto ang FLCA o probationary license, maaaring magresulta ito sa alinman sa mga sumusunod na aksyon ng pagpapatupad:

- **(a) Pagbabago ng lisensya;**
- **(b) Pagpapatigil ng lisensya na hindi nag-e-expire;**
- **(c) Pansamantalang suspensyon ng lisensya;**
- **(d) Pagbawi ng lisensya; o**
- **(e) Sibil na multa o parusa.**

(6) Maaaring ilagay ng kagawaran ang isang provider ng maagang pagkatuto sa nonreferral status, alinsunod sa RCW 43.216.325(4), bilang karagdagan o kapalit ng aksyon sa pagpapatupad sa ilalim ng kabanatang ito.

(7) Maaaring mag-isyu ng isang probationary license sa isang provider ng maagang pagkatuto o programa ng maagang pagkatuto na nagpapatakbo sa ilalim ng lisensyang hindi nag-e-expire bilang bahagi ng plano sa pagsasaayos. Bago magbigay ng probationary license, dapat i-refer ng kagawaran ang programa o provider para sa teknikal na tulong, alinsunod sa RCW 43.216.320(2).

(8) Ang desisyon ng kagawaran na mag-isyu ng probationary license ay nakabatay sa programa ng maagang pagkatuto o provider nito sa:

- **(a) Hindi sinasadya o sinasadyang hindi pagsunod sa mga patakaran sa paglilisensya;**
- **(b) Kasaysayan ng hindi pagsunod sa mga patakaran sa paglilisensya;**
- **(c) Kasalukuyang hindi pagsunod sa mga patakaran sa paglilisensya;**
- **(d) Ulat mula sa inspeksyon sa kaligtasan laban sa sunog o inspeksyon sa kalusugan at sanitasyon na hindi naaprubahan;**
- **(e) Paggamit ng hindi awtorisadong espasyo para sa pag-aalaga ng bata;**
- **(f) Hindi sapat na pagbabantay sa mga bata;**
- **(g) Kakulangan ng tauhan para sa bilang ng mga batang nasa pag-aalaga;**
- **(h) Hindi pagsunod sa mga kinakailangan na may kinalaman sa kalusugan ng mga bata, wastong nutrisyon, disiplina, plano para sa medikal na emergency, kalinisan, o mga gawi sa personal na kalinisan; at**
- **(i) Iba pang mga salik na may kaugnayan sa tiyak na sitwasyon at naaayon sa layunin ng kabanata 43.216 RCW.**

(9) Kapag nagbigay ang kagawaran ng probationary license, dapat gawin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga sumusunod:

- **(a) Magbigay ng abiso tungkol sa probationary license at isang kopya ng kasunduan sa pagbibigay ng probationary license ng kagawaran sa mga magulang o guardian ng mga naka-enroll na bata sa loob ng limang araw ng negosyo mula sa pagtanggap ng probationary license;**
- **(b) Magbigay ng dokumentasyon sa kagawaran na ang mga magulang o guardian ng naka-enroll na bata ay naabisuhan sa loob ng sampung araw ng negosyo mula sa pagtanggap ng probationary license;**
- **(c) Ipabatid sa mga bagong magulang o guardian ang status ng probationary bago i-enroll ang bagong bata sa pag-aalaga;**
- **(d) Ibalik ang lisensya na hindi nag-e-expire ng programa ng maagang pagkatuto sa kagawaran; at**
- **(e) Ipaskil ang dokumentasyon ng aprubadong nakasulat na probationary license, ayon sa kinakailangan ng RCW 43.216.687.**

(10) Alinsunod sa RCW 43.216.689, dapat magkaroon ang provider ng maagang pagkatuto ng mga ulat ng inspeksyon at abiso ng mga aksyon sa pagpapatupad para sa nakaraang tatlong taon na madaling masuri ng kagawaran, mga magulang, at publiko.

Nakatuon ang DCYF sa pare-pareho, makatarungan, at pantay na pagpapatupad ng lisensya upang matiyak na may access ang lahat ng pamilya sa mga mataas na kalidad na programa. Ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagpapatupad ay nagpapahintulot sa DCYF na makipagtulungan sa mga provider ng maagang pagkatuto at tiyakin ang matagumpay na resulta habang pinananatiling ligtas at malusog ang mga bata.

Kapag minomonitor ang mga programa ng maagang pagkatuto, maaaring may mga bahagi na hindi sumusunod sa WAC o RCW. Magbibigay ang mga tauhan ng paglilisensya ng teknikal na tulong at magpupokus sa isang magkatuwang na paraan upang matukoy ang mga kalakasan ng programa at makamit ang pagsunod sa regulasyon. Maaaring itala ang mga paglabag sa pagsunod sa isang ulat ng inspeksyon. Ang ulat ng inspeksyon ay tatalakayin, pupunan, at pipirmahan ng lisensyado o ng kanilang itinalagang kinatawan. Titingnan ng mga kawani ng DCYF ang pagtatama sa mga paglabag na may agaran, seryoso, at panandaliang panganib sa mga bata na nakalista sa ulat ng inspeksyon.



Sa kaso ng paulit-ulit na hindi pagsunod, o kung may isa o higit pang paglabag sa kalusugan o kaligtasan na maaaring magresulta sa aksyon sa pagpapatupad, maaaring piliin ng DCYF na magbigay ng Mga Kasunduan sa Pagsunod sa Paglilisensya ng Pasilidad (FLCA) sa halip na ituloy ang aksyon sa pagpapatupad. Ang mga paglabag na maaaring magresulta sa aksyon sa pagpapatupad ay ang mga paglabag sa pamantayan ng kalusugan at kaligtasan na maaaring maglagay sa bata o mga bata sa malaking panganib ng pisikal na pinsala, karamdaman, o kamatayan. Nagbibigay ng pagkakataon para sa karagdagang komunikasyon ang pag-iisyu ng FLCA, bukod pa sa teknikal na tulong, sa pagitan ng DCYF at ng provider ng maagang pagkatuto. Ipapakita sa FLCA ang posibleng panganib sa kapakanan ng mga bata, ang kaseryosohan ng paglabag, kung ano ang aasahan kung hindi maisakatuparan ang pagsunod, at ang plano ng provider ng maagang pagkatuto na makasunod kasama ang napagkasunduang petsa ng pagsunod. Titingnan ng mga kawani ng DCYF ang pagtatama sa mga paglabag na may agaran, seryoso o panandaliang panganib sa mga bata na kasama sa FCLA.

Maaaring humiling ang provider ng maagang pagkatuto ng panloob na proseso ng pagsusuri upang matukoy kung ang mga tagalisensya ng DCYF ay tama, patas, at pare-pareho ang paglalapat ng mga panuntunan ng ahensya sa mga FLCA na hindi kinasasangkutan ng paglabag sa pamantayan ng kalusugan at kaligtasan. Dapat humiling ang provider ng maagang pagkatuto ng panloob na pagsusuri sa loob ng 10 araw sa kalendaryo mula sa pagbuo ng FLCA sa pamamagitan ng pagsusumite ng kahilingan sa Provider Portal. Hindi ipoproseso ng DCYF ang anumang kahilingan para sa pagtatalo sa FLCA kung may nakabinbing aksyon sa pagpapatupad.

Isa pang estratehiya sa pagpapatupad na maaaring isaalang-alang ay ang probationary license. Maaaring ialok ang probationary license kapag ang hindi pagsunod ay hindi nagdudulot ng agarang panganib sa kalusugan o kapakanan ng mga bata, ngunit malamang na magdulot nito kung patuloy na hahayaan. Iniaalok lamang ito matapos i-refer ang programa ng maagang pagkatuto sa mga ahensya ng mapagkukunan at referral para sa pag-aalaga ng bata o sa iba pang angkop na mapagkukunan para sa teknikal na tulong. Ang probationary license ay lisensya sa loob ng anim na buwan na may kasamang kondisyon ng aksyon sa pagwawasto at nangangailangan ng abiso ng katayuan ng probationary sa mga magulang at guardian ng lahat ng naka-enroll na bata. Pinapayagan ng probationary license ang provider ng maagang pagkatuto na makatanggap ng karagdagang suporta at teknikal na tulong upang makamit ang pagsunod at ipakita ang patuloy na pagsunod sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad.

Maaaring piliin ng provider ng maagang pagkatuto na tanggihan ang pagtanggap sa FLCA o alok ng probationary license. Sa ganitong kaso, maaaring ituloy ng DCYF ang aksyon sa pagpapatupad.

Maaaring hilingin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang non-referral status, o magamit ito bilang bahagi ng estratehiya sa aksyon sa pagpapatupad. Kapag ang isang provider ng maagang pagkatuto ay nasa non-referral status:

- Hindi nirerefer ng mga ahensya ng mapagkukunan at referral para sa pag-aalaga ng bata ang mga indibidwal na naghahanap ng serbisyo sa pag-aalaga at maagang pagkatuto sa provider ng maagang pagkatuto.
- Maaaring ipagpatuloy ng Sistema ng Pagbabayad para sa Serbisyong Panlipunan (SSPS) ang pagproseso ng bayad na subsidiya para sa mga batang kasalukuyang naka-enroll, ngunit hindi na bibigyan ng mga bagong awtorisasyon.

Magbibigay ang DCYF ng nakasulat na abiso sa mga provider ng maagang pagkatuto na inilagay sa non-referral status.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0443 ang mga kinakailangan at karapatan ng provider kaugnay ng mga aksyon sa pagpapatupad.

WAC 110-300-0443

Mga aksyon sa pagpapatupad, abiso, at apela



(1) Alinsunod sa RCW 43.216.325, may awtoridad ang kagawaran na magsagawa ng mga aksyon sa pagpapatupad kapag ang isang provider ng maagang pagkatuto ay nabigo sa pagsunod sa kabanatang ito o sa 43.216 RCW. Ang mga aksyon sa pagpapatupad ay isinasagawa alinsunod sa RCW 43.216.020, 43.216.065, at 43.216.250. Kasama sa mga aksyon sa pagpapatupad ang mga parusang sibil na pera (multa) at ang pagtanggi, suspensyon, pagbawi, pagbabago, o hindi pag-renew ng lisensya.

(2) Ang isang provider ng maagang pagkatuto na sakop ng isang aksyong pagpapatupad ay may karapatang umapela sa pamamagitan ng paghingi ng isang adjudicative proceeding (o "pagdinig") alinsunod sa kabanata 110-03 WAC, at sa mga patakaran sa pagdinig ng DCYF.

(3) Dapat magbigay ang kagawaran ng abiso ng paglabag sa isang provider ng maagang pagkatuto kapag isinasagawa ang aksyon sa pagpapatupad. Dapat ipadala ang abiso ng paglabag sa pamamagitan ng sulat na may patunay ng pagpapadala o paghahatid nang personal at dapat kasama ang mga sumusunod:

- **(a) Dahilan kung bakit isinasagawa ng kagawaran ang aksyon;**
- **(b) Mga patakaran o regulasyon na hindi sinunod ng provider;**
- **(c) Karapatan ng provider na mag-apela sa mga aksyon sa pagpapatupad; at**
- **(d) Kung paano maaaring mag-apela at humiling ng pagdinig ang provider.**

(4) Ang multa ay hindi dapat lumampas sa dalawang daan at limampung dolyar kada araw bawat paglabag para sa mga sentro ng maagang pagkatuto, o isang daan at limampung dolyar kada araw bawat paglabag para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa family home, o ayon sa itinakda ng lehislatura. Maaaring gawin ang mga multa sa mga sumusunod na paraan:

- **(a) Sukatin at kolektahin kasama ang interes para sa bawat araw na naganap ang paglabag;**
- **(b) Ipataw bilang karagdagan sa iba pang aksyon sa pagpapatupad; at**
- **(c) Bawiin o bawasan kung ang provider ng maagang pagkatuto ay sumunod sa panahon ng abiso.**

(5) Dapat bayaran ng provider ng maagang pagkatuto ang multa sa loob ng dalawampu't walong araw matapos matanggap ang abiso ng paglabag maliban kung:

- **(a) Itinatag ng tanggapan para sa pagbawi ng pananalapi ang isang plano sa pagbabayad para sa provider; o**
- **(b) Humihiling ang provider ng pagdinig, alinsunod sa kabanata 110-03 WAC, mga alituntunin sa pagdinig ng DCYF, at RCW 43.216.335(3).**

(6) Maaaring suspendihin o bawiin ng kagawaran ang lisensya kung ang isang provider ng maagang pagkatuto ay nabigong magbayad ng multa sa loob ng dalawampu't walong araw sa kalendaryo o nagiging atrasado sa pagbabayad, alinsunod sa RCW 43.216.327 at 43.216.335. Kung ang lisensya ng provider ay nakatakda para sa taunang pagsusuri ng pagsunod, maaaring piliin ng kagawaran na hindi ipagpatuloy ang lisensya dahil sa kabiguan sa pagbabayad ng multa.



May pananagutan ang DCYF na protektahan ang mga bata at kabataan mula sa pinsala at itaguyod ang malusog na pag-unlad sa pamamagitan ng epektibo, mataas na kalidad na mga serbisyo ng maagang pagkatuto na ipinatutupad nang patas. Upang maisakatuparan ang tungkuling ito, pinahihintulutan ang DCYF ng RCW na magsagawa ng hakbang sa pagpapatupad kapag ang isang provider ng maagang pagkatuto ay hindi sumusunod sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad o RCW. Mayroong iba't ibang hakbang sa pagpapatupad na maaaring gawin ng DCYF. Kinikilala ng DCYF na ang mga hakbang sa pagpapatupad, kahit minsan ay kinakailangan upang maprotektahan ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga bata, ay nakakaapekto rin sa negosyo ng isang programa ng maagang pagkatuto, nakakaapekto sa pagpasok ng mga bata, at nakakaapekto sa mga pamilyang naka-enroll sa programa. Kapag tinutukoy kung kailan at anong uri ng hakbang sa pagpapatupad ang kailangan, isinasaalang-alang ng DCYF ang kasaysayan ng lisensya ng provider ng maagang pagkatuto, ang uri at tindi ng mga isyu sa hindi pagsunod, at ang bilang ng beses na nangyari ang isang partikular na paglabag.

Kabilang sa mga hakbang sa pagpapatupad ang mga sumusunod:

Hakbang sa Pagpapatupad	Paglalarawan
Sibil na Parusang Pananalapi	Ang pagtatakda ng multa.
Pagtanggi	Upang ipagpaliban ang pag-iisyu ng lisensya kapag ang isang indibidwal ay may nakabinbing aplikasyon ng lisensya o hindi pa nakatanggap ng lisensyang hindi nag-e-expire.
Suspensyon	Upang pansamantalang ihinto ang lisensya upang maprotektahan ang kalusugan, kaligtasan o kapakanan ng mga batang naka-enroll o ng publiko.
Pagbawi	Upang isara ang isang programa ng maagang pagkatuto at permanenteng alisin ang lisensya.
Pagbabago	Upang baguhin ang mga kondisyon na nakasaad sa kasalukuyang lisensya ng lisensyado.
Hindi Pagpapa-renew	Upang hindi ipagkaloob ang pagpapa-renew ng lisensya.

Kapag nagsasagawa ng hakbang sa pagpapatupad, ipapaliwanag ng DCYF sa pamamagitan ng sulat ang paglabag sa WAC o RCW at ang dahilan kung bakit isinasagawa ang hakbang. Ang isang provider ng maagang pagkatuto na nasasakop ng hakbang sa pagpapatupad ay may karapatang umapela sa desisyon at tumanggap ng pagdinig. Magbibigay ang DCYF ng mga tagubilin kung paano umapela at humiling ng pagdinig sa nakasulat na abiso ng hakbang sa pagpapatupad.

Binabalangkas ng kabanata 110-03 WAC ang mga kinakailangan kaugnay sa mga administratibong pagdinig.

Ang pagtatakda ng sibil na parusang pananalapi (multa) ay maaaring karagdagan sa iba pang hakbang sa pagpapatupad. Ang halaga ng multa ay hindi hihigit sa $250 bawat araw, bawat paglabag para sa sentro ng pag-aalaga sa bata, o $150 bawat araw, bawat paglabag para sa provider ng maagang pagkatuto sa bahay ng pamilya. Ang mga limitasyong ito ay itinakda ng, at maaaring baguhin ng, Lehislatura. Kung agad na inayos ng provider ng maagang pagkatuto ang mga isyu ng hindi pagsunod, maaaring piliin ng DCYF na patawarin ang multa o bawasan ang halagang babayaran ng provider. Ang kabiguang magbayad ng multa sa loob ng dalawampu't walong (28) araw sa kalendaryo ay maaaring magresulta sa karagdagang aksyon ng pagpapatupad laban sa lisensyado.

Isinagawa ang pagbisita para sa pagmomonitor sa isang programa ng family home na tumatakbo mula Lunes hanggang Biyernes at may malaking trampolin na naa-access ng mga bata. Tinalakay ng provider ng maagang pagkatuto at ng tagalisensya ang mga panganib sa kaligtasan na kaugnay ng paggamit ng mga trampoline. Nagbigay ng teknikal na tulong sa provider ng maagang pagkatuto hinggil sa mga paraan kung paano gawing hindi magagamit ng mga bata ang trampoline, at naisulat ang paglabag sa kaligtasan sa ulat ng inspeksyon. Bumalik ang tagalisensya sa lugar makalipas ang limang araw upang muling suriin ang pagsunod at natuklasan na nagagamit pa rin ng mga bata ang trampoline. Itinala ang paglabag sa ulat ng inspeksyon at nagbahagi ng karagdagang teknikal na tulong sa provider. Upang tiyakin ang pagsunod, nagsagawa muli ng pagbisita sa lugar ang tagalisensya at natuklasang nagagamit pa rin ng mga bata ang trampoline. Sinuri at tinalakay ng tagalisensya at ng kanilang superbisor ang kasaysayan ng paglilisensya, ang uri at bigat ng mga isyu sa hindi pagsunod, at ang bilang ng mga paglabag. Dahil sa paulit-ulit na paglabag sa kalusugan at kaligtasan, napagpasyahan na magpataw ng multa para sa paulit-ulit na paglabag sa WAC 110-300-0146.

Itatakda ang multa sa halagang $1,500. Tinukoy ang halaga batay sa maximum na $150 para sa bawat isa sa 10 araw na ang trampoline ay nagagamit ng mga bata.

Kinabukasan, nag-iskedyul ang provider ng maagang pagkatuto ng pagbisita sa lugar upang tiyakin na naasikaso na ang trampoline para hindi na magamit ng mga bata. Sinuri ng tagalisensya at superbisor ang kahilingan ng provider ng maagang pagkatuto na alisin ang multa. Nagpasya ang DCYF na bawasan ang multa sa $300 – $150 para sa bawat pagkakataong naitala ang paglabag sa ulat ng inspeksyon.

WAC 110-300-0450

Handbook ng magulang o guardian at kaugnay na mga patakaran

(1) Dapat magbigay ang provider ng maagang pagkatuto sa bawat magulang o guardian ng nakasulat na mga patakaran hinggil sa programa ng maagang pagkatuto. Bawat rekord ng batang naka-enroll ay dapat may nakapirmang dokumentasyon na nagpapatunay na nasuri ng magulang o guardian ang handbook at mga patakaran ng programa ng maagang pagkatuto.

(2) Dapat magkaroon at sumunod ang provider ng maagang pagkatuto sa mga pormal na nakasulat na patakaran sa papel o elektronikong format, kabilang ang:

- **(a) Isang pahayag sa kawalan ng diskriminasyon;**
- **(b) Isang plano para sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa pamilya;**
- **(c) Pahintulot ng magulang o guardian para sa pagkuha ng litrato, pagkuha ng video, o pagsasagawa ng pagsubaybay sa kanilang anak;**

(d) Patakaran sa alak, tabako, cannabis at pagbabawal ng ilegal na droga;
(e) Pilosopiya ng kurikulum sa paraan ng pagkatuto at pag-unlad ng mga bata, at kung paano ipinapatupad ang pilosopiyang ito;
(f) Plano sa patnubay ng bata, kabilang ang mga patakaran sa pagpigil at pagbabawal sa pisikal na parusa;
(g) Patakaran sa pagpapatalsik;
(h) Mga staff-to-child ratio sa programa ng maagang pagkatuto at mga uri ng silid-aralan na iniaalok, kung naaangkop;
(i) Kung nag-aalok ang programa ng maagang pagkatuto ng alinman sa mga sumusunod, dapat mayroon silang patakaran para sa bawat isa na naaangkop sa kanilang programa:
    (i) Pag-aalaga para sa mga batang may partikular o espesyal na pangangailangan;
    (ii) Pag-aalaga sa sanggol at batang paslit, na sumasaklaw sa:
        (A) Pagpapalit ng diaper;
        (B) Pagpapakain;
        (C) Toilet training;
        (D) Pattern ng pagtulog ng bata; at
        (E) Mga kinakailangan para sa ligtas na pagtulog.
    (iii) Pagkatuto ng dalawang wika;
    (iv) Mga aktibidad na panrelihiyon at pangkultura, kabilang kung paano ipagdiriwang ang mga pista opisyal;
    (v) Transportasyon at mga field trip sa labas ng lugar;
    (vi) Mga aktibidad sa tubig;
    (vii) Pangangalaga sa magdamag; at
    (viii) Kung paano itinatago ang mga armas sa lugar.
(j) Mga araw at oras ng operasyon ng programa, kabilang ang mga petsa ng pagsasara at ipinagdiriwang na pista opisyal;
(k) Mga kinakailangan para sa pagpapa-enroll at pag-alis sa pagkaka-enroll;
(l) Mga bayarin at plano sa pagbabayad;
(m) Mga kinakailangan sa pagpirma sa pag-sign in at pag-sign out;
(n) Impormasyong kailangan para sa rekord ng bata, kabilang ang:
    (i) Ang kahalagahan at plano para panatilihing napapanahon ang impormasyon;
    (ii) Isang plano upang mapanatiling kumpidensyal ang impormasyon ng bata; at
    (iii) Kung sino ang may legal na karapatan na makakuha ng impormasyon ng bata.
(o) Isang plano para sa paglipat sa kindergarten, kung naaangkop;
(p) Ano ang dapat ibigay ng mga magulang o guardian para sa kanilang anak (halimbawa: Ekstrang damit o diaper);
(q) Pahintulot para sa pag-access ng magulang o guardian sa mga lugar ng programa ng maagang pagkatuto sa oras ng operasyon;
(r) Patakaran sa pagtatapos ng serbisyo;
(s) Plano para sa kahandaan sa emergency;
(t) Ang tungkulin ng provider ng maagang pagkatuto at ng mga kawani ng programa na iulat ang mga insidente, kabilang ang pag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso sa bata, pagpapabaya, pang-aabusong sekswal, o maling pagtrato;

(u) Mga patakaran hinggil sa magkahalong pangkat ng iba't ibang edad, kung naaangkop (kabilang kung kailan maaaring magsama-sama ang mga bata mula sa iba't ibang pangkat ng edad);

(v) Paglalarawan kung saan maaaring makita at suriin ng magulang o guardian ang programa ng maagang pagkatuto:

- **(i) Patakaran sa kalusugan;**
- **(ii) Mga patakaran para sa kawani, kung naaangkop;**
- **(iii) Patakaran sa pare-parehong pag-aalaga;**
- **(iv) Mga menu;**
- **(v) Insurance para sa pananagutan;**
- **(vi) Mga ulat ng inspeksyon at mga abiso ng pagpapatupad ng aksyon, kung naaangkop; at**
- **(vii) Iba pang kaugnay na patakaran ng programa.**



Ang mga pormal na nakasulat na patakaran ay nagtatakda kung paano pinapatakbo ang isang programa ng maagang pagkatuto. Lumilikha ito ng estruktura at pananagutan para sa isang programa ng maagang pagkatuto, at sumusuporta sa pakikipag-ugnayan sa mga magulang at guardian. Nililinaw at ipinapaabot ng mga patakaran ng isang programa ng maagang pagkatuto sa mga magulang at guardian kung paano titiyakin ng programa ang kapakanan ng kanilang mga anak, kung paano nito tutugunan ang Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad at kung ano ang maaaring asahan ng mga pamilya mula sa kanilang ugnayan sa programa ng maagang pagkatuto.

Ipinapaalam din ng mga nakasulat na patakaran sa mga magulang at guardian kung ano ang inaasahan mula sa kanila. Kung malinaw at maayos ang komunikasyon sa simula ng negosyo, mas madaling magkasundo at mabawasan ang posibilidad ng hindi pagkakaintindihan o alitan sa hinaharap. Ang pagpirma ng magulang o guardian ay nagsisilbing patunay na kinikilala nila ang mga patakaran. Ipinapakita nito na ang parehong panig ay pumasok sa ugnayan sa negosyo na may malinaw na pag-unawa kung ano ang aasahan. Maaaring ibigay ang handbook ng magulang at mga patakaran nang elektroniko o sa papel. Maaaring pagandahin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang komunikasyon at lalo pang mabawasan ang posibilidad ng hindi pagkakaunawaan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga patakaran sa wikang mas gusto ng pamilya. Maaari ring magbigay ng karagdagang suporta sa pamamagitan ng pag-aalok sa mga magulang o guardian ng indibidwal na pagsusuri ng handbook, kung kinakailangan. Makakatulong ito sa pagbibigay ng positibong puna at nagbibigay ng ligtas na espasyo para ibahagi ang anumang suliranin na maaaring nararanasan nila.

Itinatakda ng DCYF sa seksyong ito ng WAC ang mga kinakailangang paksa na dapat talakayin sa nakasulat na handbook o mga patakaran. Ang nilalaman ng mga patakaran ay magiging espesipiko sa bawat programa ng maagang pagkatuto. Dapat suriin ng DCYF ang handbook at mga kinakailangang patakaran, na tinitiyak na ang patakaran ng programa ng maagang pagkatuto ay nakakatugon sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad para sa bawat paksa.

Hinihiling ng WAC 110-300-0400 (2) na ang mga patakaran para sa magulang ay dapat isumite para sa pagsusuri ng DCYF.

Hinihiling ng WAC 110-300-0110 na ang isang provider ng maagang pagkatuto ay magbigay-abiso sa DCYF kapag may malalaking pagbabago na ginawa sa patakaran.

Inilalarawan ng sumusunod na talahanayan ang layunin ng mga tinukoy na patakaran.

Patakaran	Layunin
Pahayag laban sa Diskriminasyon Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0030	Nagbibigay-abiso na ang mga bata at pamilya ay hindi tatratuhin nang naiiba o mas mababa batay sa kanilang lahi, paniniwala, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, katayuang beterano o militar na pinarangalan, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, oryentasyong sekswal, edad, relihiyon o kakayahan.
Plano sa Pakikipag-ugnayan at Pakikipagtulungan sa Pamilya Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0085	Isang patakaran na naglalarawan sa proseso ng programa ng maagang pagkatuto para sa komunikasyon at pakikilahok ng magulang o guardian upang mapabuti ang karanasan ng bata sa maagang pagkatuto.
Pahintulot ng Magulang o Guardian para sa Pagkuha ng Litrato, Pagkuha ng Video, o Pagsubaybay Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0460	Sumusuporta sa komunikasyon ng desisyon ng magulang o guardian na may kinalaman sa mga larawan o video ng kanilang anak.
Alak, Tabako, Cannabis, at Ilegal na Droga Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0420	Nagbibigay-kaalaman sa mga magulang at guardian kung ano ang aasahan mula sa programa ng maagang pagkatuto, pati na rin kung ano ang inaasahan mula sa magulang o guardian, kaugnay ng mga ipinagbabawal na substansya.
Pilosopiya ng Kurikulum sa Paraan ng Pagkatuto at Pag-unlad ng mga Bata, at Kung Paano Ipinapatupad ang Pilosopiyang Ito Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0305	Inilalarawan ang pagkaunawa, pamamaraan, at mga gawain ng programa kung paano natututo at umuunlad ang mga bata, na tumutukoy kung paano ipatutupad ang mga gawain sa loob ng programa upang masuportahan ito.
Plano sa Patnubay ng Bata, Kabilang ang mga Patakaran sa Pagpigil at Pagbabawal sa Pisikal na Parusa Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0330	Ipinapaalam sa mga magulang at guardian ang mga estratehiyang gagamitin para mapalakas ang kanais-nais na pag-uugali at maiwasan o mapigilan ang hindi kanais-nais na pag-uugali.
Patakaran sa Pagpapatalsik Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0486	Inilalarawan kung paano makikipagtulungan ang programa sa mga pamilya sa prosesong ito, at inilalatag kung anong mga hakbang ang gagawin kung ituturing na kinakailangan ang pagpapatalsik.

Patakaran	Layunin
Mga Staff-to-Child Ratio Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0355 WAC 110-300-0356 WAC 110-300-0357	Ipinapaalam sa mga magulang at guardian ang ayos ng mga kawani ng programa at ang pinakamataas na bilang ng mga bata kada provider ng maagang pagkatuto.
Pag-aalaga para sa mga Batang may Partikular o Espesyal na Pangangailangan Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0150 WAC 110-300-0300 WAC 110-300-0305	Nagbibigay ng pangkalahatang paglalarawan kung paano susuportahan at tutulungan ng programa ang mga batang may hamon sa pagkatuto, pisikal na kapansanan, o hamon sa damdamin at pag-uugali.
• Pangangalaga sa Sanggol at Batang Paslit • Pagpapalit ng Diaper • Pagpapakain • Toilet Training • Pattern ng Pagtulog ng Bata • Mga Kinakailangan para sa Ligtas na Pagtulog Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0275 hanggang WAC 110-300-0296	Nagbibigay ng pag-unawa kung ano ang maaaring asahan ng magulang o guardian ng isang sanggol o maliit na bata mula sa programa ng maagang pagkatuto kaugnay ng angkop sa kanilang antas ng pag-unlad na pag-aalaga at pagbuo ng kasanayan, at kung ano ang maaaring kailanganin nilang gawin o ibigay upang masuportahan ang kanilang anak.
Pagkatuto ng Dalawang Wika Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0305	Inilalarawan ang mga estratehiya ng programa ng maagang pagkatuto upang suportahan ang mga batang nag-aaral ng dalawa o higit pang wika.
Mga Patakaran sa Relihiyon	Nagbibigay-daan sa mga pamilya na malinaw na maunawaan ang mga programang may kaugnayan sa relihiyon na ipinatutupad sa programa. Maaaring kabilang dito ang pagdiriwang o pagkilala sa mga pista opisyal, pagdiriwang ng kaarawan o pananalangin o pagbibigay-pasalamat bago kumain. Ang nakasulat na patakarang ito ay nagbibigay sa mga pamilya ng pagkakataon na pumili ng programang pinakamainam para sa kanilang sariling paniniwala.
Transportasyon at mga Field Trip sa Labas ng Lugar Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0480	Ipinapaalam ang uri ng mga posibleng paglalakbay sa labas ng lugar at mga paraan ng transportasyon, kinakailangang pahintulot mula sa magulang o guardian at isang buod ng mga pamamaraan at konsiderasyong pangkaligtasan.
Mga Aktibidad sa Tubig Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0350	Ipinapaalam sa mga pamilya ang uri ng mga aktibidad may kaugnayan sa tubig na maaaring maranasan ng kanilang anak, ang kinakailangang pahintulot mula sa magulang o guardian at isang buod ng mga pamamaraan at konsiderasyong pangkaligtasan.

Patakaran	Layunin
Pangangalaga sa Magdamag Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0270	Binabalangkas ang iskedyul at mga proseso ng programa para sa gabi at magdamag tulad ng pag-aalaga sa personal na kalinisan ng mga bata, mga rutina sa pagtulog at pagbabantay sa gabi at magdamag.
Mga Patakaran sa Armas Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0165	Sa isang programa ng maagang pagkatuto sa family home, maaaring ilarawan kung paano iniimbak ang mga armas upang maiwasang ma-access ng mga bata, o sa isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro, maaaring ipabatid na hindi pinapayagan ang mga armas sa lugar ng pasilidad.
Mga Araw at Oras ng Operasyon ng Programa, Kabilang ang mga Petsa ng Pagsasara at Ipinagdiriwang na Pista Opisyal	Nagbibigay-daan sa mga magulang at guardian na planuhin ang kanilang iskedyul at maghanap ng alternatibong pag-aalaga para sa kanilang anak kapag may pagsasara.
Mga Bayarin at Patakaran sa Pagbabayad	Ipinapaalam sa mga magulang at guardian nang maaga ang inaasahang gastusin kaugnay ng regular na matrikula, mga opsyonal na programa o iba pang posibleng bayarin.
Mga Kinakailangan sa Pagpirma sa Pag-sign in at Pag-sign out Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0455	Ipinapaalam ang responsibilidad ng magulang o guardian na magbigay ng nakasulat o elektronikong pirma sa pagdating at pag-alis ng bata, pati na rin ang instruksyon para sa partikular na sistema ng pagpasok ng programa ng maagang pagkatuto.
Impormasyong Kailangan para sa Rekord ng Bata, Kabilang ang: • Ang kahalagahan at plano para panatilihing updated ang impormasyon • Isang plano upang mapanatiling kumpidensyal ang impormasyon ng bata • Kung sino ang may legal na karapatan na makakuha ng impormasyon ng bata Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0460	Tinitiyak na ang impormasyon sa kalusugan, pang-emergency, at pagkakakilanlan ay magagamit kapag kinakailangan upang mabigyan ng sapat na pag-aalaga ang isang bata, at na ang impormasyon ay pinangangasiwaan upang maprotektahan ang kanilang privacy.
Isang Plano para sa Paglipat sa Kindergarten, kung Naaangkop Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0065	Inilalarawan ang mga estratehiya at hakbang na gagawin ng programa ng maagang pagkatuto upang matulungan ang bata at pamilya na maging handa para sa matagumpay na karanasan sa paaralan.
Mga Bagay na Dapat Dalhin ng Magulang para sa Kanilang Anak	Inilalatag ang mga inaasahan kung ano ang kailangang dalhin mula sa bahay ng pamilya upang masuportahan ang kanilang anak habang nasa pag-aalaga. Maaaring kabilang dito ang mga bagay gaya ng bote, gatas o formula, diaper, wipes, ekstrang damit para sa lahat ng edad, at kumot o sapin sa higaan.

Patakaran	Layunin
Mga Patakaran para sa Kawani Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0110	Ipinapaalam sa mga magulang at guardian ang mga pamamaraan para sa kawani, mga kinakailangan sa pagsasanay at mga inaasahan.
Pahintulot para sa Pag-access ng Magulang o Guardian sa mga Lugar ng Programa ng Maagang Pagkatuto sa Oras ng Operasyon	Tinitiyak sa magulang o guardian na maaari silang bumisita sa lugar at magmasid sa mga lugar ng pag-aalaga ng bata anumang oras habang ang kanilang anak ay nasa pag-aalaga.
Patakaran sa Pagtatapos ng Serbisyo Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0485	Nagbibigay ng abiso nang maaga tungkol sa mga kilos o kalagayan ng magulang o guardian na maaaring magdulot ng pagtigil ng pagbibigay ng serbisyong pag-aalaga ng bata.
Plano para sa Kahandaan sa Emergency Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0470	Ipinapahayag ang mahahalagang impormasyon tungkol sa kung ano ang aasahan mula sa programa ng maagang pagkatuto at kung ano ang dapat gawin ng magulang o guardian sa kaso ng isang emergency na sitwasyon.
Ang Tungkulin ng Provider ng Maagang Pagkatuto at ng mga Kawani ng Programa na Iulat ang mga Insidente Kabilang ang Pinaghihinalaang Pang-aabuso sa Bata, Pagpapabaya, Pang-aabusong Sekswal, o Maling Pagtrato Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0475	Tinitiyak na nalalaman agad ng mga magulang at guardian sa simula pa lang ng ugnayang pangnegosyo na ang mga provider ng maagang pagkatuto ay inaatasang mag-ulat ng anumang pinaghihinalaang pang-aabuso o pagpapabaya sa bata.
Mga Patakaran Hinggil sa Magkahalong Pangkat ng Iba't ibang edad, kung Naaangkop (Kabilang Kung Kailan Maaaring Magsama-sama ang mga Bata Mula sa Iba't Ibang Pangkat ng Edad) Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0356 WAC 110-300-0357	Kapag may magkahalong pangkat ng iba't ibang edad ng bata sa isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro, ipinaaalam ng patakarang ito sa mga magulang ang mga itinakdang limitasyon, ayos ng mga tauhan, at mga pagsasaalang-alang para sa kaligtasan.

Patakaran	Layunin
Paglalarawan Kung Saan Maaaring Makita at Suriin ng Magulang o Guardian ang Programa ng Maagang Pagkatuto: • Patakaran sa Kalusugan • Mga Patakaran para sa Kawani, kung naaangkop • Patakaran sa Pare-parehong Pag-aalaga • Mga Menu • Insurance para sa Pananagutan • Mga Ulat ng Inspeksyon at mga Abiso ng Pagpapatupad ng Aksyon, kung Naaangkop Iba pang Kaugnay na Patakaran ng Programa	Ipinapaalam sa magulang o guardian ang uri ng karagdagang mga patakaran at impormasyong makukuha at kung paano ito maa-access.
Patakaran sa Pare-parehong Pag-aalaga Kaugnay na WAC: WAC 110-300-0495	Inilalarawan kung paano susuportahan ng programa ng maagang pagkatuto ang pagbuo ng pangmatagalang mapagkakatiwalaang relasyon sa pagitan ng mga bata at ng provider ng maagang pagkatuto.

Plataporma para sa mga Negosyo ng Pag-aalaga ng Bata sa Washington. Isang website ng Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata) ng Washington na nagbibigay ng mga patakaran, form, regulasyon at gabay na may kaugnayan sa pag-aalaga ng bata at mga programa ng maagang pagkatuto sa Estado ng Washington.
www.childcarebizedge.org/utility-pages/log-in/?redirectUrl=/



WAC 110-300-0455

Mga rekord ng pagpasok

(1) Maaaring panatilihin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang isang bata sa kanyang pag-aalaga nang hanggang sampung oras bawat araw. Kung kinakailangan, maaaring palawigin ang pinakamahabang oras batay sa trabaho ng magulang o guardian, isang pinagkasunduang alternatibong iskedyul, o pagbiyahe papunta at pabalik sa programa ng maagang pagkatuto.

(2) Dapat panatilihin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang pang-araw-araw na rekord ng pagpasok ng bata, alinman sa papel o elektronikong format, para sa bawat bata (kabilang ang mga anak ng mga kawani sa programa). Dapat madaling ma-access ang mga rekord na ito at itago sa lugar o sa opisina ng administrasyon ng programa para sa pagsusuri ng kagawaran. Dapat malinaw na idokumento ng mga rekord na ito ang:

- **(a) Pangalan ng bata;**
- **(b) Petsa ng pag-aalaga;**
- **(c) Oras ng pagdating at pag-alis ng bata mula sa programa ng maagang pagkatuto;**
- **(d) Pirma o elektronikong pirma ng magulang, guardian o iba pang awtorisadong tao sa oras ng pagdating at pag-alis; at**
- **(e) Pirma ng kawani kapag umalis ang bata mula sa programa ng maagang pagkatuto upang pumasok sa paaralan o lumahok sa mga aktibidad sa labas na hindi iniaalok ng programa ng maagang pagkatuto.**

(3) Dapat magtago ang provider ng maagang pagkatuto ng pang-araw-araw na rekord ng pagpasok ng mga kawani para sa bawat silid-aralan ng sentro o programa ng family home. Dapat nasa papel o elektronikong format ang mga rekord ng pagpasok at malinaw na idokumento ang:

- **(a) Pangalan ng bawat miyembro ng kawani (kabilang ang mga kawani na nakatalaga sa pag-aalaga sa mga batang may espesyal na pangangailangan at sarilinang pag-aalaga) at mga boluntaryo;**
- **(b) Bilang ng mga bata sa bawat silid-aralan o programa ng family home;**
- **(c) Ang staff-to-child ratio;**
- **(d) Petsa; at**
- **(e) Mga oras ng pagsisimula at pagtatapos ng nakatalagang kawani o boluntaryo.**

(4) Kung ang mga rekord ng pagpasok ay itinatago nang elektroniko, dapat tiyakin ng elektronikong sistema na:

- **(a) Naitatala ang elektronikong pirma, swipecard, personal identification number (personal na numero ng pagkakakilanlan, PIN), biometric reader, o katulad na aksyon ng magulang o awtorisadong tao kapag pumasok o lumabas ang bata sa pag-aalaga (o tala ng kawani kung sino ang naghatid o sumundo kasama ang oras ng pagpasok at paglabas kung ang awtorisadong tao ay walang elektronikong pirma, swipecard, PIN, biometric reader o katulad na aksyon);**
- **(b) Tinitiyak ang pagiging tunay, pagiging kumpidensyal, integridad, seguridad, accessibility, at proteksyon laban sa pagtanggi ng mga elektronikong rekord;**
- **(c) Makakagawa ng isang tunay, mapapatunayan, at may natatanging pagkakakilanlan na nakasulat na tala para sa bawat transaksyon;**
- **(d) Mapapatunayan (patunayan ang pagkakakilanlan ng) ng nagpadala ng tala at matiyak na ang elektronikong rekord ay hindi nabago;**
- **(e) Makakapagtala ng isang elektronikong rekord para sa bawat transaksyong isinagawa;**
- **(f) Mapapanatili ang elektronikong rekord sa anyong madaling ma-access sa itinakdang pinakamababang panahon ng pag-iingat ayon sa batas;**
- **(g) Makakahanap at makakakuha ng mga elektronikong rekord sa karaniwang takbo ng negosyo; at**
- **(h) Makakapagsagawa ng isang tumpak, maaasahan, at pare-parehong paraan sa karaniwang takbo ng negosyo.**

(5) Dapat maglaman ang mga rekord ng elektronikong pagtatala ng pagpasok ng impormasyong kinakailangan upang muling buuin ang buong elektronikong rekord at mga kaugnay na lagda sa anyo na nagbibigay-daan sa sinumang titingin o magpi-print ng buong elektronikong rekord na mapatunayan:

(a) Ang nilalaman ng elektronikong rekord;

(b) Ang taong lumagda sa elektronikong rekord; at

(c) Ang petsa kung kailan isinagawa ang mga lagda.

Nagbibigay ang malalakas na sistemang pang-administratibo, gaya ng pagtatala ng mga rekord, ng balangkas upang suportahan ang matagumpay na mga gawain sa pamamahala ng negosyo. Tumutulong ang organisado at kumpletong mga rekord ng pagpasok sa provider ng maagang pagkatuto na masubaybayan ang iskedyul ng bawat bata at magplano para sa pagtatalaga ng mga tauhan at sa mga susunod na pagpapatala. Pinahihintulutan nito ang malinaw at bukas na komunikasyon sa mga magulang at mga guardian upang matiyak ang isang iskedyul ng pagpapatala na pinakamainam para sa mga pangkaunlarang interes ng bata at isinasaalang-alang ang mga pangangailangan ng parehong pamilya at provider ng maagang pagkatuto.

Makakatulong din ang impormasyong ibinibigay ng mga rekord ng pagpasok sa pagpaplano ng negosyo at pamamahala ng pagkain at mga menu, pag-order ng mga suplay at materyales, at pagtukoy ng target marketing para sa isang partikular na pangkat ng edad o oras. Tumutulong din ang tumpak na mga rekord ng pagpasok sa isang provider ng maagang pagkatuto na matiyak na lahat ng bata ay nasusubaybayan habang sila ay dumarating at sinusundo, lumilipat mula sa isang lugar patungo sa iba o sa isang emergency na sitwasyon.

Ang pangangailangan na idokumento ang oras ng pagsisimula at pagtatapos ng mga tauhan at ang staff-to-child ratio ay mahalaga para sa kaligtasan. Ipinapakita ng mga rekord na ito ang saklaw sa loob ng silid-aralan at nagbibigay-daan sa isang provider ng maagang pagkatuto na maiwasan o matukoy at matugunan ang anumang pangyayari ng kakulangan sa antas ng kawani. Ang pagtatala ng mga detalye ng pagpasok ng mga kawani para sa bawat silid-aralan ng sentro o programa ng family home ay hindi lamang nagbibigay ng ebidensya na natutugunan ang kinakailangang staff-to-child ratio, kundi pinapayagan din nito ang provider ng maagang pagkatuto na malaman kung sino ang malamang na may impormasyon tungkol sa isang sitwasyon o insidente na maaaring iulat makalipas ang ilang araw o linggo.

Maaaring panatilihin ang mga rekord ng pagpasok sa anyong papel o elektronikong anyo. Gayunpaman, ang mga provider ng maagang pagkatuto na tumatanggap ng bayad sa Working Connections Child Care (Pag-aalaga sa Bata ng Working Connections) o Pana-panahong Pag-aalaga ng Bata ay kinakailangang gumamit ng sistema ng elektronikong pagtatala ng pagpasok.

Para sa provider ng maagang pagkatuto na pinipiling gumamit ng mga rekord ng elektronikong pagtatala ng pagpasok, may iba't ibang sistema na magagamit. Nagbibigay ang DCYF ng libreng sistema para magamit ng mga provider ng maagang pagkatuto. Ang sistema, KinderConnect, ay maaari ring gamitin upang subaybayan ang pagpasok ng mga batang hindi binibigyan ng subsidiya sa pag-aalaga.

Isang provider ng maagang pagkatuto sa tahanan sa County ng Pierce ang nagbahagi:

"Wow! Ginamit ko ang elektronikong pagtatala ng pagpasok sa aking child care sa family home at agad na naramdaman ang positibong epekto nito. Tumaas ang pananaw ng mga magulang sa pagiging propesyonal ng aking programa at nagpahayag sila ng pasasalamat dahil naging mas mabilis ang proseso ng pag-sign in at pag-sign out. Mas madali at mas mabilis din ngayon ang pagbibigay ng tumpak na datos para sa mga pinagkukunan ng pondo at para sa buwis. Kapag ang isang magulang o programa, gaya ng Programang Pantulong Militar, Programa sa Pagkain, o Ugnayan para sa mga Batang Nagtatrabaho, ay nangangailangan ng rekord ng pagpasok ng isang mag-aaral, agad akong nagkakaroon ng access sa tumpak na datos sa pamamagitan ng elektronikong pagtatala ng pagpasok."

Hinihiling ng WAC 110-300-0465 sa isang provider ng maagang pagkatuto na panatilihin ang rekord ng pagpasok sa loob ng hindi bababa sa limang taon.

Mga Aprubadong Sistema ng Pagpasok. Isang webpage ng DCYF na may impormasyon at instruksyon hinggil sa mga sistema ng elektronikong pagtatala ng pagpasok. Kasama rito ang listahan ng mga naunang aprubadong sistema at instruksyon para sa mga sistemang wala sa aprubadong listahan. **www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/electronic-attendance-system/approved-systems**

Pagsasanay sa Sistema ng Elektronikong Pagtatala ng Pagpasok. Isang pagsasanay ng DCYF hinggil sa sistema ng elektronikong pagtatala ng pagpasok ng KinderConnect sa training portal ng DCYF. **https://dcyftraining.com/**

WAC 110-300-0460

Mga rekord ng bata

(1) Dapat magpanatili ang isang provider ng maagang pagkatuto ng kasalukuyan at indibidwal na rekord ng pagpapa-enroll at kalusugan para sa lahat ng batang naka-enroll, kabilang ang mga anak ng kawani, na ina-update taon-taon o mas madalas kung may pagbabago sa rekord ng kalusugan.

(a) Dapat panatilihing kumpidensyal ang rekord ng bata ngunit nasa lugar na madaling makukuha ng mga kawani.

(b) Dapat payagan ang magulang o guardian ng bata na makita ang lahat ng rekord ng sarili nilang anak.

(2) Ang rekord ng pagpapa-enroll ng bawat bata ay dapat may kasamang:

(a) Petsa ng kapanganakan ng bata;

(b) Numero ng telepono, address, at contact information ng magulang ng batang naka-enroll para makontak ang pamilya habang ang bata ay nasa pag-aalaga;

(c) Impormasyon para sa emergency contact. Kung walang available na emergency contact, maaaring tanggapin ang isang nakasulat at pirmadong plano para sa emergency contact;

(d) Mga pangalan at numero ng telepono ng mga taong awtorisadong sumundo sa mga batang naka-enroll;

(e) Isang plano para sa espesyal o indibidwal na pangangailangan ng bata, kung naaangkop, kabilang ang pirma ng magulang o guardian, alinsunod sa WAC 110-300-0300;

(f) Mga pirmadong pahintulot ng magulang o guardian, alinsunod sa WAC 110-300-0450, kung naaangkop para sa:

(i) Mga field trip;

(ii) Transportasyon;

(iii) Pagligo;

(iv) Mga aktibidad sa tubig kabilang ang swimming pool o iba pang anyong-tubig; at

(v) Aktibidad ng pagkuha ng larawan, video, o pagsubaybay.

(g) Petsa ng simula at pagtatapos ng pagpapa-enroll ng mga batang wala na sa pag-aalaga ng programa ng maagang pagkatuto;

(h) Isang planong inaprubahan ng magulang o guardian para sa paggamit ng pisikal na pagpigil at dokumentasyon ng abiso sa magulang o guardian;

(i) Impormasyon at dokumentasyon tungkol sa pagpapatalsik at mga hakbang na ginawa upang maiwasan ang pagpapatalsik;

(j) Dokumentasyon at komunikasyon tungkol sa pagtatapos ng serbisyo; at

(k) Abiso hinggil sa impormasyon ng pagsusuri sa pag-unlad ng bata na ibinigay sa magulang o guardian ng bata, kung naaangkop.

(3) Ang rekord ng kalusugan ng bawat bata at ang impormasyong inilalarawan sa subsekyon (2)(a) hanggang (e) ng seksyong ito ay dapat na magamit ng mga kawani para sa pamamahala ng gamot o sa mga emergency.

(4) Kinakailangan ang rekord ng kalusugan para sa bawat batang naka-enroll at binibilang sa kapasidad ng programa ng maagang pagkatuto. Dapat kabilang sa rekord ng kalusugan ang:

(a) Isang rekord ng pagbabakuna, alinsunod sa WAC 110-300-0210(1);

(b) Kasaysayan ng kalusugan ng bata kabilang ang anumang kilalang kondisyon sa kalusugan at ang indibidwal na plano ng pag-aalaga ng bata, kung naaangkop;

(c) Isang awtorisasyon at tala para sa pagbibigay ng gamot, alinsunod sa WAC 110-300-0215, kung naaangkop;

(d) Dokumentasyon ng espesyal na pagsasanay sa medikal na pamamaraan mula sa magulang o guardian, kung naaangkop;

(e) Mga pangalan at contact information ng provider ng medikal at dental na pangangalaga o kung saang pasilidad nais ng magulang o guardian magpagamot;

(f) Mga petsa ng huling physical exam at dental exam ng bata, kung mayroon;

(g) Pahintulot na humingi ng medikal na pangangalaga at paggamot para sa bata sa oras ng pinsala o sakit, na pirmado ng magulang o guardian;

(h) Pirmadong pahintulot ng magulang o guardian para sa mga bumibisitang propesyonal sa kalusugan na nagbibigay ng direktang serbisyo sa mga bata sa programa ng maagang pagkatuto;

(i) Isang ulat ng insidente o pinsala na kinabibilangan ng:

(i) Petsa at paglalarawan ng insidente o pinsala ng bata;

(ii) Gamot o paggamot na ibinigay sa bata habang nasa pag-aalaga;

(iii) Mga pangalan ng kawani ng programa ng maagang pagkatuto na nagbigay ng paggamot; at

(iv) Katibayan na ang kopya ng ulat ng insidente o pinsala ay ibinigay sa magulang o guardian ng bata.

(j) Dokumentasyon na nag-ulat ang provider ng pagkalason sa pagkain o nakahahawang sakit sa lokal na nasasakupan ng kalusugan o sa department of health (kagawaran ng kalusugan), kung naaangkop.

Mahalaga ang pagpapanatili ng napapanahon at madaling makuhang tala ng bata upang magbigay ng de-kalidad na pag-aalaga. Nagbibigay-daan ang impormasyong nakalap sa provider ng maagang pagkatuto na matugunan ang indibidwal na pangangailangang pang-edukasyon, pangkultura, at pangkalusugan ng bawat bata. May pananagutan ang mga provider ng maagang pagkatuto sa ligtas na pag-iimbak at paghawak ng mga rekord na may pribado o sensitibong impormasyon sa paraang pinangangalagaan ang pagiging kumpidensyal. Nagpapakita ng paggalang at nakakatulong sa pagbuo ng tiwala sa relasyon ang palagiang pamamahala ng sensitibo at personal na impormasyon sa paraang kumpidensyal.

Ang pagtiyak na nabibigyan ng pagkakataon ang mga magulang o guardian na pumili kung papayagan o hindi ang kanilang anak o mga anak na lumahok sa mga aktibidad gaya ng transportasyon, pagpapaligo, at pagkuha ng larawan o pagsubaybay ay nagbibigay sa kanila ng kakayahang pumili ng ligtas para sa kanilang anak. Nagbibigay-daan ang pagpapahintulot o hindi pagpapahintulot ng magulang sa mga ganitong aktibidad sa parehong pamilya at sa programa ng pag-aalaga ng bata na suportahan ang kaligtasan, kultura at kagustuhan ng pamilya para sa mga batang naka-enroll sa programa.



Maaaring ipahayag ng isang pamilya na ang kanilang foster child ay hindi dapat isama sa anumang larawan, video o pagsubaybay bilang pag-iingat para sa kaligtasan ng bata. Maaaring ipahayag naman ng ibang pamilya na hindi nila aaprubahan ang pagpapaligo sa kanilang anak sa programa ng maagang pagkatuto at hilinging tawagan sila upang sunduin ang bata kung kinakailangan ang pagpapaligo. Sa alinmang kaso, nakakatulong ang dokumentasyon ng pahintulot ng pamilya upang maiwasan ang mga sitwasyong maaaring magdulot ng isyu sa kaligtasan o alitan sa pagitan ng pamilya at ng provider ng maagang pagkatuto.

Sa hindi inaasahang emergency, ang pare-pareho, kumpleto at madaling ma-access na sistema para sa pag-iimbak at pagkuha ng impormasyon ng bata ay maaaring lubos na makapagpabuti ng tugon sa insidente. Makakatipid ito ng oras at makakabawas ng stress sa pagtukoy kung paano tutugon, sino ang kokontakin at paano sila kokontakin. Nakakatulong din ang tamang rekord ng bata upang matiyak na ang bata ay mailalabas lamang ng mga taong awtorisado ng magulang at nagbibigay-daan sa provider ng maagang pagkatuto na matugunan ang anumang espesyal na pangangailangan ng mga batang nasa pag-aalaga.

Makakatulong ang mga rekord ng kalusugan ng mga bata sa mga provider ng maagang pagkatuto na subaybayan o pamahalaan ang mga pangangailangang pangkalusugan gaya ng pagbabakuna, medikal na pangangalaga, o espesyal na plano ng pag-aalaga para sa mga batang may malalang kondisyon sa kalusugan o espesyal na pangangailangan sa kalusugan. Ang paghingi ng tama at kasalukuyang impormasyon sa kalusugan ay naghihikayat sa mga pamilya na kumuha ng pangangalagang medikal para sa kanilang anak at pinapadali ang komunikasyon sa pagitan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, pamilya, at mga provider ng pag-aalaga ng bata. Kung walang ibinigay na impormasyon sa medikal o dental na provider, dapat ilista ang pasilidad para sa paggamot na mas gusto ng magulang o guardian. Dapat i-update ang mga rekord at form ng bata nang hindi bababa sa isang beses kada taon o mas maaga kung may mga pagbabago, gaya ng pagbabago sa gamot o pagbabago sa impormasyon ng emergency contact.

Upang matiyak ang kumpleto at tamang rekord, dapat repasuhin ng provider ng maagang pagkatuto ang mga dokumento na ibinigay ng magulang o guardian at ang mga item na nakalista sa WAC 110-300-0460 bago payagan ang bata na magsimulang dumalo sa programa. Siguraduhin na kumpleto ang impormasyon sa oras na iyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga magulang o guardian hinggil sa anumang bakanteng sagot at pag-check na ang anumang bahagi na may markang N/A ay tama. Ang blangkong bahagi ay hindi nangangahulugang “hindi” o N/A, at maaari itong ituring na hindi nakakasunod sa pamantayan.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0055 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa pagsusuri ng pag-unlad.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0215 ang mga kinakailangan para sa dokumentasyon ng gamot.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0300 ang mga kinakailangan para sa indibidwal na plano ng pag-aalaga para sa mga espesyal na pangangailangan.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0335 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa pisikal na pagpigil.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0340 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa pagpapatalsik.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0485 ang mga kinakailangan para sa patakaran sa pagtatapos ng serbisyo.



Mga Form at Dokumento. Isang webpage ng DCYF na naglalaman ng mga form kabilang ang Kasunduan sa Pag-aalaga ng Bata, Form sa Pagpaparehistro para sa Pag-aalaga ng Bata, Ulat ng Pinsala/Insidente ng Bata, Pang-araw-araw na Rekord ng Pagpasok, mga form para sa gamot, at iba pa. **www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider/forms-documents**

WAC 110-300-0465

Pagpapanatili ng mga rekord ng pasilidad at programa



(1) Dapat magpanatili ang isang provider ng maagang pagkatuto ng mga rekord na kinakailangan sa kabanatang ito nang hindi bababa sa tatlong taon maliban kung may ibang itinakda.

(2) Dapat panatilihin ang mga rekord ng pagpasok nang hindi bababa sa limang taon.

(3) Ang mga rekord ng pasilidad at programa mula sa nakaraang labindalawang buwan ay dapat madaling makuha at maitago sa site o sa opisina ng administrasyon ng programa para sa pagsusuri ng kagawaran o ng ibang ahensya ng estado.

(4) Dapat maibigay sa loob ng dalawang linggo ang mga rekord na lampas sa labindalawang buwan mula sa nakasulat na kahilingan ng kagawaran.

(5) Dapat magpanatili ang isang provider ng maagang pagkatuto ng mga sumusunod na rekord para sa pagsusuri ng kagawaran:

(a) Handbook para sa magulang o guardian;
(b) Mga form at espesipikasyon para sa kasangkapan, tulugan, at kagamitan sa paglalaro;
(c) Mga resulta ng pagsusuri sa chromated copper arsenate, kung naaangkop;
(d) Taunang inspeksyon sa sunog ng kwalipikadong propesyonal sa pamatay-sunog, kung naaangkop;
(e) Taunang inspeksyon ng chimney, wood stove, at fireplace, kung naaangkop;
(f) Buwanang inspeksyon upang matukoy ang mga panganib sa sunog at pagtanggal sa mga panganib na iyon;
(g) Buwanang pagsusuri ng mga smoke at carbon monoxide detector;
(h) Buwanang inspeksyon ng fire extinguisher at taunang maintenance;
(i) Mga tala ng temperatura ng pagkain alinsunod sa CACFP, kung naaangkop;
(j) Mga tala ng insidente at pagkakasakit ng bata;
(k) Mga rekord ng pagbabakuna para sa mga alagang hayop o hayop na pinananatili sa programa ng provider ng maagang pagkatuto;
(l) Mga resulta ng pagsusuri sa lead at copper;
(m) Mga resulta ng inspeksyon at pagsusuri ng pribadong balon at sistema ng septic, kung naaangkop;
(n) Tala ng paglilinis para sa malalaking alpombra o carpet;
(o) Paggamit ng pesticide (pitong taon);
(p) Policy insurance ng sasakyan, kung naaangkop;
(q) Buwanang pagbisita sa site mula sa consultant sa kalusugan para sa pag-aalaga ng bata, kung naaangkop;
(r) Mga resulta ng inspeksyon ng Tacoma smelter;
(s) Iskedyul ng pagpaplano ng kurikulum;
(t) Sariling pagtatasa para sa programang Pagpapatibay ng mga Pamilya o katumbas na pagtatasa;
(u) Mga dokumento mula sa pagbisita ng kagawaran (mga inspeksyon, pagmamanman, kasunduan sa pagsunod, at mga plano para sa kaligtasan); at
(v) Mga waiver o variance mula sa mga patakaran ng kagawaran, kung naaangkop.

Ang isang programa ng maagang pagkatuto ay dapat magkaroon ng mga sistema para gumawa, gumamit, magpaskil, mag-imbak at pamahalaan sa iba't ibang paraan ang malawak na hanay ng mga dokumento, patakaran at rekord na kinakailangan bilang bahagi ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad.

Isang mahalagang aspeto ng pamamahala sa negosyo ang pagpapanatili ng mga tala ng pasilidad at programa para sa programa ng maagang pagkatuto. Nagbibigay-daan ang mga organisado at madaling makuhang rekord sa isang provider ng maagang pagkatuto na magkaroon ng tumpak na larawan ng nakaraan at makapagplano para sa hinaharap. Maliban kung may partikular na nakasaad sa WAC, ang mga dokumento ay dapat itago sa loob ng tatlong taon. Maaaring piliin ng isang provider ng maagang pagkatuto na panatilihin ang mga rekord sa papel na may angkop na pag-iingat sa imbakan o sa elektronikong kopya, na tinitiyak na anumang personal na pagkakakilanlan ay hindi makukuha o mananakaw.

Kinikilala ng DCYF na may mga hamon sa pag-iimbak ng mga dokumento. Bilang konsiderasyon sa dami ng imbakan na kinakailangan upang mapanatili ang malaking bilang ng mga papel na file, ang mga rekord na lampas sa nakaraang 12 buwan ay maaaring itago sa lugar na hiwalay sa lisensyadong pasilidad. Kapag iniimbak ang mga dokumento sa labas ng site, dapat tiyakin ng provider ng maagang pagkatuto na ang mga rekord ay maaaring makuha at maibigay sa DCYF sa loob ng dalawang linggo kapag may kahilingan para sa pagsusuri ng mga rekord.

Mga Form at Dokumento. Isang webpage ng DCYF na may mga form upang suportahan ang mga programa ng maagang pagkatuto.
www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider/forms-documents

WAC 110-300-0470

Plano para sa kahandaan sa emergency

(1) Dapat mayroon at sumunod sa plano para sa kahandaan sa emergency ang isang provider ng maagang pagkatuto. Dapat suriin at aprubahan ng kagawaran ang plano bago gawin ang anumang pagbabago. Ang mga plano para sa kahandaan sa emergency ay dapat:

- **(a) Dinisenyo upang tumugon sa sunog, likas na sakuna, at iba pang emergency na maaaring makaapekto sa programa ng maagang pagkatuto;**
- **(b) Maging espisipiko para sa programa ng maagang pagkatuto at maisasagawa sa oras ng operasyon;**
- **(c) Tugunan kung ano ang gagawin ng provider kung siya mismo ay magkaroon ng emergency at maaaring maiwang walang tagapagbantay ang mga bata;**
- **(d) Tugunan kung ano ang gagawin ng programa ng maagang pagkatuto kung hindi makakapunta ang mga magulang sa kanilang mga anak sa loob ng hanggang tatlong araw;**
- **(e) Dapat sumunod sa mga kinakailangan sa kabanata 212-12 ng WAC, mga pamantayan ng fire marshal, ayon sa kasalukuyan o susunod na rebisyon at sa mga kinakailangan ng opisina ng fire marshal ng estado kung ito ay programa ng maagang pagkatuto sa sentro;**
- **(f) Suriin sa orientation ng programa, taon-taon kasama ang lahat ng kawani ng programa ng maagang pagkatuto na may nakatalang mga pirma, at tuwing may pagbabago sa plano; at**
- **(g) Suriin kasama ang mga magulang o guardian kapag ang bata ay nag-enroll at tuwing may pagbabago sa plano.**

(2) Ang nakasulat na plano para sa kahandaan sa emergency ay dapat sumaklaw, sa pinakamababa, sa mga sumusunod:

- **(a) Mga plano para sa sakuna, kabilang ang mga sunog na maaaring mangailangan ng paglikas:**
  - **(i) Isang plano ng palapag para sa paglikas na tumutukoy sa mga numero ng silid o pangalan ng mga silid, mga daanan ng emergency exit, mga pintuan ng emergency exit, at mga bintana ng emergency exit para sa mga programang nakabatay sa family home gaya ng inilarawan sa WAC 51-51-0326;**

(ii) Mga pamamaraan na gagamitin para sa pagbibigay alarma at pagtawag sa 911;
(iii) Mga aksyon na gagawin ng taong makakatuklas ng emergency;
(iv) Kung paano ililikas ng provider ng maagang pagkatuto ang mga bata, lalo na yaong mga hindi kayang maglakad nang mag-isa. Maaaring kabilang dito ang mga crib para sa paglikas ng sanggol (para sa mga programa ng maagang pagkatuto sa sentro), mga batang may kapansanan, may pangangailangang pisikal, o iba pang espesyal na pangangailangan;
(v) Saan matatagpuan ang alternatibong lokasyon para sa paglikas;
(vi) Ano ang dapat dalhin kapag inilikas ang mga bata, kabilang ang:
(A) Mga kit para sa paunang lunas;
(B) Mga kopya ng emergency contact information;
(C) Mga rekord ng gamot ng bata; at
(D) Indibidwal na gamot ng mga bata, kung naaangkop.
(vii) Kung paano mapapanatili ng provider ang kinakailangang staff-to-child ratio at masusubaybayan ang lahat ng bata;
(viii) Kung paano makokontak ng mga magulang o guardian ang programa ng maagang pagkatuto; at
(ix) Kung paano muling mapagsasama ang mga bata at ang kanilang mga magulang o guardian matapos ang insidente.

(b) Mga pamamaraan para sa lindol kabilang ang:
(i) Kung ano ang gagawin ng provider sa panahon ng lindol;
(ii) Kung paano mabibilang ng provider ang lahat ng bata; at
(iii) Kung paano makikipag-ugnayan ang provider sa mga lokal o estadong opisyal upang matukoy kung ligtas para sa mga bata ang lisensyadong lugar matapos ang lindol.

(c) Mga sitwasyon ng lockdown na may kaugnayan sa pampublikong kaligtasan kung saan ang isang tao sa o malapit sa programa ng maagang pagkatuto ay nananakit o nagtangkang manakit sa iba, na mayroon o walang armas. Dapat isama sa planong ito ang lockdown ng programa ng maagang pagkatuto o mga hakbang sa shelter-in-place, kabilang ang:
(i) Kung paano ikakandado ang mga pinto at bintana upang maiwasan ang pagpasok, kung kinakailangan; at
(ii) Kung saan mananatiling ligtas sa loob ng programa ng maagang pagkatuto ang mga bata.

(d) Kung paano makikipag-ugnayan sa mga magulang o guardian pagkatapos ng emergency.

(3) Dapat magpanatili ang provider ng maagang pagkatuto sa lugar ng tatlong araw na suplay ng pagkain, tubig, at mga gamot na mahalaga para sa buhay para sa lisensyadong kapasidad ng mga bata at kasalukuyang kawani, para magamit sakaling magkaroon ng emergency.

(4) Dapat magsagawa at magrekord ang provider ng maagang pagkatuto ng mga emergency drill kasama ang kawani at mga bata ayon sa sumusunod:
(a) Pagsasanay sa sunog at paglikas isang beses bawat buwan sa kalendaryo;
(b) Pagsasanay sa lindol, lockdown, o shelter-in-place isang beses bawat tatlong buwan sa kalendaryo;
(c) Dapat isagawa ang mga emergency drill kasama ang iba't ibang miyembro ng kawani at sa iba't ibang oras ng araw, kabilang ang sa gabi at magdamag para sa mga programa ng maagang pagkatuto na nag-aalaga ng mga bata sa mga oras na iyon; at
(d) Dapat itala ang mga drill sa form ng kagawaran at isama ang:
(i) Petsa at oras ng drill;
(ii) Bilang ng mga bata at kawani na lumahok;
(iii) Haba ng drill; at
(iv) Mga tala kung paano isinagawa ang drill at kung paano ito maaaring mapabuti.

(5) Sa mga lugar kung saan may nakahandang mga lokal na plano para sa emergency, tulad ng sa mga distrito ng paaralan, maaaring gamitin o baguhin ng isang programa ng maagang pagkatuto ang mga naturang pamamaraan sa pagbuo ng sarili nitong plano.

Ang mga likas na sakuna at di-inaasahang emergency ay maaaring magdulot ng stress sa mga bata, provider ng maagang pagkatuto at mga magulang o guardian. Nakakatulong ang pagkakaroon ng nakasulat na plano para sa kahandaan sa emergency upang mabawasan ang stress sa panahon ng emergency at pinapataas ang posibilidad ng matagumpay na pagtugon.

Ang nakasulat na plano para sa kahandaan sa emergency ay may ilang layunin, kabilang ang:

- May malinaw na mga inaasahan para sa mga aksyon ng kawani ng programa ng maagang pagkatuto sa panahon ng emergency.
- May nakasulat na sanggunian kung may mga tanong ang mga propesyonal ng maagang pagkatuto tungkol sa kahandaan sa emergency o kung paano tutugon ang programa sa panahon ng emergency.
- Malalaman ng mga magulang at guardian kung paano sila dapat tumugon at ano ang aasahan mula sa programa ng maagang pagkatuto sa panahon ng emergency.
- Para sa mga bagong kawani o sa mga pagkakataon ng patuloy na pagsasanay, ang nakasulat na plano para sa kahandaan sa emergency ay nagbibigay ng estruktura kung saan maaaring turuan ang mga kawani kung paano tutugon sa mga sitwasyong pang-emergency.

Isang mahalagang bahagi ng pagpapanatiling ligtas ng mga bata ay ang pagsubok na pag-isipan at planuhin ang mga hindi inaasahang sitwasyon. Ang mga epektibong plano sa paghahanda para sa emergency ay dinisenyo upang matugunan ang natatanging pangangailangan ng programa ng maagang pagkatuto at isaalang-alang ang mga bagay tulad ng uri ng pasilidad, edad ng mga batang pinaglilingkuran, pisikal na espasyo, lokasyon, at oras ng programa. Bilang karagdagan sa karaniwang mga paksang pangkahandaan sa emergency gaya ng sunog, lindol, pagbaha, paglikas, pamamahala ng gamot, lockdown at mga shelter-in-place na protokol, dapat isama sa plano sa emergency ang mga sitwasyon na partikular sa programa ng maagang pagkatuto. Depende sa pasilidad, maaaring kabilang dito ang mga paksa tulad ng paglikas ng mga sanggol o mga batang hindi nakakalakad nang mag-isa, pagtagas ng gas, tsunami, bulkan o pagguho ng lupa.



Isaalang-alang ang sitwasyon ng isang provider ng maagang pagkatuto na nakaranas ng krisis sa kalusugan, bumagsak sa sahig at nawalan ng malay. Sa pamamagitan ng pag-iisip nang maaga tungkol sa ganitong sitwasyon, maaaring magsagawa ang provider ng maagang pagkatuto ng regular at sistematikong mga pag-iingat upang matiyak na mananatiling ligtas ang mga bata kahit pansamantalang walang direktang superbisyon. Kabilang dito ang pagpapanatiling hindi naaabot ng mga bata ang mga lugar at bagay na hindi lisensyado o ligtas sa araw-araw. Maaaring kabilang dito ang pagbibigay ng mga leksyong angkop sa edad para sa pagtugon sa emergency (gaya ng pagtawag sa 911) bilang bahagi ng kurikulum ng programa. Sa isang programa na maraming kawani, puwedeng isama rito ang regular na pangungumusta sa kanila sa buong araw. Kung mag-isa naman ang isang provider ng family home, puwede siyang makipag-usap sa kapitbahay o kamag-anak na kumustahin siya araw-araw. Nakadepende ang mga detalye ng plano sa natatanging kalagayan ng programa.



Upang mapataas ang posibilidad na maipatutupad nang tama ang mga plano para sa kahandaan sa emergency sa totoong sitwasyon, dapat taunang suriin ng mga provider ng maagang pagkatuto ang mga plano at patuloy na magsagawa ng pagsasanay sa mga pamamaraan ng kahandaan sa emergency. Dapat magsagawa ng pagsasanay sa sunog at paglikas bawat buwan at pagsasanay sa lindol, lockdown, o shelter-in-place bawat tatlong buwan. Ang palagiang pagsasanay ay lumilikha ng magagandang gawi at nagbibigay-daan para sa mga kawani at bata ng programa ng maagang pagkatuto na maging pamilyar at kumpiyansa sa mga pamamaraan. Tulad ng binanggit ng CFOC, "ang regular na pagsasanay ng mga drill na ito ay nagpapalago ng kalmado at may-kakayahang pagtugon sa isang sakunang dulot ng kalikasan o tao kapag ito ay naganap."[304]

Mahalaga rin ang regular na pagsasanay dahil sa patuloy na pag-unlad at pagbabago ng mga batang naka-enroll sa programa, gayundin sa pagbabago ng mga kawani na nagtatrabaho sa programa. Nakakatulong ang regular at sistematikong drill upang matiyak na lahat ng nasa lugar sa oras ng emergency ay pamilyar sa mga pamamaraan at inaasahan.

Sa ilang matitinding emergency, maaaring pansamantalang mawalay ang mga programa ng maagang pagkatuto mula sa mga magulang o sa mga serbisyo ng pagtugon sa emergency. Bilang paghahanda sa ganitong sitwasyon, ang isang programa ng maagang pagkatuto ay dapat magtago ng hindi bababa sa tatlong araw na suplay ng pagkain, tubig at gamot na kinakailangan sa buhay upang matugunan ang lisensyadong kapasidad at ang kawani. Maaaring itago ang mga suplay na ito sa lisensyado o hindi lisensyadong espasyo sa loob ng pasilidad.

Sa oras ng emergency, malamang na sabik ang mga magulang at guardian na muling makasama ang kanilang mga anak. Ang pagpaplano at pakikipag-usap sa mga kawani, magulang, at guardian tungkol sa kung paano muling pagsasamahin ang mga bata sa kanilang pamilya ay makakabawas sa stress na ito. Maaaring mapahusay ng isang provider ng maagang pagkatuto ang komunikasyon at higit pang mabawasan ang posibleng pag-aalala sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga patakaran sa wika na nais ng pamilya.

304 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak: Pambansang Pamantayan sa Pagganap para sa Kalusugan at Kaligtasan; Panuntunan para sa Mga Programa ng Maagang Pag-aalaga at Edukasyon, Ika-4 na edisyon.* (Itasca, IL: Amerikanong Akademya ng Pediatrics, 2019), 399.



Maging Handa, Maging Ligtas. Isang website ng DOH ng Estado ng Washington na may impormasyon, mga estratehiya sa paghahanda, at mga mapagkukunan na may kaugnayan sa iba't ibang uri ng likas na sakuna at mga emergency.
www.doh.wa.gov/Emergencies/BePreparedBeSafe

Paghahanda para sa Emergency. Isang website ng Sentro ng Sanggunian sa Pag-aalaga ng Bata na may impormasyon upang matulungan ang isang provider ng maagang pagkatuto na mabilis na tumugon at makabawi mula sa mga emergency. Kasama ang isang serye ng pitong video mula sa Sentro ng Sanggunian sa Pag-aalaga ng Bata na may impormasyon para sa mga programa ng maagang pagkatuto hinggil sa paghahanda at pamamahala sa iba't ibang sitwasyon ng emergency.

- Webpage: **www.ccrcca.org/providers/emergency-preparedness**
- Serye ng video: **www.youtube.com/playlist?list=PLk_LN06P5PwLY05bdqjeJq01zBTVi44AM**

Paghahanda para sa Emergency. Isang webpage ng Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata, CCA) ng Amerika na naglalaman ng mga link, webinar, pagsasanay at iba pang mapagkukunan na may kaugnayan sa emergency at sakuna para sa mga provider ng maagang pagkatuto.
www.childcareaware.org/our-issues/crisis-and-disaster-resources

Manwal ng Kahandaan sa Emergency para sa Mga Programa ng Maagang Pagkabata. Nagbibigay ng manwal ang pederal na website na ito upang tulungan ang mga programa ng maagang pagkatuto sa paggawa ng isang plano na makakatulong na mapanatiling ligtas ang kanilang programa, sentro o tahanan sa panahon ng emergency.
https://childcareta.acf.hhs.gov/sites/default/files/public/emergency-preparedness-manual-early-childhood-programs.pdf

Grab & Go Bag para sa Pag-aalaga ng Bata at Iba pang Programa ng Maagang Pagkatuto. Isang dokumento mula sa Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County na nagbibigay ng gabay sa pagkuha at pag-iimbak ng mahahalagang kagamitan para sa emergency.
www.kingcounty.gov/depts/health/child-teen-health/child-care-health/~/media/depts/health/child-teen-health/child-care-health/documents/grab-and-go-ENGLISH.ashx

Modelong Handbook sa Pagtugon sa Sakuna. Isang gabay mula sa Snohomish County para sa mga provider ng maagang pagkatuto kung paano tumugon sa mga sitwasyon ng sakuna at krisis.

- Plano para sa Sakuna – Sentro o Programa para sa mga Batang Nasa Edad ng Pag-aaral: **www.snohd.org/DocumentCenter/View/409/Disaster-Plan---Child-Care-Center-or-School-age-Program-DOC**
- Plano para sa Sakuna – Pag-aalaga ng Bata sa Family Home: **www.snohd.org/DocumentCenter/View/410/Disaster-Plan---Family-Home-Child-Cares-DOC**

Pagpaplano para sa Maramihang Panganib sa Pag-aalaga ng Bata. Isang kursong nakabase sa web ng Pederal na Ahensya para sa Pamamahala ng Emergency (FEMA) na sumasaklaw sa mga hakbang upang tulungan ang mga provider ng maagang pagkatuto na maghanda para sa mga insidente at matiyak ang kaligtasan ng mga bata sa kanilang lugar.
https://training.fema.gov/is/courseoverview.aspx?code=is-36

Paghahanda para sa mga Emergency. Isang web-lesson ng Virtual Lab School upang matulungan ang isang provider ng maagang pagkatuto na magplano, mag-ayos, at magsanay ng paglikas at mga pamamaraang pang-emergency. Kasama sa aralin ang isang dalawang minutong video: Pakikipag-usap sa mga Bata tungkol sa mga Emergency.
www.virtuallabschool.org/preschool/safe-environments/lesson-8

Pagtugon sa mga Sakuna at Emergency: Kapaki-pakinabang na Impormasyon sa Pag-aalaga ng Bata na Maaaring Ibahagi. Isang webpage ng Sentro para sa Pagbuo ng Kakayahan ng Estado na may mga paksang mapagkukunan at mga madalas itanong na may kaugnayan sa pagtugon sa isang emergency o sakuna.
https://childcareta.acf.hhs.gov/resource/responding-disasters-and-emergencies-helpful-child-care-information-share

Sampol na Plano para sa Sakuna. Isang template ng patakaran sa Sakuna mula sa Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County.
www.kingcounty.gov/depts/health/child-teen-health/child-care-health/~/media/depts/health/child-teen-health/child-care-health/documents/child-care-emergency-disaster-plan.ashx

Ready.gov. Isang website ng pamahalaan ng U.S. na dinisenyo upang turuan at bigyang kapangyarihan ang mga Amerikano na maghanda at tumugon sa mga sakunang likha ng tao at likas na kalamidad. Kasama ang isang page na partikular para sa mga tagapagturo at mga organisasyon.
www.ready.gov

- Mga Tagapagturo at Organisasyon:
  www.ready.gov/kids/educators-organizations



WAC 110-300-0475

Tungkulin na protektahan ang mga bata at iulat ang mga insidente

(1) Ayon sa RCW 26.44.030, kapag ang isang provider ng maagang pagkatuto ay may makatwirang dahilan upang maniwala na ang isang bata ay nakaranas ng pang-aabuso o pagpapabaya, dapat iulat ng provider na iyon ang naturang insidente, o tiyakin na ito ay maiulat, sa tamang ahensya ng pagpapatupad ng batas o sa kagawaran. Ang "pang-aabuso o pagpapabaya" ay may parehong kahulugan dito tulad ng sa RCW 26.44.020.

(2) Dapat mag-ulat ang isang provider ng maagang pagkatuto sa pamamagitan ng telepono sa mga nakalistang indibidwal, kagawaran, at iba pang ahensya ng pamahalaan kapag nalalaman o may dahilan para malaman ng provider na may naganap na kilos, pangyayari, o insidente na inilarawan sa (a) hanggang (f) ng subseksyong ito.

(a) Ahensya ng pagpapatupad ng batas o ang kagawaran sa pinakaunang pagkakataon, ngunit hindi lalampas sa apatnapu't walong oras:

(i) Ang pagkamatay ng isang bata habang nasa pag-aalaga ng programa ng maagang pagkatuto o pagkamatay mula sa pinsala o sakit na maaaring nangyari habang ang bata ay nasa pag-aalaga;

(ii) Pagtatangkang magpakamatay ng isang bata o pagbanggit tungkol sa pagtatangkang magpakamatay;

(iii) Anumang pinaghihinalaang pisikal, sekswal, o emosyonal na pang-aabuso sa bata;

(iv) Anumang pinaghihinalaang pagpapabaya, paglalagay sa panganib, o pananamantala sa bata;

(v) Pag-amin ng bata tungkol sa sekswal o pisikal na pang-aabuso; o

(vi) Hindi angkop na sekswal na paghipo sa pagitan ng dalawa o higit pang mga bata.

(b) Serbisyong pang-emergency (911) kaagad, at sa kagawaran sa loob ng dalawampu't apat na oras:

(i) Pagkawala ng bata mula sa pag-aalaga, na agad na natukoy sa sandaling mapagtanto ng kawani na nawawala ang bata;

(ii) Medikal na emergency na nangangailangan ng agarang propesyonal na atensyong medikal;

(iii) Bata na nabigyan ng sobra sa anumang iniinom, nilalanghap, o itinuturok na gamot;

(iv) Bata na nakainom o nakatanggap ng gamot na para sa ibang bata;

(v) Sunog o ibang emergency;

(vi) Pagkalason o pinaghihinalaang pagkalason; o

(vii) Iba pang panganib o insidente na nangangailangan ng agarang emergency na pagtugon.

(c) Sentro para sa pagkontrol ng lason ng Washington kaagad pagkatapos tumawag sa 911, at ipaalam sa kagawaran sa loob ng dalawampu't apat na oras:

(i) Pagkalason o pinaghihinalaang pagkalason;

(ii) Bata na nabigyan ng sobra sa anumang iniinom, nilalanghap, o itinuturok na gamot; o

(iii) Bata na nakainom o nakatanggap ng gamot na para sa ibang bata;

(iv) Dapat sundin ng provider ng serbisyo ang anumang tagubilin na ibibigay ng sentro para sa pagkontrol ng lason ng Washington.

(d) Agad na ipinaaalam sa lokal na hurisdiksyon sa kalusugan o sa department of health (kagawaran sa kalusugan), at sa kagawaran sa loob ng dalawampu't apat na oras, ang anumang pangyayari ng pagkalason sa pagkain o nakakahawang sakit na dapat iulat ayon sa kahulugan sa kabanata 246-110 WAC, gaya ng kasalukuyan o sa anumang susunod na pagbabago;

(e) Agad na ipinaaalam sa kagawaran sa unang pagkakataon, ngunit hindi lalampas sa dalawampu't apat na oras, kapag nalaman na ang sinumang tao na kinakailangang sumunod sa kabanata 110-06 WAC ay nagkaroon ng pagbabago sa kanilang kasaysayan sa background check dahil sa:

(i) May nakabinbing kaso o hatol sa isang krimen na nakalista sa kabanata 110-06 WAC;

(ii) Isang paratang o natuklasang pang-aabuso, pagpapabaya, pagmamaltrato o pagsasamantala sa bata ayon sa kabanata 26.44 RCW o kabanata 388-15 WAC;

(iii) Isang paratang o natuklasang pang-aabuso o pagpapabaya sa isang mahina o walang kalaban-labang matanda ayon sa kabanata 74.34 RCW; o

(iv) Isang nakabinbing kaso o hatol ng isang krimen na nakalista sa talaan ng direktor sa kabanata 110-06 WAC mula sa labas ng estado ng Washington, o isang "negatibong aksyon" gaya ng kahulugan sa RCW 43.216.010.

(f) Ipinaaalam sa magulang o guardian ng bata sa lalong madaling panahon, ngunit hindi lalampas sa oras ng pag-uwi ng bata sa pagtatapos ng araw, at sa kagawaran sa loob ng dalawampu't apat na oras, tungkol sa paggamit ng pisikal na pagpigil sa bata gaya ng nakasaad sa WAC 110-300-0335.

(3) Bilang karagdagan sa pag-uulat sa kagawaran sa pamamagitan ng telepono o email, ang isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat magsumite ng nakasulat na ulat ng insidente gamit ang form ng kagawaran sa loob ng dalawampu't apat na oras para sa:

(a) Mga sitwasyon na nangangailangan ng agarang tugon mula sa mga serbisyong pang-emergency (911), Sentro para sa pagkontrol ng lason ng Washington, o department of health (kagawaran ng kalusugan);

(b) Mga sitwasyong naganap habang nasa pag-aalaga ang mga bata na maaaring maglagay sa kanila sa panganib, kabilang ngunit hindi limitado sa hindi angkop na sekswal na paghipo, pagpapabaya, pisikal na pang-aabuso, pagmamaltrato, o pagsasamantala; at

(c) Isang malubhang pinsala sa batang nasa pag-aalaga.

(4) Dapat agad iulat ng isang provider ng maagang pagkatuto sa magulang o guardian:

(a) Ang pagkamatay ng kanilang anak, malubhang pinsala, pangangailangan para sa serbisyong pang-emergency o laban sa pagkalason; o

(b) Isang insidente na kinasasangkutan ng kanilang anak na naiulat sa lokal na hurisdiksiyon sa kalusugan o sa department of health (kagawaran ng kalusugan).

Maaaring magkaroon ng kaalaman ang mga provider ng maagang pagkatuto tungkol sa mga insidente o kalagayan kung saan ang kapakanan ng isang bata o mga bata ay nakompromiso o nasa panganib. Itinatakda sa WAC 110-300-0475 ang mga insidente at sitwasyon kung saan kinakailangan ng DCYF na ang isang provider ng maagang pagkatuto ay magsumite ng ulat sa angkop na ahensya at sa DCYF. Nakasaad din dito ang takdang oras kung kailan dapat gawin ang iba't ibang uri ng ulat. Mahalaga para sa kalusugan at kaligtasan ng bata o mga bata na maipagbigay-alam ang mga sitwasyong ito, at na maisagawa ito sa tamang oras. Hindi lamang nakakatulong ang pag-uulat upang maprotektahan ang bata, nagbibigay din ito ng pagkakataon sa provider ng maagang pagkatuto na makatanggap ng posibleng gabay o tagubilin, at nagbibigay-daan sa mga ahensya na subaybayan ang datos upang mas mapabuti ang pagbibigay ng pagsasanay, makapagbigay ng suporta sa mga provider, at mapalawak ang pag-unawa sa mga pangangailangan ng komunidad upang maisaalang-alang sa mga pagsisikap para sa pag-iwas.



Ipinapakita ng pagsusuring ito ang piling mga kinakailangan sa pag-uulat na nakasaad sa WAC 110-300-0475.



Sa isang programa ng maagang pagkatuto, maaaring maglahad ng impormasyon ang isang bata o may mapansin o makita na magdudulot sa provider ng maagang pagkatuto na maghinala na maaaring nagkaroon ng pang-aabuso o pagpapabaya sa bata. Itinatakda ng RCW 26.44.030 na ang mga provider ng maagang pagkatuto at mga empleyado ng DCYF ay may legal na obligasyon na mag-ulat o magpasimula ng ulat kung mayroon silang makatwirang dahilan upang maniwala na ang isang bata ay nakaranas ng pang-aabuso o pagpapabaya. Dapat isumite ang ulat sa CPS o sa naaangkop na ahensyang nagpapatupad ng batas.

Hindi kinakailangang ganap na sigurado o may ebidensya ang isang provider ng maagang pagkatuto na ang isang bata ay nakaranas ng pang-aabuso o pagpapabaya upang makapag-ulat, ngunit kailangang magsumite ng ulat kung mayroong "makatwirang dahilan upang maniwala" na naganap ang pang-aabuso o pagpapabaya. Ang makatwirang dahilan ay nangangahulugang ang isang tao ay nakasaksi o nakatanggap ng kapanipaniwalang nakasulat o pasalitang ulat na nagsasaad ng pang-aabuso o pagpapabaya sa bata.

Hindi inaasahan, at hindi rin dapat subukan ng mga provider ng maagang pagkatuto, na magsagawa ng sariling imbestigasyon tungkol sa mga hinala ng pang-aabuso o pagpapabaya. Ang responsibilidad na ito ay nakatalaga sa pulisya, CPS, at Dibisyon ng Lisensya/Serbisyo para sa Proteksyon ng Bata (LD/CPS). Ang LD/CPS ay ang programa ng DCYF na nagsisiyasat sa mga paratang ng pang-aabuso o pagpapabaya na nagaganap sa mga lisensyadong pasilidad.

Dapat magsumite ng ulat ang provider ng maagang pagkatuto na may dahilan upang maniwala na ang isang bata ay nakaranas ng pang-aabuso o pagpapabaya sa tagapagpatupad ng batas o sa DCYF sa lalong madaling panahon at sa loob ng 48 oras. Mahalaga ang maagap na pag-uulat upang agad na makialam sa pinaghihinalaang pang-aabuso o pagpapabaya at maprotektahan ang bata mula sa karagdagang pinsala.

Naaangkop ang mga takdang oras para sa mandatoryong pag-uulat sa hinala ng kasalukuyang pang-aabuso o pagpapabaya, pati na rin sa mga pagbubunyag ng nakaraang pang-aabuso o pagpapabaya. Ang pagtugon sa isang nakaraang pangyayari ng pang-aabuso o pagpapabaya ay maaaring magbigay ng pagkakataon para mabigyan ang bata at pamilya ng mga mapagkukunan, suporta, o mga estratehiya sa pagharap upang mapalakas ang katatagan at makaranas ng mas positibong kinalabasan.

Kung may mga pangamba ang isang provider ng maagang pagkatuto ngunit hindi sigurado kung dapat magsumite ng ulat, dapat pa rin nilang gawin ang pag-uulat. Susuriin ng intake worker ang ulat upang matukoy kung ang mga pangyayaring iniulat ay susuriin para sa imbestigasyon.

Upang iulat ang pinaghihinalaang pang-aabuso o pagpapabaya sa bata anumang oras, dalawampu't apat na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, tumawag sa 1-866-END-HARM (1-866-363-4276).

Hinihiling ng WAC 110-300-0106(4) dapat kumpletuhin ng mga provider ng maagang pagkatuto ang pagsasanay sa pagkilala at pag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso, pagpapabaya at pagsasamantala sa bata na aprubado o iniaalok ng DCYF.

Gamot at Pagkalason

Ang lason ay anumang substansya na nakasasama sa katawan kapag nasobrahan sa pagkain, nalanghap, naiturok o nasipsip sa balat.[305] Kabilang sa mga substansya na karaniwang matatagpuan sa isang programa ng maagang pagkatuto na maaaring magdulot ng pagkalason ay mga gamot, pagkain, kosmetiko, halaman, panlinis, detergent at iba pang kemikal.



Ayon sa Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit, CDC), isa sa bawat 150 na 2-taong gulang ang bumibisita sa emergency room dahil sa hindi sinasadyang labis na pag-inom ng gamot, na nagmumula sa pagkakamali sa pagbibigay ng dosis ng mga tagapag-alaga o dahil sa paghahanap at pag-inom ng gamot ng mga bata.[306] Dahil sa malubhang panganib sa kalusugan na kaugnay ng labis na pag-inom ng gamot, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat agad tumawag sa 911 at pagkatapos ay sa Sentro ng Pagkontrol sa Pagkalason ng Washington upang makatanggap ng mabilis na tugon sa emergency at gabay kung ang isang bata ay nakainom o nabigyan ng sobrang dami ng kanyang gamot o nakainom o nabigyan ng gamot ng ibang tao.

Ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat ding agad tumawag sa 911 at pagkatapos ay sa pagkontrol sa lason sa anumang pangyayari ng pagkalason. Kung ang pagkalason ay dulot ng kontaminadong pagkain, ang lokal na distrito ng kalusugan o ang DOH ay dapat agad ding abisuhan. Minsan, ang mga produktong pagkain na may sira ay maaaring masubaybayan sa mas malawak na distribusyon at magagawa ng lokal na distrito ng kalusugan na bawasan ang panganib ng pagkakasakit ng iba.



Upang mag-ulat ng pagkalason, tumawag sa 911, at pagkatapos ay sa Pagkontrol sa Lason sa 1-800-222-1222.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0205 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa mga nakakahawang sakit na dapat iulat.

Itinatakda sa WAC 110-300-0215 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa pangangasiwa ng gamot.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0260 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa pag-iimbak ng mga mapanganib na gamit at mga gamit para sa pagpapanatili.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0197 ang mga kinakailangan para sa ligtas na gawain sa pagkain.

May mga pagkakataon na ang mga programa ng maagang pagkatuto ay maaaring makaranas ng iba pang mga emergency. Maaaring kabilang dito ang mga pangyayaring tulad ng pagkawala ng bata, malubhang pinsala o medikal na emergency na nangangailangan ng agarang propesyonal na pag-aalaga, o sunog o iba pang insidente. Sa ganitong mga kaso, mahalagang agad na ipaalam sa 911 upang agad na makapagbigay ng tugon at masiguro ang kaligtasan.

Isa pang kinakailangan sa pag-uulat ay ang mga insidenteng kinasasangkutan ng pagpigil sa paggalaw ng isang bata habang nasa pag-aalaga ng isang provider ng maagang pagkatuto. Kung ang isang bata ay pisikal na pinigilan sa isang programa ng maagang pagkatuto, dapat agad na ipaalam ng magulang o guardian ang tungkol sa pagpigil, sa lalong madaling panahon at hindi lalampas sa oras ng pag-alis ng bata sa pasilidad. Nakakatulong ang agarang pakikipag-ugnayan sa magulang o guardian pagkatapos ng anumang paggamit ng pisikal na pagpigil sa pagtataguyod ng positibo at mapagkakatiwalaang relasyon. Nagbibigay din ito ng pagkakataon sa magulang o guardian at provider ng maagang pagkatuto na mag-usap at matutunan kung aling mga estratehiya ang mas epektibo kaysa sa iba, at magtulungan sa pagbibigay ng magkakatulad na pakikipag-ugnayan at inaasahan sa bata.



Binalangkas sa WAC 110-300-0335 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa pisikal na pagpigil.

305 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Poisoning," available sa **www.cdc.gov/HomeandRecreationalSafety/Poisoning/index.html**, huling na-update noong Nobyembre 24, 2015.

306 Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), "Adverse Drug Events in Children," available sa **www.cdc.gov/medicationsafety/parents_childrenadversedrugevents.html**, huling na-update noong Abril 30, 2020.



Ang DCYF portable background check (background check na puwedeng dalhin o gamitin kahit saan) ay nakababawas sa panganib na mapinsala ang mga bata mula sa mga indibidwal na nahatulan na ng ilang krimen o nagdudulot ng panganib sa mga bata. Tinutukoy ng proseso ng background check ng DCYF ang impormasyon kaugnay ng pagkatao at pagiging angkop ng isang tao pagdating sa pagpapanatiling ligtas ng mga bata. Kung malaman ng isang provider ng maagang pagkatuto ang anumang pagbabago sa kasaysayang background ng isang kawani na maaaring magdulot ng potensyal na panganib sa iba o maaaring makaapekto sa kasalukuyang katayuang pasado sa background check, kinakailangang iulat ng provider ang mga pagbabagong ito sa DCYF sa loob ng 24 na oras mula nang matanggap ang impormasyon. Maaaring kabilang sa mga pagbabagong ito ang isang nakabinbing kaso o hatol sa krimeng nakalista sa WAC 110-06-0120, o isang paratang o natuklasang pang-aabuso o pagpapabaya sa isang bata o sa isang mahina o walang kalaban-laban na matanda.

Binalangkas ang mga kinakailangan para sa background check sa WAC 110-300-0100, 110-300-0105, 110-300-0425, 110-300-0475 at kabanata 110-06 WAC.

Bilang karagdagan sa kinakailangang ahensya, ang provider ng maagang pagkatuto ay may responsibilidad na agad makipag-ugnayan sa magulang o guardian hinggil sa mga insidente o kalagayang dapat iulat. Nakakatulong sa pagbuo ng positibo at mapagkakatiwalaang relasyon ang maagap at bukas na komunikasyon sa mga magulang at guardian at tumitiyak na mayroon silang kinakailangang impormasyon upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng kanilang sariling anak.

Dapat ding ipaalam ng provider ng maagang pagkatuto sa DCYF kapag naganap ang mga sitwasyong ito. Nagbibigay daan ito sa pagkakataon para sa anumang kinakailangang tugon, suporta o kinakailangang teknikal na tulong. Susuportahan ng kawani ng paglilisensya ang provider ng maagang pagkatuto sa pagtiyak na ang kapaligiran at mga gawi sa programa ay ligtas para sa mga bata at lahat ng kinakailangang hakbang ay naisasagawa.

Hindi lamang dapat ipaalam sa mga tamang tao sa loob ng itinakdang oras, kundi hinihingi rin ng DCYF na kumpletuhin ang isang form upang idokumento ang pinsala o insidente, na dapat isumite sa loob ng 24 na oras. Ang form na ito, DCYF 15-941 Ulat ng Pinsala o Insidente sa Pag-aalaga ng Bata, ay makikita sa pahina ng mga form ng DCYF.

Mga Pagkakaiba sa Pagsusuri at Pag-uulat ng Pang-aabuso sa Bata. Isang presentasyong nagbibigay-impormasyon mula sa Howard University na tumatalakay sa datos ng pag-uulat ng pang-aabuso at pagpapabaya sa bata, sinusuri ang mga sanhi ng hindi pantay na representasyon batay sa lahi, at tinitingnan ang mga estratehiya para mabawasan ang mga pagkakaiba.
www.nationalperinatal.org/resources/Documents/2018%20Conference/Friday/Cross%20-%20Disparities%20in%20Screening%20and%20Reporting%20Child%20Abuse.pdf

Mga Form at Dokumento. Isang page sa website ng DCYF na naglalaman ng mga link sa mga kapaki-pakinabang na form tulad ng kinakailangang Ulat ng Pinsala o Insidente ng Bata.
www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider/forms-documents

Kung Paano Mag-ulat ng Pang-aabuso o Pagpapabaya sa Bata. Isang webpage ng DCYF na tumutulong sa isang tao na malaman kung anong impormasyon ang dapat ihanda kapag magsusumite ng ulat, at nagbibigay ng contact information sa mga lokal na tanggapan ng CPS para iulat ang pinaghihinalaang pang-aabuso o kapabayaan sa bata.
www.dcyf.wa.gov/safety/report-abuse

- Pambansang Numero para sa Pag-uulat: **1-866-END-HARM (1-866-363-4276)**

Katatagan. Isang 60-minutong dokumentaryo ng KPJR Films na sinusuri ang agham sa likod ng Masasamang Karanasan sa Pagkabata (ACEs) at kung paano ang labis na nakaka-stress na karanasan sa pagkabata ay maaaring makaapekto sa pag-unlad ng utak at magdulot ng pangmatagalang epekto sa kalusugan at pag-uugali.
https://kpjrfilms.co/resilience/

Ligtas na Pagtatapon ng mga Gamot. Ang webpage ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng U.S. tungkol sa tamang pagtatapon ng gamot.
www.fda.gov/drugs/ensuring-safe-use-medicine/safe-disposal-medicines

Washington State Poison Center. Libre at kumpidensyal ang mga tawag sa Sentro para sa Pagkontrol ng Lason. Ang lahat ng katanungan ay sinasagot ng mga eksperto na available 24 na oras sa isang araw, sa bawat araw ng taon. Ang libreng tawag na helpline ay **1-800-222-1222.**
www.wapc.org

WAC 110-300-0480

Patakaran sa transportasyon at mga aktibidad sa labas ng lugar

(1) Dapat mayroong patakaran ang provider ng maagang pagkatuto tungkol sa transportasyon at mga aktibidad sa labas ng lugar, at dapat niya itong sundin, kung personal o pampublikong serbisyo ng transportasyon, o pagbiyahe na hindi gumagamit ng sasakyang de-motor ang iniaalok sa mga batang nasa pag-aalaga.

(a) Dapat isama sa patakaran sa transportasyon at mga gawain sa labas ng lugar ang mga nakagawiang biyahe, na hindi dapat lumampas sa dalawang oras bawat araw para sa anumang indibidwal na bata.

(b) Nakasulat na pahintulot ng magulang o guardian para dalhin ang anak ng magulang o guardian. Ang nakasulat na pahintulot ay dapat:

(i) Maglaman ng isang tiyak na pangyayari, petsa, at inaasahang oras ng biyahe;

(ii) Maglaman ng isang tiyak na uri ng biyahe (halimbawa, paghahatid at pagsundo sa paaralan, o paghahatid at pagsundo sa isang field trip); o

(iii) Saklawin ang lahat ng uri ng biyahe na maaaring gawin ng isang bata habang nasa pag-aalaga ng provider ng maagang pagkatuto.

(c) Mga nakasulat na abiso para sa mga magulang o guardian, na ibibigay nang hindi bababa sa dalawampu't apat na oras bago isagawa ang mga field trip.

(2) Habang nagbibiyahe patungo sa isang aktibidad sa labas ng lugar, ang provider ng maagang pagkatuto ay dapat:

(a) Ihanda at panatilihing madaling makukuha ang kasaysayan ng kalusugan, angkop na gamot (kung kailangan), impormasyon para sa emergency, at mga form ng pahintulot para sa medikal emergency ng bawat batang ihahatid;

(b) Mayroong telepono upang makatawag para sa tulong sa emergency;

(c) Mayroong kumpletong first-aid kit;

(d) Panatilihin ang staff-to-child ratio, magkahalong pangkat, at mga kinakailangan para sa aktibong pagbabantay;

(e) Mayroong kasalukuyang sertipikasyon sa first-aid at CPR alinsunod sa WAC 110-300-0106(11);

(f) Magsagawa ng pagtatala ng pagpasok gamit ang roll call o ibang paraan na nakasisiguro na natitiyak ang bilang ng lahat ng bata tuwing nagsisimula at nagtatapos ang biyahe patungo sa isang aktibidad sa labas ng lugar, at sa bawat oras na pumapasok at lumalabas ang mga bata sa sasakyan; at

(g) Huwag kailanman iwanang walang kasama ang mga bata sa loob ng sasakyan.

(3) Kapag ang provider ng maagang pagkatuto ang naglalaan ng sasakyan para ihatid ang mga batang nasa pag-aalaga, ang programa at provider ay dapat:

(a) Sumunod sa kabanata 46.61 RCW, Mga tuntunin sa daan, at iba pang naaangkop na batas tungkol sa mga child restraint at car seat;

(b) Tiyakin na ang bilang ng mga pasahero ay hindi lalampas sa kapasidad ng upuan ng sasakyan;

(c) Panatilihin ang sasakyan sa maayos na pagkakakumpuni at ligtas na kondisyon sa pagpapatakbo;

(d) Panatilihin ang temperatura sa loob ng sasakyan sa isang komportableng antas para sa mga bata;

(e) Tiyakin na ang sasakyan ay may kasalukuyang lisensya at rehistro ayon sa hinihingi ng mga batas sa transportasyon ng Estado ng Washington;

(f) Tiyakin na ang sasakyan ay may mga kasalukuyang pang-emergency na reflective triangle o iba pang kagamitang magbabalala sa ibang mga driver kung may emergency;

(g) Tiyakin na ang driver ay may valid na lisensya sa pagmamaneho para sa uri ng sasakyang minamaneho at may ligtas na rekord sa pagmamaneho sa loob ng hindi bababa sa nakalipas na limang taon;

(h) Pigilan ang sinumang driver na may kilalang kondisyon na makakaapekto sa kanyang pagmamaneho, pangangasiwa, o kakayahang magpalikas na magmaneho ng mga sasakyan ng programa; at

(i) Mayroong kasalukuyang insurance policy na saklaw ang driver, sasakyan, at lahat ng sakay.

Ang mga provider ng maagang pagkatuto na pinipiling magsama ng mga field trip sa labas ng lugar, pampubliko o pribadong transportasyon, o paglalakad o pagbiyahe na hindi gumagamit ng sasakyang de-motor sa labas ng lugar ay dapat bumuo ng patakaran sa transportasyon at mga gawain sa labas ng lugar. Nagbibigay-daan ito sa provider ng maagang pagkatuto na malaman at mapamahalaan ang mga posibleng panganib nang maaga at bumuo ng mga sistema at rutina upang matiyak ang maayos na paglipat at mga biyahe na ligtas at positibong nakakatulong sa pagkatuto at pag-unlad ng bata. Ipinapaalam din ng nakasulat na patakaran sa mga kawani, mga magulang at mga guardian ang tungkol sa mga pamamaraan at inaasahan sa transportasyon at mga biyahe.

Dapat saklawin ng patakaran sa transportasyon at biyahe sa labas ng lugar ang parehong karaniwang mga biyahe at transportasyon, gayundin ang pana-panahon o indibidwal na mga biyahe. Dahil sa posibleng masamang epekto sa pag-unlad ng bata kapag nakapaloob sa mahabang oras, dapat bawasan ang oras na ginugugol ng bata sa biyahe. Ang mga karaniwang biyahe, gaya ng paghahatid at pagsundo sa mga bata papunta at mula sa paaralan, regular na pagbisita sa lokal na aklatan, o iba pang gawain, ay hindi dapat lumampas sa dalawang oras bawat araw para sa kahit sinong bata. Maaaring hindi ipatupad ang limitasyong ito para sa isang espesyal na pamamasyal o field trip na may hindi maiiwasang trapiko o hindi inaasahang kondisyon sa kalsada.

Hindi maaaring ihatid ang isang bata nang walang nakasulat na pahintulot mula sa kanilang magulang o guardian. Bagaman maaaring para sa isang partikular na biyahe ang pahintulot, hindi kinakailangang kumuha ng pirmadong slip ng pahintulot para sa bawat biyahe kung pipirma ang magulang ng awtorisasyon para sa isang uri o saklaw ng mga biyahe habang nasa pag-aalaga ng isang provider. Maaaring kabilang dito ang transportasyon papunta at pabalik mula sa paaralan o mga field trip. Kapag may ganoong saklaw ng pahintulot, kailangan pa ring magbigay ang provider ng kalendaryo ng bawat field trip o hindi bababa sa 24 oras na abiso bago ang bawat field trip. Ginagawa ito upang lubos na maipaalam sa magulang o guardian, mabigyan sila ng pagkakataong magtanong tungkol sa biyahe at mapanatili ang pagiging pangunahing tagapagpasya kaugnay ng transportasyon at mga karanasan sa labas ng lugar para sa kanilang anak.

Mahalaga na ang patakaran sa transportasyon at biyahe sa labas ng lugar ay nakapaghahanda at tumutugon sa mga posibleng panganib ng paggamit ng sasakyan. Noong 2016, “ang mga banggaan ng sasakyang de-motor ang nangungunang sanhi ng pagkamatay ng mga bata at kabataan, na kumakatawan sa 20% ng lahat ng pagkamatay”[307] para sa pangkat na iyon ng edad. Dahil dito, binalangkas ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ang mga kinakailangan upang mabawasan ang panganib at matiyak na ang mga provider ng maagang pagkatuto ay handang tumugon sa isang emergency.

Maraming mga salik ang nakakaapekto sa pagbabawas ng mga panganib at pinsala sa transportasyon. Kapag ang isang provider ng maagang pagkatuto ay naghahatid ng mga bata gamit ang pribadong sasakyan, ang provider ng maagang pagkatuto ang may pananagutan sa wastong pagpapanatili at maayos na kondisyon ng sasakyan. Sila rin ay may pananagutan na tiyakin na ang mga bata ay nasa upuan at restraining device na angkop sa kanilang edad at laki, at na ang mga restraining device at car seat ay ginagamit ayon sa tagubilin ng tagagawa nito.

Itinatala ng CFOC na “ang pinakaligtas na lugar para sa lahat ng sanggol at batang wala pang labintatlong taong gulang ay sa likurang upuan.”[308] Ito ay dahil, sa bahagi, ang lokasyong iyon ay mas malayo sa pinakamalakas na puwersa ng banggaan at sa deployment ng airbag. Upang maprotektahan ang kaligtasan ng mga bata, ang lokasyon ng mga bata sa sasakyan ay bukod pa sa paggamit ng mga booster seat at car seat na angkop sa edad at laki.

307 Rebecca M. Cunningham, Maureen A. Walton at Patrick M. Carter, “The Major Causes of Death in Children and Adolescents in the United States,” *Journal ng Medisina ng New England*, (2018), makikita sa **www.nejm.org/doi/full/10.1056/nejmsr1804754**

308 Amerikanong Akademya ng Pediatrics, Asosasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, Pambansang Sentro ng Sanggunian para sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pag-aalaga ng Bata at Maagang Edukasyon. *Pag-aaruga sa Ating mga Anak*. 310.

Ang RCW 46.61.687 at RCW 46.61.688 ay naglalaman ng batas ng estado para sa paggamit ng seat belt at mga restraining device para sa bata.

Malaki ang epekto ng mga isyu sa paglalagay ng tauhan sa kaligtasan ng mga bata kapag may biyahe sa labas o sa pagdadala. Nakakatulong ang pagpapanatili ng hindi bababa sa kinakailangang staff-to-child ratio, pagbibigay ng tuloy-tuloy at aktibong pagbabantay, at pagtitiyak na ang mga kawani ay kwalipikado na may kasalukuyang pagsasanay sa CPR at first aid upang matiyak ang maagap na pag-aalaga kahit malayo sa pasilidad.

Matatagpuan ang mga kinakailangan para sa mga aktibidad sa tubig habang nasa isang field trip sa WAC 110-300-0175.

Matatagpuan ang mga kinakailangan para sa pagbabantay, ratio, pangkat ayon sa edad, at laki ng pangkat sa WAC 110-300-0345, 110-300-0350, 110-300-0355, 110-300-0356, at 100-300-0357.

Kung ang isang provider ng maagang pagkatuto ang nagmamaneho ng sasakyan, dapat mayroon siyang lisensya para sa uri ng sasakyang minamaneho.

Ang isang sentro ng pag-aalaga ng bata ay naghahatid ng 11 bata papunta sa paaralan araw-araw gamit ang maliit na program bus. Si Estacia, ang tauhan na nagmamaneho para sa mga bata papunta at pauwi mula sa paaralan, ay may Lisensya para sa Komersyal na Pagmamaneho (CDL) na, ayon sa mga kinakailangan ng Estado ng Washington, ay nagpapahintulot sa kanya na magmaneho ng bus na may kapasidad na 16 na pasahero. Ipinaalam ni Estacia sa direktor, si Jasmine, ang tungkol sa isang emergency sa pamilya at inaasahan ni Estacia na makapagbakasyon ng tatlong linggo. Alam ni Jasmine na wala nang ibang kasalukuyang empleyado na lisensyado para magmaneho ng bus na naglalaman ng 16 na pasahero. Kumuha si Jasmine ng nakasulat na pahintulot mula sa magulang na siya at isa pang empleyado ang magmamaneho para sa siyam na bata papuntang paaralan sa kanilang sariling sasakyan habang wala si Estacia. Ang natitirang dalawang bata ay ihahatid sa paaralan ng kanilang sariling guardian.

Tinitiyak ni Jasmine na nasa ayos ang maintenance ng parehong personal na sasakyan, saklaw ng kanilang insurance ang pansamantalang sitwasyon, may nakahandang first aid at mga gamit pangkaligtasan sa mga sasakyan, at nasa tamang sasakyan ang impormasyon ukol sa emergency at medikal ng bawat bata.

Kapag ang isang provider ng maagang pagkatuto ay responsable sa pagmamaneho ng mga bata, kailangan din nilang magkaroon ng ligtas na rekord sa pagmamaneho sa nakalipas na limang taon. Ibig sabihin, ang kanilang lisensya ay dapat valid at nasa maayos na katayuan. Maaaring makipag-ugnayan ang isang indibidwal sa kanilang provider ng insurance ng sasakyan o sa Kagawaran ng Lisensya ng Estado ng Washington (DOL) upang makuha ang kanilang rekord sa pagmamaneho. Ang pagkakaroon ng aksidente o traffic ticket sa nakalipas na limang taon ay hindi awtomatikong nangangahulugang hindi na puwedeng magmaneho para sa mga bata ang isang provider ng maagang pagkatuto. Pero kung paulit-ulit ang pagkakaroon ng aksidente o ticket, puwede itong maging dahilan ng pag-aalala at dapat isaalang-alang nang mabuti ng lisensyado o ng pamunuan ng sentro.





Ang isang lisensyadong nagpapatakbo ng family home para sa maagang pagkatuto ay pumayag na maglaan ng transportasyon papunta at pabalik sa paaralan para sa mga batang nasa edad ng pag-aaral na nasa kanyang pag-aalaga. Nagsusumikap ang lisensyado na ayusin ang mga plano at iniisip kung ang pangunahing guro ang dapat magmaneho para sa mga bata papunta sa paaralan o manatili sa pasilidad kasama ang mga nakababata. Tinanong ng lisensyado ang pangunahing guro tungkol sa kanilang rekord sa pagmamaneho sa nakalipas na limang taon. Ipinabatid ng pangunahing guro sa lisensyado na wala silang naging aksidente. Gayunpaman, iniulat nila na sa nakalipas na ilang taon ay nakatanggap sila ng dalawang multa dahil sa sobrang bilis ng pagmamaneho at, mga apat na buwan na ang nakalipas, ay nakatanggap ng multa dahil sa hindi paggamit ng senyas sa pagliko. Isinasaalang-alang ng lisensyado ang impormasyong ito at nagpasya na mas angkop ang pangunahing guro para sa pag-aalaga ng mga bata sa pasilidad kaysa sa ipagmaneho sila papunta sa paaralan.

Upang higit pang mabawasan ang mga panganib sa mga bata, dapat tiyakin ng isang provider ng maagang pagkatuto na lahat ng bata ay natatala bago at pagkatapos ng bawat aktibidad sa labas ng lugar. Upang manatiling sumusunod sa patakaran, dapat na maipakita ng isang provider ng maagang pagkatuto kung paano nila pinapanatili ang pagtatala ng pagpasok habang nasa biyahe, sa mga aktibidad sa labas ng lugar, at sa bawat pagpasok at paglabas ng bata sa sasakyan. Nakakatulong ang paulit-ulit at regular na pagsusuri ng pagpasok upang matiyak at mapatunayan na lahat ng bata ay naroroon at ligtas. Kapag mas madalas na nasusuri ang pagpasok, mas mabilis na makakakilos ang mga provider ng maagang pagkatuto upang matugunan at mahanap ang batang nawawala. Nakakatulong ang pagtatala ng pagpasok sa bawat pagpasok at paglabas ng grupo sa sasakyan na maiwasan ang pag-alis sa isang lugar nang hindi kumpleto ang mga bata. Nakakatulong din ito upang matiyak na walang batang maiiwan sa sasakyan nang walang kasama.



Hindi dapat iwan ang mga bata nang walang kasama sa loob ng sasakyan. Ang mga posibleng panganib kapag naiwang mag-isa ang bata sa sasakyan ay maaaring magdulot ng kamatayan. Kasama sa mga panganib na ito, ngunit hindi limitado sa, ang:

- Heatstroke – Kapag ang pangunahing temperatura ng katawan ay umabot sa 104 degrees o mas mataas pa.
- Pagpulupot ng seatbelt – Kapag ang seatbelt ay pumulupot sa ulo, leeg o baywang.
- Pagkakulong sa trunk – Kapag ang bata ay nakapasok sa trunk at hindi makahanap o walang paraan upang makalabas.
- Pag-usad ng Sasakyan – May ilang sasakyan na kahit hindi nakaapak sa preno o walang susi sa ignition, puwede pa ring mailipat ang kambyo mula sa park papunta sa ibang gear, at puwede itong umusad habang naroon ang bata sa loob.[309]

Isa pang bagay na dapat isaalang-alang kapag nagdadala ng mga bata ay ang saklaw ng insurace. Upang makapaghatid ng mga bata, dapat tiyakin ng isang provider ng maagang pagkatuto na saklaw ng insurance policy ang driver, sasakyan, at ang lahat ng pasahero. Maaaring hindi magbigay ng sapat na saklaw ang mga karaniwang insurance policy ng sasakyan kung ginagamit ang sasakyan para sa child care. Dapat tiyakin ng isang provider ng maagang pagkatuto kung kinakailangan ng karagdagang saklaw para sa layunin ng kanilang programa.

309 U.S Department of Transportation (Kagawaran ng Transportasyon ng U.S.), "Child Safety," available sa **www.nhtsa.gov/road-safety/child-safety**, nakuha noong Oktubre 20, 2020.



May balak ang isang provider ng maagang pagkatuto na buksan ang kanilang negosyo na may planong dalhin ang mga bata sa museo isang beses sa isang buwan gamit ang kanilang personal na sasakyan. Isinama ng provider ang impormasyong ito sa handbook para sa magulang at ito ay nirepaso ng tagapaglisensya sa unang proseso ng paglilisensya. Tinanong ng tagapaglisensya kung saklaw ng insurance policy ng sasakyan ng provider ang driver, ang sasakyan, at lahat ng sakay sa sasakyan, na hinihingi ng WAC. Hindi alam ng provider ang tungkol sa buong saklaw at makikipag-ugnayan siya sa kompanya ng insurance para sa karagdagang detalye. Nalaman ng provider na hindi saklaw ng policy ang paghahatid ng mga bata para sa layunin ng negosyo kaya kinailangan pa nilang makipagtulungan sa kanilang ahente ng insurance upang bumili ng angkop na saklaw para matugunan ang kinakailangan ng WAC.



Bumili ng Kopya ng iyong Rekord ng Pagmamaneho sa Estado ng Washington. Isang webpage ng DOL na may mga tagubilin kung paano kumuha ng rekord ng mga paglabag, multa, hatol, aksyon ng kagawaran at banggaan sa pagmamaneho.
www.dol.wa.gov/driverslicense/requestyourrecord.html

Mga Car Seat: Impormasyon para sa mga Pamilya. Isang website ng Akademya ng Pediatrics ng Amerika na nag-aalok ng tutorial tungkol sa mga uri ng car seat, tamang posisyon, pag-install, mga tagagawa, airbag, mga karaniwang tanong at marami pang iba.
www.healthychildren.org/English/safety-prevention/on-the-go/Pages/Car-Safety-Seats-Information-for-Families.aspx

Virtual Lab School. Mga web lesson na tumutukoy sa mga kasanayan at alituntunin upang mapanatiling ligtas ang mga bata habang nagbibiyahe, sa mga field trip, at sa paligid ng mga sasakyan.

- Transportasyon at mga Field Trip. Kasama ang isang dalawang minutong video:
  www.virtuallabschool.org/management/safe-environments/lesson-5
- Ligtas na Ruta at Kaligtasan sa Sasakyan. Kasama ang isang tatlong minutong video:
  www.virtuallabschool.org/fcc/safe-environments/lesson-8
- Kaligtasan sa Sasakyan:
  www.virtuallabschool.org/preschool/safe-environments/lesson-11

Mga Tip sa Kaligtasan sa Transportasyon para sa mga Daycare at Provider ng Pag-aalaga ng Bata. Isang artikulo sa Insurance Hub na naglalaman ng mga tip at estratehiya para ligtas na madala ang mga bata sa kanilang pupuntahan.
https://insurancehub.com/transportation-safety-for-childcare-providers/

Nagbabago ang mga Batas sa Car Seat ng Estado ng Washington. Isang website ng Target Zero na naglalahad ng mga batas sa car seat sa Estado ng Washington na binago noong Enero 1, 2020, at nagbibigay ng karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan, kabilang ang mga printable na flyer at poster.
https://wadrivetozero.com/car-seats/

WAC 110-300-0485

Patakaran sa Pagtatapos ng Serbisyo

Maaaring tapusin ng isang provider ng maagang pagkatuto ang serbisyo para sa isang bata dahil sa kawalan ng kakayahan ng magulang o guardian ng bata na matugunan ang mga inaasahan at kinakailangan ng programa ng maagang pagkatuto. Maaaring kabilang sa mga inaasahan at kinakailangan ng programa ang hindi nabayarang bayarin, palaging late na pagdating, o ang hindi angkop o hindi ligtas na pag-uugali ng magulang, tagapag-alaga o miyembro ng pamilya sa loob o malapit sa lugar ng programa ng maagang pagkatuto.

Nalalapat lamang ang Patakaran sa Pagtatapos ng Serbisyo sa mga magulang o guardian. Wala itong kaugnayan sa pag-uugali ng bata o mga bata. Kung hindi natutugunan ng isang magulang o guardian ang mga inaasahan at kinakailangan ng programa ng maagang pagkatuto, tulad ng hindi pagbabayad ng bayarin, palaging late na pagdating, o hindi angkop o hindi ligtas na pag-uugali ng mga magulang o guardian ng bata, maaari itong maging hadlang sa operasyon ng negosyo at sa pagtugon sa mga pangunahing pangangailangan sa kalusugan, kaligtasan, at pag-unlad ng mga bata. Ang kawalan ng kakayahan o kawalan ng kagustuhang sumunod sa mga patakaran at inaasahan ng programa ay maaaring magdulot ng mga sitwasyong gaya ng kawalan ng seguridad o pagtaas ng stress sa mga bata, paglabag sa Mga Pangunahing Pamantayan ng Kalidad, abala sa mga kawani ng programa ng maagang pagkatuto, at sa ilang kaso, pagkalugi sa pananalapi.

Isang provider ng serbisyong pang-alaga sa tahanan mula sa Snohomish County ang nagbahagi:

"Nakatrabaho ko ang isang pamilya na may pinagdadaanang mahirap na kalagayan. Nakaiskedyul ang kanilang mga anak na sunduin mula sa pag-aalaga tuwing alas-tres ng hapon. Ilang beses silang na-late sa pagsundo at kinausap ko ang mga magulang. Sinabi nila na magsisikap silang maging mas maaga. Gusto ko silang suportahan kaya nag-alok akong baguhin ang iskedyul, ngunit tumanggi sila. Patuloy silang dumarating nang mas late at mas late pa, at nakaapekto ito sa aking mga ratio. Upang manatiling sumusunod sa WAC, kinailangan kong papuntahin ang sarili kong mga anak sa bahay ng kapitbahay pagkatapos ng klase imbes na umuwi sa amin. Sa huli, nagsimula na akong magpataw ng late fee. Ipinakita ko ang mga rekord ng pagpasok na naka-highlight para makita nila ang bawat pagkakataong sinisingil sa kanila. Nakaramdam sila ng hiya at humingi ng paumanhin, ngunit patuloy pa rin silang nale-late. Ang pinakahuli at hindi ko na kinaya ay noong dumating sila para sunduin ang kanilang mga anak mahaba-habang panahon matapos magsara ang aking negosyo. May nakasaad sa aking handbook na maaaring tapusin ang pag-aalaga kung hindi susundin ang napagkasunduang oras ng pag-aalaga. Nilagdaan ng magulang ang patakarang ito. Naitabi ko rin ang mga talaan ng pagpasok at tala ng aming maraming pag-uusap tungkol sa late na pagsundo. Mahirap para sa akin na tapusin ang pag-aalaga para sa pamilya dahil mahal ko ang mga bata at gusto ko sanang ipagpatuloy ang pagsuporta sa kanila. Sa huli, kinailangan kong magdesisyon na magtakda ng malinaw na hangganan upang maprotektahan ang kapakanan ng sarili kong pamilya."

Ang pagtatapos ng pagpapatala ng isang bata dahil sa mahirap na pag-uugali ng bata ay tinatawag na pagpapatalsik. Binabalangkas ng WAC 110-300-0340 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa pagpapatalsik.

WAC 110-300-0486

Patakaran sa pagpapatalsik

(1) Dapat mayroon at sumunod ang provider ng maagang pagkatuto sa isang patakaran sa pagpapatalsik, alinsunod sa WAC 110-300-0340.

(2) Ang isang patakaran sa pagpapatalsik ay dapat:

(a) Magbigay ng mga halimbawa ng pag-uugali na maaaring humantong sa pagpapatalsik mula sa programa ng maagang pagkatuto;

(b) Magdetalye ng mga hakbang na ginagawa ng provider upang maiwasan ang pagpapatalsik sa isang bata, kabilang ngunit hindi limitado sa mga pagbabago sa kapaligiran at pagdaragdag o pagbabago ng tauhan;

(c) Magdetalye kung paano ipinaaalam ng provider sa magulang o guardian ng bata ang mga hakbang na ginawa sa ilalim ng (b) ng subseksyon na ito; at

(d) Isama ang impormasyong makakatulong sa isang batang pinaalis sa programa, kabilang ngunit hindi limitado sa mga mapagkukunan mula sa komunidad.

Ang pagpapatalsik ay kapag tinatapos ang pag-enroll ng isang bata sa isang programa ng maagang pagkatuto dahil hindi kayang matugunan ng provider ng maagang pagkatuto ang mga pangangailangan ng bata bunga ng mahirap na pamamahala sa kanyang pag-uugali. Ipinapakita ng mga pag-aaral na kapag pinaalis ang mga bata, natututo silang maniwala na may mali o masama sa kanila, nababawasan ang kanilang mga oportunidad sa edukasyon at mas malaki ang posibilidad na hindi sila makatapos ng highschool at makulong sa kanilang kabataan.[310]

Bukod pa rito, ipinapakita ng mga bagong pananaliksik na may kaugnayan ang pasubaling pagkiling sa pagsuspinde at pagpapaalis sa mga programa ng maagang pagkatuto. Sa madaling salita, may ebidensya na ang mga di-namamalayang saloobin, paniniwala, at stereotype na hawak ng provider ng maagang pagkatuto ay maaaring may papel sa kung mapapatalsik ang isang bata. Natuklasan ng pananaliksik na ang mga batang lalaki, mas malaki ang pangangatawan kaysa karaniwan, at may mas maitim na kulay ng balat ay mas mataas ang antas ng pagpapatalsik kumpara sa ibang mga bata.[311]

Kaya't hinihiling ng Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad na ang isang programa ng maagang pagkatuto ay bumuo at sumunod sa mga patakaran sa pagpapatalsik na nagsusulong ng pakikipagtulungan at malinaw na komunikasyon sa mga magulang at mga guardian. Ang kahilingan na makipag-ugnayan sa mga magulang at mga guardian tungkol sa mga uri ng pag-uugali na maaaring magdulot ng pagpapatalsik at sa mga estratehiyang gagamitin ng programa upang maiwasan ito ay tumutulong sa lahat ng panig na magtulungan para sa tumutugon at pare-parehong pag-aalaga para sa bata. Sinusuportahan ito ng pananaliksik na nagpapakita na ang matatag at maalagang relasyon sa mga nasa hustong gulang ay nagdudulot ng positibong pangmatagalang resulta sa panlipunan at akademikong aspeto para sa mga bata.[312]

310 Pag-iwas sa Suspensyon at Pagpapatalsik sa Mga Bata sa Mga Kapaligiran ng Maagang Pagkabata, "What do suspensions and expulsions look like in early childhood settings," available sa **https://preventexpulsion.org/overview/**, nakuha noong Oktubre 20, 2020.

311 Sentro ng Pag-aaral ng Bata ng Yale, "Do Early Educators' Implicit Biases Regarding Sex and Race Relate to Behavior and Recommendations of Preschool Expulsions and Suspensions," available sa **https://medicine.yale.edu/childstudy/zigler/publications/Preschool%20Implicit%20Bias%20Policy%20Brief_final_9_26_276766_5379_v1.pdf**, inilathala noong Setyembre 28, 2016.

312 The Ounce, "The Importance of Continuity of Care: Policies and Practices in Early Childhood Systems and Programs," available sa **https://startearly.org/app/uploads/pdf/NPT-Continuity-of-Care-Nov-2015.pdf**, Nobyembre 2015.



Kasama sa mga estratehiya para maiwasan ang pagpapaalis, ngunit hindi lang limitado dito, ang mga sumusunod:

- Pagkilala at paggawa ng mga pagbabago sa kapaligiran upang mapataas ang tsansa ng tagumpay.
- Pagkilala at pagtugon sa mga salik na nag-uudyok sa pag-uugali at emosyon.
- Pagtuon sa pagbuo ng positibong relasyon sa pagitan ng provider ng maagang pagkatuto at ng bata.
- Pagmamasid upang matukoy ang kahulugan ng pag-uugali (ano ang sinusubukang iparating ng bata).
- Pag-alam at pagbibigay-galang sa kultura ng bata.
- Pagkilala sa mga lakas ng bata sa aspeto ng pag-uugali, panlipunan at emosyonal.
- Pagpapakita ng huwaran at pagtuturo ng angkop na pagpapahayag ng emosyon.
- Pagkokoordina ng pare-parehong estratehiya sa disiplina sa pagitan ng programa ng maagang pagkatuto at ng magulang o guardian.
- Pagkilala sa di-namamalayang pagkiling at pagpapadali ng mga pag-uusap kasama ang mga kawani tungkol sa posibleng implikasyon nito sa programa ng maagang pagkatuto.
- Pagbibigay sa magulang o guardian ng impormasyon tungkol sa mga mapagkukunan at suporta sa komunidad.

Upang maisulong ang pare-parehong pag-aalaga at mapanatili ang pagkakataon ng isang bata na makinabang mula sa kapaligiran ng maagang pagkatuto, dapat limitahan ng mga patakaran ang pagpapatalsik sa mga sitwasyong may seryosong alalahanin sa kaligtasan ng bata o ng iba pa na hindi kayang tugunan sa pamamagitan ng ibang pagbabago. Ang pag-unawa na ang lahat ng tao ay may mga pagkiling ay maaaring maghikayat sa mga provider ng maagang pagkatuto na sadyang tukuyin at tugunan ang mga ito, at magpatuloy sa paggamit ng mga estratehiya upang mabawasan ang posibilidad ng pagpapatalsik para sa lahat ng bata.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0340 ang mga karagdagang kinakailangan na may kaugnayan sa pagpapatalsik.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0325 ang mga kahilingan para sa paglikha ng kapaligiran para sa malusog na pag-unlad ng bata.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0330 ang mga kahilingan na may kaugnayan sa positibong relasyon at paggabay sa bata.

May Kaugnayan Ba ang Pasubaling Pagkiling ng mga Tagapagturo sa Maaagang Pagkatuto Tungkol sa Kasarian at Lahi sa mga Inaasahang Pag-uugali at sa mga Rekomendasyon ng Pagpapaalis at Pagsuspinde sa Preschool? Isang maikling ulat sa pananaliksik mula sa Yale University na sumusuri kung paano nakakaapekto ang mga pasubaling pagkiling ng mga tagapagturo sa hindi proporsyonal na pagpapatalsik ng mga batang lalaking Itim.
https://medicine.yale.edu/childstudy/zigler/publications/Preschool%20Implicit%20Bias%20Policy%20Brief_final_9_26_276766_5379_v1.pdf

Pag-iwas sa Suspensyon at Pagpapatalsik sa mga Programa ng Maagang Pagkabata: Isang Gabay para sa mga Pinuno ng Programa upang Suportahan ang Tagumpay ng Lahat ng Bata. Nagbibigay ng datos at impormasyon upang matugunan ang mga ugat na sanhi at magbigay ng mga alternatibo sa suspensyon at pagpapatalsik.
https://preventexpulsion.org/

Nagbibigay ang Magsimula sa Pagkakapantay-pantay mula sa Maagang Taon hanggang sa mga Unang Baitang ng datos at pananaliksik na ginawa ng Proyekto para sa Pagkakapantay-pantay ng mga Bata at ng Sentro ng Dalawang-partidong Patakaran.
https://childandfamilysuccess.asu.edu/sites/default/files/2020-07/CEP-report-071520-FINAL.pdf

Mga Pagwawala, Pag-iyak at Pag-init ng Ulo: Ang Pag-uugali ay Isang Komunikasyon. Tinutukoy ng publikasyon ng Pacer Center ang mga hakbang upang makatulong na mabawasan ang posibilidad ng mahihirap na pag-uugali.
www.pacer.org/parent/php/php-c154.pdf

U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S.) at U.S. Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.), Pahayag ng Patakaran hinggil sa Pagpapatalsik at Suspensyon sa mga Programa ng Maagang Pagkabata.
https://challengingbehavior.cbcs.usf.edu/docs/policy-statement-ece-expulsions-suspensions.pdf

Kung Kailan Hihingi ng Tulong sa Labas para sa Suliraning Pag-uugali ng mga Bata. Ang publikasyon ng Sentro sa mga Saligan ng Sosyal at Emosyonal na Pag-unlad para sa Maagang Pagkatuto (CSEFEL) ay sumusuporta sa paggawa ng desisyon upang magkaroon ng positibong epekto sa mahihirap na pag-uugali ng maliliit na bata.
http://csefel.vanderbilt.edu/documents/dmg_seek_outside_help.pdf

WAC 110-300-0490

Patakaran sa pagpigil sa bata

(1) Dapat mayroon at sumunod ang isang provider ng maagang pagkatuto sa isang patakaran sa pagpigil sa bata na naglalaman ng pamamahala sa pag-uugali at mga kagawian, alinsunod sa WAC 110-300-0335.

(2) Ang patakaran sa pagpigil ay dapat:

(a) Akma sa antas ng pag-unlad, kakayahan at kasanayan sa wika ng mga bata;

(b) Direktang may kaugnayan sa pag-uugali ng bata; at

(c) Dinisenyo upang maging pare-pareho, makatarungan, at positibo.

(3) Ang mga lisensyadong nagpapatakbo ng family home, mga direktor ng sentro, katulong na direktor, superbisor ng programa, pangunahing guro at iba pang angkop na miyembro ng kawani ay dapat sanayin taon-taon sa patakaran ng programa hinggil sa pagpigil sa paggalaw ng bata.

(4) Tanging mga sinanay na kawani lamang ang maaaring pumigil sa paggalaw ng isang batang nasa kanilang pag-aalaga, alinsunod sa WAC 110-300-0335.



Ang mga patakaran sa pagpigil sa paggalaw ng bata ay bahagi ng kabuuang mga patakaran sa paggabay at disiplina ng bata ng isang programa ng maagang pagkatuto. Kabilang sa mga pamamaraan sa paggabay sa bata ang mga estratehiya gaya ng:

- Pagpapakita ng huwaran at pagtuturo ng kanais-nais na pag-uugali.
- Pagbuo ng positibong relasyon sa pagitan ng mga provider ng maagang pagkatuto at mga bata.
- Pagpaplano nang maaga.
- Paglilihis ng atensyon mula sa hindi kanais-nais na pag-uugali.
- Pag-aalok ng mga pagpipilian.

Sa karamihan ng mga kaso, ang mga patakaran at estratehiya sa paggabay sa bata ay nagreresulta sa magkatugma, produktibo at ligtas na karanasan sa maagang pagkatuto para sa mga bata. Paminsan-minsan, gayunpaman, maaaring magkaroon ng mga pag-uugali na nagbabanta sa sariling kaligtasan ng bata o sa kaligtasan ng iba. Ang patakaran sa paggabay sa bata ng isang programa ng maagang pagkatuto ay dapat magsama ng paraan kung paano tutugon ang mga kawani ng programa sa mga ganitong sitwasyon.

Kung pinahihintulutan ng mga patakaran ng programa ng maagang pagkatuto ang paggamit ng pisikal na pagpigil, ang ganitong anyo ng pagpigil ay dapat gamitin lamang kapag nabigo ang mga pagtatangka na pahupain ang pag-uugali ng bata gamit ang mga suportadong estratehiya sa paggabay sa bata. Dapat ding itakda ng patakaran ang mga pamamaraang angkop sa pag-uugali at antas ng pag-unlad ng bata. Kabilang dito ang paghawak sa bata nang pinakamalumanay hangga't maaari sa pinakamaikling oras na kailangan upang makontrol ang sitwasyon.



Ipinapakita ng mga pag-aaral na may kinalaman sa pagpigil sa maliliit na bata ang pangamba hinggil sa mataas na posibilidad ng pang-aabuso at pinsala sa mga bata, kapwa sa pisikal at sikolohikal na aspeto.[313] Kaya't napakahalaga na ang mga kawani ng maagang pagkatuto ay makatanggap ng pauna at regular na pagsasanay kaugnay ng patakaran sa pagpigil ng programa. Ang mga pag-uugali na nagbabanta sa kaligtasan ng bata ay maaaring ikagulat ng provider ng maagang pagkatuto, at mas napapangalagaan ang kaligtasan ng bata kapag ang mga kawani ay pamilyar na sa patakaran ng programa at sa ligtas na pamamaraan ng pagpigil. Pinahihintulutan nito ang provider ng maagang pagkatuto na kumilos nang mabilis at ligtas upang mapigilan ang mapanganib na pag-uugali ng bata at matulungan silang muling makontrol ang sarili.



Binabalangkas ng WAC 110-300-0335 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa pisikal na pagpigil.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0325 ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa paglikha ng isang kapaligiran para sa malusog na pag-unlad ng bata.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0330 ang mga kahilingan na may kaugnayan sa positibong relasyon at paggabay sa bata.

Binabalangkas ng WAC 110-300-0331 ang mga kinakailangan para sa ipinagbabawal na pag-uugali, disiplina at pisikal na pag-alis ng mga bata.



Paano Tumulong sa mga Bata na Kumalma. Ipinapakita ng Child Mind ang mga pamamaraan para tulungan ang mga bata na kontrolin ang kanilang emosyon at maiwasan ang marahas na pag-uugali. **https://childmind.org/article/how-to-help-children-calm-down/**

Pag-iwas sa Paggamit ng Pagpigil at Paghihiwalay sa Maliliit na Bata: Papel ng Epektibo at Positibong Mga Gawi. Isang artikulo na tumatalakay sa pagpigil at paghiwalay bilang bahagi ng mas malawak na pambansang pananaw ng mga distrito ng paaralan, mga ahensya ng estado at pamahalaan. **https://cainclusion.org/teachingpyramid/rbm-issue-briefs/preventing-the-use-of-restraint-and-seclusion-with-young-children-the-role-of-effective-positive-practices-pdf/**

Pagpigil at Paghihiwalay: Dokumento ng mga Mapagkukunan. Isang dokumento mula sa U.S. Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.) na naglalaman ng impormasyon at mga website ng mapagkukunan. **https://sites.ed.gov/idea/files/restraints-and-seclusion-resources.pdf**

Manatiling Kalmado sa Harap ng mga Mapanghamong Pag-uugali. Isang artikulo mula sa Fox News na isinulat ni Jennifer Cerbasi, isang Konsultant sa Edukasyon at tagapag-ugnay ng Inilapat na Pagsusuri sa Pag-uugali. **www.foxnews.com/health/staying-calm-in-the-face-of-challenging-behaviors**

313 Sentro para sa Teknikal na Tulong sa Sosyal at Emosyonal na Interbensyon para sa Maliliit na Bata, "Preventing the Use of Restraint and Seclusion with Young Children: The Role of Effective, Positive Practices," available sa **https://eric.ed.gov/?id=ED526387**, inilathala noong Pebrero 2011.

WAC 110-300-0495

Patakaran sa pare-parehong pag-aalaga

(1) Dapat mayroon at sumunod ang isang programa ng maagang pagkatuto sa isang patakaran na nagtataguyod ng tuloy-tuloy na pag-aalaga sa mga bata.

(2) Kapag posible, ang isang provider ng maagang pagkatuto ay dapat italaga upang magtrabaho kasama ang isang pare-parehong grupo ng mga bata sa halos buong araw, na may layuning bumuo ng pangmatagalan at mapagkakatiwalaang relasyon.



Ang tuloy-tuloy na pag-aalaga ay nangangahulugang pagbibigay ng palagiang mga pagkakataon sa mga bata na makabuo ng emosyonal na ligtas na relasyon sa pamamagitan ng pangunahing pakikipag-ugnayan sa limitadong bilang ng kawani ng programa ng maagang pagkatuto. Dapat maglarawan ang mga patakaran ng programa ng maagang pagkatuto ng mga estratehiyang ginagamit upang suportahan ang tuloy-tuloy na pag-aalaga sa mga bata. Ayon sa NAEYC, mahalaga ang mga patakarang ito dahil ang pagbibigay ng pare-parehong tagapag-alaga sa mahabang panahon sa mga unang taon ng buhay ay napatunayang kapaki-pakinabang para sa panlipunan at emosyonal na pag-unlad ng isang bata at nakapagpapabuti ng kanilang pag-uugali. Mayroon ding ebidensya na ang tuloy-tuloy na pag-aalaga ay humihikayat ng mas sensitibong mga tugon mula sa tagapag-alaga.[314]

Maaaring mag-iba ang mga estratehiya na gagamitin ng isang programa ng maagang pagkatuto upang magbigay ng tuloy-tuloy na pag-aalaga depende sa indibidwal na programa ng maagang pagkatuto.

Nangangailangan ang lisensyadong kapasidad ng isang provider ng maagang pagkatuto sa family home ng dalawang kawani upang matugunan ang staff-to-child ratio. Kukuha ng kursong kolehiyo ang provider ng family home na magkakaroon ng in-person na klase tuwing Biyernes sa loob ng 12 linggo. Nakikipagtulungan ang provider ng maagang pagkatuto sa Early Achievers (Maagang Pagkamit ng Tagumpay) at sa Imagine Institute upang magsaayos ng kwalipikadong kapalit na tagapag-alaga para sa mga araw na siya ay wala. Upang mas mabigyang-pansin ang tuloy-tuloy na pag-aalaga sa mga batang naka-enroll, isinasaayos ng provider ng maagang pagkatuto na makapagtrabaho muna ang kapalit bago dumating ang unang Biyernes ng klase, upang makilala ng mga bata ang kapalit, makilala ng pangunahing guro ang kapalit, at maging pamilyar ang kapalit sa mga patakaran, gawi at sistema ng programa. Pagkatapos, itinatakda ng provider ng maagang pagkatuto ang iskedyul ng kapalit tuwing Biyernes para sa buong 12 linggong quarter. Nagbibigay-daan ito para sa mga bata na makabuo ng relasyon sa iisang kapalit, sa halip na magkaroon ng maraming iba't ibang kapalit.

Sa isang programa ng maagang pagkatuto sa sentro, kabilang sa patakaran sa tuloy-tuloy na pag-aalaga na ang provider ng maagang pagkatuto na pumapalit para sa break at tanghalian ng silid para sa mga sanggol at maliliit na bata ay pareho araw-araw, at isa pang provider ng maagang pagkatuto ang palaging nakatalaga para sa pagbibigay ng break at tanghalian sa mga klase ng preschool.

314 Mary Benson McMullen, "The Many Benefits of Continuity of Care for Infants, Toddlers, Families, and Caregiving Staff," *NAEYC Young Children 73* (3) (2018), available sa **www.naeyc.org/resources/pubs/yc/jul2018/benefits-continuity-care**



May isa pang programa ng maagang pagkatuto sa sentro na may tatlong silid-aralan para sa preschool: silid-aralan A, silid-aralan B at silid-aralan C. Malapit sa pagtatapos ng bawat araw, kakaunti na lamang ang mga batang naroroon kaya't natutugunan ang staff-to-child ratio sa mga bata gamit lamang ang dalawang silid-aralan. Itinatakda ng patakaran sa tuloy-tuloy na pag-aalaga na sa ganitong sitwasyon, ang silid-aralan C ang palaging nagsasara. Dagdag pa rito, ang mga bata mula sa silid-aralan C ay palaging isinasama sa iisang klase (kung silid-aralan A man o silid-aralan B) upang makasama nila ang parehong pangunahing guro sa pagtatapos ng bawat araw.

Ang mga sistema para sa tuloy-tuloy na pag-aalaga ay lumilikha ng kapaligiran kung saan maaaring mabuo ang makahulugan at pangmatagalang relasyon at ugnayan sa pagitan ng tagapag-alaga, mga bata, at mga pamilya. May matibay at pangmatagalang epekto sa pag-unlad at kapakanan ng mga bata ang mga gawaing ito.

Iniuulat ng NAEYC na ilan sa mga benepisyo ng tuloy-tuloy na pag-aalaga ay kinabibilangan ng:

- Mas malalim na kaalaman ng guro tungkol sa bawat indibidwal na bata.
- Pagbaba ng antas ng stress.
- Mas maayos na pag-usad ng pag-unlad ng mga bata.
- Mas nagiging matatag ang ligtas na ugnayan para sa mga bata.
- Mas napapalakas ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa pagitan ng pamilya at tagapag-alaga.
- Mas napauunlad ang kakayahan at tiwala ng mga pamilya.[315]



Pagpapatuloy ng Pag-aalaga. Isang dokumento mula sa Sentro para sa Pagkatuto at Kaalaman sa Maagang Pagkabata (ECLKC) na naglalaman ng impormasyon at mga tip sa pagbibigay ng tuloy-tuloy na serbisyo ng pag-aalaga.
https://eclkc.ohs.acf.hhs.gov/sites/default/files/pdf/continuity-of-care-tip-sheet.pdf

Ang Kahalagahan ng Patuloy na Pag-aalaga: Mga Patakaran at Kagawian sa Mga Sistema at Programa ng Maagang Pagkabata. Ang publikasyon ng Ounce of Prevention Fund ay tumutulong sa mga tagapagtaguyod na tugunan ang mga hamon sa continuity of care.
www.theounce.org/wp-content/uploads/2017/03/NPT-Continuity-of-Care-Nov-2015.pdf

Ang Maraming Benepisyo ng Tiyak na Pagpapatuloy ng Pag-aalaga para sa mga Sanggol, Maliit na Bata, mga Pamilya at mga Kawaning Tagapag-alaga. Sinusuri ng NAEYC ang mga benepisyo ng pagkakaroon ng mga tagapag-alaga na pare-pareho para sa maliliit na bata.
www.naeyc.org/resources/pubs/yc/jul2018/benefits-continuity-care

Pangunahing Pag-aalaga at Pagpapatuloy ng Pag-aalaga. Isang artikulo mula sa Zero to Three na sumusuri kung paano ang malapit na ugnayan ay nagbibigay-daan upang umunlad ang mga bata at tagapag-alaga.
www.zerotothree.org/resources/85-primary-caregiving-and-continuity-of-care

Pagsusulong ng Panlipunan at Emosyonal na Kalusugan ng Maliliit na Bata. Isang artikulo mula sa NAEYC na naglalaman ng impormasyon kung paano isama ang mga ugnayang puno ng tiwala at mga estratehiya sa pagtuturo upang mapalago ang kakayahang panlipunan at emosyonal.
www.naeyc.org/resources/pubs/yc/mar2018/promoting-social-and-emotional-health

315 Mary Benson McMullen, "The Many Benefits of Continuity of Care for Infants, Toddlers, Families, and Caregiving Staff," *NAEYC Young Children 73* (3) (2018), available sa **www.naeyc.org/resources/pubs/yc/jul2018/benefits-continuity-care**

WAC 110-300-0500

Patakaran sa kalusugan

(1) Dapat mayroon at sumunod ang isang provider ng maagang pagkatuto sa isang nakasulat na patakaran sa kalusugan na nasusuri at naaprubahan ng kagawaran, na kinabibilangan ng mga paksang nakalista sa subseksyon (2) ng seksyong ito. Dapat suriin at aprubahan ng kagawaran ang patakaran sa kalusugan kapag may ginawang pagbabago, at kung kinakailangan.

(2) Ang patakaran sa kalusugan ng isang programa ng maagang pagkatuto ay dapat tumugon sa mga kinakailangan ng kabanatang ito kabilang, ngunit hindi limitado sa:

- **(a) Isang plano para sa pagpigil sa pagkakalantad sa dugo at likido ng katawan;**
- **(b) Mga pagkain, meryenda, at serbisyo ng pagkain kabilang ang mga alituntunin para sa mga allergy sa pagkain at pagkain na dala mula sa bahay;**
- **(c) Paghuhugas ng kamay at paggamit ng hand sanitizer;**
- **(d) Pang-araw-araw na pagmamasid sa mga bata para sa mga palatandaan ng sakit;**
- **(e) Pagpapaalis at pagbabalik ng mga batang may sakit, kawani, o sinumang tao sa lugar ng programa;**
- **(f) Abiso tungkol sa mga nakakahawang sakit;**
- **(g) Mga medikal na emergency, paggamot ng pinsala at pag-uulat;**
- **(h) Pagsubaybay ng pagbabakuna;**
- **(i) Pamamahala, pag-iimbak, pagbibigay at pagtatala ng gamot;**
- **(j) Pag-aalaga sa mga alagang hayop at hayop na nakakapasok sa lisensyadong lugar at ang mga panganib sa kalusugan ng pakikisalamuha sa mga ito;**
- **(k) Kung paano isasagawa ang pangkalahatang paglilinis at kung paano lilinisin, isa-sanitize at idi-disinfect ang mga lugar gaya ng mga ibabaw na may kontak sa pagkain, kagamitan sa kusina, mga laruan, kagamitan sa palikuran at labada;**
- **(l) Mga patakaran sa pagkontrol ng peste;**
- **(m) Pag-aalaga sa mga batang may espesyal na pangangailangan o pangkalusugang pangangailangan, kabilang ang mga allergy, gaya ng nakasaad sa rekord ng bata; at**
- **(n) Mga gawain at edukasyon sa kalinisan sa ngipin.**

Itinataguyod ng mga de-kalidad na programa ang ligtas at malusog na kapaligiran kung saan maaaring umunlad at lumago ang mga bata. Inilalarawan ng patakaran sa kalusugan ng isang programa ang mga hakbang na gagawin ng provider ng maagang pagkatuto upang matiyak ang isang malusog na kapaligiran para sa mga bata. Ang nakasulat na patakaran ang gagabay sa pagpapatakbo ng programa ng maagang pagkatuto gayundin sa mga kilos at desisyon ng mga kawani.

Dapat espesipiko ang mga patakaran sa kalusugan ng isang programa ng maagang pagkatuto para sa kanilang sariling programa, tumpak na sumasalamin sa mga operasyon ng negosyo at tumutugon sa Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad ng bawat paksa na saklaw ng patakaran. Inililista ng WAC 110-300-0500(2)(a-n) ang bawat paksa na kinakailangang maisama sa mga patakaran sa kalusugan ng isang programa ng maagang pagkatuto. Bago makatanggap ng paunang lisensya, at kapag binago o na-update ang mga patakaran, lahat ng nakasulat na patakaran sa pangangalagang pangkalusugan ay dapat isumite para sa pagsusuri ng DCYF. Nagbibigay-daan ito sa DCYF na mapatunayan na ang mga kinakailangang paksa ay nakapaloob at na ang bawat paksa ay sumusunod sa kaugnay na Mga Saligang Pamantayan ng Kalidad.

Upang matiyak ang kalusugan ng mga batang inaalagaan, mahalaga na ang lahat ng mga provider ng maagang pagkatuto sa isang programa ng maagang pagkatuto ay pamilyar sa mga patakaran sa kalusugan at tuloy-tuloy na naipapatupad ang mga ito. Kapag hindi naipapatupad o nasusunod ang mga patakaran sa kalusugan, maaaring malagay sa panganib ang kalusugan o kaligtasan ng mga bata. Maaaring suportahan ng isang provider ng maagang pagkatuto ang matagumpay na pagpapatupad ng mga patakaran sa kalusugan ng mga tauhan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagsasanay at paggawa ng kopya ng patakaran na madaling ma-access para sa pagsusuri.



Nangangailangan ang WAC 110-300-0110 ng paghahatid at dokumentasyon ng mga patakarang may kaugnayan sa kalusugan. Binalangkas ang mga kinakailangan na may kaugnayan sa kalusugan sa WAC 110-300-0180 hanggang WAC 110-300-0260.

Mga Form at Dokumento ng DCYF. Isang page sa website ng DCYF na naglalaman ng mga link sa mga form para sa kalusugan gaya ng Pahintulot sa Gamot, Talaan ng Gamot, Indibidwal na Plano ng Pag-aalaga, mga pagbabakuna at iba pa.
www.dcyf.wa.gov/services/early-learning-providers/licensed-provider/forms-documents

Kalusugan at Sakit. Isang webpage sa website ng Snohomish Health District na may mga halimbawa ng patakaran sa kalusugan at iba pang impormasyong may kaugnayan sa kalusugan para sa maagang pagkatuto.
www.snohd.org/245/Health-Illness

Mga Modelong Patakaran sa Kalusugan. Isang pahina ng Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County na may mga halimbawa ng patakarang may kaugnayan sa kalusugan para sa mga programa ng maagang pagkatuto.
www.kingcounty.gov/depts/health/child-teen-health/child-care-health/model-health.aspx

Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan) ng Estado ng Washington. Isang website ng pamahalaan na naglalaman ng impormasyon at mga mapagkukunan para mapabuti ang kalusugan ng lahat ng tao sa Estado ng Washington.
www.doh.wa.gov

Child Care Aware (May Kamalayan sa Pag-aalaga ng Bata) ng Washington. Isang nonprofit na organisasyong nakatuon sa pagtiyak na ang bawat bata sa Estado ng Washington ay may access sa de-kalidad na pag-aalaga ng bata at mga programa ng maagang pagkatuto. Nagbibigay ng mga tool, mapagkukunan at mga video na may kaugnayan sa kalusugan.
https://childcareawarewa.org/providers/



WAC 110-300-0505

Mga Pagpapaskil

(1) Dapat malinaw na nakikita ng mga magulang, mga tagapag-alaga, at mga kawani ng programa ng maagang pagkatutong ang mga pagpapaskil na nakalista sa subseksyon (2) ng seksyong ito na bahagi ng isang programa ng maagang pagkatuto.

(2) Dapat kabilang sa mga pagpapaskil sa lugar ng maagang pagkatuto ang:

- **(a) Lisensya sa pag-aalaga ng bata, alinsunod sa WAC 110-300-0010;**
- **(b) Floor plan na may nakasaad na mga ruta at labasan para sa emergency sa bawat lugar ng pag-aalaga ng bata, alinsunod sa WAC 110-300-0400 (1)(b)(i) at 110-300-0470 (2)(a)(i);**
- **(c) Mga pagbabawal sa pagkain, kilalang allergy, at mga kinakailangan sa nutrisyon, kung naaangkop, sa isang lugar na madaling ma-access ng mga kawani ngunit hindi magagamit ng mga taong hindi magulang o guardian ng batang naka-enroll, alinsunod sa WAC 110-300-0186(8);**
- **(d) Mga gawi sa paghuhugas ng kamay sa bawat lababo para sa paghuhugas ng kamay, alinsunod sa WAC 110-300-0200(1);**
- **(e) Kung naaangkop, pamamaraan ng pagpapalit ng diaper o stand-up diapering sa bawat istasyon ng pagpapalit ng diaper, alinsunod sa WAC 110-300-0220 at 110-300-0221 (1)(d);**
- **(f) Paggamit ng pesticide, kung naaangkop, alinsunod sa RCW 43.216.280 at 17.21.410 (1)(d);**
- **(g) Mga numero at impormasyong pang-emergency kabilang, ngunit hindi limitado sa:**
  - **(i) 911 o numero ng serbisyong pang-emerhensya;**
  - **(ii) Pangalan, address, at mga direksyon mula sa pinakamalapit na pangunahing kalsada o pinakamalapit na kalyeng tumatawid patungo sa pasilidad;**
  - **(iii) Libreng tawag na numero ng kagawaran;**
  - **(iv) Libreng tawag na numero ng sentro para sa pagkontrol ng lason ng Washington; at**
  - **(v) Serbisyo para sa proteksyon ng bata ng kagawaran.**
- **(h) Lokasyon ng impormasyong medikal para sa emergency ng mga bata at kawani;**
- **(i) Isang abiso ng anumang kasalukuyan o nakabinbing aksyong pagpapatupad, kabilang ang mga probationary license alinsunod sa RCW 43.216.687. Ang abiso ay dapat ipaskil:**
  - **(i) Kaagad matapos matanggap; at**
  - **(ii) Sa loob ng hindi bababa sa dalawang linggo o hanggang maitama ang paglabag na naging sanhi ng aksyong pagpapatupad, alinman ang mas matagal.**
- **(j) Isang abiso ng paglabag sa ligtas na pagtulog sa lisensyadong lugar, gaya ng hinihiling ng WAC 110-300-0291(2), kung naaangkop;**
- **(k) Mga karatulang "Bawal Manigarilyo" at "Bawal Mag-vape", alinsunod sa WAC 110-300-0420 (2)(f);**
- **(l) Kopya ng pahintulot sa pagbubukod o variance mula sa isang patakaran ng kabanatang ito na inaprubahan ng kagawaran, kung naaangkop. Ang mga pahintulot sa pagbubukod o variance ay dapat ipaskil para makita ng mga magulang o guardian kapag may kaugnayan sa pangkalahatang programa (hindi kaugnay ng anumang partikular na bata), at hangga't ito ay inaprubahan;**
- **(m) Saklaw ng insurance, o ang pagkaantala o pagtigil ng nasabing saklaw kung naaangkop, alinsunod sa RCW 43.216.700; at**
- **(n) Anumang iba pang impormasyong nakalista sa RCW 43.216.687.**

Nagbibigay-daan ang pagpapaskil sa mga estratehikong lugar na malinaw na nakikita upang maiparating nang mahusay ang mahahalagang impormasyon. Ang mga paunawang hinihiling ng WAC 110-300-0505 ay naglalaman ng mahahalagang impormasyon para sa kalusugan o kaligtasan ng mga bata, o impormasyon na direktang may kinalaman sa lisensya.

Upang mabisang maiparating ang nakapaskil na impormasyon sa tamang mga tao, kailangang isaalang-alang ng isang provider ng maagang pagkatuto ang uri o katangian ng impormasyon. Halimbawa, ang ilan sa mga kinakailangang pagpapaskil ukol sa kalusugan ay naglalaman ng impormasyon na nakatuon para sa mga kawani, gaya ng mga pamamaraan sa pagpapalit ng diaper at mga pagbabawal sa pagkain ng mga bata. Ilalagay ang mga bagay na ito sa mga lugar kung saan madaling magagawang sanggunian ng mga kawani kapag may kaugnayan sa kanilang mga tungkulin sa trabaho. Halimbawa, ang pagkakaroon ng mga pamamaraan sa pagpapalit ng diaper sa mismong lamesa ng pagpapalit, at ang impormasyon tungkol sa allergy at mga ipinagbabawal na pagkain sa lugar kung saan inihahain ang pagkain, ay magtataguyod ng pagkakapare-pareho sa mga provider ng maagang pagkatuto at makatutulong na mapalakas ang pagpapatupad ng mga nais na pamamaraan.

Pinakamainam na ipaskil malapit sa isang telepono ang mga kinakailangang ipaskil tungkol sa kaligtasan ng pasilidad, gaya ng direksiyon patungo sa pasilidad at mga contact number para sa mga serbisyong pang-emergency, CPS, o kontrol sa lason. Nakakapigil ito sa isang tao na maghanap-hanap pa ng impormasyon sa oras ng emergency. Gayunpaman, ang floor plan na may nakasaad na mga emergency exit ay dapat ilagay malapit sa bawat pintuan.

Mahalagang tandaan na ang mga kinakailangang pagpapaskil ukol sa kalusugan na may kinalaman sa abiso tungkol sa pesticide at pagbabawal sa paninigarilyo o paggamit ng vape ay dapat ipaskil sa bawat pasukan ng gusali na ginagamit ng programa ng maagang pagkatuto.

Maaaring magpaskil ang isang provider ng maagang pagkatuto ng impormasyon tungkol sa lisensya sa isang pasukan o karaniwang lugar na ginagamit ng mga magulang at guardian, gayundin ng mga empleyado ng programa ng maagang pagkatuto. Nagbibigay ito sa mga pamilya ng madaling access at mabilisang kaalaman tungkol sa katayuan ng lisensya, mga parameter ng lisensya, katayuan ng insurance, mga paglabag sa ligtas na pagtulog, o mga aprubadong waiver o variance na hindi kaugnay ng isang partikular na bata.



Sentro para sa Pagkontrol ng Lason ng Washington: 1-800-222-1222

Upang iulat ang pinaghihinalaang pang-aabuso o pagpapabaya sa bata anumang oras, dalawampu't apat na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, tumawag sa 1-866-END-HARM (1-866-363-4276)